

Pangkalahatang Halalan

Martes, Nobyembre 3, 2026

Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!

Ibalik ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap.

Magsisimula ang panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo sa Oktubre 5, 2026.

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2026, Araw ng Halalan!



MAPAGKAKATIWALAANG IMPORMASYON SA CALIFORNIA


Ang bawat rehistradong botante sa California ay makatatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga balota ay ipinapadala sa koreo sa o bago ang Oktubre 5.

Maaaring botohan at ibalik ang mga balota sa lalong madaling panahon pagkatapos matanggap ang mga ito.

Ang mga kahon ng hulugan ng balota ay magbubukas sa Oktubre 6.

Magiging available ang mga opsyon sa pagboto sa-personal sa lahat ng county.



★
Opisyal na
Gabay na
Impormasyon
para sa
Botante



Patunay ng Pagkawasto

Ako, si Shirley N. Weber, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang impormasyong nakapaloob dito ay isusumite sa mga botante ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 3, 2026, at na ang gabay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-10 araw ng Agosto, 2026.

Shirley N. Weber, Ph.D.
Kalihim ng Estado



Magagamit sa
Mobile
I-SCAN AKO

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN:

- 1** **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
 - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
- 2** **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3** **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
- 4** **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5** **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota.
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**
- 6** **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag=empleyo o kinatawan ng unyon.
- 7** **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan sa California.**
- 8** **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita sa wikang iyon.
- 9** **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10** **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.**
 -  Sa web sa www.sos.ca.gov
 -  Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
 -  Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

KUNG NANINIWALA KA NA PINAGKAITAN KA NG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO, TAWAGAN ANG KOMPIDENSIYAL NA NAKAHANDANG LINYA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA (800) 339-2957.

MAIKLING SANGGUNANG GABAY	5
MGA PROPOSISYON	
1 Pinahihintulutan Ang Mga Bono Para Sa Mga Programa Sa Pagiging Abot-Kaya Ng Pabahay. Batas Ng Lehislatura.	14
2 Pinapataas Ang Pondong Nakalaani Ng Estado Para Sa Panahon Ng Pangangailangan. Konstitusyonal Na Amyenda Ng Lehislatura.	20
3 Nagbibigay Ng Permanenteng Pagpopondo Para Sa Mga Paaralan At Pangangalagang Pangkalusugan Sa Pamamagitan Ng Pagpapalawig Ng Kasalukuyang Buwis Sa Mga Mataas Ang Kita. Konstitusyonal Na Amyenda Sa Inisyatiba.	26
4 Pinapawalang-Bisa Ang Pagbabawal Laban Sa Pamublikong Pagpopondo Ng Mga Kampanya Sa Halalan. Batas Sa Lehislatura.	30
5 Binabago Ang Proseso Ng Halalan Na Pagpapaalis Para Sa Mga Opisyal Sa Buong Estado. Konstitusyonal Na Amyenda Ng Lehislatura.	34
37 Gumagawa Ng Programa Ng Pautang Para Sa Mga May Katamtamang Kita Na Bumibili Ng Mga Kwalipikadong Bagong Bahay. Batas Sa Inisyatiba.	40
38 Pinahihintulutan Ang Mga Bono Para Sa Medikal Na Pananaliksik Sa Immunology. Batas Sa Inisyatiba.	44
39 Pinagbabawalan Ang Mga Mamamayan Na Bumoto Maliban Kung Magpapakita Sila Ng ID Na Inisyu Ng Pamahalaan. Konstitusyonal Na Amyenda Sa Inisyatiba.	48
40 Nagpapataw Ng Isang Beses Na Buwis Sa Ilang Partikular Na Nagbabayad Ng Buwis. Konstitusyonal Na Amyenda At Batas Sa Inisyatiba.	54
41 Ipinagbabawal Ang Mga Bagong Buwis Ng Estado Na Hindi Isinasama Ang Mga Kita Mula Sa Limitasyon Sa Paggastos Ng Estado. Nangangailangan Ng Mga Pagsusuri Para Sa Mga Bagong Espesyal Na Buwis Ng Estado. Konstitusyonal Na Amyenda Sa Inisyatiba.	58
42 Ipinagbabawal Ang Mga Bagong Buwis Ng Estado Sa Personal Na Ari-Arian At Ilang Partikular Na Retroaktibong Buwis Ng Estado. Konstitusyonal Na Amyenda Sa Inisyatiba.	62
43 Nililimitahan Ang Kakayahan Ng Mga Botante Na Taasan Ang Mga Kita Para Sa Mga Serbisyo Ng Lokal Na Pamahalaan. Konstitusyonal Na Amyenda Ng Lehislatura.	66
44 Inaatasan Na Gastusin Ng Mga Klinika Sa Kalusugan Ng Komunidad Ang 90% Ng Kita Sa Mga Serbisyo Sa Programa. Batas Sa Inisyatiba.	70
45 Binabago Ang Pagsusuri Sa Kapaligiran Para Sa Ilang Partikular Na Proyekto. Batas Sa Inisyatiba.	74
MGA PAHAYAG NG KANDIDATO	83
MGA MAHISTRADO NG KATAAS-TAASANG HUKUMAN	96
TEKSTO NG IMINUMUNGKAHING BATAS	100

IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Batas sa mga Karapatan ng Botante.....	2	Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato.....	82
Mensahe mula sa Kalihim ng Estado.....	4	Ang California Motor Voter.....	97
Maiikling Kaalaman.....	12	Impormasyon sa Pagkapribado ng Pagpaparehistro ng Botante.....	97
Mga Resulta ng Halalan.....	12	Paunawa sa Electioneering.....	98
Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!.....	13	Paunawa sa Korapsyon ng Proseso ng Pagboto.....	99
Mga Pangunahing Tagaambag.....	13	Tulong para sa mga Botanteng may Kapansanan.....	174
Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado.....	80	Mga Petsang Dapat Tandaan.....	175
Mga Halalan sa California.....	81		



Mensahe mula sa Kalihim ng Estado

Minamahal na Botante ng California,

Salamat sa paglalaan ng oras upang alamin ang tungkol sa mga kandidato at panukala na lalabas sa balota ng Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026. Ang Gabay na Impormasyon sa Botante na ito ay idinisenyo upang magbigay sa iyo ng mahalagang, walang kinikilingang impormasyon upang matulungan kang gumawa ng mga may-kaalamang desisyon kapag ibinibigay mo ang iyong boto.

Ang California ay nangunguna sa pag-aalok sa mga botante ng ligtas, madaling ma-access, at malinaw na mga halalan. Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makatatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo, na nagpapahintulot sa kanila na ligtas at maginhawang bumoto. Maaari mong ibalik ang iyong balota sa isang opisyal na kahong hulugan ng balota, sa pamamagitan ng pagboto nang personal sa isang lugar ng pagboto, o sa pamamagitan ng pagbabalik nito nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan sa pamamagitan ng Serbisyong Postal ng United States. May mga pagkakataon para sa maagang pagboto sa maraming komunidad, at ang Araw ng Halalan ay nananatiling isang opsyon para sa mga mas gustong bumoto nang personal. Maa-access mo ang mga opsyon sa pagboto sa <https://caearlyvoting.sos.ca.gov/>.

Ang iyong boto ay iyong tinig. Ang pakikilahok sa mga halalan ay nakatutulong na hubugin ang kinabukasan ng ating mga komunidad, estado, at bansa. Ang Tanggapan ng Kalihim ng Estado ay malapit na nakikipagtulungan sa mga opisyal ng halalan ng county upang matiyak na bawat karapat-dapat na taga-California ay may pagkakataong magparehistro, bumoto, at magkaroon ng kanilang balota na tumpak at ligtas na mabilang.

Ang gabay na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidato sa buong estado at mga mapagkukunan sa pagboto na available sa iyo. Hinihikayat kitang maingat itong suriin at humanap ng karagdagang mapagkakatiwalaang impormasyon sa halalan sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Kalihim ng Estado sa vote.ca.gov o pakikipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng halalan ng county. Makikita ang listahan ng mga tanggapan ng halalan ng county ng California sa <https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices>.

Ang lakas ng California ay nagmumula sa pakikilahok ng mga botante nito. Kapag bumoto ka, nakatutulong kang matiyak na ang ating demokrasya ay sumasalamin sa mga tinig at pagpapahalaga ng ating magkakaibang estado.

Salamat sa pagiging isang aktibo at may-kaalamang botante.

MAIKLING SANGGUNIAN GABAY

PROP
1

PINAHINHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA MGA PROGRAMA SA PAGIGING ABOT-KAYA NG PABAHAY. BATAS NG LEHISLATURA.

BUOD

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Pinahinhintulutan ang \$11.25 bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon ng estado para sa mga programa sa pagiging abot-kaya ng pabahay, kasama ang inuupahang pabahay para sa maraming pamilya, mga sangla sa pabahay para sa mga beterano, sumusuportang pabahay, preserbasyon ng umiiral na abot-kayang pabahay, at tulong sa paunang bayad. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na \$500 milyon hanggang \$600 milyon bawat taon para sa humigit-kumulang 25 taon para mabayaran ang bono sa pabahay.

Mga Tagasuporta: US Vets; CA Federation of Teachers; Self-Help for the Elderly; Habitat for Humanity CA; CA Alliance of Child & Family Services

Mga Katunggali: Walang naisumite

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring umutang ang estado ng \$11.25 bilyon upang suportahan ang mga beterano at abot-kayang pabahay.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring umutang ang estado ng \$11.25 bilyon upang suportahan ang mga beterano at abot-kayang pabahay.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 1 ay nagtatayo ng abot-kayang pabahay para sa mga beterano, nakatatanda, mga taong may kapansanan, mga pamilyang nagtatrabaho na mababa at katamtaman ang kita, mga mahihinang Californian, at mahahalagang manggagawa—mga guro, bumbero, at nars. Pinapalawak nito ang mga pagkakataon sa pagmamay-ari ng bahay, pinapabilis ang pagtatayo ng mga abot-kayang bahay na handa nang itayo, at tinutulungan ang mga taong isang krisis na lang ang layo sa kawalan ng tirahan. Nangangailangan ito ng mahigpit na pananagutang piskal at pampublikong pangangasiwa nang walang mga bagong buwis.

KONTRA WALANG ISINUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

info@yesonprop1ca.com
yesonprop1ca.com

LABAN

PROP
2

PINAPATAAS ANG PONDONG NAKALAN NG ESTADO PARA SA PANAHON NG PANGANGAILANGAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA.

BUOD

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Pinapataas ng California ang Pondong Nakalaan para sa Panahon ng Pangangailangan, na inaprubahan ng mga botante noong 2014, para magbigay ng pagpopondo para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, pampublikong kaligtasan, at iba pang mahalagang serbisyo sa panahon ng paghina ng ekonomiya. **Epekto sa Pananalapi:** Magiging mas mataas ang mga reserba sa badyet ng estado.

Mga Tagasuporta: CA Professional Firefighters; LA Chamber of Commerce; Gavin Newsom; Xavier Becerra; Assemblymember Jesse Gabriel **Mga Katunggali:** Walang naisumite

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Magbabago ang mga tuntunin para sa pagbuo ng mga reserba sa badyet ng estado at pagbabayad ng mga karagdagang utang ng estado. Bilang resulta, magiging mas mataas ang mga reserba sa badyet ng estado. Kakailanganin din ng estado na gumawa ng mga karagdagang pagbabayad sa utang sa mas mahabang panahon.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magbabago ang mga tuntunin para sa pagbuo ng mga reserba sa badyet ng estado at pagbabayad ng mga karagdagang utang ng estado.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Bumoto ng oo sa Proposisyon 2 upang protektahan ang pagpopondo para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at kaligtasan ng publiko. Proposisyon 2 ay nagdodoble sa Pondo para sa Tag-ulan ng estado, pinipigilan ang mga pulitiko na gumastos nang sobra kapag may sobrang pondo sa badyet, at tinitiyak na magpapatuloy ang pagpopondo sa edukasyon sa panahon ng paghina ng ekonomiya. Mayroon itong suporta mula sa magkabilang panig mula sa mga bumbero, ospital, klinikang pangkalusugan, at mga tagapagturo.

LABAN Ang Proposisyon 2 ay ginagarantiyahan ang mas malaking paggastos, hindi pagtitipid, na lumilikha ng butas na ginagawang mas hindi malamang ang mga rebate sa buwis sa pamamagitan ng pagbubukod sa mga deposito ng reserba mula sa limitasyon sa paggastos na itinakda ng konstitusyon ng California. Hindi ito nagbibigay ng bagong pagpopondo para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, o kaligtasan ng publiko. Bumoto ng Hindi upang protektahan ang mga rebate sa buwis at mga limitasyong itinakda ng konstitusyon.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

OO sa Prop. 2
445 S. Figueroa Street
Suite 2400
Los Angeles, CA 90071
YesonProp2.com

LABAN

David Tangipa,
Miyembro ng Asembleya
RejectProp2@gmail.com

MAIKLING SANGGUNIAN GABAY

PROP
3

NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAARALAN AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPALAWIG NG KASALUKUYANG BUWIS SA MGA MATAAS ANG KITA. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Gumagawa ng mga permanenteng antas umiiral na ng buwis na inaprubahan ng botante para sa mga indibidwal na kumikita ng higit sa \$371,000 (taon-taong isinasabay para sa implasyon). Naglalaan ng mga kita sa buwis para sa pampublikong edukasyon. **Epekto sa Pananalapi:** Nagpapanatili ng \$5 bilyon hanggang \$15 bilyon ng taunang kita mula sa buwis sa kita ng estado sa pamamagitan ng paggawang permanente ng pansamantalang pagtaas ng buwis sa mga mataas ang kita sa halip na hayaan itong mawalan ng bisa sa 2031. **Mga Tagasuporta:** California Teachers Association; CA School Nurses Organization; California State PTA; Planned Parenthood Affiliates of CA **Mga Katunggali:** California Taxpayers Association; Family Business Association of California; California Hispanic Chambers of Commerce

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pagtaas ng buwis sa kita para sa mga kumikita ng mataas na kita na ipinatutupad mula pa noong 2012 ay magiging permanente sa halip na magwakas sa 2031.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pagtaas ng buwis sa kita para sa mga kumikita ng mataas na kita na ipinatutupad mula pa noong 2012 ay magwawakas sa 2031.

MGA PANGANGATWIRAN

PARA PROPOSISYON 3 PINOPROTEKTAHAN ANG ATING MGA PAARALAN AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NANG HINDI ITINATAAS ANG IYONG MGA BUWIS. Pinipigilan ng Prop. 3 ang isang napakalaking pagtaas ng buwis para sa mga milyonaryo at bilyonaryo sa pamamagitan ng pagpapanatili sa kasalukuyang mga antas ng buwis na binayaran ng pinakamayayamang 2% sa loob ng 15 taon at nangangailangan ng mahigpit na pananagutang piskal at mga pag-audit upang matiyak na napupunta ang pagpopondo sa paaralan sa mga mag-aaral. Bumoto ng OO!

LABAN Ang mga Californian ay nagbabayad na ng ikalawang pinakamataas na buwis sa kita, buwis sa pagbebenta, at buwis sa gasolina sa bansa—at at may pinakamataas na gastos sa pamumuhay. Ginagawang permanente ng Prop. 3 ang mga pansamantalang buwis sa kita habang sinusubukang mag-aksaya ng bilyun-bilyong dolyar ang Sacramento sa mga nabigong programa sa halip na sa mga prioridad ng mga botante. Huwag gantimpalaan ang kabiguan. *Ayusin muna ang paggastos bago buwis.* Hindi sa Prop. 3.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa Prop. 3
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
info@YesProp3CA.com
YesProp3CA.com

LABAN

info@VoteNoProp3.com
VoteNoProp3.com

PROP
4

PINAPAWALANG-BISA ANG PAGBABAWAL LABAN SA PAMPUBLIKONG PAGPOPONDO NG MGA KAMPANYA SA HALALAN. BATAS SA LEHISLATURA.

BUOD

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Pinapawalang-bisa ang pagbabawal sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan na nag-aalok ng pampublikong pagpopondo ng mga kampanya sa halalan ng kandidato. Ang mga pampublikong programa sa pagpopondo ay hindi maaaring gamitin ang mga pondong nakalaan para sa edukasyon, transportasyon, o pampublikong kaligtasan. **Epekto sa Pananalapi:** Mga patuloy na gastos sa estado na ilang daang libong dolyar bawat taon upang sagutin ng Komisyon sa mga Patas na Kasanayan sa Pulitika ang mga tanong mula sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan tungkol sa mga pampublikong programa sa pagpopondo ng kampanya. **Mga Tagasuporta:** League of Women Voters of CA; California Nurses Association; Mental Health Advocacy; Social Security Works; Consumer Watchdog **Mga Katunggali:** California Taxpayers Assn; Howard Jarvis Taxpayers Assn; Family Business Assn of California; United Latinos Action

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring lumikha ang mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan ng mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya para sa mga kandidato sa pampublikong katungkulan, alinsunod sa mga limitasyon sa kung paano maaaring gamitin ang mga pampublikong pondo, kung paano gagamitin ang mga pampublikong pondo, at kung sino ang maaaring tumanggap ng mga ito.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mananatiling hindi makagagawa ang estado at karamihan sa mga lokal na pamahalaan ng mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya para sa mga kandidato sa pampublikong katungkulan.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR OO SA 4. Ang California ang TANGING estado na nagbabawal sa pampublikong pagpopondo ng mga kampanya—may ganitong karapatan ang mga komunidad sa lahat ng iba pang 49 na estado. Nais ng mga espesyal na interes na panatilihin ang pagbabawal upang maprotektahan ang kanilang kapangyarihan. Inaalalita ito ng Prop. 4. Mahigpit na mga proteksiyon para sa mga nagbabayad ng buwis. Bumoto ng OO: Ang mga halalan ay dapat mapanalunan, hindi bilhin.

KONTRA

Pinahihintulutan ng Prop. 4 ang mga pulitiko na gamitin ang IYONG pera ng nagbabayad ng buwis upang pondohan ang kanilang mga negatibong kampanya. Walang LIMITASYON ang Prop. 4 sa bilang ng mga kandidato na maaaring makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis at WALANG LIMITASYON sa halaga ng pera ng nagbabayad ng buwis na maaari nilang matanggap. Mas masahol pa, pinahihintulutan ng Prop. 4 ang PERA NG MGA ESPESYAL NA INTERES sa pulitika. HINDI SA PROP. 4.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa Proposisyon 4, mga taga-California para sa Makatarungang Halalan, na itinataguyod ng Mga Tagapagtaguyod ng Reporma sa Pamahalaan.
info@CAFairElections.org
www.CAFairElections.org

LABAN

Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California
www.caltax.org/prop4

MAIKLING SANGGUNIAN GABAY

PROP
5

**BINABAGO ANG PROSESO NG HALALAN NA PAGPAPAALIS
PARA SA MGA OPISYAL SA BUONG ESTADO. KONSTITUSYONAL
NA AMYENDA NG LEHISLATURA.**

BUOD

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, inihahalal ng mga botante ang mga pamalit na kandidato kasabay ng halalan na pagpapaalis. Sa panukalang ito, pinupunan ang mga bakanteng puwesto mula sa pagpapaalis sa pamamagitan ng kasunod na espesyal na halalan o pagtatalaga. **Epekto sa Pananalapi:** Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi. Kung may pagpapaalis, mga matitipid o gastos na milyon-milyong dolyar para isagawa ang halalan depende sa puwestong may pagpapaalis. **Mga Tagasuporta:** Walang naisumite **Mga Katunggali:** Walang naisumite

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang OO na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga halalan na pagpapaalis ay hindi na magsasama ng tanong tungkol sa kung sino ang dapat pumalit sa bakanteng posisyon. Sa halip, ang mga bakanteng posisyon ay karaniwang pupunan sa pamamagitan ng mga espesyal na halalan o appointment, depende sa posisyon at panahon.

HINDI Ang HINDI na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na tatanungin ang mga botante kung sino ang dapat pumalit sa bakanteng posisyon bilang bahagi ng mga halalan na pagpapaalis.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ibinabalik ng Proposisyon 5 ang halalan na pagpapaalis sa orihinal nitong layunin: ang pagtanggap sa mga tiwaling opisyal. Isinasara nito ang butas na nagpapahintulot sa mga kapalit na manalo sa maliit na bahagi lamang ng boto, na nagpapababa sa pulitika at mga gastos ng mga susunod na halalan na pagpapaalis. Inendorso ng Liga ng mga Babaeng Botante ng California at Karaniwang Adhikain ng California. Bumoto ng OO

KONTRA Pinapahina ng Proposisyon 5 ang isang siglo nang proseso ng halalan na pagpapaalis sa California sa pamamagitan ng paglilimita sa karapatan ng mga botante na pumili ng kapalit para sa mga pinaalis na opisyal. Sa halip, kapag pinaalis sa pamamagitan ng halalan ang mga nahalal na opisyal sa buong estado, ibang mga pulitiko ang pipili ng kapalit. Para sa mga mabababang posisyon, isang panibagong magastos na halalan na pinopondohan ng mga nagbabayad ng buwis ang magaganap pagkalipas ng ilang buwan, na mag-iwan sa posisyon na bakante at sa mga tao na walang kinatawan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Josh Newman
Mga Taga-California para sa
Maunlad na Golden State
101 E. Commonwealth Ave. Suite
A, Fullerton 92832
(818) 585-4601
hello@fixtherecall.com
fixtherecall.com

LABAN

PROP
37

**GUMAGAWA NG PROGRAMA NG PAUTANG PARA SA MGA MAY
KATAMAMANG KITA NA BUMIBILI NG MGA KWALAPIKADONG
BAGONG BAHAY. BATAS SA INISYATIBA.**

BUOD

Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon

Pinapahintulutan ang \$25 bilyon sa mga bono para mag-alok sa mga karapat-dapat na bumibili ng mga pautang sa pabahay na may nakapirming interes na rate para sa hanggang 17% ng presyo ng pagbili para sa bagong tayong bahay na may presyong mas mababa sa humigit-kumulang \$1.5 milyon. Ang mga nanghihiram ay dapat na residente ng California, tumira sa bahay, makatugon sa mga limitasyon sa kita, at magbayad ng hindi bababa sa 3% paunang bayad. Ang mga bono ay muling binabayaran ng mga pagbabayad sa sangla sa pabahay, hindi ng Estado. **Epekto sa Pananalapi:** Walang direktang pang-estado o lokal na gastos. **Mga Tagasuporta:** United Nurses Associations of California; California Conference of Carpenters; California State Treasurer Fiona Ma **Mga Katunggali:** Walang naisumite

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang OO na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Lilikha ang estado ng isang bagong programa para sa tulong sa pagbili ng bahay. Maaaring magbenta ang estado ng hanggang \$25 bilyon na mga bonong binabayaran mula sa kita upang pondohan ang programa. Babayaran ang mga bono sa pamamagitan ng mga bayad ng mga may-ari ng bahay sa kanilang mga pautang sa bahay.

HINDI Ang HINDI na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi kakailanganin sa estado na lumikha ng isang bagong programa para sa tulong sa pagbili ng bahay.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Walang Gastos sa Nagbabayad ng Buwis—Walang Panganib sa Nagbabayad ng Buwis. Ginagawang mas abot-kaya ng Prop. 37 ang pagbili ng bahay, habang pinananatiling posible ang pagmamay-ari ng bahay para sa masisipag at nasa gitnang uri na mga Californian, gamit ang mga mortgage na mababa ang interes na pinopondohan ng mga pribadong investor, HINDI NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS. Dapat residente ng California, nakatutugon sa mga kinakailangan sa kita, nakatira sa bahay, gumagawa ng buwanang bayad, at nagbabayad ng utang. Mahigpit na pananagutan/pag-audit.

KONTRA WALANG PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 37 ANG ISINUMITE.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

<https://voteyeson37.com/>
Info@voteyeson37.com

LABAN

MAIKLING SANGGUNIAN GABAY

PROP
38

PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA MEDIKAL NA PANANALIKSIK SA IMMUNOLOGY. BATAS SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Pinahihintulutan ang \$8.4 na bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy, kalahati sa isang hindi nagtutubo na institusyon sa medikal na pananaliksik na kaanib ng Unibersidad ng California, kalahati sa mga pondo sa pananaliksik. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na \$500 milyon hanggang \$600 milyon taon-taon para sa humigit-kumulang 20 taon para bayaran ang bono sa pananaliksik, kung saan mababawi ang ilan o lahat ng gastos kung magkakaroon ng kita ang pinondohang pananaliksik. **Mga Tagasuporta:** Michael J. Fox Foundation; Alzheimer's Los Angeles; Kidney Cancer Assoc; American Nurses Assoc\CA **Mga Katunggali:** Robert M Kaplan Ph.D.

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang OO na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring umutang ang estado ng \$8.4 bilyon upang suportahan ang medikal na pananaliksik sa immunology at immunotherapy na isinasagawa ng mga institusyon at unibersidad ng pananaliksik sa California.

HINDI Ang HINDI na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring umutang ang estado ng \$8.4 bilyon upang suportahan ang medikal na pananaliksik sa immunology at immunotherapy na isinasagawa ng mga institusyon at unibersidad ng pananaliksik sa California.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang OO sa 38 ay sumusuporta sa pananaliksik sa immunology na nagliligtas ng buhay upang gamutin at maiwasan ang mga sakit tulad ng kanser, sakit sa puso, Alzheimer. Mahigpit na pananagutan kabilang ang mga independiyenteng pag-audit. Nag-uutos ng 20% diskuwento sa mga de-resetang gamot. Idinisenyo upang matiyak na walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis. Ang OO sa 38 ay maaaring makapagligtas ng iyong buhay at ng buhay ng taong mahal mo. Asosasyon ng Alzheimer, Ang Michael J. Fox Foundation para sa Pananaliksik sa Parkinson ay humihikayat na bumoto ng OO sa 38! www.YESon38.com

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

OO sa 38: Mga Californian para sa Pananaliksik sa Immunology at mga Paggamot na Nagliligtas ng Buhay
Info@YesOn38.com
<https://yeson38.com>

LABAN

Robert M Kaplan
Paaralang Medisina ng Unibersidad ng Stanford, Sentro ng Pananaliksik para sa Kahusayan sa Klinika
Stanford CERC, CAM Building 453
Quarry Road,
Palo Alto, CA 94305
(301) 412-0205
bob.kaplan@stanford.edu

PROP
39

PINAGBABAWALAN ANG MGA MAMAMAYAN NA BUMOTO MALIBAN KUNG MAGPAKITA SILA NG ID NA INISYU NG PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Pinapawalang-bisa ang mga balota sa koreo na walang huling apat na digit ng itinalagang numero ng ID na inisyu ng pamahalaan na nakasulat sa sobre. Ipinagbabawal ang pagboto sa personal nang hindi nagpapakita ng ID na inisyu ng pamahalaan. **Epekto sa Pananalapi:** Mga gastos na nasa pagitan ng sampu-sampung milyong dolyar at nasa mababang bilang ng daan-daang milyong dolyar bawat taon para ipatupad ang mga bagong kinakailangan sa pagboto. **Mga Tagasuporta:** The Transparency Foundation; Latino American Political Assn; Howard Jarvis Taxpayers Assn; CA Women's Leadership Assn **Mga Katunggali:** ACLU California Action; Common Cause; League of Women Voters of California

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang OO na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Kakailanganing magpakita ang mga botante ng karagdagang impormasyong nagpapakilala sa mga opisyal ng halalan sa tuwing sila ay boboto.

HINDI Ang HINDI na boto sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na itatag ang pagkakakilanlan ng isang botante gamit ang lagda ng botante.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang OO sa Prop. 39 ay nagbibigay sa California ng isang BIPARTISAN na solusyon para sa ID NG BOTANTE. Sinusuportahan ito ng matibay na mayorya ng mga botanteng Democrat, Independent, at Republican. Pinatataas nito ang tiwala at kumpiyansa sa ating mga halalan.

KONTRA HINDI sa Prop. 39. Isusulong nito ang adyenda ni Trump na pagsupil sa botante sa pamamagitan ng pagdaragdag ng magastos at hindi kinakailangang mga hadlang na maaaring humadlang sa mga kwalipikadong botante ng California, maglanta ng personal na impormasyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, at magsayang ng daan-daang milyon sa mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Huwag hayaan ang mga bilyonaryo ng MAGA na magpasya kung aling mga botante ang bibilangin. Bumoto ng Hindi.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

OO sa Proposisyon 39—Mga Californian para sa ID ng Botante
Info@voteridca.org
www.VoterIDCA.org

LABAN

Hindi sa Prop. 39—Mga Californian para sa mga Karapatan sa Pagboto
info@caforvotingrights.org
CAforvotingrights.org

MAIKLING SANGGUNIAN GABAY

PROP
40

NAGPAPATAW NG ISANG BESES NA BUWIS SA ILANG PARTIKULAR NA NAGBABAYAD NG BUWIS. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA AT BATAS SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Nagpapataw ng 5% buwis sa ilang partikular na nagbabayad ng buwis na may mga ari-arian na higit sa \$1 bilyon; kita na pangunahing para sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapatawan ng eksemphasyon ang mga kita mula sa mga konstitusyonal na kinakailangan para sa pagpopondo ng paaralan at limitasyon sa paggastos. **Epekto sa Pananalapi:** Pansamantalang pagtaas ng kita na bilyon-bilyong dolyar na nakapamahagi sa ilang taon mula sa buwis sa kayamanan sa mga bilyonaryo. Posibleng patuloy na pagbaba na mas bababa sa \$1 bilyon bawat taon sa kita mula sa buwis sa kita mula sa mga bilyonaryo. **Mga Tagasuporta:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West **Mga Katunggali:** California Primary Care Association; California School Boards Association; California Taxpayers Association

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Kokolekta ang estado ng isang beses na buwis mula sa mga bilyonaryo na katumbas ng 5 porsiyento ng kanilang yaman.

HINDI Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: *hindi* kokolekta ang estado ng isang beses na buwis mula sa mga bilyonaryo na katumbas ng 5 porsiyento ng kanilang yaman.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Bumoto ng OO sa 40 upang buwisan ang mga bilyonaryo. Binawasan ni Trump ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan upang magbayad para sa mga pagbawas sa buwis para sa mga bilyonaryo, inaalis ang saklaw para sa mahigit isang milyong Californian at dinodoble ang mga premium sa segurong pangkalusugan para sa milyun-milyon pa. Panahon na upang pagbayarin ang mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi at itigil ang pagpapasan sa gitnang uri ng bayarin.

KONTRA Ang Prop. 40 ay isang may depektong, isang beses na pamamaraan ng pagbubuwis na nakapipinsala sa ating ekonomiya, nakasisira sa badyet ng ating estado, at naglalaman ng butas na naglalantad sa lahat ng Californian sa mga buwis na hindi natin kayang bayaran—ngunit walang ginagawa upang mapababa ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan. Walang mga proteksiyon, walang pananagutan. Sumali sa Samahan ng mga Guro ng California, Samahang Medikal ng California, Asosasyon ng mga Ospital ng mga Bata ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Konseho ng mga Gawain sa Pagbuo at Konstruksyon ng Estado ng California, mga Democrat at Republican: **HINDI** sa 40.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Suzanne Jimenez
SEIU-UHW
5480 Ferguson Drive
Los Angeles, CA 90022
(855) 507-7562
info@YesOn40.com
www.yeson40.com

LABAN

Mga Californian para Protektahan ang Pagpopondo para sa mga Paaralan, Pangangalagang Pangkalusugan at Kaligtasan ng Publiko
Info@VoteNoOn40.org
VoteNoOn40.org

PROP
41

IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO NA HINDI ISINASAMA ANG MGA KITA MULA SA LIMITASYON SA PAGGASTOS NG ESTADO. NANGANGAILANGAN NG MGA PAGSUSURI PARA SA MGA BAGONG ESPESYAL NA BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Pinapawalang-bisa ang mga buwis ng estado na ipinatupad pagkatapos ng Enero 1, 2026 na nagpapataw ng eksemphasyon sa kanilang mga kita mula sa limitasyon sa paggastos ng estado na inaprubahan ng botante. Nangangailangan ng mga audit bago ang halalan at umuulit na mga pagsusuri sa mga programang pinopondohan ng mga bagong espesyal na buwis. **Epekto sa Pananalapi:** Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi dahil nakadepende ito sa mga desisyon sa hinaharap ng mga botante, Lehislatura, at iba pang tagagawa ng polisiya. **Mga Tagasuporta:** CA Society of Certified Public Accountants (CalCPAs); CalAsian Chamber of Commerce; California Taxpayers Association (CalTax) **Mga Katunggali:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Kapag ang mga espesyal na buwis ay iminungkahi sa pamamagitan ng mga inisyatiba ng botante, susuriin ng Auditor ng Estado ng California ang mga programang pinopondohan ng buwis bago lumabas ang inisyatiba sa balota. Regular ding susuriin ng Auditor ng Estado ng California ang mga programang pinopondohan ng mga espesyal na buwis na inaprubahan ng mga botante o ng Lehislatura. Bukod dito, maaaring hindi maisama ng estado sa limitasyon nito sa paggastos ang anumang bagong paggastos para sa mga espesyal na buwis.

HINDI Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magbabago ang responsibilidad ng Auditor ng Estado ng California na suriin ang mga programa ng pamahalaan. Hindi magbabago ang mga kinakailangan sa limitasyon sa paggastos ng estado.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Karapat-dapat ang mga Californian sa mas mabubuting resulta para sa ating mga buwis. Bilyun-bilyon ang napunta sa mga programang tulad ng kawalan ng tirahan, ngunit kak aunti lamang ang naipakitang resulta. Inaatasan ng Prop. 41 ang independiyenteng Auditor ng Estado na magsagawa ng PAMPUBLIKONG MGA PAG-AUDIT sa mga programang pinopondohan ng mga bagong buwis—upang magkaroon tayo ng higit na transparency, higit na pananagutan, at mas mabubuting resulta para sa mga nagbabayad ng buwis.

KONTRA Ang Prop. 41 ay hindi talaga tungkol sa mga pag-audit—ito isang pakana na pinopondohan ng mga bilyonaryo na idinisenyo upang ipawalang-bisa ang Buwis sa mga Bilyonaryo ng California. Mas gugustuhin ng mga bilyonaryo na mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong Californian kaysa magbayad ng katamtamang buwis sa kanilang napakalaking yaman. Huwag mahulog sa mga kasinungalingan ng mga bilyonaryo. Bumoto ng **HINDI** sa 41.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

OO sa 41—Mga Californian para sa Transparency at Pananagutan, Isang Koalisyon ng Maliliit na Negosyo, mga Nagbabayad ng Buwis, mga Tagapagtaguyod ng Mabuting Pamahalaan, mga Accountant, at mga Eksperto sa Pag-audit
info@YesonProp41.org
YesonProp41.org

LABAN

Suzanne Jimenez
SEIU-UHW
5480 Ferguson Drive
Los Angeles, CA 90022
(855) 507-7562
info@YesOn40.com
www.yeson40.com

MAIKLING SANGGUNANG GABAY

PROP
42

IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO SA PERSONAL NA ARI-ARIAN AT ILANG PARTIKULAR NA RETROAKTIBONG BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Ipinagbabawal ang anumang bagong buwis ng estado na (1) ipinataw sa pagmamay-ari ng personal na ari-arian (lahat ng bagay na pagmamay-ari ng mga tao na maliban sa ari-arian), o (2) na retroaktibong nalalapat batay sa mga nakaraang aktibidad ng nagbabayad ng buwis. Ipinapawalang-bisa ang mga buwis na ipinatupad pagkatapos ng Enero 1, 2026 na sumasalungat sa panukalang ito. **Epekto sa Pananalapi:** Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis sa hinaharap. **Mga Tagasuporta:** CA Professional Firefighters; State Building & Construction Trades Council of CA; AMVETS Department of CA **Mga Katunggali:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO

Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring magtatag ang estado ng mga bagong buwis sa pagmamay-ari ng mga pinansiyal na asset o iba pang personal na ari-arian.

HINDI

Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na magkakaroon ang estado ng opsiyon na magtatag ng mga bagong buwis sa pagmamay-ari ng mga pinansiyal na asset o iba pang personal na ari-arian.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR

Kasalukuyang

pinahihintulutan ng Konstitusyon ng California ang Lehislatura na buwisan ang pagreretiro at mga ipon—kahit nagbayad ka na ng buwis sa perang iyon noong kinita mo ito! Pinoprotektahan ng Prop. 42 ang mga Californian mula sa dobleng pagbubuwis na ito, sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga bago at retroaktibong buwis sa personal na ari-arian, kabilang ang pagreretiro at mga ipon. Kinita mo ito. Pinoprotektahan ito ng Prop. 42.

KONTRA

Isa na namang

pakana na pinopondohan ng mga bilyonaryo. Ang Prop. 42 ay hindi talaga tungkol sa pagprotekta sa iyong mga ipon para sa pagreretiro—ang tanging tunay na layunin nito ay ipawalang-bisa ang Buwis sa mga Bilyonaryo ng California. Mas gugustuhin ng mga bilyonaryo na mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong Californian kaysa magbayad ng katamtamang buwis sa kanilang napakalaking yaman. Bumoto ng HINDI sa 42.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa 42—Protektahan ang mga Ipon para sa Pagreretiro at Buhay, isang koalisyon ng mga retirado, mga blue-collar na manggagawa, mga nakatatanda, mga beterano, maliliit na negosyo at mga nagbabayad ng buwis
info@yesonprop42.org
YesOnProp42.org

LABAN

Suzanne Jimenez
SEIU-UHW
5480 Ferguson Drive
Los Angeles, CA 90022
(855) 507-7562
info@YesOn40.com
www.yeson40.com

PROP
43

NILILIMITAHAN ANG KAKAYAHAN NG MGA BOTANTE NA TAASAN ANG MGA KITA PARA SA MGA SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA.

BUOD

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Nililimitahan ang kakayahan ng mga botante na magpasa ng mga lokal na espesyal na buwis na ipinanukala ng botante sa pamamagitan ng pagtataas ng porsyento ng mga botong kailangan para aprubahan ang mga nasabing panukalang balota mula sa mayorya (higit sa 50%) hanggang sa dalawang-katlo, simula sa Enero 1, 2027. **Epekto sa Pananalapi:** Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis ng lokal na pamahalaan sa hinaharap dahil sa mas mataas na hangganan sa boto para sa ilang partikular na buwis. **Mga Tagasuporta:** California Taxpayers Association; Family Business Association of California; California Hispanic Chambers of Commerce **Mga Katunggali:** California Professional Firefighters; California Federation of Teachers; Nurse Alliance of SEIU CA.

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO

Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang lokal na buwis ng pamahalaan ay mangangailangan ng pag-apruba ng dalawang-katlo ng mga botante.

HINDI

Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring patuloy na aprubahan ng mga botante ang ilang lokal na buwis ng pamahalaan sa pamamagitan ng boto ng mayorya.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR

Pinoprotektahan ng Prop. 43 ang mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng kinakailangang dalawang-katlong boto ng Proposisyon 13 upang maipasa ang mga lokal na espesyal na buwis, kabilang ang mga buwis sa pagbebenta, mga buwis sa ari-arian, at mga buwis sa mga utility. Pinahihintulutan ng mga korte ang mga espesyal na interes na magpasa ng mga pagtaas ng buwis na nakalaan para sa partikular na layunin sa pamamagitan ng mas kaunting boto. Isinasara ng Prop. 43 ang butas na ito, na pinoprotektahan ang mga nagbabayad ng buwis, may-ari ng bahay, at nangungupahan. Bumoto ng oo.

KONTRA

NILILIMITAHAN NG PROPOSISYON 43 ANG KAKAYAHAN NG MGA BOTANTE NA PONDOHAN ANG MAHAHALAGANG LOKAL NA SERBISYO kabilang ang proteksiyon laban sa sunog, pagtugon sa 911, mga paaralan, mga kalsada, mga ospital, at abot-kayang pabahay. Hindi nito binabawasan ang iyong mga buwis at hinahayaan lamang ang 33.4% ng mga botante na harangin ang nais ng halos 67%. Protektahan ang iyong boto at pamamahala ng mayorya. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 43.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Jon Coupal
Howard Jarvis na Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis
1201 K Street, Suite 1030
Sacramento, CA 95814
(916) 444-9950
(213) 384-9656
info@hjta.org
YESon43.com

LABAN

Hindi sa Prop. 43
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
info@Noprop43CA.com
Noprop43CA.com

MAIKLING SANGGUNANG GABAY

PROP 44 HINIHINGI NA GASTUSIN NG MGA KLINIKA SA KALUSUGAN NG KOMUNIDAD ANG 90% NG KITA SA MGA SERBISYO SA PROGRAMA. BATAS SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Nagpapataw ng mga multa sa mga hindi nagtutubo na Pederal na kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga klinika sa komunidad na nagbibigay ng pangunahing pangangalaga sa mga lugar at populasyong hindi sapat na nabibigyan ng medikal na serbisyo) na gumagastos nang mas mababa sa 90% ng kita sa mga “serbisyo sa programa” na isinusulong ang kanilang layunin sa pagkawanggawa, kasama pero hindi limitado rito ang mga serbisyo sa pasyente. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na mga gastos ng estado na nasa mababang bilang ng sampu-sampung milyong dolyar kada taon, na sinasaklaw ng mga singilin. **Mga Tagasuporta:** Walang naisumite **Mga Katunggali:** American Academy of Pediatrics CA; CA School Nurses Org; CA Academy of Family Physicians; CA Medical Assoc.

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang pribadong nonprofit na klinika sa pangangalagang pangkalusugan ay kailangang gumastos ng hindi bababa sa 90 porsiyento ng kanilang kita bawat taon sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

HINDI Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magkakabisa ang bagong kinakailangan sa paggastos ng mga klinika sa pangangalagang pangkalusugan.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Pinananagot ng Prop. 44 ang mga klinika ng komunidad at kanilang mga ehekutibo sa pamamagitan ng pag-aatas na 90% ng kita ng klinika ay gastusin sa misyon nitong kawanggawa: pangangalaga sa pasyente at mga serbisyong ginagawang posible ang pangangalaga. Pinatataas nito ang transparency, binabawasan ang aksayang paggasta ng mga ehekutibo, at tinitiyak na napupunta ang mga dolyar para sa pangangalagang pangkalusugan kung saan kinakailangan: sa pangangalaga sa mga Californian na nangangailangan.

KONTRA Ang Prop. 44 ay isang mapanganib na panukala na magsasara ng daan-daang klinika ng kalusugan ng komunidad at mag-aalis ng mahahalagang serbisyo para sa mga pasyente para sa milyun-milyong Californian. Ang Amerikanong Akademya ng Pedyatriya ng California, Samahang Medikal ng California, Akademya ng mga Doktor ng Medisinang Pampamilya ng California, Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California, mga doktor, nars, at mga pasyente ay humihikayat na bumoto ng HINDI sa 44! www.NOProp44.com

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
Gustavo Medina
SEIU-UHW
5480 Ferguson Drive
Los Angeles, CA 90022
(323) 805-0241
contact@yesonprop44.com
yesonproposition44.com

LABAN
Hindi sa Prop. 44—Itigil ang Pag-atake sa mga Pasyente at mga Klinika ng Kalusugan ng Komunidad
info@noprop44.com
www.NoProp44.com

PROP 45 BINABAGO ANG PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN PARA SA ILANG PARTIKULAR NA PROYEKTO. BATAS SA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Inaamendahan ang Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) para pabilisin ang pagsusuri sa kapaligiran para sa ilang partikular na proyekto (kasama ang karamihan sa mga proyekto sa pabahay, transportasyon, tubig, at kalusugan) sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga takdang petsa para kumpletuhin ang pagsusuri sa kapaligiran at lutasin ang mga demandang hinahamon ang mga pag-apruba sa proyekto. **Epekto sa Pananalapi:** Mga inisyal na gastos para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan, na malamang na nasa mataas na bilang ng sampu-sampung milyong dolyar—na posibleng lumampas sa \$100 milyon—taon-taon, na bahagyang saklaw ng mga singilin. Hindi tiyak, posibleng higit na makabuluhang positibo o negatibong pangmatagalang epekto sa pananalapi. **Mga Tagasuporta:** California Children’s Hospital Association; California Water Association; California Council for Affordable Housing **Mga Katunggali:** Coalition for Clean Air; CA Environmental Voters; Physicians for Social Responsibility, LA; National Wildlife Federation

ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

OO Ang isang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang pampubliko at pribadong proyekto ay magiging kwalipikado para sa bagong pagsusuri ng proyekto at mga pamamaraan para sa pagtutol. Halimbawa, hihigpitan ng mga bagong pamamaraan ang mga takdang panahon para sa pagsusuring pangkapaligiran at babawasan ang saklaw ng mga bagay na maaaring isaalang-alang ng mga korte kapag sinusuri ang mga legal na pagtutol.

HINDI Ang isang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na gagamit ang mga pampubliko at pribadong proyekto ng mga kasalukuyang pamamaraan para sa pagsusuri ng proyekto at mga pagtutol sa korte.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang hindi gumaganang kasalukuyang sistema ay ginagawang hindi abot-kaya ang California. Inaayos ng Prop. 45 ang ating sirang sistema at binabawasan ang ating mataas na gastos sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagbabawas ng bukrasya upang mas mabilis na makapagtayo ng pabahay, tubig, mga paaralan, mga ospital, malinis na enerhiya, at pag-iwas sa mga sunog sa kagubatan—habang pinananatili ang matitibay na proteksiyong pangkapaligiran ng California. Bumoto ng OO para sa mas abot-kayang California. YESonProp45.com

KONTRA
NILILIMITAHAN NG PROPOSISYON 45 ANG PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN AT PUBLIKO SA MGA PROYEKTONG ITINATAYO SA INYONG KOMUNIDAD. Pinahihina nito ang California Environmental Quality Act—binabago ang batas ng California upang protektahan ang mga kita ng korporasyon sa halip na ang kalusugan ng publiko at ang ating hangin at tubig. Hindi babawasan ng Prop. 45 ang iyong mga gastos: kumikita ang mga utility at mga korporasyong nagpopondo nito habang mas malaki ang binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis. BUMOTO NG HINDI.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
OO SA 45—PAGBUO NG MAS ABOT-KAYANG CALIFORNIA, ISANG KOALISYON NG TUBIG, ABOT-KAYANG PABAHAY, MALINIS NA ENERHIYA, MALILIIT NA NEGOSYO, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, AT MGA LIDER NG KOMUNIDAD
info@YesonProp45.com
YESonProp45.com

LABAN
Hindi sa Prop. 45
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
info@Noprop45CA.com
Noprop45CA.com

Buod na Impormasyon para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026

Paano ako magpaparehistro upang bumoto?

Magparehistro upang bumoto o i-update ang iyong pagpaparehistro online sa registertovote.ca.gov. Kung nais mong punan ang pisikal na form, mahahanap ang mga aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante sa mga post office, tanggapan ng halalan ng county, at aklatan.

Paano kung napalampas ko ang deadline sa pagpaparehistro ng botante?

Kung hindi mo naabot ang deadline para magparehistro upang bumoto, maaari ka pa ring pumunta sa tanggapan ng halalan ng iyong county, sentro ng pagboto, o lugar ng pagboto sa o bago ang Araw ng Halalan upang kumpletuhin ang kondisyonal na pagpaparehistro ng botante (madalas na tinatawag na “Parehong Araw na Pagpaparehistro ng Botante”). Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang vote.ca.gov.

Paano kung kailangan kong tingnan ang aking status ng pagpaparehistro ng botante?

Upang tingnan ang katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang botante, maaari mong gamitin ang tool na “Aking Katayuan Bilang Botante” sa voterstatus.sos.ca.gov.

Kailan ko matatanggap ang aking balota?

Ang lahat ng aktibong rehistradong botante ay papadalan sa koreo ng isang balota para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026. Sa Oktubre 5, 2026 ang huling araw para magsimulang magpadala ng mga balota ang mga county.

Kailan ko matatanggap ang aking Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado?

Ang mga rehistradong botante ay makakatanggap ng kanilang Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Magiging available din ito online sa voterguide.sos.ca.gov.

Paano kung kailangan ko ng kapalit na balota?

Kung hindi mo natanggap ang iyong balota sa koreo, o kung nawala o nasira ang iyong orihinal na balota, maaari kang mag-apply para sa pamalit na balota. Ang aplikasyon para sa pamalit na balota ay makikita sa <https://elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/replacement-application.pdf>.

Maaari ka ring humiling ng pamalit na balota mula sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o iba pang elektronikong paraan.

Paano ko maibabalik ang balota ko?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng drop box:** Maaari mong personal na ihatid ang iyong balota sa alinmang lugar ng botohan o lokasyon ng paghuhulugan ng balota (drop-off location) sa California hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

- **Sa personal:** Ang mga lugar ng botohan ay itinatag ng mga opisyal ng halalan ng county at bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa **Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 3, 2026**. Upang makahanap ng lokasyon para bumoto nang mas maaga bago ang Araw ng Halalan, bisitahin ang caearlyvoting.sos.ca.gov.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos mong matanggap ito. Ang mga balotang ipinadala sa koreo ay dapat matatakan ng postmark sa o bago ang Araw ng Halalan. Upang matiyak na matatakan ng postmark ang iyong balota bago ang Araw ng Halalan, tiyaking ipadala ito sa koreo nang hindi bababa sa 7 araw nang mas maaga. Kung magpapadala sa koreo sa Nobyembre 3, 2026, kumuha ng manu-manong postmark mula sa isang empleyado ng koreo sa loob ng isang Tanggapan ng Koreo ng United States.

Paano ko mahahanap ang aking pinakamalapit na drop box, lugar ng botohan, o sentro ng pagboto?

- Bisitahin ang caearlyvoting.sos.ca.gov para mahanap ang pinakamalapit na lokasyon ng drop box, lugar ng botohan, o lokasyon ng sentro ng pagboto.
- Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county.

Paano ko masusubaybayan ang aking balota upang malaman kung ito ay natanggap at nabilang na ito?

Maaaring makatanggap ang mga botante ng abiso tungkol sa status ng kanilang isinauling balota sa pamamagitan ng pag-sign up sa tool na “Where’s My Ballot?”.

Mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov upang makatanggap ng mga awtomatikong update sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o voice call.

Maaari ka ring pumunta sa voterstatus.sos.ca.gov upang malaman kung nabilang ang iyong boto.

Mga Resulta ng Halalan

Ang mga resulta ng Halalan para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026 ay magiging available simula pagkatapos magsara ang mga botohan nang 8:00 p.m. sa website ng Mga Resulta ng Halalan ng Secretary of State ng California sa electionresults.sos.ca.gov.

Sisimulang ipaskil ang mga resulta sa ganap na 8:00 p.m. at i-update ito sa buong Gabi ng Halalan. Sa mga sumunod na araw, i-update ang mga resulta bawat araw sa buong panahon ng canvass habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ang mga opisyal na sertipikadong resulta ng halalan ay ipapaskil bago lumampas ng Disyembre 11, 2026, sa sos.ca.gov/elections.



Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!

Lahat ng botante ng California ay padadalhan ng balota na may sobre para sa pagbabalik na may bayad na selyo para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026. Magsisimulang magpadala ng mga balota ang mga opisyal ng halalan ng county nang hindi lalampas sa Oktubre 5, 2026.

Iparinig ang iyong boses nang maaga. Maaari mong botohan ang iyong balota sa sandaling matanggap mo ito sa koreo.

Umaasa sa iyo ang demokrasya! Sundin ang limang madadaling hakbang na ito upang magamit ang iyong karapatan sa pagboto:



Kumpletuhin ito.

Markahan ang iyong mga pinili sa iyong balota.



Isara ito.

Ilagay nang maayos ang iyong balota sa sobre para sa pagbabalik ng balota na natanggap mo mula sa opisina ng halalan ng iyong county.



Lagdaan ito.

Lagdaan ang labas ng iyong sobre para sa pagbabalik ng balota.

Tiyaking tugma ang iyong lagda sa nasa iyong lisensya sa pagmamaneho/state ID sa CA, o sa ibinigay mo noong nagparehistro ka upang makaboto. Paghahambingin ng opisina ng mga halalan ng iyong county ang mga ito bago nila ibilang ang iyong balota.



Ibalik ito.

Sa pamamagitan ng drop box—Ihulog ang iyong nakumpletong balota sa sobre para sa pagbabalik sa isang ligtas na opisyal na drop box sa iyong county anumang oras mula Oktubre 6 hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Nobyembre 3.

Sa personal:—Ihulog ang iyong nakumpletong balota na nasa sobre para sa pagbabalik sa isang ligtas na drop box, lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina ng halalan ng county bago mag-8:00 p.m. sa Nobyembre 3. Magkakaroon ng mga lugar ng pagboto sa lahat ng county bago ang Araw ng Halalan. Ang mga lokasyon sa pagboto ay nag-aalok ng pagpaparehistro ng botante, mga kapalit na balota, mga naa-access na makina sa pagboto, at tulong sa wika.

Sa pamamagitan ng koreo—Ipadala ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap. Para mabilang, dapat na maselyuhan ang iyong balota nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan. Inirerekomenda naming ipadala ito nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan. Kung ipapadala mo ito sa koreo nang mas malapit sa Araw ng Halalan, dalhin ito sa isang Tanggapan ng Koreo ng United States at humingi sa isang empleyado ng koreo ng manu-manong postmark.



Subaybayan ito.

Mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov upang makatanggap ng mga update tungkol sa katayuan ng iyong balota sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o tawag sa telepono.

Mga Nangungunang Nag-ambag sa mga Kandidato ng Estado at mga Panukala sa Balota

Kapag ang isang komite (isang tao o grupo ng mga tao na tumatanggap o gumagastos ng pera para sa layuning maimpluwensiyahan ang mga botante na suportahan o tutulan ang mga kandidato o panukala sa balota) ay nakalikom ng hindi bababa sa \$1 milyon, dapat nitong iulat ang nangungunang 10 nag-ambag sa California Fair Political Practices Commission (FPPC). Dapat i-update ng komite ang listahan kapag may anumang pagbabago.

Makukuha ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa:
fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html

Para magsaliksik ng mga kontribusyon sa kampanya para sa mga kandidato o panukalang balota, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa powersearch.sos.ca.gov.



Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 100 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinahihintulutan ang \$11.25 bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon ng estado para sa mga programa sa pagiging abot-kaya ng pabahay, kasama ang para sa mga beterano sa California, at para pondohan ang mga proyekto sa pagpapaunlad ng pabahay na naghahanap ng mga pederal na kredito sa buwis.
- Naglalaan ng mga pondo:
 - \$5.1 bilyon para buuin at isaayos muli ang inuupahang pabahay para sa maraming pamilya;
 - \$2.1 bilyon para kunin, isaayos muli, o ipreserba ang mga yunit ng abot-kayang pabahay, at para magbigay ng sumusuportang pabahay para sa mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan;
 - \$1.25 bilyon para sa mga sangla sa pabahay na pinopondohan ng estado para sa mga beterano sa California;
 - \$1.1 bilyon para sa tulong sa pagmamay-ari ng bahay at paunang bayad;
 - \$1 bilyon para sa pabahay sa manggagawa sa bukid, tribo, at estudyante;

- \$500 milyon para sa imprastraktura ng pabahay; at
- \$200 milyon para suportahan ang mga lokal na programa sa pabahay.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas mataas na gastos ng estado na \$500 milyon hanggang \$600 milyon taon-taon sa loob ng humigit-kumulang 25 taon upang mabayaran ang bono sa pabahay.

Tantiya ng Gastos sa Bono ng Estado

Awtorisadong bagong paghiram	\$11.25 bilyon
Taunang gastos para bayaran ang bono	\$500 milyon hanggang \$600 milyon ^a
Inaasahang panahon ng pagbabayad	25 taon
Pinagmulan ng pagbabayad	Pangkalahatang kita sa buwis

^a Kasama sa Proposisyon 1 ang \$1.25 bilyon para sa programa sa pabahay ng mga beterano. Hindi magresulta ang paghiram na ito sa tinatayang gastos ng estado

MGA HULING BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA SB 417 (PROPOSISYON 1) (KABANATA 16, MGA BATAS NG 2026)

Senado: Mga Oo 29 Mga Hindi 2
Asembleya Mga Oo 61 Mga Hindi 7

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Pampublikong Pondo para sa Ilang Pagtatayo ng Bahay. Sa karamihan ng mga taon, humigit-kumulang 100,000 bahay at apartment ang itinatayo sa California. Karamihan sa mga yunit ng pabahay

na ito ay lubusang itinatayo gamit ang pribadong pondo. Gayunman, ang ilan ay tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa mga pamahalaang pederal, estado, o lokal. Para sa pabahay na pinopondohan ng estado, karaniwang nagbibigay ang pamahalaan ng estado sa mga lokal na pamahalaan, nonprofit

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

na organisasyon, at pribadong developer ng mga grant o pautang na mababa ang interes upang pondohan ang bahagi ng mga gastos sa pagtatayo ng mga yunit ng pabahay. Karaniwan, ang pabahay na itinayo gamit ang mga pondong ito ay dapat ibenta o paupahan sa mga Californian na mababa ang kita.

Ang mga Bono ay Karaniwang Paraan ng Estado upang Pondohan ang mga Programa para sa Pagtatayo ng Bahay at Pagmamay-ari ng Bahay. Sa nakalipas na ilang dekada, gumamit ang estado ng mga bono ng pangkalahatang obligasyon upang pondohan ang iba't ibang programa sa pabahay. Ang mga bono ay isang paraan para manghiram ng pera ang estado upang saklawin ang mga paunang gastos sa isang proyekto at pagkatapos ay bayaran ang pera kasama ang interes sa paglipas ng panahon. Ang huling bono ng pangkalahatang obligasyon sa buong estado para sa abot-kayang pabahay ay inaprubahan ng mga botante noong 2024, na naglaan ng \$2 bilyon upang magbigay ng pabahay para sa mga beterano at iba pang taong may karamdaman sa pag-iisip o mga sangkap na nahaharap sa kawalan ng tirahan.

Programang Pautang sa Bahay para sa mga Beterano. Ang programa ng estado para sa mga pautang sa bahay ng mga beterano ay nagbibigay ng mga pautang sa bahay sa mga kwalipikadong beterano, kabilang ang mga beteranong maaaring hindi kwalipikadong makakuha ng pautang sa bahay sa ibang paraan. Sa ilalim ng programa, nagbebenta ang estado ng mga bono ng pangkalahatang obligasyon sa mga investor at ginagamit ang mga pondo upang magbigay ng mga pautang sa mga beterano para bumili ng mga bahay. Binabayaran ng mga kalahok na beterano ang halaga ng mga bono sa pamamagitan ng kanilang mga bayad sa kanilang pautang sa bahay. Ang huling bono ng pangkalahatang obligasyon sa buong estado para sa mga pautang sa bahay ng mga beterano ay

inaprubahan ng mga botante noong 2018, na naglaan ng \$1 bilyon para sa programa.

MUNGKAHI

Bagong Bono ng Pangkalahatang Obligasyon para sa Pabahay. Pinahihintulutan ng Proposisyon 1 ang estado na magbenta ng \$11.25 bilyon na mga bono ng pangkalahatang obligasyon para sa mga layunin ng pabahay. Ang halagang ito ay binubuo ng (1) isang \$10 bilyon na bono para sa iba't ibang programa sa pabahay ng estado na babayaran mula sa Pangkalahatang Pono at (2) isang \$1.25 bilyon na bono na babayaran mula sa mga bayad ng mga beterano sa kanilang mga pautang sa bahay. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pono ng estado, tingnan ang “Pangkalahatang-ideya ng Utang sa Bono ng Estado” sa bandang huli ng gabay na ito.

Mga Programa sa Pabahay ng Estado.

Ang Proposisyon 1 ay nagbibigay ng pagpopondo sa bono para sa iba't ibang uri ng mga programa sa pabahay, na nakabuod sa Figure 1. Ilalaan ang mga pondo sa loob ng ilang taon. Ang mga pangunahing kategorya ng mga programa sa pabahay na sinusuportahan ng bono ay:

- **Mga Programa para sa Abot-Kayang Maramihang-Pamilyang Pabahay.**

Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$7.2 bilyon upang kumuha, magtayo, o mag-renovate ng pabahay na paupahan, tulad ng mga gusali ng apartment. Karaniwang nagbibigay ang mga programang ito sa mga lokal na pamahalaan at pribadong developer ng mga pautang na mababa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

ang interes upang pondohan ang bahagi ng gastos ng proyekto. Bilang kapalit, karaniwang dapat maglaan ang mga proyekto ng mga yunit para sa mga sambahayang mababa ang kita sa loob ng 55 taon. Ang ilan sa pagpopondong ito ay gagamitin para sa suportadong pabahay, na nagbibigay ng mga serbisyong nasa mismong lugar (tulad ng pagpapayo sa kalusugan ng isip at paggamit ng mga sangkap) sa ilang residente.

- **Mga Programa sa Pagmamay-ari ng Bahay.** Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$1.1 bilyon upang suportahan ang pagmamay-ari ng bahay para sa mga sambahayang mababa at katamtaman ang kita. Gagamitin ang ilan sa mga pondo upang magbigay ng tulong sa pagbili ng bahay para sa mga unang beses na bibili ng bahay sa pamamagitan ng mga pautang na karaniwang hindi kailangang bayaran hanggang sa maibenta o mabayaran nang buo ang bahay. Ibibigay ang iba pang pondo sa mga nonprofit na organisasyon at iba pang entidad para sa mga aktibidad tulad ng pagkuha ng lupa upang magtayo ng mga bahay para sa mga kwalipikadong bibili ng bahay na mababa ang kita at pagkukumpuni ng mga kasalukuyang bahay na pagmamay-ari ng mga sambahayang mababa ang kita.
- **Mga Programa sa Imprastraktura.** Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$500 milyon para sa iba't ibang proyekto sa imprastraktura upang suportahan ang mga pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay, tulad ng tubig, imburnal, mga parke, at mga pagpapahusay sa transportasyon.

- **Programa sa Pabahay para sa mga Manggagawang Bukid.** Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$450 milyon sa mga pautang at grant upang magtayo o mag-renovate ng pabahay para sa mga manggagawang bukid. Maaaring gamitin ang mga pondo ng programa para sa parehong paupahan at pabahay na tinitirhan ng may-ari.
- **Mga Programa sa Pabahay para sa mga Mag-aaral sa Mas Mataas na Edukasyon.** Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$350 milyon, na pantay na hinahati sa pagitan ng University of California at California State University, para sa abot-kayang pabahay ng mga mag-aaral.
- **Programa sa Pabahay ng mga Katutubo.** Nagbibigay ang Proposisyon 1 ng \$200 milyon sa mga grant para sa mga tribo. Maaaring gamitin ang mga pondo para sa iba't ibang layuning may kaugnayan sa pabahay, kabilang ang pagtatayo at pagkukumpuni ng paupahan at pabahay na tinitirhan ng may-ari.

Pigura 1

Mga Iminungkahing Gamit ng mga Pondo mula sa mga Bono
(Sa Milyon)

Kategorya ng mga Programa	Halaga
Mga Programa sa Pabahay ng Estado	
Abot-kayang Maramihang-Pamilyang Pabahay	\$7,200 ^a
Pagmamay-ari ng Bahay	1,100
Imprastraktura	500
Pabahay para sa mga Manggagawang Bukid	450
Pabahay para sa mga Mag-aaral sa Mas Mataas na Edukasyon	350
Pabahay ng mga Katutubo	200
Mga Lokal na Pilot Program	200
Bahagyang Kabuuan	(\$10,000)
Programa sa Pabahay para sa mga Beterano	
Mga Pautang sa Bahay para sa mga Beterano	\$1,250
Kabuuan	\$11,250

^a Kabilang ang \$150 milyon para sa pabahay ng kabataan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

- **Mga Lokal na Pilot Program.**

Ang Proposisyon 1 ay nagbibigay ng \$200 milyon na magiging available sa mga lungsod, county, at ilang iba pang entidad para sa mga pilot project na naglalayong bumuo ng pabahay sa mas mababang gastos.

Programa sa Pabahay para sa mga Beterano.

Ang Proposisyon 1 ay nagbibigay rin ng \$1.25 bilyon para sa tulong sa pautang sa bahay para sa mga beterano. Karaniwang ginagamit ng mga beterano ang mga pautang na ito upang bumili ng mga bahay na para sa isang pamilya, condominium, bukirin, at mga mobile home.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Tumaas na Gastos ng Estado sa Pagbabayad sa \$10 Bilyong Bono para sa mga Programa sa Pabahay. Ang gastos ng Pangkalahatang Pondo ng estado upang bayaran ang bono ay magiging **\$500 milyon hanggang \$600 milyon taun-taon sa loob ng humigit-kumulang 25 taon.** Ang tinatayang taunang gastos ay magiging humigit-kumulang isang-kapat ng 1 porsiyento (0.25 porsiyento) ng kabuuang badyet ng General Fund ng estado. Dahil kailangang magbayad ng interes ang estado sa perang hinihiram nito, ang kabuuang halaga ng bono ay magiging humigit-kumulang 15 porsiyento na mas mataas (pagkatapos ng pag-aakma para sa implasyon) kaysa kung binabayaran ng estado nang pauna gamit ang perang taglay na ito.

Walang Direktang Gastos ng Estado para sa Programa sa Pabahay ng mga Beterano.

Ang mga beteranong kalahok sa programa ng pautang sa bahay ay magbabayad buwan-buwan sa estado, na magbibigay-daan sa estado na bayaran ang mga bono. Ang mga bayad na ito ay palaging sumasaklaw sa halagang dapat bayaran sa mga bono, na

nangangahulugang ang programa ay palaging nagpapatakbo nang walang direktang gastos sa estado.

Mga Gastos sa Pangangasiwa. Maraming entidad ng estado ang makakaranas ng mas mataas na gastos upang pangasiwaan ang iba't ibang programa sa pabahay. Sasagutin ng isang bahagi ng mga pondo ng bono ang mga gastos na ito.

Epekto ng mga Pondo. Gagamitin ang malaking bahagi ng pagpopondo mula sa Proposisyon 1 kasama ng iba pang pera ng pamahalaan upang magbigay ng tulong sa pabahay. Ang mga pondo ng bono ay magbibigay ng mga subsidiya para sa hanggang 40,000 yunit ng paupahang maramihang-pamilya, gayundin ng humigit-kumulang 2,500 yunit para sa mga manggagawang bukid at humigit-kumulang 1,200 kama para sa mga mag-aaral sa unibersidad. Makakatulong din ang mga pondo sa hanggang 40,000 sambahayan, kabilang ang humigit-kumulang 2,100 beterano, upang magkaroon ng pagmamay-ari ng bahay sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa mga bumibili ng bahay at pagsuporta sa pagtatayo at pagkukumpuni ng mga bahay.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 1 ★

OO SA PROP. 1: ABOT-KAYANG MGA BAHAY PARA SA MGA BETERANO, NAKATATANDA, MGA TAONG MAY KAPANSANAN AT MGA NAGTATRABAHONG PAMILYA—NANG HINDI NAGTATAAS NG MGA BUWIS

Karapat-dapat ang lahat ng Californian sa isang ligtas at abot-kayang lugar na matatawag na tahanan, ngunit may kakulangan sa pabahay ang California na nagtutulak sa pinakamalalang krisis sa pagiging abot-kaya ng pabahay sa bansa. Mahigit kalahati ng mga umuupa ay gumagastos ng higit sa 30% ng kanilang kita para sa upa at 22% lamang ng mga sambahayan ang kayang bumili ng bahay na may panggitnang presyo; 1% lamang ng badyet ng estado ng California ang napupunta sa pabahay.

Binibigyan ng Prop. 1 ang mga Californian ng pagkakataong:

- Pabilisin ang produksyon ng pabahay;
- Magbigay ng pabahay sa mga nagtatrabahong pamilya, beterano, mga taong may kapansanan at nakatatanda;
- Tumulong na maiwasan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpapanatili sa ating mga pinakamahihinang kapitbahay sa kanilang mga tahanan;
- Palawakin ang mga pagkakataon para sa pagmamay-ari ng bahay;
- Panatilihin ang mahigpit na pananagutan sa pananalapi at transparency nang walang MGA BAGONG BUWIS.

Pinararangan ng PROP. 1 ang ATING MGA BETERANO

Naglalaan ito ng \$1.25 bilyon para lamang sa pabahay at mga pagkakataon sa pagmamay-ari ng bahay para sa mga beterano sa pamamagitan ng umiiral na CalVet Home Loan Program, na nakatulong na sa halos isang milyong beterano at kanilang mga pamilya.

“Ang California ay may isa sa pinakamalalaking populasyon ng mga beteranong walang tirahan sa bansa. Pagkatapos ng kanilang serbisyo, karapat-dapat ang ating mga beterano sa isang lugar na matatawag na tahanan. Tinutupad ng Prop. 1 ang pangakong iyon.”—Michael Blecker, Pangulo, Samahan ng mga Ahensiya ng Serbisyo para sa mga Beterano ng California

ANG PROP. 1 AY NAGTATAYO NG MGA BAHAY NA KAYANG BAYARAN NG MGA PAMILYANG MABABA AT KATAMTAMANG KITA

Pinasisisimulan ng Prop. 1 ang pagtatayo ng sampu-sampung libong abot-kayang bahay na handang tirhan sa buong California, na mabilis na ginagawang mga bahay na maaaring lipatan ang mga natigil na proyekto sa konstruksyon. Ang guro sa klase ng iyong anak, ang bumberong nagpoprotekta sa iyong kapitbahayan, mga unang beses na bumibili ng bahay, mga Californian na mababa at katamtaman ang kita, at ang nars sa iyong lokal na ospital ay hindi na kayang manirahan sa karamihan ng mga komunidad sa California. Nagtatayo ang Prop. 1 ng mas maraming bahay na tunay na kayang bayaran ng mga nagtatrabahong tao.

WALANG MGA BAGONG BUWIS—MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT TRANSPARENCY

Hindi nagtataas ng mga buwis ang Prop. 1 at bawat dolyar ay may mahigpit na pananagutan at pampublikong pag-uulat. Makikita ng mga botante kung eksaktong gaano karaming bahay ang naitayo, kung saan, at kung magkano ang halaga. Ina-unlock ng Prop. 1 ang mga pondong may katapat na pondo mula sa pederal na pamahalaan, na ibinabalik sa California ang mga dolyar ng buwis na ipinapadala natin sa Washington.

TUMUTULONG ANG PROP. 1 SA MGA NAKATATANDA, BETERANO AT ATING MGA PINAKAMAHINANG MAMAMAYAN

Lumilikha at nagpapanatili ang Prop. 1 ng pabahay upang matulungan ang mga taong nasa panganib na mawalan ng tirahan na manatili sa mga lansangan, mga nakatatandang mababa ang kita na may nakapirming kita, mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan at kanilang mga pamilya, mga beterano, mga nasa panganib na mawalan ng tirahan, at mga taong may kapansanan na magkaroon ng ligtas at matatag na tahanan.

ANG PROP. 1 AY NAMUMUHUNAN SA MGA KOMUNIDAD AT MAHAHALAGANG MANGGAGAWA

Ang de-kalidad at abot-kayang pabahay ang pundasyon ng umuunlad na mga komunidad. Pinatitibay ng Prop. 1 ang pundasyong iyon sa pamamagitan ng pagtulong sa mahahalagang manggagawa—mula sa mga bumbero at guro hanggang sa mga nars—na kayang manirahan sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Ang mga nagtatrabahong pamilya at mahahalagang manggagawa sa buong California ay hindi na kayang bumili ng bahay at naiiwan. Pinapahintulutan ng Prop. 1 ang pagtatayo ng abot-kayang pabahay para sa mahahalagang manggagawang ito na iniaalay ang kanilang buhay sa ating mga komunidad.

OO SA PROP. 1: SINUSUPPORTAHAN NG MGA BETERANO, NAKATATANDA, GURO, BUMBERO, AT MGA TAGAPAGTAGUYOD NG ABOT-KAYANG PABAHAY, kabilang ang Habitat para sa Sangkatauhan ng California, Alyansa ng California para sa mga Nagretiro na Amerikano, Housing California, Konsorsiyum ng Pabahay ng California, Alyansa ng California ng mga Serbisyo para sa mga Bata at Pamilya.

BUMOTO NG OO SA PROP. 1. Bono para sa mga Beterano at Abot-Kayang Pabahay, upang parangan ang mga beteranong naglingkod sa atin; magbigay ng ligtas at matatag na pabahay sa mga pinakamahihinang mamamayan ng California; garantiyahan ang mahigpit na pananagutan sa pananalapi nang walang mga bagong buwis; at magtayo ng mga abot-kayang bahay na nararapat sa lahat ng Californian.

YesOnProp1CA.com

Anni Chung, Pangulo

Tulong sa Sarili para sa mga Nakatatanda

Jeffery Freitas, Pangulo

Pederasyon ng mga Guro ng California

John H. Ing, Punong Opisyal sa Pananalapi
US Vets

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 NA ISINUMITE.

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 106 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinapataas ng California ang Pondong Nakalaan para sa Panahon ng Pangangailangan, na inaprubahan ng mga botante noong 2014, para magbigay ng pagpopondo para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, pampublikong kaligtasan, at iba pang mahalagang serbisyo sa panahon ng paghina ng ekonomiya.
- Dinodoble ang limitasyon ng reserba sa badyet mula 10% at ginagawang 20% ng mga kita sa Pangkalahatang Pondo, na nangangailangan ng mga ipon hanggang sa

maging katumbas ng balanse ng Pondo ang 20% ng Pangkalahatang Pondo.

- Nangangailangan ng mga karagdagang ipon sa mga taon na mataas ang mga kita sa buwis.
- Tinataasan ang mga reserba sa badyet na mayroon para sa edukasyon, mga utang ng estado, at mga obligasyon sa pensyon.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Magiging mas mataas ang mga reserba sa badyet ng estado.

MGA HULING BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA ACA 20 (PROPOSISYON 2)
(KABANATA 130, MGA BATAS NG 2026)

Senado: Mga Oo 29 Mga Hindi 2
Asembleya Mga Oo 59 Mga Hindi 8

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

ANG BADYET NG ESTADO

Paano Ginagastos ng Estado ang Pera?

Ngayong taon, plano ng estado na gumastos ng humigit-kumulang \$250 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo upang magbayad para sa mga serbisyo sa publiko. Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang magbayad para sa karamihan ng mga pampublikong serbisyo. Humigit-kumulang kalahati ng paggastos na ito ay para sa mga paaralan, kolehiyong pangkomunidad, at mga pampublikong unibersidad ng estado. (Ang Konstitusyon ng Estado ay nagtatakda ng minimum na antas ng paggastos para sa mga paaralan at kolehiyong pangkomunidad.) Humigit-kumulang isang-katlo ng paggastos ng estado ay para sa mga programa sa kalusugan at serbisyong pantao, pangunahin para sa

programa ng segurong pangkalusugan ng estado para sa mga taong mababa ang kita, Medi-Cal. Karamihan sa natitirang bahagi ay napupunta sa mga bilangguan, hukuman, at iba pang serbisyo ng estado.

Paano Nakakalikom ng Kita ang Estado? Ang buwis sa kita ang pinakamalaking buwis ng estado. Nagbabayad ito para sa karamihan ng paggastos mula sa Pangkalahatang Pondo. Kasama sa iba pang pangunahing buwis ang buwis sa korporasyon at buwis sa pagbebenta. Karamihan ng buwis sa kita ay binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis na may mataas na kita, na ang mga kita ay kadalasang kinabibilangan ng mga pakinabang mula sa mga stock at iba pang pamumuhunan.

Hindi Tiyak ang mga Kita ng Estado. Malaki ang pagtaas at pagbaba ng mga kita ng estado taun-taon. Ito ay dahil nakadepende ang mga kita sa kalagayan ng ekonomiya at ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

stock market. Kapag maganda ang kalagayan, mabilis na maaaring tumaas ang mga kita. Kapag masama ang kalagayan, tulad ng panahon ng recession o pagbagsak ng stock market, maaaring bumaba ang mga kita nang sampu-sampung bilyong dolyar. Sa panahon ng malubhang recession o pagbagsak ng stock market, ang kabuuang pagbaba ng mga kita sa loob ng ilang taon ay maaaring katumbas ng 50 porsiyento o higit pa ng taunang mga Kita ng Pangkalahatang Pondo.

Dapat Matugunan ng Estado ang Ilang Kinakailangan sa Pagbadyet Bawat Taon. Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado ang Lehislatura na magpasa ng balanseng badyet bawat taon. Nangangahulugan ito na hindi maaaring magpatibay ang estado ng badyet na gumagastos ng mas maraming pera kaysa sa magagamit. Bukod dito, nililimitahan ng Konstitusyon ng Estado kung magkano sa kita sa buwis ang maaaring gastusin ng estado. Ang limitasyong ito ay tinatawag na “limitasyon sa mga paglalaan ng pondo ng estado.” Ang ilang uri ng paggastos—tulad ng imprastraktura—ay hindi ibinibilang sa limitasyon. Ang lahat ng iba pang paggastos, kabilang ang perang inilalagay sa mga reserba, ay ibinibilang sa limitasyon.

MGA RESERBA

Pinahihintulutan ng mga Reserba ang Estado na Panatilihin ang Paggastos Kapag Bumababa ang mga Kita. Naglalagay ang estado ng pera sa mga reserba kapag maganda ang takbo ng ekonomiya. Nangangahulugan ito na iniimpok ang pera sa halip na gastusin sa mga pampublikong programa sa mga panahong ito. Kapag lumalala ang ekonomiya at bumababa ang mga kita, ginagamit ng estado ang mga reserba upang makatulong na mapanatili ang paggastos sa mga pampublikong programa. Tinutulungan ng mga reserba ang estado na maiwasan ang ilang pagbawas sa paggastos,

pagtaas ng buwis, at pangungutang upang mabalanse ang badyet. Sa kasalukuyan, may humigit-kumulang \$20 bilyon na mga reserba ang estado na maaaring gamitin para sa anumang pampublikong programa.

Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado ang Estado na Mag-impok ng Pera sa “Pondo para sa Tag-ulan.” Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado ang estado na magdeposito bawat taon ng 0.75 porsiyento ng mga kita sa buwis ng Pangkalahatang Pondo sa pangunahing pondo para sa tag-ulan ng estado, na tinatawag na Account para sa Pagpapatatag ng Badyet. Maaaring gamitin ang pera sa pondo para sa tag-ulan para sa anumang programa ng estado. Bukod dito, dapat maglagay ang estado ng mas maraming pera sa pondo para sa tag-ulan sa mga taon kung kailan ang kita mula sa mga buwis sa mga pakinabang sa pamumuhunan ay mas mataas kaysa sa karaniwan. Sa panahon ng emerhensiya sa badyet, maaaring ihinto ng estado ang paggawa ng mga deposito at/o kumuha ng pera mula sa pondo para sa tag-ulan.

Hindi Na Kinakailangan ang Pag-iimpok Kapag Umabot ang Pondo para sa Tag-ulan sa Isang Tiyak na Antas. Kapag umabot ang pera sa pondo para sa tag-ulan sa 10 porsiyento ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo, hindi na kinakailangang gumawa ang estado ng karagdagang mga deposito. Ang perang dapat sana ay napunta sa pondo para sa tag-ulan ay sa halip dapat gastusin sa imprastraktura (tulad ng mga highway at pabahay).

UTANG

May Iba't Ibang Uri ng Utang ang Estado. Ang estado ay may mahigit \$250 bilyon na utang. Kabilang dito ang utang para sa imprastraktura at mga benepisyo sa pensiyon at pangkalusugan para sa mga retiradong

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

empleyado ng estado. Minsan ding humihiram ang estado ng pera mula sa iba pang pondo ng estado upang makatulong na bayaran ang mga gastos ng Pangkalahatang Pondo. Ang mga utang ng estado ay binabayaran sa paglipas ng panahon, karaniwan ayon sa isang iskedyul o plano. Bawat taon, gumagawa ang estado ng mga bayad para sa mga utang nito.

Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado ang Estado na Gumawa ng Karagdagang mga Bayad sa Utang para sa mga Benepisyo sa Pensiyon at Pangkalusugan. Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado ang estado na gumawa ng mga karagdagang bayad sa utang bukod sa mga karaniwang ginagawa bawat taon. Ang halaga ng mga karagdagang bayad sa utang na ito ay kapareho ng halagang unang idineposito sa pondo para sa tag-ulan bawat taon. Maaari lamang gamitin ng estado ang mga karagdagang bayad sa utang na ito upang bawasan ang pangmatagalang mga utang sa pensiyon at pangangalagang pangkalusugan ng mga retirado. Ang paggawa ng mga karagdagang bayad para sa mga utang na ito ay nakakatipid ng pera para sa estado sa pangmatagalan.

Opsyonal ang mga Karagdagang Bayad sa Utang Pagkatapos ng 2030. Nagtatapos sa 2030 ang kinakailangan para sa mga karagdagang bayad sa utang. Pagkatapos nito, maaaring magpasya ang Lehislatura at ang Gobernador na ideposito na lamang sa pondo para sa tag-ulan ang perang para sana sa mga karagdagang bayad sa utang. O, maaaring gumawa ang Lehislatura at ang Gobernador ng mas maliliit na karagdagang bayad sa utang at ilagay sa pondo para sa tag-ulan ang natitirang pera.

MUNGKAHI

Mag-ipon ng Higit Pa sa Pondo para sa Tag-ulan. Inaatasan ng Proposisyon 2 ang estado na magdeposito sa pondo para sa tag-ulan hanggang umabot ito sa 20 porsiyento ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo (sa halip na 10 porsiyento ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo). Bukod dito, gagawa ang estado ng mas malalaking deposito sa mga taon kung kailan napakataas ng mga kita mula sa mga buwis sa mga pakinabang sa pamumuhunan, tulad kapag mabilis na umuunlad ang stock market.

Palawigin at Dagdagan ang mga Karagdagang Bayad sa Utang. Inaatasan din ng Proposisyon 2 ang estado na gumawa ng mga karagdagang bayad sa utang hanggang 2040 (sa halip na hanggang 2030). Ang mga bayad sa utang na ito ay magiging kapareho ng halagang unang idineposito sa pondo para sa tag-ulan bawat taon. Bukod dito, ang halagang itinabi para sa mga karagdagang bayad sa utang ay maaaring gamitin para sa mas malawak na hanay ng mga layunin. Partikular na maaaring gamitin ang mga bayad na ito upang gumawa ng mga kinakailangang bayad sa mga paaralan at kolehiyong pangkomunidad, bayaran ang mga pangungutang mula sa iba pang pondo ng estado, at bayaran ang ilang pautang mula sa pederal na pamahalaan.

Baguhin Kung Paano Ibinibilang ang mga Deposito sa Pondo para sa Tag-ulan sa Limitasyon sa mga Paglalaan ng Pondo ng Estado. Ang mga deposito sa pondo para sa tag-ulan ay hindi ibibilang sa limitasyon sa mga paglalaan ng pondo ng estado. Sa halip, ibibilang ang pera sa limitasyon kapag ito ay kinuha.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Baguhin Kung Paano Ibinibilang ang Iba pang mga Deposito sa Limitasyon sa mga Paglalaan ng Pondo ng Estado. May account ang estado para magtabi ng mga pondo kapag mabilis na tumataas ang mga kita. Sa pagtatabi ng mga pondong ito, maiiwasan ng estado ang labis na paggastos kapag partikular na hindi tiyak ang mga pagtatantya sa kita. Sa ilalim ng Proposisyon 2, ang mga deposito sa account na ito ay hindi rin ibibilang sa limitasyon sa mga paglalaan ng pondo ng estado. Sa halip, ibibilang ang pera sa limitasyon kapag ito ay kinuha. Ang pagbubukod na ito ay hindi maaaring lumampas sa 10 porsiyento ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo bawat taon.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mas Mataas ang mga Reserba sa Badyet. Sa patuloy na pag-aatas ng mga deposito sa pondo para sa tag-ulan hanggang umabot ang balanse sa 20 porsiyento ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo, mas marami ang maiipon ng estado sa paglipas ng panahon.

Bukod dito, sa pagdedeposito ng mas maraming pera kapag mabilis na tumataas ang mga kita, malamang na mas marami ang maiipon ng estado sa pondo para sa tag-ulan sa ilang taon. Ang mas maraming reserba ay magpapadali nang kaunti sa pagbabalanse ng badyet kapag bumababa ang mga kita.

Posibleng Mas Maraming Bayad sa Utang.

Sa pag-aatas sa estado na gumawa ng mga karagdagang bayad sa utang hanggang 2040, maaaring gumawa ang estado ng mas maraming bayad sa utang kaysa sa gagawin nito kung wala ang Proposisyon 2.

Bisitahin ang [sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-](https://sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals)

[ballot-measure-contribution-totals](https://sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals) para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 2 UPANG PROTEKTAHAN ANG MGA PAARALAN, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT ANG PINANSYAL NA KINABUKASAN NG CALIFORNIA.

Ang Pondo para sa Tag-ulan ng California, na itinatag ng mga botante noong 2014, ay itinayo para mismo sa sandaling ito: isang ekonomiyang nagpabago sa badyet ng ating estado mula sa \$100 bilyong surplus tungo sa \$50 bilyong depisit sa loob lamang ng ilang taon.

Pinalalakas ng Proposisyon 2 ang pondong iyon, upang hindi bayaran ng mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at pampublikong kaligtasan ang presyo para sa pabago-bagong pagbabadyet ng Sacramento.

Ang pagboto ng OO sa Proposisyon 2 ay:

- **DINADOBLE ANG KINAKAILANGANG RESERBA NG ESTADO**—mula 10 hanggang 20 porsiyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo—upang magkaroon ang California ng tunay na proteksyon, hindi lamang isang maliit na halaga, kapag dumating ang susunod na pagbagsak ng ekonomiya.
- **PINIPIGIL ANG MGA PULITIKO NG SACRAMENTO SA LABIS NA PAGGASTOS**—kapag tumataas nang husto ang kita sa buwis, pinipilit ng panukalang ito ang mga pulitiko na mas matalinong magbadyet sa pamamagitan ng pag-aatas sa estado na magtabi ng higit pa sa biglaang pagtaas ng kita sa halip na italaga ito sa bagong patuloy na paggastos sa California.
- **GINAGARANTIYAHAN NA ANG PAGPOPONDO PARA SA EDUKASYON AY PROTEKTADO SA KONSTITUSYON NG ESTADO**, kahit lumalaki ang mga reserba.
- **PINATATAAS ANG SEGURIDAD SA PANANALAPI**—habang lumilipat ang Washington sa pagbawas ng bilyun-bilyong dolyar sa pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan at tulong sa pagkain, titiyakin ng panukalang ito na mas handa ang California na harapin ang mga pagkaluging iyon nang hindi binabawasan ang mga programang nakasalalay sa mga taga-California.

Hindi ito isang partidistang ideya. Sinusuportahan ng mga Republikano at Demokratiko sa Lehislatura ng estado at ni Gobernador Gavin Newsom ang Proposisyon 2.

Ang sariling Tanggapan ng Pambatasang Manunuri na Walang Partido ng California ay nagrekomenda na ang estado ay dapat mag-ipon nang mas malaki kaysa sa hinihingi ng mga kasalukuyang tuntunin. Sinusunod ng Proposisyon 2 ang payong iyon.

Mangyaring sumali sa California Professional Firefighters, mga organisasyon ng maliliit na negosyo, at dating Kalihim ng Kalusugan na si Xavier Becerra sa pagsuporta sa Proposisyon 2 dahil nakita nila mismo kung ano ang nangyayari kapag natutuyo ang mga reserba: nagsasara ang mga klinika ng pangangalagang pangkalusugan, napupuno ang mga paaralan, nababawasan ang mahahalagang serbisyo, at nababawasan ang proteksyon sa sunog.

Ang pag-iimpok para sa tag-ulan ay ginagawa ng mga pamilya sa California. Kung ano ang ginagawa ng mga pamilya sa California, dapat ding gawin ng pamahalaan ng estado.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 2—at tiyaking handa ang California sa susunod na pag-ikot ng ekonomiya.

Matuto pa sa YesOnProp2.com.

Darrell Roberts, Pangulo

Mga Propesyon sa Bumero ng California

Jesse Gabriel, Tagapangulo

Komite sa Badyet ng Asembleya ng Estado ng California

Maria S. Salinas, CEO

Kamara ng Komersiyong Lugar ng Los Angeles

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

Nais ng mga tagasuporta ng Proposisyon 2 na maniwala ka na ang panukalang ito ay tungkol sa pananagutang pananalapi at pagprotekta sa pagpopondo para sa edukasyon, pampublikong kaligtasan, at pangangalagang pangkalusugan. Sa loob ng 24 na oras matapos ipakilala ang panukalang ito, marami sa parehong mga pulitikong pumuri rito bilang paraan upang magtayo ng mga reserba ay sumuporta rin sa batas upang suspindihin ang mahigit \$5 bilyon sa kinakailangang mga deposito sa savings account ng estado.

Hinihiling ng Proposisyon 2 sa mga taga-California na doblehin ang laki ng savings account habang binabawasan ang posibilidad na matanggap ng mga nagbabayad ng buwis ang mga rebate na nararapat sa kanila ayon sa konstitusyon.

GINAGAWA NG PROP. 2 NA MAS HINDI MALAMANG ANG MGA REBATE SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang mga kita ng estado na lumalampas sa mga limitasyon sa paggastos na itinatakdang konstitusyon ay dapat ibalik sa mga nagbabayad ng buwis. Lumilikha ang Proposisyon 2 ng butas na nagpapahintulot sa mga pulitiko na ilipat ang bilyun-bilyon sa mga reserve account na hindi na ibinibilang sa limitasyon sa paggastos, kaya mas hindi malamang na matanggap mo ang iyong rebate.

HINDI GINAGARANTIYAHAN NG PROP. 2 ANG ANUMANG BAGONG PAGPOPONDO PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, EDUKASYON O PAMPUBLIKONG KALIGTASAN

Sinasabi ng mga tagasuporta na poprotektahan ng Prop. 2 ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at pampublikong kaligtasan. Sa kasalukuyan, hindi ito naglalaan ng anumang bagong dolyar sa alinman sa mga priyoridad na iyon. Patuloy na magpapasya ang mga pulitiko ng Sacramento kung magkano ang gagastusin bawat taon, hindi ikaw. Pinahihintulutan lamang ng Prop. 2 ang mga pulitiko na gumastos nang higit pa sa mga proyekto.

Hindi kailangan ng Sacramento ng isa pang pakana sa badyet o maaksayang paggastos. Kailangan nito ng disiplina upang mamuhay ayon sa mga limitasyon sa konstitusyon na naaprubahan na ng mga botante.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 2.

David Tangipa, Pangalawang Tagapangulo

Komite sa Badyet ng Asembleya

Carl DeMaio, Tagapangulo

Reform California

Steven Choi, Pangalawang Tagapangulo

Komite ng Senado sa mga Halalan at mga Konstitusyonal na Amyenda

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

Ang pagboto ng HINDI sa Prop. 2 ay nangangahulugan ng mas maraming pera sa iyong bulsa—at mas kaunting maaksayang paggastos!

LUMILIKHA ANG PROP. 2 NG SLUSH FUND PARA SA MGA PULITIKO NG SACRAMENTO

Noong 1978, labis na pinagtibay ng mga botante ng California ang isang amyenda sa konstitusyon ng estado upang magtakda ng limitasyon sa paggastos ng mga pulitiko ng estado—at mula noon ay kinamumuhian na ng mga pulitiko ang limitasyong iyon. Pinahihintulutan ng Prop. 2 ang mga pulitiko na lusutan ang limitasyon sa paggastos na itinakda ng mga botante. Ang tinatawag ng mga pulitiko nang hindi tapat na “pondo para sa tag-ulan” ay SLUSH FUND talaga! Maaaring salakayin ng mga pulitiko ang bagong slush fund na ito upang tustusan ang kanilang walang tigil na mga gawi sa paggastos.

KINAKANSELA NG PROP. 2 ANG IYONG REBATE SA BUWIS

Ang California ay mayroon nang pinakamataas na mga buwis sa bansa, ngunit inaatasan ng konstitusyon ng estado na magbigay sa iyo ng rebate sa buwis kapag lumampas ang mga kita sa limitasyon sa paggastos. Lumilikha ang Prop. 2 ng mga butas at pakana sa accounting upang maalis ng mga pulitiko ang anumang posibilidad na makuha mo ang iyong rebate sa buwis.

PINAHIHINTULUTAN NG PROP. 2 ANG MAS MAAKSAYANG PAGGASTOS

Lumaki ang badyet ng estado ng California nang 76% mula noong 2018—at nadagdagan ang laki ng pamahalaan ng estado nang 40% kahit isinaalang-alang ang implasyon! Sa palagay mo ba ay nakakatanggap ka ng 40% na mas maraming serbisyo at benepisyo ngayon kaysa noong 2018? Siyempre hindi! Sa katunayan, maraming pangunahing serbisyo para sa mga mamamayan ang nabawasan. Tayo ay gumagastos nang higit, ngunit mas kaunti ang natatanggap. Iyon ay dahil inilihis ng mga pulitiko ng estado ang iyong mga dolyar sa buwis sa mga proyektong walang kabuluhan at mga kontratang walang bidding na nagbibigay ng gantimpala sa kanilang mga tagasuporta sa kampanya. Sa kakaunting perang ginagastos sa mahahalagang programa, napakarami nito ang nawawala dahil sa pandaraya at maaksayang paggastos. Sa pag-aalis ng limitasyon sa paggastos para sa mga pulitiko, mas marami pa tayong makikitang

maaksayang paggastos.

GINAGAWANG MAS PABAGO-BAGO NG PROP. 2 ANG ATING BADYET

Kapag maganda ang mga panahon, dapat magtabi ng pera ang estado upang hindi maharap ang mga pamilya at negosyo sa pagtaas ng buwis, pagbawas sa mahahalagang serbisyo, o mga pagsasara ng badyet sa susunod na pagbagsak ng ekonomiya. Hindi nangangailangan ang Sacramento ng bagong kasangkapan upang mag-ipon ng pera. Kailangan nito ng disiplina upang sundin ang mga tuntuning nakalagay na at itigil ang paggastos ng pera na hindi nito taglay. Ginagawang mas pabago-bago ng Prop. 2 ang ating badyet—na naglalagay sa atin sa mas malaking panganib ng krisis sa pananalapi.

TINUTUTULAN ANG PROP. 2 NG MGA PINAGKAKATIWALAANG TAGAPAGBANTAY NG BADYET

Tingnan kung sino ang sumusuporta sa Prop. 2: mga pulitikong paulit-ulit na nagkamali sa pamamahala ng ating badyet at mga espesyal na interes na nakakakuha ng mga kontrata ng pamahalaan! Sa loob ng 24 na oras matapos ilagay sa balota, ang mga pulitikong sumusuporta sa Prop. 2 ay bumoto upang suspindihin ang mahigit \$5 bilyon sa kinakailangang mga deposito sa reserba ng badyet ng estado. Sa kabilang banda, ang mga kalaban ng Prop. 2 ay mga tagapagbantay ng pananagutan at transparency ng pamahalaan—kabilang ang Reform California at ang Transparency Foundation. Hindi kailangan ng mga taga-California ng isa pang pakana sa badyet na ibinibihis bilang reporma. Kailangan natin ng tapat na pagbabadyet, reporma sa maaksayang paggastos, at isang tunay na limitasyon sa paggastos upang panagutin ang mga pulitiko.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 2.

David Tangipa, Pangalawang Tagapangulo
Komite sa Badyet ng Asembleya

Steven Choi, Pangalawang Tagapangulo
Komite ng Senado sa mga Halalan at mga Konstitusyonal na Amyenda

Carl DeMaio, Tagapangulo
Reform California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

PINOPROTEKTAHAN NG PROPOSISYON 2 ANG MGA TAGA-CALIFORNIA MULA SA MGA BADYET NA BOOM-AND-BUST

Sinasabi ng mga kalaban na kailangan ng estado ng “disiplina,” hindi ng bagong kasangkapan. Ngunit ang pag-asa sa kanilang depinisyon ng “disiplina” lamang ang nagdala sa California mula sa \$100 bilyong surplus tungo sa \$50 bilyong depisit—eksaktong siklo ng boom-and-bust na idinisenyo upang pigilan ng Proposisyon 2. Ang kawalang-katatagang iyon, hindi ang panukalang ito, ang humahantong sa mga tanggalan, pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan, pagbabawas ng mga serbisyo, at pagtaas ng buwis. PINIPIGIL ANG MGA PULITIKO NG SACRAMENTO SA LABIS NA PAGGASTOS—hindi nagbibigay ang Proposisyon 2 sa Sacramento ng anumang bagong pera na gagastusin. Sa kabilang banda, dinodoble nito ang kinakailangang reserba ng estado at pinipilit ang mas malaking pag-iimpok—sa halip na bagong paggastos—kapag tumataas nang husto ang mga kita sa buwis.

PINOPROTEKTAHAN ANG MGA PAARALAN, PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN—Kapag bumabagal ang ekonomiya, tumutulong ang Proposisyon 2 na protektahan ang pagpopondo para sa mga paaralan, ospital, klinikang pangkalusugan, at pampublikong kaligtasan sa halip na ilagay ang mga ito sa linya para sa pagbawas. Ang teoretikal na

“rebate” na tinutukoy ng mga kalaban ay umaasa sa isang 50-taong-gulang na pakana sa accounting na nagbibigay ng gantimpala sa paggastos sa halip na pag-iimpok. Isinasara ng Proposisyon 2 ang butas na iyon at nag-uutos ng tunay na 20% Pondo para sa Tag-ulan.

Huwag magpalinlang sa mga taong tinatawag ang kanilang sarili na “mga tagapagbantay.” Inirekomenda ng opisyal na walang partidong Tanggapan ng Pambatasang Manunuri ng California na palawakin ng estado ang Pondo para sa Tag-ulan upang maiwasan ang mga siklo ng boom-and-bust na badyet. Iyon ang dahilan kung bakit sinusuportahan ang Proposisyon 2 ng California Professional Firefighters, mga tagapagtaguyod ng maliliit na negosyo, mga klinikang pangkalusugan, mga ospital, at mga pinuno ng edukasyon—mga taong nakauunawa sa nangyayari kapag nauubos ang mga reserba.

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 2—www.YesonProp2.com

Dr. Linda Darling-Hammond, Pangulo
Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California

Carmela Coyle, CEO
Asosasyon ng mga Ospital ng California

Francisco J. Silva, CEO
Asosasyon sa Pangunahing Pangangalaga ng California

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 109 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

3

- Ginagawang permanente ang mga kasalukuyang antas ng buwis na inaprubahan ng mga botante noong 2012 para sa mga taga-California na mataas ang kita, na kasalukuyang nakatakdang mawalan ng bisa sa 2031.
- Nalalapat ang mga antas sa kita na higit sa humigit-kumulang \$371,000 para sa mga indibidwal na naghahain, \$742,000 para sa mga magkasamang naghahain, at \$505,000 para sa mga puno ng sambahayan (mga antas sa 2025; taon-taong isinasaayos para sa implasyon).
- Naglalaan ng mga kita sa buwis na 89% sa mga K-12 na paaralan, 11% sa mga kolehiyo ng komunidad.
- Pinapayagan ang mga lupon ng lokal na paaralan na pagpasyahan kung paano ginagastos ang mga kita; hindi pinapayagan ang paggamit para sa mga pang-administratibong gastusin.
- Pinapataas ang mga kita sa Pangkalahatang Pondo na mayroon para sa pangangalagang pangkalusugan, mga reserba sa badyet, at iba pang programa.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nagpapanatili ng \$5 bilyon hanggang \$15 bilyon ng taunang kita mula sa buwis sa kita ng estado sa pamamagitan ng paggawang permanente ng pansamantalang pagtaas ng buwis sa mga mataas ang kita sa halip na hayaan itong mawalan ng bisa sa 2031.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Karamihan ng Pera ng Estado ay Nagmumula sa Buwis sa Kita. Ang buwis sa kita ang pinakamalaking buwis ng estado. Binabayaran nito ang karamihan ng paggastos mula sa pangunahing account ng estado, ang Pangkalahatang Pondo. Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang magbayad para sa karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan. Nailalapat ang buwis sa karamihan ng mga uri ng kita, tulad ng mga suweldo, sahod, interes, at mga kita mula sa pagbebenta ng mga stock, ari-arian, at iba pang pamumuhunan. Nagsisimula sa mababang antas ang rate ng buwis sa kita at unti-unting tumataas para sa mga nagbabayad ng buwis na may mas mataas na kita. Halimbawa, ang mag-asawa ay nagbabayad ng 1 porsiyentong buwis sa unang \$21,000 ng kita, 2 porsiyentong buwis sa kita sa pagitan ng \$21,000 at \$50,000, at 4 na porsiyentong buwis sa kita sa pagitan ng \$50,000 at \$80,000.

Mga Pagtaas ng Buwis na Pinagtibay Noon ng mga Botante. Pinagtibay ng mga botante ang Proposisyon 30 noong 2012 upang pansamantalang taasan ang mga rate ng buwis sa kita para sa mga nagbabayad ng buwis na may mataas na kita. Noong 2016, pinagtibay ng mga botante ang Proposisyon 55 upang palawigin ang mas mataas na mga rate na ito hanggang 2030. Ang nangungunang 2 porsiyento ng mga nagbabayad ng buwis sa California ang nagbabayad ng mga mas mataas na rate na ito. Ang mga nagbabayad ng buwis na ito ay nagbabayad ng humigit-kumulang kalahati ng lahat ng buwis sa kita ng estado.

Paano Ginagastos ng Estado ang Pera? Ngayong taon, plano ng estado na gumastos ng humigit-kumulang \$250 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo upang magbayad para sa mga serbisyo sa publiko. Humigit-kumulang kalahati ng paggastos na ito ay para sa mga paaralan, kolehiyong pangkomunidad, at mga pampublikong unibersidad ng estado. (Ang Konstitusyon ng Estado ay nagtatakda ng minimum na antas ng paggastos para sa mga paaralan at kolehiyong pangkomunidad.) Humigit-kumulang isang-katlo

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

ng paggastos ng estado ay para sa mga programa sa kalusugan at serbisyong pantao, pangunahin para sa programa ng segurong pangkalusugan ng estado para sa mga taong mababa ang kita, Medi-Cal. Karamihan sa natitirang bahagi ay napupunta sa mga bilangguan, hukuman, at iba pang serbisyo ng estado.

MUNGKAHI

Ginagawang permanente ng Proposisyon 3 ang mas mataas na mga rate ng buwis sa kita na itinatag ng Proposisyon 30 sa halip na hayaang mag-expire ang mga ito sa 2031. Ipinapakita ng Figura 1 kung ano ang magiging mga rate ng buwis sa kita kung maipapasa ang panukalang ito at kung ano ang magiging mga ito kung tatanggihan ito.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang Proposisyon 3 ay Magdadala ng Pagitan ng \$5 Bilyon at \$15 Bilyon Bawat Taon. Ang halaga ng perang madadala ng Proposisyon 3 ay tataas at bababa taun-taon. Ito ay dahil ang malaking bahagi ng mga kita ay nagmumula sa pagbubuwis sa kita mula sa mga pamumuhunan na malapit na nakaugnay sa stock market, na palaging nagbabago. Sa isang mahinang taon,

maaaring magdala ang panukala ng humigit-kumulang \$5 bilyon na kita sa estado. Sa isang malakas na taon, maaaring magdala ang panukala ng \$15 bilyon na kita sa estado. Sa karamihan ng mga taon, ang kita ay nasa pagitan ng mga halagang ito.

Pagpopondo para sa Edukasyon at Iba pang mga Programa. Nagreresulta ang Proposisyon 3 sa pagpopondo para sa edukasyon at iba pang mga programa. Humigit-kumulang 40 porsiyento ng pagpopondo ay mapupunta sa mga paaralan at kolehiyong pangkomunidad. Ang natitira ay mapupunta sa iba pang mga programa ng estado. Ang bahagi ng halagang ito ay itatabi sa mga reserba sa badyet na maaaring gamitin ng estado upang pondohan ang mga programang ito kapag bumababa ang mga kita.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

Figura 1

Mga Rate ng Buwis sa Personal na Kita sa Ilalim ng Proposisyon 3

Kita ng mga Nag-file nang Mag-isa	Kita ng mga Nag-file nang Magkasama	Ngayon hanggang 2030	Marginal na Rate ng Buwis	
			Pagkatapos ng 2030, kung ang Panukalang ito ay...	
			Inaprubahan	Tinanggihan
\$0 hanggang \$11k	\$0 hanggang \$22k	1.0%	1.0%	1.0%
\$11k hanggang \$26k	\$22k hanggang \$53k	2.0	2.0	2.0
\$26k hanggang \$41k	\$53k hanggang \$83k	4.0	4.0	4.0
\$41k hanggang \$58k	\$83k hanggang \$115k	6.0	6.0	6.0
\$58k hanggang \$73k	\$115k hanggang \$145k	8.0	8.0	8.0
\$73k hanggang \$371k	\$145k hanggang \$743k	9.3	9.3	9.3
\$371k hanggang \$446k	\$743k hanggang \$892k	10.3%	10.3%	9.3%
\$446k hanggang \$743k	\$892k hanggang \$1.5 milyon	11.3%	11.3%	9.3%
Higit sa \$743k	Higit sa \$1.5 milyon	12.3%	12.3%	9.3%

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

PINOPROTEKTAHAN NG PROPOSISYON 3 ANG ATING MGA PAARALAN, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT ATING MGA KOMUNIDAD NANG HINDI ITINATAAS ANG IYONG MGA BUWIS.

Ang Proposisyon 3 ay HINDI bagong buwis at HINDI nagtataas ng mga buwis para kaninuman. Pinipigilan ng Prop. 3 ang mga milyunaryo at bilyunaryo na makakuha ng bawas sa buwis, at nangangailangan ng mahigpit na pananagutan at mga pag-audit upang matiyak na makarating ang pagpopondo para sa mga paaralan sa mga silid-aralan.

PINIPIGILAN NG PROP. 3 ANG BILYUN-BILYONG PAGBABAWAS SA ATING MGA PAARALAN AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Kung wala ang Prop. 3, ang 8 milyong mag-aaral sa pampublikong paaralan at kolehiyong pangkomunidad ng California ay haharap sa bilyun-bilyong pagbawas, kabilang ang pagtanggap sa trabaho ng mga guro, mas siksik na mga silid-aralan, at mas malalaking laki ng klase. Maaaring mawalan ang mga pamilya ng access sa pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan at abot-kayang mga de-resetang gamot, at ang saklaw ng Medi-Cal na inaasahan ng milyun-milyong Californian ay maaaring malagay sa panganib.

ANG PROP. 3 AY NAGPAPALAWIG LAMANG NG KASALUKUYANG MGA RATE NG BUWIS SA PINAKAMAYAYAMANG 2%.

Pinanatili ng Prop. 3 ang mga rate ng buwis sa kita na binayaran ng mga pinakamayayamang taga-California sa nakalipas na 15 taon. Kung hahayaan na mag-expire ang mga rate ng buwis na ito, bibigyan nito ang mga milyunaryo at bilyunaryo ng malaking bawas sa buwis kapalit ng ating mga silid-aralan, klinika, at komunidad. Pinanatili ng Proposisyon 3 ang mga umiiral na rate ng buwis sa nangungunang 2% ng mga kita.

GINAGARANTYAHAN NA MAKARARATING ANG PERA SA SILID-ARALAN—HINDI SA SACRAMENTO.

Kabilang sa Proposisyon 3 ang mga Konstitusyonal na proteksyon at mahigpit na pananagutan. Ginagarantiya nito na ang mga pondong mula sa Proposisyon 3 ay direktang mapupunta sa mga lokal na paaralan—hindi maaaring kunin, ilihis, o gastusin ng Lehislatura at mga pulitiko ng Sacramento ang kahit isang dolyar para sa burukrasya o mga gastos na administratibo. Ang garantiya sa paaralan ng Prop. 3 ay naglalaan ng bilyun-bilyong bayad na tumutulong sa Medi-Cal para sa mga bata, nakatatanda, at pamilya.

Ang bawat dolyar sa Prop. 3 ay independiyenteng ina-audit bawat taon at ang sinumang opisyal na maling gumamit ng pera ay haharap sa pag-uusig at mga parusang kriminal. Dapat mag-post online ang mga lokal na distrito ng paaralan ng taunang accounting upang matiyak na alam ng mga taga-California nang eksakto kung paano at saan ginagastos ang mga pondo.

TINITIYAK NG PROP. 3 ANG KINABUKASAN NG ATING MGA ANAK.

Sa loob ng mahigit isang dekada, nakatulong ang mga kitang ito na pondohan ang mahahalagang programang inaasahan ng mga pamilya at komunidad ng California—mula sa mga tanghalian sa paaralan, mas maliliit na klase, at mga tagapayo sa kalusugan ng isip hanggang sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bata at Medi-Cal. Nakatulong din ang mga ito na maiwasan ang mga pagbawas sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya sa pamamagitan ng higit na pag-iimpok sa Pondo para sa Tag-ulan ng estado, na nagpoprotekta sa ating mga paaralan at pangangalagang pangkalusugan kapag bumabagal ang ekonomiya. Pinanatili ng Proposisyon 3 ang pag-unlad na iyon para sa susunod na henerasyon.

SINUSUPPORTAHAN ANG PROP. 3 NG MGA GURO, NARS, AT MGA MANGGAGAWA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Ang OO sa 3 ay sinusupportahan ng:

- PTA ng Estado ng California
- Pederasyon ng mga Guro ng California
- Asosasyon ng mga Nars ng California
- Kapisanan ng mga Empleyado ng Paaralan ng California
- Organisasyon ng mga Nars ng California
- Asoasyon ng mga Guro ng California
- Liga ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California
- Alyansa ng mga Nars ng SEIU California
- Mga Kaakibat ng Planned Parenthood ng CA

Sumasang-ayon ang mga tagapagturo sa ating mga silid-aralan at ang mga nars na nangangalaga sa ating mga anak: Bumoto ng OO sa Proposisyon 3. Protektahan natin ang pinakamahalaga, nang hindi itinataas ang ating mga buwis.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 3.

www.YesProp3CA.com

David Goldberg, Pangulo

Asoasyon ng mga Guro ng California

Katie Nilsson, RN, Pangulo

Organisasyon ng mga Nars ng California

Jodi Hicks, Pangulo

Mga Kasapi sa Planned Parenthood ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

HINDI SA PROP. 3—ITIGIL NANG PERMANENTE ANG MGA MAS MATAAS NA BUWIS SA KITA

Noong 2012, nangako ang mga pulitiko at mga espesyal na interes sa mga taga-California na magiging PANSAMANTALA ang kanilang mga pagtaas ng buwis sa kita. Ngayon ay sinasabi nilang ang paggawa ng mga buwis na ito na permanente ay HINDI pagtaas ng buwis.

Huwag maniwala rito. Ipinakiko ng Prop. 3 ang magiging pinakamalaking permanenteng pagtaas ng buwis sa kita sa kasaysayan ng California—na nagkakahalaga sa mga nagbabayad ng buwis ng hanggang \$15 bilyon bawat taon.

HINDI SA PROP. 3—PAALALAHANAN ANG MGA PULITIKO KUNG ANO ANG IBIG SABIHIN NG “PANSAMANTALA”

Pansamantala: tumatagal lamang sa limitadong panahon; hindi permanente.

Tinupad ng mga nagbabayad ng buwis sa California ang dulo ng kasunduan—nagbabayad ng mas mataas na buwis sa kita nang 16 na taon. Dapat tuparin ng mga pulitiko ang kanilang pangako at itigil ang pagsusulong ng mas mataas pang mga buwis.

HINDI SA PROP. 3—ITIGIL ANG MAAKSAYANG PAGGASTOS

Walang ginagawa ang Prop. 3 upang pigilan ang pag-aaksaya, pandaraya, at walang-ingat na paggastos na nagpabago sa \$100 bilyong surplus sa badyet tungo sa \$30 bilyong deposit sa loob lamang ng tatlong taon. Kung

responsable ang paggastos ng Sacramento, hindi nila hihilingin sa mga nagbabayad ng buwis na gawing permanente ang pansamantalang mga buwis.

HINDI SA PROP. 3—HUWAG GAWING MAS MAGASTOS PA ANG CALIFORNIA

Ang mga taga-California ay may pinakamataas na gastos sa pamumuhay at nagbabayad ng pinakamataas na buwis sa kita, pagbebenta, at gasolina sa America. Ang paggawa sa isang pansamantalang buwis na permanente ay lalo lamang gagawing magastos ang California.

HINDI SA PROP. 3—AYUSIN MUNA ANG PROBLEMA SA PAGGASTOS

Walang problema sa kita ng buwis ang California—may problema ito sa paggastos. Lumaki nang wala pang 2% ang populasyon ng California sa nakalipas na dekada habang dinoble ng mga pulitiko ang paggastos. Sabihin ang hindi sa permanenteng mas mataas na mga buwis. Sumali sa amin sa pagtutol sa mas mataas na mga buwis sa VoteNoProp3.com.

HINDI SA PROP. 3

Jon Coupal, Pangulo

Howard Jarvis na Asosoasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis

Carlos Solorzano, CEO

Mga Kamara ng Komersiyong ng Hispanic ng San Francisco

Clint Olivier, Pangulo

Pederasyon ng Negosyo ng Central Valley

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

PROP 3—GINAGAWANG PERMANENTENG MAS MATAAS ANG MGA "PANSAMANTALANG" BUWIS SA KITA

Gumagawa ng malalaking pangako ang mga pulitiko ng Sacramento upang makuha ang aming suporta para sa mas mataas na mga buwis. Pagkatapos ay ginagastos nila ang iyong mga dolyar ng buwis nang walang pananagutan—nawawala ang bilyun-bilyon dahil sa pag-aaksaya, pandaraya at labis na paggastos.

Kunin ang Prop. 3. Sinabi ng mga pulitiko sa mga botante na magiging pansamantala lamang ang mas mataas na mga buwis sa kita—pitong taon lamang upang matugunan ang depisit sa badyet. Pagkatapos ay pinalawig ang mga "pansamantalang" buwis na iyon nang isa pang 12 taon, na may pangako sa mga botante na lulutasin ng mas mataas na mga buwis ang mga problemang nilikha ng mga pulitiko.

Ngayon ay nais ng mga espesyal na interes at pulitiko na gawing PERMANENTE ang mas mataas na mga buwis sa kita na ito.

Dapat sabihin ng mga botante ng California ang HINDI sa PERMANENTE na mas mataas na mga buwis sa kita.

PROP. 3—MAS MATAAS NA MGA BUWIS SA KITA = MAS MATAAS NA GASTOS SA PAMUMUHAY

May pinakamataas na gastos sa pamumuhay sa bansa ang mga taga-California, na bahagyang dahil nagdurusa rin tayo sa pinakamataas na mga buwis sa kita, pinakamataas na mga buwis sa pagbebeba at pinakamataas na mga buwis sa gasolina sa lahat ng limampung estado. Ang parehong mga pulitiko ay nagbibigay rin sa atin ng pinakamataas na presyo ng gasolina sa bansa, mas mataas na gastos sa seguro, mas mataas na gastos sa mga utilidad, mas mataas na gastos sa pagkain, at mas mataas na gastos sa pabahay. Ngayon ay nais nilang gawing permanente ang mas mataas na mga buwis sa kita, habang nagdaragdag ng mga bagong buwis sa iyong segurong pangkalusugan, mga bagong buwis sa software—at isinasaalang-alang pa nila ang isang buwis sa "mga trabaho". Sabihin ang HINDI sa TUMATAAS na gastos sa pamumuhay dahil sa mas mataas na mga buwis.

PROP. 3—KARAPAT-DAPAT ANG MGA BOTANTE SA TUNAY NA MGA RESULTA, HINDI MGA SIRANG PANGAKO

Ang pag-aaksaya, pandaraya at labis na paggastos ng pamahalaan ng estado ay hindi dahilan upang itaas pa ang ating mga buwis.

Nangako ang mga pulitiko at espesyal na interes na kinakailangan ang pansamantalang mga buwis sa kita upang maiwasan ang mga pagbawas sa mga programa ng pamahalaan. Mula nang unang ipasa ang mga

"pansamantalang" pagtaas, tumaas ang paggastos ng pamahalaan nang \$150 bilyon—isang pagtaas na higit sa 2.5X. Sa parehong panahon, lumala ang ating mga paaralan, imprastruktura at pampublikong kaligtasan. Sabihin ang HINDI sa walang katapusang mga sirang pangako.

HINDI SA PROP. 3—ITIGIL ANG MAAKSAYANG PAGGASTOS

Ginawa ng mga pulitiko at espesyal na interes ang \$100 bilyong surplus sa badyet na maging \$30 bilyong depisit sa badyet sa loob lamang ng tatlong taon. Napakasama ng kanilang pamamahala sa ating mga dolyar ng buwis kaya ngayon ay nais nilang pagbayarin ang mga botante sa pamamagitan ng permanenteng mas mataas na mga buwis.

Sabihin ang HINDI sa \$100 bilyong nasayang sa isang tren na walang patutuguhan.

Sabihin ang HINDI sa \$37 bilyong nasayang sa mga programa para sa mga walang tirahan na hindi gumagana.

Sabihin ang HINDI sa \$31 bilyong nasayang dahil sa pandaraya sa kawalan ng trabaho.

HINDI SA PROP. 3—AYUSIN MUNA ANG PROBLEMA SA PAGGASTOS NG SACRAMENTO BAGO MAGTAAS NG MGA BUWIS

Walang problema sa kita ang California. May problema tayo sa paggastos. Halos hindi lumaki ang populasyon ng California sa nakalipas na 10 taon, ngunit higit na dinoble ng mga pulitiko ang paggastos.

Hindi lamang mga buwis ng estado ang patuloy na tumataas. Nagpatupad ang mga pulitiko at espesyal na interes ng mahigit 2,000 bagong lokal na pagtaas ng buwis sa nakalipas na sampung taon lamang—na alang nagpapahirap sa mga taga-California na nahihirapan nang matustusan ang kanilang mga pangangailangan.

Hindi dapat suportahan ng mga taga-California ang anumang mas mataas na buwis hanggang sa makontrol natin ang paggastos.

ITIGIL ANG MAAKSAYANG PAGGASTOS.

WALANG MGA BAGONG BUWIS.

HINDI SA PROP. 3.

Robert Gutierrez, Pangulo

Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

Robert Rivinius, Pangulo

Asosasyon ng mga Negosyo ng Pamilya ng California

Julian Canete, Pangulo

Hispanikong mga Kamara ng Komersiyo ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

Pinoprotektahan ng Proposisyon 3 ang ating mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan at ating mga komunidad—nang hindi itinataas ang iyong mga buwis.

PINANANATILI NG PROP. 3 ANG MGA RATE NG BUWIS NA BINAYARAN NG NANGUNGUNANG 2% SA NAKALIPAS NA 15 TAON AT HINDI ITINATAAS ANG IYONG MGA BUWIS.

Pinananatili ng Prop. 3 ang kasalukuyang mga rate ng buwis na binayaran ng pinakamayayamang 2% ng mga taga-California sa loob ng 15 taon, na tinitiyak na patuloy na magbabayad ng kanilang makatarungang bahagi ang mga mag-asawang kumikita ng higit sa \$740,000.

KUNG WALANG PROP. 3, MAKAKATANGGAP ANG MGA MILYONARYO AT BILYONARYO NG MALAKING BAWAS SA BUWIS—AT TAYO ANG MAGBABAYAD PARA DITO.

Mga pagtanggap ng mga guro at kawani, masyadong maraming mag-aaral sa mga silid-aralan at mas kaunting tagapayo sa ating mga paaralan; mga pagbawas sa Medi-Cal, pangangalagang pangkalusugan ng mga bata at mga klinikang inaasahan ng mga pamilya; at mas kaunting pondo para sa mga bumbero, pagtugon sa emerhensiya at proteksyon laban sa mga sunog sa kagubatan na nagpapanatiling ligtas sa ating mga komunidad.

MAY MAHIGPIT NA PANANAGUTAN ANG PROP. 3 AT DIREKTANG PINOPONDOHAN ANG EDUKASYON.

Ang pagpopondo ng Prop. 3 ay direktang napupunta sa mga lokal na paaralan at kolehiyong pangkomunidad. Hindi ito maaaring pakialaman

o ilihis ng mga pulitiko ng Sacramento. Walang kahit isang sentimo ang maaaring gastusin sa burukrasya o mga gastusing administratibo. Ang bawat dolyar ay independiyenteng ina-audit bawat taon, dapat i-post online ng mga distrito ang kanilang paggastos, at sinumang opisyal na maling gumamit ng pera ay haharap sa pag-uusig at mga parusang kriminal.

PINOPROTEKTAHAN NG PROP. 3 ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT PROTEKSYON LABAN SA SUNOG.

Sa pamamagitan ng paggarantiya ng pagpopondo para sa ating mga silid-aralan, tinitiyak ng Prop. 3 na maaari ring mamuhunan ang California sa Medi-Cal at pangangalagang pangkalusugan ng mga bata, at sa mga bumbero at proteksyon laban sa mga sunog sa kagubatan na inaasahan ng ating mga komunidad. Iyan ang dahilan kung bakit nagkakaisa ang mga guro, empleyado ng paaralan, nars at bumbero: BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 3.

www.YesProp3CA.com

Jeff Freitas, Pangulo

Pederasyon ng mga Guro ng California

Darrell Roberts, Pangulo

Mga Propesyonal na Bumbero ng California

Adam Weinberger, Pangulo

Kapisanan ng mga Empleyado ng Paaralan ng California

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 115 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinagbabawalan ng kasalukuyang batas ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan na gamitin ang mga pampublikong pagpopondo para sa mga kampanya sa halalan maliban sa mga charter na lungsod at county.
- Pinapawalang-bisa ng panukalang ito ang pagbabawal at pinapayagan nito ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan na magtaguyod ng mga pampublikong programa sa pagpopondo ng kampanya para sa mga kandidatong sumasang-ayon sa mga partikular na limitasyon sa paggastos at nakakatugon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat.
- Pinagbabawalan ang mga pampublikong programa sa pagpopondo na gamitin ang mga pondong nakalaan para sa edukasyon, transportasyon, o pampublikong kaligtasan.
- Pinagbabawalan ang mga kandidato na gamitin ang mga pampublikong pondo para sa mga gastos sa legal na depensa, multa, o muling pagbabayad ng mga personal na mga utang sa mga kampanya.

- Ginagawang triple ang maximum na multa para sa mga kontribusyon sa kampanya ng mga banyagang entidad.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga patuloy na gastos sa estado na ilang daang libong dolyar bawat taon upang sagutin ng Komisyon sa mga Patas na Kasanayan sa Pulitika ang mga tanong mula sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan tungkol sa mga pampublikong programa sa pagpopondo ng kampanya.

MGA HULING BOTO NA IPINATALA NG LEHISLATURA SA SB 42 (PROPOSISYON 4) (KABANATA 245, MGA BATAS NG 2025)

Senado: Mga Oo 29 Mga Hindi 8
Asembleya Mga Oo 59 Mga Hindi 20

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Ang Batas sa Reporma sa Pulitika. Maraming tao, grupo, at negosyo ang gumagastos ng pera upang suportahan o tutulan ang mga kandidato para sa pampublikong katungkulan at mga panukala sa balota. Nagtatakda ang Batas sa Reporma sa Pulitika ng mga tuntunin para sa kung paano maaaring gamitin ang pera sa pulitika at nag-aatas ng pampublikong pag-uulat ng paggastos sa pulitika. Nailalapat ang mga tuntuning ito sa mga kandidato sa estado at lokal na antas, mga panukala sa balota, at iba pang pampublikong opisyal, ngunit hindi sa mga pederal na kandidato o opisyal. (Nagtatag ang pederal na batas ng mga kinakailangan sa pananalapi ng kampanya at pag-uulat para sa mga pederal na opisina.) Ang Batas sa Reporma sa Pulitika ay ilang ulit nang na-update ng mga botante sa paglipas ng mga taon.

Pagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para sa Pagbabayad sa mga Kampanya. Ipinagbabawal ng Batas sa Reporma sa Pulitika ang paggamit ng pampublikong pondo para sa mga kampanya ng mga

kandidato sa pulitika. Nailalapat ito sa karamihan ng mga halal na katungkulan sa antas ng estado at lokal. Hindi nailalapat ang pagbabawal na ito sa mga halalan sa anumang katungkulan sa ilang partikular na lungsod. Ang Los Angeles, San Francisco, Long Beach, Oakland at Berkeley ay mga kasalukuyang halimbawa ng mga lungsod na may charter na nagbibigay ng pampublikong pondo sa ilang kampanya.

Mga Entidad na Nangangasiwa sa mga Batas sa Pananalapi ng Kampanya. Pinangangasiwaan ng Fair Political Practices Commission at ng California Secretary of State ang mga batas sa pananalapi ng kampanya ng California. Inaatasan ng batas ng estado ang mga tao at grupo na iulat kung magkano ang kanilang ibinibigay, tinatanggap, at ginagastos sa mga kampanyang pampulitika. Makikita ng publiko ang impormasyong ito sa website ng Kalihim ng Estado. Ipinatutupad at binibigyang-kahulugan ng Fair Political Practices Commission ang Batas sa Reporma sa Pulitika. Sinusuri ng Fair Political Practices Commission ang mga ulat sa pananalapi at maaaring parusahan ang mga kandidato at donor na lumalabag sa batas.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Naglalabas ang Fair Political Practices Commission ng gabay batay sa interpretasyon nito sa Batas sa Reporma sa Pulitika.

MUNGKAHI

Inaalis ang Pagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para sa Pagbabayad sa mga Kampanya ng mga Kandidato. Inaalis ng Proposisyon 4 ang pagbabawal sa paggamit ng pampublikong pondo para sa mga kampanya ng mga kandidato sa pulitika. Ang pag-aalis sa pagbabawal ay magpapahintulot sa mga pamahalaan ng estado at lokal na lumikha ng mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya sa hinaharap kung nanaisin nila. Ang Proposisyon 4 ay hindi direktang lumilikha ng isang sistema ng pampublikong pagpopondo ng kampanya para sa mga pamahalaan ng estado o lokal.

Nagtatakda ng mga Tuntunin para sa mga Programa sa Pampublikong Pagpopondo ng Kampanya sa Hinaharap sa Estado at Lokal na Antas. Nagtatakda ang Proposisyon 4 ng malawak na mga tuntunin para sa mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya sa hinaharap sa estado at lokal na antas, ngunit iniwan ang maraming pangunahing desisyon sa disenyo sa mga tagapagpasya sa estado at lokal na antas. Nililimitahan ng Proposisyon 4 kung aling mga pampublikong pondo ang maaaring gamitin para sa mga kampanya, kung sino ang maaaring tumanggap ng mga pondo, at kung paano maaaring gastusin ang mga pondo sa anumang programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya sa hinaharap. Halimbawa, hindi maaaring gamitin para sa mga kampanya ang perang nakalaan para sa edukasyon, transportasyon, o pampublikong kaligtasan. Maaari lamang tumanggap ang mga kandidato ng pampublikong pondo kung nagpapakita sila ng malawak na suporta sa kanilang distrito at sumasang-ayon sa mga limitasyon sa paggastos at iba pang tuntunin ng programa. Hindi maaaring gamitin ang pampublikong pondo para sa mga bayarin o multa sa legal na depensa, o para bayaran ang personal na utang sa kampanya ng isang kandidato. Maaaring magdisenyo at magpatupad ang mga pamahalaan ng estado at lokal ng sarili nilang mga programa sa loob ng malawak na mga tuntuning itinakda ng Proposisyon 4.

Maglalabas ang Fair Political Practices Commission ng Patnubay sa mga Programa sa Pampublikong Pagpopondo ng Kampanya. Tinutukoy ng Proposisyon 4 na hindi kinakailangang pangasiwaan o ipatupad ng Fair Political Practices Commission ang mga lokal na programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya. Sa halip, maaaring humingi ang mga opisyal ng pamahalaan ng estado at lokal sa Fair Political Practices Commission ng patnubay kung

paano lumikha ng mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya na naaayon sa Proposisyon 4.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang mga Gastos ng Posibleng mga Programa sa Pampublikong Pagpopondo ng Kampanya ay Nakadepende sa mga Desisyon sa Hinaharap. Hindi lumilikha ang Proposisyon 4 ng isang programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya. Gayunpaman, pinahihintulutan nito ang mga pamahalaan ng estado at lokal na lumikha ng mga naturang programa sa hinaharap. Maaaring maging malaki ang gastos ng mga programang ito para sa mga pamahalaang pipiliing lumikha ng mga ito. Ang kabuuang gastos ay depende sa kung aling mga pamahalaan ang lilikha ng mga naturang programa at kung paano idinisenyo ang mga programang iyon.

Mas Maliit na Gastos upang Suportahan ang mga Pamahalaan ng Estado at Lokal na Isinasaalang-alang ang mga Programa sa Pampublikong Pagpopondo ng Kampanya. Kung aaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 4, malamang na hihingi ang mga opisyal ng pamahalaan ng estado at lokal sa Fair Political Practices Commission ng patnubay sa paglikha ng mga programa sa pampublikong pagpopondo ng kampanya sa ilalim ng Batas sa Reporma sa Pulitika. Malamang na mangangailangan ito sa Fair Political Practices Commission na kumuha ng mas maraming legal na kawani upang makatulong sa pagsagot sa mga tanong na ito. Bilang resulta, ang gastos ng estado ay magiging ilang daang libong dolyar bawat taon. Ang halagang ito ay mas mababa kaysa sa isang-sampung bahagi ng 1 porsiyento (0.1 porsiyento) ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4 ★

OO SA PROPOSISYON 4, ANG BATAS SA MAKATARUNGANG HALALAN NG CALIFORNIA: DAPAT MAPANALUNAN ANG MGA HALALAN, HINDI BILHIN

Napakalaki ng halaga ng perang ginagastos sa mga halalan sa California; sinisira nito ang ating demokrasya. Mula noong 2020, mahigit \$1 bilyon na ang ginastos sa mga karera para sa mga katungkulan ng estado ng California lamang. Ang napakalaking paggastos na ito ay nagbibigay sa mga espesyal na interes ng mas malaking access at impluwensiya habang nilulunod ang mga boses ng mga ordinaryong taga-California.

TUMUTULONG ANG PROP. 4 SA MGA KUWALIPIKADONG KANDIDATO NA MAKIPAGKOMPITENSYA

Ang pagtakbo para sa katungkulan ay kadalasang nangangailangan ng sariling kayamanan o access sa mayayamang donor. Ang malalaking pinansyal na kakayahan ay naging hindi opisyal na kinakailangan upang tumakbo sa katungkulan, kaya naiwan ang napakaraming kuwalipikadong kandidato.

BINABAGO NG PROP. 4 ANG PARAAN NG PAGPOPONDO NATIN SA MGA KAMPANYA SA HALALAN

Ang mga programa tulad ng pagtutumbas sa maliliit na donasyon ay tumutulong sa mga kandidato na makipagkompetensya nang hindi umaasa sa mayayamang donor. Gayunpaman, ipinagbabawal ng karamihan sa mga komunidad ng California ang paggamit ng mga kagamitang ito, na nagpapahintulot na lumago ang impluwensiya ng malaking pera.

Inaalis ng Proposisyon 4 ang pagbabawal na iyon, na nagbibigay sa mga botante at lokal na pamahalaan ng opsyong magpatibay ng pampublikong pagpopondo na may mahigpit na mga pananggalang upang ang mga kuwalipikadong kandidato—anuman ang kanilang kita—ay maaaring makipagkompetensya sa mga kandidatong sinusuportahan ng mayayamang interes.

BINUBUO NG PROP. 4 ANG ISANG SUBOK NANG MODELO

Alam nating gumagana ang repormang ito dahil gumagana na ito sa ibang mga estado. Libu-libong kandidato mula sa iba't ibang pinagmulan ang nahalal sa labing-apat na estado at 26 na lokalidad gamit ang mga katulad na sistema. Sila ay mga bagong tao na may magagandang ideya mula sa lahat ng antas ng pamumuhay. Dahil hindi umaasa ang mga ito sa mayayamang donor, maaari nilang sabihin ang kanilang saloobin at magtrabaho para sa mga tao, hindi para sa mga espesyal na interes.

BINIBIGYAN NG PROP. 4 NG PAGPIPIILIAN ANG MGA LOKAL NA KOMUNIDAD

Hindi direktang lumilikha ang Proposisyon 4 ng isang programa sa pampublikong pagpopondo. Binibigyan lamang nito ang mga lokal na pamahalaan ng opsyong magpatibay nito kung nanaisin nila.

Kung gagawin ito ng isang komunidad, ang gastos ay kasing liit ng \$1 bawat

residente bawat taon—isang maliit na pamumuhunan upang makatulong na labanan ang bilyun-bilyong ginagastos upang impluwensiyahan ang mga halalan sa California.

PINOPROTEKTAHAN NG PROP. 4 ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Mga Pananggalang para sa mga Nagbabayad ng Buwis:

- Inaatasan ang mga kandidato na matugunan ang mahigpit na pamantayan sa pagiging kuwalipikado at sumunod sa mga limitasyon sa paggastos upang maging kuwalipikado para sa pampublikong pondo.
- Ipinagbabawal ang pampublikong pagpopondo na pabor sa mga kasalukuyang nanunungkulan o diskriminasyon batay sa partidong pampulitika.

• Ipinagbabawal ang paggamit ng pampublikong pondo para sa legal na depensa o mga multa.

MAHIGPIT NA NILILIMITAHAN NG PROP. 4 ANG ILEGAL NA PERA MULA SA IBANG BANSA

Pinatataas ng Proposisyon 4 nang tatlong beses ang pinakamataas na multa para sa ilegal na mga kontribusyon at paggastos sa kampanya mula sa ibang bansa, na nagpapalakas sa mga parusa para sa mga nagtatangkang makialam sa mga halalan sa California.

SINUSUPOORTAHAN ANG PROP. 4 NG MGA PINUNO SA BUONG CALIFORNIA

Ang Proposisyon 4 ay sinusuportahan ng malawak na koalisyong kabilang ang Liga ng mga Babaeng Botante ng California, Asosasyon ng mga Nars ng California, Mga Serbisyo sa Pagtataguyod ng Kalusugan ng Pag-iisip, Social Security Works, Kampanya para sa Malinis na Pera ng California, Karaniwang Adhikain ng California, Pambansang Organisasyon para sa Kababaihan ng California, Mga Californian para sa mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan, Consumer Watchdog, Courage California, Demokrasya para sa Amerika, Indivisible California: Statestrong, La Defensa, Money Out Voters In, Voters Right to Know, at marami pang iba.

BINIBIGYAN NG PROPOSISYON 4 ANG MGA BOTANTE NG PAGKAKATAONG MAGLINIS NG KANILANG MGA HALALAN at tiyaking ipinapakita ng mga ito ang mga pagpapahalaga ng mga tao, hindi lamang ng pinakamayayamang donor.

OO SA 4— Ibalik ang kapangyarihan sa mga botante, hindi sa mayayamang donor

Lorrel Plimier, Co-Presidente

Liga ng mga Babaeng Botante ng California

Catherine Kennedy, Pangulo

Asosasyon ng mga Nars ng California

Tom Umberg, Senador ng Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4 ★

Narito ang hindi sinasabi sa iyo ng mga pulitikong sumusuporta sa Proposisyon 4:

Binabawi ng Proposisyon 4 ANG batas na inaprubahan ng mga botante na NAGBABAWAL sa mga kandidato na gumamit ng pera ng nagbabayad ng buwis upang tumakbo sa katungkulan.

Walang LIMITASYON ang Proposisyon 4 sa bilang ng mga kandidatong maaaring makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis. Sa halalan noong nakaraang Hunyo, mahigit 60 kandidato ang tumakbo para sa Gobernador. Maaaring payagan ng Proposisyon 4 ang libu-libong kandidato na makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis!

Ang Proposisyon 4 ay WALANG LIMITASYON sa kung gaano karaming pera ng nagbabayad ng buwis ang maaaring matanggap ng isang kandidato. Binubuksan ng Proposisyon 4 ang daan para sa mga kampanyang pinopondohan ng mga nagbabayad ng buwis ngunit walang limitasyon sa kung gaano karaming pera ng nagbabayad ng buwis ang maaaring matanggap ng isang kandidato at WALANG LIMITASYON sa paggastos. Magdudulot ito ng mas maraming negatibong patalastas, mas maraming junk mail, at mas maraming nakakainin na text message.

HINDI IPINAGBABAWAL NG PROPOSISYON 4 ANG PERA NG MGA ESPESYAL NA INTERES sa mga kampanya. Pinahihintulutan ng Proposisyon 4 ANG mga kandidato na makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis AT makatanggap ng pera ng mga espesyal na interes!

Saan eksaktong manggagaling ang pera upang pondohan ang libu-libong kampanyang pampulitika? Hindi sinasabi ng Proposisyon 4. Ngunit alam mo ang sagot. Galing ito sa INYO, mga nagbabayad ng buwis! Mas kaunting pera para sa mga paaralan, mas kaunting pera para sa pampublikong kaligtasan, mas kaunting pera para sa pangangalagang pangkalusugan. Mas maraming pera para sa mga pulitiko.

Ang Proposisyon 4 ay isang BLANGKONG TSEKE. Nakabatay ito sa mga maling pangako at nabigong solusyon.

HINDI pinoprotektahan ng Proposisyon 4 ang mga nagbabayad ng buwis. Iyan ang dahilan kung bakit ang Proposisyon 4 ay tinututulan ng mga nangungunang organisasyon ng mga nagbabayad ng buwis ng California.

HINDI itinataadhana ng Proposisyon 4 ang “makatarungang mga halalan” Iyan ang dahilan kung bakit tinututulan ang Proposisyon 4 ng mga dating Komisyoner ng Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika.

Bumoto ng HINDI SA PROPOSISYON 4.

Robert Gutierrez, Pangulo

Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

Jon Coupal, Pangulo

Howard Jarvis na Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis

Dan Schnur, Dating Tagapangulo

Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

Bakit inilagay ng mga pulitiko ng Sacramento ang Proposisyon 4 sa balota? Nais nilang magkaroon ng access sa IYONG PERA NG NAGBABAYAD NG BUWIS upang pondohan ang KANILANG SARILING MGA KAMPANYA.

Pinawawalang-bisa ng Proposisyon 4 ang batas na inaprubahan ng botante na NAGBABAWAL sa mga pulitikong ito na gumamit ng pampublikong pera ng nagbabayad ng buwis para sa kanilang sariling mga kampanya. Tama iyan, pinahihintulutan ng Proposisyon 4 ang mga pulitiko na gamitin ang inyong pera ng nagbabayad ng buwis upang pondohan ang kanilang mga kampanya.

WALANG LIMITASYON ang Proposisyon 4 sa bilang ng mga kandidatong maaaring makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis at WALANG LIMITASYON sa halaga ng maaari nilang matanggap! Ang Proposisyon 4 ay isang BLANKONG TSEKE. Walang kahit anong limitasyon sa kung magkano ang maaari nilang gastusin sa kanilang mga kampanya! Mas maraming negatibong patalastas. Mas maraming junk mail. Mas maraming nakakainis na text message. Mas marami, mas marami pa.

Napakasama ng pagkakasulat ng Proposisyon 4 kaya maaari nitong payagan ang bawat kandidato sa estado o lokal na “katungkulan” na makatanggap ng pampublikong pagpopondo. Hindi nila kailangang maging kuwalipikado para sa balota upang makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis. Pinahihintulutan ng Proposisyon 4 ang pampublikong pagpopondo ng libu-libong kandidato sa estado at lokal na antas. Pinahihintulutan din nito ang pampublikong pagpopondo ng mga kandidato para sa mga komiteng pampulitika ng county.

Sa pinakahuling halalan sa primarya, mahigit 60 kandidato ang tumakbo para sa Gobernador. Gusto mo ba na ang IYONG PERA NG NAGBABAYAD NG BUWIS ay gamitin upang suportahan ang higit pa sa kanilang mga negatibong patalastas at junk mail?

WALANG LIMITASYON ang Proposisyon 4 sa kung gaano karaming pera ng nagbabayad ng buwis ang maaaring matanggap ng isang kandidato. Sinasabi lamang nito na nangangailangan ng “mahigpit na pamantayan” upang makatanggap ng pera ng nagbabayad ng buwis ngunit WALANG MGA DETALYE kung ano ang mga pamantayan! Basahin ang maliliit na titik: “‘Ang mahigpit na pamantayan’ ay nangangahulugan ng kinakailangan na itinakda ng batas, ordinansa, o charter na dapat matugunan ng mga kandidato upang makatanggap ng pampublikong pondo.”

Ngunit walang kasalukuyang batas, ordinansa, o charter na nagtatakda ng mga pamantayang ito. Hulaan kung sino ang nagtatakda ng mga pamantayan? Ang parehong mga pulitikong gustong makakuha ng iyong pera ng nagbabayad ng buwis!

Sinuportahan ng ilang grupo para mabuting pamahalaan ang pampublikong pagpopondo ng mga kampanya dahil nais nilang alisin ang pera ng mga espesyal na interes sa pulitika. NGUNIT HINDI INAALIS NG PROPOSISYON 4 ANG PERA NG MGA ESPESYAL NA INTERES! Sa ilalim ng Proposisyon 4, maaaring makalikom ng pera ang mga kandidato mula sa mga espesyal na interes AT makatanggap din ng pampublikong pagpopondo.

Ang Proposisyon 4 ang pinakamasamang uri ng pamamaraan ng pampublikong pagpopondo. Wala itong tinutukoy na mga detalye. Iniwan nito ang mga detalye upang ayusin ng parehong mga pulitikong gustong magkaroon ng access sa pampublikong pondo.

Isa itong blankong tseke. Ngunit mas masahol pa rito, pinahihintulutan ng Proposisyon 4 ang pagpopondo ng mga kampanyang pampulitika mula sa mga espesyal na interes.

Mangyaring sumali sa mga nangungunang organisasyong nagpoprotekta sa mga nagbabayad ng buwis ng California, kabilang ang Samahan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California, Samahan ng mga Nagbabayad ng Buwis ni Howard Jarvis, Samahan ng Negosyong Pampamilya ng California, United Latinos Action, pati na rin ang mga dating miyembro ng Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika ng California, na lahat ay tumututol sa Proposisyon 4.

MANGYARING BUMOTO NG HINDI SA MGA PULITIKONG BLANKONG TSEKE NA PROPOSISYON. BUMOTO NG HINDI SA PROP. 4.

Dan Schnur, Dating Tagapangulo
Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika

Colleen McAndrews, Dating Komisyoner
Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika

Julian Canete, Pangulo
Hispanikong mga Kamara ng Komersiyo ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

HUWAG’ MAGPALINLANG SA MGA ESPESYAL NA INTERES NA GUSTONG PATULOY NA BUMILI NG MGA HALALAN

Ang California ang NAG-IISANG estado na nagbabawal sa pampublikong pagpopondo ng mga kampanya. Ang mga komunidad sa 49 pang estado ay may karapatang magpatibay ng pampublikong pagpopondo upang payagan ang mga kuwalipikadong kandidato na makipagkompetensya sa mayayamang donor. Hindi ito ginagawa ng California. Inaalis lamang ng Prop. 4 ang pagbabawal na iyon at binibigyan ang mga lokal na botante ng parehong pagpipiliang mayroon ang lahat, habang nagtatatag ng mahigpit na mga pananggalang para sa mga nagbabayad ng buwis.

IBINABALIK NG PROP. 4 ANG KAPANGYARIHAN SA MGA LOKAL NA KOMUNIDAD AT BINIBIGYANG-KAPANGYARIHAN ANG MGA BOTANTE, HINDI ANG MGA DONOR

Hindi gumagastos ang Prop. 4 ng kahit isang dolyar ng nagbabayad ng buwis o nagtatatag ng pampublikong pagpopondo saanman. Inaalis lamang nito ang pagbabawal upang bigyan ang bawat lungsod, county, at estado ng karapatang magpatibay ng pampublikong pagpopondo kung nais ito ng mga lokal na botante. Ang mga detalye ay naaangkop na iniwan sa bawat komunidad. Ngunit anumang sistema ay DAPAT mag-atas sa mga kandidato na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos at magpakita ng malawak na suporta sa kanilang distrito upang maging kuwalipikado.

PINANANAGOT NG PROP. 4 ANG MGA HALAL NA OPISYAL SA MGA BOTANTE, HINDI SA MGA DONOR

Tinututulan ng mga espesyal na interes ng korporasyon ang Prop. 4 dahil pinahihintulutan ng pampublikong pagpopondo ang mga kandidato na tumakbo at manalo nang hindi umaasa sa kanila—na nagbabanta sa kanilang pagkakahawak sa mga halalan sa California.

Libu-libong kandidato mula sa iba’t ibang pinagmulan ang nahalal sa buong bansa gamit ang pampublikong pagpopondo, sa napakaliit na gastos. Dahil hindi umaasa ang mga ito sa mayayamang donor, maaari nilang sabihin ang kanilang saloobin at magtrabaho para sa mga tao, hindi para sa mga espesyal na interes.

HUWAG MAGPALINLANG SA MGA ESPESYAL NA INTERES NG KORPORASYON NA NAGTATAGO SA LIKOD NG MGA PANGALANG MAGANDANG PAKINGGAN.

BUMOTO NG OO SA 4 upang hayaan ang mga lokal na botante at komunidad na bawiin ang kanilang mga halalan upang ang mga ito ay mapanalunan, hindi bilhin.

Carmen Balber, Ehekutibong Direktor
Consumer Watchdog

Camerina Davidson, Pangulo

Pambansang Organisasyon para sa Kababaihan ng California

Darius Kemp, Ehekutibong Direktor
Karaniwang Adhikain ng California

BINABAGO ANG PROSESO NG HALALAN NA PAGPAPAALIS PARA SA MGA OPISYAL SA BUONG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 118 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Sa ilalim ng kasalukuyang batas, nagpapasya ang mga botante sa parehong halalan kung (1) paaalisin ang isang opisyal ng estado, at (2) sino ang papalit sa opisyal kung pinaalis siya.
- Sa ilalim ng panukalang ito:
 - kung pinaalis ang Gobernador, ang Tenyente Gobernador ay magiging Gobernador para sa natitirang panahon ng termino o hanggang sa may mapiling kapalit;
 - para sa lahat ng iba pang pinaalis na opisyal, mananatiling bakante ang katungkulan hanggang sa mapunan sa pamamagitan ng kasunod na espesyal na halalan o pagtatalaga ayon sa tinukoy ng umiiral na batas; at
 - ang isang pinaalis na opisyal ay maaaring maging kandidato sa isang espesyal na halalan para punan ang katungkulan.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Hindi alam na netong epekto sa pananalapi. Mga posibleng matitipid o gastos na milyon-milyong dolyar ang pang-estado at lokal na pamahalaan para isagawa ang mga halalan na pagpapaalis. Magiging bihira ang mga gastos o matitipid na ito, at depende ito sa katungkulan na may pinaalis at kung gaano kadalas mangyayari ang pagpapaalis.

MGA PINAL NA BOTO NG LEHISLATURA SA SCA 1 (PROPOSISYON 5)
(KABANATA 204, MGA BATAS NG 2024)

Senado: Mga Oo 32 Mga Hindi 8
Asembleya: Mga Oo 59 Mga Hindi 17

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Halalan ng mga Opisyal ng Estado.

Itinatatag ng Konstitusyon ng Estado ang mga katungkulanang pambatas, ehekutibo, at panghukuman ng estado. Kinakatawan ng ilang opisyal ng estado ang mga bahagi ng estado, na kilala bilang mga distrito. Ang ibang opisyal ng estado, tulad ng Gobernador o Abogado Heneral, ay kumakatawan sa buong estado. Ang mga botante ay naghahalal ng mga tao upang kumatawan sa kanila sa mga katungkulan ng estado para sa mga takdang termino. Halimbawa, ang isang Miyembro ng Asembleya ng Estado ay inihahalal para sa terminong dalawang taon at ang

Gobernador ay inihahalal para sa terminong apat na taon. Upang tumakbo para sa isang katungkulan ng estado, dapat magsumite ang mga kandidato ng mga partikular na dokumento sa nominasyon bago ang halalan. Tinutukoy ng batas ng estado kung kailan nagaganap ang “panahon ng nominasyon” na ito.

Halalan ng Pagpapaalis sa mga Opisyal ng Estado. Pinahihintulutan ng Konstitusyon ng Estado ang mga botante na alisin sa katungkulan ang mga opisyal ng estado bago matapos ang kanilang termino sa pamamagitan ng halalan na pagpapaalis. Ang halalan na pagpapaalis ay isang halalan kung saan tinatanong ang mga botante kung

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

aalisin ang isang opisyal sa katungkulan. Upang maging kuwalipikado ang isang halalan na pagpapaalis para sa balota, dapat mangolekta ang mga tagasuporta ng halalan na pagpapaalis ng isang tiyak na bilang ng mga lagda mula sa distrito ng opisyal (o sa buong estado para sa mga katungkulang pang-estado). Mula noong 1913, 11 halalan na pagpapaalis ng estado ang naging kuwalipikado para sa balota (siyam na mambabatas at dalawang Gobernador) at anim ang nagresulta sa pag-alis ng isang opisyal sa katungkulan (limang mambabatas at isang Gobernador).

Dalawang Tanong sa mga Halalan na Pagpapaalis. Sa isang halalan na pagpapaalis, dalawang tanong ang itinatanong sa mga botante: (1) kung dapat bang alisin ang opisyal sa katungkulan at (2) sino ang dapat pumalit sa opisyal kung aalisin sa katungkulan. Nag-iiba ang bilang ng mga kandidato na lumilitaw sa ikalawang tanong. Halimbawa, may 135 kandidato sa halalan na pagpapaalis sa Gobernador noong 2003 at 46 na kandidato sa halalan na pagpapaalis sa Gobernador noong 2021. Kung ang isang opisyal ng estado ay pinaalis, ang taong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa ikalawang tanong ang uupo sa katungkulan.

Mga Bakanteng Katungkulan ng Estado. Maaaring umalis sa katungkulan ang mga opisyal ng estado bago matapos ang kanilang termino dahil sa mga dahilan maliban sa halalan na pagpapaalis. Halimbawa, maaari silang mamatay o magbitiw. Kapag nangyari ito, nagiging bakante ang katungkulan. Nag-iiba ang proseso ng pagpuno sa isang bakanteng katungkulan depende sa katungkulan. Karaniwan, ang isang bakanteng puwesto sa Asembleya o Senado ay pinupunan sa pamamagitan ng

isang espesyal na halalan na tinatawag ng Gobernador. Ang Tenyente Gobernador ay nagsisilbing Gobernador kapag may bakante sa katungkulan ng Gobernador. Ang mga bakante sa iba pang mga katungkulang ehekutibo (halimbawa, ang Tenyente Gobernador o Abogada Heneral) at sa Korte Suprema at mga Hukuman ng Apela ay pinupunan sa pamamagitan ng mga paghirang ng Gobernador.

Dalas ng mga Halalan. Ang mga halalan sa buong estado sa California ay nakatakda bawat dalawang taon. Sa mga nakatakdang taon ng halalan, idinaraos ang isang primaryang halalan alinman sa Marso o Hunyo, depende sa taon, at idinaraos ang isang pangkalahatang halalan sa Nobyembre. Bukod sa mga nakatakdang halalan, maaaring magpatawag ang mga pamahalaan ng estado at lokal ng mga espesyal na halalan upang tugunan ang mga partikular na isyu. Halimbawa, maaaring magpatawag ang Gobernador ng isang espesyal na halalan upang punan ang isang bakanteng puwesto sa Asembleya.

Pangangasiwa ng mga Halalan sa California. Pinangangasiwaan ng mga opisyal ng halalan ng county ang karamihan ng mga halalan sa California. Bilang bahagi ng kanilang trabaho, nag-iimprenta at nagpapadala sila ng mga balota at iba pang materyales sa pagboto sa mga rehistradong botante. Ang ilang ahensiya ng estado ay mayroon ding gawaing may kaugnayan sa halalan. Halimbawa, pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ang mga halalan sa buong estado at inihahanda at ipinapadala sa koreo ang estado *Gabay sa Impormasyon ng Botante*.

Pagbabayad para sa mga Halalan na Pagpapaalis ng Estado. Inaatasan ng batas ng estado ang Kagawaran ng Pananalapi ng California na makipagtulungan sa mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

opisyal ng halalan ng estado at lokal upang tantiyahin ang halaga ng isang halalan na pagpapaalis para sa isang katungkulan pang-estado. Inaatasan ang kagawaran na ipadala ang pagtatantiya sa Lehislatura. Sinusuri ng Lehislatura ang pagtatantiya at maaaring maglaan ng pagpopondo para sa halalan. Ang anumang natitirang mga gastos ay binabayaran mula sa mga badyet ng Kalihim ng Estado at mga county.

MUNGKAHI

Gaya ng inilalarawan sa ibaba, binabago ng Proposisyon 5 ang proseso ng halalan na pagpapaalis upang maging katulad ito ng umiiral na proseso para sa pagpuno ng mga bakanteng katungkulan pang-estado, maliban sa proseso para sa pagpapaalis sa Gobernador.

Inaalis ang Ikalawang Tanong Mula sa mga Halalan na Pagpapaalis. Inaalis ng Proposisyon 5 ang ikalawang tanong—sino ang dapat pumalit sa pinaalis na opisyal—mula sa isang halalan na pagpapaalis. Nangangahulugan ito na sa mga halalan na pagpapaalis sa hinaharap, magpapasya lamang ang mga botante kung dapat alisin sa isang katungkulan pang-estado ang isang halal na opisyal, hindi kung sino ang dapat pumalit sa opisyal.

Tinutukoy ang mga Hakbang para sa Pagpuno ng mga Bakanteng Katungkulan. Kung ang isang opisyal ng estado ay pinaalis, ginagawa ng Proposisyon 5 na bakante ang katungkulan ng pinaalis na opisyal. Maliban sa katungkulan ng Gobernador, ginagamit ng Proposisyon 5 ang umiiral na proseso para sa pagpuno ng mga bakante upang punan ang katungkulan. Sa kaso ng isang katungkulan sa Senado o Asembleya ng Estado,

nangangahulugan ito na karaniwang ihahalal ang kapalit sa pamamagitan ng isang hiwalay na espesyal na halalan. Pipili ang Gobernador kung sino ang pupuno sa isang bakante sa anumang iba pang katungkulan (maliban sa katungkulan ng Gobernador).

Lumilikha ng Hiwalay na Proseso para sa Pagpuno sa Katungkulan ng Gobernador. Nakadepende ang proseso para sa pagpuno sa katungkulan ng Gobernador sa kung kailan naganap ang halalan na pagpapaalis. Kung ang Gobernador ay pinaalis bago magsara ang panahon ng nominasyon para sa susunod na halalan sa buong estado sa unang dalawang taon ng termino, sinasabi ng Proposisyon 5 na ang Tenyente Gobernador ay magsisilbing Gobernador hanggang sa maghalal ang mga botante ng bagong Gobernador sa isang halalan sa buong estado sa hinaharap. Kung ang Gobernador ay pinaalis sa kalaunang bahagi ng termino, ang Tenyente Gobernador ay magsisilbing Gobernador para sa natitirang bahagi ng termino.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Nakadepende ang mga Epekto sa Pananalapi sa Dalas ng mga Halalan na Pagpapaalis at sa mga Katungkulan Pinapaalis. Kung magkakaroon ng mga gastos o matitipid kumpara sa kasalukuyan ay nakadepende sa dalas ng mga halalan na pagpapaalis sa hinaharap at sa mga katungkulan pinapaalis. Ang isang halalan na pagpapaalis para sa isang katungkulan pang-estado (halimbawa, Tenyente Gobernador) ay makaaapekto sa mga opisyal ng halalan ng estado at mga opisyal ng lokal na halalan sa lahat ng 58 county. Ang isang halalan na pagpapaalis para

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

sa isang katungkulang batay sa distrito (halimbawa, isang Senador ng Estado o Miyembro ng Asembleya) ay makaaapekto lamang sa mga opisyal ng halalan ng estado at mga opisyal ng lokal na halalan sa mga distritong iyon.

Mga Posibleng Gastos. Maaaring magresulta ang Proposisyon 5 sa mas mataas na mga gastos na kaugnay ng mga halalan na pagpapaalis sa hinaharap kung kinakailangan ang isang espesyal na halalan upang punan ang bakanteng katungkulan pagkatapos ng isang halalan na pagpapaalis. Halimbawa, ang isang katungkulang pambatas na ginawang bakante pagkatapos ng isang halalan na pagpapaalis ay karaniwang pupunan sa pamamagitan ng isang espesyal na halalan. Kung ang espesyal na halalan na iyon ay hindi maaaring isabay sa isang nakatakdang halalan, kakailanganin ng mga opisyal ng halalan na magsagawa ng isang hiwalay na espesyal na halalan. Ang gastos ng mga opisyal ng halalan ng estado at lokal upang mangasiwa ng naturang espesyal na halalan ay maaaring umabot sa milyun-milyong dolyar bawat halalan.

Mga Posibleng Matitipid. Maaaring magresulta ang Proposisyon 5 sa mas mababang mga gastos sa pamamagitan ng pag-aalis ng ikalawang tanong mula sa balota. Magkakaroon ng mga matitipid na ito kapag ang isang Gobernador ay pinaalis sa kalaunang bahagi ng termino at para sa iba pang mga katungkulan kung saan ang mga bakante ay pinupunan sa pamamagitan ng paghirang. Magkakaroon ng mga matitipid dahil hindi na isasama sa mga balota at materyales sa pagboto ang impormasyon tungkol sa mga kandidatong

kapalit. Ang halaga ng mga matitipid ay nakadepende sa kung ilang kandidato ang sana ay nasa balota kung nanatili ang ikalawang tanong, ngunit maaaring umabot sa milyun-milyong dolyar bawat halalan.

Nakadepende ang Netong Epekto sa mga Kalagayan ng mga Pagsisikap sa Halalan na Pagpapaalis sa Hinaharap. Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi dahil nakadepende ito sa mga halalan na pagpapaalis sa hinaharap. Maaaring humantong ang Proposisyon 5 sa mga matitipid o **mga gastos na posibleng nasa saklaw na milyun-milyong dolyar** para sa pangangasiwa ng mga halalan na pagpapaalis. Ang paraan kung paano paghahatian ang mga matitipid o gastos na ito ng mga pamahalaan ng estado at county ay nakadepende sa mga desisyong gagawin ng Lehislatura sa hinaharap. Ang netong epektong ito sa pananalapi ay kumakatawan sa mas mababa sa isang-ikasampu ng 1 porsiyento (0.1 porsiyento) ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilanguan.)

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5 ★

Ang proseso ng halalan na pagpapaalis ng California ay dapat protektahan ang ating demokrasya sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa pagpapaalis sa isang halal na opisyal na tiwali o umaabuso sa kanyang kapangyarihan. Hindi ito dapat kailanman gamitin bilang taktika upang ‘ulitin’ ang isang halalan bilang isang pampulitika o partisan na pakana. Ibabalik ng Proposisyon 5 ang halalan na pagpapaalis sa orihinal nitong layunin sa pamamagitan ng paggawa rito na patas, demokratiko, at may pananagutan sa kagustuhan ng nakararami.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang isang balota para sa halalan na pagpapaalis sa buong estado ay nagtatanong sa mga botante ng dalawang tanong nang magkakasunod:

(1) Dapat bang alisin sa katungkulan ang opisyal? (2) Kung oo, sino ang dapat pumalit sa kanya?

Dahil magkakaugnay, lumilikha ang dalawang tanong na ito ng isang mapanganib na butas sa batas. Maaaring alisin sa katungkulan ang isang halal na opisyal sa pamamagitan ng maliit na mayorya. Pagkatapos, maaaring manalo sa katungkulan ang isang kandidatong nakalista sa tanong #2 na may mas mababa sa 50% ng mga botong ibinigay sa halalan. Hinihikayat nito ang mga pampulitikang aktor na puntirya ang mga opisyal na hindi nila kayang talunin sa isang regular na halalan at magluklok ng mga kapalit na walang malawak na suporta ng publiko.

Nakita natin itong nangyari sa halalan na pagpapaalis sa Gobernador noong 2021. Tahasang tinanggihan ito ng mga botante. Natalo ang halalan na pagpapaalis sa halos kaparehong bilang ng mga boto na ipinanalok ng Gobernador sa regular na halalan. Ngunit napilitang gumastos ang mga nagbabayad ng buwis ng California ng mahigit \$200 milyon sa isang halalan na ang kinalabasan ay muling nagpatibay lamang sa nauna nang napagpasyahan ng mga botante. Halos 70% ng malamang na mga botante ng California ang nagsabing sayang sa pera ng mga nagbabayad ng buwis ang pagsisikap na ito. At kung nagtagumpay ang halalan na pagpapaalis, ang nangungunang kandidatong kapalit ay mauupo sa katungkulan na may suporta lamang ng humigit-kumulang 28% ng lahat ng botante sa halalan na pagpapaalis.

Gumagawa ang Proposisyon 5 ng isang simple at makatuwirang pagbabago: *inaalis nito ang ikalawang tanong mula sa balota para sa halalan na pagpapaalis.*

Sa ilalim ng Proposisyon 5, sa isang halalan na pagpapaalis sa buong estado, magpapasya ang mga botante sa isang napakasimple at mahalagang tanong: kung dapat bang alisin sa katungkulan

ang opisyal. Kung oo ang boto ng mayorya, magiging bakante ang katungkulan iyon at pupunan alinsunod sa umiiral na mga tuntunin para sa mga bakanteng katungkulan. Kung ang Gobernador ay pinaalis, magiging Gobernador ang Tenyente Gobernador at kung ang halalan na pagpapaalis ay maganap nang sapat na maaga, maghahalal ang mga botante ng kapalit sa susunod na halalan sa buong estado; ang iba pang mga opisyal ng estado ay pupunan sa pamamagitan ng paghirang sa ilalim ng umiiral na mga tuntunin, o ang mga katungkulan pambatas ay pupunan sa pamamagitan ng isang espesyal na halalan. Walang mga shortcut, walang mga butas sa batas, at walang kandidatong kapalit na mananalo sa katungkulan nang walang suporta ng mayorya ng mga botante.

Sa karamihan ng mga estado na may mga halalan na pagpapaalis, ang mga bakante ay pinupunan na sa pamamagitan ng pagsusunod sa katungkulan o isang hiwalay na halalan, hindi sa pamamagitan ng isang paligsahan para sa kapalit sa parehong araw.

Sa pamamagitan ng pag-aalis sa ikalawang tanong, inaalis ng Proposisyon 5 ang insentibo at kakayahang gawing sandata ang mga halalan na pagpapaalis bilang shortcut para sa partisan na kalamangan. Hindi maaaring manipulahin ang mga halalan na pagpapaalis upang baligtarin ang mga resulta ng mga regular na halalan o magluklok ng mga kandidatong hindi mananalo sa ilalim ng karaniwang mga kondisyon.

Nilayon ng mga bumalangkas ng ating proseso ng halalan na pagpapaalis na pangalagaan ang mga botante laban sa mga tiwali at walang pananagutang opisyal, hindi upang magbigay ng sandata sa mga pampulitikang aktor upang baligtarin ang mga resulta ng halalan na hindi nila gusto. Pinananatili ng Proposisyon 5 ang halalan na pagpapaalis bilang kasangkapan para sa pananagutan habang pinipigilan itong gamitin upang iwasan ang mga regular na halalan at pamamahala ng mayorya.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 5 upang protektahan ang pamamahala ng mayorya, ipagtanggol ang mga nagbabayad ng buwis, at ibalik ang proseso ng halalan na pagpapaalis ng California sa mga botanteng nilayon nitong paglingkuran.

Lorrel Plimier, Kapwa Presidente
Liga ng mga Babaeng Botante ng California

Danius L. Kemp, MPA, Ehekutibong Direktor
Karaniwang Adhikain ng California

Dan Schnur, Dating Tagapangulo
Komisyon sa Makatarungang mga Kasanayang Pampulitika ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5 ★

Huwag pansinin ang mga paligoy-ligoy na pangangatwiran na ginagawa ng kabilang panig para itali tayo sa mga buhol at subukang gawing makatuwiran ang kanilang lubos na walang saysay na argumento.

Sinasabi nilang ang Proposisyon 5 ay “nagpoprotekta sa demokrasya” ngunit kabaligtaran ang ginagawa nito—sinisira nito ang isa sa mga pangunahing elemento ng ating proseso ng halalan na pagpapaalis: ang pagpili kung sino ang papalit sa pinaalis na politiko.

Iyon ay hindi pagprotekta sa demokrasya—iyon ay pagprotekta sa mga elitista sa politika.

Tinatawag nilang California “mapanganib na butas sa batas” ang sistemang gumagana nang 100 taon, nagpapaalis sa mga politikong umaabuso sa kanilang katungkulan at pinapalitan sila ng sinumang pagpapasyahan ng mga botante na mas mahusay.

Ang Proposisyon 5 ay lilikha ng isang butas sa batas, hindi magsasara nito.

Ang kabilang panig ay nagpapalabo sa iyong pag-iisip. Sa tingin nila ay hindi mo mapapansin. Huwag magpaloko.

Kung hindi ito sira, huwag itong ayusin. Ang ating proseso ng halalan na pagpapaalis ay ‘sira’ lamang ng mga pulitikong napupuntirya nito,

tulad ng may-akda ng Proposisyon 5 nang itaas niya ang mga buwis matapos sirain ang mga pangako sa kampanya.

Ngayon, bago siya tuluyang umalis sa puwesto, nais niyang wasakin ang prosesong ito—upang hindi na maging gaanong epektibo ang mga halalan na pagpapaalis sa hinaharap at hindi gaanong mapanagot ang mga pulitikong tulad niya.

Kung ipinagpalit mo ang iyong sasakyan, gusto mo bang malaman kung ano ang makukuha mo bilang kapalit—o magiging masaya ka bang pumirma sa isang kasunduan at hayaan na isubo sa iyo ng ahente ang isang lumang karag-karag na kotseng siya ang pumili matapos kang mangakong bibili? Iyan ang hinihingi sa iyo ng Proposisyon 5.

Magpapatuloy na gumana nang maayos ang ating sistema ng halalan na pagpapaalis kung hindi natin hahayaang pakialaman ito ng mga elitistang pampulitika na hindi matanggap ang kanilang pagkatalo para sa sarili nilang kapakinabangan.

Bumoto ng HINDI!

Brian W. Jones, Pinuno ng Minorya sa Senado
Joe Paterson, Miyembro ng Asembleya

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

Aalisin ng Proposisyon 5 ang iyong boses at pahihinain ang iyong kakayahang magpaalis at magpalit ng mga nabigo o tiwaling politiko sa katungkulan.

Napakarami nang kapangyarihan ng mga politiko ng California. Bibigyan sila ng Proposisyon 5 ng higit pang kapangyarihan—at ginagawa nito iyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng kapangyarihan mula sa iyo, ang mga botante.

Sa loob ng mahigit 100 taon, ang proseso ng halalan na pagpapaalis ng California ay nagbigay sa iyo ng kakayahang magpaalis ng mga halal na opisyal na umaabuso sa kanilang katungkulan, sumisira sa mga pangako, o nabibigong gawin ang trabahong inihalal silang gawin. At kapag nangyari iyon, pinahihintulutan ka ng kasalukuyang proseso—hindi ang mga politiko—na pumili kung sino ang papalit sa anila.

Babaguhin ng Proposisyon 5 ang sistemang iyon magpakailanman at aalisin ang kapangyarihan mula sa mga tao.

Ngayon, nagtatanong ang isang halalan na pagpapaalis ng dalawang simpleng tanong: Dapat bang alisin sa katungkulan ang halal na opisyal? Kung oo, sino ang dapat pumalit sa kanya? Nangangahulugan iyon na maaaring alisin ng mga taga-California ang isang politikong nabigo at agad na pumili ng isang bagong taong uupo sa kanyang puwesto.

Pinananatili ng Proposisyon 5 ang unang bahagi ngunit inaalis ang iyong kakayahang bumoto para sa isang kapalit.

Sa halip, ang mga tagaloob sa pulitika ng Sacramento ang magpapasya kung ano ang susunod na mangyayari. Sa maraming kaso, ang mga politiko mismo—hindi ang mga botante—ang pipili kung sino ang pupuno sa bakante, na mahalagang nagpapahintulot sa kanila na magtalaga ng isa sa kanilang mga kaibigan o kaalyado sa pulitika upang palitan ang taong pinaalis mo.

Sa ibang mga kaso, sa halip na isang agarang kapalit, mananatiling bakante ang puwesto hanggang sa isang magastos na halalan—na popondohan mo, ang nagbabayad ng buwis—na nakatakdang idaos makalipas ang ilang buwan. At narito ang pinakamasama: ang politikong nabigo na pinaalis mo lamang dahil sa pagkabigo o katiwalian ay pahihintulutang tumakbo sa susunod na halalan upang mabawi ang kontrol sa puwestong katatapos lamang niyang mawala.

Sa alinmang kaso, mas kaunti ang halaga ng iyong boto, at mas maraming kontrol ang nakukuha ng establisimiyentong pampulitika. Karapat-dapat ang mga taga-California sa karapatang magpaalis ng isang halal na opisyal—at piliin kung sino ang susunod. Inaalis ng Proposisyon 5 ang kalahati ng karapatang iyon, at mali iyon.

Sinasabi ng mga tagasuporta na pinapabuti ng panukalang ito ang demokrasya. Hindi. Ang demokrasya ay nangangahulugang ang mga botante—hindi ang mga politiko ng Sacramento—ang pumipili ng kanilang mga pinuno, kung kailan sila aalisin sa katungkulan at kung sino ang ipapalit sa kanila. Pinahihina ng Proposisyon 5 ang pangunahing konseptong iyon.

Tanungin ang iyong sarili: kung bumoto ka upang alisin sa katungkulan ang isang Gobernador o ibang halal na opisyal sa buong estado, hindi ba dapat ikaw din ang magpasya kung sino ang papalit sa kanya?

Malinaw ang sagot.

Narapat ding pag-isipan kung bakit nasa balota ang panukalang ito sa unang pagkakataon. Bakit aayusin ang isang sistemang hindi naman sira at mahusay nang gumagana sa loob ng mahigit isang siglo?

Ang mismong may-akda ng panukalang ito ay pinaalis sa katungkulan ng mga botante ng California nang bumoto siya upang taasan ang mga buwis sa gasolina matapos mangakong hindi niya ito gagawin. Sa halip na igalang ang kagustuhan ng mga tao, nais na niyang baguhin ang mga tuntunin at protektahan ang mga politikong tulad niya mula sa anumang makabuluhang pananagutan.

Ang halalan na pagpapaalis ng California ay pag-aari ng mga tao—hindi ng mga politiko. Protektahan ang iyong boses. Protektahan ang iyong boto. Protektahan ang iyong karapatang panagutin ang mga halal na opisyal.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 5.

Brian W. Jones, Pinuno ng Minorya sa Senado

Joe Paterson, Miyembro ng Asembleya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

Huwag malinlang. Pinananatili ng Proposisyon 5 ang iyong kapangyarihang magpaalis ng isang opisyal sa pamamagitan ng boto ng mayorya habang isinasara ang butas sa batas na nagpapahintulot sa isang kandidatong kapalit na maupo sa katungkulan na may maliit na bahagi lamang ng mga boto.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, nagpapasya ang mga botante kung aalisin sa katungkulan ang isang opisyal sa pamamagitan ng boto ng mayorya, ngunit maaaring manalo ang kapalit na may mas mababa sa mayorya. Noong 2021, maaaring naging Gobernador ang isang kandidatong kapalit na may suporta mula sa 28% ng mga botante sa halalan na pagpapaalis. Hindi iyon pamamahala ng mayorya.

Nais ipaniwala sa iyo ng mga kalaban na inaalis ng Proposisyon 5 ang iyong karapatang pumili. Hindi nito ginagawa iyon. Ang tunay na tanong ay kung dapat bang maging Gobernador ang isang tao na may suporta mula sa maliit na bahagi lamang ng mga botante ng California.

Pinananatili ng Proposisyon 5 ang halalan na pagpapaalis habang hinihiwalay ang desisyong alisin sa katungkulan ang isang opisyal sa desisyon kung sino ang dapat magsilbi sa susunod. Kung ang isang Gobernador ay pinaalis, ang Tenyente Gobernador—na inihalal sa buong estado ng mga botante ng California—ay magpapanatili ng

pagpapatuloy ng pamahalaan hanggang sa piliin ng mga botante ang susunod na Gobernador sa pamamagitan ng isang regular na halalan.

Pipili pa rin ang mga botante ng kanilang mga halal na opisyal. Ngunit dapat makuha ng mga kandidatong naghahangad ng katungkulan pang-estado ang katungkulan iyon sa isang regular na halalan batay sa kanilang mga kwalipikasyon, rekord, at mga plano para sa California, hindi gamitin ang isang halalan na pagpapaalis bilang shortcut sa kapangyarihan.

Dapat magpasya ang isang halalan na pagpapaalis kung mananatili sa katungkulan ang isang opisyal. Ang pagpili kung sino ang mamamahala ay dapat mangyari sa isang regular na halalan, kung saan nakukuha ng mga kandidato ang suporta ng mga botante ng California. Pinoprotektahan ng Proposisyon 5 ang halalan na pagpapaalis, iginagalang ang pamamahala ng mayorya, at tinitiyak na ang mga kandidato ay tatakbong batay sa sarili nilang merito.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 5.

Lorrel Plimier, Kapwa Presidente

Liga ng mga Babaeng Botante ng California

Danius L. Kemp, MPA, Ehekutibong Direktor

Karaniwang Adhikain ng California

GUMAGAWA NG PROGRAMA NG PAUTANG PARA SA MGA MAY KATAMTAMANG KITA NA BUMIBILI NG MGA KWALIPIKADONG BAGONG BAHAY. BATAS SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 118 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinapahintulutan ang hanggang \$25 bilyon sa mga bono para mag-alok sa mga karapat-dapat na bumibili ng mga pautang sa pabahay na may nakapirming interes na rate para sa hanggang 17% ng presyo ng pagbili ng "kwalipikadong bagong bahay" (bagong konstruksyon o unang pagbebenta ng na-convert na hindi residensyal na ari-arian, na may presyong mas mababa sa humigit-kumulang \$1 milyon–\$1.5 milyon, depende sa county, na inaayos taon-taon).
- Ang mga nanghihiram ay dapat na mga residente ng California sa loob ng isang taon, tumira sa bahay, kumita nang mas mababa sa doble ng panggitnang kita ng lugar, at magbayad ng hindi bababa sa 3% paunang bayad.
- Hinihingi na mabayaran muli ang mga bono sa pamamagitan ng mga pagbabayad sa sangla sa pabahay ng mga may-ari ng bahay, hindi ng Estado.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang direktang pang-estado o lokal na gastos.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Mga Bono na Binabayaran Mula sa Kita ng Estado. Ang mga bono ay isang paraan para humiram ng pera ang mga pamahalaan, na karaniwang ginagamit para sa mga pampublikong proyekto tulad ng mga paaralan o tulay. Ibinebenta ng estado ang mga bono sa mga investor upang makatanggap ng paunang pagpopondo para sa mga proyektong ito. Sa paglipas ng panahon, binabayaran ang mga investor kasama ang interes. Dalawang pangunahing uri ng bono ang ibinebenta ng estado: mga bono ng pangkalahatang obligasyon at mga bonong binabayaran mula sa kita. Karaniwang binabayaran ng estado ang mga bono ng pangkalahatang obligasyon gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilanguan.) Sa kabilang banda, ang mga bonong binabayaran mula sa kita ay binabayaran gamit ang kita mula sa mga bayarin o iba pang bayad ng mga gumagamit ng proyekto (tulad ng mula sa mga toll sa tulay).

May Ilang Taong Nangangailangan ng Tulong sa Paunang Bayad. Kapag bumibili ng bahay, karamihan sa mga tao ay nagbabayad ng ilan sa halaga nang maaga—karaniwang 3 porsiyento

hanggang 20 porsiyento ng presyo ng bahay. Ang paunang bayad na ito ay tinatawag na down payment. Kung hindi kayang bayaran ng mga tao ang down payment, may iba't ibang programa ng pamahalaan na magagamit upang magbigay ng tulong sa paunang bayad sa mga karapat-dapat na bumibili ng bahay. Upang mabayaran ang natitirang halaga ng bahay, kumukuha ng pautang ang mga bumibili ng bahay, na tinatawag na mortgage. Pagkatapos, binabayaran ng mga bumibili ng bahay ang mortgage sa pamamagitan ng buwanang mga bayad na may kasamang interes.

Ahensiya sa Pananalapi sa Pabahay ng California (CalHFA). Ang CalHFA ay isang entidad ng estado na nangangasiwa ng mga programang idinisenyo upang tulungan ang mga taga-California na mababa at katamtaman ang kita na makayanan ang pabahay. May ilang programa ang CalHFA na nagbibigay ng tulong sa paunang bayad sa mga bumibili ng bahay. Ang mga programa ng tulong sa paunang bayad ay mga pautang na dapat bayaran alinsunod sa ilang tuntunin at kondisyon.

Batas sa mga Depekto sa Konstruksyon. Upang subukang maiwasan ang mga depekto sa konstruksyon, nagtatakda ang batas ng estado ng mga minimum na pamantayan na dapat sundin ng mga tagapagtayo para sa bagong konstruksyon ng tirahan. Nagtatatag din ang kasalukuyang batas ng proseso na dapat sundin ng mga may-ari ng bahay at mga tagapagtayo ng pabahay bago makapagsampa ng kaso ang isang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

may-ari ng bahay laban sa isang tagapagtayo para sa mga diumano'y paglabag sa mga minimum na pamantayang iyon. Halimbawa, dapat magbigay ang may-ari ng bahay ng abiso sa tagapagtayo na naglalaman ng ilang partikular na impormasyong may kaugnayan sa isang paghahabol tungkol sa depekto sa konstruksyon.

MUNGKAHI

Bono na Binabayaran Mula sa Kita para sa Bagong Programa ng Tulong sa Paunang Bayad. Pinahihintulutan ng Proposisyon 37 ang CalHFA na magbenta ng hanggang \$25 bilyon na mga bonong binabayaran mula sa kita. CalHFA ay gagamit ng mga pondo mula sa mga bono upang lumikha ng isang programa ng tulong sa paunang bayad na tinatawag na “pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.” Sasaklawin ng bawat pautang ang hanggang 17 porsiyento ng presyo ng bahay. (Kailangang magbigay ang mga bumibili ng bahay ng paunang bayad na hindi bababa sa 3 porsiyento ng presyo ng bahay.) Ang buwanang mga bayad ng mga may-ari ng bahay para sa kanilang pautang ay idinisenyo upang bayaran ang mga bono sa paglipas ng panahon at saklawin ang mga gastusing administratibo ng programa. Kakailanganin din ng CalHFA na panatilihin pinakamababa hangga't maaari ang mga gastos sa interes para sa mga bumibili ng bahay. Magpapasya ang CalHFA kung magkano sa mga bono ang ilalabas (hanggang \$25 bilyon) at sa anong panahon.

Dapat Matugunan ng mga Bumibili at Bahay ang Ilang Kinakailangan. Upang makilahok sa isang middle-class homeownership loan, kailangang matugunan ng mga tao at bahay ang ilang kinakailangan. Halimbawa, kailangang residente ng estado ang aplikante at ang kita ng sambahayan ay hindi dapat lumampas sa dalawang beses ng karaniwang antas ng kita sa kanilang lugar. Upang maging karapat-dapat ang isang bahay na bilhin sa pamamagitan ng programa, bukod sa iba pang mga kinakailangan, kailangang ang bumibili ang unang bibili ng bahay at hindi maaaring lumampas ang presyo sa ilang partikular na limitasyon.

Mga Pagpipilian para sa mga Developer ng Pabahay. Sa ilalim ng Proposisyon 37, maaaring magtayo ang lahat ng developer ng mga bahay na karapat-dapat bilhin sa ilalim ng programa. Maaari ring piliin ng mga developer na lumahok sa isang “opsyon para sa mga kwalipikadong tagapagtayo.” Ang mga developer na pipili sa opsyong ito ay kakailangang sumunod sa mas mataas na mga pamantayan sa paggawa, tulad ng paggamit ng mga manggagawang may isang partikular na uri ng pagsasanay para sa ilang uri ng mga proyekto sa pabahay. Bilang kapalit, sasailalim ang mga developer sa ibang mga tuntunin tungkol sa mga depekto sa konstruksyon, na karaniwang naglalayong magbigay ng higit na kakayahang umangkop sa mga developer.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Walang Direktang Gastos sa Estado o Lokal na Pamahalaan. Dahil ginagamit ng Proposisyon 37 ang mga bayad mula sa mga bumibili ng bahay upang bayaran ang mga investor sa bono, hindi ito magreresulta sa mga direktang gastos sa estado o lokal na pamahalaan.

Iba Pang Posibleng Epekto. Maaaring makaapekto sa saklaw at epekto ng Proposisyon 37 ang ilang salik na hindi pa alam sa ngayon. Kabilang dito ang (1) lawak ng kagustuhan ng mga investor na bumili ng mga bono, (2) kung magkano ang magiging gastos ng mga pautang na makukuha sa ilalim ng iminungkahing programang ito para sa mga bumibili ng bahay kumpara sa iba pang mga opsyon para sa tulong sa paunang bayad, at (3) kung magreresulta ang programa sa pagdami ng pagtatayo ng mga bahay at pagbili ng mga bahay.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

37

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 37 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 37: Batas ng California sa Pagmamay-ari ng Bahay ng Gitnang Uri at Konstruksyon ng Bahay para sa Pamilya.

Lumilikha ang Proposisyon 37 ng mga abot-kayang pagkakataon para sa pagmamay-ari ng bahay para sa mga nagtatrabaho at nasa gitnang uri na taga-California at hinihikayat ang pagtatayo ng mga bagong bahay—nang **WALANG GASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.**

Ang California ay may ikalawang pinakamababang antas ng pagmamay-ari ng bahay sa bansa; bawat taon, lalo pang nagiging hindi abot-kaya ang pagmamay-ari ng bahay dahil sa tumataas na mga gastos.

Dahil ang panggitnang presyo ng bahay sa buong estado ay lumampas na ngayon sa \$930,000, maaaring mangailangan ang tradisyonal na 20% na paunang bayad ng mahigit \$186,000 na ipon para lamang makabili ng bahay.

Nagsisikap nang husto ang mga guro, nars, beterano, at bumbero at binabayaran nila ang kanilang mga bayarin. Kaya nilang bayaran ang buwanang mga mortgage ngunit hindi nila kayang magkaroon ng bahay sa mga komunidad kung saan sila nakatira at nagtatrabaho dahil masyadong mataas ang mga kinakailangan sa paunang bayad. Binibigyan ng Proposisyon 37 ang mga nagtatrabaho at nasa gitnang uri na taga-California ng patas na pagkakataong magkaroon ng sariling bahay.

PINANANATILING ABOT-KAMAY ANG PAGMAMAY-ARI NG BAHAY.

Ang Proposisyon 37 ay isang praktikal na solusyon. Ginagawa nitong magagamit ng mga kwalipikadong residente ng California ang mga pautang na may mababang interes at paborable sa mamimili para sa tulong sa paunang bayad sa pagbili ng bagong tayong bahay, nang walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis.

Hindi ito isang pamigay. Dapat maging kwalipikado ang mga bumibili ng bahay para sa isang mortgage, matugunan ang mga kinakailangan sa kita, magbayad ng hindi bababa sa 3% na paunang bayad, tirhan ang bahay bilang kanilang pangunahing tirahan, gumawa ng buwanang mga bayad, at ganap na bayaran ang kanilang mga pautang.

Ang Proposisyon 37 ay idinisenyo para sa mga umuupa, mga unang beses na bumibili ng bahay, at mga pamilyang nagtatrabaho na kumikita nang labis upang maging kwalipikado para sa mga programa ng tulong sa umuupa, ngunit hindi sapat upang makaipon ng napakalaking paunang bayad na kinakailangan upang bumili ng bahay.

“Ang Proposisyon 37 ay magpapataas ng pagmamay-ari ng bahay nang hindi nagpapabigat sa mga nagbabayad ng buwis. Bilang isang bonong binabayaran mula sa kita ng estado, ang mga pautang para sa tulong sa paunang bayad ay pinopondohan ng mga pribadong investor sa bono at binabayaran ng mga nanghihiram ng bahay, hindi ng mga nagbabayad ng buwis.”

—Malia Cohen, Tagakontrol ng Estado ng California

NAGTATAYO NG HIGIT PANG MGA BAHAY, LUMILIKHA NG MABUBUTING TRABAHO.

Hindi nakapagtayo ang California ng sapat na mga bahay upang makasabay sa pangangailangan. Sa pagtulong sa mga kwalipikadong mamimili na bumili ng mga bagong tayong bahay, makatutulong ang Proposisyon 37 na pabilisin ang konstruksyon, na lilikha ng libu-libong trabahong may magandang sahod at bubuo ng pamumuhunang pang-ekonomiya.

Ang pagpapalawak ng suplay ng pabahay ay tumutulong sa mga manggagawa at pamilya na manatili sa California, magkaroon ng equity, magpalaki ng kanilang mga anak, at manirahan sa mga komunidad kung saan sila nagtatrabaho.

WALANG GASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Sumasang-ayon ang mga tagapagtaguyod ng mga nagbabayad ng buwis at ang Pambatasang Manunuri ng California: walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis ang Proposisyon 37. Ang mga pautang ay pinopondohan ng mga pribadong investor sa bono at binabayaran ng mga nanghihiram ng bahay—hindi ng mga nagbabayad ng buwis.

MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT MGA PROTEKSIYON PARA SA MAMIMILI.

Kasama sa Proposisyon 37 ang mga kinakailangan para sa pananagutan at transparency sa pananalapi, mga pamantayan sa pananagutan sa konstruksyon, at taunang mga pag-audit na nagdedetalye sa katayuan ng mga ginawang pautang at kalagayang pinansyal ng pondo.

Kabilang sa mga benepisyo para sa mamimili ang mga fixed-rate na pautang na mas mababa sa rate sa merkado, mga proteksiyon laban sa hindi patas na mga gawi sa pagpapautang, mahigpit na limitasyon sa mga bayarin ng nagpapautang, at walang multa para sa maagang pagbabayad.

MALAWAK AT BIPARTISAN NA SUPORTA

Sinusuportahan ang Proposisyon 37 ng mga Democrat at Republican, mga unyon ng manggagawa at negosyo, mga manggagawa sa konstruksyon, mga tagapagtaguyod ng mga nagbabayad ng buwis at pabahay, mga beterano, California Teachers Association, at United Nurses Association of California.

Sa loob ng maraming henerasyon, nagbigay ang pagmamay-ari ng bahay ng katatagan, seguridad, at landas patungo sa gitnang uri. Ngunit ngayon, hindi na talaga maaabot ng napakaraming taga-California ang landas na iyon.

Ang Proposisyon 37 ay isang praktikal na solusyon na tumutugon sa isa sa pinakamalalaking hadlang sa pagmamay-ari ng bahay, nang hindi nagpapabigat sa mga nagbabayad ng buwis.

BUMOTO NG OO upang palawakin ang pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri, magtayo ng mas maraming bahay, lumikha ng mabubuting trabaho, at bigyan ang mga nagtatrabahong taga-California ng patas na pagkakataong manirahan, magtrabaho, magpalaki ng pamilya, at manatili sa California.

VoteYeson37.com

Danny Curtin, Direktor
California Conference of Carpenters

Fiona Ma, Miyembro ng Lupon
Ahensiya sa Pananalapi sa Pabahay ng California (CalHFA, California Housing Finance Agency)

David West, Tagapangulo
California State Commanders Veterans Council

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 37 ★

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 37 NA ISINUMITE.

37

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 123 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinahihintulutan ang \$8.4 na bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon ng estado para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy (mga teknolohiyang gumagamit ng immune system ng katawan para gamutin ang sakit), kung saan nakalaan ang kalahati sa kanser, sakit sa puso, at sakit na Alzheimer
- Naglalaan ng mga pondo nang pantay sa pagitan ng (1) iisang hindi nagtutubo na institusyon sa medikal na pananaliksik na kaanib ng Unibersidad ng California, at (2) mga grant sa pananaliksik para sa mga pampubliko o hindi nagtutubo na unibersidad at institusyon.
- Nangangailangan ng mga tagatanggap ng pondo na magbenta ng teknolohiya at mga gamot na mula sa pananaliksik sa California sa halagang 20% na mas mababa sa pambansang karaniwan na presyo.
- Inilalaan ang pera mula sa Pangkalahatang Pondo para bayaran ang mga bono; nakakatanggap ang Pangkalahatang Pondo ng 10% ng mga royalty sa paglilisensya hanggang sa mabayaran muli ang mga bono.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas mataas na gastos ng estado na \$500 milyon hanggang \$600 milyon taon-taon sa loob ng humigit-kumulang 20 taon upang mabayaran ang bono sa medikal na pananaliksik. Maaaring mabawi ng estado ang bahagi o ang lahat ng gastos na ito sa mga susunod na dekada kung hahantong ang pinondohang pananaliksik sa mga pagtuklas na bubuo ng kita.

Tantiya ng Gastos sa Bono ng Estado

Halagang hiniram	\$8.4 na bilyon
karaniwan na taunang halaga ng pagbabayad	\$500 milyon hanggang \$600 milyon taon-taon para sa humigit-kumulang 20 taon
Pinagmulan ng pagbabayad	Pangkalahatang kita sa buwis at posibleng kita mula sa mga natuklasan na pinondohan ng bono

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Ang Medikal na Pananaliksik at Pagpapaunlad (R&D) ay Isang Proseso na Maraming Yugto. Ang unang yugto ng prosesong ito ay pangunahing pananaliksik, na nakatuon sa pagtuklas ng bagong kaalaman tungkol sa kung paano gumagana ang katawan ng tao. Ang susunod na yugto ay inilapat at klinikal na pananaliksik, na naglalayong bumuo at magsubok ng mga paggamot para sa mga partikular na sakit. Karamihan ng pangunahing pananaliksik ay ginagawa ng mga unibersidad, habang karamihan ng inilapat at klinikal na pananaliksik ay ginagawa ng mga kumpanya. Ang ikatlong yugto ng R&D ay ang pagsusuri ng mga regulator sa mga bagong paggamot upang matiyak na ligtas at epektibo ang mga ito. Kung maaprubahan ang isang bagong paggamot, maaari na itong gamitin sa mga pasyente. Karamihan ng mga proyekto ng R&D ay hindi nakalalampas sa lahat ng mga yugtong ito.

Ang Medikal na R&D ay Pinopondohan sa Iba't Ibang Paraan. Ang pagpopondo para sa medikal na R&D sa United States ay umabot sa humigit-kumulang \$300 bilyon noong 2023. Ang mga kumpanya at ahensiya ng pamahalaan (tulad ng National Institutes of Health) ang mga pangunahing pinagmumulan ng pagpopondo para sa R&D sa buong bansa at sa California. Bukod sa mga pinagmumulan ng pagpopondong ito, inaprubahan ng mga botante ng California ang dalawang panukala sa balota—Proposisyon 71 (2004) at Proposisyon 14 (2020)—na nagbibigay sa estado ng awtoridad na mag-isyu ng mga bono ng pangkalahatang

obligasyon upang pondohan ang tinukoy na medikal na pananaliksik. Sa pagsasama, pinahintulutan ng dalawang panukala ang estado na mag-isyu ng \$8.5 bilyon na mga bono para sa pananaliksik sa stem cell. Ang mga bono ay isang paraan para humiram ng pera ang estado at pagkatapos ay bayaran ito kasama ang interes sa paglipas ng panahon. Karaniwang binabayaran ang isang bono ng pangkalahatang obligasyon mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.) Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bono, tingnan ang “Pangkalahatang-ideya ng Utang sa Bono ng Estado” sa bandang huli ng gabay na ito.

MUNGKAHI

Bagong Bono para sa Tinukoy na Medikal na Pananaliksik. Pinahihintulutan ng Proposisyon 38 ang estado na mag-isyu ng \$8.4 bilyong bono ng pangkalahatang obligasyon para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy. Ang immunology ay pag-aaral ng immune system ng katawan at kung paano nito pinoprotektahan ang katawan laban sa mga abnormal na selula at iba pang sanhi ng sakit. Bumubuo ang immunotherapy ng mga paggamot na tumutulong sa immune system na labanan nang mas epektibo ang mga sakit. Inaatasan ng panukala na hindi bababa sa \$4.2 bilyon ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

mga pondo mula sa bono ang gamitin para sa pananaliksik sa immunology tungkol sa kanser, sakit sa puso, at Alzheimer's disease. Hindi maaaring gamitin ang higit sa 2 porsiyento ng kabuuang mga pondo mula sa bono para sa mga gastos na administratibo ng estado. Magmumula sa Pangkalahatang Pondo ng estado ang mga pagbabayad para sa bono.

Sumusuporta sa Isang Institusyon ng Pananaliksik.

Humigit-kumulang kalahati ng mga pondo mula sa bono ay mapupunta sa isang institusyon ng pananaliksik na dalubhasa sa immunology at immunotherapy. Pipiliin ng California Department of Public Health (CDPH) ang institusyon. Dapat matugunan ng napiling institusyon ang ilang pamantayan, kabilang ang mga pamantayang may kaugnayan sa laki nito, pagpopondo, at pakikipagtulungan sa isang campus ng University of California (UC). Gagamitin ng institusyon ang mga pondo mula sa bono para sa pananaliksik. Bawat taon, dapat maglabas ang institusyon ng pampublikong ulat tungkol sa mga aktibidad nito at magkaroon ng isang independiyenteng pag-audit sa pananalapi.

Sumusuporta sa mga Grant para sa Pananaliksik. Magbibigay ang isang konseho ng kalahati ng mga pondo mula sa bono bilang mga grant para sa mapagkumpitensiyang pananaliksik na nakatuon sa immunology at immunotherapy. Bubuuin ang konseho ng mga kinatawan mula sa 7 UC campus at 10 hanggang 15 iba pang unibersidad at nonprofit na institusyon ng pananaliksik sa California. Magtatakda ang konseho ng mga prayoridad sa pananaliksik at pipili ng mga tatanggap ng grant mula sa mga organisasyong kasapi nito. Katulad ng institusyon, magkakaroon ang konseho ng mga kinakailangan para sa pampublikong pag-uulat at pag-audit.

Inaatasan na Gamitin Muna ang 10 Porsiyento ng Kita Mula sa mga Natuklasan upang Bayaran ang Estado. Inaatasan ng Proposisyon 38 ang institusyon, sa pakikipagkonsultasyon sa CDPH, na subukang makalikha ng pinakamaraming kita na posible mula sa pananaliksik na pinondohan. (Ang pananaliksik, halimbawa, ay maaaring humantong sa pagbuo ng isang bagong medikal na paggamot.) Sampung porsiyento ng anumang kitang malilikha ay dapat ibigay sa estado. Ang kitang ito ay dapat munang ilagay sa Pangkalahatang Pondo ng estado hanggang sa mabayaran nito ang gastos sa bono para sa pananaliksik (ang halagang hiniram kasama ang interes). Ang anumang karagdagang kita ay gagamitin para sa hinaharap na pananaliksik sa immunology at immunotherapy.

May Dalawa Pang Kapansin-pansing Probisyon.

- **Inaatasan ang mga Pagbili Mula sa mga Supplier sa California.** Dapat bumili ang mga tatanggap ng grant ng hindi bababa sa kalahati ng kanilang mga produkto at serbisyo mula sa mga supplier sa California kapag makatwirang posible.
- **Inaatasan ang Diskuwento para sa mga Pasyente sa California.** Ang anumang paggamot na binuo sa pamamagitan ng pinondohang pananaliksik at ibinebenta sa California ay karaniwang dapat ialok nang may 20 porsiyentong diskuwento.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Tumaas na Gastos ng Estado na \$500 Milyon hanggang \$600 Milyon Taun-taon sa Loob ng Humigit-kumulang 20 Taon upang Bayaran ang Bono.

Ang gastos mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para bayaran ang bono ay magiging \$500 milyon hanggang \$600 milyon taun-taon sa loob ng humigit-kumulang 20 taon. Ang taunang gastos ay magiging humigit-kumulang isang-kapat ng 1 porsiyento (0.25 porsiyento) ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Dahil kailangang magbayad ang estado ng interes sa perang hiniram nito, ang kabuuang gastos ng bono ay magiging humigit-kumulang 10 porsiyentong higit pa (matapos isaalang-alang ang inflation) kaysa kung nagbayad ang estado nang maaga gamit ang perang mayroon na ito.

Posibleng Kita ng Estado Mula sa mga Natuklasan sa Pananaliksik.

Maaaring makatanggap ang estado ng kita mula sa pananaliksik na pinondohan ng Proposisyon 38. Hindi tiyak ang halaga ng kita ngunit maaaring maging malaki ito. Nakadepende ito sa kung ilang proyekto ng pananaliksik ang hahantong sa mga paggamot na maaaring ibenta sa merkado at kung magkano ang kikitain ng anumang partikular na paggamot. Hindi rin tiyak ang oras kung kailan matatanggap ang mga kitang ito at kung gaano katagal bago mabawi ang gastos ng estado sa bono, ngunit maaaring abutin ito ng mga dekada.

Posibleng Hindi Direktang mga Epekto sa Pananalapi.

Malamang na magkakaroon ang Proposisyon 38 ng ilang hindi direktang epekto sa pananalapi, partikular sa mga gastos para sa mga programang pangkalusugan ng estado (tulad ng Medi-Cal, na nagbabayad para sa pangangalangang pangkalusugan ng mga taga-California na mababa ang kita). Halimbawa, kung ang pinondohang pananaliksik ay hahantong sa mga bagong medikal na paggamot, maaaring tumaas o bumaba ang karaniwang gastos sa pangangalaga sa pasyente. Bilang resulta, hindi tiyak ang pangkalahatang epekto sa mga gastos ng programa.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

38

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 38 ★

MGA TAGAPAGTAGUYOD NG MGA PASYENTE, DOKTOR, NARS AT MANANALIKSIK SA MEDISINA AY HUMIHIMOK NG OO SA PROPOSISYON 38

Ang mga nangungunang tagapagtaguyod ng mga pasyente kabilang ang Alzheimer's Association, Michael J. Fox Foundation, American Nurses Association/California, ALS Association, National Multiple Sclerosis Society at Prostate Cancer Foundation ay pawang humihimok ng OO sa PROPOSISYON 38 dahil maaari nitong mailigtas ang iyong buhay at ang buhay ng isang taong mahal mo.

"Ilang linggo na lamang bago mawala ang aking buhay nang bigyan ako ng isang makabagong immunotherapy ng pangalawang pagkakataon. Bumoto ng OO sa PROPOSISYON 38 dahil karapat-dapat ang bawat pamilyang humaharap sa isang mapaminsalang diagnosis ng parehong pag-asa."

—Laurie Adami, Nakaligtas sa Kanser at Tagapagtaguyod ng Pasyente, Los Angeles

OO SA PROPOSISYON 38—UPANG MAPAGALING AT MAIWASAN ANG MGA SAKIT SA PAMAMAGITAN NG PANANALIKSIK SA IMMUNOLOGY NA NAGLILIGTAS NG BUHAY

Pinabibili ng PROPOSISYON 38 ang pagbuo ng mga makabagong paggamot at lunas para sa mga sakit na nakaaapekto sa halos bawat pamilya. Hindi bababa sa kalahati ng lahat ng pondo ay partikular na nakalaan para sa pananaliksik sa kanser, sakit sa puso at Alzheimer's.

"Ginagamit ng immunology ang immune system ng katawan upang matukoy at mapigilan ang mga sakit. Sa ngayon, ang mga makabagong immunotherapy ay nagpapagaling na sa mga kanser tulad ng melanoma, kanser sa бага at leukemia. Isinasagawa ang maaasahang pananaliksik upang maiwasan ang mga sakit kabilang ang Parkinson's, sakit sa puso, diabetes at marami pang iba."

—Mark Davis, Ph.D., Miyembro ng National Academy of Sciences at National Academy of Medicine

"Isa sa bawat siyam na taong higit sa 65 taong gulang ay may Alzheimer's, ngunit sa kasalukuyan ay walang epektibong lunas. Ang OO sa PROPOSISYON 38 ay nagbibigay ng tunay na pag-asa na makahanap ng mga paggamot at lunas para sa milyun-milyong pasyente at kanilang mga pamilyang nabubuhay nang may Alzheimer's at dementia."

—Susan Disney Lord, Tagapangulo ng Lupon ng Alzheimer's Los Angeles

TUMUTULONG NA BAWASAN ANG EPEKTO NG MGA PAGBABAWAS SA PONDO NG PAMAHALAANG FEDERAL PARA SA MEDIKAL NA PANANALIKSIK

Ang napakalaking pagbawas sa pondo ng pamahalaang pederal at kawalang-katiyakan ay nakagagambala sa lubhang kinakailangang medikal na pananaliksik sa mga nonprofit na institusyon ng pananaliksik at unibersidad, na nagpapabagal sa pag-unlad tungo sa mga lunas na nagliligtas ng buhay.

Lumilikha ang PROPOSISYON 38 ng matatag na pinagmumulan ng pagpopondo para sa makabagong pananaliksik sa immunology. Ang lahat ng pondo ay eksklusibong nakalaan para sa mga non-profit na unibersidad

at institusyon ng pananaliksik na nakabase sa California—na tumutulong sa California na manguna sa bansa sa medikal na inobasyon, nagtataguyod ng pakikipagtulungan sa mga nangungunang siyentipiko at unibersidad, at lumilikha ng sampu-sampung libong trabahong may magandang sahod.

"Binabago ng immunotherapy ang hinaharap ng pangangalaga sa kanser. Makakatulong ang PROPOSISYON 38 na pabilisin ang mga lunas na nagliligtas ng buhay habang pinatitibay ang papel ng California bilang pandaigdigang lider sa medikal na inobasyon."

—Gina Carithers, Presidente at CEO, Prostate Cancer Foundation

PINABABABA ANG MGA GASTOS SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA MGA TAGA-CALIFORNIA

Anumang lunas o immunotherapy na binuo sa pamamagitan ng PROPOSISYON 38 ay dapat ibigay sa mga pasyente sa California nang may 20% DISKUWENTO. Ang pag-iwas at paggamot sa mga pinakamahahalagang sakit ay magbabawas din sa mga pangmatagalang gastos sa pangangalagang pangkalusugan at makapagliligtas sa estado at mga pamilya ng sampu-sampung bilyong dolyar sa mga gastos sa medikal na maiiwasan.

MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang PROPOSISYON 38 ay idinisenyo upang bayaran ang sarili nito nang WALANG NETONG GASTOS SA ESTADO O MGA NAGBABAYAD NG BUWIS. Sampung porsiyento ng kita mula sa paglilisensya ng matagumpay na mga immunotherapy ay dapat ibalik sa California upang mabawasan ang mga gastos sa bono, kabilang ang interes. Kasama rin sa PROPOSISYON 38 ang mahigpit na mga kinakailangan sa pananagutan, kabilang ang:

- 2% na Limitasyon sa mga Gastusing Administratibo ng Estado
- Pampublikong Pagsisiwalat ng mga Gastos
- Mga Independiyenteng Pag-audit sa Pananalapi
- Ang mga korporasyong kumikita ay hindi karapat-dapat sa pagpopondo para sa grant

OO SA PROPOSISYON 38: SINUSUPPORTAHAN NG MGA DOKTOR, NARS AT TAGAPAGTAGUYOD NG MGA PASYENTE

• ALS Association • Alzheimer's Association • American Nurses Association/California • Blood Cancer United • California Colorectal Cancer Coalition • Liver Coalition • Michael J. Fox Foundation • National Multiple Sclerosis Society • Parkinson Association of Northern California ... at marami pang iba.

Ang OO sa PROPOSISYON 38 ay maaaring magliligtas sa iyong buhay at sa buhay ng isang taong mahal mo. Mangyaring bumoto ng OO.

www.YesOn38.com

Susan Disney Lord, Tagapangulo ng Lupon ng Alzheimer's Los Angeles

Eugene P. Brandon, Ph.D., Lupon ng mga Katiwala ALS Association

Dr. Brian Shuch, M.D., Miyembro ng Lupon ng mga Direktor Kidney Cancer Association

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 38 ★

Dapat ipagpatuloy ng California ang pagsuporta sa biomedical na pananaliksik. Umaasa ang lahat sa mga bagong paggamot para sa sakit sa puso, kanser, sakit na Alzheimer's, at iba pang malulubhang karamdaman. Ako rin. Ngunit maling paraan ang Proposisyon 38 upang makamit ang layuning iyon.

Ang pahayag na babayaran ng Proposisyon 38 ang sarili nito ay batay sa haka-haka. Ang mga pag-audit, pampublikong pagbubunyag, at mga limitasyon sa mga gastusing administratibo ay nagtataguyod ng pananagutan, ngunit hindi nila magagarantiya na ang mga pamumuhunan sa pananaliksik ay bubuo ng sapat na kita sa ekonomiya upang mabawi ang bilyun-bilyong dolyar na pagbabayad sa mga bono.

Nahaharap ang California sa patuloy na estruktural na kakulangan sa badyet. Mangangailangan ang Proposisyon 38 ng humigit-kumulang \$8.4 bilyon na pagbabayad sa mga bono. Ayon sa Tanggapan ng Pambatasang Manunuri na walang kinikilingan sa partido, mananagot ang mga nagbabayad ng buwis sa humigit-kumulang \$500 milyon na taunang pagbabayad sa utang sa susunod na 25 taon. Ang pangmatagalang obligasyong iyon ay higit pang magbabawas sa kakayahang umangkop sa pananalapi ng estado na tumugon sa nagbabagong mga prayoridad.

Samantala, ang mga kamakailang hakbang ng administrasyong Trump ay naglagay sa panganib ng pagpopondo para sa mahahalagang pampublikong programang pangkalusugan ng California, kabilang ang pagsubaybay sa mga sakit, paghahanda sa emerhensiya, pag-iwas sa HIV, imprastraktura para sa pagbabakuna, kapasidad ng mga laboratoryo, at pag-iwas sa mga sakit sa komunidad. Ang mga hamong ito ay higit pa sa biomedical na pananaliksik.

Kung pipiliin ng California na palitan ang bumababang pederal na suporta, dapat magawang isalang-alang ng mga halal na opisyal ang lahat ng prayoridad sa kalusugan nang magkakasama. Sa halip, inilalaan ng Proposisyon 38 ang bilyun-bilyong dolyar na hiniram para sa isang larangang pang-agham, anuman ang mga pangangailangan o pagtuklas sa hinaharap. Dapat gabayan ang mga prayoridad sa pananaliksik sa pamamagitan ng karaniwang proseso ng badyet—hindi ng mga panukala sa balota na nagkukulong sa mga nagbabayad ng buwis sa mga dekada ng utang. Bumoto ng *Hindi* sa Proposisyon 38.

Robert M Kaplan, Ph.D.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 38 ★

Kinikilala ng California na mahalaga ang patuloy na pamumuhunan sa agham. Ngunit hindi ang proposisyong ito ang pinakamahusay na paraan upang makamit ang layuning iyon.

Bibigyang-awtorisasyon ng panukala ang humigit-kumulang \$8.4 bilyon na pangungutang ng estado upang suportahan ang pananaliksik sa immunology at immunotherapy sa pamamagitan ng isang bagong institusyon ng University of California. Bagama't kaakit-akit ang layunin, may mga depekto ang balangkas ng pagpopondo at patakaran.

Una, ipinagpatuloy ng proposisyon ang paggamit ng mga inisyatiba sa balota upang idirekta ang pagpopondo sa pananaliksik sa mga piling paksa. Nakalikha na ang California ng magkakahiwalay na programa sa pagpopondo para sa pananaliksik sa stem cell at precision medicine. Magdaragdag ang panukalang ito ng isa pang programang lubos na nakatuon. Dapat itatag ang mga prayoridad sa pananaliksik sa pamamagitan ng siyentipikong pagsusuri at pagpapalano para sa pampublikong kalusugan—hindi ng mga kampanya sa halalan. Karapat-dapat sa atensiyon ang kanser, sakit na Alzheimer's, at sakit sa puso, ngunit gayundin ang sakit sa pag-iisip, sakit sa bato, mga sakit sa mata, at marami pang ibang kondisyon. Ang agham na ipinapasyang batay sa balota ay hindi maiiwasang pumapabor sa mga paksang pinakakatang-kita sa halip na sa pinakamalalaking pagkakataong pang-agham o pangangailangan sa pampublikong kalusugan.

Ikalawa, hindi angkop na paraan ang pangungutang upang pondohan ang siyentipikong pananaliksik. Ayon sa Tanggapan ng Pambatasang Manunuri, ang mga bono na pinahihintulutan ng panukalang ito ay mag-oobliga sa mga nagbabayad ng buwis sa \$500 milyon na taunang pagbabayad sa utang sa loob ng humigit-kumulang 25 taon. Karaniwang ginagamit ang mga bono para sa mga highway, paaralan, at iba pang pangmatagalang imprastraktura na may mahuhulaan na mga benepisyo. Naiiba ang siyentipikong pananaliksik. Madalas na nangangailangan ang mga pagtuklas ng mga dekada bago mapabuti ng mga ito ang pangangalaga sa pasyente, at maraming maaasahang linya ng pagsisiyasat ang hindi kailanman nakakagawa ng mga paggamot na maaaring ibenta sa merkado.

Ikatlo, ipinapalagay ng proposisyon na ang matagumpay na mga pagtuklas ay bubuo ng kita upang mabawi ang mga gastos ng estado. Sa katunayan, bihirang gawing komersiyal ng mga unibersidad ang mga bagong paggamot nang sila lamang. Ang pananaliksik na pinopondohan ng publiko ay

naglalatag ng siyentipikong pundasyon, ngunit karaniwang namumuhunan ang mga pribadong kumpanya ng mas malalaking mapagkukunang kinakailangan para sa pagbuo ng produkto, klinikal na pagsusuri, pagmamanupaktura, at pag-apruba ng mga regulator. Totoo ang mga benepisyo para sa publiko, ngunit karaniwang hindi bumabalik ang mga ito sa kabang-yaman ng estado.

Panghuli, inaatasan ng proposisyon na ang ilang paggamot na binuo sa tulong ng suporta ng estado ay ibenta sa California sa mga presyong may diskuwento. Bagama't maaaring kaakit-akit ito, maaari nitong mahikayat ang mga kumpanya na unahin ang pagbebenta ng mga produktong ito sa ibang mga estado kung saan hindi kinokontrol ang mga presyo.

Dapat patuloy na suportahan ng California ang biomedical na pananaliksik. Ngunit dapat maging estratehiko, flexible, at responsable sa pananalapi ang pagpopondo sa pananaliksik. Ang mga desisyon tungkol sa mga prayoridad sa siyensiya ay dapat batay sa pagsusuri ng mga eksperto sa mga umuusbong na pagkakataong pang-agham at mga pangangailangan sa pampublikong kalusugan, hindi sa isang serye ng mamahaling mga panukala sa balota na pinopondohan sa pamamagitan ng pangmatagalang utang.

May mas mabubuting opsyon ang California. Halimbawa, iminungkahi ni Senador Scott Wiener ang paglikha ng isang ahensiya ng pananaliksik na pinopondohan ng estado na hinubog batay sa National Institutes of Health at National Science Foundation. Sa halip na idirekta ang mga mapagkukunan sa mga partikular na larangan ng siyensiya, maaaring magtakda ang naturang institusyon ng mga prayoridad sa pamamagitan ng ekspertong siyentipikong pagsusuri at iangkop ang mga pamumuhunan nito habang lumilitaw ang mga bagong pagkakataon. Bagama't hindi umusad ang batas, nakatanggap ito ng suporta mula sa University of California, United Auto Workers, at Union of American Physicians and Dentists. Malamang na isasaalang-alang ang katulad na batas sa hinaharap.

Ang isang boto ng "Hindi" ay hindi pagtangga sa agham. Tinatanggihan nito ang isang hindi episyenteng mekanismo ng pagpopondo at isang watak-watak na pamamaraan sa pagtatakda ng mga prayoridad sa pananaliksik. Maaari at dapat suportahan ng California ang medikal na pananaliksik sa pamamagitan ng mas koordinado at napapanatiling mga patakaran.

Robert M Kaplan, Ph.D.

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 38 ★

ANG OO SA PROPOSISYON 38 AY LUBHANG KAILANGAN PARA SA PANANALIKSIK SA MEDIKAL NA IMMUNOLOGY NA NAGLILIGTAS NG BUHAY
Sa ngayon, ang mga makabagong immunotherapy ay nagpapagaling na sa mga kanser tulad ng melanoma, kanser sa bago at leukemia. Isinasagawa ang maaasahang pananaliksik upang gamutin at maiwasan ang mga sakit kabilang ang Alzheimer's, sakit sa puso, Parkinson's, ALS at marami pang iba.
ANG NAPAKALAKING MGA PAGBABAWAS SA PONDO NG PAMAHALAANG PAMPEDERAL AY NAGBABANTA SA PAG-UNLAD TUNGO SA MGA LUNAS NA NAGLILIGTAS NG BUHAY

Titiyakin ng OO sa 38 na maaaring ipagpatuloy ng mga unibersidad at nonprofit na institusyon ng pananaliksik sa California ang lubhang kinakailangang pananaliksik sa immunology upang gamutin at maiwasan ang mga sakit na lubhang nagpapahina sa katawan.

"Iniligtas ng immunology ang aking buhay—ngayon ay wala na akong kanser, at maaari rin nitong mailigtas ang milyun-milyong iba pang buhay."

—Andrew Dale, Pasyenteng Ginamot sa Pamamagitan ng Immunotherapy at Nakaligtas sa Kanser

ANG OO SA 38 AY IDINISENYO UPANG BAYARAN ANG SARILI NITO—NANG WALANG GASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Sampung porsiyento (10%) ng kita mula sa paglilisensya ng mga immunotherapy ay dapat ibalik sa California upang mabawasan ang mga gastos sa bono. Ang mga kinakailangang ito ay nakapaloob sa panukalang ito.

INAAATAS NG OO SA PROPOSISYON 38 ANG MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT TRANSPARENCY

- 2% na Limitasyon sa mga Gastusing Administratibo ng Estado

- Pampublikong Pagbubunyag ng mga Gastos
 - Mga Independiyenteng Pag-audit sa Pananalapi
- PINABABABA NG OO SA PROPOSISYON 38 ANG MGA GASTOS SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang mga immunotherapy na binuo sa pamamagitan ng Proposisyon 38 ay dapat ibigay sa mga pasyente sa California nang may 20% diskuwento. Ang pag-iwas at paggamot sa mga sakit ay makapagligligtas din sa mga pamilya at estado ng bilyun-bilyong dolyar sa pangmatagalang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

ANG MGA DOKTOR, NARS AT TAGAPAGTAGUYOD NG MGA PASYENTE AY HUMIHIMOK NG OO SA 38

- Alzheimer's Association • American Nurses Association\California • ALS Association • Kidney Cancer Association • Melanoma Research Alliance • National Multiple Sclerosis Society • The Michael J. Fox Foundation for Parkinson's Research ... at marami pang iba.

Suportahan ang mga Lunas na Nagliligat sa Buhay. Mangyaring BUMOTO NG OO sa 38.

www.YESon38.com

Andrew Dale, Nakaligtas sa Kanser
Santa Monica

Anne M. Holloway, Miyembro ng Lupon
The Michael J. Fox Foundation for Parkinson's Research

Chris Tarver, R.N., Presidente
American Nurses Association\California

PINAGBABAWALAN ANG MGA MAMAMAYAN NA BUMOTO MALIBAN KUNG MAGPAPAKITA SILA NG ID NA INISYU NG PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 133 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Ipinagbabawal ang pagboto sa pamamagitan ng koreo maliban kung magtatalaga ang botante ng numero ng ID na inisyu ng pamahalaan para sa kanyang pagpaparehistro bilang botante.
- Pinapawalang-bisa ang mga balota sa koreo kung ang sobre ay walang huling apat na digit ng numero ng ID na inisyu ng pamahalaan na tumutugma sa numerong nakatalaga sa pagpaparehistro ng botante (hal., kung magtatalaga ang botante ng numero ng Social Security para sa pagpaparehistro, pero nagbigay ng numero ng lisensya sa pagmamaneho sa sobre, hindi mabibilang ang kanyang balota).
- Ipinagbabawal ang pagboto sa personal nang hindi nagpapakita ng ID na inisyu ng pamahalaan.

- Hinihingi sa mga opisyal ng halalan na taunang iulat ang porsyento ng mga botante ng bawat county na naberipika nila ang katayuan ng pagkamamamayan.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga gastos ng pang-estado at lokal na pamahalaan na nasa pagitan ng sampu-sampung milyong dolyar at nasa mababang bilang ng daan-daang milyong dolyar bawat taon para ipatupad ang mga bagong kinakailangan sa pagboto. Nakadepende ang mga halaga sa mga desisyon sa hinaharap ng Lehislatura, mga departamento ng estado, mga lokal na pamahalaan, at mga botante.

39

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Pangangasiwa ng mga Halalan.

Pinangangasiwaan ng mga opisyal ng halalan ng county ang karamihan ng mga halalan sa California. Bilang bahagi ng kanilang trabaho, nag-iimprenta at nagpapadala sila ng mga balota at iba pang materyales sa pagboto sa mga rehistradong botante. Ang ilang ahensiya ng estado ay mayroon ding gawaing may kaugnayan sa pagboto. Halimbawa, pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ang mga halalan sa buong estado at inihahanda at ipinapadala sa koreo ang estado *Gabay sa Impormasyon ng Botante*.

Kinakailangan ang Pagkamamamayan ng United States upang Bumoto sa mga Pederal, Pang-Estado, at Halos Lahat ng Lokal na Halalan. Dapat ay mamamayan ng U.S. ang isang tao upang bumoto sa anumang halalan sa estado o pederal. Ang isang hindi mamamayan na bumoto sa isang halalan sa estado o pederal ay maaaring pagmultahin at/o masentensiyahan ng pagkakakulong. Dapat ay mamamayan ng U.S. ang isang tao upang bumoto sa napakalaking karamihan ng mga lokal na halalan. (Ang San Francisco at Oakland ay may espesyal na proseso para sa mga taong hindi mamamayan ng U.S. upang bumoto lamang sa mga halalan para sa lupon ng paaralan kung sila ay magulang, tagapag-alaga, o legal na kinikilalang tagapag-alaga ng isang mag-aaral sa distrito ng paaralan.)

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Pagpaparehistro ng Botante. Upang bumoto, kailangan munang magparehistro ang mga tao sa mga opisyal ng halalan. Nagpaparehistro ang mga tao upang bumoto sa county kung saan sila nakatira. Upang maging karapat-dapat na magparehistro, dapat ay mamamayan ng U.S. ang isang tao, nakatira sa California, hindi bababa sa 18 taong gulang, hindi kasalukuyang nakakulong, at hindi napag-alamang hindi makaboto ng isang hukuman. Ang isang taong nagbibigay ng maling pahayag kapag sinusubukang magparehistro upang bumoto sa California, tulad ng maling pagsasabi na siya ay mamamayan ng U.S., ay nagkasala ng krimen ng perjury. Maaaring magparehistro ang mga tao online sa pamamagitan ng website ng Kalihim ng Estado, sa pamamagitan ng koreo, nang personal sa opisina ng halalan ng county, o sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor ng California. Ang pagkakakilanlan ng isang botante ay itinatag sa pamamagitan ng proseso ng pagpaparehistro gamit ang numero ng lisensya sa pagmamaneho, numero ng pagkakakilanlan ng estado, o huling apat na digit ng kanilang Social Security number. Ang mga botanteng hindi nagbibigay ng impormasyong nagpapakilala na ito sa pamamagitan ng proseso ng pagpaparehistro ay maaaring hilingang magpakita ng pagkakakilanlan sa unang pagkakataon na bumoto sila.

Pagpapanatili ng mga Talaan ng Botante. Ang isang talaan ng botante ay isang listahan ng mga taong rehistradong bumoto. Inaatasan ang mga opisyal ng halalan na panatilihing napapanahon ang mga talaan ng botante sa pamamagitan ng pag-aalis sa listahan ng mga taong hindi na

karapat-dapat bumoto. Halimbawa, regular na tumatanggap ang mga opisyal ng halalan ng mga update mula sa iba pang entidad ng pamahalaan upang matukoy ang mga taong namatay o nakakulong.

Pagboto. Ang lahat ng rehistradong botante sa California ay tumatanggap ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM). Maaaring ipadala ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, ihulog ito sa isang lugar ng hulugan ng balota, o bumoto nang personal sa isang lugar ng pagboto. Sa Pampanguluhang Halalan noong Nobyembre 2024, humigit-kumulang 16 na milyong tao ang bumoto sa California. Humigit-kumulang 13 milyon ang bumoto gamit ang isang balota ng VBM, at humigit-kumulang 3 milyon ang bumoto nang personal.

Pagkakakilanlan ng Botante. Tinutukoy ng mga botante ang kanilang sarili kapag bumoboto sila sa California. Kung bumoto sila nang personal, karaniwan nilang tinutukoy ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglagda sa isang listahan ng mga rehistradong botante bago bumoto. Kung bumoto sila sa pamamagitan ng koreo, tinutukoy nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglagda sa sobre ng kanilang balota. Bineberipika ng mga opisyal ng halalan ang mga lagda para sa mga balotang VBM bago bilangin ang mga ito. Karaniwang hindi bineberipika ng mga opisyal ng halalan ang mga lagda ng mga botanteng bumoboto nang personal bago bilangin ang mga balota.

Opisina ng Tagasuri ng Estado ng California (Tagasuri ng Estado). Ang Tagasuri ng Estado ay isang independiyente at walang partidong opisina sa pamahalaan ng estado. Sinusuri nito kung gaano kahusay ginagamit

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

ng mga pamahalaan ng estado at lokal ang pera at pinatatakbo ang kanilang mga programa. Kabilang sa mga pagsusuring ito ang mga pag-audit sa pagganap upang makita kung sinusunod ng pamahalaan ang batas at mahusay na gumagana. Maaaring magbigay ang Tagasuri ng Estado ng mga rekomendasyon upang makatulong na mapabuti ang mga operasyon at kahusayan ng pamahalaan. Regular na isinasagawa ang ilang pag-audit, habang ang iba ay ginagawa nang isang beses lamang.

MUNGKAHI

Inaatasan ang mga Opisyal ng Halalan ng Estado at Lokal na Beripikahin ang Katayuan ng Pagkamamamayan ng mga Rehistradong Botante. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga opisyal ng halalan ng estado at lokal na gawin ang “pinakamahusay na pagsisikap” gamit ang datos ng pamahalaan upang beripikahin na ang mga botante sa mga talaan ay mga mamamayan ng U.S. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga opisyal ng halalan na mag-ulat bawat taon ng porsiyento ng mga rehistradong botante sa bawat county na ang katayuan ng pagkamamamayan ay naberipika.

Inaatasan ang mga Botante na Pumili ng Pagkakakilanlang Inisyu ng Pamahalaan para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga bago at kasalukuyang botante na pumili ng isang pagkakakilanlang inisyu ng pamahalaan sa kanilang pagpaparehistro bilang botante upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Inaatasan ang mga Botante na Magbigay ng Karagdagang Impormasyong Nagpapakilala upang Bumoto. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga botante na

magbigay ng karagdagang impormasyong nagpapakilala sa tuwing bumoboto sila sa anumang halalan sa California. Inaatasan ang mga opisyal ng halalan na beripikahin ang mga pagkakakilanlan ng mga botante bago bilangin ang kanilang mga balota. Ang kinakailangan sa pagkakakilanlan ay depende sa kung ang isang botante ay bumoto nang personal o sa pamamagitan ng koreo:

- ***Pagboto nang Personal.*** Kapag bumoboto nang personal, inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga botante na magpakita ng pagkakakilanlang inisyu ng pamahalaan para sa beripikasyon ng pagkakakilanlan.
- ***Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.*** Kapag bumoboto sa pamamagitan ng koreo, inaatasan ng Proposisyon 39 ang mga botante na ibigay ang huling apat na digit ng numero ng kanilang napiling pagkakakilanlang inisyu ng pamahalaan sa sobre ng balota. Bineberipika ng mga opisyal ng halalan na ang mga numerong pagkakakilanlan na ibinigay sa sobre ng balota ay tumutugma sa impormasyon sa pagpaparehistro ng botante.

Lumilikha ng Bagong Card ng Pagkakakilanlan ng Botanteng Inisyu ng Estado. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang estado na magbigay ng card ng pagkakakilanlan ng botante nang walang bayad sa mga botanteng humihiling nito. Maaaring gamitin ang card ng pagkakakilanlan ng botante bilang pagkakakilanlang inisyu ng pamahalaan na nagbeberipika sa pagkakakilanlan ng botante kapag bumoboto.

Inaatasan ang Tagasuri ng Estado na Regular na Mag-audit ng Pagsunod ng Estado at mga County sa Halalan. Sa bawat taon na may kakaibang numero,

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

inaatasan ng Proposisyon 39 ang Tagasuri ng Estado na mag-ulat kung gaano kahusay sumusunod ang estado at bawat county sa panukala at gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti.

Inaatasan ang Aksyon ng Lehislatura para sa Buong Pagpapatupad. Inaatasan ng Proposisyon 39 ang Lehislatura na magpasa ng mga karagdagang batas upang ipatupad ang panukala. Kailangang linawin ng Lehislatura ang ilang detalye na hindi tinukoy sa proposisyon, tulad ng kung aling mga anyo ng pagkakakilanlan ang maaaring gamitin at kung anong mga hakbang ang ituturing na pinakamahusay na pagsisikap upang beripikahin ang katayuan ng pagkamamamayan ng mga rehistradong botante.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Nakadepende ang mga Gastos ng Estado at Lokal sa mga Desisyon sa Hinaharap. Dadagdagan ng Proposisyon 39 ang mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan bawat taon ng sampu-sampung milyong dolyar hanggang mababang daan-daang milyong dolyar. Ang mga gastos na ito ay kumakatawan sa mas mababa sa isang-kapat ng 1 porsiyento (0.25 porsiyento) ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng

estado upang bayaran ang karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.) Ang eksaktong gastos ay nakadepende sa mga desisyong gagawin sa hinaharap ng Lehislatura, mga kagawaran ng estado, mga lokal na pamahalaan, at mga botante. Halimbawa, maaaring mag-iba ang mga gastos depende sa mga desisyon tungkol sa disenyo at mga kinakailangan ng card ng pagkakakilanlan ng botante at sa bilang ng mga card na hihilingin. Maaari ring magkaroon ng ilang halaga ng matitipid. Ang mga matitipid na ito ay magmumula sa mas kaunting taong rehistradong bumoto—halimbawa, dahil sa pag-aalis ng mga botanteng hindi karapat-dapat o mga karapat-dapat na botanteng walang pagkakakilanlang inisyu ng pamahalaan. Malamang na hindi lalampas ang mga matitipid na ito sa mga gastos ng panukala.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

39

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 39 ★

ID NG BOTANTE: ISANG PARAAN NA MAY SUPORTA NG MAGKABILANG PARTIDO UPANG PATAASIN ANG TIWALA SA ATING MGA HALALAN

Sumasang-ayon ang mga botanteng Demokratiko, Independiyente, at Republikano sa isang bagay: ang ID ng Botante ay isang repormang may sentido kumon upang pataasin ang tiwala at pakikilahok sa ating mga halalan.

Iyan ang dahilan kung bakit halos kalahati ng mga lagda upang maisama ang Proposisyon 39 sa balota ay nagmula sa mga botanteng Demokratiko at Independiyente, at ipinapakita ng mga survey ang malawak na suportang higit sa mayorya sa lahat ng partidong pampulitika para sa ID ng Botante.

PINANANATILI NG PROPOSISYON 39 NA MADALING MAKABOTO AT GINAGARANTIYAHAN ANG LIBRENG ID NG BOTANTE

Pinananatili ng Proposisyon 39 ang mga balota sa pamamagitan ng koreo, pinalawig na oras ng botohan, at lahat ng iba pang kaginhawahan para sa madaling pagboto.

Maaaring gumamit ang mga botante ng iba't ibang madaling makuha ID na inisyu ng pamahalaan upang bumoto—at ginagarantiyahan pa ng panukalang ito ang isang LIBRENG ID ng Botante para sa bawat botante kung gusto nila nito.

Kasalukuyang gumagamit ang California ng mabagal na proseso upang suriin ang mga lagda sa mga balota sa pamamagitan ng koreo na hindi lamang nagpapabagal sa mga resulta ng halalan kundi naglalagay din sa panganib na hindi mabilang ang iyong boto kung matukoy na hindi tumutugma ang iyong lagda. Maraming botante ang nagsasabing hindi nila palaging maalala kung paano nila nilagda ang kanilang pangalan ilang taon na ang nakalipas noong una silang nagparehistro upang bumoto. Sa nakaraang halalan, mahigit 100,000 balota ang tinanggihan dahil sa hindi pagtutugma ng mga lagda—at mahigit 200,000 botante ang dumanas ng abala para lamang mabilang ang kanilang boto.

PINAPATAAS NG ID NG BOTANTE ANG PAKIKILAHOK

Hindi pinipigilan ng ID ng Botante ang pagboto—sa katunayan, pinapataas nito ang pakikilahok ng mga botante. Ang bawat estado na may mga batas sa ID ng Botante at libreng pagkakakilanlan para sa mga karapat-dapat na botanteng hindi kayang bumili o makakuha ng pagkakakilanlan ay nakakita ng pagtaas sa pagboto. Nangyayari ang pagsupil at mas mababang turnout kapag walang tiwala at

kumpiyansa ang mga botante sa integridad ng proseso. Binibigyan ng ID ng Botante ang lahat ng botante ng dahilan upang magtiwala na mahalaga ang kanilang boto.

KASAMA SA PROPOSISYON 39 ANG MGA PAG-AUDIT AT BERIPIKASYON NG PAGKAMAMAMAYAN

Pinanangot ng Proposisyon 39 ang mga opisyal ng halalan sa pagpapanatiling tumpak at napapanahon ng mga talaan ng botante ng California. Inaatasan din ang mga opisyal ng halalan na suriin ang mga talaan ng botante upang matiyak na mga mamamayan lamang ang nakarehistro. Inaatasan ng Proposisyon 39 na magsagawa ng isang independiyenteng pag-audit bawat dalawang taon upang mabigyan ang publiko ng kumpiyansang nararapat nito sa paraan ng pagsasagawa ng ating mga halalan.

OO SA PROPOSISYON 39: PARA SA ISANG WALANG-PARTIDONG SOLUSYON SA ID NG BOTANTE

Desperadong sinusubukan ng mga pulitiko at partidistang organisasyong tumututol sa Proposisyon 39 na ipasok ang nakalalasong pagkiling sa partido sa debateng ito. Iyan ay dahil nakikinabang sila sa mga walang batayang teorya ng sabwatan tungkol sa halalan at sa mabilis na pagbaba ng tiwala sa ating mga halalan.

Sa kabilang banda, kabilang sa mga tagasuporta ng Proposisyon 39 ang malalaking mayorya ng mga botanteng Demokratiko, Republikano, at Independiyente at isang magkakaibang koalisyon kabilang ang Latino American Political Association, California Women's Leadership Association, Howard Jarvis Taxpayers Association, the Transparency Foundation, at mga pinagkakatiwalaang organisasyon para sa mga karapatan sa pagboto.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 39 upang lumikha ng isang pambansang modelo para sa pagpapatupad ng ID ng Botante sa paraang may suporta ng magkabilang partido.

Margit Whitlock, Tagapangulo ng Koalisyon Demokratiko Mga Taga-California para sa ID ng Botante

Tafa Jefferson, Tagapangulo ng Koalisyon Republikano Mga Taga-California para sa ID ng Botante

Joe Green, Tagapangulo ng Koalisyon Independiyente Mga Taga-California para sa ID ng Botante

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 39 ★

HINDI sa PROPOSISYON 39—Pigilan si Trump sa pandaraya sa ating mga halalan. *Huwag maniwala sa mga kasinungalingan.* Pinapahirap, pinapagastos nang HIGIT, AT GINAGAWANG HINDI GAANONG LIGTAS PARA SA MGA TAGA-California ANG PAGBOTO ng Proposisyon 39.

PINOPONDOHAN ANG PROPOSISYON 39 NG MGA BILYONARYONG MAKA-KANANG MAGA. Sundan ang pera. Gumastos ang mga bilyonaryong MAGA ng milyun-milyon sa pagpapalaganap ng mga kasinungalingan tungkol sa halalan. Itinulak ng mga operatiba ng Republikano ang adyendang ito ng pagsupil sa botante sa loob ng maraming taon. Gusto nilang magkaroon si Trump ng walang limitasyong kapangyarihan upang makakuha sila ng mas maraming bawas sa buwis para sa mayayaman habang binabawasan ang pagpopondo para sa pangangalagang pangkalusugan at mga paaralan para sa ating lahat.

Bineberipika na ng mga opisyal ng halalan ng California ang mga botante. Nagdaragdag lamang ang Proposisyon 39 ng MGA KARAGDAGANG HADLANG PARA SA mga mamamayan. HINDI NAGSINUNGALING ANG MGA KATOTOHANAN. Nang subukan ito ng Texas, 12 beses na mas maraming balota sa pamamagitan ng koreo ang itinaon nila kaysa sa California.

Lumilikha ang Proposisyon 39 ng mga bagong banta ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Walang mamamayan ang dapat mapilitang

pumili sa pagitan ng kanilang pagkapribado at kanilang karapatang bumoto.

Napag-alaman ng walang-partidong Tanggapan ng Pambatasang Manunuri na maaaring umabot sa daan-DAANG MILYON BAWAT TAON ANG GASTOS ng Proposisyon 39—basahin ito mismo. Gusto ng mga ekstremistang MAGA na gamitin ang iyong mga dolyar na buwis upang bilhan si Trump ng mamahaling regalo: harangan ang mga karapat-dapat na botante at bigyan ng panalo ang Malaking Kasinungalingan sa California. Hindi tayo magpapaloko rito.

SINISIKAP NG PROPOSISYON 39 NA GAMBALAIN TAYO mula sa kung paano nabigo si Trump at ang kanyang mga kaibigang bilyonaryo sa mga Amerikano. Nagsasara ang mga ospital. Naghihintay pa rin ng tulong ang mga biktima ng sunog. Mas mahal ang mga grocery at pabahay kaysa kailanman. Ngayon, gusto nilang gamitin ang Proposisyon 39 upang kontrolin ang ating mga halalan at iwasan ang pananagutan.

WALANG MGA HARI. WALANG MGA KASINUNGALINGAN. WALANG PROPOSISYON 39.

Alex Padilla, Senador ng U.S. para sa California

Catherine Kennedy, Presidente Asosasyon ng mga Nars ng California

Adam Weinberger, Presidente Kapisanan ng mga Empleyado ng Paaralan ng California

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 39 ★

BUMOTO NG HINDI. Nagsisinungaling si Donald Trump tungkol sa mga halalan at ginagamit ang mga kasinungalingang iyon upang mang-agaw ng kapangyarihan.

PIGILAN ANG PAG-AAGAW NI TRUMP NG KAPANGYARIHAN. Gusto ni Trump ng paghihiganti laban sa California—ipinagpaliban niya ang tulong para sa mga wildfire sa LA, binawi ang mga batas upang mapanatiling malinis ang ating hangin at tubig, at patuloy na inaatake ang ating mga kaibigan at kapitbahay na imigrante. Ngayon, gusto niyang bawiin ang ating mga kalayaan at demokrasya sa pamamagitan ng Proposisyon 39.

Gusto ng mga kasapakat ni Trump na dayain ang mga halalan sa California upang maagaw at mapanatili nila ang kontrol sa Kongreso at White House. Gagawin ni Trump ang lahat ng makakaya niya upang wasakin ang ating karapatang bumoto, iwasan ang pananagutan, at kumapit sa awtoritaryang kapangyarihan.

HINDI MAGPAPALOKO ANG MGA TAGA-CALIFORNIA. May pagkakataon tayong lumaban at pigilan si Trump sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI sa Proposisyon 39. Huwag hayaang maging susunod na estado ng California kung saan pinipili ng mga pulitiko kung aling mga boto ng botante ang bibilangin.

NAGSASAYANG NG DAAN-DAANG MILYONG DOLYAR. Gusto ni Trump at ng kanyang mga kasabwat na gumastos ang California ng daan-daang milyong dolyar upang habulin ang kanilang mga kasinungalingan at teorya ng sabwatan tungkol sa halalan. Nahirirapan ang mga taga-California, at gusto ni Trump na IKAW ang magbayad para sa kanyang mga sabwatan.

NAGLALAGAY SA PANGANIB NG IYONG PAGKAKAKILANLAN. Aatasan ng Proposisyon 39 ang bawat botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo na isama ang kanilang personal na mga detalye sa kanilang sobre ng pagbabalik—na gagawing madaling target ang mga botante para sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Mapipilitan ang mga botante na pumili sa pagitan ng pagboto at pagprotekta sa kanilang pagkapribado.

HINAHADLANGAN ANG MGA MAMAMAYAN SA PAGBOTO. Nagdaragdag ang Proposisyon 39 ng mga bagong hadlang—

kailangang isama ng mga botante ang isang personal na numero ng ID sa kanilang sobre ng balota na kailangang eksaktong tumugma sa mga talaan ng estado. Kung magkamali ka ng isang digit, maaaring itapon ang isang balidong balota. Kung hindi ka gagawa ng karagdagang mga hakbang upang sabihin sa mga opisyal kung aling ID ang gusto mong gamitin para sa pagboto—maaaring hindi ka makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo. At kung hindi napapanahon ang address sa iyong ID o mali ang baybay ng iyong pangalan—maaaring tanggiin ang iyong boto.

ITINATABOY ANG MGA BOTANTE. Hindi libre ang mga “libreng” ID ng estado: nagbabayad pa rin ang mga botante para sa transportasyon, oras na hindi makapagtrabaho, at mga gastusin tulad ng pangangalaga sa bata o pagkuha ng mga kinakailangang dokumento. Pinakamalubhang tatamaan ang mga nakatatanda, estudyante, manggagawang mababa ang kita, mga botanteng may kulay, at milyun-milyong babaeng nagpalit ng kanilang mga pangalan nang ikasal. Tinutulungan ng mga hindi makatarungang hadlang na ito ang mga pulitiko na piliin ang kanilang mga botante sa halip na ang kabaligtaran.

NAGSISINUNGALING SI TRUMP UPANG UMAGAW NG KAPANGYARIHAN. HUWAG HAYAANG AGWIN NG MGA KASINUNGALINGANG IYON ANG IYONG BOTO.

PROTEKTAHAN ANG IYONG TINIG. PROTEKTAHAN ANG IYONG BOTO. BUMOTO NG HINDI.

Matuto nang higit pa sa CAforVotingRights.org

David Trujillo, Ehekutibong Direktor
ACLU California Action

Darius Kemp, Direktor ng Estado ng California
Karaniwang Adhikain

Lorrel Plimier, Kapwa Presidente
Liga ng mga Babaeng Botante ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 39 ★

ANG PROPOSISYON 39 AY MAY SUPORTA NG MAGKABILANG PARTIDO—HINDI TUNGKOL KAY DONALD TRUMP O GAVIN NEWSOM

Nagbibigay ang Proposisyon 39 sa California ng isang solusyong may suporta ng magkabilang partido para sa seguridad ng halalan. Habang nagtatalo ang mga pulitiko sa D.C. tungkol sa partidistang kontrol sa mga halalan, maaaring gamitin ng mga taga-California ang sarili nating solusyon: ID ng Botante. Igigiit ng mga kalaban na ang panukalang ito ay tungkol kay Donald Trump o Gavin Newsom. Hindi ito ganoon. Ang Proposisyon 39 ay isang solusyon ng California sa lumalaking kawalan ng tiwala sa ating mga halalan. Hinihikayat kayo ng mga Demokratiko, Republikano, at Walang Partido na tanggiin ang mga paratang na partidista na may malaking pera sa likod at bumoto ng oo sa Proposisyon 39 upang hikayatin ang pakikilahok ng mga botante at protektahan ang ating mga halalan.

PINAGAGANDA NG PROPOSISYON 39 ANG PAMAMAHALA SA HALALAN

Pinagaganda ng Proposisyon 39 ang katumpakan ng ating mga talaan ng botante at inaatasan ang mga independiyenteng pag-audit upang palakasin ang pamamahala sa halalan.

PINAPATAAS NG ID NG BOTANTE ANG TIWALA SA MGA HALALAN

Ang mga estadong may mga batas sa ID ng botante ay hindi nakaranas ng pagbaba sa pakikilahok ng mga botante. Kapag nagtiwala ang mga botante sa mga halalan, tumataas ang pakikilahok.

OO SA PROPOSISYON 39

Igigiit ng mga kalaban na tungkol ito sa pambansang pulitika o na pinipigilan ng ID ng Botante ang mga botante. Huwag magpaloko. Sinusuportahan ang Proposisyon 39 ng mga Demokratiko, Republikano, at Walang Partido, gayundin ng mga lalaki, babae, bata, at matatanda—mga taga-California mula sa maraming komunidad.

Kung naniniwala kang dapat palakasin ng California ang tiwala sa mga halalan habang pinananatiling madaling makaboto ang mga karapat-dapat na botante, bumoto ng OO sa Proposisyon 39 para sa isang malinis at may suporta ng magkabilang partido na solusyon ng California.

Johnathan Hale, Ehekutibong Direktor
The Transparency Foundation

Cynthia Kauri, Ehekutibong Direktor
California Women’s Leadership Association

Ed Cervantes, Presidente
Latino American Political Association

PROPOSISYON **40** NAGPAPATAW NG ISANG BESES NA BUWIS SA ILANG PARTIKULAR NA NAGBABAYAD NG BUWIS. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA AT BATAS SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 134 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Nagpapataw ng isang beses na buwis na hanggang 5% sa ilang partikular na nagbabayad ng buwis na may mga saklaw na nga ari-arian na higit sa \$1 bilyon; kasama sa mga saklaw na asset ang mga negosyo, security, sining, kinokolekta, at intelektuwal nga ari-arian, pero hindi kasama ang tunay na ari-arian at ilang pensyon at account sa pagreretiro.
- Inilalaan ang 90% ng mga kita sa buwis na ito para sa pangangalagang pangkalusugan, 10% para sa mga programa ng tulong sa pagkain o programang may kaugnayan sa edukasyon; ipinagbabawal ang paggamit ng mga kita para palitan ang kasalukuyang pagpopondo para sa mga layuning ito.
- Pinapatawan ng eksemphsyon ang mga

nasabing kita sa buwis mula sa mga konstitusyonal na kinakailangan para sa pagpopondo ng paaralan, mga reserba sa badyet, at limitasyon sa paggastos ng estado.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Pansamantalang pagtaas ng kita ng estado mula sa bagong buwis sa kayamanan sa mga bilyonaryo. Ang mga kita sa buwis sa kayamanan na ito marahil ay magdaragdag ng bilyon-bilyong dolyar nakapamahagi sa ilang taon.
- Posibleng patuloy na pagbaba na mas mababa sa \$1 bilyon bawat taon sa kita mula sa buwis sa kita ng estado mula sa mga bilyonaryo.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Ang California ay Tahanan ng Maraming Bilyonaryo. Marami sa pinakamayayamang tao sa mundo ay nakatira sa California. Ang yaman ay ang halaga ng lahat ng bagay na pagmamay-ari ng isang tao. Ang yaman ay naiiba sa kita, na siyang halagang kinikita ng isang tao sa isang takdang panahon, gaya ng isang taon. Ang yaman ng isang tao ay karaniwang sinusukat batay sa kanyang netong halaga. Ang netong halaga ng isang tao ay ang halaga ng lahat ng bagay na pagmamay-ari niya, gaya ng mga stock, negosyo, o iba pang pamumuhunan, na ibinawas ang kanyang mga utang. Ang California ay tahanan ng ilang daang taong may netong halagang mahigit \$1 bilyon, na madalas tawaging mga bilyonaryo. Marami sa mga bilyonaryong ito ang nagkaroon ng kanilang yaman bilang mga ehekutibo o investor sa mga kompanya ng teknolohiya sa California.

Ang Pangangalagang Pangkalusugan ay Isang Malaking Kategorya ng Paggastos ng Estado. Ang pamahalaan ng estado at pederal na pamahalaan ay gumagastos ng mahigit \$200 bilyon bawat taon sa mga programa sa

pangangalagang pangkalusugan ng estado. Karamihan sa paggastos ng estado sa pangangalagang pangkalusugan ay para sa Medi-Cal, ang programa ng segurong pangkalusugan ng estado para sa mga taong mababa ang kita. Sinusuportahan din ng paggastos ng estado ang mga programa sa pampublikong kalusugan, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at paggamot sa droga at alkohol.

MUNGKAHI

Nagtatakda ng Isang Beses na Buwis sa Yaman sa mga Bilyonaryo. Sa ilalim ng Proposisyon 40, ang mga bilyonaryong residente ng California noong Enero 1, 2026 ay kailangang magbayad ng isang beses na buwis ng estado na katumbas ng 5 porsiyento ng kanilang netong halaga. Ang buwis ay dapat bayaran sa 2027. Magkakaroong ng opsiyon ang mga nagbabayad ng buwis na hatiin ang mga bayad sa loob ng limang taon ngunit kailangan nilang magbayad nang higit pa upang gawin ito. Karaniwang hindi isasama sa buwis ang real estate, mga pensiyon, at mga retirement account.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Mga Posibleng Pakikipag-ugnayan sa Iba Pang mga Proposisyon

Kung ang Proposisyon 41 o 42 sa parehong balotang ito ay makatanggap ng mas maraming boto ng “oo” kaysa sa Proposisyon 40, maaaring mapigilan ang Proposisyon 40 na maging batas kahit makatanggap ito ng mga boto mula sa mayorya ng mga botante. Ito ay dahil maaaring matukoy ng mga hukuman na sumasalungat ang Proposisyon 41 o 42 sa Proposisyon 40.

Karamihan sa Pera ay Dapat Gastusin sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ang estado ang magpapasya kung kailan at paano gagastusin ang pera mula sa buwis sa yaman, ngunit kailangan itong gastusin sa ilang partikular na uri ng serbisyo. Siyamnapung porsiyento ng pera ay kailangang gastusin sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa publiko. Ang natitirang pera ay kailangang gastusin sa edukasyon, tulong sa pagkain, at pangangasiwa ng buwis sa yaman. Ang mga umiiral na tuntunin sa Konstitusyon ng Estado na naglilimita sa paggastos at nag-aatas sa estado na gumastos ng isang partikular na halaga sa mga paaralan at kolehiyong pangkomunidad ay hindi mailalapat sa perang ito.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Pansamantalang Pagtaas ng Kita ng Estado mula sa Buwis sa Yaman. Malamang na mangolekta ang estado ng sampu-sampung bilyong dolyar mula sa buwis sa yaman. Ang pansamantalang pagtaas na ito sa mga nakolektang buwis ng estado ay kakalat sa loob ng ilang taon. Napakahirap hulaan kung kailan at magkano mismo ang makokolekta ng estado dahil sa maraming dahilan. Halimbawa, mahirap malaman kung anong mga hakbang ang gagawin ng mga bilyonaryo upang mabawasan ang halaga ng buwis na kanilang babayaran. Gayundin, malaking bahagi ng yaman ay nakabatay sa mga presyo ng stock, na patuloy na nagbabago.

Posibleng Patuloy na Pagbaba ng Kita ng Estado mula sa Buwis sa Kita. Ang mga bilyonaryo sa California, tulad ng lahat ng kumikita ng pera sa estado, ay kasalukuyang nagbabayad

ng mga buwis ng estado sa kanilang taunang kita. Maaaring tumugon ang mga bilyonaryo sa isang bagong buwis sa yaman sa mga paraang magbabawas sa kanilang mga bayad sa buwis sa kita. Halimbawa, maaaring magpasya ang ilang bilyonaryo na umalis sa California. Mawawala rin ang mga buwis sa kita na kasalukuyan nilang binabayaran sa estado. Malamang na mababawasan ng mga tugon na ito ang kita ng estado nang mas mababa sa \$1 bilyon bawat taon. Maaaring mangahulugan ito ng mas kaunting pera para sa Pangkalahatang Pondo ng estado, na siyang account na nagbabayad para sa karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.

Mga Gastos ng Estado sa Pangangasiwa ng Buwis sa Yaman. Magkakaroon ang estado ng mga gastos upang matukoy kung magkano ang dapat bayarang buwis sa yaman at upang mangolekta ng mga bayad sa buwis. Maaaring umabot ang mga gastos na ito sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon sa loob ng ilang taon. Ang mga gastos na ito ay babayaran mula sa mga bagong kita mula sa buwis sa yaman.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

40

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 40 ★

OO SA PROPOSISYON 40 UPANG BUWISAN ANG MGA BILYONARYO

Binawasan ng “Big, Ugly Bill” ni Trump ang pagpopondo para sa pangangalagang pangkalusugan sa California upang pondohan ang mas maraming bawas sa buwis para sa mga bilyonaryo, na nag-aalis ng coverage para sa mahigit isang milyong taga-California at nagdodoble sa mga premium sa health insurance para sa milyun-milyon pa. Bumoto ng OO sa Proposisyon 40 upang sa wakas ay bayaran ng mga bilyonaryo ang kanilang makatarungang bahagi ng mga buwis at itigil ang pagpapabayad ng gastusin sa gitnang uri.

PONDOHAN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, HINDI ANG MGA BAWAS SA BUWIS PARA SA MGA BILYONARYO

Pinagbabayad ng Proposisyon 40 ang humigit-kumulang 200 bilyonaryo sa California ng katamtaman, minsanang buwis sa kanilang pandaigdigang yaman upang mapanatiling bukas ang mga lokal na ospital at ER at mapanatiling abot-kaya ang pangangalagang pangkalusugan para sa milyun-milyong taga-California.

Makalilikom ito ng humigit-kumulang \$100 bilyon upang palitan ang pagpopondong kinuha ni Trump at ng kanyang mga bilyonaryong donor mula sa mga manggagawa upang dagdagan ang kanilang sariling yaman. Ang mga pondo ay mapupunta sa pangangalagang medikal na nagliligtas ng buhay para sa mga nakatatanda, beterano, at pamilya. Magbibigay-daan ito sa milyun-milyong taga-California na mapanatili ang kanilang health insurance at hindi makita ang kanilang mga premium na biglang tumaas. Pipigilan nito ang malawakang pagtanggap sa trabaho ng mga guro sa ating mga pampublikong paaralan at mapananatiling may pagkain ang mga bata sa pamamagitan ng mga programa ng tulong sa pagkain.

DAPAT BAYARAN NG MGA BILYONARYO ANG KANILANG MAKATARUNGANG BAHAGI

Binabayaran mo ang iyong mga buwis mula sa bawat suweldo, ngunit mas mababang mga rate ang binabayaran ng mga bilyonaryo kaysa sa mga pamilyang nagtatrabaho. Iginiit nilang magbayad nang mas kaunti, kahit patuloy silang nakakakuha ng mas malalaki at mas malalaking bawas sa buwis.

Nagpapatupad ang Proposisyon 40 ng isang minsanang buwis na BABAYARAN LAMANG ng mga taga-California na nagkakahalaga ng higit sa \$1 bilyon, isang maliit na grupo ng mga tao na sama-samang nagmamay-ari ng \$2 trilyon na yaman—na ang karamihan ay hindi kailanman bubuwisan dahil sa mga butas sa batas na pumapabor sa mga napakayaman.

Naipon ng mga bilyonaryo ang kanilang napakalaking yaman sa kapinsalaan ng gitnang uri, at mayroon tayong pagkakataong pagbayarin sila ng kanilang makatarungang bahagi upang HINDI TAYO ang mapilitang magbayad nang higit para sa pangangalagang pangkalusugan.

SINUSUPOORTAHAN NI BERNIE SANDERS ANG PROPOSISYON 40

Lubos na sinusupoortahan ni U.S. Senator Bernie Sanders ang pagboto ng OO sa Proposisyon 40, kahit pinoprotektahan ng ilang pulitiko sa Sacramento ang mga bilyonaryo sa halip na ang mga manggagawa.

“Ang ideya na sinasabi [ng mga bilyonaryo] na ayos lang na mamatay ang mga bata, na hindi makuha ng mga tao ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila, na parurusahan nila ang mga taga-California—ito ay kasuklam-suklam.”

—U.S. Senator Bernie Sanders

HUWAG MANIWALA SA MGA KASINUNGALINGAN NG MGA BILYONARYO

Isang maliit na grupo ng mga bilyonaryong walang prinsipyo ang nagpapakalat ng mga kasinungalingan tungkol sa Proposisyon 40 dahil gusto nilang ang mga manggagawa ang magbayad para sa kanilang mga bawas sa buwis.

Ang yaman ni Sergey Brin, tagapagtagatag ng Google at donor ni Trump, ay DUMOBLE sa halos \$300 bilyon mula nang mahalal si Trump. Ngayon ay gumastos na siya ng mahigit \$57 milyon upang tutulan ang Proposisyon 40. Mas gugustuhin niyang mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong taga-California kaysa bayaran ang kanyang makatarungang bahagi ng mga buwis.

Bumili at nagbayad ang mga bilyonaryo tulad ni Brin para sa ilang tiwaling pulitiko at lider ng organisasyon upang tutulan din ang Proposisyon 40—ngunit sinusupoortahan ito ng mga tunay na guro, manggagawa ng Planned Parenthood, nars, at miyembro ng unyon. Ang mga tumututol sa Proposisyon 40 ay hindi naglahad ng anumang praktikal na solusyon upang palitan ang pagpopondong kinuha ni Trump mula sa atin.

Siyempre, ayaw ng mga bilyonaryo at kanilang mga sunud-sunuran ng buwis sa mga bilyonaryo, ngunit dapat mo itong gustuhin—dahil kailangang may magbayad, at sapat na ang ibinabayad ng mga manggagawa para sa pangangalagang pangkalusugan.

MAGLIGTAS NG BUHAY. BUWISAN ANG MGA BILYONARYO.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
SEIU-United Healthcare Workers West

Victoria Barron, Espesyalista sa Pag-aksess ng Pasyente
Planned Parenthood of Pacific Southwest

Denise Robb, Ph.D., Miyembro ng American Federation of Teachers Local 1521
Los Angeles College Faculty Guild

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 40 ★

ANG MGA PINUNO NG EDUKASYON, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAMPUBLIKONG KALIGTASAN, PAGGAWA AT NEGOSYO NG CALIFORNIA AY PAWANG TUMUTUTOL SA MAY DEPEKTONG ISKEMA NG BUWIS NG PROPOSISYON 40

Ang Proposisyon 40 ay isang may depektong iskema ng buwis na makapinpisala sa ating estado habang ang mga nagbabayad ng buwis ang sasagot sa halaga.

Narito ang kung bakit tinututulan ng isang malawak na koalisyong mga guro, doktor, klinika, ospital, bumbero, nagbabayad ng buwis, unyon ng mga manggagawang blue-collar, negosyo, Demokratiko at Republikano ng California ang 40:

- Hindi pupunan ng Proposisyon 40 ang anumang kakulangan sa pagpopondo—GAGASTUSIN NITO ANG CALIFORNIA NG \$25 BILYON sa nawalang kita para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan.
- Hindi aayusin ng Proposisyon 40 ang pangangalagang pangkalusugan o babawasan ang mga gastos para sa mga consumer—isa itong blangkong tseke na NAGPAPAHINTULOT SA LEHISLATURA NA MAGBIGAY NG BILYON-BILYONG DOLYAR SA MGA KUMPANYA NG SEGURONG PANGKALUSUGAN, nang walang garantiya na makatatanggap ng kahit isang sentimo ang mga pamilyang nahihirapan upang tulongan sila sa mataas na mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.
- Hindi makatutulong ang Proposisyon 40 sa mga paaralan: hindi nito isinasailalim ang sarili nito sa mga proteksiyong inaprubahan ng mga botante ng California para sa pagpopondo ng mga paaralan. Dahil dito, KINAKAPOS ANG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NG \$3 BILYON TAON-TAON.

- Hindi nilulutas ng Proposisyon 40 ang hindi pagkakapantay-pantay sa California. Itinutalak lamang nito palabas ang mga kumpanyang at matagumpay na residente na nagpapatakbo sa ekonomiya, mga trabaho at base ng buwis ng California—PINIPILIT ANG IBANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NA PUNAN ANG PAGKAKAIBA.

At higit pa: alam ng mga ekonomistang Pranses at ng nag-iisang grupong nasa likod ng Proposisyon 40 na mauubos ang pera mula sa kanilang may depektong minsanang buwis, kaya isinama nila ang isang butas sa batas na nagpapahintulot sa Lehislatura na palawakin ang buwis nang walang boto ng mga tao.

Walang pananagutan o pangangasiwa ang Proposisyon 40, at walang mga pananggalang upang matiyak na gagastusin ang pera ayon sa nilalayan.

Kailangan ng California ng matatag at may pananagutang kita upang pondohan ang ating mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan—HINDI ANG PROPOSISYON 40.

Alamin ang mga katotohanan at bumoto ng hindi sa Proposisyon 40.

April O'Connor, Guro
California Teachers Association

Rob Gutierrez, Presidente
California Taxpayers Association (CalTax)

Chris Hannan, Presidente
State Building and Construction Trades Council of California

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 40 ★

Hindi sa 40—ANG MAY DEPEKTONG “EKSPERIMENTO” SA BUWIS SA YAMAN AY NAKAPIPINSALA SA LAHAT NG TAGA-CALIFORNIA

Ang Proposisyon 40 ay isang hindi maayos na idinisenyong iskema ng buwis na makapipinsala sa ating ekonomiya at gagastos sa badyet ng ating estado ng bilyun-bilyong dolyar—nang walang anumang magagawa upang mabawasan ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California.

Ang panukalang ito ay isang minsanang buwis na nagbibigay lamang ng pansamantalang mga pondo. Kapag naubos ang pera, babalik ang mga pulitiko na may isa na namang buwis.

GAGASTUSIN NG PROPOSISYON 40 ANG CALIFORNIA NG \$25 BILYON SA NAWALANG KITA PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, EDUKASYON

Natuklasan ng isang pag-aaral ng mga ekonomista sa Stanford University na gagastusan ang California ng \$25 bilyon ng buwis habang itinutulak ng buwis ang mga kumpanya at mayayamang residente palabas ng estado.

Lumilikha ang mga residenteng ito ng mga bagong negosyo, nagpapalago sa ating ekonomiya at nagbabayad na ng halos kalahati ng mga buwis sa kita na nagpopondo sa mga programa ng estado. Kung aalis sila, lilikha ito ng malaking butas sa ating badyet, na magbabanta sa mga pangunahing serbisyo tulad ng edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan o pipilitin ang ibang mga nagbabayad ng buwis na punan ang pagkakaiba.

TUMUTUTOL ANG MGA DOKTOR, OSPITAL AT KLINIKA NG CALIFORNIA SA PROPOSISYON 40 dahil malalagay sa panganib ng nawalang pagpopondo ang access ng mga pasyente sa pangangalagang pangkalusugan.

“Hindi natutugunan ng Proposisyon 40 ang pangangailangan para sa matatag na pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapalala ng Proposisyon 40 ang sitwasyon.”—Jodi Hicks, Presidente at CEO, Planned Parenthood Affiliates of California

ISINULAT ANG PROPOSISYON 40 UPANG BIGYAN ANG MGA PULITIKO NG BAGONG KAPANGYARIHAN NA PALAWAKIN ANG BUWIS

Hindi lamang “buwis sa mga bilyonaryo” ang Proposisyon 40. Isinulat ito ng mga espesyal na interes na nasa likod ng panukala upang bigyan ang Lehislatura ng Estado ng kapangyarihang amyendahan ang panukala—nang walang pagpapatibay ng botante.

Natuklasan ng independiyenteng legal na pagsusuri na binubuksan ng Proposisyon 40 ang posibilidad na palawakin ang buwis sa mga ari-arian ng LAHAT ng taga-California—sa iyong ipon, equity sa bahay at maging sa mga pondo sa pagreretiro. www.ReadItForYourself.org

BINUBUWISAN NG PROPOSISYON 40 ANG MGA ACCOUNT SA PAGRERETIRO SA UNANG PAGKAKATAON

Ang Proposisyon 40 ang magiging unang panukala sa kasaysayan ng California na bubuwis sa mga account sa pagreretiro—isang mapanganib na precedent. Kung maipapasa ito, hindi maiiwasang palalawakin ito upang buwisan ang ipon sa pagreretiro ng mas maraming taga-California.

ANG PROPOSISYON 40 AY RESETA PARA SA MAS MARAMING WALANG-KAPAKINGANG PAGGASTOS

Tumaas ng 79% ang paggasta ng pamahalaan ng estado mula noong 2019, nang hindi naghahatid ng mas mabubuting resulta sa mahahalagang isyu tulad ng krimen, pabahay at kawalan ng tirahan. Ngunit walang mga probisyon ang Proposisyon 40 para sa pananagutan, transparency o pangangasiwa upang matiyak na gagastusin ang mga pondo ayon sa nilalayan.

Sa halip, ang Proposisyon 40: • Hindi nito isinasailalim ang sarili nito sa mga proteksiyong konstitusyonal para sa mga paaralan na inaprubahan ng mga botante, na nagkukulang sa mga silid-aralan ng mahigit \$3 bilyon taun-taon. www.ProtectCaliforniaSchools.org • Hindi nito isinasailalim ang sarili nito sa limitasyon sa paggasta ng estado na inaprubahan ng mga botante, kabilang ang kinakailangan nito na ibalik sa mga nagbabayad ng buwis ang mga sobrang kita. • Wala itong kasamang mga pananggalang upang pigilan ang bilyun-bilyong dolyar na direktang mapunta sa mga kumpanya ng health insurance at mga CEO. INAAMIN NG MGA MAY-AKDA NA ANG MINSANANG BUWIS AY ISANG EKSPERIMENTO

Ang mga ekonomistang Pranses na kapwa may-akda ng Proposisyon 40 ay hindi matagumpay na nagmungkahi ng mga buwis sa yaman sa France at European Union na tinanggihan dahil sa mga pang-ekonomiyang alalahanin. Tinatawag nila ang Proposisyon 40 na “isang eksperimento” na maaaring magbunga nang masama ngunit sinasabing “ang California ang mainam na lugar upang subukan ang kanilang ideya.”

Hindi natin dapat ipagsapalaran ang kinabukasan ng California sa isang magastos na pang-ekonomiyang eksperimento.

www.WhoWroteProp40.org

TINUTUTULAN ANG PROPOSISYON 40 NG PAGGAWA AT NEGOSYO, MGA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO, MGA GURO AT BUMBERO

Tinututulan ang Proposisyon 40 ni Gobernador Gavin Newsom, ng mga kandidatong Demokratiko at Republikano para sa gobernador, at ng mga sumusunod na organisasyon:

California Teachers Association, Planned Parenthood Affiliates of California, California Children’s Hospital Association, State Building and Construction Trades Council of California, California Conference of Carpenters, California Professional Firefighters, California Asian Pacific Chamber of Commerce, California Council for Affordable Housing, California Taxpayers Association, California Chamber of Commerce, California Hispanic Chambers of Commerce

Sumali sa amin at bumoto ng hindi sa may depektong iskema ng buwis na ito. Bisitahin ang www.VoteNoOn40.org para sa higit pang impormasyon.

René Bravo, M.D., Presidente
 California Medical Association

Francisco Silva, CEO
 California Primary Care Association

Dr. Debra Schade, Presidente
 California School Boards Association

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 40 ★

SURIIN NATIN ANG MGA KATOTOHANAN

1. Ang Proposisyon 40 ay isang buwis sa BILYONARYO. Hindi ito maaaring ilapat sa iba pa—ang mga manggagawa ay nagbabayad na ng higit sa kanilang makatarungang bahagi.

2. Ang Proposisyon 40 ay LILIKHA NG \$100 bilyon upang palitan ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan na binawasan ni Trump upang pondohan ang mga bawas sa buwis para sa mga bilyonaryo.

3. Ang mga bilyonaryo ay nagbabayad ng MAS MABABANG MGA RATE NG BUWIS kumpara sa ibinabayad ng mga pamilyang nagtatrabaho mula sa bawat suweldo.

HUWAG PAKINGGAN ANG MGA KASINUNGALINGAN NG MGA BILYONARYO

Ang mga bilyonaryong tumulong kay Trump na maipasa ang “Big, Beautiful Bill” ay gumastos ng milyun-milyon upang linlangin kang bumoto laban sa isang buwis sa mga bilyonaryo.

Huwag magpaloko. Ang mga pag-endorso at pag-aaral mula sa mga bilyonaryo ay nagkukubli ng katotohanan—isinasakatuparan nila ang adyenda ni Trump na nagpoprotekta sa mga bilyonaryo at nakapipinsala sa mga ordinaryong nagbabayad ng buwis.

SINUSUPPORTAHAN NG MGA TUNAY NA DOKTOR, NARS, GURO, AT MANGGAGAWA ANG PROPOSISYON 40

Habang kumampi ang ilang lider ng organisasyon at lobbyist sa mga bilyonaryo, ang mga manggagawang dapat nilang kinakatawan ay sumusuporta sa

Proposisyon 40 at hinihikayat kayong bumoto ng OO. Kabilang sa mga tagasuporta ang:

California Nurses Association, Representative Ro Khanna, Doctors with the Committee of Interns and Residents, SEIU, California League of United Latin American Citizens (LULAC), Clergy and Laity United for Economic Justice (CLUE) WALANG PLANO ANG MGA KALABAN NG PROPOSISYON 40 UPANG ILIGTAS ANG IYONG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang mga bilyonaryo at kanilang mga sunud-sunuran ay hindi naglahad ng ANUMANG praktikal na solusyon upang palitan ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan na kinuha ni Trump mula sa atin. Mas gugustuhin nilang maiwan ang gitnang uri na may mga saradong ospital at napakataas na gastos sa pangangalagang pangkalusugan kaysa bayaran ang kanilang makatarungang bahagi.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 40.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
 SEIU-United Healthcare Workers West

Victoria Barron, Espesyalista sa Pag-akses ng Pasyente
 Planned Parenthood of Pacific Southwest

Denise Robb, Ph.D., Miyembro ng American Federation of Teachers Local 1521
 Los Angeles College Faculty Guild

PROPOSISYON 41 IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO NA HINDI ISINASAMA ANG MGA KITA MULA SA LIMITASYON SA PAGGASTOS NG ESTADO. NANGANGAILANGAN NG MGA PAGSUSURI PARA SA MGA BAGONG ESPESYAL NA BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 147 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Ipinagbabawal ang anumang bagong buwis ng estado na nagpapataw ng eksempson sa kanilang mga kita mula sa limitasyon sa paggastos ng estado na inaprubahan ng mga botante noong 1979.
- Para sa mga espesyal na buwis sa buong estado, nangangailangan ng (1) mga pagsusuri bago ang halalan ng mga programang makakatanggap ng pagpopondo mula sa espesyal na buwis na ipinanukala ng botante, at (2) mga umuulit na mga pagsusuri ng mga programang pinondohan ng mga espesyal na buwis na pinatupad pagkatapos ng Enero 1, 2026.
- Isinasaad na ang iba pang panukalang inaprubahan ng botante na makikita sa parehong balota ay walang bisa kung sumasalungat iyon sa panukalang ito at makakatanggap ang panukalang ito ng mas maraming sang-ayon na boto.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Hindi alam na netong epekto sa pananalapi. Mas mataas na gastos para sa Tagasuri ng Estado ng California para magpatupad ng bagong isang beses at patuloy na mga kinakailangan sa mga pagsusuri ng mga programang pinondohan ng mga espesyal na buwis. Ang mga gastos na ito ay pangunahing babayaran mula sa mga bagong kitang nakolekta mula sa mga espesyal na buwis. Mga posibleng matitipid na nauugnay sa pagpatupad ng mga rekomendasyon mula sa mga pagsusuri.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Pangangasiwa ng mga Halalan. Pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ang mga halalan sa buong estado at inihahanda at ipinapadala sa koreo ang estado *Gabay sa Impormasyon ng Botante*(VIG).

Proseso ng Inisyatiba ng Botante. Maaaring magmungkahi ang mga mamamayan ng California ng mga batas ng estado at mga konstitusyonal na amyenda sa pamamagitan ng proseso ng inisyatiba sa buong estado. Nangongolekta ang mga tagasuporta ng isang inisyatiba ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante upang maging kuwalipikado ang kanilang inisyatiba para sa balota. Itinatakda ng batas ng estado kung ilang wastong lagda ang kailangang kolektahin ng mga tagasuporta upang maging kuwalipikado ang kanilang inisyatiba para sa balota. Inaabisuhan ng mga tagasuporta ang Kalihim ng Estado kapag nakalap na nila ang 25 porsiyento ng kinakailangang mga lagda.

Mga Espesyal na Buwis. Maaaring taasan ang mga buwis ng estado ng Lehislatura o ng mga botante. Kapag nilikha ang isang “espesyal na buwis,” ang kita mula sa buwis na iyon ay inilalaan sa isang partikular na layunin o programa. Halimbawa, ang ilang buwis sa gasolina ay maaari lamang gamitin upang bayaran ang mga pampublikong kalsada at iba pang programa sa transportasyon.

Opisina ng Tagasuri ng Estado ng California (Tagasuri ng Estado). Ang Tagasuri ng Estado ay isang independiyente at walang-partidong opisina sa pamahalaan ng estado. Sinusuri nito kung gaano kahusay na sinusunod ng mga pamahalaan ng estado at lokal ang batas, ginagamit ang pera, at pinatatakbo ang kanilang mga programa.

Ang mga pagsusuring ito ay tinatawag na mga pag-audit. Maaaring magbigay ang isang pag-audit ng mga rekomendasyon upang makatulong na mapabuti ang mga operasyon at kahusayan ng pamahalaan. Regular na isinasagawa ang ilang pag-audit sa paglipas ng panahon, habang ang iba ay ginagawa nang isang beses lamang.

MUNGKAHI

Inaatasan ang mga Minsanang Pag-audit Bago Lumitaw ang mga Espesyal na Buwis sa Balota sa Pamamagitan ng Proseso ng Inisyatiba ng Botante. Inaatasan ng Proposisyon 41 ang State Auditor na suriin ang bawat programa na tatanggap ng mga pondo mula sa isang bago o itinaas na espesyal na buwis na iminungkahi sa pamamagitan ng proseso ng inisyatiba ng botante. Isasagawa ang pag-audit na ito pagkatapos makolekta ng mga tagasuporta ang 25 porsiyento ng mga lagdang kinakailangan upang maging kuwalipikado ang isang panukala para sa balota, na bago malaman kung magiging kuwalipikado ang inisyatiba para sa balota. Tinutukoy ng Proposisyon 41 kung ano ang isasama ng Tagasuri ng Estado sa mga pag-audit na ito, kabilang ang pagtukoy ng mga paraan upang mabawasan ng 10 porsiyento ang taunang mga gastos ng isang programang isina-audit. Inaatasan ng Proposisyon 41 ang Tagasuri ng Estado na sumulat ng buod ng bawat pag-audit. Kung magiging kuwalipikado para sa balota ang isang iminungkahing inisyatiba ng botante na may espesyal na buwis, inaatasan ng Proposisyon 41 na isama ang buod ng Tagasuri ng Estado sa VIG. Kung aprubahan ng mga botante ang espesyal na buwis, babayaran mula sa mga kita ng bagong buwis ang gastos ng minsanang pag-audit.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Mga Posibleng Pakikipag-ugnayan sa Iba Pang mga Proposisyon

Kung ang Proposisyon 41 ay makatanggap ng mas maraming boto ng “oo” kaysa sa Proposisyon 40 sa parehong balotang ito, maaaring mapigilan ang Proposisyon 40 na maging batas kahit makatanggap ito ng mga boto ng “oo” mula sa mayorya ng mga botante. Ito ay dahil maaaring matukoy ng mga hukuman na sumasalungat ang Proposisyon 41 sa Proposisyon 40.

Mga Patuloy na Pag-audit ng mga Programang Tumatanggap ng mga Pondo Mula sa mga Bago o Itinaas na Espesyal na Buwis. Inaatasan din ng Proposisyon 41 ang Tagasuri ng Estado na pana-panahong suriin ang mga programang tumatanggap ng pagpopondo mula sa mga espesyal na buwis na nilikha o itinaas ng Lehislatura o ng mga botante pagkatapos ng Enero 1, 2026. Isasagawa ang mga patuloy na pag-audit na ito bawat apat na taon. Tinutukoy ng Proposisyon 41 kung ano ang isasama ng Tagasuri ng Estado sa mga pag-audit na ito, kabilang ang mga rekomendasyon upang mapabuti ang kahusayan ng programa. Tinutukoy ng Proposisyon 41 na babayaran ang mga gastos sa patuloy na gawaing ito gamit ang kita mula sa bagong buwis.

Limitasyon sa mga Apropryasyon ng Estado. Nililimitahan ng Konstitusyon ng Estado kung gaano karaming kita sa buwis ang maaaring gastusin ng estado bawat taon. Nalalapat ang limitasyon kapwa sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo at mga espesyal na buwis. Gayunman, hindi kasama sa limitasyong ito ang ilang uri ng paggasta, halimbawa, para sa imprastraktura. Sa ilalim ng Proposisyon 41, maaaring hindi maibukod sa limitasyon ang paggasta para sa bagong espesyal na buwis.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Tumaas na mga Gastos ng Tagasuri ng Estado, na Karamihan ay Binabayaran Mula sa mga Bagong Kita. Dadagdagan ng Proposisyon 41 ang mga gastos ng Tagasuri ng Estado sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong kinakailangan para sa mga minsanan at patuloy na pag-audit. Ang mga gastos ay nakadepende sa (1) bilang ng mga bago o itinaas na espesyal na buwis na iminungkahi at inaprubahan at (2) pagiging kumplikado ng mga programang isina-audit. Malamang na nasa saklaw na ilang milyong dolyar bawat taon ang mga gastos na ito ngunit tataas sa paglipas ng panahon. Ang mga gastos sa minsanan at patuloy na pag-audit na nauugnay sa mga espesyal na buwis na inaprubahan ng mga botante o ng Lehislatura ay babayaran mula sa mga kinolektang kita ng mga espesyal na buwis. Ang mga minsanang gastos sa pag-audit na nauugnay sa mga espesyal na buwis na sa huli ay hindi lumitaw sa balota o tinanggihan ng mga

botante ay babayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

Mas Mataas na mga Gastos sa Pag-imprenta at Pagpapadala sa Koreo ng VIG. Inaatasan ng Proposisyon 41 na lumitaw sa VIG ang buod ng pagsusuri ng Tagasuri ng Estado kapag lumitaw sa balota ang isang inisyatiba ng botante na may espesyal na buwis. Maaaring magdagdag ang mga buod ng pag-audit na ito ng ilang pahina sa VIG, na magpapataas sa mga gastos ng estado sa pag-iimprenta at pagpapadala sa koreo ng ilang daang libong dolyar bawat kuwalipikadong inisyatiba.

Posibleng Matitipid Kung Ipatutupad ang mga Rekomendasyon ng Tagasuri ng Estado. Inaatasan ng Proposisyon 41 ang Tagasuri ng Estado na gumawa ng mga rekomendasyon para sa mga programa upang mabawasan ang mga gastos o mapabuti ang kahusayan. Maaaring magresulta ang Proposisyon 41 sa mga matitipid o pinahusay na serbisyo kung ipatutupad ng mga gumagawa ng patakaran ang mga rekomendasyon ng Tagasuri ng Estado at mapatunayang epektibo ang mga rekomendasyong iyon. Ang anumang magreresultang matitipid ay nakadepende sa mga desisyon sa hinaharap at hindi pa alam.

Hindi Alam ang Netong Epekto. Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi ng Proposisyon 41 dahil nakadepende ito sa mga desisyong gagawin sa hinaharap ng mga botante, Lehislatura, at iba pang gumagawa ng patakaran.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 41 ★

NARARAPAT ANG MGA TAGA-CALIFORNIA NG MAS MAGAGANDANG RESULTA PARA SA ATING MGA DOLYAR NG BUWIS

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang Tagasuri ng Estado na magsagawa ng mga independiyenteng pampublikong pag-audit sa mga programang pinopondohan ng mga iminungkahing bagong buwis upang pataasin ang transparency at pananagutan at makamit ang mas magagandang resulta.

Nagbabayad ang mga taga-California ng ilan sa pinakamataas na buwis sa bansa—bukod pa sa ating mataas na halaga ng pamumuhay. Ngayong taon lamang, gagastos ang pamahalaan ng estado ng California ng mahigit \$350 bilyon—isang 79% na pagtaas sa paggasta mula noong 2019. Bilyun-bilyong dolyar ng ating mga buwis ang napunta sa mga programa ng estado tulad ng mga pagsisikap para sa kawalan ng tirahan, na napakakaunti ng naipakitang resulta.

Karapat-dapat tayong makatanggap ng mas mahusay na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, imprastruktura at iba pang serbisyo kapalit ng pinaghirapan nating pera na ibinabayad natin sa estado.

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang higit na pananagutan, transparency at masusubaybayang pag-unlad ng mga programang pinopondohan ng ating mga buwis, upang itigil natin ang pagpopondo sa kabiguan at simulan ang pagpopondo sa matagumpay na mga resulta.

Narito kung paano gumagana ang Proposisyon 41.

MGA PAMPUBLIKONG PAG-AUDIT UPANG MAGBIGAY NG PANANAGUTAN, TRANSPARENCY AT PANGANGASIWA

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang independiyenteng Tagasuri ng Estado na magsagawa ng mga pag-audit sa pagganap at pananalapi ng mga programang pinopondohan ng mga bagong panukalang buwis, at ilathala sa publiko ang mga resulta. Ang mga pag-audit ay dapat:

- Subaybayan ang lahat ng paggasta ng programa at tasahin kung nakakamit nito ang mga nilalayong resulta;
- Tukuyin kung may sapat na pangangasiwa at pananagutan ang mga programa;
- Tukuyin ang mga lugar ng pag-aaksaya, pandaraya at pang-aabuso;
- Magrekomenda kung paano maiwasan ang pag-aaksaya at pandaraya sa hinaharap at kung paano gagawing mas epektibo ang mga programa.

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang mga pag-audit bago bumoto sa mga buwis upang magbigay ng transparency sa mga botante, at patuloy na pag-audit sa mga programang pinopondohan ng mga inapubahang buwis upang matiyak ang pananagutan.

PROPOSISYON 41: INDEPENDIYENTE, PAMPUBLIKONG IMPORMASYON PARA SA MGA BOTANTE TUNGKOL SA MGA IMINUMUNGKAHING BUWIS

Bago tayo bumoto sa mga bagong buwis upang pondohan ang mga programa, dapat magkaroon ang mga botante ng access sa independiyenteng impormasyon tungkol sa kung paano pinamamahalaan ang mga programang iyon at kung talagang

nangangailangan ang mga ito ng higit pang pagpopondo. Sa ilalim ng Proposisyon 41, dapat ilathala sa publiko at sa Gabay sa Impormasyon ng Botante ang mga natuklasan ng Tagasuri—upang makagawa ang mga botante ng mga may sapat na kaalamang desisyon tungkol sa mga bagong buwis nang hindi kailangang umasa sa impormasyon mula sa mga espesyal na interes o pulitiko.

“Ang repormang ito na may sentido kumon at matagal nang hinihintay ay sa wakas magtatatag ng transparency at pananagutan sa paggasta ng estado—na titiyak na makakakuha ang mga taga-California ng mas mahusay na serbisyo ng pamahalaan kapalit ng mga buwis na binabayaran natin. Nagbibigay ito ng independiyente at pampublikong report card para sa paggasta ng pamahalaan, upang mas mahusay na gumana ang mga programa ng pamahalaan para sa lahat.”—Pat Fong Kushida, Presidente/CEO ng CalAsian Chamber of Commerce

PROPOSISYON 41: MAS MAGANDANG KASUNDUAN PARA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Hindi nagtataas ng mga buwis ang Proposisyon 41—pinoprotektahan nito ang mga interes ng mga nagbabayad ng buwis:

- Binabawasan ang pag-aaksaya at pandaraya na nagkakahalaga sa mga nagbabayad ng buwis ng California ng bilyun-bilyong dolyar nitong mga nakaraang taon;
- Inaatasan ang lahat ng buwis na sumunod sa limitasyon sa paggasta ng estado na inapubahang ng mga botante—kabilang ang kinakailangan nitong ibalik sa mga nagbabayad ng buwis ang mga sobrang kita.

Titiyak ng Proposisyon 41 na makakakuha ang mga nagbabayad ng buwis ng mas magagandang resulta—hindi lamang ng mas malaking singil sa buwis.

“Ang bawat dolyar ng buwis na inaaksaya natin ay isang dolyar na maaari talagang makatulong sa isang tao. Nagbabayad na ang mga taga-California ng pinakamataas na mga buwis sa kita ng estado at mga buwis sa pagbebenta sa bansa—kailangan natin ng higit na transparency at pananagutan upang matiyak na nagbubunga ng mga resulta ang ating mga dolyar ng buwis. Ihahatid iyon ng Proposisyon 41.”—Steve Westly, dating Controller ng California.

Mangyaring sumali sa mga grupo para sa mabuting pamahalaan, may-ari ng maliliit na negosyo, accountant, nagbabayad ng buwis at mga tagapagtaguyod ng pampublikong transparency sa pagboto ng Oo sa 41.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: www.ResultsCA.org

Denise LeDuc Froemming, CPA, Presidente
California Society of Certified Public Accountants (CalCPAs)

Tom Hayes, Dating Tagasuri ng Estado ng California

Robert Gutierrez, Presidente
California Taxpayers Association (CalTax)

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 41 ★

ISA ITONG PANTAKIP NA PINOPONDOHAN NG MGA BILYONARYO

Huwag magpaloko—ang Proposisyon 41 ay hindi talaga tungkol sa mga pag-audit.

Isa itong panlilinlang upang patuloy na maiwasan ng humigit-kumulang 200 bilyonaryo ang pagbabayad ng sarili nilang mga buwis habang IKAW ang mapipilitang sumagot sa gastusin.

BABAWIIN NG PROPOSISYON 41 ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO

Ang Proposisyon 41 ay isang iskema na pinopondohan ng mga bilyonaryo na partikular na idinisenyo upang bawiin ang California Billionaire Tax, Proposisyon 40.

Nailagay ang Proposisyon 41 sa balota dahil ayaw magbayad ng mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi. Mas gugustuhin nilang mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong manggagawa kaysa magbayad ng katamtaman, minsanang buwis sa kanilang napakalaking yaman.

Bukod sa pagpapalala sa sitwasyon, hindi lamang isang iskema ang Proposisyon 41, isa rin itong magastos—gugugol ito ng oras at pera ng estado.

ILAN SA MGA DONOR NI DONALD TRUMP ANG NAGPONDO NITO

Walang pakialam ang mga bilyonaryong nasa likod nito sa pananagutan para sa mga nagbabayad ng buwis. Sa loob ng maraming taon, nakaiwas

sila sa pagbabayad ng sarili nilang mga buwis sa pamamagitan ng mga butas sa batas at mga bawas sa buwis.

Ang huwad na inisyatibang ito ay nilikha upang linlangin ang mga botanteng tulad mo na gawing imposibleng ipatupad ang isang buwis sa mga bilyonaryo.

KUNG MAHALAGA SA IYO ANG PAGPOPONDO PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAMPUBLIKONG EDUKASYON, AT TULONG SA PAGKAIN, BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 41

Binawasan ni Donald Trump ang pagpopondo para sa ating mahahalagang serbisyo upang makapag-apon ang mga bilyonaryo ng higit pang yaman.

Ang pagpapatibay sa California Billionaire Tax ang tanging paraan upang palitan ang perang kinuha ni Trump mula sa atin, upang hindi tayo maiwang may mga saradong ospital at napakataas na gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Upang magligtas ng buhay at mapanatiling mababa ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California, tanggihan ang mga kasinungalingan ng mga bilyonaryo.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 41.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
SEIU-United Healthcare Workers West

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 41 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 41. Isa itong inisyatibang pinopondohan ng mga bilyonaryo na partikular na idinisenyo upang bawiin ang California Billionaire Tax, Proposisyon 40.

BABAWIIN NG PROPOSISYON 41 ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO Nailagay ang Proposisyon 41 sa balota sa isang dahilan lamang—dahil ayaw magbayad ng mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi. Ang inisyatibang ito ay nilikha upang linlangin ang mga botanteng tulad mo na gawing imposibleng ipatupad ang isang buwis sa mga bilyonaryo. Iyan ang dahilan kung bakit dapat kang bumoto ng HINDI.

Huwag mahulog sa mga kasinungalingan ng mga bilyonaryo. Ang Proposisyon 41 ay hindi tungkol sa pag-audit ng mga bagong buwis. Ito ay tungkol sa pagtalo sa isang partikular na buwis na gustong iwasan ng mga bilyonaryo, dahil mas gugustuhin nilang mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong manggagawa kaysa magbayad ng katamtaman, minsanang buwis sa kanilang napakalaking yaman.

PINONDOHAN ANG PROPOSISYON 41 NG MGA BILYONARYONG GUSTONG MAGBAYAD KA NANG HIGIT PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Isa sa mga pangunahing nagpondo sa Proposisyon 41 ay ang tagapagtatag ng Google at donor ni Trump na si Sergey Brin, na ang yaman ay DUMOBLE sa halos \$300 bilyon mula nang mahalal si Trump. Ngayon ay gumastos na siya ng mahigit \$57 milyon upang pondohan ang mga huwad na panukala tulad ng Proposisyon 41 na nagtatangkang bawiin ang isang buwis sa mga bilyonaryo. Tinawag ni U.S. Senator Bernie Sanders na “hindi katanggap-tanggap” ang mapagmataas na hakbang na ito ni Brin.

Kinuha ni Donald Trump ang pera mula sa mga bulsa ng mga manggagawa at ibinigay ito sa mga bilyonaryong tulad ni Brin sa pamamagitan ng malalaking bawas sa buwis. Ngayon, gusto ng mga bilyonaryong sumusuporta sa Proposisyon 41 na MAGBAYAD KA NANG HIGIT para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 41 KUNG SINUSUPPORTAHAN MO ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO

May pagkakataon tayong pagbayarin ang mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi upang mapanatiling bukas ang mga ospital at mapanatiling abot-kaya ang pangangalagang pangkalusugan para sa mga pamilyang nagtatrabaho sa California. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 41.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
SEIU-United Healthcare Workers West

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 41 ★

Kapag hindi naghahatid ng mga resulta ang mga programa ng pamahalaan ng estado, nakapipinsala ito sa mga taong umaasa sa mga serbisyong iyon at sa mga nagbabayad ng buwis na nagpopondo sa mga ito.

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang independiyenteng Tagasuri ng Estado na magsagawa ng mga pag-audit sa pagganap at pananalapi ng mga programang popondohan ng mga bagong buwis—upang makatulong na gawing mas epektibo at mahusay ang mga programa.

Tanungin ang iyong sarili: bakit tututol ang isang nag-iisa at natatanging espesyal na interes sa Sacramento sa transparency at pananagutan?

OO SA 41: NARARAPAT ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG MAS MAGAGANDANG RESULTA

Ilang katotohanan:

- Ang ating badyet ng estado ay nasa rekord na mataas na \$352 bilyon ngayong taon.
- Tumaas ng 79% ang paggasta ng estado mula noong 2019.
- Gumastos tayo ng bilyun-bilyon sa mga programa tulad ng mga pagsisikap para sa kawalan ng tirahan—na napakakaunti ng naipakitang resulta.

Dahil sa ilan sa pinakamataas na buwis sa bansa at tumataas na halaga ng pamumuhay, hindi natin kayang pondohan ang kabiguan. Ang bawat dolyar na inaaksaya ay isang dolyar na maaaring gamitin upang makatulong sa isang tao.

Inaatasan ng Proposisyon 41 ang transparency at masusubaybayang pag-unlad ng mga programa, upang makatulong na mapabuti ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at iba pang pampublikong serbisyong inaasahan ng mga taga-California.

PROPOSISYON 41: MGA PAMPUBLIKONG PAG-AUDIT UPANG MAPABUTI ANG PANANAGUTAN

“Ang mga independiyenteng pag-audit sa pagganap ay nagbibigay sa mga botante ng obhetibo at mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa mga pampublikong yaman, na nagpapalakas sa pananagutan at tiwala ng publiko.” Denise LeDuc Froemming, Presidente, California Society of Certified Public Accountants

Sa ilalim ng Proposisyon 41, pampublikong sinusuri ng independiyenteng Tagasuri ng Estado ang mga programang popondohan ng mga bagong buwis, inilalantad ang anumang pag-aaksaya o maling pamamahala, at nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa programa. Inilalathala ang mga natuklasan ng pag-audit sa Gabay sa Impormasyon ng Botante bago ka bumoto—na may patuloy na mga pag-audit kung maaprubahan ang isang buwis.

NARARAPAT ANG MGA BOTANTE NG HIGIT NA TRANSPARENCY—kahit hindi ito gusto ng mga espesyal na interes.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 41. Higit na transparency, higit na pananagutan, mas magagandang resulta para sa ating mga dolyar ng buwis.

Pat Fong Kushida, Presidente
California Asian Pacific Chamber of Commerce (CalAsian Chamber)

Steve Westly, Dating Controller ng Estado ng California

Robert Gutierrez, Presidente
California Taxpayers Association (CalTax)

IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO SA PERSONAL NA ARI-ARIAN AT ILANG PARTIKULAR NA RETROAKTIBONG BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 150 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Ipinagbabawal ang mga bagong buwis ng estado sa personal na ari-arian, kasama ang mga interes ng negosyo, intelektuwal na ari-arian, at mga pinansyal na asset (kasama ang mga ari-arian sa mga account sa pagreretiro at pamumuhunan).
- Ipinagbabawal ang mga bagong buwis ng estado na retroaktibong nalalapat batay sa gawi, mga aktibidad, o katayuan ng nagbabayad ng buwis na nangyari bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng bagong buwis.
- Nalalapat sa mga bagong buwis na pinatupad o nagkaroon ng bisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026.
- Isinasaad na ang iba pang panukalang inaprubahan ng botante na makikita sa parehong balota ay walang bisa kung sumasalungat iyon sa panukalang ito at makakatanggap ang panukalang ito ng mas maraming sang-ayon na boto.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis sa hinaharap.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Binubuwisan sa California ang Ilang Personal na Ari-arian. Binubuwisan ng pamahalaan ng estado at mga lokal na pamahalaan ang pagmamay-ari ng ilang personal na ari-arian. Nakabatay ang mga buwis na ito sa halaga ng ari-arian. Ang personal na ari-arian ay lahat ng bagay na pagmamay-ari ng mga tao maliban sa real estate. Isang halimbawa ng mga ganitong uri ng buwis ay ang bayad sa lisensya ng sasakyan na binabayaran ng mga may-ari ng kotse at trak sa Department of Motor Vehicles bawat taon. Ang isa pang halimbawa ay ang mga buwis sa ari-arian na binabayaran ng mga may-ari ng kagamitan sa negosyo sa county bawat taon.

Hindi Binubuwisan ang Pagmamay-ari ng mga Pinansyal na Asset. Hindi binubuwisan ang pagmamay-ari ng maraming uri ng personal na ari-arian. Isang pangunahing halimbawa ang mga pinansyal na asset tulad ng mga stock at account sa pamumuhunan. Bagama't binubuwisan ng estado ang kinikita ng mga tao mula sa kanilang mga pinansyal na asset, walang buwis sa simpleng pagmamay-ari ng mga asset na iyon.

MUNGKAHI

Ipinagbabawal ang mga Bagong Buwis sa mga Pinansyal na Asset o Iba Pang Personal na Ari-arian. Sa ilalim ng Proposisyon 42, hindi pahihintulutan ang mga bagong buwis sa pagmamay-ari ng mga pinansyal na asset o iba pang personal na ari-arian.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Mga Posibleng Pakikipag-ugnayan sa Iba Pang mga Proposisyon

Kung ang Proposisyon 42 ay makatanggap ng mas maraming botong “oo” kaysa sa Proposisyon 40 sa parehong balotang ito, maaaring mapigilan ang Proposisyon 40 na maging batas kahit makatanggap ito ng mga boto ng “oo” mula sa nakararaming botante. Ito ay dahil maaaring matukoy ng mga hukuman na sumasalungat ang Proposisyon 42 sa Proposisyon 40.

***Nililimitahan ang mga
Buwis na Retroaktibo.***

Nililimitahan ng Proposisyon 42 ang mga sitwasyon kung kailan maaaring taasan ng isang panukala sa balota o ng Lehislatura ang anumang buwis nang retroaktibo. Ang retroaktibong buwis ay isang buwis na nalalapat sa mga bagay na nangyari na sa nakaraan. Isang halimbawa ay isang buwis sa perang kinita ng isang tao dalawang taon na ang nakalipas.

EPEKTO SA PANANALAPI

***Posibilidad na Magiging Mas Mababa
ang mga Kita sa Buwis sa Hinaharap.***

Nililimitahan ng Proposisyon 42 ang mga opsyon ng estado upang magtaas ng mga buwis sa hinaharap. Maaari nitong

gawing medyo mas mahirap para sa estado na magtaas ng mga buwis. Maaari nitong bawasan ang mga kita sa buwis sa hinaharap. Hindi malinaw kung kailan at gaano kalaki ang magiging pagbawas sa mga kita sa hinaharap.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 42 ★

OO SA PROPOSISYON 42: PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA PONDO SA PAGPAPAGRITIRO AT IPON SA BUHAY MULA SA MGA BUWIS NG ESTADO

Ang California ay ngayon ang ikatlong pinakamahal na estado sa bansa para sa pagreretiro. Bawat taon, mas pinahihirapan ng mas mataas na mga gastos at buwis ang pag-iipon. Nalaman ng isang survey noong Abril 2026 na 73% ng mga taga-California ang may kakilalang kinailangang ipagpaliban ang pagreretiro dahil sa mga kadahilanang pinansyal.

KASALUKUYANG PINAHIHINTULUTAN NG KONSTITUSYON NG CALIFORNIA ANG DOBLENG PAGBUBUWIS

Gayunman, kasalukuyang pinahihintulutan ng Konstitusyon ng California ang Lehislatura na buwisan ang halaga ng ating personal na ari-arian tulad ng mga pondo sa pagreretiro at mga savings account, kahit nagbabayad na ang mga residente ng buwis sa kita sa perang iyon kapag kinikita nila ito. Nangangahulugan ito na maaaring buwisan ng mga politiko ang parehong pera nang dalawang beses: isang beses kapag kinikita mo ito, at muli kapag nakalagay na ito sa iyong mga pondo sa pagreretiro o savings account. Iyan ay dobleng pagbubuwis!

Sa nakalipas na ilang taon lamang, nagpakilala ang Lehislatura at mga espesyal na interes ng anim na magkakahiwalay na panukala na magbubuwis sa mga account sa pagreretiro at pag-iipon.

Napakataas na ng mga buwis at gastusin sa pamumuhay sa California—kailangan natin ng mga proteksiyon laban sa mga buwis sa ating personal na ari-arian at ipon sa pagreretiro.

IPINAGBABAWAL NG PROPOSISYON 42 ANG MGA BUWIS SA PAGPAPAGRITIRO AT PAG-IIPON

Inaamyendahan ng Proposisyon 42 ang Konstitusyon ng estado upang protektahan ang mga taga-California laban sa dobleng pagbubuwis na ito ng mga espesyal na interes at mga politiko. Partikular na, ang panukala ay:

- Ipinagbabawal ang mga bagong buwis sa personal na ari-arian, tulad ng mga pondo sa pagreretiro, pensiyon at savings account;
- Ipinagbabawal ang mga retroaktibong buwis; at
- Ipinagbabawal ang lahat ng bagong buwis sa pagreretiro at pag-iipon ngayong taon at sa hinaharap.

PINOPROTEKTAHAN NG PROPOSISYON 42 ANG LAHAT NG ANYO NG MGA PONDO SA PAGPAPAGRITIRO AT IPON LABAN SA MGA BAGONG BUWIS

Humigit-kumulang 80% ng mga taga-California ang nag-uulat na mayroon silang ilang anyo ng pondo sa pagreretiro o ipon, kabilang ang mga batang manggagawang nagsisimula pa lamang mag-ipon; mga guro, bumbero at opisyal ng pulisya na may mga pensiyon; at mga retiradong taong umaasa sa kanilang mga ipon para sa seguridad sa pananalapi.

Pinoprotektahan ng panukalang ito ang lahat ng anyo ng personal na ari-arian laban sa mga bagong buwis, kabilang ang 401ks, mga pensiyon, IRA at personal na ipon.

“Pinoprotektahan ng Proposisyon 42 ang mga ipon at pagreretiro ng mga taga-California. Maging ito man ay pinaghirapang pensiyon ng isang miyembro ng unyon o IRA ng isang may-ari ng maliit na negosyo, hindi dapat maging hadlang ang mga bagong buwis sa pagreretiro sa pagitan ng mga tao at ng seguridad na matagal nilang pinagplanuhan.”—Chris Hannan, Presidente, State Building and Construction Trades Council of California, na kumakatawan sa daan-daang libong manggagawa sa mga kasanayan sa konstruksyon na miyembro ng unyon.

IPINAGBABAWAL NG PROPOSISYON 42 ANG HINDI MAKATARUNGANG MGA RETROAKTIBONG BUWIS

Hindi dapat makapagpasa ang estado ng mga bagong buwis na retroaktibong nalalapat sa perang kinita ng mga nagbabayad ng buwis noong nakaraan. Inaatasan ng Proposisyon 42 na malapat lamang ang anumang mga bagong buwis pagkatapos maaprubahan ng mga botante ang mga ito.

“Usapin ito ng pagiging makatarungan at sentido komun. Ilang taon nagpapalano ang mga tao para sa kanilang pagreretiro—karapat-dapat sila sa matatag at mahuhulaang mga tuntunin na hindi nagbabago pagkatapos ng maraming taon ng pag-iipon at pagpapalano. Nagbibigay ang Proposisyon 42 ng katiyakang iyon.”—Sean Morgan, lisensiyadong tagapayo sa pananalapi

Sinusuportahan ang Proposisyon 42 ng malawak na koalisyon ng mga nakatatanda, beterano, may-ari ng maliit na negosyo, blue-collar na manggagawa, at mga retirado, kabilang ang mga grupo tulad ng California Professional Firefighters at Disabled American Veterans, Dept. of California.

Nahihirapan na ang mga taga-California dahil sa mataas na gastusin sa pamumuhay at mataas na mga buwis. Marami ang nagtatrabaho sa buong buhay nila upang makamit ang kahit kaunting seguridad sa pagreretiro. Dapat maging ilegal para sa mga politiko at espesyal na interes na buwisan ang ating pagreretiro at mga ipon.

Pinaghirapan at inipon mo ito. Ngayon, kailangan natin itong protektahan.

Mangyaring samahan kami sa pagboto ng Oo sa 42. YesonProp42.org

Michael Hedges, Presidente
California Small Business Association

Shelley Huff, Commander
AMVETS, Department of California

Jennifer Yoder, Miyembro ng Lupon
California Senior Alliance

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 42 ★

ISA NA NAMAN ITONG PAKANA NA PINONDOHAN NG MGA BILYONARYO
Huwag magpalinlang—ang Proposisyon 42 ay hindi talaga tungkol sa pagprotekta sa iyong ipon sa pagreretiro laban sa mga bagong buwis.

Isa itong kalabisan at magastos na pakana upang patuloy na makaiwas sa pagbabayad ng sarili nilang mga buwis ang humigit-kumulang 200 bilyonaryo habang IKAW ang naiwan na magbabayad ng gastusin. BABAWIIN NG PROPOSISYON 42 ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO
Ang Proposisyon 42 ay isang iskema na pinondohan ng mga bilyonaryo at partikular na idinisenyo upang pawalang-bisa ang California Billionaire Tax, Proposisyon 40.

Nailagay ang Proposisyon 42 sa balota dahil ayaw magbayad ng mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi. Mas gugustuhin nilang mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong manggagawa kaysa magbayad ng katamtaman, minsanang buwis sa kanilang napakalakang yaman.

SINO ANG NASA LIKOD NITO? ILAN SA MGA DONOR NI DONALD TRUMP

Walang pakialam ang mga bilyonaryong nasa likod nito sa pagprotekta sa iyong ipon sa pagreretiro. Pinoprotektahan nila ang kanilang sarili. Sa loob ng maraming taon, nakaiwas sila sa pagbabayad ng sarili nilang mga

buwis sa pamamagitan ng mga butas sa batas at mga bawas sa buwis.

Ang huwad na inisyatibang ito ay nilikha upang linlangin ang mga botanteng tulad mo na gawing imposibleng ipatupad ang isang buwis sa mga bilyonaryo. Iyan ang dahilan kung bakit dapat kang bumoto ng HINDI.

ANG PROPOSISYON 40 AY BUBUWIS LAMANG SA \$2 TRILYONG YAMAN NG MGA BILYONARYO

Nagpakalat ng mga kasinungalingan tungkol sa California Billionaire Tax (Proposisyon 40) ang mga bilyonaryong nasa likod ng Proposisyon 42, na sinusubukang linlangin ang mga botante upang isipin nilang nanganganib ang kanilang pagreretiro at mga ipon.

Huwag maniwala sa pananakot. Ang California Billionaires Tax ay nalalapat LAMANG sa mga bilyonaryo. Tungkol ito sa pagpapabayad sa mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi upang hindi tayo maiwan na may mga saradong ospital at napakataas na mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 42.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
SEIU-United Healthcare Workers West

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 42 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 42. Isa itong inisyatibang pinopondohan ng mga bilyonaryo na partikular na idinisenyo upang bawiin ang California Billionaire Tax, Proposisyon 40.

BABAWIIN NG PROPOSISYON 42 ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO
Nailagay ang Proposisyon 42 sa balota sa isang dahilan lamang—dahil ayaw magbayad ng mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi. Ang inisyatibang ito ay nilikha upang linangin ang mga botanteng tulad mo na gawing imposibleng ipatupad ang isang buwis sa mga bilyonaryo. Iyan ang dahilan kung bakit dapat kang bumoto ng HINDI.

Huwag mahulog sa mga kasinungalingan ng mga bilyonaryo. Ang Proposisyon 42 ay hindi tungkol sa pagpigil sa mga bagong buwis sa personal na ari-arian. Tungkol ito sa pagpigil sa isang partikular na buwis na gustong iwasan ng mga bilyonaryo, dahil mas gugustuhin nilang mawalan ng pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong nagtatrabahong tao kaysa magbayad ng katamtaman, minsanang buwis sa kanilang napakalaking yaman.

PINONDOHAN ANG PROPOSISYON 42 NG MGA BILYONARYONG GUSTONG MAGBAYAD KA NANG HIGIT PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Isa sa mga pangunahing nagpopondo sa Proposisyon 42 ay ang tagapagtatag ng Google at donor ni Trump na si Sergey Brin, na ang yaman ay DUMOBLE sa halos \$300 bilyon mula nang mahalal si

Trump. Ngayon ay gumastos na siya ng mahigit \$57 milyon upang pondohan ang mga huwad na panukala tulad ng Proposisyon 42 na nagtatangkang pawalang-bisa ang isang buwis sa mga bilyonaryo. Tinawag ni U.S. Senator Bernie Sanders na “hindi katanggap-tanggap” ang mapagmataas na hakbang na ito ni Brin.

Kinuha ni Donald Trump ang pera mula sa mga bulsa ng mga manggagawa at ibinigay ito sa mga bilyonaryong tulad ni Brin sa pamamagitan ng malalaking bawas sa buwis. Ngayon, gusto ng mga bilyonaryong sumusuporta sa Proposisyon 42 na **MAGBAYAD KA NANG HIGIT** para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 42 KUNG SINUSUPPORTAHAN MO ANG BUWIS SA MGA BILYONARYO

May pagkakataon tayong pagbayarin ang mga bilyonaryo ng kanilang makatarungang bahagi upang mapanatiling bukas ang mga ospital at mapanatiling abot-kaya ang pangangalagang pangkalusugan para sa mga pamilyang nagtatrabaho sa California. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 42.

Suzanne Jimenez, Puno ng mga Kawani
SEIU-United Healthcare Workers West

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 42 ★

SINO ANG SUMUSUPPORTA SA PROPOSISYON 42

Sinusupportahan ang Proposisyon 42 ng daan-daang libong nakatatanda, beterano, bumbero, blue-collar na manggagawa, mga opisyal sa pampublikong kaligtasan at mga pamilyang nagtatrabaho dahil pinoprotektahan nito ang pagreretiro at mga ipon ng LAHAT ng taga-California laban sa mga bagong buwis.

Sino ang tumututol sa 42? Isang organisasyong gustong buwisan ang mga account sa pagreretiro.

BAKIT KAILANGAN NATIN ANG PROPOSISYON 42

Paulit-ulit na sinubukan ng mga politiko sa Sacramento at mga espesyal na interes na magpasa ng mga buwis sa mga account sa pagreretiro at personal na pag-iipon nitong mga nakaraang taon. Umasa sila sa isang butas sa Konstitusyon ng California na nagpapahintulot sa pamahalaan na buwisan ang ating kita kapag kinikita natin ito, at MULI kapag nakalagay lamang ito sa ating mga savings at retirement account.

SAPAT NANG MAHAL ANG CALIFORNIA KAHIT WALANG DOBLENG PAGBUBUWIS

Ipinagbabawal ng Proposisyon 42 ang dobleng pagbubuwis na ito sa pamamagitan ng **PAGBABAWAL SA LAHAT NG BAGONG BUWIS SA MGA ACCOUNT SA PAGPAPAGRITIRO AT PAG-IIPON** at iba pang personal na ari-arian, inihain man ang mga ito sa pamamagitan ng batas o panukalang balota, kabilang ang mga panukala sa balota ngayong taon at sa hinaharap.

Isa itong komprehensibong proteksiyong konstitusyonal laban sa mga politiko o espesyal na interes na nagtatangkang buwisan ang ating mga pondo sa pagreretiro at savings account.

SINO ANG MAKIKINABANG SA PROPOSISYON 42

Pinoprotektahan ng Proposisyon 42 ang pagreretiro at mga ipon ng lahat ng taga-California—mga batang manggagawang nagsisimula pa lamang mag-ipon; mga guro, bumbero at opisyal ng pulisya na may mga pensiyon; mga retirado at beteranong umaasa sa kanilang mga ipon para sa seguridad sa pananalapi.

Inipon mo ito. Karapat-dapat mong panatilihin ito.

Nagtatanong ang Proposisyon 42 ng isang simpleng tanong: dapat bang magkaroon ng kapangyarihan ang mga politiko sa California na buwisan ang iyong personal na ari-arian, kabilang ang mga account sa pagreretiro at pag-iipon?

Kung sa tingin mo ay dapat protektahan ang iyong pagreretiro at mga ipon laban sa mga buwis, bumoto ng Oo sa 42.

Darrell Roberts, Presidente
California Professional Firefighters

Chris Hannan, Presidente
State Building and Construction Trades Council of California

Brian R. Marvel, Presidente
Peace Officers Research Association of California

NILILIMITAHAN ANG KAKAYAHAN NG MGA BOTANTE NA TAASAN ANG MGA KITA PARA SA MGA SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 153 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Sa kasalukuyan, dapat makakuha ang mga lokal na pamahalaan ng pag-apruba ng dalawang-katlo ng mga botante para magpatupad, magpalawig, o magpataas ng mga espesyal na buwis (mga buwis na nakalaan sa partikular na layunin) na inilalagay nila sa balota. Gayunpaman, ang kinakailangan na ito na dalawang-katlong boto ay kasalukuyang hindi nalalapat sa mga espesyal na buwis na inilalagay nila sa mga balota sa pamamagitan ng pagtitipon ng lagda ng botante.
- Lilimitahan ng panukalang ito ang kakayahan ng mga botante na magpasa ng mga lokal na espesyal na buwis na ipinanutala ng botante sa pamamagitan ng pagtataas ng porsyento ng mga botong kailangan para aprubahan ang mga nasabing panukalang balota mula sa mayorya (higit sa 50%) hanggang sa dalawang-katlo.
- Nalalapat sa mga panukalang balota na ipinanutala ng botante na naaprubahan pagkatapos ng Enero 1, 2027.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis ng lokal na pamahalaan sa hinaharap dahil sa mas mataas na hangganan sa boto para sa ilang partikular na buwis.

MGA PINAL NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 22 (PROPOSISYON 43)
(KABANATA 132, MGA BATAS NG 2026)

Senado: Mga Oo 35 Mga Hindi 1
Asembleya: Mga Oo 68 Mga Hindi 2

PINAGMULAN

Mga Lokal na Pamahalaan sa California.

Maraming lokal na pamahalaan ang California. Kabilang dito ang mga lungsod, county, espesyal na distrito, at mga distrito ng paaralan.

Mga Kinakailangang Bilang ng Boto para sa mga Lokal na Buwis.

Pinahihintulutan ng Konstitusyon ng Estado ang mga lokal na pamahalaan na taasan ang mga buwis kapag inaprubahan ito ng mga lokal na botante. Maaaring ilagay sa balota ang mga pagtaas ng buwis ng mga botante o ng isang lokal na lupon na namamahala (tulad ng konseho ng lungsod o lupon ng mga superbisor). Ang mga pagtaas sa ilang uri ng lokal na buwis ay nangangailangan ng dalawang-katlo ng mga boto upang maaprubahan, habang ang ibang uri ng buwis ay nangangailangan ng boto ng nakararami (higit sa kalahati) upang maaprubahan. Ang ilang pagtaas ng lokal na buwis ay permanenteng inaaprubahan, habang ang iba ay inaaprubahan para sa limitadong panahon. Bago mag-expire ang mga buwis na iyon, maaaring tanungin ang mga botante kung palalawigin ang mga ito.

MUNGKAHI

Inaatasan ang Ilang Lokal na Buwis na Makakuha ng Dalawang-Katlong Pagpapatibay ng mga Botante. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga lokal na buwis na ginagamit para sa isang partikular na layunin ay nangangailangan

ng dalawang-katlo ng mga boto upang maaprubahan. Tinatawag ang mga ito na mga espesyal na buwis. Gayunman, pinahintulutan ng mga kamakailang desisyon ng hukuman na maaprubahan sa *pamamagitan ng boto* ng nakararami ang mga espesyal na buwis na iminungkahi ng mga botante. Sa ilalim ng Proposisyon 43, simula Enero 1, 2027, ang anumang bago, itinaas, o pinalawig na mga lokal na espesyal na buwis na iminungkahi ng mga botante ay mangangailangan ng dalawang-katlo ng mga boto.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Posibilidad ng Mas Mababang Kita sa Buwis ng mga Lokal na Pamahalaan sa Hinaharap. Pinahihirapan ng Proposisyon 43 ang mga lokal na pamahalaan na magpasa ng ilang buwis. Bilang resulta, maaaring mas mababa ang kita sa buwis ng mga lokal na pamahalaan sa hinaharap kaysa sa magiging kita nito kung hindi dahil dito. Hindi alam ang aktuwal na epekto sa kita at nakadepende ito sa mga desisyong gagawin sa hinaharap ng mga lokal na pamahalaan at mga botante.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa

listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 43 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 43: BATAS SA PROTEKSIYON NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA LOKAL NA PAMAHALAAN

Nahihirapan ang mga pamilya sa California dahil sa pinakamataas na mga buwis sa kita, benta, at gasolina sa bansa. Gayunman, patuloy na itinutulak ng mga politiko at mga espesyal na interes ang mas mataas na mga buwis na lalong nagpapamahala sa ating gastusin sa pamumuhay. Hindi na natin kayang magbayad ng KAHIT ANONG DAGDAG sa mga bago o mas mataas na buwis.

IBINABALIK NG PROPOSISYON 43 ANG MGA PROTEKSIYON SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA ILALIM NG PROPOSISYON 13

Idinisenyo ang Proposisyon 13 upang gawing mas mahirap ang pagtataas ng mga buwis, ngunit lumikha ang mga desisyon ng hukuman ng mga butas sa batas na nagpapahintulot sa mga espesyal na interes na magpatupad ng malalaking bagong pagtaas ng buwis sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga proteksiyon para sa mga nagbabayad ng buwis na inaprubahan ng mga botante. Nagbabayad ang mga taga-California ng bilyun-bilyong dolyar sa mga bago o mas mataas na buwis na hindi nila kailangang bayaran kung wala ang mga butas na ito sa batas. Isinasara ng Proposisyon 43 ang mga butas na ito sa batas at ibinabalik ang kinakailangang dalawang-katlo ng mga boto upang maipasa ang mga lokal na espesyal na buwis.

PINAPAHIRAP NG PROPOSISYON 43 ANG PAGTAAS NG IYONG MGA BUWIS

Nagpatupad ang mga lokal na pamahalaan ng mahigit 2,000 bago o mas mataas na mga buwis sa nakalipas na dekada, kabilang ang mas mataas na mga buwis sa benta, ari-arian at utility—gamit ang mga butas sa batas na nilikha ng mga hukuman sa Proposisyon 13 upang magpatupad ng ilan sa pinakamagastos at pinakamapaminsalang pagtaas ng buwis na kinakaharap ng mga taga-California ngayon.

Ang mga bago at mas mataas na buwis na ito ay nagpapamahala sa lahat ng ating binibili o ginagamit, mula sa pagkain at gasolina hanggang sa mga utility at pabahay.

Tinitiyak ng Proposisyon 43 ang karapatan ng mga botante na bumoto sa lahat ng lokal na buwis at ibinabalik ang dalawang-katlong boto para sa mga espesyal na lokal na buwis.

PINOPROTEKTAHAN NG PROPOSISYON 43 ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY LABAN SA MAGAGASTOS NA MGA BAGONG BUWIS SA REAL ESTATE

Ang California ay mayroon nang ilan sa pinakamataas na gastos sa pabahay sa America, ngunit ginagamit ng mga espesyal na interes ang mga butas sa batas na nilikha ng mga hukuman upang magdagdag ng mga bagong buwis sa pagbebenta ng mga bahay, apartment at iba pang real estate.

Ang ilang lungsod ay naniningil ngayon ng mga buwis sa paglilipat ng real estate na umaabot sa 6%. Para sa bahay sa California na may median na

presyo na \$900,000, mangangahulugan iyon ng halagang \$54,000 na babayaran ng may-ari ng bahay para lamang ibenta ang kanilang bahay. Kinukuha ng mga gastos na iyon ang equity ng mga may-ari ng bahay, itinataas ang mga upa sa apartment, at nagpapamahala sa pagtatayo ng bagong pabahay.

Pinapahirap nang husto ng Proposisyon 43 para sa mga espesyal na interes na magpatupad ng mga magastos na buwis na ito sa mga may-ari ng bahay, umuupa, at maliliit na negosyo.

PINIPIGILAN NG PROPOSISYON 43 ANG MGA PANLOLOKONG PAKANA SA BUWIS NA BAIT-AND-SWITCH

Ipinangako ng mga politiko at mga espesyal na interes na popondohan ng mga bagong buwis ang mga paaralan, kalsada, at pampublikong kaligtasan—ngunit inililihis lamang ang pera sa ibang mga bagay at binabalewala ang kagustuhan ng mga botante.

Inaatasan ng Proposisyon 43 ang mga pamahalaan na gastusin ang kita sa buwis para sa partikular na layuning inaprubahan ng mga botante at ibinabalik ang malawak na suporta ng mga botante na kinakailangan bago magpatupad ang mga politiko at espesyal na interes ng mga panukalang buwis na nakalaan para sa partikular na layunin.

Kung hihingan ang mga nagbabayad ng buwis ng karagdagang bayad, karapat-dapat silang magkaroon ng karapatang bumoto at ng katiyakang gagastusin ang kanilang pera ayon sa ipinangako.

IBINABALIK NG PROPOSISYON 43 SA MGA BOTANTE ANG KAPANGYARIHAN

Sa bawat halalan, sinasabi ng mga politiko na kailangan nila ng isa pang pagtaas ng buwis. Tinitiyak lamang ng Proposisyon 43 na ganap na napoprotektahan ang mga NAGBABAYAD NG BUWIS sa pamamagitan ng karapatang bumoto sa mga buwis.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 43:

- Pinagtitiyag ang karapatan ng mga botante na bumoto sa lahat ng bago o mas mataas na lokal na buwis.
- Ibinabalik ang kinakailangang dalawang-katlo ng mga boto para sa mga lokal na espesyal na buwis.
- Pinoprotektahan ang Proposisyon 13 at isinasara ang mga butas sa batas na nilikha ng mga hukuman.
- Pinapahirap para sa mga espesyal na interes ang pagtataas ng mga buwis.
- Pinoprotektahan ang mga may-ari ng bahay, umuupa, at maliliit na negosyo laban sa mga bagong buwis sa real estate.
- Pinatitiyag ang pananagutan sa kung paano ginagastos ang pera ng mga nagbabayad ng buwis.

Robert Gutierrez, Presidente
California Taxpayers Association

Robert Rivinius, Presidente
Family Business Association of California

Julian Canete, Presidente
California Hispanic Chambers of Commerce

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 43 ★

Lahat tayo ay nagnanais ng ginhawa mula sa mataas na gastusin sa pamumuhay sa California. Ngunit hindi binabawasan ng Proposisyon 43 ang kahit isang sentimo ng iyong mga buwis. Inaatake nito ang isang bagay na higit na mahalaga: ang kapangyarihan ng iyong boto.

PINAHIHINA NG PROPOSISYON 43 ANG IYONG BOTO.

Ngayon, kapag nagpapasya ang mga lokal na botante kung paano popondohan ang kanilang mga komunidad, ang nakararami ang nagpapasya. Inaalis iyon ng Proposisyon 43, na nagpapahintulot sa 33.4% lamang ng mga botante na harangin ang nais ng halos 67%. Sa ilalim ng Proposisyon 43, ang isang boto ng HINDI ay katumbas ng dalawang boto ng OO. Hindi iyon makatarungan, at hindi iyon demokrasya.

PINAPALALA NG PROPOSISYON 43 ANG KRISIS SA PABAHAY.

Sa buong California, bumoboto ang mga komunidad upang magtayo ng abot-kayang mga bahay para sa mga pamilyang nagtatrabaho, nakatatanda, at beterano. Tinutulungan nila ang mga umuupa na manatili sa kanilang mga tahanan at mailipat ang mga tao mula sa lansangan. Ibinibigay ng Proposisyon 43 sa isang maliit na minority ang kapangyarihang harangan ang mga solusyong iyon, kahit malinaw na sinusuportahan ang mga ito ng nakararaming kapitbahay mo.

TALI NG PROPOSISYON 43 ANG MGA KAMAY NG IYONG KOMUNIDAD.

Pinapahirap ng Proposisyon 43 para sa iyo ang pagpopondo sa mahahalagang lokal na serbisyong inaasahan ng iyong komunidad:

paglalagay ng mga tauhan sa mga istasyon ng bumbero at 911 response, paghahanda sa mga kapitbahayan para sa mga sunog sa kagubatan, pagkukumpuni ng mga gumuho nang kalsada, pagpapanatiling bukas ng mga paaralan, parke, at aklatan, at pagprotektang sa mga lokal na ospital at klinika habang binabawasan ng Washington ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan. Kapag nahaharangan ang pagpopondo, mas mabagal na dumarating ang tulong, mas nagiging masikip ang mga silid-aralan, at hindi gaanong ligtas ang mga komunidad.

PANATILIHIN ANG KAPANGYARIHAN KUNG SAAN ITO DAPAT—NASA IYO AT SA IYONG MGA KAPITBAHAY.

Iyan ang dahilan kung bakit lahat ay tumututol sa Proposisyon 43—mga guro, nars, bumbero, at mga tagapagtaguyod ng pabahay.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 43.

www.NoProp43CA.com

Nick Lapis, Direktor ng Adbokasiya
Californians Against Waste

Bill Barnes, Direktor ng mga Kampanya at Komunidad
Non-Profit Housing Association of Northern California

Steve Frisch, Presidente
Sierra Business Council

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 43 ★

NILILIMITAHAN NG PROPOSISYON 43 ANG KAKAYAHAN NG MGA BOTANTE NA PONDohan ANG MAHAHALAGANG LOKAL NA SERBISYO.

Pinapahirap ng Proposisyon 43 para sa iyo ang pagpopondo sa mahahalagang serbisyo tulad ng mga departamento ng pulisya at bumbero, pagkukumpuni at pagsasaayos ng mga lokal na kalsada, paglalagay ng mga tauhan sa ating mga lokal na paaralan, o pagtugon sa mga pagbawas ng pederal na pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan. Pinahihina ng Proposisyon 43 ang tinig ng mga botante at ang boto ng nakararami sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa isang-katlo lamang ng mga botante (33.4%) na harangan ang mga desisyon ng mga lokal na botante—at pinapadali nito para sa mga espesyal na interes ng korporasyon na iwasang bayaran ang kanilang makatarungang bahagi. PINAPAHIRAP NG PROPOSISYON 43 ANG PAGPONDO SA MGA SERBISYO NG BUMBERO AT PULISYA.

Hindi maaaring umasa ang mga lokal na pulis at bumbero sa mga politiko sa Sacramento o Washington. Ang mga serbisyong ito ay pinopondohan sa lokal na antas. Nais ng Proposisyon 43 na gawing mas mahirap para sa mga lokal na botante na maglaan ng bagong pagpopondo sa mga serbisyo tulad ng pulisya at bumbero. Kung walang sapat na pagpopondo, mas mabagal ang mga oras ng pagtugon sa 911, kulang sa tauhan ang mga istasyon ng bumbero, at mas matagal naghihintay ang mga pamilya para sa tulong kapag mahalaga ang bawat segundo. Kapag nagkaroon ng sunog sa bahay—o nagbanta ang sunog sa kagubatan sa ating mga kapitbahayan—ang lokal na pagpopondong iyon ang nagpoprotekta sa atin. Papayagan ng Proposisyon 43 ang isang maliit na minority ng mga botante na harangan ito. Kahit sabihin ng 66% ng mga botante na oo, pipigilan tayo ng Proposisyon 43 na pondohan ang mga lokal na serbisyong lubhang kailangan.

PINAPAHIRAP NG PROPOSISYON 43 ANG PAGKUKUMPUNI NG MGA KALSADA, PAGPONDO SA MGA PAARALAN, AT PAGPROTEKTA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Sa buong California, nagsama-sama ang mga lokal na botante upang kumpunihin ang mga gumuguhang nang kalsada at pagandahin ang transportasyon, pondohan ang kanilang mga paaralan sa kapitbahayan, at protektahan ang mga lokal na ospital at pangangalagang pangkalusugan—lalo na habang binabawasan ng Washington ang pederal na pagpopondo sa kalusugan. Ito ang mga desisyong ginagawa ng mga komunidad para sa kanilang sarili, sa pamamagitan ng boto ng nakararami. Sa halip, ibinibigay ng Proposisyon 43 sa isang maliit na

grupo ng mga botante ang kapangyarihang mag-veto sa mga solusyong iyon, kahit sinusuportahan ang mga ito ng nakararami.

BINIBIGYAN NG PROPOSISYON 43 NG KAPANGYARIHAN ANG 33.4% NG MGA BOTANTE LABAN SA KAGUSTUHAN NG NAKARARAMI.

Sa America, naniniwala tayo sa isang tao, isang boto—at ang nakararami ang nananal. Inaalis iyon ng Proposisyon 43. Binibigyan nito ang mahigit lamang sa isang-katlo ng mga botante ng kapangyarihang harangan ang nais ng halos 67%. Inilalagay nito sa kapangyarihan ang minorityang natalo sa botohan—kahit sila ay mga ekstremista. Ginagawa nitong katumbas ng dalawang boto ng OO ang kanilang boto ng HINDI.

NAKIKINABANG ANG MGA DONOR NG KORPORASYON. HINDI ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Sa ilalim ng Proposisyon 43, ang mga donor ng korporasyon na gumagastos nang malaki sa mga halalan ang higit na makikinabang. Sa ngayon, maaaring papanagutin ng mga botante ang mga korporasyon at developer na ito sa pamamagitan ng balota, at pagbayarin sila ng kanilang makatarungang bahagi para sa mga lokal na pangangailangan. Idinisenyo ang Proposisyon 43 upang alisin ang kapangyarihang iyon—upang protektahan ang ilang makapangyarihan, sa kapinsalaan ng iba.

Iyan ang dahilan kung bakit hinihiling sa iyo ng mga organisasyong ito na bumoto ng HINDI sa Proposisyon 43:

- California Professional Firefighters • Californians Against Waste
- Pederasyon ng mga Guro ng California • Kapisanan ng mga Empleyado ng Paaralan ng California • Communities for a Better Environment • AAPI Force • Non-Profit Housing Association of Northern California • Nurses Alliance of SEIU California • Sierra Business Council

Bumoto ng HINDI upang protektahan ang iyong boto at pamamahala ng nakararami. Panatilihin ang kapangyarihan kung saan ito nararapat—nasa iyo at sa iyong mga kapitbahay.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 43

www.NoProp43CA.com

Darrell Roberts, Presidente
California Professional Firefighters

Chris Harkins, Ehekutibong Direktor
Alyansa ng mga Nars ng SEIU California

Adam Weinberger, Presidente
Kapisanan ng mga Empleyado ng Paaralan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 43 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 43 UPANG IBALIK ANG MGA PROTEKSIYON SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Mataas na ang mga buwis na binabayaran ng mga taga-California. Ngunit sa halip na unahin ang pagpopondo sa mahahalagang serbisyo tulad ng pulisya at bumbero, sinasayang ng mga lokal na politiko ang iyong pera sa kanilang mga paboritong proyekto—pagkatapos ay humihingi sila ng mga pagtaas ng buwis, na sinasabing kailangan nila itong gawin upang pondohan ang pinakamahahalagang prayoridad.

Inaatasan ng Konstitusyon ng estado ang dalawang-katlong boto para sa mga buwis na nakalaan para sa isang partikular na layunin, ngunit lumikha ang mga kamakailang desisyon ng hukuman ng isang butas sa batas na nagpapahintulot sa mga espesyal na buwis na maipasa gamit ang mas kaunting mga boto. Ngayon, nagbabayad ang mga taga-California ng bilyun-bilyong dolyar sa mga buwis na hindi sana nila kailangang bayaran.

IBINABALIK NG PROPOSISYON 43 ang matagal nang kinakailangang dalawang-katlong boto para sa mga lokal na espesyal na buwis, na pinoprotektahan ang mga may-ari ng bahay, umuupa, at maliliit na negosyo laban sa magastos na mga bagong buwis sa benta at parcel, mga buwis sa kuryente at gas, at mga buwis sa real estate.

GINAGARANTIYAHAN NG PROPOSISYON 43 ang karapatan ng mga nagbabayad ng buwis na bumoto sa mga bago o mas mataas na lokal na buwis at inaatasan ang mga pamahalaan na gastusin ang pera ng mga nagbabayad ng buwis para sa mga partikular na layuning inaprubahan ng

mga botante—na pumipigil sa mga iskema ng bait-and-switch na lalong nagpapalala sa napakataas nating gastusin sa pamumuhay.

Sa nakalipas na dekada, nagpatupad ang mga lokal na pamahalaan ng 2,000 bago o mas mataas na mga buwis. ISINASARA NG PROPOSISYON 43 ang mga BUTAS SA BATAS na ginagamit upang maipasa ang ilan sa pinakamapaminsalang pagtaas ng buwis, ibinabalik ang mga proteksiyong orihinal na inaprubahan ng mga botante sa ilalim ng Proposisyon 13, at pinapahirap para sa mga espesyal na interes ang pagtataas ng mga buwis nang walang malawak na suporta ng mga botante.

Nagpapadala ng malinaw na mensahe ang halos nagkakaisang boto ng Lehislatura upang ilagay ang Proposisyon 43 sa balota: lumampas ang mga hukuman na aktibista sa layunin ng mga botante sa pamamagitan ng paglikha ng mga butas sa batas na nagpahina sa mga proteksiyon ng Proposisyon 13.

Ibalik ang iyong karapatang bumoto sa LAHAT ng lokal na buwis.

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 43

Jon Coupal, Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association

Michael Hedges, Presidente
California Small Business Association

Greg Van Dyke, Tagapangulo
California Consumer Advocates for Affordability and Safety

INAATASAN NA GASTUSIN NG MGA KLINIKA SA KALUSUGAN NG KOMUNIDAD ANG 90% NG KITA SA MGA SERBISYO SA PROGRAMA. BATAS SA INISYATIBA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 153 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Nagpapataw ng mga multa sa mga hindi nagtutubo na Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga klinika sa komunidad na nagbibigay ng pangunahing pangangalaga sa mga lugar at populasyong hindi sapat na nabibigyan ng medikal na serbisyo) na gumagastos nang mas mababa sa 90% ng kita sa mga “serbisyo sa programa” na isinusulong ang kanilang layunin sa pagkawanggawa, kasama pero hindi limitado rito ang mga serbisyo sa pasyente. Maaaring bigyan ng eksepsyon ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ang mga kinakailangan sa paggastos sa ilang espesyal na sitwasyon.
- Pinahihintulutan ang Pangkalahatang Abugado na maglathala ng gabay na tinutukoy ang mga kwalipikadong gastos.
- Maaaring isauli ang bayad ng mga multang pera kung magiging nakasunod ang mga sentro sa loob ng limang taon.
- Pinahihintulutan ang mga kriminal na demanda para sa mga maling ulat o artipisyal na pagpapataas ng proporsyon ng paggastos.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga pinataas na gastos ng estado sa mga mababang bilang ng sampu-sampung milyong dolyar kada taon para ipatupad ang mga bagong kinakailangan sa ilang partikular na pribadong hindi nagtutubo na klinika sa pangangalagang pangkalusugan, na sinasaklaw ng mga bayaring sinisingil sa mga apektadong klinika.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Naghahatid ang mga Safety Net Clinic ng mga Serbisyo sa mga Taong Mababa ang Kita. Ang mga klinika ay mga lugar kung saan maaaring makakuha ang mga tao ng ilang partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng pagpapatingin sa doktor. Maraming klinika ang itinuturing na “safety net,” dahil pangunahing nagsisilbi ang mga ito sa mga taong mababa ang kita at walang insurance. Ang pangangalagang ibinibigay ng mga ito ay kadalasang mababa ang gastos o libre para sa mga pasyente. May humigit-kumulang 2,000 safety net clinic sa California. Karamihan ay mga pribadong nonprofit, at ang iba ay pinamamahalaan ng mga pampublikong entidad (tulad ng mga county).

Karamihan ng Kita ng mga Klinika ay Ginagastos sa mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ginagastos ng mga klinika

ang karamihan ng kanilang kita sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga pasyente. Mayroon din silang iba pang gastusin, tulad ng mga gastos sa pangangasiwa. Bawat taon, iniuulat ng mga pribadong nonprofit na safety net clinic sa California ang kanilang mga kita at gastusin sa pederal na pamahalaan at sa estado. Sa kasalukuyan, iniuulat ng mga klinikang ito na gumagastos sila ng average na humigit-kumulang 80 porsiyento ng kanilang kita sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, bagama't magkakaiba ang porsiyento sa bawat klinika.

MUNGKAHI

Nagtatakda ng Minimum na Gastos sa Pangangalagang Pangkalusugan sa mga Pribadong Nonprofit na Safety Net Clinic. Inaatasan ng Proposisyon 44 ang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

mga pribadong nonprofit na safety net clinic na gumastos ng hindi bababa sa 90 porsiyento ng kanilang kabuuang kita bawat taon sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito na ang paggastos sa iba pang gastusin, tulad ng mga gastos sa pangangasiwa, ay lilimitahan sa hindi hihigit sa 10 porsiyento ng kita. Mas detalyadong tutukuyin ng Abogado Heneral ng California kung aling mga uri ng gastusin ang nauugnay sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at kung alin ang iba pang gastusin, gamit ang mga kasalukuyang ulat sa pederal na pamahalaan bilang panimulang batayan. Maaaring humiling ang mga apektadong klinika sa estado ng pansamantalang waiver sa mga kinakailangan sa ilang sitwasyon.

Lumilikha ng Parusa para sa Hindi Pag-abot sa Minimum. Inaatasan ng Proposisyon 44 ang mga apektadong klinika na magbayad ng parusa sa estado kung hindi nila maaabot ang bagong minimum na paggastos sa pangangalagang pangkalusugan. Ang parusa ay magiging katumbas ng halaga ng paggastos na kinakailangan upang maabot ang minimum na 90 porsiyento. Maaaring maibalik sa mga klinika ang kanilang pera kung susunod sila sa mga kinakailangan sa paggastos sa loob ng limang taon. Kung hindi susunod ang mga klinika sa loob ng limang taon, itatago ng estado ang pera at gagastusin ito sa mga programa para sa workforce ng mga klinika.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Lumilikha ng mga Gastos sa Pagpapatupad ng Estado. Sa ilalim ng Proposisyon 44, ipatutupad ng estado ang mga bagong kinakailangan sa mga pribadong nonprofit na safety net clinic. Kabilang dito ang pagsusuri sa mga ulat sa pananalapi at pagsisiyasat sa

mga apektadong entidad. Ang mga gastos ng estado sa pagpapatupad ay magiging nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar bawat taon. Inaatasan ng panukala ang estado na bayaran ang mga gastos sa pamamagitan ng pagsingil ng mga bayarin sa mga apektadong klinika.

Maaaring Magkaroon ng Iba Pang Hindi Tiyak na Gastos. Maaaring lumikha ang Proposisyon 44 ng iba pang mga gastos para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Hindi tiyak ang mga gastos na ito. Nakadepende ang mga ito sa (1) kung paano tutukuyin ng Abogado Heneral ng estado ang mga gastusing nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan at (2) kung maaabot ng mga apektadong klinika ang minimum na paggastos. Halimbawa, maaaring gumastos nang higit ang mga apektadong klinika sa mga direktang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan upang makasunod sa kinakailangan, na maaaring magpataas sa mga gastos ng estado. Ito ay dahil ang ilan sa mga serbisyong ito ay para sa mga pasyente sa Medi-Cal, ang programa ng estado na nagbibigay ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California na mababa ang kita. Maaaring magsara na lamang ang ilang klinikang hindi makatutugon sa minimum na kinakailangan sa paggastos. Lilikha ito ng iba pang hindi tiyak na epekto sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 44 ★

BUMOTO NG OO SA PROP. 44 UPANG UNAHIN ANG MGA PASYENTE AT PANAGUTIN ANG MGA KLINIKA.

Tumatanggap ang mga klinika ng kalusugan ng komunidad sa California ng bilyun-bilyong dolyar mula sa mga nagbabayad ng buwis upang magbigay ng pangangalaga sa mga taong higit na nangangailangan nito. Gayunman, ang ilang klinika ay gumagastos ng mas mababa sa kalahati ng kanilang pagpopondo sa pangangalaga at mga serbisyo sa pasyente, habang malaking bahagi ng kanilang kita ay napupunta sa napakataas na suweldo ng mga CEO at iba pang maaksayang paggastos. Bilang resulta, naghihintay nang ilang buwan ang mga pasyente para sa mga appointment at nahihirapan ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan dahil sa kakulangan ng tauhan, lumang kagamitan, at limitadong mga mapagkukunan.

BAKIT KAILANGAN ANG PROP. 44

Tumatanggap ng pagpopondo mula sa mga nagbabayad ng buwis ang mga klinika ng kalusugan ng komunidad para sa isang layunin: magbigay ng pangunahing pangangalaga, mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pangangalaga sa ngipin, pangangalaga bago manganak, mga pagbabakuna, at iba pang mahahalagang serbisyo sa milyun-milyong bata, nakatatanda, pamilyang nagtatrabaho, at taga-California na may mga kapansanan. Kung walang access sa mga klinikang ito, maraming pasyente ang hindi makatatanggap ng pangangalagang agarang kailangan nila. Ngunit ginagamit sa maling paraan ng ilang CEO ng klinika ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng paglilipat ng milyun-milyong dolyar sa napakataas na suweldo ng mga ehekutibo at iba pang hindi mahahalagang gastusin.

Dahil inaasahang mag-aalis ang malalaking pagbawas sa pederal na pangangalagang pangkalusugan ng bilyun-bilyong dolyar sa pagpopondo para sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng California, magiging kabilang sa pinakamalubhang maapektuhan ang mga klinika ng komunidad. Maaaring mapilitan ang mga klinika na bawasan ang mga serbisyo, magtanggag ng mga tauhan, o magsara pa nga. Nangangahulugan iyon na mas mahalaga ngayon kaysa kailanman ang bawat dolyar para sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi kayang sayangin ng mga nagbabayad ng buwis sa California ang mga mapagkukunang dapat tumutulong sa mga pasyente na makatanggap ng napapanahon at de-kalidad na pangangalaga.

INIAATAS NG PROP. 44 NA ANG MGA DOLYAR PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AY MAPUNTA SA PANGANGALAGA SA PASYENTE

Simple ang Proposisyon 44. Inaatasan nito ang mga klinika ng kalusugan ng komunidad na gumastos ng hindi bababa sa 90% ng kanilang kita sa kanilang misyon bilang nonprofit—pangangalaga sa pasyente at mga serbisyong ginagawang posible ang pangangalaga. Maaaring kabilang dito ang mga pagpapatingin sa doktor, pangangalaga sa kalusugan ng isip, pangangalaga sa ngipin, mga gamot, kagamitang medikal, transportasyon, interpretasyon ng wika, koordinasyon ng pangangalaga, outreach, at iba pang serbisyong nagsisilbi sa misyong pangkawanggawa ng mga klinika sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang hindi kasama sa 90%: labis na sahod ng CEO, magagarbong kaganapan, napakalaking overhead, at iba pang paggastos na nag-aalis ng mga mapagkukunan mula sa pangunahing misyon ng klinika na pangalagaan ang mga pasyente.

PINANANAGOT NG PROP. 44 ANG MGA KLINIKA

Pananatilihin ng Proposisyon 44 ang higit na kalinawan sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga klinika na mag-ulat sa publiko kung paano ginagastos ang mga dolyar para sa pangangalagang pangkalusugan, upang mapanagot sila ng mga pasyente at mga nagbabayad ng buwis. Sa kasalukuyan, may daan-daang milyong dolyar sa sistema ng mga klinika na hindi ginagastos sa pangunahing misyon ng pangangalaga sa pasyente. Titiyakin ng Prop. 44 na mapupunta ang mga dolyar na iyon para sa pangangalagang pangkalusugan sa mga lugar kung saan higit na makabubuti ang mga ito.

Hindi binabawasan ng panukalang ito ang pagpopondo sa mga klinika o ang mga serbisyong inaasahan ng mga pasyente. Ang mga klinikang nakatutugon sa pamantayan ay mapananatili ang bawat dolyar, at maging ang mga klinikang hindi nakatutugon dito ay maaaring mabawi ang anumang parusa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kinakailangan. Ang mga parusang hindi mababawi, kung mayroon man, ay ilalaan muli sa pagr-recruit, pagsasanay, at pagpapanatili ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na lubhang kailangan ng ating mga klinika. Nananatili ang bawat dolyar sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan—inuuna ang pangangalaga sa pasyente sa halip na labis na overhead.

Sumali sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, pasyente, at taga-California na naniniwalang ang pananagutan ay nagpapalakas sa ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

BUMOTO NG OO SA PROP. 44 UPANG UNAHIN ANG MGA PASYENTE.

Shawna Brown, Tagapagtaguyod ng Inisyatiba

Brisa J. Barrera, Manggagawa sa Klinika ng Komunidad

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 44 ★

ANG PROP. 44 AY ISANG MAPANGANIB NA PANUKALA NG MGA ESPESYAL NA INTERES NA NAGBABANTA SA PANGANGALAGA PARA SA MILYUN-MILYON

Huwag magkamali: Ang Prop. 44 ay hindi tungkol sa mga mapagkukunan para sa pangangalaga sa pasyente. Ang Prop. 44 ay isang mapanganib na panukalang ganap na *isinulat* at pinondohan ng isang espesyal na interes na *nagbabanta* sa access sa pangangalaga para sa milyun-milyong tao. Nagpapataw ang Prop. 44 ng mga paghihigpit na hindi maisasagawa na aktuwal na *pumipigil* sa mga klinika ng komunidad na magbigay ng pangangalagang kailangan ng mga pasyente.

SUMASANG-AYON ANG LAHAT NG MGA NARS, DOKTOR, AT TAGAPAGTAGUYOD NG MGA PASYENTE: ANG PROP. 44 AY MAKAKASAKIT SA MGA PASYENTE. Ang Prop. 44 ay:

- Magbabawas ng bilyun-bilyong dolyar sa mga klinika ng kalusugan bawat taon.
- Pipilitin ang mga klinika na magsara at bawasan ang mga serbisyo.
- Mag-aalis ng pangangalaga para sa milyun-milyon.
- Magpapadala ng mas maraming pasyente sa mga ER ng ospital—na magpapahaba sa mga oras ng paghihintay para sa lahat ng pamilya.

HINDI KAILANGAN ANG PROP. 44. MAHIGPIT NA KINOKONTROL ANG MGA KLINIKA NG KOMUNIDAD.

Mahigpit na kinokontrol ang mga klinika ng komunidad, na may mahihigpit na panuntunang nag-aatas na gastusin ang mga mapagkukunan sa pangangalaga sa pasyente at paglilingkod sa kanilang mga komunidad. Inaatasan ng mga batas na pederal at pang-estado ang regular na pag-audit at pampublikong pag-uulat ng paggastos ng mga klinika. Ang bawat klinika ng komunidad ay hindi para sa tubol—pinamumunuan ng isang lupon na kinabibilangan ng mga pasyente—na nag-aatas na gastusin ang mga pondo sa pangangalaga sa pasyente at mga benepisyo sa komunidad, hindi sa mga kita ng korporasyon.

GINAGAMIT NG MGA ESPESYAL NA INTERES NA NAGSUSULONG NG PROP. 44 ANG MGA PASYENTE BILANG MGA PAWN

Ang Prop. 44 ay isang kahiya-hiyang pagtatangka ng isang espesyal na interes na abusuhin ang proseso ng mga panukala sa balota upang magkaroon ng pampulitikang impluwensiya sa mga klinika ng kalusugan. Ang parehong espesyal na interes na ito ay gumastos ng \$140 milyon sa pagsusulong ng dose-dosenang mapaminsalang panukala sa balota laban sa mga ospital, klinika at manggagamot, kabilang ang tatlong hindi matagumpay na proposisyon sa dialysis na labis na tinanggihan ng mga botante.

SUMALI SA MGA PASYENTE, NARS, DOKTOR, AT MGA LIDER NG KOMUNIDAD: HINDI SA PROP. 44.

Tinututulan ang Prop. 44 ng:

- Akademya ng mga Doktor ng Bata ng Amerika
- Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California
- Medikal na Asosasyon ng California
- Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist, Distrito IX ng Amerika
- Mga Kaakibat ng Planned Parenthood ng CA
- Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor na Pang-emerhensya
- Akademya ng mga Doktor ng Pamilya ng California

www.NoProp44.com

Brent K Sugimoto, MD, FFAFP, Inihalal na Pangulo California Akademya ng mga Doktor ng Bata ng Amerika

Kelly McCue, MD, Huling Nakaraang Tagapangulo Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist, Distrito IX ng Amerika

Susanne J. Spano, MD, FACEP, Pangulo Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor na Pang-emerhensya, Balangay ng California

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 44 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 44: ITIGIL ANG PAG-ATAKE SA MGA PASYENTE AT KLINIKA NG KALUSUGAN NG KOMUNIDAD

Ang Prop. 44 ay isang mapanganib at hindi maayos ang pagkakasulat na panukala na magbabanta sa pangangalaga para sa milyun-milyong pasyente sa California.

Nagpapataw ang Prop. 44 ng malubhang depekto at hindi maisasagawang mga paghihigpit na pumipigil sa mga klinika ng komunidad na magbigay ng pangangalagang kailangan ng mga pasyente.

Nagbabala ang mga eksperto sa ekonomiya at kalusugan na ang Prop. 44 ay:

- Magbabawas ng \$1.7 bilyon sa mga klinika ng kalusugan sa unang taon pa lamang.
- Magtutulak sa 88% ng lahat ng klinika sa estado na magpatakbo nang lugi.
- Pipilitin ang libu-libong klinika sa buong estado na bawasan ang mga serbisyo sa pasyente o tuluyang magsara.
- Mag-aalis ng pangangalaga para sa milyun-milyong taga-California.
- Magpapadala ng mas maraming pasyente sa mga emergency room ng ospital—na magpapahaba sa mga oras ng paghihintay para sa lahat ng pamilya.

ARBITRARYONG NILILIMITAHAN NG PROP. 44 ANG PAGGASTOS SA MAHAHALAGANG SERBISYO PARA SA MGA PASYENTE

Napakahina ng pagkakasulat ng Prop. 44 kaya nililimitahan nito ang mga klinika sa paggastos ng mga mapagkukunan sa mahahalagang tauhan at serbisyo, kabilang ang mga nurse manager, lider na manggagamot, mga serbisyo sa pagsasalin, tulong sa insurance at edukasyon sa komunidad. Nililimitahan pa nito ang pagpopondo ng mga klinika para sa mga mammogram, X-ray at CT machine, teknolohiya ng impormasyon, at pagpapalawak o pag-upgrade ng mga klinika.

SINISIRA NG PROP. 44 ANG SISTEMA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT SINASAKTAN ANG LAHAT NG PASYENTE

Nagbibigay ang mga klinika ng kalusugan ng komunidad ng pangunahing pangangalaga, pangangalaga bago manganak, agarang pangangalaga, mga serbisyo sa kalusugan ng isip at pag-uugali, telehealth, at mga serbisyo sa ngipin. Pinatatakbo nila ang mga klinika ng kalusugan na nakabase sa paaralan na nangangalaga sa daan-daang libong bata.

Naglilingkod ang mga klinika ng komunidad sa 1 sa bawat 4 na pasyente ng Medi-Cal, sa mga walang insurance, pamilyang nagtatrabaho, nakatatanda, beterano, at mga bata. Sa maraming rural at mga komunidad na kulang sa serbisyong medikal, ang mga klinika ng komunidad ang tanging pinagmumulan ng pangangalaga sa loob ng daan-daang milya.

Palalalain ng Prop. 44 ang ating malubhang mga problema sa pangangalagang pangkalusugan—na magpapahaba sa mga oras ng paghihintay ng mga pasyente at mag-aalis ng tanging pinagmumulan ng pangangalaga para sa maraming pasyente.

HINDI KAILANGAN ANG PROP. 44. MAHIGPIT NA KINOKONTROL ANG MGA KLINIKA NG KOMUNIDAD.

Mahigpit nang kinokontrol ang mga klinika ng komunidad ng mga pederal at pang-estadong pamahalaan, na may mahihigpit na panuntunan sa pagpopondo para

sa pangangalaga sa pasyente at mahahalagang serbisyo, at regular na sapilitang pampublikong pag-audit. Pinangangasiwaan ang lahat ng klinika ng mga miyembro ng lupon na mga pasyente, upang matiyak na nakatuon ang pangangalaga sa mga pangangailangan ng komunidad. At ang mga klinika ay mga nonprofit na legal na inaataang ituon ang mga mapagkukunan sa mga serbisyo sa pasyente at mga benepisyo sa komunidad.

TINUTUTULAN NG MGA PASYENTE, NARS, DOKTOR AT MGA LIDER NG KOMUNIDAD ANG PROP. 44

“Aalisin ng Prop. 44 ang tanging pinagmumulan ng pangangalaga sa maraming komunidad. Mangyaring bumoto ng HINDI.”—Kim Yu, MD, FFAFP, Pangulo, Akademya ng mga Doktor ng Pamilya ng California

“Ang mga klinika ng komunidad ay lifeline para sa aking pamilya at milyun-milyong tao sa buong California. Mangyaring protektahan ang mga pasyenteng tulad ko. Tanggihan ang Prop. 44.”—Carmen Huertero, Pasyente ng Klinika, San Marcos, CA

“Nagbabanta ang Prop. 44 sa access ng mga kababaihan sa pangangalagang pangkalusugan sa panahong inaatake na ito. Bumoto ng HINDI.”—Jodi Hicks, Pangulo at CEO, Mga Kaakiat ng Planned Parenthood ng California

“Sa pamamagitan ng pagsasara ng mga klinika, pipilitin ng Prop. 44 ang milyun-milyong pasyente na pumunta sa mga emergency room na punô na—na magpapahaba sa mga oras ng paghihintay para sa lahat.”—Susanne J Spano, MD, FACEP, Pangulo, Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor na Pang-emerhensya, California

“Nagbabanta ang Prop. 44 na magsara ang daan-daang klinika na nakabase sa paaralan na nagbibigay ng pangunahing pangangalaga, mga pagbabakuna, pagsusuri sa kalusugan at mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa sampu-sampung libong bata. Bumoto ng HINDI.”—Katie Nilsson, RN, Pangulo, Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California

Tinututulan ang Prop. 44 ng:

- Akademya ng mga Doktor ng Bata ng Amerika, California • Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California • Medikal na Association ng California • Asosasyon ng Pangunahing Pangangalaga ng California, kumakatawan sa libu-libong sentro at klinika ng kalusugan ng komunidad • Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist, Distrito IX ng Amerika • Mga Kaakiat ng Planned Parenthood ng California • Pambansang Asosasyon ng mga Manggagawang Panlipunan, Balangay ng California • Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor na Pang-emerhensya • Akademya ng mga Doktor ng Pamilya ng California

www.NoProp44.com

Eric Ball, MD, FAAP, Pangulo

Akademya ng mga Doktor ng Bata ng Amerika, California

Katie Nilsson, RN, Pangulo

Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California

René Bravo, M.D., Pangulo

Medikal na Asosasyon ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 44 ★

HUWAG MAGPABULAG SA MGA TAKTIKANG NANANAKOT.

Nais ng mga ehekutibo ng klinika na may mataas na suweldo na maniwala ka na magsasara ang panukalang ito ng mga klinika, mag-aalis ng mga serbisyo, at sasaktan ang mga pasyente. Mali ang mga pahayag na iyon.

PINOPROTEKTAHAN NG PROP. 44 ANG PANGANGALAGA SA PASYENTE—HINDI NITO BINABAWASAN ITO.

Inaatasan lamang ng Proposisyon 44 na 90% ng kita ng klinika ay gastusin sa misyon ng mga klinika bilang nonprofit: pangangalaga sa pasyente at mga serbisyong sumusuporta sa pangangalaga. MAAARING KABILANG DITO ANG: Transportasyon, interpretasyon ng wika, koordinasyon ng pangangalaga, outreach sa komunidad, mga nurse manager at klinikal na tauhan, kagamitang medikal at teknolohiya ng impormasyon, at pangangalaga sa kalusugan ng isip, ngipin, at pang-iwas. Maling sinasabi ng mga tumututol na babawasan ang mga serbisyong ito, ngunit idinisenyo ang Prop. 44 upang protektahan ang paggastos na nagsisilbi sa mga pasyente.

PINIPIGILAN NG PROP. 44 NA MALIHIS ANG MAHAHALAGANG MAPAGKUKUNAN MULA SA PANGANGALAGA SA PASYENTE

Nilalayan ng Prop. 44 na bawasan ang paggastos sa: Labis na sahod ng CEO, magagarbong kaganapan, mamahaling consultant, at hindi kinakailangang

paggastos sa pangangasiwa. Nangangahulugan iyon na mapupunta ang mga dolyar para sa pangangalagang pangkalusugan sa dapat nilang puntahan: Pangangalaga sa mga pasyente.

BAKIT NILALABANAN NG MGA EHEKUTIBO NG KLINIKA ANG PANANAGUTAN?

Pinopondohan ang kampanya laban sa Prop. 44 ng kaparehong mga ehekutibo ng klinika na may mataas na suweldo na nakikinabang sa kasalukuyang sistema. Kung sapat na ang pangangasiwa ngayon, hindi gagastos ang ilang klinika ng mas mababa sa kalahati ng kanilang pagpopondo sa pangangalaga at mga serbisyo sa pasyente. Ang tunay na banta sa mga klinika ay hindi pananagutan, kundi ang mapaminsalang pagbawas sa pederal na pangangalagang pangkalusugan. Hindi kayang makita ng mga pasyente na ginagastos ang mahahalagang pagpopondo sa labis na kompensasyon ng mga CEO at iba pang hindi mahahalagang gastusin habang naghihintay sila nang ilang buwan para sa mga appointment at nahihirapan ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan dahil sa kakulangan ng tauhan at limitadong mga mapagkukunan.

UNAHIN ANG MGA PASYENTE, HINDI ANG MGA CEO NG KLINIKA.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 44.

Shawna Brown, Tagapagtaguyod ng Inisyatiba

Brisa J. Barrera, Manggagawa sa Klinika ng Komunidad

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 157 at sa website ng
Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Inaamyendahan ang Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) para pabilisin ang pagsusuri sa kapaligiran para sa mga tinukoy na katagorya ng proyekto (kasama ang karamihan sa mga proyekto sa pabahay, transportasyon, tubig, kalusugan, pagpigil sa Malawakang sunog sa kagubatan, pasilidad ng edukasyon, access sa internet, at malinis na enerhiya). Para sa mga ganitong uri ng mga proyekto, ang panukalang ito ay:
 - Nagtatakda ng mga takdang petsa para kumpletuhin ng mga pampublikong ahensiya ang pagsusuri sa kapaligiran at gumawa ng mga kinakailangang aksyon.
 - Pinapayagan ang pinabilis na pagsusuri ng mga epekto sa kapaligiran, na nililimitahan ang kasalukuyang obligasyon ng mga pampublikong ahensiya para isaalang-alang ang hanay ng mga posibleng alternatibo sa proyekto para bawasan ang mga epekto sa kapaligiran.
 - Nagtataguyod ng mga takdang petsa para sa paghahain at paglulutas ng mga demanda na hinahamon ang mga pag-apruba ng proyekto; nililimitahan ang ebidensya na maaaring isaalang-alang ng mga hukuman at tulong na maaaring iutos ng mga hukuman.

BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga paunang gastos para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan, na malamang na nasa mataas na bilang ng sampu-sampung milyong dolyar bawat taon—na potensyal na lampas sa \$100 milyon bawat taon—para ipatupad ang pagsusuri ng bagong proyekto at mga pamamaraan sa paghamon ng hukuman para sa mga kwalipikadong proyekto. Ang mga singiling binayaran ng mga aplikante ng proyekto at mga taong naghahain ng mga demanda ay bahagyang sasaklaw sa mga gastos na ito.
- Sa pangmatagalan, hindi tiyak, pero potensyal na higit na makabuluhang positibo o negatibong epekto sa pananalapi para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan. Ang pangkalahatang epekto ay nakadepende, sa ilang bahagi, sa kung paano babaguhin ng mga bagong pamamaraan ang bilang ng mga kwalipikadong proyekto na mabubuo at kung may iba't ibang epekto sa kapaligiran ang mga proyektong iyon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Inaatasan ng Batas ng Estado ang mga Ahensiya ng Pamahalaan na Suriin ang mga Epekto sa Kapaligiran ng mga Iminumungkahing Proyekto. Responsibilidad ng mga ahensiya ng pamahalaan ng estado at lokal na suriin at aprubahan ang ilang proyekto bago maitayo ang mga ito. Bilang bahagi ng prosesong ito, inaatasan ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (CEQA) ang isang ahensiya na isaalang-alang kung paano maaaring negatibong makaapekto sa kapaligiran ang isang proyekto bago ito

aprubahan. Nailalapat ang CEQA sa maraming uri ng pampubliko at pribadong proyekto, tulad ng mga pagpapaunlad ng pabahay, pasilidad ng paaralan, at pagpapalawak ng highway. May ilang eksepsiyon. Halimbawa, hindi inaatasan ng batas ng estado ang ilang pagpapaunlad ng pabahay na matatagpuan malapit sa pampublikong transportasyon na sumailalim sa pagsusuri ng CEQA.

Paano Gumagana ang Proseso ng CEQA.

Tinutukoy muna ng ahensiya ng pamahalaan kung nailalapat ang CEQA sa isang proyekto. Kung gayon, tinutukoy nito kung

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kapaligiran ang proyekto at kung maiiwasan o mababawasan ang mga epektong iyon sa pamamagitan ng maliliit na pagbabago sa proyekto. Kung hindi maiiwasan o mababawasan ng maliliit na pagbabago ang malalaking epekto, dapat magsagawa ang ahensiya ng mas detalyadong pagsusuri na tinatawag na ulat sa epekto sa kapaligiran (EIR). (Karamihan ng mga proyekto ay hindi nangangailangan ng EIR; gayunpaman, medyo mas karaniwan ang mga EIR para sa malalaki at kumplikadong proyekto.) Sinusuri ng EIR ang mga posibleng epekto sa kapaligiran na maaaring idulot ng proyekto at isinasaalang-alang ang mga alternatibong maaaring makabawas sa mga epektong iyon. Pagkatapos makumpleto ang pagsusuri sa kapaligiran, nagpapasya ang ahensiya kung aaprubahan ang proyekto. Sa ilang pagkakataon sa prosesong ito, dapat humingi at isaalang-alang ng ahensiya ng pamahalaan ang mga komento tungkol sa pagsusuri sa kapaligiran ng proyekto mula sa publiko at iba pang ahensiya ng pamahalaan.

Maaaring Idemanda ng mga Tao ang Ahensiya ng Pamahalaan Tungkol sa Pagsusuri Nito sa Ilalim ng CEQA. Pagkatapos makumpleto ng isang ahensiya ng pamahalaan ang pagsusuri sa ilalim ng CEQA at magpasya kung aaprubahan ang isang proyekto, maaaring idemanda ng mga taong naniniwalang hindi sinunod nang tama ng ahensiya ang proseso ng CEQA ang ahensiya. Halimbawa, maaaring igiit ng isang tumututol sa proyekto na hindi sapat ang pagsusuri sa kapaligiran. Kung matukoy ng hukuman na hindi sinunod nang tama ng ahensiya ang CEQA, maaari nitong ihinto ang buong proyekto at atasan ang ahensiya na ayusin ang bahagi ng proseso na may problema.

Kailangan Ding Kumuha ng Iba Pang Pagpapatibay ang Maraming Proyekto. Bukod sa pagsusuri sa ilalim ng CEQA, maraming proyekto ang nangangailangan ng pagpapatibay o mga permit mula sa iba pang lokal at/o pang-estadong ahensiya ng pamahalaan bago maaaring

ipagpatuloy ang mga ito. Halimbawa, maaaring kailanganin ng isang negosyong gustong magtayo ng klinika ng kalusugan na baguhin ng lokal na pamahalaan ang mga panuntunan sa paggamit ng lupa bago ito makapagpatuloy. Maaari ring kailanganin nitong suriin at aprubahan ng mga pang-estadong ahensiya kung paano maaaring makaapekto ang proyekto sa ilang uri ng wildlife at sa kalidad ng tubig.

MUNGKAHI

Lumilikha ang Proposisyon 45 ng mga bagong pamamaraan para sa pagsusuri ng ilang uri ng proyekto na tinutukoy nito bilang “mahahalaga.” Inililista sa Figura 1 ang mga uri ng proyektong kwalipikado para sa mga bagong pamamaraan. Ang proposisyon ay (1) naghihigpit sa mga limitasyon sa oras para sa pagsusuri sa ilalim ng CEQA, mga permit, at mga hamon sa hukuman; (2) nagbabago sa ilang bahagi ng proseso ng pagsusuri sa ilalim ng CEQA; at (3) nagbabago sa proseso ng pagsusuri ng hukuman para sa mga demanda sa ilalim ng CEQA. Binibigyan ng proposisyon ang mga aplikante ng kwalipikadong proyekto ng opsyon na gamitin ang mga bagong pamamaraan o ang mga kasalukuyang pamamaraan.

Figura 1

Mga Uri ng Proyektong Karapat-dapat Gamitin ang mga Bagong Pamamaraan ng Proposisyon 45

- Pabahay.
- Sistema ng tubig (hindi kabilang ang mga pasilidad sa paghahatid ng Delta).
- Malinis na enerhiya (hindi kabilang ang enerhiyang nuklear).
- Pasilidad pangkalusugan, klinika, at gusali ng tanggapang medikal.
- Mga istasyon ng bumbero, pulisya, at sheriff.
- Pagbabawas ng panganib ng mga sunog sa kagubatan.
- Access sa broadband Internet.
- Pasilidad na pang-edukasyon.
- Transportasyon (hindi kabilang ang high-speed rail).

Naghihigpit sa mga Limitasyon sa Oras para sa Pagsusuri at mga Hamon sa Hukuman ng mga Kwalipikadong Proyekto. Lumilikha ang Proposisyon 45 ng mas mahigpit na mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

limitasyon sa oras para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan upang magsagawa ng parehong pagsusuri sa ilalim ng CEQA at pagsusuri sa pagpapahintulot. Kabilang dito ang mga limitasyon sa oras para sa pagtukoy kung kumpleto ang isang aplikasyon para sa proyekto, pagkumpleto ng EIR, at pagbibigay ng iba pang uri ng mga pagpapatibay at permit. Halimbawa, pinahihintulutan ng Proposisyon 45 ang isang aplikante na humiling ng pagdinig sa ahensiya—at posibleng magsampa ng demanda sa mga hukuman—kung hindi natutugunan ng isang ahensiya ang 365-araw ng negosyo na limitasyon sa oras para sa pagkumpleto ng EIR. Lumilikha rin ang proposisyon ng limitasyon sa oras para lutasin ng mga hukuman ang mga legal na hamon.

Binabago ang Pagsusuri sa Ilalim ng CEQA para sa mga Kwalipikadong Proyekto. Para sa mga kwalipikadong proyekto, gumagawa ang Proposisyon 45 ng ilang pagbabago sa proseso ng pagsusuri sa ilalim ng CEQA, kabilang ang:

- ***Proseso ng Aplikasyon.*** Inaatasan ang ahensiya ng pamahalaan na tukuyin ang lahat ng impormasyong dapat isama sa isang aplikasyon bago ito isumite. (Pinahihintulutan ng kasalukuyang batas ang mga ahensiya na paulit-ulit na humiling ng karagdagang impormasyon o mga pagbabago sa proyekto.)
- ***Kung Paano Sinusuri ang mga Epekto sa Kapaligiran.*** Inaatasan ang ahensiya na suriin ang mga potensyal na epekto sa kapaligiran batay sa mga batas at pamantayang ipinatutupad sa oras na isumite ang aplikasyon para sa proyekto. (Pinahihintulutan ng kasalukuyang batas ang ahensiya na isaalang-alang ang bagong impormasyon at baguhin ang mga pamantayan nito sa pagsusuri kapag isinasagawa ang EIR.)
- ***Mga Alternatibo sa Proyekto.*** Pinahihintulutan ang aplikante na bumuo lamang ng isang alternatibo sa proyekto para isaalang-alang ng ahensiya. (Inaatasan ng kasalukuyang batas ang ahensiya—hindi

ang aplikante—na bumuo at isaalang-alang ang maraming alternatibo sa proyekto na maaaring makabawas sa mga epekto sa kapaligiran.)

- ***Konsultasyon sa mga Katutubong Tribo.*** Inaatasan ang ahensiya at aplikante na kumonsulta tungkol sa proyekto lamang sa mga katutubong tribo ng California na pormal na kinilala ng pederal na pamahalaan. (Inaatasan ng kasalukuyang batas ang konsultasyon sa mas malawak na hanay ng mga tribo.)
- ***Mga Panahon ng Pampublikong Komento.*** Nililimitahan kung gaano katagal maaaring tumanggap ang ahensiya ng mga komento mula sa publiko at iba pang ahensiya ng pamahalaan tungkol sa proyekto. (Nagtatakda ang kasalukuyang batas ng pinakamababang bilang ng mga araw—hindi ng maximum—para sa pampublikong pagsusuri.)

Binabago Kung Paano Sinusuri ng mga Hukuman ang mga Hamon sa mga Kwalipikadong Proyekto. Gumagawa ang Proposisyon 45 ng ilang pagbabago sa proseso ng pagsusuri ng hukuman kapag hinahamon ng isang tao ang pagpapatibay ng isang ahensiya ng pamahalaan sa isang kwalipikadong proyekto. Halimbawa, binabawasan nito ang saklaw ng maaaring isaalang-alang ng hukuman sa mga demanda sa ilalim ng CEQA. Pinipigilan din ng proposisyon ang hukuman na ihinto ang buong proyekto kung matukoy nitong hindi sinunod nang tama ng ahensiya ang CEQA. Sa halip, maaari lamang ihinto ng hukuman ang bahagi ng proyekto kung saan hindi sumunod sa CEQA ang pagsusuri sa kapaligiran habang inaayos ng ahensiya ang problema.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Paunang Gastos para sa mga Pang-estado at Lokal na Pamahalaan. Sa unang ilang taon, malamang na itataas ng Proposisyon 45 ang mga gastos para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang mga pang-

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

estadong hukuman. Malamang na nasa mataas na sampu-sampung milyong dolyar bawat taon ang mga gastos na ito, na posibleng lumampas sa \$100 milyon bawat taon. Halimbawa, magkakaroon ng mga gastos ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan upang bumuo ng mga bagong alituntunin at pamantayan para sa pagsusuri ng mga epekto sa kapaligiran ng mga kwalipikadong proyekto, matugunan ang mas mahigpit na mga limitasyon sa oras, at harapin ang mga hamon sa hukuman. Sasagutin ng mga bayarin na binabayaran ng mga aplikante ng proyekto at mga taong nagsasampa ng mga demanda ang ilan sa mga gastos na ito. Pagkatapos ng paunang panahong ito, habang maaaring magpatuloy ang ilang gastos, malamang na bababa ang iba sa paglipas ng panahon. Halimbawa, maaaring mangahulugan ang mga pagbabago sa kung paano maaaring suriin ng mga hukuman ang mga demanda sa ilalim ng CEQA na mas kaunting tao ang magdedemanda sa hinaharap, na maaaring magpababa sa mga gastos para sa mga ahensiya at pang-estadong hukuman sa pangmatagalan.

Sa Mas Mahabang Panahon, Hindi Tiyak ngunit Posibleng Mas Malaking mga Epekto sa Pananalapi. Ang mga pagbabago ng Proposisyon 45 sa mga pamamaraan ng pagsusuri ng proyekto at mga hamon sa hukuman para sa mga kwalipikadong proyekto ay maaaring magkaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan. Hindi tiyak ang pangkalahatang epekto sa pananalapi ng mga pagbabagong ito—positibo man o negatibo—ngunit maaaring mas malaki ito kaysa sa mga panandaliang epekto. Halimbawa, dalawang epekto na maaaring magkaroon ng malaki ngunit hindi tiyak na mga epekto ay:

- **Mas Maraming Proyekto at Mas Mabilis na Takdang Panahon.** Sa lawak na ang mga pagbabago ng Proposisyon 45 sa mga pamamaraan ng pagsusuri ng proyekto at mga hamon sa hukuman ay humantong sa mas mabilis na pagtatayo ng mga kwalipikadong pampublikong proyekto, malamang na mas mababa ang mga gastos ng proyekto para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan. Bukod pa rito, kung magreresulta ang mga pagbabago ng proposisyon sa pagkumpleto ng mas maraming proyekto sa pangkalahatan, maaari itong humantong sa pagtaas ng mga kita sa buwis, tulad ng mula sa mga buwis sa ari-arian.
- **Mga Negatibong Epekto sa Kapaligiran.** Sa lawak na ang mga pagbabago ng Proposisyon 45 sa mga pamamaraan ng pagsusuri ng proyekto at mga hamon sa hukuman ay humantong sa pagpapatibay ng mga proyektong may negatibong epekto sa kapaligiran na kung hindi dahil dito ay hindi sana mangyayari, maaaring harapin ng mga ahensiya ng pamahalaan ang mas mataas na mga gastos upang tumugon sa mga epektong iyon.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2026-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 45 ★

MAHABANG PAGKAANTALA AT RED TAPE ANG HUMAHADLANG SA MGA MAHAHALAGANG PROYEKTO AT NAGPAPATAAS SA ATING GASTOS SA PAMUMUHAY.

Hindi kayang manirahan ng mga pamilya sa California dahil hindi natin naibibigay ang mga pangunahing pangangailangan. Ang lipas nang sistema ng California para sa pag-apruba ng mga mahahalagang proyekto sa pabahay, tubig, malinis na enerhiya, mga kalsada, paaralan, ospital, at pag-iwas sa sunog sa kagubatan ay masyadong mabagal, masyadong burukratiko, at masyadong magastos—na nagpapataas sa gastos sa pamumuhay para sa lahat.

Ang walang katapusang pagkaantala, red tape, at mga walang kabuluhanang demanda ay nagpapamahal sa buhay at humahadlang sa mga proyektong kailangan ng mga taga-California—na nagpapataas sa mga gastos para sa pabahay, kuryente, at tubig; nagsasayang ng pera ng mga nagbabayad ng buwis; nagpapalala sa panganib ng sunog sa kagubatan; nagpapataas ng pagsisikap ng trapiko; nagdudulot ng pagsisikap sa mga paaralan; at nagdudulot ng pagkaantala sa mga pagpapahusay sa mga ospital at imprastruktura.

PINAPABABA NG PROP. 45 ANG ATING MATAAS NA GASTOS SA PAMUMUHAY SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPABILIS AT PAGPAPAMURA SA PAGTATAYO NG MGA MAHAHALAGANG PROYEKTO.

Pinapasimple ng Prop. 45 ang mga pag-apruba sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga maipatutupad na limitasyon sa oras para sa mga pag-apruba ng proyekto; inaatasan ang mga hukuman at ahensiya ng pamahalaan na ibatay ang mga desisyon sa mga batas at regulasyong ipinatutupad kapag isinumite ang aplikasyon para sa proyekto; at lumilikha ng mas mabilis at mas mahuhulaan na proseso para sa mga legal na hamon habang binabawasan ang mga walang kabuluhanang demanda. **PINAPASIMPLE NG PROP. 45 ANG MGA PINAKAMAHALAGANG PROYEKTO NG CALIFORNIA, KABILANG ANG:**

- Mga proyekto para sa kalidad at suplay ng tubig • Mga ospital at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan • Pabahay, kabilang ang mga bahay at apartment • Pag-iwas sa sunog sa kagubatan • Mga paaralan at silid-aralan • Mga kalsada, tulay at transit • Malinis na enerhiya at imprastruktura para sa pagiging maasahan ng electric grid

ANG PROP. 45 AY:

- **BINABAWASAN ANG GASTOS SA PABAHAY.** Ang mga pagkaantala sa pagpapahintulot ay nagdaragdag ng higit sa \$75,000 sa gastos ng isang bagong bahay. Makakatulong ang Prop. 45 na mapababa ang mga renta at mortgage at makatipid ang mga pamilya ng sampu-sampung libong dolyar sa pagbili ng bahay.
- **PINAPABABA ANG MGA GASTOS SA KURYENTE.** Ang mga pagkaantala sa pagtatayo ng malinis na enerhiya at imprastruktura ng electric grid ay nagpapataas sa mga gastos sa kuryente para sa mga pamilyang nagtatrabaho. Nakakatulong ang Prop. 45 na mapababa ang mga gastos sa kuryente.
- **PINOPROTEKTAHAN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.** Ang mahahabang pagkaantala ay nagdudulot ng malalaking paglagpas sa badyet sa mga pampublikong proyekto—mga kalsada, paaralan, ospital, sistema ng tubig, at pag-iwas sa sunog sa kagubatan—na nagkakahalaga sa mga nagbabayad ng

buwis ng bilyun-bilyong dolyar pa. Binabawasan ng Prop. 45 ang magastos na mga pagkaantala, binabawasan ang mga gastos, at tumutulong na mapanatili ang mga proyekto sa oras at pasok sa badyet.

- **LUMILIKHA NG MGA TRABAHONG MAY MAGANDANG SUWELDO AT PINALALAKAS ANG ATING EKONOMIYA.** Lilikha ang Prop. 45 ng sampu-sampung libong trabahong may magandang suweldo at bilyun-bilyong dolyar na aktibidad sa ekonomiya.

PINANANATILI NG PROP. 45 ANG PINAKAMAHIGPIT NA MGA PROTEKSIYON SA KAPALIGIRAN SA CALIFORNIA SA BUONG BANSA.

Hindi dapat kailangang pumili ng California sa pagitan ng pagprotekta sa kapaligiran at pagtatayo ng mga mahahalagang proyektong kailangan natin. Sa ilalim ng Prop. 45, dapat sumunod ang mga proyekto sa *lahat* ng mahigpit na batas sa kapaligiran ng California na nagpoprotekta sa ating hangin, tubig, wildlife, at kalusugan. *Hindi* ibinubukod ng Prop. 45 ang kahit isang proyekto mula sa pagsusuri sa kapaligiran.

PINOPROTEKTAHAN NG PROP. 45 ANG MGA KOMENTO NG KOMUNIDAD AT LOKAL NA PAGDEDESIYON.

Sa ilalim ng Prop. 45, pinananatili ng mga lungsod at county ang buong awtoridad na aprubahan o tanggihan ang mga proyekto, at pinananatili ng mga residente ang makabuluhang boses sa mga desisyong nakaapekto sa kanilang mga komunidad.

SINUSUPPORTAHAN NG MGA TAGAPAGTAGUYOD NG ABOT-KAYANG PABAHAY, MGA PROPEYONAL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, MGA TAGAPAGTURO, MGA TAGAPAGKALOOB NG TUBIG, MGA PINUNO SA MALINIS NA ENERHIYA AT MGA PINUNO SA MGA KARAPATANG SIBIL ANG PROP. 45.

Sinusupportahan ang Prop. 45 ng isang malawak na koalisyong ng mga organisasyon, kabilang ang:

- Malinis na Enerhiya ng Amerika—California • Liga ng mga Nagkakaisang Latino-Amerikanong Mamamayan ng California • NAACP California/Hawaii Kumperensya ng Estado • Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California • Sentro ng Inobasyon para sa Patakarang Pangkapaligiran

OO SA PROP. 45 UPANG BUMUO NG MAS ABOT-KAYANG CALIFORNIA.

Bawat taon ng pagkaantala ay nangangahulugang mas matagal na *paghihintay* at *mas malaking pagbabayad* ng mga taga-California para sa mga mahahalagang proyektong kailangan natin. Panahon na upang alisin ang red tape, protektahan ang ating kapaligiran at itayo ang mga proyektong kailangan ng California upang gawing mas abot-kaya ang buhay.

BUMOTO NG OO SA PROP. 45.

YESonProp45.com

Ann-Louise Kuhns, Pangulo

Asosasyon ng mga Ospital ng mga Bata ng California

Jennifer Capitolo, Ehekutibong Direktor

Kapisanan sa Tubig ng California

Jenna Abbott, Ehekutibong Direktor

Konseho sa Abot-kayang Pabahay ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 45 ★

HINDI IBABABA NG PROPOSISYON 45 ANG IYONG MGA GASTOS.

Hindi nito inaatasan ang kahit isang proyekto na babaan ang iyong renta, mortgage, o mga bayarin sa utility. Nakikinabang ang mga corporate funder ng 45 habang ikaw ang sumasagot sa gastos ng kanilang polusyon.

HINDI NAGHAHATID ANG PROP. 45 NG ABOT-KAYANG CALIFORNIA.

NILILIMITAHAN NITO ANG PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN AT PAMPUBLIKONG PAGSUSURI AT NANGANGANIB SA KALUSUGAN NG PUBLIKO.

Maaaring tungkol sana ang Prop. 45 sa pagtatayo ng kailangan ng California. Hindi ito ganoon. Pinopondohan ng mga utility ng gas at kuryente at mga corporate PAC ang Prop. 45, at binabawasan nito ang kanilang mga gastos, hindi ang iyo. Binabago ng Prop. 45 ang batas ng California upang protektahan ang kanilang mga proyekto, na nakapipinsala sa kalusugan ng publiko at sa ating hangin at tubig.

INILALAGAY NG PROP. 45 SA PANGANIB ANG IYONG KALUSUGAN AT IKAW ANG PINAGBABAYAD. Ang mas mahinang pagsusuri sa kapaligiran ay nangangahulugang ng mas maraming polusyon malapit sa mga bahay at paaralan, mas maraming hika at mas maraming pagpunta sa emergency room. Kapag hindi naglilinis ang mga nagpaparumi, mas malaki ang binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis at mga nagbabayad ng singil sa utility upang sagutin ang mga gastos.

INAAALIS NG PROP. 45 ANG MGA KOMENTO NG PUBLIKO. Nililimitahan nito ang pagsusuri sa kapaligiran ng mga bagong proyekto at ang iyong karapatang

magbigay ng komento at mapakinggan. Binibigyan din ng 45 ang mga developer ng mga bagong karapatang hamunin ang mga lungsod at county, habang pinapahirap para sa mga tumututol sa proyekto na matagumpay na hamunin ang desisyon ng isang ahensiya.

Binabago ng Prop. 45 ang mga panuntunang namamahala sa kung paano pinoprotektahan ng California ang mga mamamayan nito mula sa pinsalang dulot ng malalaking pagpapaunlad. Pinahihina ng Prop. 45 ang mga pananggalang sa kapaligiran at radikal na inililipat ang kapangyarihan sa mga corporate na nagpaparumi.

Protektahan ang kalidad ng iyong hangin, ang iyong iniinom na tubig, kalusugan ng iyong pamilya, iyong mga dolyar ng buwis, at ang iyong karapatang mapakinggan.

Sumali sa mga nars, tagapagtaguyod ng komunidad at kalusugan ng publiko.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 45.

www.NoProp45CA.com

Chris Tarver, R.N., Pangulo

Asosasyon ng mga Nars ng California, CA

Vanessa Forsythe, RN

Mga Nars para sa Kalusugan at Hustisya ng California

Martha Arguello, Ehekutibong Direktor

Mga Doktor para sa Responsibilidad sa Lipunan, LA

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 45 ★

NILILIMITAHAN NG PROPOSISYON 45 ANG PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN AT PAMPUBLIKONG PAGSUSURI SA MGA PROYEKTONG ITINATAYO SA IYONG KOMUNIDAD. BUMOTO NG HINDI SA PROP. 45 UPANG PROTEKTAHAN ANG TUBIG, KALIDAD NG HANGIN AT KALUSUGAN NG PUBLIKO.

Nililimitahan ng Proposisyon 45 ang parehong pagsusuri sa kapaligiran ng mga pangunahing bagong proyekto sa pagpapaunlad at ang karapatan ng publiko na mapakinggan. Hinahayaan ng Prop. 45 na magpatuloy ang mga proyekto na may mas kaunting pagsusuri sa pinsalang maaari nilang idulot sa hangin, tubig at kalusugan ng publiko.

PINAHIHINA NG PROP. 45 ANG MAHAHALAGANG PROTEKSIYON PARA SA KALIDAD NG HANGIN AT TUBIG SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAHINA SA BATAS SA KALIDAD NG KAPALIGIRAN NG CALIFORNIA (CEQA).

Ang CEQA ay ang pinakamahalagang batas ng California para sa proteksyon ng kalidad ng hangin at tubig. Inaatasan nito ang mga pampublikong ahensiya na tukuyin, isiwalat sa publiko, at isaalang-alang ang pagbabawas ng pinsala sa hangin, tubig, at wildlife bago aprubahan ang mga proyekto. Inaalis ng Prop. 45 ang marami sa mga kasalukuyang proteksiyon ng CEQA—na nagpapahintulot sa mga developer na pabilisin ang mga proyektong nagpaparumi na ayaw mong itayo sa tabi ng iyong tahanan, na may mas kaunting proteksiyon para sa tubig na iniinom mo at hangin na nilalanghap mo.

INAALIS NG PROP. 45 ANG PUBLIKO SA MGA DESISYONG NAKAAPEKTO SA IYONG PAMILYA.

Ngayon, mayroon kang boses sa kung ano ang itinatayo malapit sa iyo at sa iyong pamilya. Binabawasan ng Prop. 45 ang mga kinakailangan sa mga pampublikong ahensiya na isaalang-alang ang mga komento ng publiko sa mga iminumungkahing proyekto—mga komentong kadalasang naglalantad ng potensyal na kontaminasyon ng hangin at tubig, at pinsala sa ating mga baybayin, ilog, at wildlife. Kung maipapasa ang Prop. 45, ang mga desisyon tungkol sa kung ano ang itatayo malapit sa iyong tahanan, paaralan ng iyong mga anak, at suplay ng iyong tubig ay gagawin nang may mas kaunting impormasyon at mas kaunting komento mula sa publiko. Binabawasan ng Prop. 45 ang iyong kakayahang protektahan ang iyong pamilya at komunidad mula sa pinsala.

Mas kailangan natin ang mga proteksiyon ng CEQA kaysa kailanman dahil pinahina ang mga pederal na proteksiyon.

SILA ANG NAGPAPARUMI. IKAW ANG NAGBABAYAD.

Nagbabala ang walang-partidong Legislative Analyst's Office na maaaring aprubahan ng Prop. 45 ang mga proyektong magresulta sa “mga hindi

sinasadyang negatibong epekto sa kapaligiran.” Kapag hindi inaatasan ang mga korporasyon na bawasan ang kanilang polusyon, napipilitang magbayad ang mga nagbabayad ng buwis upang linisin ang mga kemikal na nagdudulot ng kanser mula sa ating iniinom na tubig at mga kontaminadong lupain.

HINDI BABABAIN NG PROP. 45 ANG IYONG MGA GASTOS.

Walang anumang kinakailangan ang Prop. 45 na babaan ang iyong mga gastos sa pabahay o mga bayarin sa utility. Makikinabang ang mga korporasyong nagbabayad para sa Prop. 45 habang patuloy kang nagbabayad.

SINO ANG NASA LIKOD NG PROP. 45?

Isinulat ang Prop. 45 ng Kamara ng Komersiyong ng California at pinondohan ng mga utility ng gas at kuryente at mga corporate PAC. Binibigyan nito ang mga nagpaparumi at korporasyong nagpopondo sa Prop. 45 ng higit na kalayaan na ilagay ang anumang gusto nila sa tabi ng iyong tahanan. Mas mahalaga ang kalusugan ng iyong pamilya at kalidad ng kapaligiran kaysa sa mga kita ng korporasyon.

SUMALI SA MALAWAK NA KOALISYON NG MGA GRUPO SA KALUSUGAN NG PUBLIKO, KAPALIGIRAN, AT KOMUNIDAD NA TUMUTUTOL SA PROP. 45, KABILANG ANG:

- Pambansang Pederasyon para sa Buhay-Ilang • Mga Komunidad ng California Laban sa • Mga Botante ng Kapaligiran ng California • Alyansa ng Hustisyang Pangkapaligiran ng California • Mga Nars ng California para sa Kalusugan at Hustisyang Pangkapaligiran • Aksyon sa Malinis na Tubig • Koalisyon para sa Malinis na Hangin • Mga Doktor para sa Pananagutang Panlipunan—Los Angeles Democrat ka man, Republican, o independent, bumoto ng HINDI sa Prop. 45 upang protektahan ang iyong hangin at tubig, iyong mga dolyar ng buwis, at iyong karapatang mapakinggan.

BUMOTO NG HINDI sa Prop. 45.

www.NoProp45CA.com.

Joe Lyuu, Pangulo

Koalisyon para sa Malinis na Hangin

Jennifer Clary, California Direktor

Aksyon sa Malinis na Tubig

Matt Abularach-Macias, Direktor na Pampulitika

Mga Botante ng Kapaligiran ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 45 ★

ANG PROP. 45 ANG PAGBABAGONG KAILANGAN NATIN UPANG BUMUO NG MAS ABOT-KAYANG CALIFORNIA.

Nabibigo ang kasalukuyang kalagayan ng California. Hindi kayang manirahan dito ng mga pamilya dahil hindi natin naibibigay ang mga pangunahing pangangailangan. Ang walang katapusang pagkaantala, demanda at red tape ay nagpapataas sa gastos ng mga pangunahing pangangailangan—pabahay, tubig, kuryente, paaralan, kalsada, pangangalagang pangkalusugan at proteksyon laban sa sunog sa kagubatan.

Mayroon tayong pagpipilian: tanggapin ang nabibigong kasalukuyang kalagayan—o ayusin ito.

INAAYOS NG PROP. 45 ANG ATING SIRANG SISTEMA NG PAG-APRUBA NG PROYEKTO sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga hindi kinakailangang pagkaantala para sa mga mahahalagang proyekto—na nagpapababa sa ating gastos sa pamumuhay at nagpapahusay sa ating kalidad ng buhay.

NILILINLANG NG MGA TUMUTUTOL SA PROP. 45 ANG MGA BOTANTE UPANG PROTEKTAHAN ANG SIRANG KASALUKUYANG KALAGAYAN.

Ang parehong mga tumututol na lumalaban sa Prop. 45 ay gumugol ng ilang dekada sa paggamit ng parehong mga taktika ng pananakot upang harangan kahit ang katamtamang mga reporma. Lumalaban sila upang panatilihin ang sirang kasalukuyang kalagayan na ginagawang hindi abot-kaya ang California at nagpapababa sa ating kalidad ng buhay.

HINDI NATIN KAILANGANG PUMILI SA PAGITAN NG PAGPROTEKTA SA KAPALIGIRAN AT PAGTATAYO NG MGA MAHAHALAGANG PROYEKTO.

- **KATOTOHANAN:** Pinananatili ng Prop. 45 ang *bawat* pederal, pang-estado at lokal na batas sa kapaligiran na nagpoprotekta sa ating hangin, tubig, wildlife, at kalusugan ng publiko, kabilang ang Batas sa Malinis na Hangin at Batas sa Malinis na Tubig.

- **KATOTOHANAN:** Hindi inaalis ng Prop. 45 ang kahit isang *batas* sa kapaligiran o ibinubukod ang kahit isang *proyekto* mula sa pagsusuri sa kapaligiran.

- **KATOTOHANAN:** Pinananatili ng mga komunidad ang kanilang boses. Pinananatili ng mga residente ang kanilang karapatang magbigay ng mga komento sa publiko, tumutol sa mga proyekto, at magsampa ng demanda upang ihinto ang mga proyekto.

- **KATOTOHANAN:** *Nailalapat lamang ang Prop. 45 sa mga mahahalagang proyekto:* tubig, mga ospital, pabahay, mga paaralan, mga kalsada, transit, malinis na enerhiya, at pag-iwas sa sunog sa kagubatan.

SIMPLE ANG PAGPIPILIAN: tanggapin ang sirang kasalukuyang kalagayan—o ayusin ito.

BUMOTO NG OO SA PROP. 45 UPANG BUMUO NG MAS ABOT-KAYANG CALIFORNIA.

Ann-Louise Kuhns, Pangulo

Asosasyon ng Ospital ng mga Bata ng California

Ruben Grijalva, Dating Fire Marshall ng Estado ng California
CAL FIRE

Robert Rivinius, Pangulo

Asosasyon ng Negosyo ng Pamilya ng California

Inilalarawan ng seksyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay rin nito kung paano makakaapekto ang panukalang bono sa balota, kung naaprubahan ng mga botante, sa mga gastos ng estado sa pagbabayad ng mga bono.

Mga Bono ng Estado at ang mga Gastos Nito

Ano ang mga Bono? Ang mga bono ay isang paraan para humiram ng pera ang mga pamahalaan. Ang pamahalaan ng estado ay pangunahing gumagamit ng mga bono upang magbayad para sa mga proyektong pang-impraestraktura na magtatagal at kapaki-pakinabang tulad ng mga tulay, mga dam, mga bilangguan, mga parke, mga paaralan, at mga gusali ng opisina. Nagbebenta ang estado ng mga bono sa mga namumuhunan upang makatanggap ng paunang pagpopondo para sa mga proyektong ito at pagkatapos ay dapat bayaran ang mga namumuhunan sa loob ng isang yugto ng panahon, karaniwang mga ilang dekada. Ito ay halos katulad ng paraan ng pagbabayad ng isang pamilya sa mortgage para sa kanilang bahay.

Ano ang mga Gastos ng Pagpopondo sa Bono?

Mas malaki ang kabuuang gastos ng estado para sa isang proyekto kung magbabayad ito gamit ang mga bono kaysa kung magbabayad ito nang maaga gamit ang perang mayroon na ito. Ito ay dahil kailangan nitong magbayad ng interes sa mga bono. Ang halaga ng karagdagang gastos ay depende sa kabayaran ng interes at kung gaano katagal bago mabayaran ang mga bono. Halimbawa, kung gagamit ang estado ng 30-taong bono na may 4 na porsiyentong rate ng interes upang bayaran ang isang proyekto, ang kabuuang gastos ay humigit-kumulang 15 porsiyentong mas malaki (pagkatapos isaayos para sa inflation) kaysa kung nagbayad nang maaga ang estado gamit ang perang mayroon na ito.

Karamihan ng mga Bono ay Dapat Aprubahan ng mga Botante. Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado na aprubahan ng mga botante ang karamihan ng mga bagong bono. Ang mga bonong ito ay karaniwang binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang

karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

Mga Bono at Paggasta ng Estado

Kasalukuyang Halaga ng Utang sa Bono.

Kasalukuyang nagbabayad ang estado ng humigit-kumulang \$80 bilyon na mga bono mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Bukod dito, dati nang inaprubahan ng mga botante at ng Lehislatura ang humigit-kumulang \$40 bilyon na mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa naibebenta. Karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabenta sa susunod na ilang taon. Ang estado ay kasalukuyang nagbabayad ng humigit-kumulang \$6 na bilyon bawat taon mula sa mga Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono. Ang estado ay patuloy na magbabayad ng katulad na halaga sa susunod na ilang taon. Ito ay humigit-kumulang 3 porsiyento ng taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado, na mas mababa kaysa sa dating katampatan na humigit-kumulang 4 na porsiyento.

Epekto ng Halalan na Ito sa mga Pagbabayad sa Utang.

May dalawang panukalang bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo sa balotang ito: Proposisyon 1 at Proposisyon 38. Papayagan ng Proposisyon 1 ang estado na humiram ng \$10 bilyon para sa mga programa para sa abot-kayang pabahay. Ang gastos upang bayaran ang bonong ito ay humigit-kumulang \$500 milyon hanggang \$600 milyon bawat taon sa loob ng 25 taon. Papayagan ng Proposisyon 38 ang estado na humiram ng \$8.4 bilyon para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy. Ang gastos upang bayaran ang bonong ito ay humigit-kumulang \$500 milyon hanggang \$600 milyon bawat taon sa loob ng 20 taon. Ang gastos upang bayaran ang parehong bono ay magiging kabuuang humigit-kumulang \$1 bilyon bawat taon, na katumbas ng humigit-kumulang kalahati ng 1 porsiyento (0.5 porsiyento) ng taunang kita ng estado mula sa Pangkalahatang Pondo.

Mga Halalan sa California

Iniaatas ng Batas sa Open Primary para sa Nangungunang Dalawang Kandidato na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang katungkulan na hinirang ng botante sa iisang balota. Dating tinatawag na may partidong mga katungkulan, kasama sa mga katungkulan na hinirang ng botante ang mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng U.S., at konstitusyonal na katungkulan sa estado.

Sa bukas na pangunahin at pangkalahatang halalan, maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kagustuhan sa partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro ng botante. Sa pangunahing halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—maging anuman ang kagustuhan sa partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay makakatanggap ng karamihan ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento + 1), dapat pa ring magsagawa ng pangkalahatang halalan.

Hindi naaangkop ang sistema ng open primary ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Maaari pa ring tumakbo sa pangunahing halalan ang mga kandidatong hindi nakalista sa balota para sa mga katungkulan na hinirang ng botante. Gayunpaman, magagawa lang ng isang kandidatong hindi nakalista sa balota na magpatuloy sa pangkalahatang halalan kung ang kandidato ay isa sa dalawang makakakuha ng pinakamaraming boto sa pangunahing halalan. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Iniaatas ng batas ng California na i-print ang mga sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

Mga Katungkulan na Hinirang ng Botante

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na pormal na humirang ng mga kandidato para sa mga katungkulan na nominado ng botante sa pangunahing halalan. Ang kandidatong hinirang para sa katungkulan na hinirang ng botante sa pangunahing halalan ang magiging nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat sabihin sa balota ng kandidato para sa nominasyon sa katungkulan na nominado ng botante ang kanyang gustong kwalipikadong partido, o ang kawalan niya ng gustong partido, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang gustong partido, at ipapakita lang ito para sa impormasyon ng mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay hinihirang o iniendorso ng itinalagang partido, o na may kaugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong hinirang ng mga botante bilang opisyal na hinirang na kandidato ng anumang partidong pampulitika. Sa patnubay sa impormasyon ng botante ng county, maaaring ilista ng mga partido ang mga kandidato para sa mga katungkulan na hinirang ng botante na nakatanggap ng opisyal na pag-eendorso ng partido.

Maaaring iboto ng sinumang botante ang kahit na sinong kandidato para sa katungkulan na hinirang ng botante kung matutugunan nila ang iba pang kinakailangang kwalipikasyon para makaboto sa katungkulan iyon. Ang nangungunang dalawang makakatanggap ng pinakamaraming boto sa pangunahing halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa katungkulan na hinirang ng botante kahit iisa lang ang isinaad na itinalagang gustong partido ng parehong kandidato. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato sa pamamagitan ng pagtatalaga nito ng gustong partido, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa pangunahing halalan.

Mga Walang Partidong Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na maghirang ng mga kandidato para sa mga walang partidong katungkulan sa pangunahing halalan, at ang isang kandidato sa pangunahing halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang walang partidong katungkulan ang kanyang gustong partido, o ang kawalan niya ng gustong partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa pangunahing halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa walang partidong katungkulan.

Impormasyon Tungkol sa mga Pahayag ng Kandidato

Kasama sa gabay na ito para sa botante ang mga pahayag ng kandidato mula sa mga kandidato para sa mga posisyong konstitusyonal sa buong estado, na nagsisimula sa pahina 83 ng gabay na ito.

Mga Posisyong Konstitusyonal sa Buong Estado

Kasama sa batas ng California ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos para sa mga kandidatong tumatakbo para sa posisyon sa estado na pinipiling panatilihin ang kanilang mga gastos sa kampanya sa loob ng mga itinakdang halaga sa dolyar. Ang mga kandidato para sa mga posisyong konstitusyonal sa buong estado na tumatanggap sa mga limitasyon sa paggastos ay maaaring bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato (hanggang 250 salita) sa gabay na ito para sa botante.

Ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos para sa mga sumusunod na posisyon para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026 ay:

- Gobernador—\$19,611,000
- Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-yaman, Abogado Heneral, Komisyonado sa Seguro, at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo—\$11,767,000
- Miyembro ng Board of Equalization—\$2,942,000

Sa mga sumusunod na listahan ng kandidato, ang asterisk (*) ay tumutukoy sa isang kandidato para sa posisyong konstitusyonal sa buong estado na tumanggap sa mga boluntaryong limitasyon sa paggastos sa kampanya ng California at samakatuwid ay may opsyong bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa gabay na ito para sa botante. (Pinipili ng ilang kwalipikadong kandidatong tumanggap sa mga limitasyon sa paggastos na huwag bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato.) Hindi pinahihintulatang magsumite ng mga pahayag ang mga kandidatong hindi tumanggap sa mga limitasyon sa paggastos.

Para sa pinal na sertipikadong listahan ng mga kandidato, na nakatakda pagkatapos mailathala ang gabay na ito, pumunta sa vote.ca.gov.

Gobernador

Xavier Becerra
Steve Hilton

Demokratiko
Republikano

Komisyonado sa Seguro

Ben Allen*
Jane Kim*

Demokratiko
Demokratiko

Tenyente Gobernador

Fiona Ma*
Gloria Romero*

Demokratiko
Republikano

Distrito 1 ng Lupon ng Pagpapantay

Nelson Esparza*
Shannon Grove*

Demokratiko
Republikano

Kalihim ng Estado

Donald P. (Don) Wagner*
Shirley N. Weber*

Republikano
Demokratiko

Distrito 2 ng Lupon ng Pagpapantay

Sally J. Lieber*
John Pimentel*

Demokratiko
Demokratiko

Kontroler

Malia M. Cohen*
Herb W Morgan*

Demokratiko
Republikano

Distrito 3 ng Lupon ng Pagpapantay

Mike Gipson*
Samuel P. Sukaton

Demokratiko
Demokratiko

Ingat-Yaman

Jennifer Hawks*
Eleni Kounalakis*

Republikano
Demokratiko

Distrito 4 ng Lupon ng Pagpapantay

Denis Bilodeau*
Tom Umberg*

Republikano
Demokratiko

Abogado Heneral

Rob Bonta
Michael E. Gates*

Demokratiko
Republikano

Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

Richard Barrera*
Sonja Shaw*

Walang Partido
Walang Partido

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

- Bilang punong ehekutibong opisyal ng estado, pinangangasiwaan ang karamihan ng mga kagawaran at ahensiya ng estado, at nagtatalaga ng mga hukom.
 - Nagmumungkahi ng mga bagong batas, nag-aaprubo o nagba-veto ng batas, at nagsusumite ng taunang badyet ng estado sa Lehislatura.
 - Pinakikilos at pinangangasiwaan ang mga mapagkukunan ng estado sa panahon ng mga emerhensiya.
-

Xavier Becerra | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.

Steve Hilton | REPUBLIKANO

Walang pahayag ng kandidato.

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensiya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

TENYENTE GOBERNADOR

- Inaako ang tungkulin at mga responsibilidad ng Gobernador kung sakaling ma-impeach, mamatay, magbitiw, maalis sa tungkulin, o wala sa estado ang Gobernador.
- Nagsisilbing pangulo ng Senado ng Estado at may boto upang magpasya kapag tabla ang boto.
- Namumuno sa Komisyon sa Pagpapaunlad ng Kabuhayan; miyembro ng Komisyon sa mga Lupa ng Estado at Proteksyon ng Karagatan; at kabilang sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.



Fiona Ma | DEMOKRATIKO

Nasa sangandaan ang California. Napakaraming tao ang hindi na kayang abutin ang California Dream. Patuloy na tumataas ang presyo ng pabahay, mga grocery, gas, insurance, at pangangalagang pangkalusugan, habang inaantala ng red tape ng pamahalaan ang pabahay at hinihikayat ang pamumuhunan na huwag magpatuloy. Napakahirap ng pagmamay-ari ng maliit na negosyo at pagkuha ng mga permit. Mas makakaya ng California na gumawa ng mas mabuti. Isa akong Sertipikadong Pampublikong Accountant mula pa noong 1992 na may B.S.-Accounting, M.S.-Taxation, at MBA-Finance. Taglay ko ang kaalaman at karanasan sa pananalapi upang mapanatiling makapangyarihang sentro ng ekonomiya ang California habang bumubuo ng mas abot-kayang kinabukasan. Inihalal ako ng mga botante sa apat na pampublikong posisyon kung saan nakatuon ako sa pananagutan, kalinawan, pag-aayos ng mga sirang sistema, pagbabawas ng pag-aaksaya, at paghahatid ng mga resulta. Bilang Ingat-yaman ng Estado, pinondohan ko ang rekord na bilang ng mga abot-kayang yunit ng pabahay, pinalawak ang tulong sa paunang bayad para sa mga unang bibili ng bahay, iniligtas ang mga ospital na nasa krisis, at nakahikayat ng mga pamumuhunan na lumikha ng mga trabahong may magandang suweldo. Simple

ang aking prinsipyong gumagabay: "58 County. 1 California. Mas Malakas Kapag Magkakasama." Natatangi ang bawat komunidad kaya ikinararangal kong matanggap ang pag-endorso ng mahigit 500 lokal na halal na opisyal mula sa 58 county dahil mahalaga ang mga ugnayan. Bilang panganay na anak ng mga immigrant na magulang at anak ng isang guro ng sining sa pampublikong paaralan, bumuo ako ng mga programang tumutulong sa mga pamilya na mag-ipon para sa kolehiyo at mabawasan ang utang ng mga estudyante. Bilang Tenyente Gobernador, gagawin kong mas abot-kaya ang mataas na edukasyon, palalawakin ang mga bayad na internship, at palalakasin ang mga landas tungo sa mga karera. Ipinagmamalaki kong makatanggap ng pag-endorso mula sa Pederaasyon ng Paggawa ng CA, Konseho ng mga Trabaho sa Pagtatayo ng Estado, Partidong Demokratiko ng CA, Equality California, Kawanihan ng Bukid ng CA, NWPC, Planned Parenthood, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Asosasyon ng mga Nars ng CA, Asosasyon ng mga Guro ng CA, Pederasyon ng mga Guro ng CA, Mga Hispanikong Kamara ng Komersiyong ng CA, San Jose Mercury News, Taga-California sa Bakersfield, at iba pa. Ang California ang aking tahanan habang-buhay. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

1032 Irving Street, #908, San Francisco, CA 94122 | Tel: (415) 871-6874
E-mail: Fiona@FionaMa.com | Instagram: @FionaMacpa | X: @FionaMa



Gloria Romero | REPUBLIKANO

Kailangan ng California ng tunay na pagpipilian. Ako si Gloria Romero. Nagsilbi ako bilang California Senate Majority Leader, nakipaglaban para sa kalinawan sa pamahalaan, gumawa ng mga makasaysayang reporma sa pagpili ng paaralan upang bigyan ang mga magulang at estudyanteng nakulong sa mga paaralang hindi mahusay ang tunay na mga pagkakataon, at nanindigan para sa mga nakaligtas sa karahasan at sekswal na panliligalig. Tulad ninyo, alam ko kung bakit sira ang Sacramento. Ang badyet ng California ay pinalobo ng burukrasya at pag-aaksaya. Sa loob ng maraming taon, binigo tayo ng pamamahala ng isang partido. Lumala nang husto ang kawalan ng tirahan. Dinudurog ng gastos sa pamumuhay ang mga pamilya. Nabibigo ang ating mga paaralan. Napakaraming estudyante ang hindi bihasa sa mga pangunahing antas ng pagbasa at matematika. Pinahina ang kaligtasan ng publiko. Dahil sa mga iresponsableng patakaran, naging hindi abot-kaya para sa LAHAT sa atin ang pagkain, gas, pabahay, at enerhiya. Kumukupas ang California Dream. Gayunpaman, gumagawa ng mga dahilan ang mga politiko sa halip na managot. Kaya tinalikuran ko ang monopolyo ng pamamahala ng isang partido. Dahil kailangan ng California ng isang kampeon

para sa mga tao. Ito ang dahilan kung bakit ako tumatakbo bilang Tenyente Gobernador. Ang posisyong ito ay hindi dapat maging isang seremonyal na titulo o isang puwestong paradahan para sa mga bigong career politician. Ibabalik ko ang mga pamantayan sa edukasyon, bubuo ng isang matapang na planong pang-ekonomiya na tumutulong sa mga negosyo na umunlad, pipigilan ang mga komisyonang namumultika na nabigong protektahan ang ating tubig, lupang sakahan, at paraan ng pamumuhay, ipagtatanggol ang Titolo IX para sa ating mga anak na babae sa sports, at lalabanan ang antisemitism sa ating mga campus. Makipinig sa Reform California at BUMOTO KAY Gloria Romero para sa Tenyente Gobernador upang unahin ang mga taga-California kaysa sa mga tagaloob ng Sacramento. Ang California ay hindi asul o pula na estado. Ito ang Golden State. Hinihiling ko ang inyong boto. Samahan ako: [GloriajRomero.com](https://www.gloriajromero.com)

P.O. Box 730, Hilmar, CA 95324 | Tel: (310) 494-6220
E-mail: info@gloriajromero.com | X: @Gloriajromero | Facebook: [Facebook.com/gloriajromero.ca](https://www.facebook.com/gloriajromero.ca)

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KALIHIM NG ESTADO

- Bilang punong opisyal ng halalan ng estado, pinangangasiwaan ang mga halalan sa buong estado at nagbibigay ng pampublikong access sa impormasyon sa pananalapi tungkol sa kampanya at lobbying.
- Pinananatili ang ilang paghahain ng negosyo, nagpapatunay sa mga trademark, kinokontrol ang mga notaryo publiko, at nagbibigay-daan sa mga secured creditor na protektahan ang kanilang mga pinansyal na interes.
- Pinangangalagaan ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pag-iingat, at pagbabahagi ng mga makasaysayang kayamanan ng estado.



Donald P. (Don) Wagner | REPUBLIKANO

Bilang Punong Opisyal sa mga Halalan ng California, titiyakin ko ang karapatan ng bawat karapat-dapat na botante na makilahok sa ating demokrasya, na mabibilang ang bawat lehitimong boto, at na mapagkakatiwalaan ng bawat taga-California ang resulta, sino man ang manalo. Hindi maayos na pinamamahalaan at sira ang sistema ng halalan ng California. Kinukumpleto ng iba pang malalaking estado ang pagbibilang ng mga boto at inaanunsyo ang mga resulta sa Gabi ng Halalan. Tumatagal nang mahigit isang buwan sa California. Gaya ng sinabi ni Gobernador Newsom, “habang mas matagal ang pagbibilang ng boto, mas kumakalat ang maling impormasyon at disinformation.” Dapat nating pagbutihin ito. Tatumpu't anim na estado at karamihan ng mga demokratikong bansa ay nangangailangan ng photo ID sa mga lugar ng botohan. Hindi ito ginagawa ng California, kaya napakahina ng seguridad ng ating halalan—maging isang aso ay nakapagparehistro at nakaboto nang dalawang beses! Dapat nating pagbutihin ito. Napakaluma na ng mga talaan ng botante ng California kaya nagsasayang ang estado ng milyun-milyong dolyar sa pagpapadala ng mga balota sa mga taong lumipat na o namatay na. Hindi katanggap-tanggap para sa California na magkaroon ng gayon kahiya-

hiyang sistema ng halalan. Bilang Kalihim ng Estado, nangangako akong pabilisin ang pagbibilang ng mga boto, tiyakin ang seguridad ng ating mga halalan, at alisin ang punong opisyal ng halalan mula sa partisan na politika. Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay dapat na walang partido, kumakatawan sa kagustuhan ng mga tao, at hindi nagpapasakop sa mga makinang pampulitika ng Sacramento. Ako ay magiging umpire para sa patas na mga halalan, hindi isang manlalarong partisan. Ito ang pinakamataas na pamantayan ng demokrasya na pinanatili ko sa halos 30 taon ng paglilingkod sa publiko at ipatutupad ko bilang Kalihim ng Estado. Nangangako akong protektahan ang inyong boto, ang ating demokrasya, at ibalik ang tiwala sa pamamagitan ng mabilis, libre, at patas na mga halalan. Magiging mas mahusay tayo kapag ako na ang Kalihim ng Estado. Bisitahin ang WagnerForCalifornia.com at protectmyvoteca.org/ para sa aking plataporma sa reporma sa halalan.

4100 MacArthur Blvd., Suite 310, Newport Beach, CA 92660
WagnerForCalifornia.com | protectmyvoteca.org



Shirley N. Weber | DEMOKRATIKO

Hindi ako kailanman susuko sa pagprotekta sa iyong mga karapatan sa pagboto. Ipinanganak ako sa Jim Crow South sa mga sharecropper na hindi maaaring bumoto. Tinanggap kami ng California nang bukas ang mga bisig at naging tahanan ko na ito mula noon. Dito unang bumoto ang aking mga magulang at ginamit pa nila ang sala ng aming pamilya bilang lugar ng botohan. Ang America ang tanging bansa sa mundo kung saan, sa loob ng isang henerasyon, maaaring mapunta ang isang pamilya mula sa pagkakait ng karapatang bumoto sa ilalim ng Jim Crow tungo sa pangangasiwa ng mga halalan sa pinakamalaking estado sa bansa. Malayo na ang ating narating, at nakita ko ito mismo. Gayunpaman, may mga taong gustong baligtarin ang pag-unlad na iyon. Gusto nila ng mas maikling oras ng pagboto, mas kaunting araw para bumoto, at pag-aalis ng mga balota sa pamamagitan ng koreo. Nagbanta pa ang ilan sa kanila sa buhay ng mga opisyal ng halalan kapag natatalo ang kandidatong kanilang sinusuportahan. Hindi kukunsintihin ang ganitong pag-uugali sa California. Noong inaatake ang ating mga karapatan sa pagboto, ipinaglaban ko tayo sa mga hukuman, at nanalo tayo. Nanindigan ako laban kay Donald Trump. At naging isang transparent na lider ako dahil ang

tiwala ang pinakamahalaga. Dapat magparehistro upang bumoto at bumoto ang bawat karapat-dapat na taga-California, sumasang-ayon man tayo sa politika o hindi. Patuloy akong lalaban upang matiyak na walang anumang hahadlang sa pagitan mo at ng kahon ng balota. Bumoto kay Dr. Shirley N. Weber para Kalihim ng Estado. Bisitahin ang www.DrShirleyWeber.com upang matuto pa.

3230 Arena Blvd., Ste. 245-416, Sacramento, CA 95834 | Tel: (949) 870-0610 | E-mail: info@drshirleyweber.com
X: <https://twitter.com/drweber4ca> | Facebook: <https://www.facebook.com/ShirleyWeber4SOS>

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KONTROLER

- Bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, nagsisilbing accountant ng estado at tagapagtala ng lahat ng pampublikong pondo.
- Pinangangasiwaan ang sistema ng payroll ng estado at mga batas tungkol sa hindi na-claim na ari-arian at nagsasagawa ng mga pag-audit at pagsusuri sa mga operasyon ng estado.
- Nagsisilbi sa Lupon ng Pagpapantay, Lupon ng Kontrol, at iba pang mga lupon at komisyon.



Malia M. Cohen | DEMOKRATIKO

Bilang California Controller ng Estado, nagsisilbi si Malia Cohen bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, na pinangangalagaan ang pananalapi ng ikaapat na pinakamalaking ekonomiya sa mundo. Tumatakbo siya para sa muling pagkahalal upang matiyak na ang pera ng mga nagbabayad ng buwis ay pinamamahalaan nang may kalinawan, pananagutan, at pagiging patas. Isang taga-California sa buong buhay niya, nauunawaan mismo ni Malia ang pangako ng ating estado at ang pangangailangang protektahan ito para sa mga susunod na henerasyon. Bilang isang nagtatrabahong ina at dedikadong lingkod-bayan, naniniwala siyang ang mga badyet ay mga moral na dokumento na dapat sumasalin sa ating mga pinagsasaluhang pagpapahalaga at mamuhunan sa mga tao, hindi sa mga espesyal na interes. Bilang Controller, pinalakas ni Malia ang kalinawan sa pananalapi sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pampublikong access sa datos sa pananalapi at payroll, na nagbibigay sa mga taga-California ng malinaw na pagtingin kung paano ginagastos ang pampublikong pera. Naglabas siya ng

napapanahong buwanang mga ulat sa salapi upang makatulong na mapanatiling matatag sa pananalapi ang California sa panahon ng kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, muling pinag-ugnay ang lahat ng 58 county na may milyun-milyong dolyar na hindi na-claim na ari-arian, at pinarangalan ang mga lokal na pamahalaan para sa kahusayan sa tumpak na pag-uulat sa pananalapi. Isinulong din niya ang matagal nang kinakailangang modernisasyon ng sistema ng payroll ng California upang mas mahusay na mapagsilbihan ang mga pampublikong manggagawa sa buong estado. Sa panahong higit kailanman mahalaga ang tiwala sa pamahalaan, nakatuon si Malia Cohen sa pagprotekta sa pinansyal na kinabukasan ng California at sa pagsasakatuparan ng California Dream para sa bawat komunidad. Sumali sa mga guro, nars, bumbero, Mga Kaakibat ng Planned Parenthood ng California, mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, mga nagpapatakabong inhinyero, tubero, pipefitter, mga manggagawang elektrikal, at mga nagtatrabahong tao sa buong California sa pagsuporta kay Malia Cohen para sa Controller. Matuto pa sa: [MaliaCohenForCA.com](https://www.MaliaCohenForCA.com)

Instagram: <https://www.instagram.com/malia.cohen/> | Facebook: <https://www.facebook.com/MaliaCohen>



Herb W Morgan | REPUBLIKANO

Ang Controller ng Estado ay hindi nagtatakda ng patakaran. Inaatasan ang Controller na tiyakin ang kahusayan sa pamahalaan ng estado sa pamamagitan ng mga paunang pag-audit at pag-apruba ng mga paggasta, na sinusundan ng mahigpit na mga post-audit na nagbeberipika ng pagganap at wastong paggamit ng mga pondo. Maghahatid ako para sa mga tao sa pamamagitan ng paglalagay ng lahat ng paggasta sa isang madaling gamitin na online database na may detalye sa antas ng transaksyon at pag-uulat na halos real-time, upang makita ng bawat taga-California kung paano eksaktong ginagamit ang mga pampublikong pondo. Ang kalinawan na ito ay nagtatayo ng tiwala at mas epektibong naglalaan ng mga mapagkukunan sa mga silid-aralan, komunidad, at mahahalagang programa. www.herbmorgan.com

P.O. Box 730, Hilmar, CA 95324 | E-mail: info@herbmorgan.com | X: [@herb4controller](https://twitter.com/herb4controller) | Instagram: [@herb4controller](https://www.instagram.com/herb4controller)

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

INGAT-YAMAN

- Bilang bangkero ng estado, pinamamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado, at pinangangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at tala ng estado.
- Nagsisilbi sa ilang komisyon, na karamihan ay nauugnay sa marketing ng mga bono.
- Nagbabayad ng mga pondo ng estado kapag ginagastos ng Controller at ng iba pang ahensya ng estado.



Jennifer Hawks | REPUBLIKANO

Tumatakbo ako bilang Ingat-yaman ng Estado ng California dahil karapat-dapat ang mga nagbabayad ng buwis sa isang taong poprotekta sa bawat dolyar na para bang sarili niya ang mga ito, at tutulong na magdala ng kinakailangang pagbabago sa Sacramento. Hindi ako isang politiko na panghabambuhay. Isa akong propesyonal sa negosyo na ginugol ang aking karera sa pamamahala ng mga badyet, pagpapahusay ng mga operasyon, at paghingi ng pananagutan. Higit na mahalaga, hindi ako bahagi ng political establishment ng Sacramento, at hindi kailanman magiging bahagi nito. Ang aking katapatan ay sa mga nagbabayad ng buwis ng California, hindi sa mga political insider o mga espesyal na interes. Naniniwala ako na ang pangmatagalang pagbabago sa Sacramento ay nagsisimula sa kalinawan, pananagutan, at pag-uuna sa mga nagbabayad ng buwis. Hindi maaaring baguhin ng Ingat-yaman ang badyet ng estado o lumikha ng mga bagong batas, ngunit maaaring hingin ng tanggapan ang kalinawan, palakasin ang pangangasiwa, at gawing malinaw kung paano pinamamahalaan ang pera ng mga nagbabayad

ng buwis. Bilang Ingat-yaman, itatanong ko ang mahihirap na tanong na hindi itatanong ng iba, igit ang mga nasusukat na resulta, at magsisikap na ilantad ang pag-aaksaya, pandaraya, at maling pamamahala saanman umiiral ang mga ito. Itataguyod ko ang responsableng pamumuhunan, higit na pananagutan, at tapat na pangangasiwa sa pera ng publiko. Kailangan ng California ng isang tagabantay sa pananalapi, hindi ng isa pang politiko. Sa pamamagitan ng pagdadala ng pamumuno mula sa pribadong sektor at independiyenteng pangangasiwa sa Tanggapan ng Ingat-yaman, magsisikap ako araw-araw na magdala ng makabuluhang pagbabago sa Sacramento, ibalik ang tiwala sa paraan ng pamamahala ng ating estado sa pananalapi nito, at palaging unahin ang mga nagbabayad ng buwis. Pera ninyo ito. Karapat-dapat ninyong malaman kung saan ito napupunta, kung paano ito ginagastos, at kung nakatutulong ba ito sa California.

P.O. Box 61415, Palo Alto, CA 94306 | E-mail: info@hawksforus.com | hawksforus.com | X: @VoteHawks



Eleni Kounalakis | DEMOKRATIKO

Bilang anak ng mga imigranteng Greek, lumaki akong naniniwala sa pangarap ng California. Bilang isang babaeng negosyante, eksperto sa pananalapi, at Tenyante Gobernador, itinalaga ko ang aking karera sa pagpapanatiling buhay ng pangarap na iyon para sa susunod na henerasyon. Tumatakbo ako bilang Ingat-yaman ng estado upang responsableng pamamahalaan ang pananalapi ng California, palakasin ang ating ekonomiya, at gumawa ng matatalinong pamumuhunan na lumilikha ng mga oportunidad. Bilang Ingat-yaman, magtatayo ako ng mas abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng pampublikong pananalapi; mamumuhunan sa pinansyal na kinabukasan ng mga bata at pamilya, ipagtatangol ang pangangalagang pangkalusugan at mga komunidad ng imigrante, at poprotektahan ang mga pensiyon para sa masisipag na taga-California. Bago ako tumakbo sa posisyon, halos dalawang dekada akong nagtrabaho bilang isang builder. Nagtayo ako ng mga komunidad ng pabahay at pinondohan ang mga proyekto sa imprastruktura sa pribadong sektor. Bilang Tenyente Gobernador, tumulong akong lumikha ng mga trabaho sa

malinis na enerhiya, namahala sa mga pampublikong lupain, at bumoto upang maghatid ng mahigit 60,000 bagong college housing bed upang makatulong na mabawasan ang mga gastos para sa mga estudyante at pamilya. Ngayong Nobyembre, nahaharap ang mga botante ng California sa isang malinaw na pagpipilian. Bilang tanging Demokratiko sa halalan, lalaban ako sa mga pag-atake ni Donald Trump sa ating estado at poprotektahan ang mga pagpapahalagang nagpapalakas sa atin. Ipinagmamalaki kong mayroon akong suporta nina Gobernador Gavin Newsom, mga Senador Alex Padilla at Adam Schiff, Speaker Emerita Nancy Pelosi, at daan-daang libong guro, bumbero, unang tagatugon, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, at miyembro ng unyon sa buong California. EleniForCA.com

2443 Fillmore Street #300, San Francisco, CA 94115 | E-mail: info@eleniforca.com
X: @eleniforca | Instagram: @eleniforca

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

ABOGADO HENERAL

- Bilang punong opisyal ng batas ng estado, tinitiyak na ipinapatupad ang mga batas ng estado at iniimbestigahan ang mga mapanlinlang o ilegal na aktibidad.
- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Hustisya, na nagbibigay ng mga serbisyong legal sa pamahalaan ng estado at kumakatawan sa estado sa mga kasong sibil at kriminal sa hukuman.
- Pinangangasiwaan ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas, kabilang ang mga district attorney at sheriff ng county.

Rob Bonta | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.



Michael E. Gates | REPUBLIKANO

Kailangan natin ng bagong Abogado Heneral. Ayon sa datos ng FBI, ika-6 na pinakamataas sa bansa ang ranggo ng California para sa marahas na krimen. Karapat-dapat ang bawat taga-California na makaramdam ng kaligtasan—sa kanilang mga kapitbahayan, sa paaralan, habang naglalakad papunta sa tindahan. Napakaraming pamilya ang hindi nakakaramdam ng ganoon ngayon. Kinukuha ng Fentanyl ang ating mga anak. Dahil sa pagnanakaw sa mga retail na tindahan, nagsasara ang mga tindahang inaasahan natin. Halos kalahati ng lahat ng Amerikanong walang tirahan ay nakatira sa California. At ang krimen ay palaging pinakamabigat na tumatama sa mga pamilyang nagtatrabaho. Ako ay asawa sa loob ng 30 taon at ama ng lima. Ginugol ko ang aking karera sa paglilitis ng mga kaso sa mga courtroom, hindi sa pulitika, bilang trial attorney at prosecutor. Ipinatupad ko ang Mga Karapatang Sibil sa Kagawaran ng Hustisya ng U.S. at awtorisado akong magsagawa ng legal na pagsasanay sa harap ng Kataas-taasang Hukuman ng U.S. Bilang Abogado ng Lungsod, bumuo ako ng lokal na programa

sa pag-uusig na nagpababa ng krimen nang doble-digit sa unang taon nito at ginawa ang Huntington Beach na isa sa pinakaligtas na mga lungsod ng California. Pinagkaisa ko ang mga residente, lider, at nagpapatupad ng batas, at gagawin ko rin ang gayon bilang inyong Abogado Heneral. Labis na pinagtibay ng mga taga-California ang Prop. 36 upang ibalik ang pananagutan para sa paulit-ulit na mga pagnanakaw at paglabag na may kinalaman sa droga. Ganap ko itong ipatutupad at uusigin ang mga trafficker na lumalason sa ating mga komunidad, poprotektahan ang mga biktima, tutulungan ang mga tao na makaalis sa lansangan at makapasok sa paggamot, at titiyaking ang inyong mga dolyar sa buwis ay ginagastos nang tapat at mahusay. Ang mga ligtas na lansangan at pantay na hustisya ay para sa bawat komunidad, anuman ang inyong ZIP code o apelyido. Ang kaligtasan ng publiko ay hindi usaping pampartido, at hindi ko ito kailanman ituturing na ganoon. www.Gates4AG.com

E-mail: info@gates4ag.com | X: @MichaelGatesESQ | Facebook: @GatesforAG

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KOMISYONADO NG SEGURO

- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Seguro, na nagpapatupad ng mga batas sa seguro ng California at nagpapatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang mga batas.
- Nagbibigay ng mga lisensya, kumokontrol, at nagsusuri sa mga kompanya ng seguro.
- Sumasagot sa mga tanong at reklamo ng publiko tungkol sa industriya ng seguro.



Ben Allen | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako bilang Komisyonado ng Seguro upang repormahin ang ating sirang sistema ng seguro, pababain ang mga gastos, at protektahan ang mga mamimili. Hindi ako tumatanggap ng anumang pera mula sa mga kompanya ng seguro dahil sa iyo ang aking katapatan. Sa Senado ng Estado, ipinaglaban ko ang mga mamimili at mga nagtatrabahong taga-California. Nagpasa ako ng mga batas na nananagot sa mga nagpaparumi at namumuhunan sa pag-iwas sa mga sunog sa kagubatan, imprastraktura ng tubig, at katatagan, habang tinutupad ang ating mga layunin sa malinis na enerhiya at pinoprotektahan ang ating tubig, baybayin, at karagatan. Pagkatapos ng isang sakuna, karapat-dapat ang mga taga-California sa mabilis at makatarungang pagtrato kapag sinusubukan nilang muling magtayo. Kaya ako ang nag-akda ng mga batas na nag-aatas sa mga insurer na dagdagan ang mga paunang bayad para sa mga claim, lumilikha ng mga pautang na mababa ang interes para sa mga pagpapahusay sa bahay na nagbabawas ng panganib ng sunog, at tumutulong sa mga may-ari ng bahay na mapanatili ang kanilang coverage kapag inaayos nila ang mga panganib sa kanilang ari-arian. Nang wasakin ng mga sunog ang

aking distrito, tinulungan ko ang daan-daang nasasakupan na nawalan ng lahat na muling maitayo ang kanilang mga bahay at buhay, habang pinapanagot ang mga kompanya ng seguro na bayaran ang kanilang mga pagkakautang. Bilang Komisyonado ng Seguro, palalakasin ko ang kompetisyon upang mapababa ang mga gastos, poprotektahan ang mga mamimiling hindi makatarungang inaalisan ng coverage, pananagutin ang mga insurer at gagawing transparent ang proseso, at pabibilisin ang muling pagtatayo. Sa halip na lumikha ng isang hindi pa nasusubukang malakihang sistema na maglalagay sa estado at sa iyo bilang nagbabayad ng buwis sa pananagutan, naniniwala ako sa isang napatunayan at praktikal na landas na nagdaragdag ng mga opsiyon sa seguro at nagpapababa ng mga rate, nang hindi isinusugal ang pananalapi ng ating estado. Ikinararangal kong magkaroon ng suporta ng Pederasyon ng mga Konsumidor ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Mga Kaakibat ng Planned Parenthood ng California, Pederasyon ng mga Guro ng California, ng Sierra Club, mga Senador na sina Adam Schiff at Alex Padilla, at isang malawak na koalisyon ng mga lider na Republikano, Independiyente, at Demokratiko mula sa buong estado. Umaasa rin akong makamit ang inyong suporta. BenAllenCA.com

1700 Tribute Road, Suite 201, Sacramento, CA 95815 | Tel: (805) 410-3854

E-mail: info@benallenca.com | Instagram: [@benallenca](https://www.instagram.com/benallenca) | X: [@BenAllenCA](https://twitter.com/BenAllenCA)



Jane Kim | DEMOKRATIKO

Ang Komisyonado ng Seguro ay dapat nagtatrabaho para sa inyo upang mapababa ang mga presyo, hindi nagtatrabaho para sa industriya upang madagdagan ang mga kita. Kaya hindinag hindi ako tatanggap ng kahit isang sentimo mula sa mga kompanya ng seguro. Karapat-dapat ang California sa isang tagapagbantay para sa mga mamimili, hindi isang sunud-sunurang tagapagtanggol para sa mga korporasyon, at ako lamang ang kandidatong tumatanggi sa pera mula sa mga corporate PAC. Sa ngayon, itinataas ng mga kompanya ng seguro ang ating mga rate, kinakansela ang ating coverage, at tinatanggi ang ating mga claim habang kumikita sila ng rekord na mga tubo—gamit ang *ating* pera. Pananagutin ko sila upang gawing mas abot-kaya at mas magagamit ang seguro at matiyak na ang ating pera ay nagsisilbi sa atin. Gagawin kong mabilis at makatarungan ang mga claim, lilimitahan ang labis na mga tubo, at mahigpit na haharapin ang ilegal na pagtatakda ng presyo. Titiyakin kong mamumuhunan ang ating mga premium upang gawing mas ligtas ang ating mga komunidad sa pamamagitan ng isang pampublikong programa na Seguro sa Sakuna para sa Lahat. At ipaglalaban ko

ang garantisadong pangangalagang pangkalusugan para sa bawat batang taga-California. Hindi ako tumatakbo upang pamahalaan ang isang sirang sistema; tumatakbo ako upang ayusin ito. Isa akong abogada sa mga karapatang sibil at tagapagtataguyod ng mga mamimili, at alam ko kung paano harapin ang malalaking hamon at magtagumpay. Bilang halal na Supervisor ng San Francisco, naipagtagumpay ko ang libreng kolehiyong pangkomunidad para sa lahat, *unang \$15 na minimum na sahod ng California, at rekord na halaga ng abot-kayang pabahay*. Ipinagmamalaki kong masuportahan ng Senador ng Estados Unidos na si Bernie Sanders, Tenyente Gobernadora Eleni Kounalakis, Controller Malia Cohen, Dolores Huerta, Asosasyon ng mga Guro ng California, California Nurses Association, at marami pang iba dahil alam nilang ipaglalaban ko kayo. Panahon na para sa isang sistema ng seguro na gumagana para sa *lahat* ng pamilyang nagtatrabaho, at ikararangal kong makamit ang inyong boto. www.JaneKim.org

371 Lakeport Blvd. #391, Lakeport, CA 95453

E-mail: info@janekim.org | Instagram: [@janekim](https://www.instagram.com/janekim) | Facebook: <https://www.facebook.com/JaneKimCA>

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA DISTRITO NG LUPON NG PAGPAPANTAY NG CALIFORNIA

Mga County sa Bawat Distrito ng Lupon ng Pagpapantay



MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

Nagsisilbi sa Lupon ng Pagpapantay, ang inihalal na komisyon sa buwis ng estado, na:

- Tinatasa ang ari-arian ng mga regulated railroad at partikular na pampublikong utility, at tinatasa at kinokolekta ang buwis sa mga pribadong railroad car.
- Pinangangasiwaan ang mga pamamaraan ng pagtatasa ng mga assessor ng 58 county ng estado.
- Tinatasa at kinokolekta ang buwis sa mga inuming may alkohol, at sama-samang pinangangasiwaan ang buwis sa mga insurer.

DISTRITO 1



Nelson Esparza | DEMOKRATIKO

Si Nelson Esparza ay isang dedikadong lingkod-bayan at subok na tagapagtanggol ng mga pamilyang nagtatrabaho at mga may-ari ng maliliit na negosyo sa California. Lumaki sa Central Valley ng California, ang buhay at karera ni Nelson ay hinubog ng malalim na pangako sa oportunidad, pagiging patas, at kaunlarang pang-ekonomiya para sa lahat. Tumatakbo si Nelson para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado upang matiyak ang isang makatarungang sistema ng buwis para sa lahat ng taga-California. Lalaban si Nelson upang isara ang mga butas sa buwis at sugpuin ang mga umiiwas sa buwis upang patuloy na mamuhunan ang ating mga lokal na pamahalaan sa kaligtasan ng publiko, imprastraktura, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at pag-unlad ng ekonomiya. Bilang matagal nang tagapagturo at ekonomista, dadalhin ni Nelson ang tunay na pinansyal na kadalubhasaan sa state tax board ng California. Sa Konseho ng Lungsod ng Fresno, nagsisilbi siya bilang Tagapangaulo ng Komite sa Pananalapi at Pagsusuri, kung saan humaharap siya sa mga kumplikadong usaping pinansyal araw-araw. Bukod dito, nakakuha siya ng

daan-daang milyon sa pamumuhunan para sa ating mga komunidad. Sasalungatin ni Nelson sa mga bagong buwis para sa mga pamilyang nasa gitnang uri at uring manggagawa gayundin sa maliliit na negosyong nahihirapan nang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Lalaban siya para sa higit na kalinawan sa ating sistema ng buwis, at para sa patas at walang kinikilingang mga pagtatasa ng buwis sa ari-arian. Sinusuportahan si Nelson ng lokal na nagpapatupad ng batas, mga guro, nars, construction worker, at mga lider sa lokal, estado, at pederal na antas sa buong California—dahil alam nilang mayroon siyang karanasan at determinasyong protektahan ang ating mga dolyar sa buwis at ating mga pampublikong serbisyo. Pagsapit ng Nobyembre 3, Bumoto kay Nelson Esparza para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Matuto pa sa nelsonesparza.com.

E-mail: nelson@nelsonesparza.com

Facebook: facebook.com/esparzanelson | Instagram: instagram.com/esparzaforBOE



Shannon Grove | REPUBLIKANO

Tumatakbo ako upang protektahan ang American Dream para sa inyo. Hindi ako lumaki na maraming pag-aari. Ipinanganak ako sa rural na Kern County, nagpalista sa U.S. Army, umuwi, at nagtayo ng isang maliit na negosyo mula sa wala. Ngunit ang ipinagmamalaki ko nang higit sa lahat ay na sa pamamagitan ng aking maliit na negosyo, natulungan ko ang libu-libong taga-California na simulan ang kanilang mga karera sa pamamagitan ng mga trabahong may magandang sahod. Iyon ang naging gawain ng aking buhay. Nagkaroon ako ng pagkakataong maranasan ang American Dream, kaya patuloy akong nakikipaglaban upang maranasan din ito ng iba. Sa California Legislature, nakipaglaban ako para sa pamilyang nagsisikap bumili ng kanilang unang bahay. Ang maliit na may-ari ng negosyo na nalulunod sa red tape at mga buwis. At ang mga batang inalisang ng kanilang mga pangarap dahil ang mga mapanganib na sex offender ay hindi napapanagot sa kanilang mga ginawa. Hindi kailanman mahalaga kung saang partidong pampulitika ka kabilang. Ang mahalaga ay ang pagtapos ng mga gawain. Ngayon, hinihiling ko na maging inyong tagabantay

sa Lupon ng Pagpapantay. Upang maging inyong tagapaglaban sa buwis. Upang matiyak na hindi sobra ang buwis na ipapataw ng pamahalaan sa inyong bahay, negosyo, o ari-arian. Upang ipagtanggol ang mga proteksyon para sa mga nagbabayad ng buwis tulad ng Proposition 13 na tumutulong sa mga tao na mapanatili ang kanilang mga bahay. At higit sa lahat, upang suportahan ang paglago ng ekonomiya na maglalapit sa American Dream sa bawat taga-California. Naninirahan man kayo sa North State, Sacramento, Central Valley, o High Desert, karapat-dapat na ipaglaban ang inyong mga pangarap. Ginugol ko ang aking buhay sa pagpapatunay nito. Umaasa akong bibigyan ninyo ako ng pagkakataong patuloy itong patunayan, para sa inyo.

Tel: (916) 498-9223 | E-mail: ShannonGroveCA@gmail.com

Website: ShannonGroveCA.com | Facebook: facebook.com/ShannonGroveForCA

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 2



Sally J. Lieber | DEMOKRATIKO

Ikinararantal kong maglingkod bilang inyong kinatawan at bilang Tagapangulo ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado, ang inihalal na lupon ng California na nangangasiwa sa buwis sa ari-arian. Sa Lupon, nagsikap akong palawakin ang access sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian, kabilang ang mga tax credit para sa mga Beterano at pamilyang mababa ang kita, dagdag na pampublikong impormasyon tungkol sa Proposisyon 19, at pagsulong ng mga proteksyon para sa mga mamimili ng insurance sa bahay. Nakipaglaban ako para sa abot-kayang pabahay, sinuportahan ang mga proteksyon laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan para sa mga may-ari ng ari-arian, at nagsikap upang matiyak na mahusay, may pananagutan, at transparent ang Lupon. Hindi ako tumatanggap ng mga kontribusyon mula sa mga corporate PAC at palagi kong igiit na bayaran ng mga mayayamang interes ang kanilang dapat bayaran. Bilang miyembro ng Lupon, nanumpa ako na itataguyod ang mga Konstitusyon ng United States at California, kabilang ang Proposisyon 13. Sa susunod na apat na taon, patuloy akong magsisikap para sa tumpak at patas na mga pagtatasa ng buwis sa ari-arian, pinalawak na tulong para sa mga nagbabayad ng buwis, at mga patakarang sumusuporta sa abot-kayang pabahay, mabilis na pagbangon mula sa sakuna, at katatagan ng ekonomiya para sa mga pamilyang nagtatrabaho. Bago mahalal sa Lupon, naglingkod ako sa lokal, rehiyonal, at pang-estadong pamahalaan. Sa Asembleya ng Estado ng California, ako ang sumulat ng batas upang itaas ang minimum na sahod sa buong estado, protektahan ang ating baybayin at ang San Francisco Bay, palawakin ang renewable energy, dagdagan ang mga scholarship sa CalGrant, at nagsikap na mapanatili ang libreng access sa community college sa buong estado. Inendorso ako ng mga Guro, Nars at Bumbero sa buong estado, ng Partidong Demokratiko ng California, Planned Parenthood California, Sierra Club California, at apatnapung lider na pangkongreso, ehekutibo ng estado, at lider na pambatasan. Nagpapasalamat ako para sa suporta ng mahigit 1.3 milyong botante sa primaryang halalan. Magalang kong hinihiling ang inyong boto. www.sallylieber.org

333 W. San Carlos St., Suite 600, San Jose, CA 95110 | Tel: (650) 597-2587
E-mail: vote@sallylieber.org | Facebook: <https://www.facebook.com/CAVoteSally>



John Pimentel | DEMOKRATIKO

Hindi ako interesado sa karaniwang pulitika. Irereporma ko ang Lupon ng Pagpapantay upang gumana ito nang patas at walang katiwalian. *Dapat* tiyakin ng Lupon ang pagkakapare-pareho at kalinawan sa mahigit \$100 bilyon na mga pagtatasa ng buwis sa ari-arian. Gayunpaman, nabibigo itong pigilan ang katiwalian at awtomatikong inaaprubahan ang mga espesyal na tax break para sa mga utility. Bigo tayo sa mga career politician. Pagbutihin natin ito. Ang aking karera ay nakabatay sa paglutas ng mga problema gamit ang common sense at pagkamit ng mga resulta. Nagtayo ang aking mga kumpanya ng mahigit \$1 bilyong proyekto para sa sustainability at enerhiya na lumilikha ng magagandang trabaho habang binabawasan ang mga gastos sa enerhiya. Bilang Deputy Secretary for Transportation ng California, gumamit ako ng mga kontratang batay sa insentibo upang pabilisin ang paghahatid ng mahahalagang proyekto sa highway, at pinagsama ang dalawang ahensyang nagpapatupad ng batas upang makatipid at mapabuti ang kaligtasan ng publiko. Bilang Trustee ng Kolehiyo ng Komunidad, pinangunahan ko ang Free College—pinataas ang enrollment sa pamamagitan ng paggawa sa higher education na mas abot-kaya. Natuklasan ko ang pandaraya, inayos ito, at pagkatapos ay nagpatupad ng mga reporma upang mapataas ang kalinawan at mabawi ang nawalang mga pondo. Dadalhin ko ang ganitong sigla at karanasan sa BOE. Lalaban ako upang wakasan ang sales tax sa pagkain sa restaurant at delivered food na inaasahan ng mga ordinaryong tao sa kanilang abalang buhay. Lalaban ako upang wakasan ang mga butas sa batas upang magbayad ng kanilang mga buwis ang mga bilyonaryo at korporasyon. Inendorso ako ng mga iginagalang na lider kabilang sina: Inga-yaman Fiona Ma, mga kasalukuyan/dating miyembro ng Kongreso na sina Sam Liccardo, Kevin Mullin, Anna Eshoo at Tom Campbell. San Jose Mayor Matt Mahan at dose-dosenang kasalukuyan/dating mambabatas ng estado. Ang aking mga prayoridad: Pagiging patas sa buwis. Pananagutan ng pamahalaan at korporasyon. Walang sales tax sa pagkain. Ikinararantal kong makuha ang inyong boto. www.JohnPimentel.com

20 Park Road, Suite E, Burlingame, CA 94010 | Tel: (650) 210-6916 | E-mail: john@johnpimentel.com
Facebook: <https://facebook.com/JohnPimentelCA> | Instagram: <https://instagram.com/johnpimentelforcalifornia>

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahnang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 3



Mike Gipson | DEMOKRATIKO

Si Miyembro ng Asembleya Mike Gipson ay isang subok na lider na may ilang dekada ng karanasan sa pakikipaglaban para sa mga nagtatrabahong taga-California. Tumatakbo siya para sa Lupon ng Pagpapantay upang ipaglaban ang pagiging patas, kalinawan, at pananagutan sa ating sistema ng buwis. Lalaban si Mike upang isara ang mga butas sa buwis na sinasamantala ng mga mayayamang insider at makapangyarihang korporasyon upang maiwasang bayaran ang kanilang patas na bahagi. Ipinanganak at lumaki sa Los Angeles, itinalaga ni Mike ang kanyang buhay sa serbisyo publiko. Nagtrabaho siya para sa mga unyon ng mga empleyado ng serbisyo at pampublikong tagapagturo, bilang lokal na miyembro ng konseho ng lungsod, bilang opisyal ng pulisya, at kasalukuyang miyembro ng Asembleya ng California. Bilang Miyembro ng Asembleya, itinaguyod ni Mike ang mahahalagang bagong batas kabilang ang pagprotekta sa pagpopondo para sa pinalawak na access sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at pangangalaga sa bata, at mga pamumuhunan sa mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan,

pinalawak na mga mapagkukunan para sa ating mga bumbero, pagpapanatiling wala ang ICE sa ating mga paaralan, at mas patas na sistema ng buwis. Dati siyang nagsilbi bilang Puno ng mga Tauhan sa dating Chairman ng Lupon ng Pagpapantay, at kasalukuyang nagsisilbi si Mike bilang Tagapangulo ng Komite sa Kita at Pagbubuwis ng Asembleya, na nangangasiwa sa Lupon ng Pagpapantay. Sa BOE, magdadala si Gipson ng mga pondong kinakailangan upang suportahan ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, matitibay na paaralan, mas ligtas na mga komunidad, at mahahalagang serbisyong panlipunan na sumusuporta sa mga pamilya at komunidad sa buong ating estado. Alam niyang labis na binubuwan ang gitnang uri, habang kailangang bayaran ng mayayamang elite at insider ang kanilang patas na bahagi. Inendorso ng mga nars, construction worker, pulis, bumbero, mga guro sa silid-aralan at Democrats. Pagsapit ng Nobyembre 3, bumoto para kay Mike Gipson para sa Lupon ng Pagpapantay! Bisitahin ang mikegipson.net

X: <https://x.com/mgipson2014> | Facebook: <https://facebook.com/MikeGipson4BOE>

Samuel P. Sukaton | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 4




Denis Bilodeau | REPUBLIKANO

Bumoto kay Denis Bilodeau para sa Lupon ng Pagpapantay. Tumatakbo ako upang *bawasan ang inyong gastos sa pamumuhay*. Ang inyong singil sa kuryente, singil sa gas, singil sa tubig. Tinatasa ng Lupon ng Pagpapantay ang ari-arian ng mga regulated utility ng California, at direktang nakaaapekto ang pagtatasa na iyon sa inyong mga utility rate. Kapag mali ang pagtatasa, nakikita ang epekto nito sa inyong upa at mga utility bill. Ako si Denis Bilodeau, P.E. • Lisensyadong Civil at Traffic Engineer. • Nagtapos sa University of California, Irvine. • Presidente ng Asosasyon ng Nagbabayad ng Buwis. • Mayor Pro Tem, Lungsod ng Orange. • Presidente, Orange County Water District. • Tagapangulo, National Water Research Institute. Ginugol ko ang 25 taon sa pakikipaglaban para sa mga nagbabayad ng utility rate. Alam ko kung paano nakaaapekto ang isang maling pagtatasa sa badyet ng isang pamilyang nagtatrabaho. Pinangangasiwaan din ng Lupon ng Pagpapantay ang 58 county assessor. Dapat patas na tasahin ang inyong ari-arian, nang walang pagtaas dahil sa mga pagkakamali o mga butas sa batas na

pabor sa mga espesyal na interes. Nilagdaan ko ang Pledge to Save Proposition 13 ng *Howard Jarvis Taxpayers Association* at mayroon akong endorsement nito. Lalaban ako sa iminungkahing buwis batay sa mileage ng sasakyan. Pinangunahan ko ang isang pangkat na nagtakda ng abot-kayang mga rate ng tubig, nagprotekta sa ating mga watershed mula sa mga kemikal na nananatili magpakailanman, nagbalanse ng mga badyet bawat taon, namuhunan sa ating imprastruktura, at naghatid ng dekalidad na inuming tubig na nakatugon sa pinakamataas na pamantayan sa kaligtasan sa bansa. Bilang Miyembro ng Konseho ng Lungsod, nagsikap akong panatilihin ang ating mga kapitbahayan. Lalaban ako upang muling maging abot-kaya ng mga pamilyang nagtatrabaho ang isang bahay sa pamamagitan ng katumpakan sa inhinyeriya at disiplina sa pananalapi. Isang *independiyenteng* tinig para sa mga nagbabayad ng buwis. Pinahahalagahan ko kung gumagana ang mga bagay, hindi kung sino ang makatatanggap ng pagkilala. Mangyaring bumoto kay *Denis Bilodeau para sa Lupon ng Pagpapantay*.

P.O. Box 1871, Orange, CA 92862 | Tel: (858) 633-3352 | E-mail: INFO@BILODEAUFORBOE.COM

Facebook: Denis Bilodeau For Board of Equalization 2026 | Instagram: [BilodeauForBoardofEqualization](https://www.instagram.com/BilodeauForBoardofEqualization)



Tom Umberg | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Lupon ng Pagpapantay upang maging inyong tagabantay—nakikipaglaban upang gawing patas at makatarungan ang ating sistema ng buwis para sa mga ordinaryong taga-California habang tinitiyak na binabayaran ng malalaking korporasyong may malaking pera ang kanilang patas na bahagi. Nagbibigay ang Lupon ng Pagpapantay ng pananagutan para sa bilyun-bilyong dolyar na mga buwis sa ari-arian, na nagpopondo sa mahahalagang lokal na serbisyo kabilang ang mga paaralan, ospital, aklatan, parke, at pagtugon sa emerhensiya. Ako ang magiging inyong tinig para sa pagiging patas sa buwis, pinoprotektahan ang mga may-ari ng bahay, nangangupahan, at maliliit na negosyo habang naninindigan laban sa mga mayayamang interes na umiiwas sa mga patakaran. Ipinakikita ng aking rekord na pinahahalagahan ko ang mga pamilyang nagtatrabaho at alam ko kung paano matiyak ang pananagutan sa Lupon. Sa Senado ng Estado, isinulat ko ang batas na “No Kings” upang pigilan si Donald Trump na muling lumitaw sa balota ng California at sinuportahan ang batas na

humihingi ng pananagutan mula sa ICE habang pinoprotektahan ang mga karapatang sibil para sa lahat ng taga-California. Bilang pederal na prosecutor at Army JAG officer, hinatulan ko ang mga politiko at manggagawa ng pamahalaan dahil sa pandaraya, pang-aabuso at katiwalian, pinanagot ang mga tiwaling dayuhang pamahalaan sa mga paglabag sa karapatang pantao, at inimbestigahan ang pananakot ng Partidong Republikano sa mga botanteng Latino gamit ang mga poll guard sa araw ng halalan. Kamakailan, ako ang sumulat ng Proposisyon 4 upang sugpuin ang impluwensiya ng mga espesyal na interes sa ating mga halalan. Bilang isang maliit na negosyante, nauunawaan ko ang mga hamong kinakaharap ng ating mga negosyo at manggagawa. Ipinagmamalaki kong sinusuportahan ako ng Partidong Demokratiko ng California, Senador ng U.S. Adam Schiff, Senador ng U.S. Alex Padilla, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Mga Kaakiat ng Planned Parenthood ng California, at mga unyon ng mga manggagawang kumakatawan sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, tagapagturo, at nars. Ikinararantal kong makuha ang iyong boto.

P.O. Box 1630, Sunset Beach, CA 90742 | Tel: (949) 679-0052 | E-mail: info@tomumberg.com

Facebook: www.facebook.com/Umberg4BOE/ | X: www.X.com/TomUmbergCA

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (WALANG PARTIDO NA TANGGAPAN)

- Nagsisilbi bilang independiyenteng inihalal na walang partidong kinatawan ng estado para sa interes ng publiko sa pamamahala ng mga sistema ng edukasyon ng estado.
- Kinakatawan ang interes ng publiko sa pamamagitan ng pagtataguyod sa Lehislatura at sa Gobernador tungkol sa mga usaping lubhang mahalaga sa publiko at mga rekomendasyon para matugunan ang mga natukoy na hamon.
- Nagsisilbing miyembrong bumoboto sa mga namamahalang lupon ng mga sistema ng estado para sa transitional kindergarten hanggang higher education.



Richard Barrera

Pinangunahan ni Democrat Richard Barrera ang pagsisikap sa reporma na nagbago sa San Diego Unified mula sa isang distritong nasa krisis tungo sa isang nangunguna sa Pagbasa at Matematika sa mga pinakamalaking urban district sa bansa. Bilang State Superintendent, magtatrabaho si Barrera nang buong sipag at may parehong lakas at sigasig upang dalhin ang mga repormang iyon sa bawat paaralan sa California. Nakipaglaban si Barrera upang protektahan ang mga estudyante mula sa walang-pusong administrasyong Trump: pinanatiling wala ang ICE sa mga paaralan, ipinagtanggol ang mga estudyanteng LGBTQ, at tiniyak na nabakunahan ang mga bata laban sa tigdas at iba pang sakit. Poprotektahan niya ang California mula sa mga pag-atake ng Trump/MAGA sa pampublikong edukasyon. Bilang 18-taong beterano ng San Diego Unified School Board (at kasalukuyang Pangulo), pinagkaisa ni Barrera ang mga magulang, tagapagturo, at komunidad upang bawasan ang pag-aaksaya/pamamalakad na burukratiko at mamuhunan sa mga estudyante at silid-aralan. Ang resulta: Umangat sa pinakamataas na antas sa bansa ang mga antas ng Matematika at Pagbasa ayon sa

“Ulat ng Bansa sa Pagganap ng mga Mag-aaral,” at nanguna ang San Diego Unified sa mga urban na distrito ng California sa mga rate ng pagtatapos at kahandaan para sa kolehiyo/karera. Pinangunahan ni Barrera ang apat na matagumpay na kampanya upang kumpunihin ang mga paaralang 60 taong gulang na, i-upgrade ang teknolohiya, at pagbutihin ang kaligtasan sa paaralan sa pamamagitan ng mga electronic door lock, mga single point-of-entry, at na-update na emergency communication para sa mga neighborhood at charter school. Isang nagtapos sa UC San Diego na may Masters mula sa Harvard, nakatanggap si Barrera ng mga endorsement mula sa mga may pinakamalaking pananagutan sa tagumpay ng mga estudyante: mahigit 700,000 classroom teacher, nars, counselor, principal, at staff na kinakatawan ng California Teachers Association, California Federation of Teachers, United Administrators of Southern California, at California School Employees Association. Inendorso siya ng Planned Parenthood, California Professional Firefighters, School Police Officers, at California Democratic Party. “Ipinagmamalaki ko ang mga nakamit ng ating mga estudyante sa San Diego at inaasahan kong mapabuti ang tagumpay ng mga estudyante sa buong California.” *BarreraforEdu.com*

5445 Madison Avenue, Sacramento, CA 95841 | Tel: (916) 348-9100 x200

E-mail: barreraforedu@gmail.com | TikTok: Richard.barrera01 | Instagram: richardbarrera2026



Sonja Shaw

Nabibigo ang mga pampublikong paaralan ng California sa ating mga anak. Mas kaunti sa kalahati ang nakakabasa o nakakasulat sa antas na naaangkop sa kanilang grado. Inaatake ang pagiging patas para sa mga batang babae, kung saan nawawalan ng mga medalya at scholarship ang mga babaeng atleta. Marami pa nga ang nagpapalit ng damit sa kanilang mga sasakyan bago ang ensayo dahil hindi sila ligtas sa mga locker room. Hindi ito katanggap-tanggap. Bilang ina ng dalawang anak na babae, inihalal ako bilang Pangulo ng Chino Valley Unified School Board dahil hiniling ng mga magulang ang pagbabago. Naibigay namin ito. Nang maupo ako sa posisyon, naharap ang aming distrito sa parehong mga problemang nakikita sa buong California: mababang grado, bumababang resulta ng pagsusulat, mga pampulitikang distraksiyon sa mga silid-aralan, at pagkawala ng pagiging patas at privacy ng mga batang babae. Pumili kami ng ibang landas. Muli naming itinuon ang pansin sa pagbasa, pagsulat, at matematika. Pinrotektahan ang sports at mga pribadong espasyo para sa mga batang babae. Binawasan ang burokrasya. Ibinalik ang mga mapagkukunan sa mga silid-aralan. Bumuti ang mga resulta ng mga estudyante, at kinilala ng independiyenteng pananaliksik ang aming

distrito bilang isang modelo para sa akademikong pagbangon pagkatapos ng COVID. Ang tagumpay na iyon ay hindi nagmula sa mga mandato ng Sacramento. Nagmula ito sa mga magulang na nanindigan para sa common sense. Bilang State Superintendent, dadalhin ko ang parehong pamumuno sa buong estado bilang tagapagtaguyod para sa mga estudyante at pamilya, maninindigan laban sa mga politiko at espesyal na interes upang protektahan ang kalayaan ng tanggapan ayon sa nilayon ng mga botante. Simple ang aking plano: ibalik ang matataas na pamantayang akademiko sa pagbasa, pagsulat, at matematika; protektahan ang Titulo IX, na tiniyak ang pagiging patas at kaligtasan para sa mga batang babae; bawasan ang maaksayang burokrasya; at igiit ang kalinawan sa pananalapi upang matiyak na napupunta ang pera sa mga silid-aralan kung saan ito nararapat, bilang suporta sa ating mga estudyante at mahuhusay na guro. Napatunayan na namin sa lokal na antas na gumagana ang blueprint. Magkaisa tayo upang makapaghatid para sa bawat bata. Matuto pa sa *ShawForCA.com*.

6939 Schaefer Avenue, Suite D #119, Chino, CA 91710 | Tel: (949) 495-1310

E-mail: info@shawforca.com | X: @realSonjaShaw | Instagram: @SonjaShaw2026

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kwalipikadong lumitaw sa balota.

Ang Pamamaraan sa Halalan

Sa ilalim ng Konstitusyon ng California, ang mga mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at ng mga hukuman ng apela ay sumasailalim sa pagpapatibay ng mga botante. Bumoboto ang publiko ng “oo” o “hindi” kung pananatilihin ang bawat mahistrado.

Walang partido ang mga posisyong ito sa hudikatura.

Bago maging mahistrado ng hukuman ng apela ang isang tao, dapat isumite ng Gobernador ang pangalan ng kandidato sa Komisyon sa Pagtaya ng mga Nominado sa Hukuman, na binubuo ng mga miyembro ng publiko at mga abogado. Nagsasagawa ang komisyon ng masusing pagsusuri sa background at mga kwalipikasyon ng kandidato, kasama ang mga komento mula sa komunidad, at pagkatapos ay ipinapadala nito sa Gobernador ang pagsusuri nito sa kandidato.

Pagkatapos, sinusuri ng Gobernador ang pagsusuri ng komisyon at opisyal na hinirang ang kandidato, na ang mga kwalipikasyon ay sumasailalim sa mga komento ng publiko bago suriin at repasuhin ng Komisyon sa Paghirang sa Hukuman. Ang komisyon ay binubuo ng Punong Mahistrado ng California, Abogado Heneral ng California, at isang nakatataas na Namumunong Mahistrado ng Hukuman ng Apela. Dapat na kumpirmahin o tanggihan ng Komisyon ng Paghirang sa Hukuman ang nominasyon. Tanging kapag nakumpirma lamang magiging mahistrado ang nominado.

Kasunod ng pagkumpirma, nanunumpa sa tungkulin ang mahistrado at sumasailalim sa pagpapatibay ng mga botante sa susunod na halalan para sa Gobernador, at pagkatapos nito sa pagtatapos ng bawat termino. Ang terminong itinakda ng Konstitusyon ng California para sa mga mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at mga hukuman ng apela ay 12 taon. Kinukumpirma ng Commission on Judicial Appointments ang mga mahistrado hanggang sa susunod na halalan para sa Gobernador lamang, kung kailan sila tataakbo para sa retention ng natitirang bahagi ng termino, kung mayroon man, ng kanilang hinalinhan, na maaaring alinman sa apat o walong taon. (Kodigo ng Halalan seksyon 9083.)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman at mga Mahistrado ng Hukuman ng Apela, bisitahin ang voterguide.sos.ca.gov o courts.ca.gov.

Pahayag ng mga Kwalipikasyon ng mga Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman

Kelli M. Evans, Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California

Pagpasok sa Bar: 1994

Edukasyon: University of California Davis School of Law, J.D., 1994; Stanford University, B.A., 1991.

Propesyonal na Legal na Background: Punong Diputadong Kalihim ng mga Gawaing Pambatas, Opisina ni Gobernador Gavin Newsom (2019–2021); Espesyal na Katulong na Abogado Heneral, Kagawaran ng Hustisya ng California (2017–2019); Nakatataas na Direktor, Pangangasiwa ng Hustisya, Bar ng Estado ng California (2014–2017); Monitor ng Pederal na Hukuman, Hukuman ng Distrito ng U.S., Hilagang Distrito ng California (2003–2010) sa Hukuman ng Distrito ng U.S., Hilagang Distrito ng Ohio (2015–2017); Abogado, Relman & Associates (2001–2004); Nakatataas na Abogado ng Paglilitis, Dibisyon sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (1998–2001); Tauhang Abogado at Katulong na Direktor, ACLU ng Hilagang California (1995–1998 at 2010–2013); Katulong na Pamublikong Manananggol, County ng Sacramento (1995); Kasamahan sa Litigasyon na Ruth Chance, Mga Tagapagtaguyod ng Mga Pantay na Karapatan (1994–1995).

Hudisyal na Background: Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California, 2023–kasalukuyan; Hukom, Kataas-taasang Hukuman ng California ng Alameda County, 2021–2022.


Joshua P. Groban, Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California

Pagpasok sa Bar: Disyembre 1998

Edukasyon: Harvard Law School, J.D., 1998; Stanford University, A.B., 1995.

Propesyonal na Legal na Background: Klerk ng Batas kay Hukom William C. Conner, Southern District of New York, 1998–1999; Abogado, Paul, Weiss, Rifkind, Wharton & Garrison LLP, 1999–2005; Abogado, Munger, Tolles & Olson LLP, 2005–2010; Nakakataas na Tagapayo kay Gobernador Jerry Brown, 2011–2018; Lecturer, UCLA School of Law, 2014–2018.

Hudisyal na Background: Kasamang Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng California, 2018–kasalukuyan.



Ang California Motor Voter

Ginagawang mas madali at ligtas ng programang California Motor Voter ang pagpaparehistro para bumoto sa Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor (DMV) ng California. Lahat ng karapat-dapat na indibidwal na kumukumpleto ng transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, ID card, o pagbabago ng address online, sa pamamagitan ng koreo, o nang personal sa DMV ay awtomatikong irerehistro upang bumoto maliban kung pipiliin nilang “mag-opt out” sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante.

Nailalapat ang programang California Motor Voter sa mga taga-California na 18 taong gulang o pataas at nakakatugon sa lahat ng sumusunod na criteria:

- Citizen ng Estados Unidos.
- Residente ng California
- Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya sa pang-estado o pederal na bilangguan para sa kasong felony.
- Hindi kasalukuyang natagpuan ng hukuman na walang kakayahan ang pag-iisip na bumoto.

Available ang paunang pagpaparehistro sa pagboto para sa mga 16 at 17 taong gulang. Awtomatikong magiging aktibo ang kanilang pagpaparehistro ng botante kapag naging 18 taong gulang na sila.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa motorvoter.sos.ca.gov.

Para magparehistro upang bumoto online, pumunta sa registertovote.ca.gov.

Impormasyon sa Pagkapribado ng Pagpaparehistro ng Botante

Safe at Home na Lihim na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang botante na humaharap sa mga sitwasyong nagbabanta sa buhay ay maaaring maging kuwalipikado para sa lihim na katayuan ng botante kung sila ay aktibong kasapi ng programang Safe at Home. Kabilang dito ang mga biktima at nakaligtas sa karahasan sa tahanan, stalking, sekswal na pag-atake, human trafficking, pagdukot sa bata, at pang-aabuso sa nakatatanda/may hustong gulang na umaasa sa iba, gayundin ang mga empleyado/contractor ng pampublikong entidad na nangangamba para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang trabaho para sa isang pampublikong entidad, at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa reproductive at gender-affirming na pangangalaga, empleyado, boluntaryo, at pasyenteng nangangamba para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang kaugnayan sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan para sa reproductive o gender-affirming na pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa programang Safe at Home ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227 o bisitahin ang sos.ca.gov/safeathome.


Pagkapribado ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa iyong apidabit sa pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa iyo ng opisyal na impormasyon sa proseso ng pagboto, tulad ng lokasyon ng iyong lugar ng botohan, at ang mga hakbang at kandidato na lalabas sa balota. Ipinagbabawal ng batas at itinuturing na misdemeanor ang pangkomersyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kandidato para sa panunungkulan, komite sa panukalang balota, o ibang tao para sa halalan, mga layuning pang-akademya, pampahayagan, pampulitika, o pampamahalaan, tulad ng itinakda ng Kalihim ng Estado. Ang iyong lisensya sa pagmamaneho at mga social security number, o iyong lagda na ipinapakita sa card ng pagpaparehistro ng botante mo ay hindi puwedeng isiwalat para sa mga layuning ito. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o nais na mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, mangyaring tawagan ang walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

BABALA: IPINAGBABAWAL ANG ELECTIONEERING!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

SAAN:

- Sa paligid ng taong nakapila para bumoto o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box ng balota, ipinagbabawal ang mga sumusunod na aktibidad.



ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- **HUWAG** hilingin sa isang tao na bumoto para o laban sa sinumang kandidato o panukalang balota.
- **HUWAG** mag-display ng pangalan, imahe, o logo ng kandidato.
- **HUWAG** harangan ang access sa o tumambay malapit sa mga drop box ng balota.
- **HUWAG** magbigay ng anumang materyal o naririnig na impormasyon para sa o laban sa sinumang kandidato o panukalang balota malapit sa anumang lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o ballot drop box.
- **HUWAG** magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- **HUWAG** magpamahagi, mag-display, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, shirt, button, sticker) na naglalaman ng pangalan, imahe, at logo ng kandidato, at/o sumusuporta o kumontra sa sinumang kandidato o panukalang balota.
- **HUWAG** mag-display ng impormasyon o kumausap sa isang botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakatakda sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PAGSIRA SA PROSESO NG PAGBOTO!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- **HUWAG** gumawa o magtangkang gumawa ng pandaraya sa halalan.
 - **HUWAG** magbigay ng anumang uri ng kompensasyon o suhol sa, sa anumang anyo o anumang pamamaraan o pagtatangkang magdulot, sa isang taong bumoto o hindi bumoto.
 - **HUWAG** bumoto nang ilegal.
 - **HUWAG** magtangkang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kung walang karapatang bumoto.
 - **HUWAG** sumali sa electioneering; kuhanan ng litrato o magrekord ng botante na pumapasok o lumabas sa lugar ng botohan; o humarang sa pasukan, labasan, o parkingan.
 - **HUWAG** kuwestyunin ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; antalahin ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
 - **HUWAG** subukang alamin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
 - **HUWAG** magdala o tumulong sa kahit sino na magdala ng baril na lubhang malapit sa lugar ng botohan, na may ilang eksepsiyon.
 - **HUWAG** magpakita o tumulong para sa isang tao na magpakita sa uniporme ng isang peace officer, guwardiya, o mga tauhan ng seguridad sa agarang paligid ng isang lugar ng botohan, na may ilang mga eksepsiyon.
 - **HUWAG** pakialaman o hadlangan ang anumang bahagi ng isang sistema ng pagboto.
 - **HUWAG** palsipikahin, pekein, o pakialaman ang mga pagbabalik ng isang halalan.
 - **HUWAG** baguhin ang mga pagbabalik ng isang halalan.
 - **HUWAG** pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang listahan ng botohan, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
 - **HUWAG** mag-display ng anumang hindi opisyal na lalagyan sa pangongolekta ng balota na maaaring makapanloko sa botante para maniwalang isa itong opisyal na kahan sa pangongolekta.
 - **HUWAG** pakialaman o humadlang sa kopya ng mga resulta ng mga botong ipinasa
 - **HUWAG** pilitin o linlangin ang isang taong hindi marunong bumasa o isang nakatatanda sa pagboto para o laban sa isang kandidato o panukalang taliwas sa kanilang layunin.
 - **HUWAG** magkunwari bilang opisyal ng halalan kung hindi ka isa sa mga ito.
- Hindi pwedeng atasan o hilingin ng mga **EMPLOYER** sa kanilang empleyado na dalhin sa trabaho ang balota na para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanyang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagbabayad ng sahod o suweldo, ang mga employer ay hindi maaaring maglakip ng mga materyales na nagtatangkang impluwensiyahan ang mga pulitikal na opinyon o pagkilos ng kanilang empleyado.
- ANG MGA MIYEMBRO NG LUPON NG PRESINTO** ay hindi maaaring magtangkang tumukoy kung paano bumoto ang isang botante sa kaniyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ilahad kung paano bumoto ang isang botante sa kaniyang balota.
- Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng pagboto na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

PROPOSISYON 1

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang Batas 417 ng Sesyon ng Senado 2025–2026 (Kabanata 16, Mga Batas ng 2026) ay isinumite sa mga mamamayan alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at Kodigo Militar at mga Beterano; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-*italikong tipo* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 2. Ang Bahagi 16.1 (simula sa Seksyon 54050) ay idinaragdag sa Dibisyon 31 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang basahin ang sumusunod:

BAHAGI 16.1. BATAS SA BONO PARA SA MGA BETERANO AT ABOT-KAYANG PABAHAY NG 2026

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

54050. Kasama ng Artikulo 5ab (simula sa Seksyon 998.750) ng Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo Militar at mga Beterano, ang bahaging ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay ng 2026.

54051. Ang bahaging ito ay magkakabisa lamang kapag pinagtibay ng mga botante sa pang-estadong pangkalahatang halalan sa Nobyembre 3, 2026.

54052. Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang “pondo” ay nangangahulugang Batas sa Bono sa Abot-kayang Pabahay Trust Fund ng 2026 at Programa na nilikha alinsunod sa Seksyon 54054.

KABANATA 2. BATAS SA BONO SA ABOT-KAYANG PABAHAY TRUST FUND NG 2026 AT PROGRAMA

54054. (a) Ang Batas sa Bono sa Abot-kayang Pabahay Trust Fund ng 2026 ay nililikha sa loob ng Kaban ng Estado. Layunin ng Lehislatura na ang mga nalikom mula sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito, maliban sa mga bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 54076, ay ideposito sa pondo at gamitin upang pondohan ang mga programa para sa abot-kayang paupahang pabahay at pagmamay-ari ng bahay gaya ng inilalarawan sa kabanatang ito.

(b) Ang mga nalikom mula sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito para sa mga layuning tinukoy sa kabanatang ito ay ilalaan sa sumusunod na paraan:

(1) Limang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$5,100,000,000) ang ideposito sa Pongong Pautang para sa Rehabilitasyon ng Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50661 upang gamitin para sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2. Hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga tinulungang unit sa bawat development na tumatanggap ng mga pondong ito ay dapat abot-kaya para sa mga sambahayang may napakababang kita.

(2) Isang bilyon at isang daan at limampung milyong dolyar (\$1,150,000,000) ang ideposito sa Pongong Pautang para sa Rehabilitasyon ng Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50661 upang gamitin para sa suportadong pabahay, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 50675.14, alinsunod sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2. Ang entidad na nangangasiwa ay dapat mag-alok ng mga reserbang

subsidyo sa pagpapatakbo na may kapital para sa mga unit ng suportadong pabahay sa mga development na tumatanggap ng mga pondong ito.

(A) (i) Hanggang 15 porsiyento ng halagang ito ay dapat gawing available bilang mga grant para sa mga kwalipikadong entidad na tinukoy sa Seksyon 50675.1.3 upang kumuha ng mga capital asset para sa pagkuha, conversion, o rehabilitasyon ng pansamantalang pabahay tungo sa permanenteng pabahay, kabilang ang mga proyekto sa magkakahiwalay na lokasyon para sa mga taong walang tirahan, matagal nang walang tirahan, o nanganganib na mawalan ng tirahan, gaya ng tinukoy sa Bahagi 578.3 ng Titulo 24 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon, pagbili ng mga covenant at restriksyon sa affordability para sa mga unit, mga gastos sa relokasyon para sa mga indibidwal na nalilipat dahil sa rehabilitasyon ng mga kasalukuyang unit, at mga subsidyo sa pagpapatakbo na may kapital para sa mga unit na binili, nai-convert, o binago gamit ang mga pondong ibinigay ng seksyong ito.

(ii) Anumang programa o proyekto na gumagamit ng mga pondong natanggap para sa alinman sa mga layuning inilalarawan sa subparagraph na ito ay sasailalim sa mga probisyon para sa pagpapasimple ng regulasyon ng Seksyon 50675.1.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at subdivision (i) ng Seksyon 50675.1.3.

(iii) Anumang salungatan sa pagitan ng iba pang mga kinakailangan ng Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya (Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2) at ng talatang ito ay dapat lutasin pabor sa talatang ito, gaya ng maaaring itakda sa mga alituntuning pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 54077.

(B) (i) Isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ng halagang ito ang dapat gamitin para sa pabahay para sa kabataan.

(ii) Para sa mga layunin ng subdivision na ito, ang “pabahay para sa kabataan” ay nangangahulugang pabahay para sa mga kasalukuyan o dating foster youth, mga menor de edad o kabataang walang tirahan, o mga kabataang nanganganib na mawalan ng tirahan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pabahay na tumutulong sa kanila na malinang ang mga kasanayan at mapagkukunang kailangan nila upang matagumpay na makalipat tungo sa malaya at sapat-sa-sariling pagtanda.

(iii) Ang mga pondong ginawang available sa ilalim ng subparagraph na ito ay dapat gamitin lamang para sa mga gastusing kapital ng pagpapaunlad, pagkuha, rehabilitasyon, o pagpapanatili ng pabahay para sa kabataan, at hindi dapat gamitin upang pondohan ang pagpapatakbo o paghahatid ng mga serbisyo.

(iv) Anumang pondong hindi nakalaanpara sa layunin ng subparagraph na ito sa loob ng tatlong taon mula nang maging available ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(3) Pitong daan at limampung milyong dolyar (\$750,000,000) ang ilalaan ng Lehislatura sa programang karaniwang kilala bilang Programa ng Muling Pamumuhunan ng Portfolio na itinatag alinsunod sa Kabanata 5.5 (simula sa Seksyon 50606) ng Bahagi 2. Anumang pondong hindi na-encumber para sa mga layunin ng talatang ito bago ang Nobyembre 3, 2036, ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(4) Dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ang ilalaan ng Lehislatura sa isang programa upang pondohan ang pagkuha

at rehabilitasyon ng mga unit ng pabahay na walang mga paghihigpit at maglagay ng mga pangmatagalang paghihigpit sa pagiging abot-kaya ng pabahay, habang pinoprotektahan ang mga kasalukuyang residente laban sa sapilitang pagpapaalis sa kanila. Anumang pondong hindi nailaan ng entidad na nangangasiwa sa loob ng unang tatlong taon ay dapat gawing available ng entidad na nangangasiwa para sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya (Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2).

(5) Anim na raang milyong dolyar (\$600,000,000) ang ideposito sa Pondo para sa Pabahay sa Pamamagitan ng Sariling Pagsisikap na itinatag alinsunod sa Seksyon 50697.1. Ang mga pera sa pondo ay dapat maging available para sa CalHome Program na pinahintulutan ng Kabanata 6 (simula sa Seksyon 50650) ng Bahagi 2, upang magbigay ng mga direktang pautang na maaaring patawarin upang tumulong sa mga proyekto ng pagpapaunlad na kinasasangkutan ng maraming unit na pagmamay-ari ng bahay, kabilang ang subdivision na pang-isahang pamilya, para sa mga programa ng tulong sa mortgage para sa sariling pagtulong, at para sa mga minanupakturang tirahan. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastusin para sa anumang awtorisadong layunin ng programa. Anumang pondong hindi nakalaan para sa mga layunin ng talatang ito bago ang Nobyembre 3, 2036, ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(6) Limang daang milyong dolyar (\$500,000,000) ang ideposito sa Pondong Tulong sa Pagbili ng Tirahan na itinatag alinsunod sa Seksyon 51342. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan at Seksyon 50697.1, ang mga pondong ito ay patuloy na inilalaan sa Ahensya ng Pagpipinansya sa Pabahay ng California nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa mga layunin ng programa ng tulong sa pagbili ng bahay na itinatag alinsunod sa Kabanata 6.8 (simula sa Seksyon 51341) ng Bahagi 3.

(7) Apat na raan at limampung milyong dolyar (\$450,000,000) ang ideposito sa Joe Serna, Jr. Pondong Gawad sa Pabahay para sa Manggagawa sa Bukid, na itinatag alinsunod sa Seksyon 50517.5, upang pondohan ang mga grant o pautang, o pareho, para sa pagtatayo o rehabilitasyon ng pabahay para sa mga manggagawang pang-agrikultura at kanilang mga pamilya o para sa pagkuha ng minamanupakturang pabahay bilang bahagi ng isang programa upang tugunan at lunasan ang epekto ng kasalukuyan at potensiyal na displacement ng mga pamilya ng mga manggagawang pang-agrikultura mula sa mga kasalukuyang labor camp, parke para sa mobilehome, o iba pang pabahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastusin para sa anumang awtorisadong layunin ng programa. Ang mga pondong ito ay maaari ring gamitin upang magbigay ng teknikal na tulong alinsunod sa Seksyon 54007. Anumang pondong hindi na-encumber para sa mga layunin ng talatang ito bago ang Nobyembre 3, 2036, ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(8) Dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ang ilalaan ng Lehislatura sa Programang Gawad para sa Pantribong Pabahay na itinatag alinsunod sa Kabanata 6.4 (simula sa Seksyon 50651) upang pondohan ang pabahay at mga aktibidad na may kaugnayan sa pabahay na magbibigay-daan sa mga tribo na muling itayo at buuing muli ang kanilang mga komunidad. Anumang pondong hindi na-encumber para sa mga layunin ng talatang ito bago ang Nobyembre 3, 2036, ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa

Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(9) Limang daang milyong dolyar (\$500,000,000) para sa Infill Infrastructure Grant Program of 2019 na itinatag alinsunod sa Seksyon 53559 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan para sa mga grant ng insentibo sa infill upang tumulong sa bagong konstruksyon at rehabilitasyon ng imprastraktura na sumusuporta sa mataas na densidad na abot-kayang pabahay at pabahay para sa magkakahalang kita sa mga lokasyong itinalaga bilang infill. Anumang pondong hindi na-encumber para sa mga layunin ng talatang ito bago ang Nobyembre 3, 2036, ay ibabalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2.

(10) Tatlong daan at limampung milyong dolyar (\$350,000,000) ang ilalaan ng Lehislatura para sa mga bagong proyekto ng abot-kayang pabahay para sa mga estudyante. Ang pagpopondong ito ay hahatiin nang pantay sa Unibersidad ng California at Unibersidad ng Estado ng California. Ang mga pinondohang proyekto ng pabahay para sa mga estudyante ay dapat tumugon sa mga tuntuning tinukoy sa subdivision (f) ng Seksyon 17201 ng Kodigo ng Edukasyon. Para sa mga proyektong ito, ang Unibersidad ng California at Unibersidad ng Estado ng California ay dapat tumugon sa mga kinakailangan sa pananagutan at pag-uulat na tinukoy sa subdivisions (i) at (o) ng Seksyon 17201 ng Kodigo ng Edukasyon.

(11) Dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ang idedeposito sa Pondo para sa Inobasyon ng Abot-kayang Pabahay na itinatag alinsunod sa subparagraph (F) ng talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 53545. Ang mga pera sa pondo ay dapat maging available, kapag inilaan ng Lehislatura, alinsunod sa Lokal na Programang Gawad ng Pagtutumbas ng Trust Fund para sa Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50842.2 upang pondohan ang mga mapagkumpitensyang grant o pautang para sa mga lokal na trust fund para sa pabahay na nagpapaunlad, nagmamay-ari, nagpapautang, o namumuhunan sa abot-kayang pabahay at gagamitin upang lumikha ng mga pilot program na nagpapakita ng mga makabago at nakatitipid-sa-gastos na pamamaraan sa paglikha o pagpapanatili ng abot-kayang pabahay. Ang mga lokal na trust fund para sa pabahay ay dapat magmula nang tuloy-tuloy mula sa mga pribadong kontribusyon o mga pinagmumulan ng pamahalaan na hindi naman nililimitahan ang paggamit para sa mga programa sa pabahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastusin para sa anumang awtorisadong layunin ng programang ito. Anumang pondong hindi nakalaan para sa mga layunin ng talatang ito sa loob ng tatlong taon mula nang maging available ay dapat ibalik para sa pangkalahatang paggamit sa Programa ng Pabahay para sa Pangmaramihang Pamilya na pinahintulutan ng Kabanata 6.7 (simula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2, maliban kung matukoy ng Kagawaran para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad na dapat ibalik ang mga pondo nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

(12) Sa kabila ng mga talata (1) hanggang (11), kabilang ang mga ito, ang Ahensya para sa Negosyo, mga Serbisyo sa Konsumidor, at Pabahay o ang kahalili nito at ang mga departamentong nangangasiwa nito ay maaaring, kapag inilaan ng Lehislatura, iayon o pasimplehin ang mga programang pinopondohan alinsunod sa subdivision na ito upang mapabuti ang kahusayan at mapabilis ang pagpapalabas ng mga pondo, sa kondisyon na ang mga paggasta ay mananatiling naaayon sa mga layunin at kwalipikadong paggamit na inaprubahan ng mga botante at ng Lehislatura.

54056. (a) Ang Lehislatura ay maaaring, paminsan-minsan, amyendahan ang anumang batas na nauugnay sa mga

programang pinaglaanan o napaglaanan na ng mga pondo alinsunod sa kabanatang ito para sa mga layuning mapabuti ang kahusayan at pagiging epektibo ng mga programang iyon o upang higit na maisulong ang mga layunin ng mga programang iyon.

(b) Maaaring amyendahan ng Lehislatura ang kabanatang ito upang muling ilaan ang mga nalikom mula sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito sa mga programang paglalaanan ng mga pondo alinsunod sa kabanatang ito, kung kinakailangan upang epektibong maisulong ang pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay sa estadong ito.

(c) Ang Kagawaran para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad o entidad na nangangasiwa ay maaaring maglabas ng anumang pondong ginawang available para sa mga proyekto sa pagpapaunlad ng pabahay alinsunod sa kabanatang ito habang isinasagawa ang konstruksyon.

KABANATA 3. MGA PROBISYON SA PANANALAPI

54060. Ang mga bono na may kabuuang halagang sampung bilyong dolyar (\$10,000,000,000), hindi kasama ang mga bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 54076, o ang anumang bahagi nito na kinakailangan ayon sa pagtukoy ng komite, ay pinahihintulutan ng iisyu at ibenta upang isagawa ang mga layuning nakasaad sa bahaging ito at upang ibalik ang bayad sa Paulit-ulit na Pinupunuang Pondo para sa mga Gastos sa mga Bono ng Pangkalahatang Obligasyon alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang anumang bono, kapag naibenta, na-isyung, at naihatid, ay magiging at bubuo ng isang balido at may-bisang pangkalahatang obligasyon ng estado, at ang buong pagtitiwala at kredito ng estado ay ipinangangako sa pamamagitan nito para sa maagap na pagbabayad ng kapwa prinsipal at interes ng mga bonong iyon kapag ang prinsipal at interes ay naging dapat bayaran.

54062. Ang mga bonong pinahintulutan ng bahaging ito ay dapat ihanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, i-retire, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), maliban sa mga subdivision (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang lahat ng probisyon ng batas na iyon, gaya ng inaamyendahan paminsan-minsan, ay naaangkop sa mga bono at sa bahaging ito, maliban sa itinatadhana sa Seksyon 54078, at sa pamamagitan nito ay isinasama sa bahaging ito na para bang nakalahad nang buo sa bahaging ito.

54064. (a) Para lamang sa layunin ng pagpapahintulot sa pag-iisyu at pagbebenta, alinsunod sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, ng mga bonong pinahintulutan ng bahaging ito, ang Komite sa Pananalapi ng Pabahay na nilikha ng Seksyon 53524 ay patuloy na iiral. Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang Komite sa Pananalapi ng Pabahay ay ang “lupon” na tinutukoy ng terminong iyon na ginagamit sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado.

(b) Ang mga pagtukoy sa “lupon” na ginagamit sa bahaging ito at sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado ay nangangahulugang Komite ng Pagpapaunlad at Pananalapi ng Pabahay. Ang awtoridad na ito ay maaaring italaga sa Kagawaran para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad o sa Ahensya ng Pagpipinansya sa Pabahay ng California para sa mga programang kanilang pinangangasiwaan. Ang Kagawaran para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ay itinalaga bilang “lupon” para sa mga programang pinangangasiwaan ng departamento, at ang Ahensya ng Pagpipinansya sa Pabahay ng California ay ang “lupon” para sa mga programang pinangangasiwaan ng ahensiya.

54066. Kapag humiling ang lupon at nakasaad sa kahilingan na kailangan ang mga pondo para sa mga layunin ng bahaging ito,

dapat tukuyin ng komite sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan o kanais-nais na mag-isyu at magbenta ng mga bono, at kung gayon, ang halaga ng mga bonong iisyu at ibebenta. Ang mga sunud-sunod na isyu ng mga bono ay maaaring pahintulutan at ibenta upang isagawa ang mga aksyon na iyon nang progresibo, at hindi kinakailangan na ang lahat ng mga bono na awtorisadong ilabas ay ibenta sa isang pagkakataon. Ang mga bono ay maaaring magkaroon ng interes na napapailalim sa pederal na buwis sa kita.

54068. Taun-taon, sa parehong paraan at sa parehong oras na kinokolekta ang iba pang kita ng estado, bukod pa sa karaniwang kita ng estado, dapat kolektahin ang halagang kinakailangan upang bayaran ang prinsipal at interes ng mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkulin kaugnay ng mga pangongolekta ng kita ng estado na gawin at isagawa ang bawat kilos na kinakailangan upang makolekta ang karagdagang halagang iyon.

54070. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Kaban ng Estado, para sa mga layunin ng bahaging ito, ang halagang magiging katumbas ng kabuuan ng parehong sumusunod:

(a) Ang halagang kinakailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito, kapag ang prinsipal at interes ay naging dapat bayaran.

(b) Ang halagang kinakailangan upang maisagawa ang Seksyon 54074, na inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

54072. Maaaring hilingin ng lupon sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera na magbigay ng pautang mula sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin ng bahaging ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 54076, na ibinawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 54074 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat isagawa ng lupon ang anumang dokumentong kinakailangan ng Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera upang makuha at mabayaran ang pautang. Anumang halagang ipinahiram ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan alinsunod sa bahaging ito.

54074. Para sa mga layunin ng pagsasagawa ng bahaging ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 54076, na ibinawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa Seksyon 54072 at hindi pa naibabalik at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan alinsunod sa bahaging ito. Anumang perang ginawang available sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang interes na sana ay kinita ng mga halaga sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera, mula sa mga perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono na kung hindi ay ideposito sa pondong iyon.

54076. Ang mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito ay maaaring i-refund alinsunod sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang pagpapatibay ng mga botante sa pagbebenta at pag-iisyu ng mga bono gaya ng inilalarawan sa bahaging ito ay kinabibilangan ng pagpapatibay sa pagbebenta at pag-iisyu ng mga bonong inisyu upang i-refund ang mga bonong inisyu alinsunod sa bahaging ito, kabilang ang anumang naunang inisyung bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono. Ang isang bonong ni-refund gamit ang mga nalikom mula sa isang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono gaya ng pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na mapawalang-bisa ang obligasyon sa lawak na pinahihintulutan ng batas, sa paraan at lawak na itinakda sa resolusyon, gaya ng inaamendahan paminsan-minsan, na nagpapahintulot sa pag-refund sa bonong iyon.

54076.5. Ang mga nalikom mula sa mga bono, sa halagang hindi lalampas sa prinsipal na halaga ng mga bonong pinahintulutang iisyu sa ilalim ng Batas sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay ng 2026 (hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 54076), ay inasahang maaaring gamitin upang ibalik ang bayad mula sa anumang pinahihintulutang gamitin ayon sa batas na pinagmumulan na ginamit upang bayaran ang mga gastusin ng mga proyekto o programa (kabilang ang mga pondo ng partikular na mga departamento o ahensiya ng estado na maaaring gastusin sa mga gastusin ng mga proyekto o programa) na pinahintulutan alinsunod sa Batas sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay ng 2026 at binayaran pagkatapos ng Nobyembre 3, 2026, sa kondisyon, gayunpaman, na ang anumang gastusing ibabalik ang bayad mula sa mga nalikom ng mga bono ay hindi dapat nabayaran mula sa mga nalikom ng anumang iba pang pagkakautang maliban kung ang naunang pagkakautang na iyon ay babayaran gamit ang mga nalikom ng mga bono.

54077. Upang maisagawa ang pagpopondong detalyado sa Seksyon 54054, maaaring magpatibay ang entidad na nangangasiwa ng mga alituntuning nagtatatag ng mga kinakailangan para sa pangangasiwa ng mga programa nito sa pagpopondo. Ang mga alituntunin ay hindi napapailalim sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

54078. Sa kabila ng anumang probisyon sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, ang petsa ng maturity ng anumang bonong pinahintulutan ng bahaging ito ay hindi dapat lalampas sa 35 taon mula sa petsa ng pag-iisyu ng bono.

54080. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong pinahintulutan ng bahaging ito ay hindi "mga nalikom sa buwis" gaya ng paggamit sa terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang pagpapalabas ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinapataw ng artikulong iyon.

54082. Sa kabila ng anumang probisyon ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado tungkol sa mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong pinahintulutan ng bahaging ito na napapailalim sa pamumuhunan sa ilalim ng Artikulo 4 (simula sa Seksyon 16470) ng Kabanata 3 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, maaaring magpanatili ang Treasurer ng hiwalay na account para sa mga kita mula sa pamumuhunan.

54083. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng bahaging ito o ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, kung magbebenta ang Treasurer ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng abogadong tagapayo sa mga bono na nagsasaad na ang interes sa mga bono

ay hindi kasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa ilalim ng mga itinakdang kondisyon o kung hindi man ay karapat-dapat sa anumang benepisyo sa pederal na buwis, maaaring magpanatili ang Treasurer ng magkahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom mula sa bono at para sa mga kita at pamumuhunan ng mga kita mula sa mga nalikom na iyon. Maaaring gamitin ng Treasurer o idirekta ang paggamit ng mga nalikom o kita na iyon upang bayaran ang anumang rebate, multa, o iba pang bayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o magsagawa ng anumang iba pang hakbang tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom mula sa mga bonong iyon na kinakailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang mapanatili ang tax exempt na katayuan ng mga bonong iyon at makakuha ng anumang iba pang kalamangan sa ilalim ng pederal na batas para sa mga pondo ng estadong ito.

54084. (a) Alinsunod sa subdivision (b), ang lahat ng perang nagmula sa mga premium at naipong interes sa mga bonong ibinenta alinsunod sa bahaging ito ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang kredito sa mga gastusin para sa interes sa bono.

(b) Ang mga halagang nagmula sa mga premium ay maaaring itabi at gamitin upang bayaran ang mga gastusin sa pag-iisyu ng bono bago ilipat sa Pangkalahatang Pondo.

KABANATA 4. PANANAGUTAN

54088. Dapat maglathala ang entidad na nangangasiwa sa isang taunang ulat ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pamumuhunang nagresulta mula sa bonong ito alinsunod sa Seksyon 50408 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

SEK. 3. Ang Artikulo 5ab (simula sa Seksyon 998.750) ay idinaragdag sa Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo Militar at mga Beterano, upang basahin ang sumusunod:

Artikulo 5ab. Batas sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay ng 2026

998.750. Kasama ng Bahagi 16.1 (simula sa Seksyon 54050) ng Dibisyon 31 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang artikulong ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay ng 2026.

998.751. (a) (1) Ang Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), gaya ng maaaring amyendahan paminsan-minsan, ay pinagtibay para sa layunin ng paghahanda, pagsasagawa, pag-iisyu, pagbebenta, pagretiro, pagtubos, at pagbabayad, at para sa iba pang mga probisyong may kaugnayan sa mga bonong pinahintulutang iisyu ng artikulong ito, at ang mga probisyon ng batas na iyon ay kasama sa artikulong ito na para bang nakalahad nang buo sa artikulong ito, maliban sa parehong sumusunod:

(A) Ang mga subdivision (a) at (b) ng Seksyon 16727 at subdivision (a) ng Seksyon 16755 ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado ay hindi dapat ilapat.

(B) Ang talata (1) ng subdivision (c) ng Seksyon 16753 ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado ay ganap na papalitan ng sumusunod: "Dapat hilingin ng Treasurer na ang matagumpay na bidder sa isang mapagkumpitensyang pagbebenta o underwriter sa isang napagkasunduang pagbebenta ay magbigay ng depositong may mabuting hangarin na hindi bababa sa kalahati ng 1 porsiyento ng prinsipal na halaga ng mga bono kung saan ang bidder ang matagumpay na bidder o kung saan nagsumite ng panukala ang isang underwriter. Ang deposito na may mabuting hangarin ay dapat nasa halagang makatwirang tinutukoy ng Treasurer nang hindi bababa sa isang araw bago ang mapagkumpitensyang pagbebenta o napagkasunduang pagbebenta ng mga bono, kung naaangkop.

Dapat tukuyin ng Treasurer ang anyo ng deposito, na maaaring isang tseke ng cashier, surety bond, wire transfer ng mga pondo, o anumang kombinasyon ng mga ito. Ang deposito ay hindi dapat magkaroon ng interes.”

(2) Ang lahat ng pagtukoy sa “herein” sa artikulong ito ay tumutukoy kapwa sa artikulong ito at sa batas na iyon gaya ng isinama rito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, ang Kagawaran para sa Kapakanan ng mga Beterano ay itinalaga bilang “lupon.”

998.752. Gaya ng ginagamit dito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang “Lupon” ay nangangahulugang Kagawaran para sa Kapakanan ng mga Beterano.

(b) Ang “Bono” ay nangangahulugang isang bono para sa mga beterano, isang bono ng pangkalahatang obligasyon ng estado, na inisyu alinsunod sa artikulong ito na nagpapatibay sa mga probisyon ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado gaya ng itinatadhana rito.

(c) Ang “batas sa bono” ay nangangahulugang artikulong ito na nagpapahintulot sa pag-iisyu ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at nagpapatibay sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado sa pamamagitan ng pagtukoy rito.

(d) Ang “Komite” ay nangangahulugang Komite sa Pananalapi ng mga Beterano ng 1943 na itinatag ng Seksyon 991.

(e) Ang “Pondo” ay nangangahulugang Veterans’ Pondo para sa Bukid at Pagpapatayo ng Tahanan ng 1943 na itinatag ng Seksyon 988.

(f) Ang “Pondo para sa Pagbabayad” ay nangangahulugang Pondo para sa Pagbabayad ng mga Bono ng mga Beterano na itinatag ng Seksyon 988.6.

998.753. Para sa layunin ng paglikha ng isang pondo upang magbigay ng tulong sa bukid at bahay para sa mga beterano alinsunod sa Veterans’ Batas sa Pagbili ng Bukid at Tirahan ng 1974 (Artikulo 3.1 (simula sa Seksyon 987.50)), at sa lahat ng batas na nag-aamya at nagdaragdag rito, maaaring lumikha ang komite ng isang utang o mga utang, pananagutan o mga pananagutan, ng Estado ng California, sa pinagsama-samang halagang hindi hihigit sa isang bilyon at dalawang daan at limampung milyong dolyar (\$1,250,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 998.762, sa paraang itinatadhana rito.

998.754. (a) Ang lahat ng bonong pinahintulutan ng artikulong ito, kapag naibenta, na-isyung, at naihatid, ay magiging at bubuo ng isang balido at legal na may-bisang pangkalahatang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California ay ipinangangako sa pamamagitan nito para sa maagap na pagbabayad ng kapwa prinsipal at interes sa mga bono kapag ang prinsipal at interes ay naging dapat bayaran.

(b) Taun-taon, sa parehong paraan at sa parehong oras na kinokolekta ang iba pang kita ng estado, dapat kolektahin, bukod sa karaniwang kita ng estado, ang halagang kinakailangan upang bayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong ito na naging dapat bayaran bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkulin kaugnay ng pangongolekta ng kita ng estado na gawin at isagawa ang bawat kilos na kinakailangan upang makolekta ang karagdagang halagang iyon.

(c) Sa mga petsa kung kailan dapat ipadala ang mga pondo alinsunod sa Seksyon 16676 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa pagbabayad ng serbisyo sa utang sa mga bono sa bawat taon ng pananalapi, ang lahat ng pera sa pondo, na hindi lalampas sa halaga ng serbisyo sa utang na kasalukuyang dapat bayaran, ay dapat ilipat sa Pondo para sa Pagbabayad upang bayaran ang serbisyo sa utang. Kung ang perang inilipat sa mga petsa ng pagpapadala ay mas mababa kaysa sa serbisyo sa utang na kasalukuyang dapat bayaran, ang natitirang hindi nabayarang balanse ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo mula sa pondo sa lalong madaling panahon na maging available ito, kasama ang interes dito mula sa petsa ng pagpapadala hanggang sa mabayaran, sa parehong antas ng interes na ipinapataw sa mga bono, na kinakalkula kada anim na buwan. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas na taliwas dito, ang subdivision na ito ay dapat ilipat sa lahat ng batas sa mga bono para sa pagbili ng bukid at bahay ng mga beterano alinsunod sa kabanatang ito. Ang subdivision na ito ay hindi nagbibigay ng anumang lien sa pondo, sa Pondo para sa Pagbabayad, o sa mga perang naroon para sa mga mayhawak ng anumang bonong inisyu sa ilalim ng artikulong ito. Para sa mga layunin ng subdivision na ito, ang “serbisyo sa utang” ay nangangahulugang ang prinsipal (maging ito man ay dapat bayaran sa maturity, sa pamamagitan ng pagtubos, o acceleration), premium, kung mayroon man, o interes na dapat bayaran sa anumang petsa kaugnay ng anumang serye ng mga bono. Gayunpaman, ang subdivision na ito ay hindi dapat ilipat sa anumang serbisyo sa utang na babayaran mula sa mga nalikom ng anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono.

998.755. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Kaban ng Estado, para sa mga layunin ng artikulong ito, nang hindi isinasaalang-alang ang taon ng pananalapi, ang halagang pera na magiging katumbas ng parehong sumusunod:

(a) Ang halagang kinakailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inisyu at ibinenta gaya ng itinatadhana rito, kapag ang prinsipal at interes na iyon ay naging dapat bayaran.

(b) Ang halagang kinakailangan upang maisagawa ang Seksyon 998.756.

998.756. Para sa mga layunin ng artikulong ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng halagang pera na hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite na ibenta alinsunod sa artikulong ito, hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 998.762, na ibinawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa Seksyon 998.757 at hindi pa naibabalik at anumang halagang kinuha alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang perang ginawang available sa ilalim ng seksyong ito sa lupon ay dapat ibalik ng lupon sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang interes na sana ay kinita ng mga halaga sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera, mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin ng pagsasagawa ng artikulong ito.

998.757. Maaaring hilingin ng lupon sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera na magbigay ng pautang mula sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin ng pagsasagawa ng artikulong ito, na ibinawas ang anumang halagang kinuha alinsunod sa Seksyon 998.756 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga

hindi pa naibebentang bono na pinahintulutan ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasagawa ng artikulong ito, hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 998.762, na ibinawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik at anumang halagang kinuha alinsunod sa Seksyon 998.756 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat isagawa ng lupon ang anumang dokumentong kinakailangan ng Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera upang makuha at mabayaran ang pautang. Anumang halagang ipinahiram ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan ng lupon alinsunod sa artikulong ito.

998.758. Kapag hiniling ng lupon, na sinusupportahan ng isang pahayag ng mga plano at proyekto nito na inaprubahan ng Gobernador, dapat tukuyin ng komite sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan o kanais-nais na mag-isyu ng anumang bonong pinahintulutan alinsunod sa artikulong ito upang maisagawa ang mga plano at proyekto ng lupon, at kung gayon, ang halaga ng mga bonong iisyu at ibebenta. Maaaring pahintulutan at ibenta ang magkakasunod na pag-iisyu ng mga bono upang unti-unting maisagawa ang mga planong at proyektong ito, at hindi kinakailangang iisyu o ibenta ang lahat ng bono nang sabay-sabay.

998.759. (a) Hangga't may anumang bonong pinahintulutan alinsunod sa artikulong ito na hindi pa nababayaran, dapat hilingin ng Kalihim para sa Kapakanan ng mga Beterano, sa pagtatapos ng bawat taon ng pananalapi, ang isang pagsusuri sa kalagayang pinansyal ng Dibisyon para sa mga Pagbili ng Bukid at Tahanan, kasama ang isang pagtataya sa mga operasyon ng dibisyon, na isasagawa ng isang kinikilalang independiyenteng public accountant. Ang mga resulta ng bawat pagsusuri at pagtataya ay dapat iulat nang nakasulat ng public accountant sa Secretary of Veterans Affairs, sa Lupon ng California para sa mga Beterano, sa mga naaangkop na komite sa patakaran na tumatalakay sa mga usapin ng mga beterano sa Senado at Asembleya, at sa komite.

(b) Dapat bayaran ng Dibisyon para sa mga Pagbili ng Bukid at Tahanan ang pampublikong tagatuos para sa mga serbisyong ito mula sa anumang perang maaaring mayroon ang dibisyon na nakadeposito sa Treasurer.

998.760. (a) Dapat iisyu at ibenta ng Treasurer ang mga bonong pinahintulutan ng artikulong ito sa halagang tinukoy ng komite na kinakailangan at kanais-nais alinsunod sa Seksyon 998.758. Ang mga bono ay dapat ibigay at ibenta ayon sa mga tuntunin at kondisyon na tinukoy sa isang resolusyon na pagtitibayin ng komite alinsunod sa Seksyon 16731 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Sa tuwing itinuturing ng komite na kinakailangan ito para sa isang epektibong pagbebenta ng mga bono, maaaring pahintulutan ng komite ang Treasurer na ibenta ang anumang serye ng mga bono nang mas mababa sa kanilang par value, sa kabila ng Seksyon 16754 ng Kodigo ng Pamahalaan. Gayunpaman, ang diskuwento sa mga bono ay hindi dapat lumampas sa 3 porsiyento ng kanilang par value.

998.761. Mula sa mga unang perang makukuha mula sa pagbebenta ng mga bono gaya ng itinatadhana rito, dapat muling ideposito sa Paulit-ulit na Pinupunuang Pondo para sa mga Gastos sa mga Bono ng Pangkalahatang Obligasyon, na itinatag ng Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang halaga ng lahat ng gastusing ginawa para sa mga layuning tinukoy sa seksyong iyon, at maaaring gamitin ang mga pera para sa parehong layunin at bayaran sa parehong paraan sa tuwing magkakaroon ng karagdagang pagbebenta ng mga bono. Ang lahat ng perang idineposito sa pondo na nagmula sa premium at

naipong interes sa mga bonong ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay dapat itabi sa pondo at dapat maging available para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang kredito sa mga gastusin para sa interes sa bono, maliban na ang mga halagang nagmula sa premium ay maaaring itabi at gamitin upang bayaran ang mga gastusin sa pag-iisyu ng bono bago ang anumang paglilipat sa Pangkalahatang Pondo.

998.762. Ang anumang bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay maaaring i-refund alinsunod sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang pagpapatibay ng mga botante sa pag-iisyu ng mga bono alinsunod sa artikulong ito ay kinabibilangan ng pagpapatibay sa pag-iisyu ng mga bonong inisyu upang i-refund ang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng artikulong ito o anumang naunang inisyong bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono. Anumang bono na naisauli sa pamamagitan ng mga nalikom ng nagsasauling mga bono na pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na bayaran nang walang multa hanggang sa ipinahihintulot ng batas sa paraan at sa lawak na nakalagay sa resolusyon, gaya ng sinusugan panapanahon, na nagpapahintulot sa naisauling bono.

998.763. Sa kabila ng anumang probisyon ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado o ng artikulong ito, kung ang Treasurer ay nagbebenta ng mga bono alinsunod sa artikulong ito kung saan ang tagapayo sa bono ay naglabas ng opinyon na nagsasaad na ang interes sa mga bono ay hindi isinasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa kita, alinsunod sa anumang mga kundisyong maaaring itakda, o kung hindi man ay may karapatan sa anumang pederal na benepisyo sa buwis, maaaring magpanatili ang Treasurer ng magkahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom mula sa bono at para sa mga kinita mula sa mga nalikom na iyon, at maaaring gamitin o ipagamit ang mga nalikom o kinita na iyon upang bayaran ang anumang rebate, multa, o iba pang bayad na hinihingi ng pederal na batas o magsagawa ng anumang iba pang aksyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom mula sa bono na hinihingi o pinahihintulutan alinsunod sa pederal na batas na kinakailangan o kanais-nais upang mapanatili ang katayuang walang buwis ng mga bono o upang makakuha ng anumang iba pang benepisyo alinsunod sa pederal na batas para sa kapakinabangan ng mga pondo ng estadong ito.

998.764. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na pinahintulutan ng artikulong ito ay hindi "mga nalikom mula sa mga buwis" gaya ng paggamit sa terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinapataw ng Artikulo XIII B. Ang mga nalikom mula sa mga bono na "Pahayag ng Layunin," sa halagang hindi lalampas sa prinsipal na halaga ng mga bonong pinahintulutang iisyu ng artikulong ito (hindi kasama ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 998.762), ay inaasahang magiging at maaaring gamitin upang bayaran muli ang anumang legal na magagamit na pinagmulan ng pondo na ginamit upang bayaran ang mga gastos ng mga proyekto o programa (kabilang ang mga pondo ng mga partikular na departamento o ahensiya ng estado na maaaring gastusin para sa mga gastos ng mga proyekto o programang iyon) na pinahintulutan alinsunod sa artikulong ito at binayaran pagkatapos ng Nobyembre 3, 2026, sa kondisyon, gayunpaman, na ang anumang mga gastos na babayaran muli mula sa mga nalikom ng bono ay hindi dapat binayaran mula sa mga nalikom ng anumang iba pang pagkakautang maliban kung ang naunang pagkakautang na iyon ay babayaran gamit ang mga nalikom mula sa mga bono.

PROPOSISYON 2

Ang amyendang ito na iminungkahi ng Amyenda sa Konstitusyon ng Asembleya 20 ng 2025–2026 Regular na Sesyon (Resolusyon Kabanata 130, Mga Batas ng 2026) ay hayagang nag-aamyenda sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pag-aamyenda sa mga seksyon nito; samakatuwid, ang mga umiiral na probisyong iminumukahing tanggalin ay naka-~~strikeout~~ na-tipe at ang mga bagong probisyong iminumukahing idagdag ay naka-*italikong tipo* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

MGA IMINUNGKAHING AMYENDA SA ARTIKULO XVI

Una—(a) Ang panukalang ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas na Pag-iipon para sa Kinabukasan ng California.

(b) Napagpapasyahan at ipinapahayag ng Lehislatura ang lahat ng sumusunod:

(1) Nauunawaan ng mga pamilya sa California na ang responsableng pagpaplanong pinansyal ay nangangailangan ng pagtatabi ng ipon sa panahon ng magagandang kalagayan upang makapaghanda para sa mga hindi inaasahang hamon at pagbagsak ng ekonomiya. Dapat sundin ng Estado ng California ang parehong praktikal na prinsipyang ito.

(2) Inaasahan ng mga taga-California na responsableng, maingat, at isinasaalang-alang ang mga susunod na henerasyon na pamahalaan ng kanilang pamahalaan ang pampublikong pananalapi. Ang pagpapanatili ng sapat na mga reserba ay nakatutulong na matiyak na mananatiling available ang mahahalagang serbisyong pampubliko kapag higit na kinakailangan ang mga ito.

(3) Ang ekonomiya ng California ay kabilang sa pinakamalaki at pinaka-dinamiko sa mundo, ngunit napapailalim din ito sa mga siklo ng ekonomiya, pagbabago-bago sa kita, mga likas na sakuna, mga emerhensiyang pampublikong kalusugan, at iba pang hindi inaasahang pangyayari na maaaring magdulot ng malaking pasanin sa badyet ng estado.

(4) Kapag bumababa ang mga kita ng estado sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya, maaaring pilitin ng hindi sapat na mga reserba ang estado na gumawa ng mahihirap na pagpili na nakaabala sa mahahalagang programa at serbisyong inaasahan ng mga pamilya sa California, mga estudyante, mga nakatatanda, mga beterano, mga manggagawa, at mga negosyo.

(5) Ang pagbuo at pagpapanatili ng matitibay na reserba sa badyet sa panahon ng paglago ng ekonomiya ay nakatutulong na protektahan ang mga taga-California mula sa biglaang pagbawas sa mahahalagang serbisyo at binabawasan ang pangangailangan para sa mararahas na hakbang sa pagwawasto sa panahon ng pinansyal na paghihirap.

(6) Ang maayos na pagpaplanong pinansyal ay nangangailangan ng pagtingin lampas sa susunod na taon ng pananalapi at paghahanda para sa mga hamon sa hinaharap bago pa man mangyari ang mga ito. Kung paanong nag-iimpok ang mga pamilya para sa mga emerhensiya at hindi inaasahang gastusin, dapat mag-ipon ang California sa mga mabubuting taon upang protektahan ang mga paaralan, kaligtasang pampubliko, at mahahalagang serbisyo sa panahon ng mahihirap na kalagayan.

(7) Ang matitibay na patakaran sa reserba ay nagtataguyod ng katatagang pinansyal, nagpapataas ng tiwala ng publiko sa pamahalaan ng estado, sumusuporta sa pangmatagalang paglago ng ekonomiya, at tumutulong na mapanatili ang

kakayahan ng California na epektibong tumugon sa mga emerhensiya at pagbagsak ng ekonomiya.

(8) Ang Proposition 98 ay pinagtibay ng mga botante noong 1988 upang magbigay ng pinakamababang antas ng pagpopondo para sa mga paaralan. Walang anumang bagay sa batas na ito ang naglalayong baguhin ang pagkalkula o pagpopondo ng pinakamababang garantiyang alinsunod sa Seksyon 8 ng Artikulo XVI.

(c) Samakatuwid, layunin ng Lehislatura na palakasin ang pangako ng estado sa responsableng pagbabadyet, pangmatagalang pagpaplanong pinansyal, at maingat na pag-iimpok sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga reserba sa badyet ng California at pagtiyak na mas mahusay na makapaghahanda ang estado para sa mga hamon sa ekonomiya sa hinaharap. Ang pagpapalakas ng mga reserba ay isang pamumuhunan sa hinaharap ng California at sa mga susunod na henerasyon.

Ikalawa— Ang Seksyon 20 ng Artikulo XVI nito ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

SEK. 20. (a) (1) (A) Ang Account sa Pagpapatatag ng Badyet ay nililikha sa Pangkalahatang Pondo.

(B) Ang mga balanseng idineposito sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet alinsunod sa talata (2) ng subdivision (a) at mga subdivision (c) at (d) bago ang petsa ng pagkakabisa ng panukalang nagdaragdag ng subparagraph na ito ay mananatili sa account at pagkatapos nito ay ililipat, kukunin, o aayusin alinsunod sa mga probisyong ng Konstitusyong ito na inamyendahan ng panukalang nagdaragdag ng subparagraph na ito.

(2) Para sa taon ng pananalapi na 2015–16 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, batay sa Batas sa Badyet para sa taon ng pananalapi, ililipat ng Controller mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet, nang hindi lalampas sa Oktubre 1, ang halagang katumbas ng 1.5 porsiyento ng tinatayang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon ng pananalapi.

(b) (1) Para sa taon ng pananalapi na 2015–16 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, batay sa Batas sa Badyet para sa taon ng pananalapi, ibibigay ng Kagawaran ng Pananalapi sa Lehislatura ang lahat ng sumusunod na impormasyon:

(A) Isang pagtataya ng halaga ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na maaaring ilaan alinsunod sa Artikulo XIII B para sa taong iyon ng pananalapi.

(B) (i) Isang pagtataya ng bahaging iyon ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na tinukoy sa subparagraph (A) na nagmumula sa mga buwis sa personal na kita na binayaran sa netong mga tubong kapital.

(ii) Ang kabuuan ng sumusunod:

(ii) (I) Ang bahagi ng pagtataya sa sugnay (i) na lumalampas sa 8 porsiyento ng ay lampas sa 8 porsiyento, ngunit hindi lalampas sa 10 porsiyento, ng pagtatayang ginawa alinsunod sa subparagraph (A).

(II) Isang daan at limampung porsiyento ng bahagi ng pagtataya sa sugnay (i) na lumalampas sa 10 porsiyento ng pagtatayang ginawa alinsunod sa subparagraph (A).

(C) Ang bahaging iyon ng obligasyon sa pagpopondo ng estado alinsunod sa Seksyon 8 na nagmumula sa pagsasama ng halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B), kung mayroon, bilang mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo.

(D) Ang halaga ng anumang mga paglalaan na inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng, o subparagraph

(C) ng talata (2) ng, subdivision (c), na ginawa mula sa mga kita na inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talatang ito.

(E) Ang halagang nagreresulta mula sa pagbabawas ng pinagsamang mga halagang nakalkula sa ilalim ng mga subparagraph (C) at (D) mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B). Kung mas mababa sa zero, ang halaga ay ituturing na zero para sa layuning ito.

(F) Ang mas maliit sa halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (E) o sa halaga ng paglilipat na nagreresulta sa pag-abot ng balanse sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet sa limitasyong tinukoy sa subdivision (e).

(2) Sa taon ng pananalapi na 2016–17 2027–28, kaugnay lamang ng taon ng pananalapi na 2015–16 2026–27, at sa taon ng pananalapi na 2017–18 2028–29 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, nang hiwalay para sa bawat isa sa dalawang taon ng pananalapi na kaagad na nauna, kakalkulahin ng Kagawaran ng Pananalapi ang lahat ng sumusunod, gamit ang parehong pamamaraan na ginamit para sa nauugnay na taon ng pananalapi, at ibibigay ang mga kalkulasyong iyon sa Lehislatura:

(A) Isang na-update na pagtataya ng halaga ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na maaaring ilaan alinsunod sa Artikulo XIII B.

(B) (i) Isang na-update na pagtataya ng bahaging iyon ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na tinukoy sa subparagraph (A) na nagmumula sa mga buwis sa personal na kita na binayaran sa netong mga tubong kapital.

(ii) Ang kabuuan ng sumusunod:

(iii) (I) Ang bahaging iyon ng na-update na pagtataya sa sugnay (i) na lumalampas sa 8 porsiyento ng ay lampas sa 8 porsiyento, ngunit hindi lalampas sa 10 porsiyento, ng na-update na pagtatayang ginawa alinsunod sa subparagraph (A).

(II) Isang daan at limampung porsiyento ng bahagi ng pagtataya sa sugnay (i) na lumalampas sa 10 porsiyento ng pagtatayang ginawa alinsunod sa subparagraph (A).

(C) Ang na-update na pagkalkula ng bahaging iyon ng obligasyon sa pagpopondo ng estado alinsunod sa Seksyon 8 na nagreresulta mula sa pagsasama ng na-update na halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B), kung mayroon, bilang mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo.

(D) Ang halaga ng anumang mga paglalaan na inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng, o subparagraph (C) ng talata (2) ng, subdivision (c), na ginawa mula sa mga kita na inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1).

(E) Ang halagang nagreresulta mula sa pagbabawas ng pinagsamang mga halagang nakalkula sa ilalim ng mga subparagraph (C) at (D) mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B). Kung mas mababa sa zero, ang halaga ay ituturing na zero para sa layuning ito.

(F) Ang halagang dati nang inilipat para sa taon ng pananalapi ng Controller mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet alinsunod sa mga subdivision (c) at (d).

(G) Ang mas maliit sa (i) halagang hindi bababa sa zero na nagreresulta mula sa pagbabawas, mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (E), ng halaga ng anumang pagsususpende o pagbawas ng paglilipat alinsunod sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 22 na dati nang inaprubahan ng Lehislatura para sa nauugnay na taon ng pananalapi, at ng halagang dati nang inilipat para sa taong iyon ng pananalapi ng Controller gaya ng inilalarawan sa subparagraph (F), o (ii) ng halaga ng paglilipat na nagreresulta sa pag-abot ng balanse sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet sa limitasyong tinukoy sa subdivision (e).

(c) (1) (A) Pagsapit ng Oktubre 1 ng taon ng pananalapi na 2015–16 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito hanggang sa at kabilang ang taon ng pananalapi na 2029–30 2039–40, batay sa mga pagtatayang nakasaad sa taunang Batas sa Badyet alinsunod sa mga talata (2) at (3) ng subdivision (h), at sa halagang tinukoy sa talata (2) ng subdivision (a), ililipat ng Controller ang mga halaga mula sa Pangkalahatang Pondo at Account sa Pagpapatatag ng Badyet, alinsunod sa iskedyul na ibinigay ng Direktor ng Pananalapi, gaya ng itinatadhana sa subparagraph (B).

(B) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng seksyong ito, sa taon ng pananalapi kung saan nalalapat ang Batas sa Badyet na tinukoy sa subparagraph (A):

(i) Limampung porsiyento ng parehong halagang tinukoy sa talata (2) ng subdivision (a), at ng halagang nagreresulta mula sa pagbabawas ng halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (C) ng talata (1) ng subdivision (b) mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng subdivision (b), ay ililipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet.

(ii) Ang natitirang 50 porsiyento ay ilalaan ng Lehislatura para sa isa o higit pa sa mga sumusunod na obligasyon at layunin:

(I) Mga hindi napondohang naunang obligasyon ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi alinsunod sa Seksyon 8 na umiiral noong Hulyo 1, 2014: 8.

(II) Mga pautang sa badyet sa Pangkalahatang Pondo, mula sa mga pondong nasa labas ng Pangkalahatang Pondo, na may natitirang mga balanse noong Enero 1, 2014, pati na rin ang mas maagang pagkilala kaysa sa nakaiskedyul sa mga gastos ng mga pautang na ginawa sa Pansamantalang Pondo para sa Pagbabayad sa mga Medikal na Tagapagkaloob ng Serbisyo at mas maagang pagkilala kaysa sa nakaiskedyul sa mga gastos na inilalarawan sa talata (1) ng subdivision (c) ng Seksyon 41206.04 ng Kodigo ng Edukasyon.

(III) Mga claim na dapat bayaran para sa mga ipinag-utos na gastos na natamo bago ang taon ng pananalapi na 2004–05 na hindi pa nababayaran, at na, alinsunod sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B, ay pinahihintulatang bayaran sa loob ng ilang taon, gaya ng itinatadhana ng batas.

(IV) Mga hindi napondohang pananagutan para sa mga plano sa pensiyon sa antas ng estado at paunang pagpopondo sa iba pang benepisyo pagkatapos ng trabaho, na lampas sa kasalukuyang mga batayang halaga gaya ng itinatag para sa taon ng pananalapi kung saan kung hindi ay ililipat ang mga pondo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet. Para sa layunin ng subclause na ito, ang kasalukuyang mga batayang halaga ay yaong kinakailangang bayaran alinsunod sa batas, isang inaprubahang memorandum of understanding, mga iskedyul ng benepisyo na itinatag ng employer o entidad na awtorisadong magtakda ng mga kontribusyong iyon para sa mga empleyadong hindi kasama o hindi saklaw ng collective bargaining, o anumang kumbinasyon ng mga ito. Upang maging kwalipikado sa ilalim ng subclause na ito, ang paglalaan ay dapat maging karagdagan at hindi kapalit ng pagpopondong kung hindi ay gagawing available upang bayaran ang mga obligasyong inilalarawan sa subclause na ito para sa taon ng pananalapi o sa kasunod na taon ng pananalapi.

(V) Mga pederal na pautang na ginawa sa Pondo para sa Kawalan ng Trabaho.

(iii) Kung ang halagang inilaan alinsunod sa sugnay (ii) ay lumampas sa kabuuang halaga ng mga obligasyon at layuning inilalarawan sa sugnay (ii), ang natitira ay ililipat sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet, maliban na ang anumang naturang paglilipat ay napapailalim sa limitasyong sa subdivision (e).

(2) (A) Pagsapit ng Oktubre 1 ng taon ng pananalapi na 2030–31 2040–41 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, batay sa mga pagtatayang nakasaad sa taunang Batas sa Badyet alinsunod sa mga talata (2) at (3) ng subdivision (h), ililipat ng Controller ang mga halaga mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet, alinsunod sa iskedyul na ibinigay ng Director ng Pananalapi, gaya ng itinatadhana sa subparagraph (B).

(B) Sa taon ng pananalapi kung saan nalalapat ang Batas sa Badyet na tinukoy sa subparagraph (A), parehong ang halagang tinukoy sa talata (2) ng subdivision (a), at ang halagang nagreresulta mula sa pagbabawas ng halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (C) ng talata (1) ng subdivision (b) mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng subdivision (b), ay ililipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet.

(C) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng seksyong ito, maaaring maglaan ang Lehislatura ng hanggang 50 porsiyento ng parehong halagang tinukoy sa talata (2) ng subdivision (a), at ng halagang nagreresulta mula sa pagbabawas ng halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (C) ng talata (1) ng subdivision (b) mula sa halagang nakalkula sa ilalim ng sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng subdivision (b), para sa isa o higit pa sa mga obligasyon at layuning inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1).

(3) Ang mga paglilipat na inilalarawan sa subdivision na ito ay napapailalim sa pagsususpindi o pagbawas alinsunod sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 22.

(d) Pagsapit ng Oktubre 1 ng taon ng pananalapi na 2016–17 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, batay sa mga pagtatayang nakasaad sa taunang Batas sa Badyet alinsunod sa mga talata (4) at (5) ng subdivision (h), ililipat ng Controller ang mga halaga sa pagitan ng Pangkalahatang Pondo at Account sa Pagpapatatag ng Badyet alinsunod sa iskedyul na ibinigay ng Direktor ng Pananalapi, gaya ng sumusunod:

(1) Kung ang halaga sa subparagraph (G) ng talata (2) ng subdivision (b) ay higit sa zero, ilipat ang halagang iyon mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet, na napapailalim sa anumang pagsususpindi o pagbawas ng paglilipat na ito alinsunod sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 22.

(2) Kung ang halagang inilalarawan sa subparagraph (F) ng talata (2) ng subdivision (b) ay higit sa halagang nakalkula sa ilalim ng subparagraph (E) ng talata (2) ng subdivision (b), ilipat ang halagang labis na iyon mula sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet pabalik sa Pangkalahatang Pondo.

(e) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng seksyong ito, ang halaga ng paglilipat sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet alinsunod sa talata (2) ng subdivision (a) at mga subdivision (c) at (d) para sa anumang taon ng pananalapi ay hindi dapat lumampas sa halagang nagreresulta sa isang balanse sa account na, kapag ginawa ang paglilipat, ay lalampas sa ± 0.20 porsiyento ng halaga ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na tinantya alinsunod sa subdivision (b). Para sa anumang taon ng pananalapi, ang mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na, kung hindi dahil sa talatang ito, ay ililipat sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet ay maaari lamang gastusin para sa imprastruktura, gaya ng tinukoy sa Seksyon 13101 ng Kodigo ng Pamahalaan, ayon sa pagkakabasa sa seksyong iyon noong Enero 1, 2014, kabilang ang ipinagpalibang pagpapanatili nito.

(f) Ang mga pondong inilalarawan sa subdivision (b) bilang mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo ay mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksyon 8 para sa taon ng pananalapi kung saan iniugnay ang mga nalikom na iyon, ngunit hindi ituturing na karagdagang mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo dahil ang mga pondo ay pagkatapos nito ay inililipat mula sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet patungo sa Pangkalahatang Pondo.

(g) Maaaring gamitin ng Controller ang mga pondo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet na, ayon sa kanyang pagpapasya, ay kasalukuyang hindi kinakailangan para sa mga layunin ng seksyong ito, upang makatulong sa pamamahala sa pang-araw-araw na pangangailangan sa cash flow ng Pangkalahatang Pondo. Ang anumang paggamit alinsunod sa subdivision na ito ay hindi dapat makagambala sa mga layunin ng Account sa Pagpapatatag ng Badyet.

(h) Dapat isama sa taunang Batas sa Badyet ang mga pagtatayang inilalarawan sa lahat ng sumusunod:

(1) Talata (2) ng subdivision (a).

(2) Sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (1) ng subdivision (b).

(3) Subparagraph (F) ng talata (1) ng subdivision (b).

(4) Sugnay (ii) ng subparagraph (B) ng talata (2) ng subdivision (b).

(5) Subparagraph (G) ng talata (2) ng subdivision (b).

(i) Sa kabila ng Seksyon 5 ng Artikulo XIII B, para sa taon ng pananalapi na 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, ang mga paglilipat sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet ay hindi dapat ituring na “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B. Para sa taon ng pananalapi na 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, ang mga pondong kinuha o inilipat mula sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet na hindi dating binilang bilang “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B ay dapat ituring na “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B sa taon ng pananalapi kung kailan kinuha ang mga ito mula sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet o ibinalik sa Pangkalahatang Pondo.

(j) Bilang karagdagan sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet, ang Pansamantalang Account na Paglalagyan ng Inaasahang Sosobrang Pondo na itinatag sa Seksyon 16418.7 ng Kodigo ng Pamahalaan, o anumang kahalili ng account na iyon, ay magiging karagdagang pamamaraan ng responsableng pagbabadyet upang kontrahin ang pagbabago-bago ng kita mula sa mga buwis. Sa kabila ng Seksyon 5 ng Artikulo XIII B, para sa taon ng pananalapi na 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, kapag ang isang paglilipat ay ginawa sa Pansamantalang Account na Paglalagyan ng Inaasahang Sosobrang Pondo alinsunod sa taunang Batas sa Badyet, ang paglilipat na iyon ay hindi dapat ituring na “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B para sa taong iyon ng pananalapi, sa kondisyon na ang halagang hindi napapailalim sa limitasyon ay hindi lalampas sa 10 porsiyento ng halaga ng mga nalikom mula sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi kung kailan ginawa ang paglilipat. Para sa taon ng pananalapi na 2027–28 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, ang mga pondong kinuha o inilipat mula sa Pansamantalang Account na Paglalagyan ng Inaasahang Sosobrang Pondo na hindi dating binilang bilang “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B ay dapat ituring na “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” para sa mga layunin ng Artikulo XIII B sa taon ng pananalapi kung kailan kinuha ang mga ito o inilipat sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo ng estado.

Ikatlo— Ang Seksyon 22 ng Artikulo XVI nito ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

SEK. 22. (a) Sa proklamasyon ng Gobernador na nagdedeklara ng emerhensiya sa badyet at tumutukoy sa mga kondisyong bumubuo sa emerhensiya, maaaring magpasa ang Lehislatura ng isang panukalang batas na gumagawa ng alinman sa mga sumusunod:

(1) Sinususpende o binabawasan ng isang tinukoy na halaga sa dolyar para sa isang taon ng pananalapi ang paglilipat ng mga pondo mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet na hinihingi ng Seksyon 20.

(2) (A) Ibinabalik ang mga pondong inilipat sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet alinsunod sa Seksyon 20 sa Pangkalahatang Pondo para ilaan upang tugunan ang emerhensiya sa badyet.

(B) Hindi hihigit sa 50 porsiyento ng balanse sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet ang maaaring ibalik sa Pangkalahatang Pondo para ilaan alinsunod sa subparagraph (A) sa anumang taon ng pananalapi, maliban kung ang mga pondo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet ay naibalik sa Pangkalahatang Pondo para ilaan sa kaagad na naunang taon ng pananalapi.

(3) Sinususpende o binabawasan ng isang tinukoy na halaga sa dolyar para sa isang taon ng pananalapi ang paglilipat ng mga pondo mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Sistema ng Pampublikong Paaralan na hinihingi ng Seksyon 21.

(4) Inilalaan ang mga pondong inilipat sa Account sa Pagpapatatag ng Sistema ng Pampublikong Paaralan alinsunod sa Seksyon 21 at inilalaan ang mga pondong iyon para sa suporta ng mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad.

(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “emerhensiya sa badyet” ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang emerhensiyang idineklara ng Gobernador, sa kahulugan ng talata (2) ng subdivision (c) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII B.

(2) (A) Isang pagpapasiya ng Gobernador na hindi sapat ang tinatayang mga mapagkukunan upang pondohan ang mga gastusin ng Pangkalahatang Pondo para sa kasalukuyan o paparating na taon ng pananalapi, matapos magtabi ng mga pondo para sa reserba para sa pagpuksa ng mga encumbrance, sa antas na katumbas ng pinakamataas na halaga ng kabuuang mga gastusin ng Pangkalahatang Pondo na tinantya noong ipinatibay ang alinman sa tatlong pinakahuling Batas sa Badyet, na inayos para sa parehong sumusunod:

(i) Ang taunang porsiyentong pagbabago sa halaga ng pamumuhay para sa Estado, gaya ng sinusukat ng California Indise ng Presyo para sa Konsumidor.

(ii) Ang taunang porsiyentong paglago ng populasyong sibilyan ng Estado alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 7901 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(B) Ang pinakamataas na halagang maaaring kunin para sa isang emerhensiya sa badyet na tinutukoy sa ilalim ng talatang ito ay hindi dapat lumampas sa alinman sa halagang magreresulta sa kabuuang antas ng mga gastusin ng Pangkalahatang Pondo para sa isang taon ng pananalapi na mas mataas kaysa sa pinakamataas na halaga ng kabuuang mga gastusin ng Pangkalahatang Pondo na tinantya noong ipinatibay ang alinman sa tatlong pinakahuling Batas sa Badyet, gaya ng nakalkula alinsunod sa subparagraph (A), o sa anumang limitasyong ipinapataw ng subparagraph (B) ng talata (2) ng subdivision (a).

(c) Kung umiiral ang mga kondisyong kinakailangan upang magdeklara ang Gobernador ng emerhensiya sa badyet alinsunod sa subdivision (b), ang mga iminungkahing pagsasaayos sa

Budget ng Gobernador na isinumite sa Lehislatura ng Direktor ng Pananalapi alinsunod sa subdivision (e) ng Seksyon 13308 ng Kodigo ng Pamahalaan, o anumang iba pang rebisyon sa badyet na kinakailangang isumite sa Lehislatura ng isang batas na hahalili rito, ay bubuo sa proklamasyon ng Gobernador ng emerhensiya sa badyet kung ang rebisyon ay nagmumungkahi ng alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang pagsususpende o pagbawas ng mga paglilipat ng pera mula sa General Fund patungo sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet o Account sa Pagpapatatag ng Sistema ng Pampublikong Paaralan.

(2) Ang pagbabalik ng pera mula sa Account sa Pagpapatatag ng Badyet patungo sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito o isang paglalaan mula sa Account sa Pagpapatatag ng Sistema ng Pampublikong Paaralan alinsunod sa seksyong ito.

PROPOSISYON 3

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang inisyatibang ito ay nag-aamyenda sa isang seksyon ng Konstitusyon ng California; samakatuwid, ang mga umiiral na probisyong iminungkahing tanggalin ay naka-~~strikeout~~ na tipo at ang mga bagong probisyong iminungkahing idagdag ay naka-*italikong tipo* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Batas sa Proteksyon sa Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata ng California ng 2026

SEKSYON 1. Pamagat.

Ang panukalang ito ay makikilala at maaaring banggitin bilang “Batas sa Proteksyon ng Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata sa California ng 2026.”

SEK. 2. Mga Natuklasan.

(a) Noong 2012, nagpasa ang mga botante ng California ng pagtaas ng buwis para sa mga kumikita ng mataas na kita—ang nangungunang 2%—upang pondohan ang mahahalagang serbisyo ng estado at maiwasan ang matinding pagbawas sa pampublikong edukasyon na dulot ng mga hamon sa pananalapi ng Malaking Resesyon. Ang mga antas ng buwis na ito ay pinalawig ng mga botante noong 2016, kung saan 63% ang bumoto ng oo. Mula nang unang pagtibayin ito, ang panukalang ito sa buwis ay nakalikom ng mahigit \$104 bilyon para sa mga paaralan at iba pang mahahalagang serbisyo. Isa itong pangunahing bahagi ng badyet ng estado at ng Pondong Nakalaan sa Panahon ng Kagipitan ng estado.

(b) Ang buwis sa kita ng mga taong may mataas na kita ay nagbigay-daan sa estado na gumawa ng mahahalagang pamumuhunan sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ng ating mga anak at nakatulong sa sistema ng pampublikong paaralan ng California na maging mas mapagkumpitensya kumpara sa 50 estado. Noong 2012, nasa pinakamababang 10 estado ang ranggo ng California sa paggastos para sa mga paaralan. Ngayon, sa pamamagitan ng mga kitang ito, nakagawa ang California ng tunay na pag-unlad sa paggastos para sa mga paaralan. Ang ating estado ngayon ay nagbibigay ng libreng pagkain sa paaralan; libreng transitional kindergarten para sa lahat ng apat na taong gulang; libreng pangangalaga bago at pagkatapos ng klase para sa mas batang mga mag-aaral sa elementarya; at mga serbisyong pangkomunidad sa maraming distrito ng paaralan.

2

3

(c) Maliban kung palawigin ng mga botante ang buwis, magwawakas ito sa 2030. Magresulta iyon sa agarang pagbawas ng mahigit \$10 bilyon sa mga kita ng estado at mapaminsalang pagbawas sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan ng mga bata, at iba pang mahahalagang serbisyo. Babaligtarin nito ang mga natamong pag-unlad ng ating mga paaralan mula nang unang pagtibayin ang buwis sa kita ng mga taong may mataas na kita noong 2012.

(d) Hindi pinapataas ng panukalang ito ang mga buwis para sa mga mag-asawang kumikita ng mas mababa sa \$680,000 o mga indibidwal na kumikita ng mas mababa sa \$340,000, batay sa halaga ng dolyar ngayon. Hindi nito binabago ang mga umiiral na antas ng buwis, na nanatiling pareho mula nang unang ipinatupad ang panukalang ito sa buwis noong 2012.

(e) Hindi ito ang panahon upang bigyan ng pagbawas sa buwis ang pinakamayayamang tao sa California na hindi nila kailangan at hindi kayang tustusan ng ating mga paaralan at komunidad. Ang pagpapanatili ng buwis na ito sa mga taong may mataas na kita ay nakatutulong na matiyak na matatanggap ng mga bata sa California ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila upang umunlad at maabot ang kanilang pinakamataas na potensiyal, samantalang ang pagpapawalang-bisa sa buwis na ito ay mangangailangan ng malalaking pagbawas sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ng ating susunod na henerasyon.

(f) Ang kinabukasan ng California ay nakasalalay sa tagumpay ng mahigit 9 na milyong anak nito. Karapat-dapat ang bawat bata sa California sa patas na pagkakataong maging matagumpay na nasa hustong gulang. Ngunit upang magtagumpay ang mga bata bilang mga nasa hustong gulang, dapat silang magkaroon ng access sa mataas na kalidad na edukasyon at pangangalagang pangkalusugan.

(g) Para sa mga bata, mahalaga ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan at nakasalalay ang mga ito sa isa't isa. Ang access sa de-kalidad na edukasyon ay mahalaga sa tagumpay ng mga bata sa California. Kahit may sapat na mga paaralan, hindi makakakuha ng edukasyon ang mga bata kung pinipigilan sila ng sakit na pumasok. At ang mga batang lumalaki sa mga komunidad na walang sapat na pangangalagang pangkalusugan ay mas malamang na magkaroon ng mga sakit o malalang kondisyong medikal na pumipigil sa kanila na regular na pumasok sa paaralan.

(h) Ipinakikita ng pananaliksik na ang maagang access sa de-kalidad na edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ay nagpapabuti sa mga pagkakataon ng mga bata na magtagumpay sa paaralan at sa buhay. Ang buwis na ito sa mga taong may mataas na kita ay nakatutulong na matiyak na matatanggap ng mga bata sa California ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila upang umunlad at maabot ang kanilang pinakamataas na potensiyal.

(i) Ginagarantiyahan sa Konstitusyon ng California na ang kita mula sa buwis sa kita ay direktang mapupunta sa mga lokal na distrito ng paaralan at mga kolehiyong pangkomunidad. Napapaluwag ang pagpopondo ng estado upang makatulong na balansehin ang badyet at maglaan para sa isang Pondong Nakalaan sa Panahon ng Kagipitan upang maiwasan ang pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at kanilang mga pamilya; mga serbisyo para sa mga nakatatanda, mga pamilyang nagtatrabaho, at mga may-ari ng maliliit na negosyo; pag-iwas sa mga sunog sa kagubatan; at iba pang mahahalagang pangangailangan kahit bumaba ang mga kita. Nakikinabang ang lahat.

(j) Upang matiyak na ang lahat ng pondong ito ay mapupunta lamang sa mga lugar na nilalayan ng mga botante, inilalagay ang mga ito sa isang espesyal na pondo na hindi maaaring ilihis ng

Lehislatura sa ibang mga layunin. Wala sa mga kitang ito ang maaaring gastusin para sa burukrasya ng estado o mga gastusing administratibo.

(k) Ang mga pondong ito ay napapailalim sa isang independiyenteng pag-audit bawat taon upang matiyak na ginagamit lamang ang mga ito para sa mga layuning itinakda sa panukalang ito. Ang mga halal na opisyal ay sasailalim sa pag-uusig at mga parusang kriminal kung maling gamitin nila ang mga pondo.

(l) Nakatulong ang panukalang ito na bumuo at magpapanatili sa Pondong Nakalaan sa Panahon ng Kagipitan ng estado. Nakaranas ang California ng malalaking pagbabago sa badyet sa nakalipas na 15 taon, kung saan ang magagandang taon ay madalas na sinusundan ng malalaking depisit at mapaminsalang pagbawas. Ang pagpapanatili ng Pondong Nakalaan sa Panahon ng Kagipitan ng estado ay nakatulong na protektahan ang ating mga anak, nakatatanda, at mga taga-California na may kapansanan mula sa mga pagbawas sa pagpopondo para sa paaralan at pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya.

(m) Malaki ang magiging epekto ng mga pagbawas sa pederal na badyet sa mga taga-California na may mababang kita, at lalo na sa ating mga anak. Ngunit ang mga pederal na batas sa buwis ay nagbibigay ng malalaking pagbawas sa buwis sa mga mayayamang nagbabayad ng buwis. Mahalaga ang pagpapanatili ng umiiral na buwis na ito sa mga taga-California na may mataas na kita upang maprotektahan ang ating mga paaralan at mga mag-aaral sa ating mga paaralan.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

(a) Ang pangunahing layunin at hangarin ng mga botante sa pagpapatibay ng panukalang ito ay maiwasan ang mga mapaminsalang pagbawas na magpapababa sa kalidad ng edukasyon at pagtuturo sa mga lokal na pampublikong paaralan ng California, at magbigay ng sapat na pagpopondo para sa mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at mga miyembro ng kanilang pamilya.

(b) Layunin ng panukalang ito na protektahan ang ating mga anak sa pamamagitan ng pagpapalawig sa kasalukuyang mga antas ng buwis sa kita para sa mayayamang taga-California. Sa halip na ibalik ang pera sa mga bulsa ng mayayaman, ipinapadala ng panukalang ito ang pera sa isang espesyal na account na dapat gastusin nang eksklusibo upang matiyak na ang bawat bata sa California ay may access sa de-kalidad na pampublikong edukasyon. Pinapaluwag nito ang pagpopondo ng estado upang magbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at pondohan ang iba pang mahahalagang serbisyo.

(c) Ginagarantiyahan ng panukalang ito sa Konstitusyon na ang mga kitang nakokolekta nito para sa mga paaralan ay direktang ipapadala sa mga distrito ng paaralan at mga kolehiyong pangkomunidad para sa mga gastusin sa silid-aralan, hindi para sa mga gastusing administratibo. Hindi maaaring suspindihin o pigilan ang pagpopondong ito para sa mga paaralan anuman ang mangyari sa badyet ng estado.

(d) Ang lahat ng kita mula sa panukalang ito ay napapailalim sa lokal na pag-audit bawat taon, at sa pag-audit ng independiyenteng Controller upang matiyak na gagamitin lamang ang mga ito para sa mga layuning itinakda sa panukalang ito.

SEK. 4. Ang Seksyon 36 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

Sek. 36. (a) Para sa mga layunin ng seksyong ito:

(1) Kasama sa “Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan” ang mga sumusunod:

(A) Pagkuha at pagsasanay ng mga opisyal sa kaligtasan ng publiko, kabilang ang mga tauhan ng pagpapatupad ng batas, mga abogadong itinalaga sa mga paglilitis na kriminal, at mga kawani sa seguridad ng hukuman.

(B) Pamamahala sa mga lokal na kulungan at pagbibigay ng tirahan, paggamot, at mga serbisyo para sa, at pangangasiwa sa, mga nagkasalang menor de edad at nasa hustong gulang.

(C) Pag-iwas sa pang-aabuso, pagpapabaya, o pagsasamantala sa mga bata; pagbibigay ng mga serbisyo sa mga bata at kabataang inaabuso, pinababayaan, o sinasamantala, o nanganganib na maabuso, mapabayaan, o mapagsamantalahan, at sa mga pamilya ng mga batang iyon; pagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aampon; at pagbibigay ng mga serbisyo sa proteksyon ng mga nasa hustong gulang.

(D) Pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa mga bata at nasa hustong gulang upang mabawasan ang kabiguan sa paaralan, pinsala sa sarili o sa iba, kawalan ng tirahan, at maiiwasang pagkakakulong o pagkaka-institutionalize.

(E) Pag-iwas, paggamot, at pagbibigay ng mga serbisyo sa paggaling para sa pag-abuso sa mga substansiya.

(2) Ang “2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo” ay nangangahulugang batas na ipinatupad noong o bago ang Setyembre 30, 2012, upang ipatupad ang plano sa badyet ng estado, na pinamagatang 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo at naglalaan para sa pagtatalaga ng mga responsibilidad para sa Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan sa mga lokal na ahensiya, kabilang ang mga kaugnay na responsibilidad sa pag-uulat. Dapat magbigay ang batas sa mga lokal na ahensiya ng pinakamalaking kakayahang umangkop at kontrol sa pagdidisenyo, pangangasiwa, at paghahatid ng Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan na naaayon sa pederal na batas at mga kinakailangan sa pagpopondo, gaya ng tinutukoy ng Lehislatura. Gayunpaman, ang 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo ay hindi dapat magsama ng mga bagong programang itinalaga sa mga lokal na ahensiya pagkatapos ng Enero 1, 2012, maliban sa programang maagang pana-panahong pagsusuri, dyagnosis, at paggamot (EPSDT) at pinamamahalaang pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip.

(b) (1) Maliban sa itinatadhana sa subdivision (d), simula sa taon ng pananalapi na 2011–12 at pagkatapos nito, ang mga sumusunod na halaga ay dapat ideposito sa Pondo sa Lokal na Kita ng 2011, gaya ng itinatag ng Seksyon 30025 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng sumusunod:

(A) Lahat ng kita, matapos ibawas ang mga refund, na nagmumula sa mga buwis na inilalarawan sa mga Seksyon 6051.15 at 6201.15 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ayon sa pagkakabasa sa mga seksyong iyon noong Hulyo 1, 2011.

(B) Lahat ng kita, matapos ibawas ang mga refund, na nagmumula sa mga bayarin sa lisensya ng sasakyan na inilalarawan sa Seksyon 11005 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ayon sa pagkakabasa sa seksyong iyon noong Hulyo 1, 2011.

(2) Simula at pagkatapos ng Hulyo 1, 2011, ang mga kitang idineposito alinsunod sa talata (1) ay hindi dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo o mga nalikom mula sa mga buwis para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

(c) (1) Ang mga pondong idineposito sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 ay patuloy na inilalaan nang eksklusibo upang pondohan ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan ng mga lokal na ahensiya. Habang hinihintay ang ganap na pagpapatupad ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, maaari ring gamitin ang mga pondo upang bayaran ang Estado para sa mga gastos sa programa na natamo sa pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan

sa ngalan ng mga lokal na ahensiya. Ang pamamaraan para sa paglalaan ng mga pondo ay dapat gaya ng tinukoy sa 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo.

(2) Ang ingat-yaman ng county, ingat-yaman ng lungsod at county, o iba pang naaangkop na opisyal ay dapat lumikha ng Pondo sa Lokal na Kita ng County ng 2011 sa loob ng treasury ng bawat county o lungsod at county. Ang pera sa bawat Pondo sa Lokal na Kita ng County ng 2011 ay dapat gamitin nang eksklusibo upang pondohan ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan ng mga lokal na ahensiya gaya ng tinukoy ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo.

(3) Sa kabila ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B, o anumang iba pang probisyon ng konstitusyon, ang mandato ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa isang lokal na ahensiya na ipinataw ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, o ng anumang regulasyong pinagtibay o executive order o direktibang administratibong inilabas upang ipatupad ang batas na iyon, ay hindi dapat bumuo ng isang mandatang nangangailangan sa Estado na magbigay ng subvention ng mga pondo sa kahulugan ng seksyong iyon. Anumang kinakailangan na sumunod ang isang lokal na ahensiya sa Kabanata 9 (simula sa Seksyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo ng Pamahalaan, kaugnay ng pagsasagawa ng mga responsibilidad nito sa Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan, o anumang iba pang usapin, ay hindi dapat maging isang mandatang maaaring bayaran alinsunod sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B.

(4) (A) Ang batas na ipinatupad pagkatapos ng Setyembre 30, 2012, na may pangkalahatang epekto ng pagpapataas sa mga gastos na pinapasan na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyong ipinag-uutos ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo ay dapat ilapat sa mga lokal na ahensiya lamang hanggang sa lawak na ang Estado ay nagbibigay ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos. Hindi dapat obligado ang mga lokal na ahensiya na magbigay ng mga programa o antas ng serbisyong kinakailangan ng batas na inilalarawan sa subparagraph na ito nang higit sa antas kung saan naibigay ang pagpopondo.

(B) Ang mga regulasyon, executive order, o direktibang administratibo na ipinatupad pagkatapos ng Oktubre 9, 2011, na hindi kinakailangan upang ipatupad ang 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, at may pangkalahatang epekto ng pagpapataas sa mga gastos na pinapasan na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyong ipinag-uutos ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, ay dapat ilapat sa mga lokal na ahensiya lamang hanggang sa lawak na ang Estado ay nagbibigay ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos. Hindi dapat obligado ang mga lokal na ahensiya na magbigay ng mga programa o antas ng serbisyo alinsunod sa mga bagong regulasyon, executive order, o direktibang administratibo na inilalarawan sa subparagraph na ito nang higit sa antas kung saan naibigay ang pagpopondo.

(C) Anumang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo na ibinibigay ng mga lokal na ahensiya, gaya ng inilalarawan sa mga subparagraph (A) at (B), na higit sa antas kung saan naibigay ang pagpopondo, ay hindi dapat mangailangan ng subvention ng mga pondo ng Estado o kung hindi man ay mapasailalim sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B. Ang talatang ito ay hindi dapat ilapat sa batas na kasalukuyang hindi saklaw ng subvention alinsunod sa talata (2) ng subdivision (a) ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B ayon sa pagkakabasa sa talatang iyon noong Enero 2, 2011.

(D) Hindi dapat magsumite ang Estado sa pederal na pamahalaan ng anumang mga plano o waiver, o mga amyenda

sa mga planong iyon o waiver, na may pangkalahatang epekto ng pagpapataas sa gastos na pinapasan ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyong ipinag-uutos ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, maliban hanggang sa lawak na ang mga plano, waiver, o amyenda ay kinakailangan ng pederal na batas, o ang Estado ay nagbibigay ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos.

(E) Hindi dapat hilingin sa Estado na magbigay ng subvention ng mga pondo alinsunod sa talatang ito para sa isang mandatang ipinataw ng Estado sa kahilingan ng isang lokal na ahensiya o upang sumunod sa pederal na batas. Ang mga pondong kinakailangan ng Estado alinsunod sa talatang ito ay dapat magmula sa isang pinagmumulan maliban sa mga inilalarawan sa mga subdivision (b) at (d), mga buwis sa ari-arian batay sa halaga, o Subaccount para sa mga Serbisyong Panlipunan ng Account sa Buwis sa Pagbebenta ng Pondo ng Lokal na Kita.

(5) (A) Para sa mga programang inilalarawan sa mga subparagraph (C) hanggang (E), kabilang ang mga ito, ng talata (1) ng subdivision (a) at kasama sa 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, kung may mga kasunod na pagbabago sa mga pederal na batas o regulasyon na nagbabago sa mga kundisyon kung saan nakukuha ang mga pederal na matching fund gaya ng inilalarawan sa 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, at may pangkalahatang epekto ng pagpapataas sa mga gastos na natatamo ng isang lokal na ahensiya, ang Estado ay dapat taun-taong magbigay ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng hindi pederal na bahagi ng mga gastos na iyon gaya ng tinutukoy ng Estado.

(B) Kapag ang Estado ay isang partido sa anumang reklamang isinampa sa isang pederal na paglilitis na panghukuman o administratibo na may kinalaman sa isa o higit pa sa mga programang inilalarawan sa mga subparagraph (C) hanggang (E), kabilang ang mga ito, ng talata (1) ng subdivision (a) at kasama sa 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, at may isang kasunduan o kautusang panghukuman o administratibo na nagpapataw ng gastos sa anyo ng parusang salapi o may pangkalahatang epekto ng pagpapataas sa mga gastos na pinapasan na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyong ipinag-uutos ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, ang Estado ay dapat taun-taong magbigay ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng hindi pederal na bahagi ng mga gastos na iyon gaya ng tinutukoy ng Estado. Hindi kinakailangan ang pagbabayad ng Estado kung matutukoy ng Estado na ang kasunduan o kautusan ay nauugnay sa isa o higit pang lokal na ahensiya na hindi tumupad sa isang ministerial na tungkulin, hindi tumupad nang may mabuting loob sa isang legal na obligasyon, o kumilos nang pabaya o walang ingat.

(C) Ang mga pondong ibinigay ng Estado sa ilalim ng talatang ito ay dapat magmula sa mga pinagmumulan ng pagpopondo maliban sa mga inilalarawan sa mga subdivision (b) at (d), mga buwis sa ari-arian batay sa halaga, o Subaccount para sa mga Serbisyong Panlipunan ng Account sa Buwis sa Pagbebenta ng Pondo sa Lokal na Kita.

(6) Kung hindi tumupad ang Estado o isang lokal na ahensiya sa isang tungkulin o obligasyon sa ilalim ng seksyong ito o sa ilalim ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, maaaring humingi ng hudisyal na remedyo ang isang naaangkop na partido. Ang mga paglilitis na ito ay dapat bigyang-prioridad kaysa sa lahat ng iba pang usaping sibil.

(7) Ang mga pondong idineposito sa Pondo sa Lokal na Kita ng County ng 2011 ay dapat gastusin sa paraang idinisenyo upang mapanatili ang pagiging kwalipikado ng Estado para sa mga pederal na matching fund, at upang matiyak ang pagsunod ng Estado sa naaangkop na mga pederal na pamantayan na

namamahala sa pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan ng Estado.

(8) Ang mga pondong idineposito sa Pondo sa Lokal na Kita ng County ng 2011 ay hindi dapat gamitin ng mga lokal na ahensiya upang palitan ang iba pang pagpopondo para sa Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan.

(d) Kung ang mga buwis na inilalarawan sa subdivision (b) ay bawasan o mawalan ng bisa, ang Estado ay dapat taun-taong magbigay ng mga pondo sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 sa halagang katumbas o mas malaki kaysa sa pinagsama-samang halagang kung hindi ay ibibigay ng mga buwis na inilalarawan sa subdivision (b). Ang pamamaraan para sa pagtukoy sa halagang iyon ay dapat ilarawan sa 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo, at obligado ang Estado na ibigay ang halagang iyon hangga't kinakailangang isagawa ng mga lokal na ahensiya ang mga responsibilidad para sa Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan na itinalaga ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo. Kung hindi ilalaan ng Estado taun-taon ang halagang iyon, ililipat ng Controller ang halagang iyon mula sa Pangkalahatang Pondo sa pro rata na buwanang bahagi patungo sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011. Pagkatapos nito, ipamamahagi ng Controller ang mga halagang ito sa mga lokal na ahensiya sa paraang itinagubilin ng 2011 Batas sa Muling Pagtatalaga ng mga Tungkulin at Pondo. Ang mga obligasyon ng Estado sa ilalim ng subdivision na ito ay dapat magkaroon ng mas mababang prayoridad sa pag-angkin sa pera ng Pangkalahatang Pondo kaysa sa unang prayoridad para sa perang itatabi alinsunod sa Seksyon 8 ng Artikulo XVI at sa ikalawang prayoridad para sa pagbabayad ng mga utang at pananagutang pinagtibay ng mga botante na inilalarawan sa Seksyon 1 ng Artikulo XVI.

(e) (1) Upang matiyak na hindi mapipinsala ang pampublikong edukasyon sa proseso ng pagbibigay ng mahalagang proteksyon sa mga lokal na Mga Serbisyo sa Pampublikong Kaligtasan, ang Account sa Proteksyon ng Edukasyon ay nililikha sa Pangkalahatang Pondo upang tumanggap at maglabas ng mga kitang nagmumula sa mga karagdagang pagtaas sa mga buwis na ipinapataw ng seksyong ito, gaya ng tinukoy sa subdivision (f).

(2) (A) Bago ang Hunyo 30, 2013, at bago ang Hunyo 30 ng bawat taon ~~pagkatapos nito, mula 2014 hanggang 2030;~~ kabilang ang mga ito, dapat tantiyahin ng Direktor ng Pananalapi ang kabuuang halaga ng mga karagdagang kita, matapos ibawas ang mga refund, na magmumula sa mga karagdagang pagtaas sa mga antas ng buwis na ginawa sa subdivision (f) na magiging available para sa paglilipat sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon sa susunod na taon ng pananalapi. Dapat gawin ng Direktor ng Pananalapi ang parehong pagtataya pagsapit ng Enero 10, 2013, para sa mga karagdagang kita, matapos ibawas ang mga refund, na matatanggap bago matapos ang taon ng pananalapi na 2012–13.

(B) Sa huling 10 araw ng quarter ng bawat isa sa unang tatlong quarter ng bawat taon ng pananalapi ~~mula simula 2013–14, 2013–14 hanggang 2030–31;~~ kabilang ang mga ito, dapat ilipat ng Controller sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon ang isang-kapat ng kabuuang halagang tinantya alinsunod sa subparagraph (A) para sa taong iyon ng pananalapi, maliban kung ang halagang ito ay maaaring isaayos alinsunod sa subparagraph (D).

(C) Sa bawat taon ng pananalapi ~~mula sa taon na nagsisimula sa 2012–13, 2012–13 hanggang 2032–33;~~ kabilang ang mga ito, dapat kalkulahin ng Direktor ng Pananalapi ang isang pagsasaayos sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon, gaya ng tinukoy sa subparagraph (D), sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga sumusunod na halaga, kung naaangkop:

(i) Sa huling quarter ng bawat taon ng pananalapi ~~mula sa simula ng 2012–13, 2012–13 hanggang 2030–31;~~ kabilang

ang mga ito, dapat muling kalkulahan ng Direktor ng Pananalapi ang pagtatayang ginawa para sa taon ng pananalapi alinsunod sa subparagraph (A), at dapat ibawas mula sa na-update na pagtatayang ito ang mga halagang dati nang inilipat sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon para sa taong iyon ng pananalapi.

(ii) Sa Hunyo 2015 at bawat Hunyo *pagkatapos nito*, mula 2016 hanggang 2033, kabilang ang mga ito, dapat gumawa ang Direktor ng Pananalapi ng panghuling pagpapasiya sa halaga ng mga karagdagang kita, matapos ibawas ang mga refund, na nagmula sa mga karagdagang pagtaas sa mga antas ng buwis na ginawa sa subdivision (f) para sa taon ng pananalapi na nagtapos dalawang taon bago. Ang halaga ng na-update na pagtatayang nakalkula sa sugnay (i) para sa taon ng pananalapi na nagtapos dalawang taon bago ay dapat ibawas mula sa halaga ng panghuling pagpapasyang ito.

(D) Kung positibo ang kabuuang halagang tinukoy alinsunod sa subparagraph (C), dapat ilipat ng Controller ang halagang katumbas ng kabuuang iyon sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon sa loob ng 10 araw bago matapos ang taon ng pananalapi. Kung negatibo ang halagang iyon, dapat suspindihin o bawasan ng Controller ang mga kasunod na quarterly transfer, kung mayroon, sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon hanggang sa ang kabuuang pagbawas ay maging katumbas ng negatibong halagang inilalarawan dito. Para sa mga layunin ng anumang pagkalkulang ginawa alinsunod sa sugnay (i) ng subparagraph (C), ang halaga ng isang quarterly transfer ay hindi dapat baguhin upang ipakita ang anumang pagsususpinde o pagbawas na ginawa alinsunod sa subparagraph na ito.

(E) Bago ang Hunyo 30, 2018, at bago ang Hunyo 30 ng bawat taon mula 2019 hanggang 2030, kabilang ang mga ito, dapat tantyahin ng Direktor ng Pananalapi ang halaga ng mga karagdagang kita, matapos ibawas ang mga refund, na magmumula sa mga karagdagang pagtaas sa mga antas ng buwis na ginawa sa subdivision (f) sa sumusunod na taon ng pananalapi na, kapag pinagsama sa lahat ng iba pang available na kita ng Pangkalahatang Pondo, ay kakailanganin upang matugunan ang:

(i) Ang minimum na garantiyang pagpopondo ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI para sa sumusunod na taon ng pananalapi; at

(ii) Ang badyet para sa workload para sa sumusunod na taon ng pananalapi, hindi kasama ang anumang gastusin sa programa na naitala na sa pamamagitan ng sugnay (i). Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “badyet para sa workload” ay may kahulugang itinakda sa Seksyon 13308.05 ng Kodigo ng Pamahalaan, ayon sa pagkakabasa at pagkakapaliwanag sa seksyong iyon ng Kagawaran ng Pananalapi noong Enero 1, 2016, sa kondisyon, gayunpaman, na ang “mga serbisyong kasalukuyang awtorisado” ay nangangahulugang mga serbisyong ituturing lamang na “mga serbisyong kasalukuyang awtorisado” sa ilalim ng Seksyon 13308.05 ng Kodigo ng Pamahalaan noong Enero 1, 2016.

(F) Upang mapahusay ang kakayahan ng lahat ng batang nag-aaral sa California at kanilang mga pamilya na makatanggap ng regular at de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at sa gayon ay mabawasan ang pagliban sa paaralan dahil sa mga problemang may kaugnayan sa kalusugan, sa tuwing tinatantya ng Direktor ng Pananalapi na ang halagang available para sa paglilipat sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon sa susunod na taon ng pananalapi ay lumalampas sa halaga ng mga kitang kinakailangan mula sa account na iyon alinsunod sa subparagraph (E) para sa susunod na taon ng pananalapi, dapat tukuyin ng direktor ang natitirang halaga. Limampung porsiyento ng natitirang halagang iyon, hanggang sa pinakamataas na dalawang bilyong dolyar sa anumang isang taon ng pananalapi, ay dapat ilaan ng Controller mula sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California kada quarter upang dagdagan ang pagpopondo para sa mga umiiral

na programa at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inilalarawan sa Kabanata 7 (simula sa Seksyon 14000) hanggang Kabanata 8.9 (simula sa Seksyon 14700), kabilang ang mga ito, ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon. Ang pagpopondo ay dapat gamitin lamang para sa mahahalaga, pang-emerhensiya, acute, at pang-iwas na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at kanilang mga pamilya, na ibinibigay ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na lisensyado alinsunod sa Seksyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at sa mga planong pangkalusugan o iba pang namamahala sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na nakikipagkontrata sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California upang magbigay ng mga benepisyong pangkalusugan alinsunod sa seksyong ito.

(G) Ang paglalaang ibinigay sa subparagraph (F) ay maaaring suspindihin sa pamamagitan ng batas sa isang taon ng pananalapi kung kailan idineklara ang emerhensiya sa badyet, sa kondisyon, gayunpaman, na ang paglalaan ay hindi dapat bawasan nang higit sa proporsyonal na pagbawas sa kabuuang mga gastusin ng Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “emerhensiya sa badyet” ay may parehong kahulugan gaya ng nasa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 22 ng Artikulo XVI.

(H) Ang pagpopondong ibinigay alinsunod sa subparagraph (F) ay hindi dapat gamitin upang palitan ang umiiral na mga Pangkalahatang Pondo ng estado para sa hindi pederal na bahagi ng mga bayad para sa mga programang iyon at, alinsunod sa pederal na batas, ay dapat gamitin upang makakuha ng mga pederal na matching fund ng Medicaid.

(3) Ang lahat ng pera sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon ay patuloy na inilalaan para sa suporta ng mga distrito ng paaralan, mga opisina ng edukasyon ng county, mga paaralang tsarter, at mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad gaya ng itinatakd sa talatang ito, at para sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng itinatakd sa subparagraph (F) ng talata (2).

(A) Labing-isang porsiyento ng mga perang inilaan para sa edukasyon alinsunod sa talatang ito ay ilalaan kada quarter ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California sa mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad upang magbigay ng pagpopondo para sa pangkalahatang layunin sa mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad ayon sa proporsyon ng mga halagang tinukoy alinsunod sa Seksyon 84750.5 ng Kodigo ng Edukasyon, ayon sa pagkakabasa sa seksyong iyon ng code noong Nobyembre 6, 2012. Ang mga ilaang halagang kinalkula alinsunod sa subparagraph na ito ay ibabawas ng mga halagang tinukoy sa mga subdivision (a), (c), at (d) ng Seksyon 84751 ng Kodigo ng Edukasyon, ayon sa pagkakabasa sa seksyong iyon noong Nobyembre 6, 2012, na labis sa mga halagang kinalkula alinsunod sa Seksyon 84750.5 ng Kodigo ng Edukasyon, ayon sa pagkakabasa sa seksyong iyon noong Nobyembre 6, 2012, sa kondisyon na walang distrito ng kolehiyong pangkomunidad ang tatanggap ng mas mababa sa isang daang dolyar (\$100) bawat katumbas na buong oras na mag-aaral.

(B) Walongpu't siyam na porsiyento ng mga perang inilaan para sa edukasyon alinsunod sa talatang ito ay ilalaan kada quarter ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo upang magbigay ng pagpopondo para sa pangkalahatang layunin sa mga distrito ng paaralan, mga tanggapan para sa edukasyon ng county, at pagpopondo para sa pangkalahatang layunin ng estado sa mga paaralang tsarter ayon sa proporsyon ng mga limitasyon sa kita na kinalkula alinsunod sa mga Seksyon 2558 at 42238 ng Kodigo ng Edukasyon at mga halagang kinalkula alinsunod sa Seksyon 47633 ng Kodigo ng Edukasyon para sa mga tanggapan para sa

edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralang tsarter, ayon sa pagkakabanggit, ayon sa pagkakabasa sa mga seksyong iyon noong Nobyembre 6, 2012. Ang mga halagang gayon na kinalkula ay ibabawas ng mga halagang tinukoy sa subdivision (c) ng Seksyon 2558, mga talata (1) hanggang (7) ng subdivision (h) ng Seksyon 42238, at Seksyon 47635 ng Kodigo ng Edukasyon para sa mga tanggapan para sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralang tsarter, ayon sa pagkakabanggit, ayon sa pagkakabasa sa mga seksyong iyon noong Nobyembre 6, 2012, na labis sa mga halagang kinalkula alinsunod sa mga Seksyon 2558, 42238, at 47633 ng Kodigo ng Edukasyon para sa mga tanggapan para sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralang tsarter, ayon sa pagkakabanggit, ayon sa pagkakabasa sa mga seksyong iyon noong Nobyembre 6, 2012, sa kondisyon na walang distrito ng paaralan, tanggapan para sa edukasyon ng county, o paaralang tsarter ang tatanggap ng mas mababa sa dalawang daang dolyar (\$200) bawat yunit ng karaniwang bilang ng mga estudyanteng pumapasok sa klase bawat araw.

(4) Ang subdivision na ito ay awtomatikong magkakabisa at hindi nangangailangan ng aksiyon ng Lehislatura upang magkabisa. Ang pamamahagi ng mga pera sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay hindi dapat maantala o maapektuhan sa anumang paraan dahil sa hindi pagpasa ng Lehislatura at Gobernador ng taunang panukalang batas sa badyet alinsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV, dahil sa paggamit ng subdivision (h) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI, o dahil sa anumang iba pang aksiyon o hindi pagkilos ng Lehislatura o Gobernador.

(5) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, ang mga perang idineposito sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon para sa edukasyon ay hindi dapat gamitin upang bayaran ang anumang gastos na natamo ng Lehislatura, Gobernador, o anumang ahensiya ng pamahalaan ng estado.

(6) Ang isang distrito ng kolehiyong pangkomunidad, county office of education, distrito ng paaralan, o paaralang tsarter ay magkakaroon ng tanging awtoridad upang tukuyin kung paano gagastusin ang mga perang natanggap mula sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon sa paaralan o mga paaralan na nasa loob ng hurisdiksiyon nito, sa kondisyon, gayunman, na ang naaangkop na lupon o katawan na namamahala ay gagawa ng mga pagpapasyang ito tungkol sa paggastos sa isang bukas na sesyon ng isang pampublikong pagpupulong ng lupon o katawan na namamahala at hindi gagamit ng alinman sa mga pondo mula sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon para sa mga suweldo o benepisyo ng mga administrador o anumang iba pang gastusing administratibo. Ang bawat distrito ng kolehiyo ng komunidad, tanggapan para sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralang tsarter ay dapat taun-taon na maglathala sa Website sa Internet nito ng talaan kung magkano ang perang natanggap mula sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon at kung paano ginastos ang perang iyon.

(7) Ang taunang independiyenteng pag-audit sa pananalapi at pagsunod na kinakailangan para sa mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad, tanggapan para sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralang tsarter ay dapat, bilang karagdagan sa lahat ng iba pang kinakailangan ng batas, tiyakin at beripikahin kung ang mga pondong ibinigay mula sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon ay wastong naipamahagi at nagastos ayon sa iniaatas ng seksyong ito. Ang mga gastos na natamo ng mga entidad na iyon upang sumunod sa karagdagan kinakailangan sa pag-audit ng seksyong ito ay maaaring bayaran gamit ang pagpopondo mula sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon at hindi dapat ituring na mga gastusing administratibo para sa mga layunin ng seksyong ito.

(8) Ang mga kita, na ibinawas ang mga refund, na nagmula alinsunod sa subdivision (f) para ideposito sa Account ng Proteksyon sa Edukasyon alinsunod sa seksyong ito ay ituturing na “mga kita ng Pangkalahatang Pondo,” “mga nalikom ng Pangkalahatang Pondo mula sa mga buwis,” at “mga perang ilalaan ng Estado para sa suporta ng mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad” para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI.

(f) (1) (A) Bilang karagdagan sa mga buwis na ipinapataw ng Bahagi 1 (simula sa Seksyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, para sa pribilehiyong magbenta ng tangible personal property sa retail, isang buwis ang ipinapataw sa lahat ng retailer sa antas na 1/4 porsiyento ng kabuuang mga resibo ng sinumang retailer mula sa pagbebenta ng lahat ng tangible personal property na ibinebenta sa retail sa Estadong ito simula Enero 1, 2013, at bago Enero 1, 2017.

(B) Bilang karagdagan sa mga buwis na ipinapataw ng Bahagi 1 (simula sa Seksyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, isang excise tax ang ipinapataw sa pag-iimbak, paggamit, o iba pang pagkonsumo sa Estadong ito ng tangible personal property na binili mula sa sinumang retailer simula Enero 1, 2013, at bago Enero 1, 2017, para sa pag-iimbak, paggamit, o iba pang pagkonsumo sa estadong ito sa antas na 1/4 porsiyento ng presyo ng pagbebenta ng ari-arian.

(C) Ang Batas sa Buwis sa Pagbebenta at Paggamit, kabilang ang anumang mga amyendang ipinatupad sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng seksyong ito, ay dapat ilapat sa mga buwis na ipinapataw alinsunod sa talatang ito.

(D) Ang talatang ito ay mawawalan ng bisa sa Enero 1, 2017.

(2) Para sa anumang taon ng pagbubuwis na magsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2012, ~~at bago ang Enero 1, 2031~~, kaugnay ng buwis na ipinapataw alinsunod sa Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang antas ng buwis sa kita at ang antas na 9.3 porsiyento na itinakda sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis ay babaguhin ayon sa bawat sumusunod:

(A) (i) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa dalawang daan at limampung libong dolyar (\$250,000) ngunit hindi lalampas sa tatlong daang libong dolyar (\$300,000), ang antas ng buwis ay 10.3 porsiyento ng halagang lumampas sa dalawang daan at limampung libong dolyar (\$250,000).

(ii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa tatlong daang libong dolyar (\$300,000) ngunit hindi lalampas sa limang daang libong dolyar (\$500,000), ang antas ng buwis ay 11.3 porsiyento ng halagang lumampas sa tatlong daang libong dolyar (\$300,000).

(iii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa limang daang libong dolyar (\$500,000), ang antas ng buwis ay 12.3 porsiyento ng halagang lumampas sa limang daang libong dolyar (\$500,000).

(B) Ang mga antas ng kita sa buwis na tinukoy sa mga clause (i), (ii), at (iii) ng subparagraph (A) ay muling kakalkulahan, gaya ng kung hindi man ay itinatadhana sa subdivision (h) ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, para lamang sa mga taon ng pagbubuwis na magsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2013.

(C) (i) Para sa mga layunin ng subdivision (g) ng Seksyon 19136 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang talatang ito ay ituturing na naisabat sa noong Nobyembre 6, 2012.

(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (simula sa Seksyon 17001) at Bahagi 10.2 (simula sa Seksyon 18401) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang binagong mga antas ng buwis sa kita at antas ng buwis na itinatag at ipinapataw ng talatang ito

ay ituturing na itinatag at ipinapataw sa ilalim ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis.

~~(D) Ang talatang ito ay mawawalan ng bisa sa Disyembre 1, 2031.~~

(3) Para sa anumang taon ng pagbubuwis na magsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2012, ~~at bago ang Enero 1, 2031~~, kaugnay ng buwis na ipinapataw alinsunod sa Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang antas ng kita sa buwis at ang antas na 9.3 porsiyento na itinakda sa talata (1) ng subdivision (c) ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis ay babaguhin ayon sa bawat sumusunod:

(A) (i) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa tatlong daan at apatnapung libong dolyar (\$340,000) ngunit hindi lalampas sa apat na raan at walong libong dolyar (\$408,000), ang antas ng buwis ay 10.3 porsiyento ng halagang lumampas sa tatlong daan at apatnapung libong dolyar (\$340,000).

(ii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa apat na raan at walong libong dolyar (\$408,000) ngunit hindi lalampas sa anim na raan at walumpung libong dolyar (\$680,000), ang antas ng buwis ay 11.3 porsiyento ng halagang lumampas sa apat na raan at walong libong dolyar (\$408,000).

(iii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa anim na raan at walumpung libong dolyar (\$680,000), ang antas ng buwis ay 12.3 porsiyento ng halagang lumampas sa anim na raan at walumpung libong dolyar (\$680,000).

(B) Ang mga antas ng kita sa buwis na tinukoy sa mga clause (i), (ii), at (iii) ng subparagraph (A) ay muling kakalkulahin, gaya ng kung hindi man ay itinatadhana sa subdivision (h) ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, para lamang sa mga taon ng pagbubuwis na magsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2013.

(C) (i) Para sa mga layunin ng subdivision (g) ng Seksyon 19136 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang talatang ito ay ituturing na naisabatas noong Nobyembre 6, 2012.

(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (simula sa Seksyon 17001) at Bahagi 10.2 (simula sa Seksyon 18401) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ang binagong mga antas ng buwis sa kita at antas ng buwis na itinatag at ipinapataw ng talatang ito ay ituturing na itinatag at ipinapataw sa ilalim ng Seksyon 17041 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis.

~~(D) Ang talatang ito ay mawawalan ng bisa sa Disyembre 1, 2031.~~

(g) (1) Ang Controller, alinsunod sa kanyang awtoridad ayon sa batas, ay maaaring magsagawa ng mga pag-audit sa mga gastusin mula sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 at anumang Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011, at dapat mag-audit sa Account sa Proteksyon ng Edukasyon upang matiyak na ang mga pondong iyon ay ginagamit at itinatala sa paraang naaayon sa seksyong ito.

(2) Ang Abogado Heneral o lokal na abogado ng distrito ay dapat magsagawa agad ng imbestigasyon, at maaaring humingi ng mga parusang sibil o kriminal para sa, anumang maling paggamit ng mga pera mula sa Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011 o Account ng Proteksyon sa Edukasyon.

SEK. 5. Mga Magkakasalungat na Panukala.

Kung sakaling ang panukalang ito at isa pang panukala na nakaaapekto sa mga antas ng buwis para sa personal na kita ay lumitaw sa parehong pang-estadong balota, ang mga probisyon ng iba pang panukala o mga panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Kung sakaling ang panukalang ito ay makatanggap ng mas maraming boto ng pagsang-ayon kaysa sa isang panukalang itinuring na salungat dito, mananaig nang buo

ang mga probisyon ng panukalang ito, at ang iba pang panukala o mga panukala ay magiging walang bisa at walang bisa.

SEK. 6. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.

Kung ang mga probisyon ng batas na ito, o bahagi nito, ay sa anumang dahilan ay mapatunayang walang bisa o labag sa konstitusyon, ang mga natitirang probisyon ay hindi maapektuhan ngunit mananatiling ganap na may bisa at umiiral, at sa layuning ito ay maaaring ihiwalay ang mga probisyon ng batas na ito.

SEK. 7. Katayuan ng Tagapagpanukala.

Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, kung ang estado, ahensiya ng pamahalaan, o alinman sa mga opisyal nito ay hindi magtatanggol sa pagiging konstitusyonal ng batas na ito, kasunod ng pagpapatibay nito ng mga botante, ang sinumang iba pang employer ng pamahalaan, ang tagapagpanukala, o, kung wala ang mga ito, sinumang mamamayan ng Estadong ito ay magkakaroon ng awtoridad na mamagitan sa anumang aksiyon sa hukuman na kumukwestiyon sa pagiging konstitusyonal ng batas na ito para sa layuning ipagtanggol ang pagiging konstitusyonal nito, maging ang naturang aksiyon ay nasa hukuman ng paglilitis, nasa apela, o nasa diskresyonaryong pagsusuri ng Kataas-taasang Hukuman ng California o ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos. Ang mga bayarin at gastos sa pagtatanggol sa aksiyon ay sisingilin sa mga pondong iniilaan sa Abogado Heneral, na dapat bayaran kaagad.

PROPOSISYON 4

Ang batas na ito na iminungkahi ng Senate Bill 42 ng Regular na Sesyon 2025-2026 (Kabanata 245, Mga Batas ng 2025) ay isinasangguni sa mga mamamayan alinsunod sa Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang iminungkahing batas na ito ay nag-aamyenda sa mga seksyon ng Kodigo ng Pamahalaan; samakatuwid, ang mga probisyong iminungkahing tanggalin ay naka-strikeout na tipo at ang mga bagong probisyong iminungkahing idagdag ay naka-italikong tipo upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang batas na ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas sa mga Patas na Halalan ng California ng 2026.

SEK. 2. Natuklasan at ipinapahayag ng Lehislatura ang lahat ng sumusunod:

(a) Dapat magawang maiparinig ng lahat ng mamamayan ang kanilang mga pananaw sa prosesong pampulitika at dapat mapanagot ang kanilang mga halal na opisyal.

(b) Ang mga halalan para sa lokal o pang-estadong halal na katungkulan ay dapat maging patas, bukas, at mapagkumpitensya.

(c) Ang tumataas na mga gastos ng mga kampanyang pampulitika ay maaaring magpilit sa mga kandidato na umasa sa malalaking kontribusyon mula sa mayayamang donor at mga espesyal na interes, na maaaring magbigay sa mga mayayamang donor at espesyal na interes na iyon ng hindi proporsyonal na impluwensiya sa mga desisyon ng pamahalaan.

(d) Ang gayong hindi proporsyonal na impluwensiya ay maaaring magpahina sa tiwala ng publiko na ang mga pampublikong opisyal ay gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa isang walang kinikilingang paraan at na ang pamahalaan ay naglilingkod sa mga pangangailangan at tumutugon sa mga kagustuhan ng

3

4

lahat ng mamamayan nang pantay-pantay, anuman ang kanilang kayamanan.

(e) Mas malaki ang naiaambag ng mga espesyal na interes sa mga incumbent kaysa sa mga challenger dahil naghahanap sila ng access sa mga halal na opisyal, at ang gayong mga kontribusyon ay bumubuo ng malaking bahagi ng pinansyal na bentahe ng pagiging incumbent, gaya ng pinatutunayan ng mga pag-aaral tulad ng mga inilathala sa *Dyornal ng Pulitika* noong 2014 sa *Tatluhang Buwang Dyornal ng Pananaliksik sa Pulitika* noong 2016.

(f) Ang mga programang halalang pinopondohan ng mga mamamayan, kung saan maaaring makatanggap ang mga kwalipikadong kandidato ng pampublikong pondo para sa layuning makipag-ugnayan sa mga botante sa halip na eksklusibong umasa sa mga pribadong donor, ay kasalukuyang ipinatutupad sa limang charter city sa California, gayundin sa maraming iba pang lokal at pang-estadong hurisdiksiyon.

(g) Hinihikayat ng mga programang halalang pinopondohan ng mga mamamayan ang kompetisyon sa pamamagitan ng pagbabawas sa mga pinansyal na bentahe ng pagiging incumbent at pagpapahintulot sa mga mamamayan mula sa lahat ng antas ng pamumuhay, hindi lamang sa mga may koneksiyon sa mayayamang donor o mga espesyal na interes, na tumakbo para sa katungkulan, gaya ng pinatutunayan ng mga pag-aaral tulad ng mga inilathala sa *Tatluhang Buwang Dyornal ng Pananaliksik sa Pulitika* at *Patakaran ng Estado* noong 2008, at ng *Instituto ng Pagpipinansya sa Kampanya* noong 2015, *Pambansang Instituto sa Pera sa Pulitika sa Estado* noong 2016, at *Tatluhang Buwang Dyornal ng Pananaliksik sa Pulitika* at *Patakaran ng Estado* noong 2022.

(h) Sa pamamagitan ng pagbabawas ng pag-asa sa mga mayayamang donor at mga espesyal na interes, pinipigilan ng mga programang halalang pinopondohan ng mga mamamayan ang mga hindi wastong gawain, nagbibigay ng proteksiyon laban sa katiwalian o sa anyo ng katiwalian, at pinoprotektahan ang integridad pampulitika ng ating mga institusyon ng pamahalaan.

(i) Sa *Johnson v. Bradley* (1992) 4 Cal.4th 389, binigyang-diin ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos ang obserbasyon ng Hukuman para sa mga Apela na “tila malinaw na binabawasan ng pampublikong pera sa halip na dinadagdagan ang mga panggigipit sa pangangalap ng pondo sa mga naghahangad ng pampublikong katungkulan at sa gayon ay binabawasan ang labis na impluwensiya ng mga grupo ng espesyal na interes.”

(j) Sa *Buckley v. Valeo* (1976) 424 U.S. 1, kinilala ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na “ang pampublikong pagpopondo bilang paraan upang alisin ang hindi wastong impluwensiya ng malalaking pribadong kontribusyon ay nagsusulong ng isang mahalagang interes ng pamahalaan.”

(k) Sa *Malayang Kalakalan sa Arizona v. Bennett* (2011) 564 U.S. 721, kinilala ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na ang pampublikong pagpopondo ng mga halalan ay “maaaring magsulong ng ‘mahahalagang interes ng pamahalaan’ gaya ng interes ng estado sa pagpigil sa katiwalian,” na sumipi mula sa *Buckley v. Valeo*.

(l) Sa *Buckley v. Valeo*, higit pang binanggit ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na ang mga programang halalang pinopondohan ng mga mamamayan ay “nagpapadali at nagpapalawak ng pampublikong talakayan at pakikilahok sa proseso ng halalan, mga layuning mahalaga sa isang bayang namamahala sa sarili.”

(m) Ang ganap na pagbabawal sa pampublikong pagpopondo ng kampanya ay nagpapahintulot sa mga espesyal na interes na magkaroon ng hindi proporsyonal na impluwensiya at hindi patas na pinapaboran ang mga incumbent. Dapat lumikha ng isang

eksepsiyon upang pahintulutan ang mga programang halalang pinopondohan ng mga mamamayan upang maisagawa ang mga halalan nang mas patas.

SEK. 3. Ang Seksyon 85300 ng Kodigo ng Pamahalaan ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

85300. (a) ~~Maliban sa itinatadhana sa subdivision (b), ang isang pampublikong opisyal ay hindi dapat gumastos, at ang isang kandidato ay hindi dapat tumanggap, ng anumang pampublikong salapi o pondo para sa layuning maghangad ng halal na katungkulan: katungkulan kung ang mga pondo ay itinalaga ng anumang entidad ng estado o lokal na pamahalaan para sa edukasyon, transportasyon, o kaligtasan ng publiko.~~

~~(b) Ang isang pampublikong opisyal o kandidato ay maaaring gumastos o tumanggap ng pampublikong pondo para sa layuning maghangad ng halal na katungkulan kung ang estado o isang lokal na entidad ng pamahalaan ay nagtatatag ng isang nakalaang pondo para sa layuning ito sa pamamagitan ng batas, ordinansa, resolusyon, o charter, at totoo ang parehong sumusunod:~~

~~(1) Ang pampublikong pondong hawak sa pondo ay available sa lahat ng kwalipikado at boluntaryong kalahok na kandidato para sa parehong katungkulan nang walang pagsasaalang-alang kung incumbent ang kandidato o sa kagustuhan sa partidong pampulitika.~~

~~(2) Ang estado o lokal na entidad ng pamahalaan ay nagtatag ng mga pamantayan para sa pagtukoy sa kwalipikasyon ng isang kandidato sa pamamagitan ng batas, ordinansa, resolusyon, o charter.~~

~~(b) Dapat sumunod ang mga kandidato sa mga limitasyon sa paggastos at matugunan ang mahihigpit na pamantayan upang maging kwalipikado para sa pampublikong pondo.~~

~~(c) Ang pampublikong pondo ay hindi dapat gamitin upang bayaran ang mga bayarin sa legal na pagtatanggol o mga multa.~~

~~(d) (1) Ang isang kandidato ay hindi dapat, anumang oras, gumamit ng pampublikong pondo upang bayaran ang isang personal na pautang sa kanyang kampanya.~~

~~(2) Ang isang kandidato na tumatanggap ng pampublikong pondo para sa kanyang kampanya ay hindi dapat, pagkatapos ng pagtatapos ng kanyang kampanya, gumamit ng anumang pinagmumulan ng pondo upang bayaran ang isang personal na pautang sa kanyang kampanya.~~

~~(e) Para sa mga layunin ng seksyong ito, nalalapat ang mga sumusunod na depinisyon:~~

~~(1) Ang “mga makukuhaang pondo para sa kandidato” ay nangangahulugang limitasyon sa paggastos ng kandidato o ang kabuuan ng lahat ng kontribusyon at pampublikong pondong natanggap ng komiteng kontrolado ng kandidato para sa halal na katungkulan, alinman ang mas mababa.~~

~~(2) Ang “mga limitasyon sa gastos” ay nangangahulugang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos na itinatag sa pamamagitan ng batas, ordinansa, o charter na dapat sundin ng mga kwalipikado at boluntaryong kalahok na kandidato upang makatanggap ng pampublikong pondo.~~

~~(3) Ang “mga panlaban na gastos ng independiyenteng kandidato” ay nangangahulugang kabuuan ng anumang paggastos na ginawa o gastusing natamo ng sinumang tao o mga tao para sa layuning gumawa ng mga independiyenteng paggastos laban sa isang partikular na kandidato.~~

~~(4) Ang “mga pansuportang gastos ng independiyenteng kandidato” ay nangangahulugang kabuuan ng anumang paggastos na ginawa o gastusing natamo ng sinumang tao o mga tao para sa layuning gumawa ng mga independiyenteng paggastos bilang suporta sa isang partikular na kandidato.~~

(5) Ang “mga netong pansuportang pondo” ay nangangahulugang kabuuan ng mga makukuhang pondo para sa kandidato, dagdag ang mga pansuportang gastos ng independiyenteng kandidato ng kandidatong iyon, bawas ang mga panlaban na gastos ng independiyenteng kandidato against sa kandidatong iyon.

(6) Ang “mga pampublikong pondo” ay nangangahulugang anumang perang ibinigay sa isang kandidato ng isang entidad ng estado o lokal na pamahalaan para sa layuning maghangad ng halal na katungkulan.

(7) (A) Ang “mahihigpit na pamantayan” ay nangangahulugang mga kinakailangang itinakda ng batas, ordinansa, o charter na dapat matugunan ng mga kandidato upang makatanggap ng pampublikong pondo. Ang mga pamantayang ito ay dapat mag-atas sa mga kandidato na magpakita ng malawak na suporta sa kanilang distrito, gaya ng pag-aatas sa mga kandidato na makatanggap ng maliliit na kontribusyong salapi o voucher mula sa isang tinukoy na bilang ng mga residenteng nasa edad ng pagboto.

(B) (i) Kung ang isang batas, ordinansa, o charter ay nag-aatas ng minimum na bilang ng mga indibidwal na nagbibigay ng maliliit na kontribusyong salapi alinsunod sa subparagraph (A), ang pinakamalaking kontribusyon na maaaring iatas ng batas, ordinansa, o charter upang mabilang ang isang kontribyutor ay sampung dolyar (\$10).

(ii) Para sa mga layunin ng subparagraph na ito, maaaring pahintulutan ng isang batas, ordinansa, o charter na ang isang kontribusyong mas malaki kaysa sa halagang kinakailangan para sa maliit na kontribusyon alinsunod sa subparagraph (A) ay mabilang bilang kontribusyong katumbas ng halagang kinakailangan para sa maliit na kontribusyon alinsunod sa subparagraph (A).

(C) Ang “mahihigpit na pamantayan” ay hindi dapat magsama ng mga kinakailangan na makatanggap ang mga kandidato ng isang tinukoy na bilang ng mga lagda o makalikom ng tinukoy na kabuuang halaga sa dolyar na higit sa sampung dolyar (\$10) bawat kontribyutor.

(f) (1) Maaaring taasan ng isang batas, ordinansa, o charter ang mga limitasyon sa paggastos para sa bawat kwalipikado at boluntaryong kalahok na kandidato.

(2) Ang tumaas na limitasyon alinsunod sa subdivision na ito ay hindi dapat lumampas sa halagang katumbas ng pinakamataas na halaga sa dolyar ng mga netong pansuportang pondo ng sinumang iba pang kandidato para sa parehong katungkulan, dagdag ang halaga sa dolyar ng mga panlaban na gastos ng independiyenteng kandidato sa kwalipikado at boluntaryong kalahok na kandidato, bawas ang halaga sa dolyar ng mga pansuportang gastos ng independiyenteng kandidato sa kwalipikado at boluntaryong kalahok na kandidato.

(g) Ang mga batas, charter, ordinansa, at resolusyon sa pampublikong pagpopondo ay hindi dapat magdiskrimina batay sa partido o batay sa kung ang isang kandidato ay challenger o incumbent.

(h) Ang Komisyon ay hindi responsable para sa pangangasiwa o pagpapatupad ng isang sistema ng pampublikong pagpopondo ng mga kandidato na itinatag ng isang lokal na ahensiya ng pamahalaan.

(i) Ang mga subdivision (e), (f), at (h) ng seksyong ito ay maaaring amyendahan sa pamamagitan ng batas alinsunod sa subdivision (a) ng Seksyon 81012. Ang mga natitirang subdivision ng seksyong ito ay maaari lamang amyendahan sa pamamagitan ng isang batas na sumusunod sa subdivision (b) ng Seksyon 81012.

SEK. 4.1. Ang Seksyon 85320 ng Kodigo ng Pamahalaan ay inaamyeendahan upang basahin ang sumusunod:

85320. (a) Ang isang banyagang pamahalaan, banyagang prinsipal, o banyagang mamamayan ay hindi dapat gumawa, nang direkta o sa pamamagitan ng sinumang ibang tao, ng kontribusyon, paggasta, o independiyenteng paggasta kaugnay ng kwalipikasyon o suporta sa, o pagtutol sa, anumang panukalang balota ng estado o lokal na pamahalaan o kaugnay ng halalan ng isang kandidato para sa pang-estado o lokal na katungkulan.

(b) Ang isang tao o komite ay hindi dapat manghingi o tumanggap ng kontribusyon mula sa isang banyagang pamahalaan, banyagang prinsipal, o banyagang mamamayan kaugnay ng kwalipikasyon o suporta sa, o pagtutol sa, anumang panukalang balota ng estado o lokal na pamahalaan o kaugnay ng halalan ng isang kandidato para sa pang-estado o lokal na katungkulan.

(c) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(1) (A) Ang “dayuhang mamamayan” ay nangangahulugang isang taong hindi mamamayan ng Estados Unidos at hindi isang permanenteng residente na legal na pinayagang manirahan.

(B) Hindi kabilang sa “dayuhang mamamayan” ang isang taong pinagkalooban ng ipinagpalibang aksiyon, at ang ipinagpalibang aksiyon ay hindi pa nag-expire, sa ilalim ng pederal na programang Ipinagpalibang Aksyon para sa mga Dumating Noong Bata pa (DACA), gaya ng inilalarawan sa mga alituntuning inilabas ng Estados Unidos Kagawaran para sa Seguridad ng Bansa.

(2) Ang “Dayuhang prinsipal” ay kinabibilangan ng alinman sa mga sumusunod:

(A) Isang banyagang partidong pampolitika.

(B) Isang tao sa labas ng Estados Unidos, maliban kung mapatunayan ang alinman sa mga sumusunod:

(i) Ang tao ay isang indibidwal at isang mamamayan ng Estados Unidos.

(ii) Ang tao ay hindi isang indibidwal at itinatag o nilikha sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos o ng anumang estado o iba pang lugar na napapailalim sa hurisdiksiyon ng Estados Unidos at may pangunahing lugar ng negosyo sa loob ng Estados Unidos.

(C) Isang partnership, asosasyon, korporasyon, organisasyon, o iba pang kombinasyon ng mga taong itinatag sa ilalim ng mga batas ng o may pangunahing lugar ng negosyo sa isang banyagang bansa.

(D) Isang domestic subsidiary ng isang banyagang korporasyon kung ang desisyon na magbigay ng kontribusyon o gumastos ng pondo ay ginawa ng isang opisyal, direktor, o empleyado sa pamamahala ng banyagang korporasyon na hindi isang mamamayan ng Estados Unidos o isang permanenteng residente ng Estados Unidos na legal na pinayagang manirahan.

(d) Ang seksyong ito ay hindi dapat magbawal sa isang kontribusyon, paggasta, o independiyenteng paggasta na ginawa ng isang permanenteng residente na legal na pinayagang manirahan.

(e) (1) Ang sinumang taong lalabag sa seksyong ito ay magkakasala ng misdemeanor at pagmumultahin ng halagang katumbas ng halagang iniambag o ginastos.

(2) Bilang karagdagan sa iba pang mga parusa, ang taong lalabag sa seksyong ito ay pagmumultahin ng halagang hindi bababa sa halagang iniambag o ginastos, ngunit hindi lalampas sa halagang katumbas ng tatlong beses ng halagang iniambag o ginastos.

PROPOSISYON 5

Ang amyendang ito na iminungkahi ng Amyenda sa Konstitusyon ng Senado 1 ng Regular na Sesyon 2023-2024 (Resolusyon Kabanata 204, Mga Batas ng 2024) ay tahasang nag-aamyenda sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pag-aamyenda sa mga seksyon nito; samakatuwid, ang mga umiiral na probisyong iminumungkahing tanggalin ay naka-strikeout na tipo at ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-italikong tipo upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

MGA IMINUNGKAHING AMYENDA SA MGA ARTIKULO II AT V

Una—Na ang Seksyon 15 ng Artikulo II nito ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

SEK. 15. (a) Ang isang halalan upang matukoy kung aalisin sa katungkulan ang isang opisyal at, ~~kung naaangkop, upang maghalal ng kapalit~~ ay tatawagin ng Gobernador at idaraos nang hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 80 araw mula sa petsa ng sertipikasyon ng sapat na mga lagda.

(b) Ang isang halalan na pagpapaalis ay maaaring isagawa sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sertipikasyon ng sapat na mga lagda upang ang halalan ay maisama sa susunod na regular na nakatakdang halalan na ganap o bahagyang idaraos sa loob ng parehong hurisdiksiyon kung saan idinaraos ang halalan na pagpapaalis, kung ang bilang ng mga botanteng kwalipikadong bumoto sa susunod na regular na nakatakdang halalan ay katumbas ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng lahat ng botanteng kwalipikadong bumoto sa halalan na pagpapaalis.

(c) Kung ang nakararaming boto sa tanong ay para sa pagpapaalis, aalisin sa katungkulan ang opisyal at, ~~kung may kandidato, ang kandidatong tumanggap ng pinakamaraming boto ang magiging kapalit. Ang opisyal ay hindi maaaring maging kandidato, at hindi rin dapat magkaroon ng kandidatura para sa isang katungkulan pinupunan alinsunod sa subdivision (d) ng Seksyon 16 ng Artikulo VI. at ang katungkulan ay magiging bakante. Ang bakante ay pupunan alinsunod sa Konstitusyong ito at batas, sa kondisyon na ang opisyal na naging paksa ng halalan na pagpapaalis ay hindi dapat italaga upang punan ang bakante sa katungkulan ng iyon.~~

Ikalawa—Na ang Seksyon 17 ng Artikulo II nito ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

SEK. 17. Kung ang pagpapaalis sa Gobernador o Kalihim ng Estado ay sinimulan, ang mga tungkulin sa pagpapaalis ng tanggapan na iyon ay isasagawa ng ~~Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, o Kontroler, ayon sa pagkakabanggit. Kung ang pagpapaalis sa Gobernador at Kalihim ng Estado ay sinimulan nang sabay, ang mga tungkulin sa pagpapaalis ng parehong tanggapan ay isasagawa ng Controller.~~

Ikatlo—Na ang Seksyon 10 ng Artikulo V nito ay inaamyendahan upang basahin ang sumusunod:

SEK. 10. (a) Ang Tenyente Gobernador ay magiging Gobernador kapag nagkaroon ng bakante sa katungkulan ng Gobernador.

(b) Sa kabila ng subdivision (c) ng Seksyon 15 ng Artikulo II, kung ang Gobernador ay inalis sa katungkulan sa pamamagitan ng halalan na pagpapaalis, ang Tenyente Gobernador ay magiging Gobernador para sa natitirang bahagi ng hindi pa natatapos na termino. Kung ang Gobernador ay inalis sa katungkulan sa pamamagitan ng halalan na pagpapaalis bago matapos ang panahon ng nominasyon para sa susunod na pang-estadong halalan sa unang dalawang taon ng termino ng Gobernador, isang espesyal na halalan ang tatawagin

upang palitan ang Gobernador at pagsasamahin ito sa pang-estadong primaryang halalan at, kung kinakailangan, sa kasunod na pang-estadong pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay makatanggap ng nakararaming boto sa espesyal na halalan na isinama sa pang-estadong primaryang halalan, ang kandidatong iyon ay magiging Gobernador para sa natitirang bahagi ng hindi pa natatapos na termino. Kung walang kandidatong makatanggap ng nakararaming boto, ang dalawang kandidatong may pinakamaraming boto ay maglalaban sa isang espesyal na halalan na isasama sa kasunod na pang-estadong pangkalahatang halalan, at ang mananalo sa halalang iyon ay magiging Gobernador para sa natitirang bahagi ng hindi pa natatapos na termino.

(c) Ang Tenyente Gobernador ay kikilos bilang Gobernador habang sumasailalim sa impeachment, wala sa Estado, o may iba pang pansamantalang kapansanan ang Gobernador o ang nahalal na Gobernador na hindi nanunungkulan.

(d) Ang Lehislatura ay dapat magtakda ng pagkakasunod-sunod ng paghalili pagkatapos ng Tenyente Gobernador para sa paghalili sa katungkulan ng Gobernador at para sa pansamantalang pagsasagawa ng mga tungkulin ng Gobernador.

(e) Ang Kataas-taasang Hukuman ay may eksklusibong hurisdiksiyon upang tukuyin ang lahat ng tanong na nagmumula sa ilalim ng seksyong ito.

(f) Ang katayuan upang magharap ng mga tanong tungkol sa pagkakaroon ng bakante o pansamantalang kapansanan ay eksklusibong ipinagkakaloob sa isang katawan na itinatadhana ng batas.

PROPOSISYON 37

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-italikong tipo upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Pamagat.

Ang panukalang ito ay makikilala bilang “Batas ng California sa Pagmamay-ari ng Tirahan ng Panggitnang Uri at Konstruksyon ng Tirahang Pampamilya ng 2026.”

SEK. 2. Ang Kabanata 11.5 (simula sa Seksyon 51515) ay idinaragdag sa Bahagi 3 ng Dibisyon 31 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang basahin ang sumusunod:

KABANATA 11.5. BATAS NG CALIFORNIA SA PAGMAMAY-ARI NG TIRAHAN NG PANGGITNANG URI AT KONSTRUKSYON NG TIRAHANG PAMPAMILYA NG 2026

51515. (a) Ang Ahensya ng Pagpipinansya sa Pabahay ng California ay mangangasiwa at magpapatupad ng Batas ng California sa Pagmamay-ari ng Tirahan ng Panggitnang Uri at Konstruksyon ng Tirahang Pampamilya ng 2026 upang:

(1) Magtatag ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri upang gawing mas abot-kaya ang pagpopondo sa bahay para sa pagbili ng bagong itinayong tirahang pang-isahang pamilya, nang walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis.

(2) Pabilisin at hikayatin ang pagtatayo ng mga bagong tirahang pang-isahang pamilya upang lumikha ng mga oportunidad para sa pagmamay-ari ng bahay para sa mga pamilyang nasa gitnang uri at tugunan ang kakulangan ng California sa mga pabahay na pang-isahang pamilya.

(3) Protektahan ang mga consumer laban sa mga hindi patas na gawi sa pagpapautang.

(4) Magbigay ng mga oportunidad para sa pamumuhunan na may panlipunang epekto sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagbili ng mga bonong mababa ang interes upang suportahan ang mga pautang sa bahay para sa gitnang uri na may mga antas ng interes na mas mababa kaysa sa antas sa merkado upang isulong ang layunin ng pagmamay-ari ng bahay sa California, gayundin ang paghikayat sa pagpapautang at mga pamumuhunan sa komunidad na kwalipikado para sa kredito sa ilalim ng Batas sa Muling Pamumuhunan ng Komunidad.

(b) Para sa mga layunin ng kabanatang ito:

(1) Ang “Batas” ay nangangahulugang Batas ng California sa Pagmamay-ari ng Tirahan ng Panggitnang Uri at Konstruksyon ng Tirahang Pampamilya ng 2026.

(2) Ang “ahensiya” ay nangangahulugang Ahensiya ng Pagpipinansya sa Pabahay ng California.

(3) Ang “aplikante” ay nangangahulugang sinumang tao o mga tao na nag-aaplay upang makatanggap ng pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(4) Ang “mga bono” ay nangangahulugang mga bono ng kita, note, kabilang ang mga panandaliang utang bago maglabas ng bono at kasulatan ng pautang sa konstruksyon, bonong walang kolateral, pansamantala o iba pang sertipiko, o iba pang katibayan ng pinansyal na pagkakautang na inisyu ng ahensiya alinsunod sa Seksyon 51515.06.

(5) Ang “humihiram” ay nangangahulugang isang aplikante na nakatutugon sa mga kinakailangang itinatag sa subdivision (a) ng Seksyon 51515.01, at anumang iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado na itinatag ng ahensiya, at nakatanggap ng pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(6) Ang “tagapagpatayo” ay nangangahulugang isang developer ng pabahay na lumalahok sa opsyon para sa mga kwalipikadong tagapagtayo na itinatag sa Seksyon 51515.02.

(7) Ang “nagpapahiram” ay nangangahulugang isang bangko, credit union, kumpanya ng trust, bangko para sa pag-iipon, pambansang samahan sa pagbabangko, samahan para sa mga ipon at utang, samahan para sa pagpapatayo at utang, bangkero para sa mortgage, o iba pang institusyong pinansyal o ahensiya ng pamahalaan na karaniwang nagbibigay ng mga serbisyo o kung hindi man ay tumutulong sa pagpopondo ng mga mortgage sa bahay, o anumang holding company para sa alinman sa mga nabanggit, na nakatutugon sa mga kinakailangang itinatag sa Seksyon 51515.03 at nakipagkontrata sa ahensiya upang magpasimula o magserbisyo ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri na pinahintulutan ng kabanatang ito.

(8) Ang “pautang para sa pagmamay-ari ng tirahan ng panggitnang uri” ay nangangahulugang isang pautang na pinasimulan alinsunod sa kabanatang ito.

(9) Ang “opsyon” ay nangangahulugang ang opsyon para sa mga kwalipikadong tagapagtayo upang hikayatin ang pagtatayo ng mga bagong tirahang pang-isahang pamilya na itinatag sa Seksyon 51515.02.

(10) Ang “programa” ay nangangahulugang Programa ng Pautang para sa Pagmamay-ari ng Tirahan ng Panggitnang Uri.

(11) Ang “kwalipikadong bagong tirahan” ay nangangahulugang isang tirahang pang-isahang pamilya na nakatutugon sa mga kinakailangang itinatag sa subdivision (b) ng Seksyon 51515.01, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga bahay na itinayo sa ilalim ng opsyon para sa mga kwalipikadong tagapagtayo na itinatag sa Seksyon 51515.02.

(12) Ang “pangalawang mortgage” ay nangangahulugang isang mortgage, deed of trust, o iba pang instrumento ng seguridad

sa isang kwalipikadong bagong bahay na nagsisiguro sa isang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(13) Ang “tirahang pang-isahang pamilya” ay nangangahulugang isang hiwalay na bahay, townhome, o row house, kabilang ang lupang kinaroroonan nito, o isang condominium, minanupakturang tirahan, o iba pang yunit na tirahan, na nilalayong tirhan ng isang sambahayan.

51515.01. Pagiging Kwalipikado ng Humihiram at Kwalipikadong Bagong Bahay

(a) Pagiging Kwalipikado ng Humihiram na Bumibili ng Bahay na Nasa Gitnang Uri.

(1) Dapat matugunan ng isang aplikante ang lahat ng sumusunod na kinakailangan sa pagiging kwalipikado upang maging kwalipikado para sa isang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri sa ilalim ng programa:

(A) Kinakailangan sa pagiging residente ng California. Ang aplikante ay dapat residente ng Estado ng California nang hindi bababa sa isang taon bago ang oras ng aplikasyon.

(B) Pangunahing tirahang tinitirhan ng may-ari. Dapat sumang-ayon ang aplikante na tirhan ang kwalipikadong bagong bahay bilang pangunahing tirahan ng aplikante sa loob ng 60 araw mula sa pagsasara ng transaksyon.

(C) Mga kinakailangan sa kita. Ang aplikante ay dapat magkaroon ng kita ng pamilya na hindi lalampas sa 200 porsiyento ng median na kita sa lugar para sa pamilyang kapareho ang laki sa county o metropolitan statistical area kung saan matatagpuan ang kwalipikadong bagong bahay, na iaangkop ng ahensiya ayon sa laki ng pamilya.

(D) Kinakailangan sa paunang bayad. Dapat sumang-ayon ang aplikante na magbayad ng hindi bababa sa 3 porsiyento ng presyo ng pagbili ng kwalipikadong bagong bahay mula sa isang pinagmumulan maliban sa grant o hiniram na pera.

(2) Dapat magbigay ang aplikante sa ahensiya ng anumang impormasyon, sa anyong itinakda ng ahensiya, na magbibigay-daan sa ahensiya na matukoy ang pagiging kwalipikado ng aplikante sa ilalim ng kabanatang ito.

(b) Pagiging Kwalipikado ng Kwalipikadong Bagong Bahay.

(1) Ang isang kwalipikadong bagong bahay ay alinman sa mga sumusunod:

(A) Isang bagong itinayong bahay, townhome, row house, condominium, o minanupakturang tirahan kung saan ang humihiram ang unang bumibili.

(B) Isang condominium o iba pang yunit na tirahan sa isang gusali na dating isang istrukturang hindi tirahan at ni-retrofit o muling ginamit para sa tirahang gamit kung saan ang humihiram ang unang bumibili.

(2) Ang pinakamataas na presyo ng pagbebenta para sa isang kwalipikadong bagong bahay ay hindi dapat lumampas sa 125 porsiyento ng kumukumporment limitasyon sa utang para sa isang-unit na ari-arian sa county kung saan matatagpuan ang kwalipikadong bagong bahay, gaya ng itinakda sa taunang ulat tungkol sa kumukumporment limitasyon sa utang na inilalathala ng Pederal na Ahensiya ng Pagpipinansya sa Pabahay, o ng kahalili nitong ahensiya, alinsunod sa Seksyon 4542 ng Titulo 12 ng Kodigo ng Estados Unidos.

(3) Ang seksyong ito ay hindi dapat ipakahulugan bilang paghihigpit sa pagbebenta ng mga kwalipikadong bagong bahay sa mga bumibili ng bahay na hindi kalahok sa programa.

(4) Ang isang kwalipikadong bagong bahay ay hindi dapat ituring na “pampublikong paggawa” para sa mga layunin ng Kabanata 1 (simula sa Seksyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Paggawa.

51515.02. Ang Opsyon para sa mga Kwalipikadong Tagapagtayo

(a) Maaaring boluntaryong sumali ang isang developer ng pabahay sa opsyon sa pamamagitan ng pagpapatunay sa ahensiya na ang pagtatayo ng isang bagong bahay o mga bahay ay makatutugon sa mga kinakailangang itinatag sa subdivision (b) ng Seksyon 51515.01. Ang ahensiya ay dapat maglabas ng isang liham na nagkukumpirma sa katayuan ng pakikilahok sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng sertipikasyong isinumite alinsunod sa subdivision na ito. Maaaring umasa ang tagapagtayo, mga potensiyal na mamimili, at mga nagpapautang sa konstruksyon sa liham para sa mga layunin ng pagmemerkado at pagpopondo ng anumang kwalipikadong bagong bahay, alinsunod sa mga kinakailangan sa kabanatang ito.

(b) Ang mga kalahok na tagapagtayo ay dapat:

(1) Mapailalim sa mga probisyon sa paggawa at pagpapatupad sa mga talata (2), (3), kung natutugunan ang mga kondisyon ng proyekto at construction craft na tinukoy sa talatang iyon, (4), at (5) ng subdivision (d) ng Seksyon 21080.66 ng Kodigo ng mga Pampublikong Mapagkukunan.

(2) Managot para sa lahat ng paglabag sa talata (1) ng subdivision (c) na ginawa ng mga contractor at subcontractor ng tagapagtayo. Maaaring magsampa ang isang komite ng pinagsamang pagtutulungan ng manggagawa at pamunuan na itinatag alinsunod sa pederal na Batas sa Pagtutulungan ng Manggagawa at Pamunuan ng 1978 (29 U.S.C. Sec. 175a) ng aksiyon sa isang hukuman na may naaangkop na hurisdiksiyon para sa paglabag sa talatang ito.

(c) Maaaring magsampa ang isang komite ng pinagsamang pagtutulungan ng manggagawa at pamunuan na itinatag alinsunod sa pederal na Batas sa Pagtutulungan ng Manggagawa at Pamunuan ng 1978 (29 U.S.C. Sec. 175a) ng aksiyon sa isang hukuman na may naaangkop na hurisdiksiyon laban sa isang contractor o subcontractor ng tagapagtayo sa anumang antas sa ngalan ng mga construction worker na nagtatrabaho sa isang contractor o subcontractor ng tagapagtayo upang ipatupad ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang mga obligasyon ng isang employer sa ilalim ng Dibisyon 1 (simula sa Seksyon 100) at Dibisyon 6 (simula sa Seksyon 13000) ng Kodigo ng Seguro sa Pagkawala ng Trabaho.

(2) Ang kabiguang tiyakin ang pagbabayad ng workers' compensation insurance gaya ng iniaatas ng Kabanata 4 (simula sa Seksyon 3700) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 4 ng Labor Code.

(3) Ang kabiguang panatilihin ang isang balidong lisensiya ng contractor ng estado gaya ng iniaatas ng Kabanata 9 (simula sa Seksyon 7000) ng Dibisyon 3 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon.

(d) Ang mga remedyo at parusa para sa mga paglabag sa batas sa paggawa sa ilalim ng seksyong ito ay dapat tasahin at ipamahagi alinsunod sa subdivision (m) ng Seksyon 2699 ng Kodigo ng Paggawa.

(e) Ang seksyong ito ay hindi dapat ipakahulugan bilang paghihigpit sa pagbili ng isang kwalipikadong bagong bahay na itinayo sa ilalim ng opsyon ng mga bumibili ng bahay na hindi kalahok sa programa.

(f) Kung ang isang tagapagtayo ay magbenta ng isang bagong kwalipikadong bahay na itinayo alinsunod sa seksyong ito sa halagang higit sa 25 porsiyento kaysa sa pinakamataas na presyo ng pagbebenta na itinatag sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 51515.01, hindi dapat ilapat sa bahay ang subparagraph (B) ng talata (1) at talata (2) ng subdivision (e) ng Seksyon 51515.04.

51515.03. Pagiging Kwalipikado ng Nagpapahiram

(a) Maaaring makipagkontrata ang ahensiya sa isa o higit pang nagpapahiram upang magpasimula o magserbisyo ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri na pinahintulutan ng kabanatang ito.

(b) Dapat suriin ng ahensiya kung ang programa, alinsunod sa mga layunin nito, ay maaaring ipatupad sa paraang nakatutugon sa mga pamantayan para sa mga aktibidad na kwalipikadong isaalang-alang para sa mga nagpapahiram na napapailalim sa pederal na Batas sa Muling Pamumuhunan ng Komunidad (12 U.S.C. Sec. 2901 et seq.), at kung gayon, ipatupad ang programa sa paraang iyon.

51515.04. Mga Pamantayan sa Proteksiyon ng Consumer, Pananagutan, at Transparency

(a) Proteksiyon ng consumer. Dapat magtatag ang ahensiya ng mga kinakailangan sa proteksiyon ng consumer na naaangkop sa mga nagpapahiram na kinokontrata ng ahensiya upang magpasimula ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Mga limitasyon sa mga bayarin ng nagpapahiram na kaugnay ng pagsisimula ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(2) Isang pagbabawal sa mga parusa sa maagang pagbabayad.

(3) Isang kinakailangan na ang mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri ay mga mortgage loan na may hindi nagbabagong antas ng interes.

(b) Karagdagang beripikasyon ng kredito. Kung sa anumang dahilan ay hindi kwalipikado ang credit score ng aplikante para sa kredito o sa mga pinakapaborableng tuntuning available sa ilalim ng programang ito, dapat pahintulutan ng nagpapahiram ang aplikante na boluntaryong magsumite ng mga rekord sa pananalapi, kabilang ang mga bank statement, paystub, mapatutunayang personal na ari-arian, at kasaysayan ng mga pagbabayad ng upa, at gamitin at suriin ang mga rekord na iyon gamit ang pagsusuri ng daloy ng pera sa pagsisikap na maging kwalipikado ang aplikante para sa kredito o para sa mas kanais-nais na mga tuntunin sa ilalim ng programa. Sa boluntaryong pagsusumite ng mga rekord sa pananalapi, sumasang-ayon ang aplikante na gamitin ang mga rekord na iyon para sa pagsusuri ng daloy ng pera para sa mga layunin ng programa.

(c) Representasyon at mga proteksiyon para sa bumibili ng bahay. Dapat kumuha ang aplikante ng isang lisensiyadong ahente o broker ng real estate sa California, gaya ng tinukoy sa Seksyon 10018.06 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon, na pinili ng aplikante, upang matiyak na ang bumibili ng bahay ay makatatanggap ng sapat na representasyon at proteksiyon ng consumer sa buong proseso ng pagbili ng bahay.

(d) Pagpapaliban dahil sa kahirapan. Maaaring humiling ang isang humihiram ng pansamantalang pagpapaliban dahil sa kahirapan sa mga buwanang pagbabayad ng interes sa kanilang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri alinsunod sa mga pamantayan at tuntuning itinatag ng ahensiya.

(e) Mga pamantayan sa pananagutan sa konstruksyon.

(1) Upang protektahan ang mga consumer at pabilisin ang paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan para sa mga may-ari ng bahay:

(A) Ang Titulo 7 (simula sa Seksyon 895) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigong Sibil ay dapat ilapat sa mga kwalipikadong bagong bahay, maliban kung binago sa subparagraph (B) para sa mga kwalipikadong bagong bahay na itinayo ng isang tagapagtayo alinsunod sa Seksyon 51515.02.

(B) Ang mga kwalipikadong bagong bahay na itinayo ng isang tagapagtayo alinsunod sa Seksyon 51515.02 ay sasailalim sa mga

sumusunod na pamamaraan para sa karapatang magpagawa ng pagkukumpuni:

(i) Mga kinakailangan sa abiso. Kung ang sinumang naghahabol, maging ito man ay isang may-ari ng bahay, grupo ng mga may-ari ng bahay, o isang asosasyon, ay magpasimula ng mga pamamaraan bago ang paglilitis sa subdivision (a) ng Seksyon 910 ng Kodigong Sibil, bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng kinakailangan sa subdivision na iyon, dapat tukuyin sa kinakailangang nakasulat na abiso ang bawat may-ari ng bahay ayon sa address o iba pang paglalarawang sapat upang maipabatid sa tagapagtayo ang lokasyon ng bawat tirahan, dapat tukuyin ang uri at lokasyon ng bawat sinasabing paglabag sa bawat tirahan, at dapat lagdaan ng bawat may-ari ng bahay na nagsasabing may paglabag.

(ii) Nagpapahintulot sa bukas na komunikasyon at transparency. Sa kabila ng Seksyon 913 ng Kodigong Sibil, maaaring direktang makipag-ugnayan ang isang tagapagtayo sa may-ari ng bahay o naghahabol sa anumang yugto ng mga pamamaraan bago ang paglilitis na inilalarawan sa Kabanata 4 (simula sa Seksyon 910) ng Titulo 7 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigong Sibil. Gayunman, ang probisyong ito ay hindi nilalayong baguhin ang Mga Tuntunin sa Propesyon sa Pag-uugali ng California ng State Bar ng California, kabilang ang Rule 4.2, na nagbabawal sa mga abogado na direkta o hindi direktang makipag-ugnayan sa isang taong alam nilang kinakatawan ng ibang abogado sa usapin.

(iii) Nagpapahintulot sa pagpapalaya ng may-ari ng bahay. Sa kabila ng Seksyon 926 ng Kodigong Sibil, maaaring kumuha ang isang tagapagtayo ng release o waiver mula sa may-ari ng bahay para sa gawaing pagkukumpuni na iniatas ng Kabanata 4 (simula sa Seksyon 910) ng Titulo 7 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigong Sibil, sa kondisyon na natapos ng tagapagtayo ang mga pagkukumpuni nang may pinakamataas na kasipagan, at nasiyahan ang may-ari ng bahay sa mga pagkukumpuning iyon. Maaaring boluntaryong lumagda ang may-ari ng bahay sa isang release ng mga claim na nauugnay lamang sa mga kakulangang naayos. Ang release na iyon ay dapat nakasulat, nilagdaan nang may kaalaman at boluntaryo, at hindi dapat umabot sa anumang depekto o claim na hindi tinugunan ng mga pagkukumpuni.

(iv) Hinihikayat ang agarang paglutas ng paglilitis. Kung magbibigay ang isang hukuman ng mosyon na ipagpaliban alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 930 ng Kodigong Sibil at, makalipas ang 120 araw, ang naghahabol ay hindi nagsagawa ng positibong aksiyon na nasa kontrol ng naghahabol upang sumunod sa mga kinakailangan ng Kabanata 4 (simula sa Seksyon 910) ng Titulo 7 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigong Sibil, maaaring maghain ang tagapagtayo ng mosyon upang i-dismiss ang aksiyon. Ang hukuman, ayon sa pagpapasya nito, ay maaaring igawad sa nanalong partido sa mosyong iyon ang mga bayad sa abogado at gastos sa paghahain o pagtutol sa mosyon.

(v) Pagsisiwalat sa bumibili ng bahay. Dapat isiwalat ng tagapagtayo ng kwalipikadong bagong bahay nang nakasulat, sa anyong inaprubahan ng ahensiya, sa bawat bumibili ng bahay, bago ang pagsasara ng escrow, na ang kwalipikadong bagong bahay ay napapailalim sa subparagraph na ito.

(C) Ang subparagraph (B) ay hindi dapat ilapat sa mga kwalipikadong bagong bahay na saklaw ng subdivision (f) ng Seksyon 51515.02.

(2) Sa kabila ng anumang iba pang batas, sa anumang aksiyong isinama ng isang may-ari ng bahay o grupo ng mga may-ari ng bahay na naghahain ng mga claim na napapailalim sa mga pamamaraang itinakda sa Kabanata 4 (simula sa Seksyon 910) at Kabanata 5 (simula sa Seksyon 941) ng Titulo 7 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigong Sibil o sa mga pamamaraang itinakda sa subparagraph (B) ng talata (1) ng subdivision na ito na may kaugnayan sa isang kwalipikadong bagong bahay, ang pinakamataas na pinahihintulatang contingency fee ng

abogado ay hindi dapat lumampas sa 30 porsiyento ng kabuuang nakuhang halaga sa pamamagitan ng kasunduan, pamamagitan, arbitrasyon, pagsangguni ng hukuman, o hatol, maliban kung aprubahan ng isang hukuman ang mas mataas na halaga matapos isaalang-alang ang mga resultang nakuha, ang panganib na hinarap ng abogado, anumang kasunduan sa pagitan ng abogado at kliyente, ang pagiging kumplikado ng aksiyon, at ang kasanayang ipinakita ng abogado. Ang singil na nakabatay sa resulta ng kaso ng abogado ay dapat bayaran lamang mula sa halaga ng kasunduan, arbitrasyon, pamamagitan, judicial reference, o hatol.

(f) Ang isang nagpapahiram na nagpapasimula ng isang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri ay maaaring maningil ng bayad sa pagproseso ng pautang na hindi hihigit sa 0.5 porsiyento o dalawang daan at siyamnapung dolyar (\$290), alinman ang mas mataas. Maaaring ayusin ng ahensiya ang halagang dalawang daan at siyamnapung dolyar (\$290) nang hindi hihigit sa isang beses bawat dalawang taon. Ang isang nagpapahiram ay hindi dapat maningil ng anumang iba pang bayarin sa pautang maliban kung pinahintulutan ng ahensiya.

(g) Ang Seksyon 2924.13 ng Kodigong Sibil ay hindi dapat ilapat sa anumang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri na ginawa sa ilalim ng kabanatang ito.

51515.05. Mga Kinakailangan sa Programa

(a) Dapat ipatupad ng ahensiya ang programa nang hindi lalampas sa isang taon pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito. Ang ahensiya ay magkakaroon ng lahat ng kapangyarihang ipinagkaloob dito ng bahaging ito upang ipatupad at pangasiwaan ang programa alinsunod sa kabanatang ito. Sa pagpapatupad ng kabanatang ito, dapat magpatibay ang ahensiya ng mga tuntunin at regulasyong inaprubahan ng lupon ng mga direktor ng ahensiya at naaayon sa kabanatang ito. Ang mga patakaran, tuntunin, at regulasyong pinagtibay alinsunod sa bahaging ito ay hindi dapat mapasailalim sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang bawat pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri ay dapat masiguro ng isang pangalawang mortgage, dapat gamitin lamang upang pondohan ang isang bahagi ng presyo ng pagbili ng isang kwalipikadong bagong bahay, at dapat pondohan nang hindi hihigit sa 17 porsiyento ng presyo ng pagbili ng isang kwalipikadong bagong bahay na karaniwang saklaw ng paunang bayad ng may-ari ng bahay, kung saan ang aplikante ay nag-aambag ng hindi bababa sa 3 porsiyento ng presyo ng pagbili ng isang kwalipikadong bagong bahay. Ang bawat pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri na sinigurado ng isang pangalawang mortgage ay dapat maging subordinate sa pangunahing mortgage na nagpopondo sa pagbili ng kwalipikadong bagong bahay. Dapat magpatibay ang ahensiya ng mga tuntunin tungkol sa mga gastos sa pagsasara, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagpapahintulot sa isang humihiram na gamitin ang isang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri upang bayaran ang mga gastos sa pagsasara na kaugnay ng buong pagbili ng isang kwalipikadong bagong bahay, sa kondisyon na matukoy ng ahensiya na binabalanse ng naturang tuntunin ang mga interes ng mga humihiram at namumuhunan sa bono.

(c) Dapat magtakda ang ahensiya ng mga kinakailangan sa tagal ng paninirahan para sa mga humihiram at ng mga antas ng interes, iskedyul ng amortisasyon, pagbabayad ng prinsipal, mga probisyon sa paunang pagbabayad, at iba pang tuntunin sa pagbabayad para sa mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri sa mga tuntuning itinuturing ng ahensiya na praktikal at kanais-nais para sa mga aplikante at sa mga antas na kinakailangan, sa pinakamalaking lawak na posible, upang bayaran ang prinsipal, interes, at iba pang halagang dapat

bayaran kaugnay ng mga bonong inisyu alinsunod sa kabanatang ito, kabilang ang mga halagang kinakailangan upang sagutin ang lahat ng gastos sa pangangasiwa na natamo ng ahensiya alinsunod sa kabanatang ito.

(d) Dapat magtatag ang ahensiya ng kinakailangan sa edukasyon para sa mga may-ari ng bahay para sa mga humihiram na tinutukoy ng ahensiya na makikinabang sa edukasyon para sa mga may-ari ng bahay, kabilang ang mga unang beses na bumibili ng bahay, at dapat itong gawin sa pinakamagastos-epektibong paraang praktikal, sa kondisyon na matugunan ang kinakailangan sa loob ng takdang panahon para sa pagsasara.

(e) Dapat magtatag ang ahensiya ng mga pamantayan sa underwriting para sa mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri at maaaring ayusin ang mga tuntunin at pagiging kwalipikado para sa mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga limitasyon sa pautang, minimum na credit score o karagdagang beripikasyon ng kredito na pinahihintulutan ng subdivision (b) ng Seksyon 51515.04, at mga ratio ng utang-sa-kita, upang matugunan ang mga pederal na pamantayan at kinakailangang itinatag ng Fannie Mae, Freddie Mac, o Pederal na Pangasiwaan ng Pabahay, sa kondisyon na ang mga pamantayang iyon ay naaayon sa mga tuntunin at layunin ng kabanatang ito.

(f) Ang ahensiya ay magkakaroon ng pagpapasya upang itakda ang paraan, oras, at heograpikong pamamahagi ng mga pagbebenta ng bono, kabilang kung ibebenta ang mga bono sa rehiyon o sa buong estado, at dapat gawin ito sa paraang nagpapaliit sa mga gastos sa interes at naghihikayat ng malawak na pakikilahok ng mga namumuhunan.

(g) Dapat maglaan ang ahensiya para sa isang independiyenteng taunang pag-audit ng programa upang matiyak na ang mga nalikom mula sa mga bono ay ginagamit sa paraang naaayon sa mga kinakailangan ng kabanatang ito at anumang iba pang naaangkop na batas.

51515.06. Mga Bono ng Kita

(a) Napapailalim lamang sa mga limitasyon ng kabanatang ito, ang ahensiya, bilang karagdagan sa anumang iba pang kapangyarihang ipinagkaloob dito ng bahaging ito, ay maaaring:

(1) Mag-isyu at magbenta ng mga bono nito sa prinsipal na halagang tinutukoy ng ahensiya na kinakailangan para sa layuning pondohan o kumuha ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri sa ilalim ng programa at para sa pagbabayad ng interes sa mga bonong ito, pagtatatag ng mga reserba upang seguruhin ang mga bono, at pagbabayad ng iba pang gastusin ng ahensiya na kaugnay at kinakailangan o kapaki-pakinabang sa pag-isyu ng mga bono, kabilang ang mga gastos sa pagpapahusay ng kredito o suporta sa liquidity, sa kondisyon na ang prinsipal na halaga ng anumang bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay hindi dapat lumampas sa dalawampu't limang bilyong dolyar (\$25,000,000,000), hindi kabilang ang halaga ng anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa talata (2).

(2) Mag-isyu at magbenta ng mga bono nito upang tubusin, i-refund, bayaran, baguhin ang estruktura, o bilhin ang mga bonong naunang inisyu alinsunod sa kabanatang ito alinsunod sa Bahagi 3 (simula sa Seksyon 50900).

(3) Makipagkasundo sa mga trustee sa anumang mga resolusyon, indenture, o iba pang dokumentong namamahala sa mga bono.

(4) Pumasok sa anumang mga kasunduan para sa pagpapahusay ng kredito o suporta sa liquidity.

(5) Mangako at magbigay ng lien at security interest sa collateral, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri at mga karapatan ng ahensiya sa ilalim ng mga ito, upang seguruhin ang mga

obligasyon ng ahensiya sa ilalim ng anumang mga resolusyon, indenture, o iba pang dokumentong namamahala sa mga bono at mga kasunduan para sa pagpapahusay ng kredito o suporta sa liquidity. Ang pangakong ito, lien, at security interest ay pamamahalaan ng Kabanata 5.5 (simula sa Seksyon 5450) ng Dibisyon 6 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(6) Gumawa o kumuha ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(7) Kolektahin, o ipakolekta, ang mga bayad sa pautang at iba pang halagang dapat bayaran ng mga humihiram sa ilalim ng isang pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri.

(8) Ipatupad, o ipatupad sa pamamagitan ng iba, ang mga tuntunin ng mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri at mga pangalawang mortgage laban sa mga humihiram.

(9) Tumanggap ng anumang mga grant o donasyon para sa kapakinabangan ng programa.

(10) Gumawa at magsagawa ng mga kontrata at iba pang instrumento at gawin ang lahat ng bagay na kinakailangan, kapaki-pakinabang, o kanais-nais kaugnay ng mga bono, mga pautang para sa pagmamay-ari ng bahay ng gitnang uri, mga pangalawang mortgage, o upang isagawa ang mga probisyon ng kabanatang ito.

(b) Bilang karagdagan sa pahayag na iniaatas ng Seksyon 51374, ang lahat ng bonong inisyu alinsunod sa seksyong ito ay dapat maglamang sa harapan ng sumusunod na pahayag: "Ang bonong ito ay hindi dapat ituring na isang utang o pananagutan o isang pangako ng buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California, maliban sa ahensiya, ngunit dapat bayaran lamang mula sa mga pondong inilaan para rito."

SEK. 3. Mga Amyenda.

Ang batas na ito ay dapat ipakahulugan nang malawak upang maisakatuparan ang mga layunin nito. Ang mga probisyong ayon sa batas ng batas na ito ay maaaring amyendahan hangga't ang mga amyenda ay naaayon sa at nagsusulong sa mga layunin ng pagtatayo ng mas maraming pabahay para sa gitnang uri sa California, pagprotekta sa mga humihiram ng bahay sa ilalim ng programang ito, at pagpapalawak ng mga oportunidad para sa pagmamay-ari ng bahay para sa mga taga-California na nasa gitnang uri sa pamamagitan ng isang batas na naipasa sa pamamagitan ng boto na higit sa 60 porsiyento ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehiislatura at nilagdaan ng Gobernador.

SEK. 4. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdivision, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng batas na ito ay sa anumang dahilan ay mapatunayang walang bisa sa pamamagitan ng desisyon ng anumang hukuman na may naaangkop na hurisdiksiyon, ang desisyong iyon ay hindi makaaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito. Ang mga mamamayan ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na kanilang pagtitibayin ang batas na ito at bawat bahagi, seksyon, subdivision, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon nito na hindi idineklarang walang bisa o labag sa konstitusyon, nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o aplikasyon nito ay idedeklarang walang bisa sa hinaharap.

SEK. 5. Maluwag na Pagpapakahulugan.

Ang inisyatibang ito ay dapat ipakahulugan nang maluwag upang maisakatuparan ang mga layunin nito.

SEK. 6. Mga Magkakasalungat na Panukalang Balota.

(a) Kung sakaling ang panukalang ito at isa pang panukala na nagpapahintulot sa mga bono ng kita upang pondohan ang mga

pautang sa bahay para sa gitnang uri ay lumitaw sa parehong pang-estadong balota ng halalan, ang mga probisyon ng iba pang panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay makatanggap ng mas maraming boto ng pagsang-ayon kaysa sa isang panukalang itinuring na salungat dito, mananaig nang buo ang mga probisyon ng panukalang ito, at ang mga probisyon ng iba pang panukala ay magiging walang bisa at walang bisa.

(b) Kung ang panukalang ito ay pinagtibay ng mga botante ngunit ganap o bahagyang napalitan ng isang magkakasalungat na panukalang pinagtibay ng mga botante sa parehong halalan, at ang magkakasalungat na panukala ay kalaunang mapatunayang walang bisa, ang panukalang ito ay awtomatikong magkakabisa at bibigyan ng ganap na bisa at epekto.

PROPOSISYON 38

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-*italikong tipo* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Inisyatibo sa Pananaliksik at Paggamot sa Imunolohiya ng California

SEKSYON 1. Pamagat.

Ang batas na ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang “Inisyatiba ng California para sa Pananaliksik sa Imunolohiya at mga Lunas.”

SEK. 2. Mga Natuklasan at Pagpapahayag.

Natuklasan at ipinapahayag ng mga tao sa Estado ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Ang medikal na pananaliksik ay nasa bingit ng pagkamit ng mga makabuluhang pagsulong sa pagpigil, paggamot, at pagpapagaling sa ilan sa mga pinakamapanganib at pinakamakapangyarihang sakit at iba pang karamdaman sa kalusugan na nagpapahirap sa maraming tao at kanilang mga mahal sa buhay araw-araw.

(b) Ang umuusbong na mga larangan ng medikal na pananaliksik na imunolohiya at imunoterapiya ay nag-aalok ng posibilidad ng makabagong mga pagsulong sa agham pangkalusugan na, kung sapat na mapopondohan, ay hahantong sa malaking pag-unlad sa siyensiya sa paggamot at pagpigil sa malawak na hanay ng mga pinakakaraniwang kondisyong medikal na taon-taon ay pumapatay o nagdudulot ng kapansanan sa mga Amerikano.

(c) Ginagamit ng imunolohiya at imunoterapiya ang sariling immune system ng katawan upang makilala at mapigil ang mga sakit. Sa mga nakalipas na taon, napatunayang mabisang paggamot ang immunotherapy sa paglaban sa mga kanser gaya ng melanoma, kanser sa baga, ilang uri ng leukemia at lymphoma, at iba pa.

(d) Maraming doktor at siyentipikong mananaliksik ang naniniwalang may potensiyal ang mga immunotherapy na makapigil at makapagpagaling sa malawak na hanay ng mga sakit at iba pang kondisyon sa kalusugan sa panahon ng ating buhay, kabilang ang kanser, sakit sa puso, mga kondisyong neurological gaya ng Alzheimer’s at Parkinson’s, dyabetis, obesity, altapresyon, mataas na kolesterol, ALS (Lou Gehrig’s

Disease), HIV/AIDS, muscular dystrophy, at mga autoimmune disease gaya ng rheumatoid arthritis, lupus, at multiple sclerosis.

(e) Dahil maaaring makapigil ng sakit at makapagligtas ng buhay ang mga pagsulong sa imunolohiya, ang pagsuporta sa medikal na pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya at immunotherapy ay isang mahalagang prayoridad sa pangkalahatang pamamaraan ng estado sa pagpapabuti ng pampublikong kalusugan at pagliligtas at pagpapabuti ng mga buhay.

(f) Upang lubos na mapaunlad at mapakinabangan ang mga umuusbong na teknolohiyang ito, napakahalaga na lumikha ng matatag at maaasahang pinagmumulan ng pagpopondo upang maisagawa ang tuloy-tuloy na pananaliksik nang walang pagkaantala dahil sa kakulangan ng pagpopondo na maaaring magbanta na makagambala sa pag-unlad at magpahinto sa momentum ng mga siyentipikong pagsulong.

(g) Ang pampublikong pagpopondo ng medikal na pananaliksik ay palaging naging pangunahing bahagi ng mga pagsulong sa makabagong medisina. Sa lahat ng mga bagong gamot na inaprubahan ng FDA sa pagitan ng 2010 at 2019, ang napakalaking karamihan sa mga ito—99.4 porsiyento—ay resulta ng pananaliksik na pinondohan ng publiko.

(h) Ang California ay palaging nangunguna sa mga teknolohikal na pagpapaunlad at pagsulong. Sa partikular, matagal nang nangunguna ang California sa mga agham pangkalusugan, dahil tahanan ito ng marami sa mga pinakamakabago at pinakaprestihiyosong institusyon ng medikal na pananaliksik sa mundo, gayundin ng pangunahing sistema ng mataas na edukasyon sa bansa—ang Unibersidad ng California—na naglalaman ng ilang pandaigdigang antas na paaralang medisina at mga sentro ng pananaliksik sa agham pangkalusugan.

(i) Tungkulin ng California na manguna sa pagpapaunlad ng mga immunotherapy na magdudulot ng napakalaking benepisyo sa paggamot at pagpigil sa marami sa mga pinakamatagal at pinakamakapanghinang sakit na hanggang ngayon ay napatunayang hindi tumutugon sa mas karaniwang mga therapy noong nakaraan.

(j) Bukod sa pagliligtas ng mga buhay, ang pagpopondo sa pagpapaunlad ng mga imunoterapiya ay makatitipid din sa estado at sa mga pamilya ng California ng bilyun-bilyong dolyar sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagpigil at pagpapagaling sa isang hanay ng mga nakapanghihinang sakit at karamdaman.

(k) Makakatulong ang imunolohiya at imunoterapiya na palawakin ang industriya ng biotechnology ng California, lumikha ng mga trabahong may magandang sahod, makabuo ng output sa ekonomiya, at pasiglahin ang mga bagong mapagkukunan ng kita sa pamamagitan ng pagpopondo ng grant, paglilisensiya ng intelektwal na ari-arian, at mga pamumuhunan ng pribadong sektor. Ang biotechnology sa California ay may potensiyal na maging kasinghalaga sa ekonomiya sa hinaharap gaya ng teknolohiya sa impormasyon ngayon.

(l) Milyun-milyong pamilya ang nasasaktan bawat taon kapag sinisira o kumikital sa buhay ng ating mga mahal sa buhay ang mapaminsalang mga sakit gaya ng kanser, sakit sa puso, Alzheimer’s, Parkinson’s, at dyabetis. Utang natin sa ating sarili na mamuhunan sa nangangakong pananaliksik sa immunotherapy na maaaring makapigil at makapagpagaling sa mga sakit na nakaaapekto sa lahat ng pamilya.

(m) Ito ay isang mahalagang sandali sa kasaysayan ng medikal na siyensiya, at dapat samantalahin ng California ang pagkakataong muling magsilbi bilang lider ng bansa sa inobasyon, gaya ng madalas nitong ginawa noong nakaraan.

37

38

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Layunin ng mga mamamayan ng Estado ng California sa pagpapatibay ng batas na ito na makamit ang lahat ng sumusunod:

(a) Pondohan ang isang world-class at makabagong institusyon ng pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya na kaakibat ng Unibersidad ng California upang gamitin ang kapangyarihan ng immune system ng tao, makabagong siyensiya at mga teknolohiya, at mga advanced computing technology upang lumikha ng mga siyentipikong tuklas at mga therapy ng susunod na henerasyon para sa pagpigil at pagpapagaling ng mga malalang sakit, na magbibigay-daan sa mga taga-California na mabuhay nang mas matagal at mas malusog.

(b) Magkaloob ng mga grant lamang sa mga pampubliko at nonprofit na unibersidad na nakabase sa California at mga nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik para sa pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya at palawakin ang access sa mga therapy at lunas na nagliligtas ng buhay para sa lahat ng taga-California, na tinitiyak na walang pondong igagawad sa mga organisasyong kumikita o mga kompanya ng parmasyutiko.

(c) Pondohan ang pananaliksik, edukasyon, at pagpapaunlad ng mga paggamot at therapy para sa iba't ibang kondisyong medikal gamit ang mga pamamaraang batay sa imunolohiya sa mga pampubliko at nonprofit na unibersidad at iba pang nonprofit na pasilidad ng medikal na pananaliksik na may napatunayang rekord ng matagumpay na pagsasagawa ng pananaliksik at mga klinikal na pagsubok, upang makatulong na wakasan sa panahon ng ating buhay ang mga sakit at iba pang karamdaman gaya ng kanser, sakit sa puso, Alzheimer's, Parkinson's, dyabetis, obesity, altapresyon, at mataas na kolesterol.

(d) Maglaan ng mahigit apat na bilyong dolyar (\$4,000,000,000) partikular para sa pananaliksik na may kaugnayan sa pagpigil, paggamot, at pagpapagaling sa kanser, sakit sa puso, at sakit na Alzheimer's.

(e) Pagsama-samahin ang mga siyentista sa biyomedisina, dalubhasa sa pagmomodelo ng sakit, teknolohista sa henomika, siyentista sa datos, dalubhasa sa komputasyonal na pagsusuri, imbentor ng mga therapeutic, at innovator ng mga klinikal na pagsubok mula sa buong mundo upang bumuo ng mga bakunang pang-iwas na magpoprotekta laban sa mga sakit na ito at bumuo ng mga paggamot at lunas para sa ilan sa pinakamalalang at pinakamalulubhang malalang kondisyong medikal sa mundo.

(f) Pumili para sa pagpopondo ng isang nonprofit na institusyon ng pananaliksik na independiyente, kolaboratibo, at makabago, habang nananatiling kaakibat ng Unibersidad ng California, upang pasimplehin ang pangangasiwa ng estado, alisin ang burukrasya at red tape, at matiyak ang pananaliksik na nakatuon at nakabatay sa mga resulta.

(g) Pondohan ang isang nonprofit na sentro ng medikal na pananaliksik na sa kalaunan ay magiging sapat sa sarili sa pananalapi sa pamamagitan ng muling pamumuhunan ng mga kita sa ekonomiya mula sa matagumpay na pagpapaunlad ng mga therapeutic sa mga bagong larangan ng pagsasaliksik, sa gayon ay lumilikha ng isang pasilidad ng pananaliksik na independiyente sa pananalapi at sa kalaunan ay hindi na mangangailangan ng pampublikong pagpopondo.

(h) Ilatas na 10 porsiyento ng lahat ng nalikom mula sa mga immunotherapy na binuo bilang resulta ng batas na ito ay mapunta sa estado upang mabawi ang mga gastos ng batas na ito, sa gayon ay epektibong ginagawa itong isang programa ng pautang at tinitiyak na ganap na mababawi ng mga nagbabayad ng buwis ang kanilang puhunan sa mahalagang pananaliksik na ito.

(i) Ilatas na ang sinumang tatanggap na naglilisensiya ng isang teknolohiya o gamot na binuo gamit ang mga pondo mula sa batas na ito ay gawing available ang teknolohiya o gamot sa mga pasyente sa California sa presyong hindi bababa sa 20 porsiyentong mas mababa kaysa sa pambansang average, na tinitiyak na direktang makikinabang ang mga taga-California sa kanilang pampublikong pamumuhunan.

(j) Tiyakin na ang lahat ng pagpopondo sa pananaliksik na ipinamahagi sa ilalim ng batas na ito ay napapailalim sa mahigpit na mga kinakailangan sa pananagutan at transparency, kabilang ang kinakailangan na 98 porsiyento ng lahat ng pondo ay gastusin para sa mga gastos na may kaugnayan sa medikal na pananaliksik at pagpapaunlad ng mga lunas, limitasyon sa gastusing administratibo ng pamahalaan ng estado na hindi hihigit sa 2 porsiyento, mahigpit na mga tuntunin sa salungatan ng interes, pampublikong pagsisiwalat ng lahat ng paggastos, at mga independiyenteng pag-audit sa pananalapi.

(k) Protektahan at makinabang ang badyet ng estado sa pamamagitan ng pagpopondo sa pananaliksik na makababawas nang malaki sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga oportunidad para makinabang ang estado mula sa mga kitang nagmumula sa mga patent at bayarin sa paglilisensiya na nagmumula sa mga pagsulong sa imunolohiya.

(l) Pakinabangan ang ekonomiya ng California sa pamamagitan ng paglikha ng mga trabahong may mataas na sahod, mga proyektong pang-industriya sa biomedical, at mga potensiyal na therapy na bubuo ng mga bagong kita sa buwis sa ating estado.

(m) Langat ang mga industriya ng biotechnology at life sciences sa California sa antas ng pandaigdigang pamumuno sa umuusbong na larangan ng pananaliksik at paggamot sa imunoterapiya, na magpapalakas sa posisyon ng estado bilang pandaigdigang sentro para sa inobasyon sa kalusugan at paglago ng ekonomiya.

SEK. 4. Ang Dibisyon 110.5 (simula sa Seksyon 130350) ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang basahin ang sumusunod:

DIBISYON 110.5. INISYATIBA NG CALIFORNIA PARA SA PANANALIKSIK SA IMUNOLOHIYA AT MGA LUNAS

KABANATA 1. BATAS NG CALIFORNIA SA MEDIKAL NA PANANALIKSIK PARA SA IMUNOLOHIYA AT IMUNOTERAPIYA

130350. Ang kabanatang ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang "Batas ng California sa Medikal na Pananaliksik para sa Imunolohiya at Imunoterapiya."

130351. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang "Komite" ay nangangahulugang Komite ng Pagbabantay ng mga Mamamayan sa Pananagutan sa Pananalapi na nilikha alinsunod sa Seksyon 130362.

(b) Ang "Konseho" ay nangangahulugang Konseho sa Pananaliksik, Pagpapayo, at Pananagutan na nilikha alinsunod sa Seksyon 130355.

(c) Ang "Kagawaran" ay nangangahulugang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, o ang kahalili nitong ahensiya.

(d) Ang "Pondo" ay nangangahulugang Pondo ng California para sa Medikal na Pananaliksik sa Imunolohiya at Imunoterapiya na nilikha alinsunod sa Seksyon 130377.

(e) Ang "Instituto" ay nangangahulugang isang nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik na pinili ng departamento alinsunod sa Seksyon 130353.

(f) Ang “mga karapatan sa intelektwal na ari-arian” ay nangangahulugang lahat ng pagmamay-aring legal na karapatan kaugnay ng know-how o mga imbensiyon, kabilang ang lahat ng lihim sa kalakal, karapatang sipi, tatak-pangkalakal, mask work, software, at patent, at mga aplikasyon para rito sa buong mundo, kabilang ang mga sertipiko ng imbentor, at anumang anyo ng karapatan kung saan maaaring epektibong hadlangan ng isang partido ang isa pang partido na magsagawa ng alinman sa mga kilos na tinukoy sa depinisyon ng ito, kabilang ang mga karapatan sa kontrata; gayunman, sa kaso ng mga mga karapatan sa intelektwal na ari-arian kung saan ang institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik na tumanggap ng pagpopondo alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130352 ay isang lisensyado o kung hindi man ay isang pinahihintulatang gumagamit, ang mga karapatang iyon ay kwalipikado sa ilalim ng depinisyon ng ito lamang kung ang institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik ay may karapatang magbigay ng sublicense o iba pang katumbas na mga karapatan.

(g) Ang “imbensiyon” ay nangangahulugang anumang bago at kapaki-pakinabang na device, pamamaraan, proseso, makina, produkto, disenyo, o komposisyon ng bagay, o anumang bago at kapaki-pakinabang na pagpapahusay, o anumang uri ng halaman na maaari o maaaring ma-patent sa ilalim ng mga batas at regulasyon sa patent ng Estados Unidos.

(h) Ang “praktikal na kaalaman” ay nangangahulugang mga konsepto, ideya, inobasyon, tuklas, imbensiyon, kaalaman, proseso, makina, produkto, kemikal na pormulasyon, sample ng produkto, assay, komposisyon ng bagay, mga pagpapahusay, pag-upgrade, pagbabago, teknolohikal na pagpapaunlad, teknolohiya, pamamaraan, gawain, teknik, sistema, disenyo, likhang-sining, mga guhit, plano, espesipikasyon, gene sequencing, mga parmasyutiko, mga pormulasyon ng parmasyutiko, mask work, software, dokumentasyon, datos at impormasyon, anuman kung nasa anyong nababasa ng tao o makina, mga akdang isinulat, produkto, lihim sa kalakal, kasanayan, karanasan, motibasyong batay sa karanasan at pangangailangan, mga dokumento, kagamitan, klinikal at estratehiyang pangregulasyon, datos ng pagsusuri, kabilang ang datos ng pagsusuring pharmacological, toxicological, at klinikal, datos na analitikal at pangkontrol sa kalidad, at datos o paglalarawan ng patent, maging patentable, copyrightable, o napapailalim man sa anumang iba pang anyo ng legal na proteksiyon ang alinman sa mga nabanggit, at sa kondisyon na natutugunan ng mga nabanggit ang lahat ng sumusunod:

(1) Ang mga ito ay nabuo, ginawa, naisagawa, o kung hindi man ay umiiral bago ang pag-expire o pagwawakas ng isang kasunduan sa grant na pinasok alinsunod sa Seksyon 130353 o 130357.

(2) Ang mga ito ay ipinagkaloob sa institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik ng isang imbentor, mag-isa man o kasama ang iba.

(3) Ang mga ito ay direktang o hindi direktang nauugnay sa paksa ng kasunduan sa grant at kaugnay na pagpopondo.

(i) Ang “Patent” ay nangangahulugang anumang aplikasyon para sa patent ng Estados Unidos o banyagang patent o kaugnay na dokumento ng patent, kabilang ang anumang pansamantala, hinati, pagpapatuloy, pagpapatuloy ng bahagi, pamalit, pag-renew, muling pag-isyu, ekstensyon, kumpirmasyon, muling pagsusuri, o pagpaparehistro nito at anumang patent na nagmumula sa alinman sa mga ito, kabilang ang anumang substitute, renewal, reissue, extension, confirmation, reexamination, o registration nito.

(j) Ang “Software” ay nangangahulugang anumang code na nababasa o naipapatupad ng makina na nakaimbak sa anumang tangible medium.

130352. (a) Ang mga nalikom mula sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa Kabanata 2 (simula sa Seksyon 130370), maliban sa mga bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 130383, ay dapat ideposito sa Pondo ng California para sa Medikal na Pananaliksik sa Imunolohiya at Imunoterapiya na nilikha alinsunod sa Seksyon 130377.

(b) Ang mga pera sa pondo, pagkatapos bayaran ang anumang iba pang halagang pinahintulutan dito at sa ilalim ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ay ilalaan sa departamento para sa pamamahagi gaya ng sumusunod:

(1) Limampung porsiyento ng mga pera ay ipamamahagi sa isang nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik para sa layuning magsagawa o mangasiwa ng pananaliksik sa agham pangkalusugan sa mga larangan ng imunolohiya at imunoterapiya.

(2) Limampung porsiyento ng mga pera ay ipamamahagi sa mga pampubliko at nonprofit na unibersidad at iba pang nonprofit na institusyon ng pananaliksik na kinakatawan sa konseho para sa layuning magsagawa ng pananaliksik sa agham pangkalusugan sa mga larangan ng imunolohiya at imunoterapiya. Ang mga perang ipinamahagi sa ilalim ng talatang ito ay igagawad bilang mga indibidwal na grant para sa mga partikular na proyekto ng pananaliksik sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon, na ang mga aplikasyon ay susuriin alinsunod sa Seksyon 130356, at hindi dapat nasa anyo ng pare-parehong block grant.

130353. (a) Ang departamento ay dapat mamahagi ng mga pondo alinsunod sa talata (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352 alinsunod sa isang kasunduan sa pagpopondo na pinasok sa pagitan ng departamento at isang nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik na pinili ng departamento na nakatutugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan:

(1) Ang institute ay isang institusyon ng medikal na pananaliksik na hindi saklaw ng pederal na buwis sa kita alinsunod sa Seksyon 501(c)(3) ng Kodigo ng Rentas Internas, na umiiral na noong Enero 1, 2025, at itinatag para sa pangunahing layunin ng, at partikular na nagdadalubhasa sa, pagsasagawa ng pananaliksik sa mga larangan ng imunolohiya at imunoterapiya.

(2) Ang institute ay may kasunduan sa pagkakaugnay, na pinasok nang hindi lalampas sa Enero 1, 2025, na lumilikha ng ugnayan sa pagkakaugnay sa isang kampus ng Unibersidad ng California na nakatutugon sa lahat ng sumusunod:

(A) Ang kampus ay may graduate training program sa imunolohiya at imunoterapiya.

(B) Ang campus ay may pampublikong sistema ng pangangalagang pangkalusugan na binubuo ng isa o higit pang ospital at nagsasagawa ng sarili nitong mga klinikal na pagsubok ng mga bagong eksperimental na gamot at therapy.

(C) Ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng kampus ay may dami ng serbisyo sa ospital at klinika na higit sa 35,000 inpatient admission at 3,500,000 outpatient visit bawat taon.

(3) Ang institute ay pinamahahalaan ng isang lupon ng mga direktor na iniaatas ng mga tuntunin ng institute, na pinagtibay nang hindi lalampas sa Enero 1, 2025, at ng kasunduan sa pagkakaugnay na inilalarawan sa talata (2) na magsama ng maraming miyembro na mga kinatawan na nasa mataas na antas ng kampus ng Unibersidad ng California na partido sa kasunduan

sa pagkakaugnay o ng pampublikong sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng kampus.

(4) Noong Enero 1, 2026, ang institute ay nagmamay-ari o umuupa ng isang lugar na hindi bababa sa 200,000 square feet ang laki at nilalayong magsilbing pasilidad ng pananaliksik na kinalalagyan ng mga aktibidad sa pananaliksik ng institute.

(5) Sumasang-ayon ang institute na magsagawa ng kolaboratibong medikal na pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya kasama ng iba pang kwalipikadong nonprofit na sentro ng medikal na pananaliksik sa California, kabilang ang pagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok na isinasagawa sa maraming institusyon.

(6) Tinukoy ng institute, sa kasunduan sa pagkakaugnay na inilalarawan sa talata (2), ang mga mapagkukunan ng pagpopondo na hindi bababa sa dalawang daan at limampung milyong dolyar (\$250,000,000) sa anyo ng mga donasyong philanthropic o mga pangakong makalikom ng pondo.

(7) Nakakuha ang institute ng mga pinansyal na pangako na hindi bababa sa limampung milyong dolyar (\$50,000,000) upang suportahan ang isang programa para sa mabilis na pagpapaunlad ng bakuna at hindi bababa sa limampung milyong dolyar (\$50,000,000) upang suportahan ang isang programa sa pananaliksik sa microbiome.

(b) (1) Maliban kung itinatadhana sa talata (2), dapat piliin ng departamento at pumasok sa isang kasunduan sa pagpopondo kasama ang institute alinsunod sa subdivision (a) sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng pagkakabisa ng kabanatang ito.

(2) (A) Kung hindi matukoy ng departamento ang isang nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik na kapwa nakatutugon sa mga pamantayang tinukoy sa subdivision (a) at handang pumasok sa isang kasunduan sa pagpopondo alinsunod sa seksyong ito, dapat baguhin ng departamento ang mga pamantayang tinukoy sa subdivision (a) upang pahintulutan ang pagtukoy sa isang nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik na kwalipikado para sa pagpopondo sa ilalim ng kabanatang ito at handang pumasok sa isang kasunduan sa pagpopondo alinsunod sa seksyong ito.

(B) Anumang pagbabago sa mga pamantayan ng departamento alinsunod sa subparagraph (A) ay dapat pinakamaliit na halagang kinakailangan upang matukoy ang isang kwalipikadong nonprofit na institusyon ng medikal na pananaliksik at dapat higit pang magsulong sa mga layunin ng kabanatang ito.

(C) Kung babaguhin ng departamento ang mga pamantayang tinukoy sa subdivision (a) alinsunod sa talatang ito, dapat piliin ng departamento at pumasok sa isang kasunduan sa pagpopondo kasama ang institute sa loob ng 90 araw mula sa petsa kung kailan pinagtibay ng departamento ang binagong mga pamantayan.

(c) (1) Dapat suriin ng departamento ang kasunduang pinasok alinsunod sa subdivision (b) bawat limang taon upang matiyak ang pagsunod ng institute sa mga tuntunin ng kasunduan at mga probisyon ng kabanatang ito.

(2) Ang kabiguan ng institute na makasunod nang malaki sa mga tuntunin ng kasunduan o mga probisyon ng kabanatang ito ay maaaring maging batayan para sa pagwawakas ng kasunduan kung matukoy ng departamento, sa panahon ng limang-taóng pagsusuring isinagawa alinsunod sa talata (1), na ang kabiguang iyon ay makabuluhan at materyal na humahadlang sa mga layunin ng kabanatang ito, sa kondisyon na dapat bigyan ang institute ng abiso tungkol sa anumang pagtukoy na ginawa ng departamento sa ilalim ng talatang ito at ng makatwirang pagkakataong ayusin ang natukoy na kakulangan sa pagsunod.

(d) Ang kasunduan sa pagpopondo na pinasok alinsunod sa seksyong ito ay dapat mag-atas na ang lahat ng pananaliksik at pagpapaunlad na pinondohan sa ilalim ng kasunduan ay isagawa alinsunod sa mga itinatag na pamantayan ng bukas na pagpapalitan ng siyentipikong kaalaman, peer review, at pampublikong pangangasiwa.

(e) (1) Kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng kabanatang ito, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, bilang pinagmumulan ng isa o higit pang start-up loan para sa institute, ang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) para sa mga gastos sa paunang pagpapatupad at suporta sa programa ng pananaliksik ng institute, gaya ng inilalarawan sa kabanatang ito. Dapat tukuyin ng departamento ang oras at halaga ng mga pautang na iyon sa institute na hindi lalampas, sa pinagsama-samang halaga, sa halaga ng nabanggit na paglalaan.

(2) Ang anumang pautang na ginawa sa institute alinsunod sa talata (1) ay dapat bayaran pabalik sa Pangkalahatang Pondo sa loob ng 12 buwan, o kung hindi mabayaran sa loob ng 12 buwan, sa lalong madaling panahon pagkatapos nito na praktikal ayon sa pagtukoy ng Ingat-yaman, mula sa kaugnay na pagkuha ng pautang mula sa mga nalikom ng mga bonong ibinenta alinsunod sa Kabanata 2 (simula sa Seksyon 130370).

130354. (a) Ang mga perang ipinamahagi alinsunod sa Seksyon 130352 ay dapat gastusin gaya ng sumusunod:

(1) (A) Dapat gastusin ng institute ang mga pondong ipinamahagi rito alinsunod sa talata (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352 upang magsagawa ng pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya na isinasagawa alinman sa loob ng institute ng mga mananaliksik at empleyadong direktang nagtatrabaho o pinananatili ng institute o kung hindi man ay pinangangasiwaan ng institute.

(B) Hindi bababa sa dalawang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$2,100,000,000) ng mga pondong ipinamahagi alinsunod sa talata (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352 ay dapat gastusin upang magsagawa ng pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya na may kaugnayan sa pagpigil, paggamot, at pagpapagaling sa kanser, sakit sa puso, at sakit na Alzheimer's.

(2) (A) Ang mga pondong ipinamahagi alinsunod sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352 ay dapat gastusin upang magsagawa ng pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya ng mga pampubliko at nonprofit na unibersidad at iba pang nonprofit na institusyon ng pananaliksik na kinakatawan sa konseho. Ang mga proyekto ng pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng talatang ito ay dapat piliin gaya ng itinatadhana sa Seksyon 130356.

(B) Hindi bababa sa dalawang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$2,100,000,000) ng mga pondong ipinamahagi alinsunod sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352 ay dapat gastusin upang magsagawa ng pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya na may kaugnayan sa pagpigil, paggamot, at pagpapagaling sa kanser, sakit sa puso, at sakit na Alzheimer's.

(3) Ang halagang katumbas ng aktuwal na mga gastos, hindi kabilang ang anumang gastos na pinahintulutan sa ilalim ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), na hindi lalampas sa 2 porsiyento ng lahat ng perang ipinamahagi alinsunod sa Seksyon 130352, ay maaaring gastusin para sa mga gastusing administratibo ng departamento, konseho, komite, at Kontroler sa pagtupad ng kani-kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng kabanatang ito.

(b) Ang mga aktibidad sa pananaliksik na maaaring pondohan sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat kabilang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Pagsasagawa ng pangunahing pananaliksik na nagsusuri sa mga mekanismo ng pag-unlad ng sakit at mga posibleng paraan upang makialam sa pag-unlad ng sakit, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pananaliksik upang maiwasan ang kanser, sakit na Alzheimer's, sakit na Parkinson's, sakit sa puso at mga daluyan ng dugo, at dyabetis.

(2) Pagpapaunlad at pagpapahusay ng mga kasangkapan sa pagsusuri, kabilang ang mga biomarker sa dugo at imaging, upang bigyang-daan ang mas maagang pagtuklas ng sakit.

(3) Pagkolekta, pag-aaral, at paglikha ng mga bangko ng mga specimen ng tissue at mga modelo ng tumor mula sa mga kinatawan ng populasyon ng mga pasyente upang higit na maunawaan ang pagbuo ng sakit at subukan ang mga interbensiyon sa iba't ibang yugto ng pag-unlad ng sakit.

(4) Pagsisiyasat sa genetics, pagkakalantad sa kapaligiran, at mga salik sa pamumuhay upang higit na maunawaan ang pinagsama-samang kontribusyon ng mga ito sa pag-unlad ng sakit.

(5) Pag-uuri sa mga subtype ng kanser at iba pang sakit at paglikha ng repository ng mga subtype ng sakit upang makabuo ng pinakamabisang mga therapeutic para sa mga indibidwal na pasyente.

(6) Pagsubok ng mga gamot at therapy laban sa mga selula, tumor, at organoid at pagsusuri ng maraming therapy laban sa mga cell line upang matukoy ang mga kandidato para sa pinakamabisang therapy para sa bawat kondisyong pinag-aaralan.

(7) Paggamit ng isang pasilidad na sumusunod sa mabubuting gawain sa pagmamapangkat (GMP) upang mapadali ang paglikha at pagsusuri ng mga bagong terapiya sa selula at gene.

(8) Pag-uugnay, pagsasagawa, at pangangasiwa sa mga klinikal na pagsubok upang suriin ang kaligtasan at pagiging epektibo ng mga bagong therapeutic sa magkakaibang populasyon ng mga pasyente.

(9) Pagpapaunlad ng mga paggamot na makukuha at abot-kaya para sa mga pasyente sa California.

130355. (a) Dapat iugnay at suportahan ng departamento ang pagtatatag ng isang Konseho sa Pananaliksik, Pagpapayo, at Pananagutan.

(b) (1) Ang konseho ay dapat binubuo ng isang ehekutibong komite na may pitong miyembro, na ang mga miyembro ay magsilbi rin bilang mga pangkalahatang miyembro ng konseho. Ang mga chancellor ng mga kampus ng Unibersidad ng California sa Berkeley, Davis, Irvine, Los Angeles, Riverside, San Diego, at San Francisco ay dapat bawat isa ay magtalaga ng isang kinatawan mula sa kani-kanilang kampus upang magsilbi sa ehekutibong komite.

(2) Ang ehekutibong komite, sa pamamagitan ng boto ng nakararami, ay dapat magtalaga sa konseho ng hindi bababa sa 10 at hindi hihigit sa 15 karagdagang miyembro na magmumula sa mga kategoryang inilalarawan sa mga subparagraph (A) at (B).

(A) Mga kinatawan ng mga nonprofit na unibersidad sa California, hindi kabilang ang Unibersidad ng California, na nagpakita ng tagumpay at pamumuno sa pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya.

(B) Mga kinatawan ng mga nonprofit na institusyong pang-akademiko at pananaliksik sa California na hindi bahagi ng Unibersidad ng California at nagpakita ng tagumpay at pamumuno sa pananaliksik sa imunolohiya at imunoterapiya.

(3) Ang bawat miyembro ng konseho ay dapat isang physician, scientist, o researcher na may napatunayang karanasan sa mga

larangan ng imunolohiya at imunoterapiya at dapat nakatutugon sa mga karagdagang pamantayan na maaaring itatag ng ehekutibong komite.

(c) (1) Ang mga miyembro ng konseho ay dapat magsilbi ng apat na taong termino.

(2) (A) Kung magkaroon ng bakante sa panahon ng termino ng isang miyembro ng ehekutibong komite, ang awtoridad na nagtalaga sa miyembrong iyon ay dapat magtalaga ng kapalit na miyembro sa loob ng 45 araw upang magsilbi sa natitirang bahagi ng termino.

(B) Kung magkaroon ng bakante sa panahon ng termino ng isang miyembrong hindi kabilang sa ehekutibong komite, ang ehekutibong komite, sa pamamagitan ng boto ng nakararami, ay dapat magtalaga ng kapalit na miyembro na kumakatawan sa parehong organisasyon o institusyong kinakatawan ng miyembrong umalis sa posisyon sa loob ng 45 araw upang magsilbi sa natitirang bahagi ng termino.

(3) (A) Kapag nag-expire ang termino ng isang miyembro ng ehekutibong komite, ang awtoridad na nagtalaga sa miyembrong iyon ay dapat muling magtalaga sa miyembro o magtalaga ng bagong miyembro para sa bagong termino sa loob ng 30 araw.

(B) Kapag nag-expire ang termino ng isang miyembrong hindi kabilang sa ehekutibong komite, ang ehekutibong komite, sa pamamagitan ng boto ng nakararami, ay dapat muling magtalaga sa miyembro o magtalaga ng bagong miyembro para sa bagong termino sa loob ng 30 araw. Ang isang miyembro na nag-expire na ang termino ay dapat magsilbi hanggang sa maitalaga ang isang kapalit.

(d) (1) Ang tagapangulo at pangalawang tagapangulo ng konseho ay bawat isa ay dapat maging miyembro ng ehekutibong komite, bawat isa ay dapat magkaroon ng dalawang taong termino, at, maliban kung itinatadhana sa talata (2), ay dapat piliin sa pamamagitan ng boto ng nakararami ng buong konseho.

(2) Ang itinalagang kinatawan mula sa Unibersidad ng California, Los Angeles ay dapat magsilbi bilang unang tagapangulo ng konseho.

(e) Ang quorum ng konseho ay dapat binubuo ng nakararami sa mga miyembrong kasalukuyang nagsilbi.

(f) Ang mga miyembro ng konseho ay dapat magsilbi nang walang kompensasyon ngunit maaaring makatanggap ng reimbursement para sa aktuwal na natamong mga gastos sa paglalakbay at kinakailangang gastos sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin.

130356. (a) Dapat tukuyin ng konseho, sa paraang inireseta sa subdivision (e), kung alin sa mga proyekto ng pananaliksik na iminungkahi ng mga pampubliko at nonprofit na unibersidad at iba pang nonprofit na institusyon ng pananaliksik na kinakatawan sa konseho ang popondohan alinsunod sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 130352, batay sa mga pamantayan sa pagpili at mga priyoridad sa pananaliksik na itinatag sa ilalim ng kabanatang ito at sa teknikal na merito ng mga panukala na sinusuri alinsunod sa seksyong ito.

(b) (1) Dapat magtatag ang konseho ng mga pamantayan sa pagpili at mga priyoridad sa pananaliksik para sa paggawad ng mga grant sa ilalim ng seksyong ito batay sa lahat ng sumusunod:

(A) Ang mga siyentipikong merito ng isang panukala.

(B) Ang karanasan ng aplikante sa pagsasagawa ng medikal na pananaliksik na maayos sa metodolohiya.

(C) Ang mga potensiyal na benepisyo sa kalusugan at kapakanan ng populasyon.

(D) Iba pang mga pamantayan ayon sa pagtukoy ng konseho.

(2) Sa pagtatatag ng mga prioridad sa pananaliksik alinsunod sa talata (1), dapat bigyan ng konseho ng pinakamataas na prioridad ang mga proyekto ng pananaliksik na may pinakamalaking potensiyal na makapagbigay ng mga therapy na pinakamabilis makukuha, madaling ma-access, at abot-kaya at naglalayong mapahusay ang access ng mga pasyente sa mga paggamot na immunotherapy.

(c) (1) Maaaring magtatag ang konseho ng isa o higit pang scientific peer review panel na binubuo ng mga eksperto sa imunolohiya at terapiya upang suriin at bigyang-prioridad ang mga panukala batay sa mga pamantayan sa pagpili at mga prioridad sa pananaliksik na binuo ng konseho alinsunod sa subdivision (b).

(2) Ang isang eksperto sa isang scientific peer review panel ay hindi dapat payagang lumahok sa pagsusuri ng isang panukala para sa pagpopondo kung ang eksperto ay may kolaboratibo o komersiyal na ugnayan sa aplikante.

(d) Ang lahat ng grant na iginawad sa ilalim ng seksyong ito ay dapat igawad sa mga researcher o proyekto na pangunahing matatagpuan sa loob ng estadong ito, maliban na ang pagpopondo para sa mga kolaborasyon sa pananaliksik sa pagitan ng mga researcher na nakabase sa California at mga researcher na nasa labas ng estado ay pinahihintulutan.

(e) (1) Ang konseho, sa pamamagitan ng boto ng nakararami, ay dapat tumanggap o tumanggi sa mga aplikasyon para sa pagpopondo na natanggap mula sa mga pampubliko at nonprofit na unibersidad at iba pang nonprofit na institusyon ng pananaliksik na kinakatawan sa konseho.

(2) Dapat makipagkonsulta ang konseho sa instituto na pinili ng departamento alinsunod sa Seksyon 130353 sa paggawa ng mga pinal na desisyon hinggil sa pagpopondo ng mga panukalang grant alinsunod sa subdivision na ito.

(f) Dapat bumuo ang konseho ng mga pamantayan para sa salungatan ng interes sa pagsasaalang-alang ng mga panukala para sa pagpopondo batay sa pinakamahuhusay na kasanayang itinatag ng Pambansang Akademya para sa mga Agham upang maiwasan ang mga salungatan ng interes sa paggawad ng pagpopondo sa pananaliksik at dapat i-update ang mga pamantayang iyon nang hindi bababa sa bawat apat na taon upang sa pangkalahatan ay nakaayon sa mga pamantayang pinagtibay ng Pambansang Akademya para sa mga Agham.

130357. (a) Dapat pumasok ang departamento sa mga kasunduan sa grant kasama ang mga tatanggap na pinili ng konseho alinsunod sa Seksyon 130356 para sa pagpopondo ng siyentipikong pananaliksik, pagpapaunlad, at mga klinikal na pagsubok partikular sa mga larangan ng imunolohiya at imunoterapiya.

(b) Ang bawat kasunduan sa grant ay dapat mag-atas na ang lahat ng pananaliksik at pagpapaunlad na pinondohan sa ilalim ng kasunduan ay isagawa alinsunod sa mga itinatag na pamantayan ng bukas na pagpapalitan ng siyentipikong kaalaman, peer review, at pampublikong pangangasiwa.

(c) Ang bawat kasunduan sa grant ay dapat mag-atas na ang tatanggap ng grant ay bumili ng mga produkto at serbisyo mula sa mga supplier sa California hangga't makatwirang posible, bilang pagsisikap na may mabuting loob upang makamit ang layuning higit sa 50 porsiyento ng mga pagbiling iyon ay mula sa mga supplier sa California.

(d) Ang bawat kasunduan sa grant ay dapat mag-atas na ialok ng tatanggap ng grant sa institute na pinili ng departamento alinsunod sa Seksyon 130353 ang pagkakataong makabuluhang lumahok at makipagtulungan sa pinondohang pananaliksik.

(e) Ang bawat kasunduan sa grant ay dapat mag-atas na ialok ng tatanggap ng grant sa Universidad ng California, Los Angeles ang pagkakataong makabuluhang lumahok at makipagtulungan sa anumang mga klinikal na pagsubok na isinasagawa bilang bahagi ng pinondohang pananaliksik.

(f) Ang bawat kasunduan sa grant ay dapat mag-atas na ang tatanggap ng grant ay sumailalim sa at makipagtulungan sa mga pag-audit na isinasagawa alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130361.

(g) Ang lahat ng kasunduan sa grant na pinasok sa ilalim ng seksyong ito ay dapat limitahan ang mga hindi direktang gastos sa 20 porsiyento ng isang grant sa pananaliksik, maliban na ang limitasyon sa hindi direktang gastos ay maaaring dagdagan ng halagang katumbas ng panumbas na pondo na ibinibigay ng grantee na higit sa 20 porsiyento ng halaga ng grant.

130358. (a) (1) (A) Ang sinumang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat magbayad sa Estado ng California ng halagang katumbas ng 10 porsiyento ng lahat ng kita na nakukuha ng tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik mula sa pagbebenta, paglilisensya, o anumang iba pang commercialization o monetization ng anumang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito.

(B) Ang mga pagbabayad na ginawa sa ilalim ng subparagraph (A) ay dapat kalkulahin nang hindi isinasalang-alang kung ang pananaliksik na nagbunga ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ay ganap o bahagi lamang na pinondohan ng mga pondong para sa pananaliksik na ibinigay sa ilalim ng kabanatang ito.

(C) Ang lahat ng pagbabayad na ginawa sa ilalim ng talatang ito ay dapat bayaran sa estado ng tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng anumang nakuhang kita.

(2) Ang mga pagbabayad na ginawa alinsunod sa talata (1) ay dapat ideposito sa Pangkalahatang Pondo hanggang sa ang pinagsama-samang halaga ng mga pagbabayad na iyon ay katumbas ng kabuuang gastos sa estado ng mga bonong inisyu alinsunod sa Kabanata 2 (simula sa Seksyon 130370), kabilang ang interes na binayaran sa mga bono, ayon sa pagtukoy ng Komite ng Pananalapi para sa Imunolohiya at Imunoterapiya ng California na binuo alinsunod sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 130375.

(3) Pagkatapos mabayaran sa Pangkalahatang Pondo ang pinagsama-samang kabuuang halagang inilalarawan sa talata (2), ang anumang karagdang kita na natanggap alinsunod sa talata (1) ay dapat ideposito sa Pondo ng California para sa Medikal na Pananaliksik sa Imunolohiya at Imunoterapiya at dapat gastusin alinsunod sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Bilang kondisyon sa pagtanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito, ang sinumang tatanggap na naglilisensya o nagbebenta ng teknolohiya o gamot na binuo sa pamamagitan ng pananaliksik na pinondohan alinsunod sa kabanatang ito ay dapat sumang-ayon na ang paglilisensya o pagbebenta para sa layuning gawing available ang teknolohiya o gamot sa mga pasyente, ospital, o kompanya ng insurance sa California, kabilang ang sa pamamagitan ng isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng pamahalaan, ay mangangailangan na gawing available ang teknolohiya o gamot sa mga pasyente, ospital, at kompanya ng insurance sa California sa presyong hindi bababa sa 20 porsiyentong mas mababa kaysa sa pambansang average na presyo, na kinakalkula nang hindi kabilang ang California, para sa parehong teknolohiya o gamot, na tinutukoy gaya ng sumusunod:

(1) Sa unang 12 buwan ng komersiyal na pagbebenta ng teknolohiya o gamot, ang mga pasyente, ospital, at kompanya ng insurance sa California na bumibili ng teknolohiya o gamot ay hindi dapat singilin nang higit sa presyong pinagbebentahan ng teknolohiya o gamot sa mga pasyente, ospital, at kompanya ng insurance sa anumang bahagi ng Estados Unidos maliban sa California.

(2) Sa petsang isang taon pagkatapos ng unang komersiyal na pagbebenta ng teknolohiya o gamot, ang datos mula sa unang siyam na buwan ng mga benta ay dapat gamitin upang kalkulahin ang pambansang average na gastos. Pagkatapos nito, ang teknolohiya o gamot ay dapat gawing available sa mga pasyente, ospital, at kompanya ng insurance sa California sa presyong hindi bababa sa 20 porsiyentong mas mababa kaysa sa kinakalkulang pambansang average na presyo, hindi kabilang ang California.

(3) Ang pambansang average na presyo, hindi kabilang ang California, ay dapat kalkulahin taun-taon, at ang pagpepresyo para sa teknolohiya o gamot sa California ay dapat isaayos kung kinakailangan upang matiyak na ang mga bumibili sa California ay makatanggap ng matitipid na hindi bababa sa 20 porsiyento kumpara sa kinakalkulang pambansang average na presyo.

(c) Ang sinumang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat mag-atas na ang pagmamay-ari ng anumang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa anumang pinondohang pananaliksik ay mapunta sa instituto, pampubliko o nonprofít na unibersidad, o nonprofít na institusyon ng pananaliksik na tumanggap ng pagpopondo alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130352. Ang mga hakbang upang iatas ang pagmamay-ari ng anumang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ay dapat maisakatuparan sa pamamagitan ng mga obligasyong magtalaga, at aktuwal na pagtatalaga ng mga karapatan sa patent at iba pang intelektwal na ari-arian ng lahat ng empleyado, siyentista, mananaliksik, independiyenteng kontratista, o iba pang indibidwal na tumatanggap ng pagpopondo sa pamamagitan ng grant, kontrata, o kung hindi man mula sa mga pondong nagmumula sa ilalim ng kabanatang ito sa instituto, pampubliko o nonprofít na unibersidad, o nonprofít na institusyon ng pananaliksik.

(d) Para sa anumang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nabuo o naisagawa, patentable man o hindi, batay sa o nagmumula sa mga pondong ipinamahagi alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130352, sa lawak na ang tatanggap ng pagpopondo ay may mga umiiral na karapatan sa teknolohiya, kabilang ang mga patent at iba pang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian, na pagmamay-ari o lisensyado, na maaaring makagambala sa paggamit ng mga bagong karapatan sa intelektwal na ari-arian o kung hindi man ay makahadlang sa komersiyal na pagsasamantala sa mga bagong karapatan sa intelektwal na ari-arian, ang tatanggap ng pagpopondo ay dapat magbigay ng lisensyang walang royalty sa buong mundo para sa umiiral na teknolohiyang iyon, kung ang lisensyado o awtorisadong user na iyon ay may karapatang magbigay ng mga sublicense, o pinahihintulutan ang katumbas na mga karapatan, na partikular na limitado sa paggamit ng mga bagong karapatan sa intelektwal na ari-arian kaugnay ng anumang pagbebenta, paglilisensya, o anumang iba pang commercialization o monetization ng mga bagong karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito.

(e) (1) Ang instituto, sa pakikipagkonsulta sa departamento, ay dapat bumuo ng isang programa sa paglilisensya na nakakamit ang lahat ng sumusunod:

(A) Mina-maximize ang kita na nagmumula sa pagbebenta, paglilisensya, o anumang iba pang commercialization o

monetization ng anumang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito.

(B) Bumubuo ng mga standardized na tuntunin sa paglilisensya at mga allowance sa negosasyon upang mapataas ang pagkakapare-pareho sa lahat ng pagsisikap na i-commercialize o i-monetize ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito.

(C) Pinapadali ang pagbabayad pabalik ng mga pondo sa Estado ng California alinsunod sa talata (1) ng subdivision (a) at gumagawa ng mga pagtataya para sa mga pagbabayad sa hinaharap sa Estado ng California batay sa kabuuan ng mga lisensyang nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito.

(2) (A) Ang instituto, sa pakikipagkonsulta sa departamento, ay dapat magsilbing clearinghouse at sentro ng pag-apruba para sa lahat ng kasunduan upang magbenta, maglisensya, o kung hindi man ay i-commercialize o i-monetize ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito upang matiyak ang pagkakapare-pareho ng mahahalagang tuntunin at mapakinabangan nang husto ang kita na nagmumula sa mga pagsisikap na iyon sa commercialization o monetization.

(B) Ang lahat ng kasunduan upang magbenta, maglisensya, o kung hindi man ay i-commercialize o i-monetize ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito, bago isagawa ang mga ito, ay dapat ibigay sa institute para sa pagsusuri nito, at dapat bigyan ang institute ng pagkakataong gumawa ng mga rekomendasyon hinggil sa pagbabago ng mga tuntunin ng iminungkahing kasunduan.

(C) Sa lahat ng pagkakataon kung saan ginagamit ng institute ang opsiyon nitong lumahok at makipagtulungan sa pananaliksik alinsunod sa subdivision (d) ng Seksyon 130357, ang institute ay dapat magkaroon ng pangunahing responsibilidad sa pakikipagnegosasyon ng anumang kasunduan para sa pagbebenta, paglilisensya, o iba pang commercialization o monetization ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na iyon.

(f) (1) (A) Ang anumang kasunduan sa paglilisensya na pinasok ng isang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito para sa paglilisensya ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat mag-atas na ang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik ay makatanggap ng mga royalty na hindi bababa sa 10 porsiyento ng kabuuang kita mula sa pagbebenta o iba pang commercialization o monetization ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na paksa ng kasunduan.

(B) Sa kabila ng subparagraph (A), ang isang kasunduan sa paglilisensya na pinasok ng isang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito para sa paglilisensya ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito ay maaaring magtakda ng mga royalty na mas mababa sa 10 porsiyento ng kabuuang kita kung matukoy ng departamento, sa pakikipagkonsulta sa institute, na ang antas ng royalty na mas mababa sa 10 porsiyento sa kaso ng isang partikular na kasunduan sa paglilisensya ay higit na makatutulong sa mga layunin ng kabanatang ito. Ang mga pagtukoy sa ilalim ng subparagraph na ito ay dapat gawin sa bawat kaso, at, sa anumang pagkakataon, hindi dapat aprubahan ng departamento ang antas ng royalty na mas mababa sa 5 porsiyento.

(2) Ang anumang kasunduan na pinasok ng isang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik sa ilalim ng kabanatang ito para sa layuning magtatag ng isang magkasanib na negosyo o iba pang kasunduang pangnegosyo para sa commercialization o monetization ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinondohan sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat mag-atas na ang tatanggap ng mga pondo para sa pananaliksik ay makatanggap ng hindi bababa sa 25 porsiyento ng kabuuang kita mula sa magkasanib na negosyo o iba pang kasunduang pangnegosyo na iyon at anumang kasunod na pagbebenta ng magkasanib na negosyo o iba pang kasunduang pangnegosyo.

(g) Ang anumang institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik na tumatanggap ng pagpopondo alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130352 ay dapat mag-atas sa lahat ng empleyado, siyentista, mananaliksik, independiyenteng kontratista, o iba pang indibidwal na tumatanggap ng pagpopondo sa pamamagitan ng grant, kontrata, o kung hindi man mula sa mga pondong nagmumula sa ilalim ng kabanatang ito, na nagnanais na ilathala ang mga resulta ng pananaliksik mula sa pagpopondong iyon, na magbigay ng kopya ng iminumungkahing nakasulat na publikasyon o balangkas ng pasalitang pagsisiwalat sa institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik para sa pagsusuri nang hindi bababa sa 30 araw bago ang anumang publikasyon o presentasyon. Ang institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik na nagsusuri ay magkakaroon ng karapatang gawin ang parehong sumusunod:

(1) Magmungkahi ng mga pagbabago sa publikasyon o presentasyon para sa mga kadahilanang may kaugnayan sa patent o iba pang mga kadahilanang tutukuyin nang may makatwirang partikularidad sa panahong iyon.

(2) Humiling ng makatwirang pagkaantala sa publikasyon o presentasyon upang maprotektahan ang impormasyong maaaring i-patent at upang mapahintulutan ang paghahain ng mga aplikasyon para sa patent na nagpoprotekta sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian, ayon sa pagtukoy ng institute, pampubliko o nonprofit na unibersidad, o nonprofit na institusyon ng pananaliksik na nagsusuri.

130359. (a) Ang institute ay dapat maglabas ng taunang ulat sa publiko na naglalahad ng mga aktibidad ng institute, mga nakamit sa pananaliksik, at direksiyon sa hinaharap ng pangkalahatang programa ng institute.

(b) Ang bawat taunang ulat ay dapat magsama, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Isang buod ng mga natuklasan sa pananaliksik, kabilang ang mga bagong larangan ng pananaliksik na may potensiyal.

(2) Isang paglalarawan ng pag-unlad tungo sa mga layunin ng proyekto at mahahalagang siyentipikong natuklasan o milestone.

(3) Ang bilang at uri ng mga publikasyong dumaan sa peer review, mga patent na inihain, o mga klinikal na pagsubok na sinimulan.

(4) Isang buod ng mga gastusing administratibo ng institute.

(5) Isang ulat ng mga estratehikong plano ng institute para sa pananaliksik at pananalapi.

(c) Ang taunang ulat ay dapat ilathala sa internet website ng institute.

130360. (a) Ang konseho ay dapat maglabas ng taunang ulat sa publiko na naglalahad ng mga grant na iginawad, mga grant na isinasagawa, mga nakamit sa pananaliksik, at direksiyon sa

hinaharap ng pangkalahatang programa ng konseho para sa pagpopondo ng mga grant.

(b) Ang bawat taunang ulat ay dapat magsama, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Isang buod ng mga natuklasan sa pananaliksik ng mga naunang grantee, kabilang ang mga bagong larangan ng pananaliksik na may potensiyal.

(2) Ang bilang at halaga sa dolyar ng mga grant sa pananaliksik na inilaan sa taong iyon.

(3) Ang mga grantee para sa naunang taon at isang ulat ng kanilang pag-unlad at mga nakamit sa pananaliksik hanggang sa kasalukuyan.

(4) Isang pagtatasa ng ugnayan sa pagitan ng mga grant ng konseho at ng pangkalahatang estratehiya ng programa nito sa pananaliksik.

(5) Isang ulat ng mga estratehikong plano ng konseho para sa pananaliksik at pananalapi.

(6) Isang buod ng mga gastusing administratibo ng konseho.

(c) Ang taunang ulat ay dapat ilathala sa internet website ng departamento.

130361. (a) Ang institute ay dapat taunang magpagawa sa isang certified public accounting firm ng isang independiyenteng pag-audit sa pananalapi ng mga aktibidad nito na dapat ibigay sa Controller. Dapat suriin ng Controller ang pag-audit at taun-taon ay maglabas ng pampublikong ulat tungkol sa pagsusuring iyon. Ang Controller ay dapat magsagawa ng pampublikong pagpupulong na may naaangkop na abiso at pormal na panahon para sa pampublikong komento. Dapat suriin ng Controller ang mga pampublikong komento at magsama ng naaangkop na mga buod sa taunang ulat.

(b) Ang konseho ay dapat taunang magpagawa sa isa o higit pang certified public accounting firm ng mga independiyenteng pag-audit sa pananalapi ng mga aktibidad nito at ng mga aktibidad ng 10 porsiyento ng mga grantee, na random na pinili, na nagsagawa ng mga gastusin gamit ang pagpopondo ng grant sa ilalim ng kabanatang ito sa panahon ng pag-audit. Ang mga independiyenteng pag-audit sa pananalapi na iyon ay dapat ibigay sa Controller, na dapat magsuri sa mga pag-audit at taun-taon ay maglabas ng pampublikong ulat tungkol sa pagsusuring iyon. Ang Controller ay dapat magsagawa ng pampublikong pagpupulong na may naaangkop na abiso at pormal na panahon para sa pampublikong komento. Dapat suriin ng Controller ang mga pampublikong komento at magsama ng naaangkop na mga buod sa taunang ulat.

130362. (a) (1) Dapat magkaroon ng Komite ng Pagbabantay ng mga Mamamayan sa Pananagutan sa Pananalapi na binubuo ng anim na miyembro.

(2) Ang Tagasuri ng Estado ng California, ang Ingat-yaman, ang President pro Tempore ng Senado, ang Speaker ng Asembleya, at ang tagapangulo ng konseho ay bawat isa ay dapat magtalaga ng isang pampublikong miyembro ng komite.

(3) Ang Controller, o ang itinalaga ng Controller, ay dapat magsilbing tagapangulo ng komite.

(b) Dapat gawin ng komite ang lahat ng sumusunod:

(1) Suriin ang taunang mga pag-audit sa pananalapi na inihanda alinsunod sa Seksyon 130361, ang mga ulat ng Controller tungkol sa mga pag-audit na iyon, at ang mga kasanayang pampinansyal ng institute at ng konseho.

(2) Maglabas ng taunang ulat na may mga rekomendasyon tungkol sa mga kasanayang pampinansyal at pagganap ng institute at ng konseho.

(3) Suriin ang mga pampublikong komento at magsama ng naaangkop na mga buod sa taunang ulat nito.

(c) Ang komite ay dapat magsagawa ng mga pampublikong pagpupulong, na may naaangkop na abiso at pormal na panahon para sa pampublikong komento.

(d) Ang Controller ay dapat maglaan ng suporta ng staff para sa komite.

130363. (a) Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, ang institute ay hindi dapat ituring na isang pampublikong ahensiya para sa anumang layunin sa ilalim ng batas ng estado, kabilang, ngunit hindi limitado sa, Dibisyon 10 (simula sa Seksyon 7920.000) ng Titulo 1, Artikulo 9 (simula sa Seksyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2, at Titulo 9 (simula sa Seksyon 81000) ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang Political Reform Act of 1974 (Titulo 9 (simula sa Seksyon 81000) ng Kodigo ng Pamahalaan) ay dapat malapat sa konseho, maliban kung itinatadhana sa seksyong ito.

(1) Ang isang miyembro ng konseho ay hindi dapat gumawa, lumahok sa paggawa, o sa anumang paraan ay tangkaing gamitin ang kanilang opisyal na posisyon upang impluwensiyahan ang isang desisyon na aprubahan o igawad ang isang grant o kontrata sa kanilang employer, ngunit maaaring lumahok ang isang miyembro sa isang desisyon na aprubahan o igawad ang isang grant o kontrata sa isang entity na nasa parehong larangan ng kanilang employer.

(2) Maaaring lumahok ang isang miyembro ng konseho sa isang desisyon na aprubahan o igawad ang isang grant o kontrata sa isang entity para sa layunin ng pananaliksik na may kinalaman sa isang sakit na dinaranas ng miyembro o ng isang tao sa kanilang pamilya.

(3) Ang pagpapatibay ng mga pangkalahatang pamantayan hinggil sa mga pamantayan sa pagpili at mga priyoridad sa pananaliksik ay hindi mga desisyong napapailalim sa mga pagbabawal sa conflict of interest.

(c) (1) Ang paglilingkod bilang miyembro ng konseho ng isang miyembro ng faculty o administrasyon ng anumang sistema ng Unibersidad ng California ay hindi, sa sarili nito, dapat ituring na hindi naaayon, hindi tugma, may conflict, o salungat sa mga tungkulin ng miyembro ng konseho bilang miyembro ng faculty o administrasyon ng anumang sistema ng Unibersidad ng California at hindi dapat magresulta sa awtomatikong pagbabakante ng alinmang posisyon.

(2) Ang paglilingkod bilang miyembro ng konseho ng isang kinatawan o empleyado ng isang nonprofit na institusyong pang-akademiko o pananaliksik ay hindi dapat ituring na hindi naaayon, hindi tugma, may conflict, o salungat sa mga tungkulin ng miyembro ng konseho bilang kinatawan o empleyado ng organisasyon o institusyong iyon.

(d) Ang Seksyon 1090 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi dapat malapat sa anumang grant o kontratang ginawa ng konseho maliban kung natutugunan ang parehong sumusunod na kondisyon:

(1) Ang grant o kontrata ay direktang nauugnay sa mga serbisyong ibibigay ng sinumang miyembro ng konseho o ng entity na kinakatawan ng miyembro, o nagbibigay ng pinansyal na benepisyo sa miyembro o sa entity na kinakatawan ng miyembro.

(2) Nabigo ang miyembro na i-recuse ang kanilang sarili mula sa paggawa, paglahok sa paggawa, o sa anumang paraan na

pagtatangkang gamitin ang kanilang opisyal na posisyon upang impluwensiyahan ang isang desisyon sa grant o kontrata.

130364. Maaaring magpatibay, mag-amyenda, at magpawalang-bisa ang departamento ng mga tuntunin at regulasyon upang maisakatuparan ang mga layunin at probisyon ng kabanatang ito.

KABANATA 2. BATAS SA BONO NG CALIFORNIA PARA SA IMUNOLOHIYA AT IMUNOTERAPIYA NG 2026

130370. Ang kabanatang ito ay tatawagin, at maaaring banggitin, bilang “Batas sa Bono ng California para sa Imunolohiya at Immunoterapiya ng 2026.”

130371. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang “Lupon” ay nangangahulugang ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, na itinalaga alinsunod sa subdivision (b) ng Seksyon 130375.

(b) Ang “Komite” ay nangangahulugang ang Komite ng Pananalapi para sa Imunolohiya at Immunoterapiya ng California na nilikha alinsunod sa subdivision (a) ng Seksyon 130375.

(c) Ang “Pondo” ay nangangahulugang ang Pondo ng California para sa Medikal na Pananaliksik sa Imunolohiya at Immunoterapiya na nilikha alinsunod sa Seksyon 130377.

(d) Ang “Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado” ay nangangahulugang ang Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado na nakodipika sa Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na inaamendahan pana-panahon.

130372. (a) Ang mga bono na may kabuuang halaga na walong bilyon at apat na raang milyong dolyar (\$8,400,000,000), hindi kabilang ang halaga ng anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 130383, o ang ganoong halaga nito na kinakailangan, ay maaaring i-isyu at ibenta upang magbigay ng pagpopondo para maisakatuparan ang mga layuning ipinahayag sa dibisyong ito at upang bayaran ang Paulit-ulit na Pinupunuang Pondo para sa mga Gastos sa mga Bono ng Pangkalahatang Obligasyon alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang mga bono, kapag naibenta, na-isyu, at naihatid, ay magiging at bubuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng estado ay ipinangangako dito para sa maagap na pagbabayad ng parehong prinsipal at interes ng mga bono habang ang prinsipal at interes ay nagiging dapat bayaran at maaaring bayaran.

(c) Dapat i-isyu at ibenta ng Ingat-yaman ang mga bonong pinahintulutan sa subdivision (a) sa halagang tinukoy ng komite na kinakailangan o kanais-nais alinsunod sa Seksyon 130376. Ang mga bono ay dapat i-isyu at ibenta alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon na tinukoy sa isang resolusyong pagtitibayin ng komite alinsunod sa Seksyon 130376.

130373. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang iba pang probisyon ng batas, ang mga pera sa pondo ay inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi para sa mga sumusunod na layunin:

(a) Pagsasagawa ng medikal na pananaliksik sa mga larangan ng imunolohiya at immunoterapiya, gaya ng inilalarawan sa Kabanata 1 (simula sa Seksyon 130350), kabilang ang anumang gastos na natamo sa pagsuporta at pangangasiwa sa pananaliksik na iyon.

(b) Pagbabayad ng mga gastos sa pag-iisyu ng mga bono.

(c) Pagbabayad ng anumang iba pang gastos na inilalarawan sa dibisyong ito at sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado.

130374. Ang mga bonong pinahintulutan ng kabanatang ito ay dapat ihanda, lagdaan, i-isyu, ibenta, bayaran, at i-redeem gaya ng itinatadhana sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, at ang lahat ng probisyon ng batas na iyon ay nalalapat sa mga bono at sa kabanatang ito at sa pamamagitan nito ay isinasama sa kabanatang ito na para bang nakalahad nang buo sa kabanatang ito, maliban na ang mga subdivision (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi dapat malapat.

130375. (a) (1) Para lamang sa layuning pahintulutan ang pag-iisyu at pagbebenta, alinsunod sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, ng mga bonong pinahintulutan ng kabanatang ito, sa pamamagitan nito ay nililikha ang Komite ng Pananalapi ng California para sa Imunolohiya at imunoterapiya. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang Komite ng Pananalapi ng California para sa Imunolohiya at imunoterapiya ay ang “komite” na tinutukoy ng terminong iyon sa Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado.

(2) Ang komite ay dapat binubuo ng Ingat-yaman, Kontroler at Direktor ng Pananalapi.

(3) Ang Ingat-yaman ay dapat magsilbing tagapangulo ng komite.

(4) Maaaring kumilos ang mayorya ng komite para sa komite.

(5) Sa kabila ng anumang ibang batas, maaaring magtalaga ang isang miyembro ng komite ng isang kinatawan upang kumilos bilang miyembrong iyon kapalit niya, para sa lahat ng layunin, na para bang personal na naroroon ang miyembro.

(b) Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay itinalaga bilang “lupon” para sa mga layunin ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado.

130376. (a) Kapag nakatanggap ng nakasulat na kahilingan mula sa institute ng pananaliksik na pinili ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado alinsunod sa Seksyon 130353, na nagsasaad na kailangan ang mga pondo upang maisakatuparan ang mga layunin ng Kabanata 1 (simula sa Seksyon 130350), dapat hilingin ng board sa komite na mag-iisyu ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito. Kapag natanggap ang kahilingang iyon mula sa board, dapat tukuyin ng komite sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan o kanais-nais na i-isyu at ibenta ang mga bonong pinahintulutan alinsunod sa kabanatang ito upang maisakatuparan ang mga aksiyong tinukoy sa kabanatang ito at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong i-isyu at ibebenta.

(b) Maaaring pahintulutan at ibenta ang magkakasunod na pag-iisyu ng mga bono upang maisakatuparan nang unti-unti ang mga layunin ng Kabanata 1 (simula sa Seksyon 130350), at hindi kinakailangang i-isyu o ibenta ang lahat ng bono nang sabay-sabay.

(c) Ang mga bono ay maaaring magkaroon ng interes na maaaring isama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa kita kung matukoy ng komite na kinakailangan o kanais-nais ang ganitong pagtrato upang magbigay ng mga pondo para sa mga layunin ng Kabanata 1 (simula sa Seksyon 130350).

130377. Ang mga nalikom mula sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat ideposito sa State Treasury bilang kredito sa Pondo ng California para sa Medikal na Pananaliksik sa Imunolohiya at Imunoterapiya, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa State Treasury.

130378. Dapat kolektahin bawat taon, sa parehong paraan at sa parehong oras na kinokolekta ang iba pang kita ng estado, bukod pa sa karaniwang kita ng estado, ang halagang

kinakailangan upang bayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong nagiging dapat bayaran bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkulin hinggil sa pagkolekta ng kita na gawin at isagawa ang bawat kinakailangang hakbang upang makolekta ang karagdagang halagang iyon.

130379. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Kaban ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito at nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, ang halagang katumbas ng kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang halaga taun-taon na kinakailangan para bayaran ang prinsipal, at interes, sa mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran.

(b) Ang halagang kinakailangan para maisakatuparan ang Seksyon 130380.

130380. Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi naibentang bono na pinahintulutan ng komite na ibenta para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito, hindi kabilang ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 130383, bawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa Seksyon 130381 at hindi pa nababayaran, at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang perang ginawang available sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang halagang katumbas ng interes na sana ay kinita ng pera sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera, mula sa perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito.

130381. Maaaring hilingin ng board sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera na magbigay ng pautang mula sa Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito. Ang halagang hihilingin ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi naibentang bono na, sa pamamagitan ng resolusyon, ay pinahintulutan ng komite na ibenta para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito, hindi kabilang ang anumang bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 130383, bawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa seksyong ito at hindi pa nababayaran at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 130380 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat isagawa ng board ang anumang mga dokumentong kinakailangan ng Lupon para sa Pamumuhunan ng Nalikom na Pera upang makuha at mabayaran pabalik ang pautang. Ang anumang halagang ipinahiram ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan ng board alinsunod sa kabanatang ito.

130382. Ang lahat ng perang idineposito sa pondo na nagmula sa premium at naipong interes sa mga bonong ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat itabi sa pondo at dapat maging available para sa paglilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang kredito sa mga gastusin para sa interes ng bono, maliban na ang mga halagang nagmula sa premium ay maaaring itabi at gamitin upang bayaran ang mga gastos sa pag-iisyu ng bono bago ang anumang paglilipat sa Pangkalahatang Pondo.

130383. (a) *Ang mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring i-refund alinsunod sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

(b) *Ang pagpapatibay ng mga botante ng estado para sa pag-iisyu ng mga bonong inilalarawan sa kabanatang ito ay kabilang ang pagpapatibay sa pag-iisyu ng anumang mga bonong inisyu upang muling pondohan ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng kabanatang ito o anumang naunang inisyung bonong muling pinondohan.*

(c) *Ang anumang bonong ni-refund gamit ang mga nalikom mula sa mga bonong inilalabas upang bayaran ang naunang bono na pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na i-defeace sa lawak na pinahihintulutan ng batas sa paraang at lawak na itinakda sa resolusyon, na inaamyendahan pana-panahon, na nagpapahintulot sa ni-refund na bono.*

130384. *Sa kabila ng anumang probisyon ng kabanatang ito o ng Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyon ng Estado, kung magbebenta ang Ingat-yaman ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng abogadong tagapayo sa mga bono na nagsasaad na ang interes sa mga bono ay hindi kabilang sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis, sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon, o kung hindi man ay may karapatan sa anumang pederal na benepisyo sa buwis, maaaring magpanatili ang Ingat-yaman ng magkahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom ng bono at para sa pamumuhunan ng mga kinita mula sa mga nalikom na iyon. Maaaring gamitin o idirekta ng Ingat-yaman ang paggamit ng mga nalikom o kita na iyon upang magbayad ng anumang rebate, multa, o iba pang pagbabayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang iba pang aksyon na may kinalaman sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na kinakailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang hindi saklaw ng buwis na katayuan ng mga bono na iyon at upang makakuha ng anumang iba pang advantage sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.*

130385. *Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na pinahintulutan ng kabanatang ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" dahil ang terminong iyon ay ginagamit sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyon na ipinataw ng artikulong iyon.*

SEK. 5. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.

Layunin ng mga mamamayan na ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay at kung ang anumang probisyon ng batas na ito, o bahagi nito, ay mapatunayang walang bisa, ang naturang kawalang-bisa ay hindi makaaapekto sa anumang iba pang probisyon ng batas na ito na maaaring bigyang-bisa nang hindi kasama ang probisyong walang bisa.

SEK. 6. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.

Ang batas na ito ay dapat ipakahulugan at ilapat nang maluwag upang lubos na maisulong ang mga pinagbabatayang layunin nito.

SEK. 7. Amyenda.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring amyendahan sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng boto ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador, sa kondisyon na ang mga naturang amyenda ay higit na nagsusulong sa mga layunin ng batas na ito, maliban na walang naturang batas ang maaaring mag-amiyenda sa mga probisyon ng batas na ito hinggil sa paglalaan at pamamahagi ng mga nalikom ng bono o sa mga layunin kung saan maaaring gastusin ang mga nalikom ng bono.

PROPOSISYON 39

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng isang seksyon sa Konstitusyon ng California; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Mga Natuklasan at mga Layunin.

Upang ipatupad ang mga umiiral na kwalipikasyon ng botante, kabilang ang pagkamamamayan ng US, na itinatag ng Konstitusyon ng California, sa pamamagitan nito ay inaamyendahan ng mga mamamayan ang Konstitusyon ng California: (A) upang itaguyod ang kumpiyansa at tiwala ng publiko sa proseso ng halalan, na naghihikayat sa pakikilahok sa sibiko at sumusuporta sa isang malusog na demokrasya; (B) upang pigilan at tuklasin ang pandaraya sa botante sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tumpak na mga talaan ng pagpaparehistro ng botante at pagkumpirma ng pagiging kwalipikadong bumoto; at (C) upang mabawasan ang panganib ng pagpapanggap bilang botante sa pamamagitan ng pag-aatas ng katibayan ng pagkakakilanlan upang bumoto.

SEK. 2. Mga Reporma sa Pagkakakilanlan ng Botante sa California.

SEK. 2.1. Ang Seksyon 3.1 ay idinaragdag sa Artikulo II ng Konstitusyon ng California, na mababasa bilang sumusunod:

SEK. 3.1. (a) *Ang Kalihim ng Estado, at ang mga opisyal ng halalan ng county, ay bawat isa ay may tungkuling magpanatili ng tumpak na mga listahan ng pagpaparehistro ng botante, gagawa ng pinakamahuhusay na pagsisikap upang beripikahin ang mga pahayag ng pagkamamamayan gamit ang datos ng pamahalaan, at taun-taon ay mag-uulat kung ilang porsiyento ng mga listahan ng botante ng bawat county ang na-beripika ang pagkamamamayan.*

(b) *Sa bawat pagkakataong personal na bumoboto ang isang botante sa anumang halalan sa Estado, dapat magpakita ang botante ng identification na inisyu ng pamahalaan, o kung bumoboto sa pamamagitan ng koreo, dapat ibigay ng botante ang huling apat na digit ng isang natatanging numerong nagpapakilala mula sa identification na inisyu ng pamahalaan na tumutugma sa itinalaga ng botante para sa kanyang pagpaparehistro ng botante. Ang uri ng identification na itinalaga ng bawat botante ay dapat ipahiwatig sa kanilang talaan ng pagpaparehistro ng botante, itala sa sobre ng balota sa koreo na ibinigay sa kanila, at gawing available sa kanila kapag hiniling sa pamamagitan ng telepono o elektronikong paraan. Dapat bilangin lamang ng mga opisyal ng halalan ang regular o provisional na balota pagkatapos beripikahin ang pagkakakilanlan ng taong bumoboto alinsunod sa mga kinakailangan ng seksyong ito, at beripikahin na isang balota lamang ang ibinoto ng taong iyon sa halalan. Ang identification na inisyu ng pamahalaan ay nangangahulugang dokumentasyong nagbibigay-daan sa tiyak na beripikasyon ng pagkakakilanlan ng botante. Kapag hiniling ng isang karapat-dapat na botante, dapat magbigay ang Estado, nang walang bayad, ng isang ID ng Botante para gamitin sa pagboto ng balota.*

(c) *Ang seksyong ito ay awtomatikong magkakabisa. Dapat ding agarang magpatibay ang Lehislatura ng mga batas upang ipatupad ang seksyong ito, maglaan para sa pagboto ng mga botanteng militar at nasa ibang bansa alinsunod sa pederal na batas, at tiyaking sumusunod at sumusuporta ang lahat ng*

38

39

opisyal ng Estado at lokal na opisyal sa pagsunod sa seksyong ito. Maaaring humiling ang mga mamamayan ng pagsusuri ng hukuman at remedyo hinggil sa pagsunod ng Estado o ng anumang county sa seksyong ito. Sa bawat taon na may numerong gansal, ang Tagasuri ng Estado ng California ay dapat mag-audit sa pagsunod ng Estado at ng bawat county sa seksyong ito at iulat sa publiko ang mga natuklasan at rekomendasyon nito para sa pagpapabuti ng integridad ng mga halalán.

SEK. 3. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdivision, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng batas na ito ay sa anumang dahilan ay mapatunayang walang bisa sa pamamagitan ng desisyon ng anumang hukuman na may naaangkop na hurisdiksiyon, ang desisyong iyon ay hindi makaaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito, na dapat bigyang-bisa nang hindi kasama ang bahaging walang bisa o aplikasyon.

PROPOSISYON 40

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng isang seksyon sa Konstitusyon ng California at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Pamahalaan at Kodigo ng Kita at Pagbubuwis; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas sa Buwis ng Bilyonaryo sa 2026

Ang mga mamamayan ng California ay nagpapatibay ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Pamagat.

Ang batas na ito ay tatawagin, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Buwis sa mga Bilyonaryo ng 2026.

SEK. 2. Mga Natuklasan.

(a) Kinikilala ng mga mamamayan na ang access sa sapat na pangangalagang pangkalusugan, de-kalidad na pampublikong edukasyon, at masustansiyang pagkain ay mahalaga sa dignidad ng tao at sa kasaganaan at katatagan ng buong estado. Ang sunod-sunod na epekto ng nalalapit na pagbawas sa pederal na pagpopondo para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at pagkain ay nagbabanta ngayon sa mga pundasyong ito at naglalagay sa kapakanan ng lahat ng taga-California sa panganib.

(b) Ang safety net ng pangangalagang pangkalusugan ng California ay nasa ilalim ng pambihirang banta, dahil ang Medi-Cal—ang gulugod ng coverage para sa halos 15 milyong taga-California na mababa ang kita, kabilang ang mahigit kalahati ng mga bata ng estado, 2.2 milyong nakatatanda at mga taong may kapansanan, at isa sa bawat lima sa lahat ng nagtatrabahong nasa hustong gulang—ay nahaharap sa bilyun-bilyong dolyar na pagbawas sa pederal na pagpopondo na lalo lamang magpapalala sa mga umiiral na hamon.

(c) Inaasahang mawawalan ang Medi-Cal ng hanggang \$19 bilyon sa taunang pederal na pagpopondo dahil sa pagpapatupad ng pinakabagong pederal na batas sa badyet at aksiyong administratibo, na naglilipat ng mga gastos sa Pangkalahatang Pondo ng estado at mga lokal na pamahalaan o nagpipilit na bawasan ang mga kinakailangang serbisyo. Sa susunod na

sampung taon, inaasahang aabot sa humigit-kumulang \$190 bilyon ang kabuuang pagbawas ng pederal na pagpopondo sa Medi-Cal lamang.

(d) Ang pagkawala ng bilyun-bilyong dolyar na pederal na pagpopondo ay higit na nagpapabigat sa safety net ng pangangalagang pangkalusugan ng California na kulang na sa pagpopondo. Ang badyet ng estado para sa 2025–26 ay may ilang bagong paghihigpit, kabilang ang mga pagbawas sa mga provider at makabuluhang pagbabawas sa mga benepisyo at serbisyo para sa mga naka-enroll sa Medi-Cal. Tinatayang aabot sa \$7 bilyon ang mga pagbawas ng estado sa Medi-Cal sa 2027–28, na tataas sa \$8.6 bilyon bawat taon mula 2028–29 pataas.

(e) Bago pa man ang mga pagbawas na ito ng pederal at estado, napakababa na ng pagpopondo sa Medi-Cal para sa maraming provider ng pangangalagang pangkalusugan upang mapanatili ang kasalukuyang antas ng serbisyo dahil karaniwang binabayaran ng Medi-Cal ang mga ospital at klinika sa mga antas na makabuluhang mas mababa kaysa sa aktuwal na gastos sa pagbibigay ng pangangalaga.

(f) Ang mga ospital at klinika ng pangunahing pangangalaga, lalo na sa mga rural na lugar, ay naharap sa matinding pinansyal na presyon, pagkalugi sa operasyon, at pagbawas sa staffing bilang resulta ng mga talamak na kakulangan sa pagbabayad na ito. Ang Medi-Cal ang pinagmumulan ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan para sa kalahati ng lahat ng panganganak sa buong estado. Sa mga nakaraang taon, nagkaroon ng mga pagsasara ng mahahalagang maternity ward at emergency department, na malaking bahagi ay iniuugnay sa mabababang antas ng reimbursement ng Medi-Cal.

(g) Ang pamumuhunan sa Medi-Cal ay isang pamumuhunan sa seguridad sa kalusugan ng bawat pamilya. Pinananatili nitong bukas ang mga klinika ng pangunahing pangangalaga at mga sentrong pangkalusugan sa komunidad sa mga bayan at lungsod, na nagbibigay-daan sa mga tao na mapamahalaan ang mga malalang kondisyon, maiwasan ang magastos na mga komplikasyon, at mabuhay nang mas mahaba at mas malusog. Ang bawat dolyar na ibinabawas sa mga programang ito ay may malawak na epekto: nagsasara ang mga klinika, nawawalan ng mga doktor ang mga pamilya, at hindi kinakailangang nagdurusa ang mga pasyente dahil sa mga kondisyong maaaring napigilan o napamahalaan.

(h) Ang access sa abot-kaya at mataas na kalidad na pangangalaga ay nakapagligtas ng buhay, nagpoprotekta sa mga pamilya mula sa napakabigat na utang medikal, at nagpapalakas sa mga komunidad. Kapag nawawala o nababawasan ang coverage, napipilitang gumawa ang mga ospital at klinika ng mahihirap na pagpili—magbawas ng staff, maghigpit ng mga serbisyo, o magsara ng buong mga unit—na nag-iwan sa buong mga populasyon na walang safety net at nagpapahina sa kalusugan ng lahat ng taga-California.

(i) Habang nanganganib ang pagpopondo sa Medi-Cal dahil sa nabawasang pederal na pagpopondo at mga paglalaan ng estado, nahaharap din ang mga taga-California sa mabilis na pagtaas ng mga premium ng pribadong segurong pangkalusugan. Ang dalawang presyur na ito ay lalo lamang nagpapataas sa bilang ng mga walang insurance at kulang sa insurance, habang binabawasan ng mga employer ang mga benepisyo at ginugulo ang coverage para sa mga dependent, at habang inaalis ng mga indibidwal ang mga saklaw ng seguro sa kalusugan na hindi nila kayang bayaran.

(j) Ang bawat bata sa California ay karapat-dapat sa access sa mataas na kalidad na edukasyon. Ngayon, nahaharap ang mga pampublikong paaralan ng California sa walang-katulad na kawalang-katiyakan na dulot, sa bahagi, ng mga pagbawas sa

Medi-Cal at sa Programa ng Karagdagang Tulong sa Nutrisyon (SNAP).

(k) Bukod dito, ang kasalukuyang mga panukalang badyet ng pederal na pamahalaan para sa 2026 ay magpapatupad ng malalaking pagbawas sa pangkalahatang pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan, partikular para sa mga mag-aaral na may mataas na pangangailangan, mga paaralang nasa kanayunan, at mga komunidad na kulang sa mga oportunidad.

(l) Dumarating ang mga pagkagambalang ito mula sa pederal na pamahalaan habang ang mga paaralan ng California ay patuloy na nahihirapan dahil sa mga kamakailang kakulangan sa badyet ng estado at nalalapit na pagpapaliban ng mga pagbabayad. Dagdag pa rito, ang pagbaba ng bilang ng mga naka-enroll at ng pagpopondong nauugnay sa enrollment, tumataas na mga gastos, at dumaraming pangangailangan ng mga mag-aaral ay naglalagay sa mga distrito ng paaralan sa patuloy na lumalaking presyon sa badyet.

(m) Mahigit 5 milyong taga-California—kabilang ang mga bata, pamilya, nakatatanda, at mga taong may kapansanan—ang umaasa sa lifeline ng CalFresh, ang Programa ng Karagdagang Tulong sa Nutrisyon (SNAP) ng California, upang may maihain na pagkain sa kanilang hapag sa isang estado kung saan isa sa bawat lima ang nakararanas ng gutom dahil sa kawalan ng seguridad sa pagkain.

(n) Ang makasaysayang mga pagbawas ng pederal na pamahalaan sa SNAP sa kamakailang pederal na batas sa badyet ay mag-aalis ng bilyun-bilyong dolyar na mahalagang tulong sa pagkain mula sa ating mga kapitbahay na higit na nangangailangan, na magresulta sa pagkawala ng milyon-milyong pagkain at higit pang paglala ng gutom sa mga komunidad na nahihirapan nang matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan.

(o) Ipinakikita ng matibay na ebidensiya na hindi lamang nagpapagaan ng gutom ang SNAP at CalFresh, kundi kapansin-pansing nagpapabuti rin sa mga resulta sa kalusugan at edukasyon ng mga bata sa California, nakatutulong na putulin ang mga siklo ng kahirapan, at bumubuo ng mas matatag na kinabukasan para sa buong pamilya.

(p) Ang mga pagbawas na ito ay higit pang maglalagay ng presyon sa mga pagsisikap ng estado na nahihirapan na at sa limitadong mga mapagkukunan ng mga food bank at lokal na ahensiya tulad ng CalFood at ng Programang Tulong sa Pagkain ng California.

(q) Sa kabuuan, ang mga pagbawas na ito sa pederal na pagpopondo at mga paglalaan ng estado ay nagdudulot ng magkakapatong na mga panganib para sa mga taga-California na may mababa at katamtamang kita na naghahanap ng access sa mahahalagang pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at nutrisyon. Nagbabanta rin ang mga ito sa kakayahan ng California na magplano para sa kinabukasan nito, na nangangailangan ng patuloy na pamumuhunan sa mga kritikal na programa ng estado.

(r) May humigit-kumulang 200 bilyonaryo sa California na sama-samang nagmamay-ari ng nakagugulat na \$2 trilyon na yaman. Ang mga bilyonaryong ito ay nagbabayad ng mas mababa sa 1.5% ng kanilang kabuuang yaman bilang taunang mga buwis, kabilang ang mga buwis na pederal, pang-estado, at lokal, ayon sa mga pagtatayang pang-ekonomiya mula sa mga nangungunang eksperto—isang maliit na bahagi lamang ng binabayaran ng mga ordinaryong taga-California.

(s) May mahigit 19 milyong nagbabayad ng buwis sa California na hindi bilyonaryo. Kabilang dito ang mga manggagawa mula sa uring manggagawa tulad ng mga nars, guro, at bumbero, pati na rin ang mga nagbabayad ng buwis na mas mayaman tulad

ng mga propesyonal na may mataas na sahod, negosyante, at mga manggagawa sa industriya ng teknolohiya. Lahat ng taga-California na ito ay nagbabayad ng buwis sa mas malaking bahagi ng kanilang tunay na kita sa ekonomiya kaysa sa ginagawa ng mga bilyonaryo ng estado. Ayon sa pagsusuring pang-ekonomiya at kabilang ang lahat ng buwis sa lahat ng antas ng pamahalaan, nagbabayad ang mga bilyonaryo ng 24% ng kanilang kita bilang mga buwis habang ang karaniwang nagbabayad ng buwis ay nagbabayad ng 30%. Nangangahulugan ito na ang karaniwang nagbabayad ng buwis ay nagbabayad ng 25% na mas malaking bahagi ng kanilang kita sa ekonomiya, kapag isinasalang-alang ang lahat ng buwis ng estado at pederal na pamahalaan, kaysa sa karaniwang bilyonaryo. See sina Akcan Balkir, Emmanuel Saez, Danny Yagan, at Gabriel Zucman, Magkano ang Buwis na Binabayaran ng mga Bilyonaryo sa US? Mga Ebidensiya mula sa Administratibong Datos, Panimulang Papel sa Pananaliksik ng Pambansang Kawanihan ng Pananaliksik sa Ekonomiya Blg. 34170 (2025).

(t) Ang buwis sa yaman ay hindi isang bagong konsepto sa ilalim ng batas ng California; ang mas limitado at hindi gaanong progresibong mga buwis sa yaman ay binabayaran na ng kapwa mayayaman at mga taga-California na mababa ang kita. Kabilang sa mga buwis na ito ang taunang Vehicle License Fee, isang buwis na nakabatay sa 0.65% ng halaga ng isang sasakyan, at ang taunang buwis sa ari-arian para sa pabahay na humigit-kumulang 1% ng tinatayang halaga ng isang bahay.

(u) Ang napakalaki at patuloy na lumalaking kayamanan ng mga bilyonaryo ay nagdudulot ng mga pribilehiyong hindi naa-access ng karamihan. Samantalang ang mga nars, guro, bumbero, at tech worker ay kapwa nagbabayad ng buwis sa halos lahat ng kanilang kinita, nagagawa ng mga bilyonaryo na protektahan ang napakalaking halaga mula sa pagbubuwis. Ang kanilang mga pangunahing asset—mga stock, negosyo, at real estate—ay tumataas ang halaga taon-taon, ngunit dahil ang pagtaas na ito ay binubuwisan lamang kapag ipinagbili at madalas ay hindi kailangang magbenta ng mga bilyonaryo, hindi sila nagbabayad ng buwis sa lumalaking halaga ng kanilang yaman. Bukod dito, kapag ang mga ganitong uri ng asset ay ipinapasa sa mga tagapagmana, pinahihintulutan ng mga kasalukuyang batas na mamana ang bilyun-bilyong dolyar na hindi nabuwisanang yaman nang hindi kailanman nagkakaroon ng obligasyon sa buwis sa kita. Marami rin ang gumagamit ng masalimuot na mga estratehiyang pampinansyal upang ilipat ang yaman “sa papel” habang, sa realidad, patuloy na nakikinabang sa ekonomiya at imprastraktura ng California.

(v) Ipinakita ng mga iskolar na posible, praktikal, at makatarungan ang pagsasara sa mga loophole ng mga bilyonaryo. Ipinakikita nila na maaaring mapanatili ng maingat na binuong patakaran ang tagumpay sa pagnenegosyo habang pinangangalagaan ang ekonomiya ng estado at iniawasan ang hindi makatarungang pasanin sa mga administrador o sa mas malawak na grupo ng mga nagbabayad ng buwis. Tingnan sina Brian Galle, David Gamage, at Darien Shanske, Mga Galaw ng Pera: Pagbubuwis sa Mayayaman sa Antas na Pang-estado, 113 Akademikong Dyornal Tungkol sa Batas ng California 635 (2025).

(w) Mula noong dekada 1980, ang yaman ng mga bilyonaryo ay lumago nang karaniwang 7% bawat taon, na higit na mabilis kaysa sa paglago ng sahod at ipon ng mga ordinaryong taga-California. Ang pinagsama-samang yaman ng mga bilyonaryo sa California ay tumaas mula \$300 bilyon noong 2011 hanggang \$700 bilyon noong 2019 at naging mahigit \$2 trilyon noong 2025. Ang buwis sa yaman na ipinapataw ng batas na ito ay bahagya lamang magpapabagal sa napakabilis na paglago na ito, at mangongolekta ng mas mababa kaysa sa karaniwang kinikita ng mga bilyonaryo sa loob lamang ng isang taon. Ang mga

bilyonaryo sa California, kahit pagkatapos magbayad ng buwis, ay patuloy na mag-iipon ng patuloy na lumalaking kayamanan.

(x) Ayon sa mga nangungunang ekonomista, mas konsentrado ang yaman ng mga bilyonaryo sa California kaysa sa Estados Unidos sa kabuuan. Bilang resulta, natatanging nakaposisyon ang estado upang tugunan kapwa ang mahusay na dokumentadong krisis ng hindi pagkakapantay-pantay ng yaman sa Estados Unidos at ang umuusbong at magkakaugnay na mga krisis na kinakaharap ng estado kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at mga programa para sa pagtulong sa mga nagugutom.

(y) Nabuo ng mga bilyonaryo ang kanilang pambihirang kayamanan sa tulong ng mga mapagkukunan ng California at sila ang pinakamalaking nakinabang mula sa pederal na batas na nag-ambag sa kasalukuyang krisis sa badyet ng estado. Samakatuwid, kinakailangan at makatarungan na hilingin sa mga higit na nakinabang mula sa mga mapagkukunan ng California na mag-ambag nang naaayon upang suportahan ang pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at nutrisyon sa California sa pamamagitan ng isang beses na 5% na buwis sa yaman ng mga bilyonaryo.

(z) Dahil sa sitwasyon ng emergency na pagpopondo, upang matiyak na ang mga nakolektang kita ay maaaring gastusin nang walang hindi kinakailangang pagkaantala, at upang alisin ang kawalang-katiyakang dulot ng anumang legal na hamon, naglaan ang mga mamamayan para sa pinabilis na pagsusuri ng hudikatura sa batas na ito.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

(a) Ang layunin ng Batas sa Buwis sa mga Bilyonaryo ng 2026, na tinutukoy dito bilang “batas,” ay protektahan ang access sa de-kalidad at patas na pangangalagang pangkalusugan, at suportahan ang pagpopondo para sa pampublikong edukasyon mula kindergarten hanggang ika-labing-apat na baitang at mga programa para sa tulong sa pagkain, sa pamamagitan ng paglikom ng kita mula sa isang beses na buwis sa yaman ng mga bilyonaryo.

(b) Ang mga kita mula sa batas ay nilalayong tumugon sa mga apurahan at umiiral nang pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at nutrisyon na lumalala dahil sa mga pagbawas sa pederal at pang-estadong pagpopondo at sa mas malawak na kawalang-katiyakan sa pananalapi na kinakaharap ng estado.

(c) Sa pagtatalaga sa yaman ng mga bilyonaryo bilang pinagmumulan ng mahalagang kita na ito, tinutugunan ng batas ang pangunahing kawalang-katarungan na nagmumula sa katotohanang malaking porsiyento ng yaman ng mga bilyonaryo ay hindi kailanman binubuwisan ng estado dahil sa natatanging kakayahan ng mga bilyonaryo na kontrolin ang panahon, lokasyon, at halaga ng buwis sa kita na kanilang binabayaran.

(d) Naglilikom ang batas ng pagpopondo para sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at tulong sa pagkain sa pamamagitan ng pagpapataw ng isang beses na buwis na naaangkop lamang sa isang limitadong grupo, na praktikal na pangasiwaan at mahusay na maipatupad laban sa lahat ng bilyonaryo sa estado.

(e) Nilalayan ng batas na tratuhin nang magkatulad ang mga nagbabayad ng buwis at mga asset na nasa magkatulad na kalagayan, maliban kung nangangailangan ng iba ang mahusay na patakaran sa pagbubuwis.

SEK. 4. Ang Seksyon 37 ay idinaragdag sa Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California, upang maging ganito ang pagkakasulat:

SEK. 37. (a) *Pinahihintulutan at binibigyang-kakayahan ng seksyong ito ang isang beses na buwis sa naipong yaman ng mga bilyonaryo sa California, na ipinapataw sa mga indibidwal na residente ng California ayon sa kahulugan ng mga Seksyon 17014 at 17015.5 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis sa petsa ng obligasyon sa buwis gaya ng tinukoy sa Batas sa Buwis sa mga Bilyonaryo ng 2026.*

(b) *Nalalapat ang mga sumusunod na depinisyon sa seksyong ito:*

(1) *Ang “Batas” ay tumutukoy sa Batas sa Buwis sa mga Bilyonaryo ng 2026.*

(2) *Ang “Reserbang Pondo” ay tumutukoy sa Reserbang Pondo sa Buwis sa mga Bilyonaryo ng 2026, na nilikha ng batas na ito.*

(c) *Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng Konstitusyon, ang batas ay naglalaan para sa pagbubuwis sa lahat ng anyo ng personal na ari-arian at yaman, nasasalat man o hindi nasasalat, at pinahihintulutan ang pag-uuri ng personal na ari-arian at yaman para sa magkakaibang pagbubuwis o para sa exemption, para sa layunin ng pagpapataw ng isang beses na buwis sa yaman ng mga bilyonaryo sa California. Kabilang sa personal na ari-arian at yamang binubuwisan sa ganitong paraan, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang mga bahagi ng capital stock, mga bono o iba pang katibayan ng pagkakautang, at anumang legal o equitable na interes dito.*

(d) *Sa pamamagitan nito ay nililikha ang Reserbang Pondo sa Buwis para sa mga Bilyonaryo ng 2026 sa Kaban ng Estado. Ang lahat ng kita mula sa batas, kabilang ang mga buwis, interes, at mga parusa, at ibinawas ang mga refund, ay ideposito ng Controller sa State Treasury bilang kredito sa Reserbang Pondo. Matapos isaalang-alang ang mga gastusing administratibo gaya ng itinatadhana ng batas, ilalaan at ililipat ng Controller ang natitirang pera sa Reserbang Pondo sa mga sumusunod na subaccount, na sa pamamagitan nito ay nililikha: 90% sa Account para sa Kalusugan ng Buwis sa mga Bilyonaryo at 10% sa Account para sa Edukasyon at Tulong sa Pagkain ng Buwis sa mga Bilyonaryo. Ang mga pera sa Account para sa Kalusugan ng Buwis sa mga Bilyonaryo at Account para sa Edukasyon at Tulong sa Pagkain ng Buwis sa mga Bilyonaryo ay ilalaan gaya ng itinatadhana ng batas.*

(e) *Sa kabila ng anumang ibang batas, ang Reserbang Pondo ay isang espesyal na pondo, na permanenteng hiwalay at bukod sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo o account ng estado. Ang mga buwis at perang nagmumula sa batas ay hindi ituturing na bahagi ng Pangkalahatang Pondo, gaya ng paggamit sa terminong iyon sa Kabanata 1 (nag sisimula sa Seksyon 16300) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan; at hindi ituturing na “mga kita sa Pangkalahatang Pondo,” “state revenues,” “moneys,” o “proceeds of taxes” sa ilalim ng Seksyon 8 ng Artikulo XIII B para sa mga layunin ng anumang seksyon ng Artikulo XIII B, o Seksyon 8 o 8.5 ng Artikulo XVI. Ang anumang kitang nalikom sa pamamagitan ng batas ay hindi rin ituturing na “personal income taxes paid on net capital gains” para sa mga layunin ng Seksyon 20 ng Artikulo XVI. Ang mga buwis na ipinapataw ng batas na ito ay hindi “ad valorem taxes on real property” para sa mga layunin ng Seksyon 1 ng Artikulo XIII A. Hangga’t ang anumang probisyon ng Artikulo XIII A ay maaaring ipakahulugan na naglilimita, naghihigpit, o nalalapat sa antas, basehan, pagpapahalaga, o pagpapataw ng buwis na pinahihintulutan ng seksyong ito, hindi malalapat ang probisyon ng iyon at papalitan ito ng seksyong ito. Sa kabila ng Seksyon 16305.7 ng Kodigo ng Pamahalaan, anumang interes o dibidendong kinita sa pera sa Reserbang Pondo ay pananatilihin sa Reserbang Pondo at gagamitin lamang para sa mga partikular na layuning itinakda sa subdivision na ito at gaya ng itinatadhana ng batas.*

(f) Ang “mga paglalaang napapailalim sa limitasyon” ng bawat entidad ng pamahalaan at ng estado sa ilalim ng Artikulo XIII B ay hindi dapat kabilang ang mga paglalaan ng kita mula sa Reserbang Pondo. Walang kinakailangang pagsasaayos sa limitasyon sa mga paglalaan ng anumang entidad ng pamahalaan alinsunod sa Seksyon 3 ng Artikulo XIII B bilang resulta ng kita na idineposito sa o inilaan mula sa Reserbang Pondo.

(g) Maliban sa itinatadhana sa mga Seksyon 16310 at 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan ayon sa pagkakasulat ng mga seksyong iyon noong Enero 1, 2025, at maliban kung iba ang itinatadhana sa batas na ito, ang pera sa Reserbang Pondo ay hindi dapat hiram, ipahiram, o kung hindi man ay ilipat sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo o account ng estado o lokal na pamahalaan. Ang perang idineposito sa Reserbang Pondo ay dapat gamitin lamang para sa mga partikular na layuning itinatadhana ng batas. Hindi dapat gumawa ng anumang hakbang na permanenteng o pansamantalang nagbabago sa katayuan ng Reserbang Pondo o humihiram, naglilihis, o naglalaan ng pera sa Reserbang Pondo sa paraang hindi naaayon sa subdibisyon na ito.

(h) Sa kabila ng Seksyon 32 o anumang iba pang probisyon ng batas, pinahihintulatang litisin ang isang hamon sa bisa ng 2026 Batas sa Buwis ng Bilyonaryo sa mismong mukha nito sa pamamagitan ng isang aksyon sa pagpapatibay sa ilalim ng Seksyon 50314 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis nang hindi kinakailangang bayaran ang buwis na sinasabing walang bisa sa mismong mukha nito. Ang subdibisyon na ito ay pinagtibay nang walang ipinahihiwatig tungkol sa kasalukuyang awtoridad o sa pag-unlad ng batas maliban sa batas na ito. Walang anuman sa subdibisyon na ito ang naglilimita sa karapatan ng sinumang nagbabayad ng buwis na magbayad ng buwis na ipinapataw sa ilalim ng batas na ito at humiling ng refund o pagsusuri ng hudikatura, o magsagawa ng anumang iba pang aksyon na pinahihintulutan ng batas at hindi salungat sa subdibisyon na ito.

SEK. 5. Ang Artikulo 1.1 (nagsisimula sa Seksyon 16355) ay idinaragdag sa Kabanata 2 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, upang maging ganito ang pagkakasulat:

Artikulo 1.1. 2026 Reserbang Pondo ng Buwis sa Bilyonaryo

16355. (a) Ang Seksyon 37 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California ay naglalaan para sa paglikha ng Reserbang Pondo sa Buwis ng Bilyonaryo ng 2026 kung saan idedeposito ang lahat ng kita mula sa Batas sa Buwis ng Bilyonaryo ng 2026.

(b) Matapos isaalang-alang ang mga gastusing administratibo gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (e), ilalaan at ililipat ng Controller ang natitirang pera sa Reserbang Pondo gaya ng sumusunod:

(1) Siyamnapung porsiyento ang ilalaan sa Account para sa Kalusugan ng Buwis sa mga Bilyonaryo para sa pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ngunit hindi limitado sa mga gastusin upang ibalik o tugunan ang anumang pagbawas sa pederal na pagpopondo o mga paglalaan ng estado; mga pamumuhunan upang protektahan o pagbutihin ang Medi-Cal at iba pang mga programa sa saklaw ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga indibidwal na may mababa at katamtamang kita; suporta para sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagsisilbing safety net para sa mga mahihinang populasyon; pagpigil o pagpapagaan sa pagsasara ng mga pasilidad o pagbawas sa mga antas ng serbisyo; at iba pang mga pamumuhunan upang suportahan ang access sa pangangalagang pangkalusugan, saklaw, mga benepisyo, pagpopondo, mga serbisyo, at mga pagbabayad sa mga tagapagbigay.

(2) Sampung porsiyento ang ilalaan sa Account para sa Edukasyon at Tulong sa Pagkain ng Buwis sa mga Bilyonaryo para sa mga gastusing kaugnay sa edukasyon at tulong sa pagkain, kabilang ang pareho ng mga sumusunod:

(A) Mga gastusing kaugnay sa edukasyon upang ibalik o tugunan ang anumang mga pagbawas sa pederal na pagpopondo o mga paglalaan ng estado, o upang gumawa ng mga pamumuhunan upang protektahan o pagbutihin ang sistema ng pampublikong edukasyon mula kindergarten hanggang ika-14 na baitang.

(B) Mga gastusin para sa tulong sa pagkain upang ibalik o tugunan ang anumang mga pagbawas sa pederal na pagpopondo o mga paglalaan ng estado, o karagdagang mga pamumuhunan sa mga programa, kabilang ang CalFresh, CFAP, CalFood, o mga programa ng California para sa unibersal na pagkain para sa mga pagkain sa paaralan.

(c) Ang Lehislatura ay magkakaroon ng awtoridad na maglaan ng hanggang dalawampu't dalawang bilyon at limang daang milyong dolyar (\$22,500,000,000) bawat taon ng pananalapi mula sa Account para sa Kalusugan ng Buwis sa Bilyonaryo at hanggang dalawang bilyon at limang daang milyong dolyar (\$2,500,000,000) bawat taon mula sa Account para sa Edukasyon at Tulong sa Pagkain ng Buwis sa Bilyonaryo. Maaaring maglaan ang Lehislatura ng mas mababang mga halaga kung matutukoy nitong kailangang panatilihin ang mga pondo bilang reserba upang higit na maisakatuparan ang mga layunin ng panukala.

(d) Ang paglalaan ng pera mula sa Reserbang Pondo ay hindi dapat gamitin bilang katwiran para bawasan, alisin, o hindi dagdagan ang iba pang mga paglalaan ng estado para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, o tulong sa pagkain. Ang paglalaan ng mga pondo mula sa panukalang ito ay hindi dapat gamitin upang palitan ang mga umiiral na pondo ng estado para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, o tulong sa pagkain.

(e) Ililipat ng Direktor ng Pananalapi sa Lupon ng Prangkisa sa Buwis, bilang panimulang pautang mula sa Reserbang Pondo o Pangkalahatang Pondo, ang hanggang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) para sa unang taon kasunod ng pagpasa sa batas na ito para sa aktuwal at kinakailangang mga gastos sa pangangasiwa ng mga tungkulin nito sa ilalim ng batas na ito at para sa pagsusuri ng bisa ng mga ito. Anumang pautang na ginawa alinsunod sa subdibisyon na ito ay dapat bayaran mula sa mga buwis na nakolekta alinsunod sa Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026 at bago gumawa ng anumang mga gastusin o paglalaan mula sa Reserbang Pondo. Sa mga susunod na taon, ang Lupon ng Prangkisa sa Buwis ay taunang babayaran mula sa Reserbang Pondo para sa aktuwal at kinakailangang mga gastos sa pangangasiwa ng mga tungkulin nito sa ilalim ng batas na ito at para sa pagsusuri ng bisa ng mga ito. Anumang mga kasunduan sa pagitan ng mga ahensiya na pinasok ng Lupon ng Prangkisa sa Buwis para sa pangangasiwa ng batas na ito ay sasaklawin ng mga halagang itinatadhana sa subdibisyon na ito.

(f) Sa pagpapatibay ng Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026 at bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito na umiiral ang Reserbang Pondo, ang Kagawaran ng Pananalapi, sa pakikipagkonsultasyon sa mga kaugnay na ahensiya ng estado, ay magbibigay sa Lehislatura ng lahat ng sumusunod na impormasyon:

(1) Ang kasalukuyang balanse sa Reserbang Pondo ayon sa petsa ng pag-uulat.

(2) Ang tinatayang kitang malilikha para sa Reserbang Pondo para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, at para sa panahong

inaasahang lilikha ng kita para sa Reserbang Pondo ang Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026.

(3) Ang tinataya at, kung makatuwirang matutukoy, aktuwal na mga halagang kinakailangan upang ibalik ang mga pagbawas sa pederal na pagpopondo at mga paglalaan ng estado, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (h).

(4) Mga iminumungkahing gastusin mula sa Reserbang Pondo para sa darating na taon ng pananalapi na nilalayong ibalik ang mga pagbawas sa pederal na pagpopondo at mga paglalaan ng estado gaya ng tinukoy sa subdibisyon (h).

(5) Mga nakaraang gastusin, kung mayroon man, mula sa Reserbang Pondo, at ang kanilang mga paglalaan.

(6) Ang halaga, kung mayroon man, na inirekomendang panatilihin bilang reserba para sa mga susunod na taon ng pananalapi batay sa inaasahang mga pagbawas sa hinaharap sa pederal na pagpopondo at mga paglalaan ng estado.

(7) Isang sertipikasyon na ang pera mula sa Reserbang Pondo ay hindi ginagamit upang palitan o ipalit sa pagpopondo ng estado na kung hindi man ay ilalaan.

(g) Kapag natukoy ng Direktor ng Kagawaran ng Pananalapi na ang lahat ng kita mula sa Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026 ay nakolekta at nagastos na, magkakaroon ang Lehislatura ng awtoridad na buwagin ang Reserbang Pondo.

(h) Para sa mga layunin ng seksyong ito:

(1) Ang “Mga Pagbawas sa pederal na pagpopondo” at iba pang pagtukoy sa mga pagbawas o pagkakaltas sa pederal na pagpopondo ay nangangahulugang anumang pagbaba sa pederal na pakikilahok sa pananalapi, mga grant, pagbabayad, reimbursement, o iba pang pederal na pagpopondo na ibinibigay sa California para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, o tulong sa pagkain, kung ihahambing sa mga antas noong taon ng pananalapi ng estado 2024–25, na inayos para sa implasyon at paglaki ng populasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa: (A) mga pagbawas sa mga porsiyento ng pederal na tulong medikal ng Medicaid; (B) mga pagbabago sa mga pederal na tuntunin sa pagiging kwalipikado na nagbabawas sa mga populasyong saklaw; (C) mga pagbawas sa mga discretionary appropriation ng pederal na pamahalaan; (D) mga limitasyon o paghihigpit sa mga buwis ng pederal na pamahalaan sa mga tagapagbigay o mga itinakdang pagbabayad; (E) mga kinakailangan sa pagtatrabaho o iba pang administratibong kondisyon na nagbabawas sa enrollment; (F) mga pagbawas sa mga panahon ng retroactive coverage; (G) pagpapatupad ng Pampublikong Batas 119-21; o (H) iba pang mga pagbawas sa pederal na pagpopondo na nagbabanta o nagdudulot ng mga pagbawas sa Medi-Cal o iba pang saklaw, access, benepisyo, pagpopondo, programa, serbisyo, at mga pagbabayad sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nakaaapekto sa mga indibidwal na may mababa at katamtamang kita, sa pagpopondo sa edukasyon o tulong sa pagkain sa buong estado, o sa safety net ng pangangalagang pangkalusugan sa pangkalahatan.

(2) Ang “Mga pagbawas sa mga paglalaan ng estado” o iba pang pagtukoy sa mga pagbawas o pagkakaltas sa mga paglalaan ng estado ay nangangahulugang pagbaba sa mga paglalaan para sa anuman at lahat ng programa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, o tulong sa pagkain sa buong estado na mas mababa sa mga antas noong taon ng pananalapi ng estado 2024–25 na nagreresulta sa mga pagbawas sa Medi-Cal o iba pang saklaw, access, mga benepisyo, pagpopondo, programa, serbisyo, at mga pagbabayad sa mga provider na nakaaapekto sa mga indibidwal na may mababa at katamtamang kita, maliban kung ang mga pagbawas na ito ay dulot ng dokumentadong

pagbaba sa caseload, enrollment, o populasyon na hiwalay sa mga pagbawas sa pederal na pagpopondo; o mga pagbawas sa mga paglalaan ng estado para sa mga programa ng pampublikong edukasyon mula kindergarten hanggang ika-14 na baitang o mga programa para sa tulong sa pagkain.

(3) Ang “Reserbang Pondo” ay tumutukoy sa Reserbang Pondo ng Batas sa Bilyonaryo ng 2026.

SEK. 6. Ang Seksyon 17220 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay inaamendahan upang maging ganito ang pagkakasulat:

17220. (a) Ang Seksyon 164(a)(3) ng Kodigo ng Panloob na Kita, na kaugnay sa pagiging maaaring ibawas ng mga buwis sa kita ng estado, lokal, at dayuhan, mga buwis sa mga kita sa digmaan, at mga buwis sa labis na kita, ay hindi dapat mailapat.

(b) Ang Seksyon 164(b)(5) ng Kodigo ng Panloob na Kita, na kaugnay sa mga pangkalahatang buwis sa pagbebenta, ay hindi dapat mailapat.

(c) Ang Seksyon 164(b)(6) ng Kodigo ng Panloob na Kita, na kaugnay sa limitasyon sa mga indibidwal na pagbabawas para sa mga taong nabubuwisan mula 2018 hanggang 2025, ay hindi dapat mailapat.

(d) Dagdag pa sa mga probisyon ng Seksyon 164(c) ng Kodigo ng Panloob na Kita, na kaugnay sa hindi pagpapahintulot ng pagbabawas sa kaso ng ilang partikular na buwis, walang pagbabawas na pahihintulutan para sa anumang buwis na ipinapataw sa ilalim ng Kabanata 10.5 (nagsisimula sa Seksyon 17935), Kabanata 10.6 (nagsisimula sa Seksyon 17941), o Kabanata 10.7 (nagsisimula sa Seksyon 17948) ng bahaging ito o sa ilalim ng Bahagi 11 (nagsisimula sa Seksyon 23001).

(e) Walang pagbabawas na pahihintulutan para sa anumang buwis na ipinapataw ng estado sa netong halaga, kabilang ang Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026 (Bahagi 27 (nagsisimula sa Seksyon 50300)), sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, kabilang ang Seksyon 164(a)(2) ng Kodigo ng Panloob na Kita, na kaugnay sa pagiging maaaring ibawas ng mga buwis sa personal na ari-arian.

SEK. 7. Ang Bahagi 27 (nagsisimula sa Seksyon 50300) ay idinaragdag sa Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang maging ganito ang pagkakasulat:

BAHAGI 27. BATAS SA BUWIS SA BILYONARYO NG 2026

KABANATA 1. PAGPAPATAW NG BUWIS SA PERSONAL NA YAMAN NA LAMPAS SA \$1 BILYON SA NETONG HALAGA

50300. Ang bahaging ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026.

50301. (a) Ipinapataw ang isang kinakaltas na buwis para sa taon ng buwis 2026 sa aktibidad ng pagpapanatili ng labis na akumulasyon ng yaman ng mga naaangkop na indibidwal na may netong halagang isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000) o higit pa, at sa mga naaangkop na trust. Para sa mga layunin ng bahaging ito, kung ang isang indibidwal o trust ay isang naaangkop na indibidwal o naaangkop na trust ay tutukuyin sa petsa ng obligasyon sa buwis, at ang halaga ng netong halagang napapailalim sa buwis ay susukatin sa petsa ng paghalaga. Para sa mga layunin ng seksyong ito hinggil sa paghahain ng mga return, ang mag-asawa ay ituturing na isang indibidwal.

(b) Para sa mga indibidwal at trust na pinapatawan ng buwis sa ilalim ng subdibisyon (a), ang ipinapataw na buwis ay 5 porsiyento ng netong halaga ng naturang indibidwal o trust. Sa kaso ng isang indibidwal, maliban sa trust, na may netong halagang mas mababa sa isang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$1,100,000,000), ang buwis na ipinapataw ng seksyong ito ay babawasan ng 0.1 percentaga point, ngunit hindi magiging mas mababa sa zero, para sa bawat dalawang milyong dolyar

(\$2,000,000) na mas mababa ang netong halaga ng taong iyon kaysa sa isang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$1,100,000,000). Sa kaso ng isang indibidwal, maliban sa trust, na nagpasyang simulan ang isang account sa opsyonal na pag-antala (ODA), alinsunod sa Seksyon 50304, ang mga asset na nakalakip sa ODA ay hindi napapailalim sa buwis sa ilalim ng seksyong ito hanggang tukuyin ng Seksyon 50304.

(c) Maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (b), anumang karagdagang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng seksyong ito o Seksyon 50304 para sa anumang taon ng buwis ay dapat iulat kasama ng, at dapat bayaran kasabay ng, taunang mga buwis sa kita ng isang nagbabayad ng buwis sa ilalim ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksyon 17001). Ang isang nagbabayad ng buwis na may utang na anumang karagdagang buwis na ipinapataw sa ilalim ng seksyong ito ay magkakaroon ng opsyon na alinman sa (1) bayaran ang anumang buwis na dapat bayaran sa ilalim ng bahaging ito kasama ng anumang buwis sa kita na dapat bayaran para sa taon ng buwis 2026; o (2) magbayad taun-taon sa limang pantay na hulugan simula sa taon kung kailan dapat bayaran ang buwis, kung saan ang bawat kasunod na taunang hulog ay sasailalim din sa taunang hindi maaaring ibawas na singil sa pagpapaliban na 7.5 porsiyento ng natitirang hindi pa nababayaranang balanse.

(d) Sa oras na ihain ang isang return alinsunod sa Seksyon 18501, na kaugnay sa paghahain ng isang pahayag ng buwis sa kita, para sa taon ng buwis 2026, ang bawat indibidwal na residenteng taga-California na kinakailangang maghain ay dapat gawin ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ipahayag na ang netong mga asset ng indibidwal ay nagkakahalaga ng isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000) o mas mababa noong petsa ng paghalaga.

(2) Magsumite ng isang deklarasyon ng halaga ng anumang karagdagang buwis na dapat bayaran sa ilalim ng bahaging ito, kasama ang anumang mga form na nilikha ng lupon para sa pagkalkula ng anumang karagdagang buwis na dapat bayaran sa ilalim ng bahaging ito, kasama ang anumang kinakailangang appraisal o iba pang ebidensiya ng patas na halaga sa pamilihan. Sa kaso ng isang naaangkop na indibidwal na hindi kinakailangang maghain ng return sa ilalim ng Seksyon 18501, ang indibidwal na iyon ay dapat magsumite, sa oras at sa paraang kinakailangan para sa paghahain ng pahayag ng buwis sa kita, ng deklarasyon, mga form, appraisal, o ebidensiyang inilalarawan sa talatang ito.

(e) Responsibilidad ng lupon sa pagsusuri.

(1) Susuriin ng lupon ang lahat ng return na isinumite alinsunod sa bahaging ito at tutukuyin ang tamang halaga ng buwis sa ilalim ng bahaging ito. Susuriin din ng lupon ang lahat ng sertipikasyon o return ng mga nagbabayad ng buwis kapag makatuwirang naniniwala ang lupon na dapat sana ay nagbayad ng buwis na ipinapataw ng bahaging ito ang mga nagbabayad ng buwis. Nang hindi nililimitahan ang anumang iba pang kapangyarihan ng lupon, sa pagsusuri sa mga return na ginawa ng mga nagbabayad ng buwis at pagsusuri kung dapat sana ay gumawa ng mga return ang mga nagbabayad ng buwis ngunit hindi nila ginawa, taglay ng lupon ang lahat ng kapangyarihang itinatadhana sa Seksyon 19504.

(2) Sa kabila ng nakaraang talata, pinananatili ng lupon ang awtoridad na gamitin ang makatuwirang pagpapasya nito hinggil sa haba at uri ng pagsusuring naaangkop sa ilalim ng mga kalagayan.

KABANATA 2. PAGKALKULA NG NETONG HALAGA

50302. Ang tunay na mga utang at iba pang pananagutang dapat bayaran ng nagbabayad ng buwis ay dapat isaalang-alang para sa mga layunin ng pagtukoy sa netong halaga ng nagbabayad ng buwis. Bukod dito, ang mga utang at pananagutan ay dapat isaalang-alang alinsunod sa mga sumusunod na limitasyon:

(a) Ang mga recourse debt na kung saan ay ganap na personal na mananagot ang nagbabayad ng buwis, nang walang anumang limitasyon maliban sa mga nagmumula sa batas sa pagkabangkarote, ay dapat ganap na isaalang-alang.

(b) Sa kaso ng mga utang maliban sa mga recourse debt na inilalarawan sa subdibisyon (a), para sa bawat utang o pananagutan, ang halagang maaaring isaalang-alang ay hindi dapat lumampas sa mga halagang kasama sa netong halaga ng nagbabayad ng buwis dahil sa mga asset na nagsisilbing kolateral para sa utang o pananagutan.

(c) Ang mga utang at iba pang pananagutan ng isang nagbabayad ng buwis na nagmumula sa isang sole proprietorship ay dapat magpababa sa netong halaga na para bang ang mga ito ay mga utang o iba pang pananagutan ng nagbabayad ng buwis. Ang netong halaga ng nagbabayad ng buwis ay hindi dapat bawasan ng halaga ng mga utang o iba pang pananagutan ng isang sosyohan, limitado ang liabilidad na kompanya, o iba pang entidad ng negosyo, maliban sa sole proprietorship, na inilalaan sa nagbabayad ng buwis para sa mga layunin ng pagkalkula ng buwis, maliban sa lawak na personal na mananagot ang nagbabayad ng buwis para sa utang o iba pang pananagutang iyon.

(d) Ang netong halaga ng isang nagbabayad ng buwis ay hindi dapat bawasan ng garantiya ng nagbabayad ng buwis sa mga utang o iba pang pananagutan ng iba.

(e) Walang utang o pananagutan, kabilang ang mga recourse debt na inilalarawan sa subdibisyon (a), ang dapat magpababa sa netong halaga kung ang utang o pananagutan ay dapat bayaran sa isang kaugnay na tao o mga tao; kung ang pag-iral o halaga ng pananagutan ay nakasalalay sa mga pangyayaring hinaharap na lubhang hindi tiyak na mangyayari o lubhang hindi tiyak na mangyayari sa loob ng susunod na limang taon; o kung ang utang o pananagutan ay hindi napagkasunduan sa patas na pakikipagkasundo ng mga partidong walang kaugnayan sa isa't isa. Bukod dito, walang halaga ang dapat isaalang-alang para sa anumang utang o pananagutan maliban kung ang mga rate ng interes sa pamilihan ay sinisingil sa nagbabayad ng buwis.

(f) Ang isang pangakong gumawa ng kasunod na kontribusyon sa isang organisasyong pangkawanggawa o pilantropiko ay hindi dapat magpababa sa netong halaga maliban kung ang pangakong iyon ay legal na maipatutupad ng organisasyong pinagkakautangan ng pangako, at sa anumang pagkakataon ay walang pangako ang maaaring magpababa sa netong halaga kung ang pangakong iyon ay ginawa pagkatapos ng Oktubre 15, 2025.

(g) Ang anumang mga utang o pananagutan ng isang nagbabayad ng buwis kapalit nito ay may karapatan ang nagbabayad ng buwis na tumanggap ng mga benepisyong hinaharap o mga karapatan sa pagmamay-ari sa hinaharap, kabilang ang isang kontraktuwal na obligasyong mag-ambag sa isang entidad sa isang hinaharap na petsa, ay dapat magpababa sa netong halaga hanggang sa lawak lamang na:

(1) Ang halaga ng mga benepisyong iyon sa hinaharap o mga karapatan sa pagmamay-ari ay kasama sa netong mga asset ng nagbabayad ng buwis.

(2) Maipapakita ng nagbabayad ng buwis, sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya, na ang halagang dapat bayaran sa ilalim ng utang o pananagutan ay lumampas sa anumang mga benepisyong hinaharap o mga karapatan sa pagmamay-ari na hindi kasama sa netong mga asset ng nagbabayad ng buwis.

(3) Sa kaso ng isang legal na maipatutupad na pangakong gumawa ng kasunod na kontribusyon sa isang organisasyong pangkawanggawa o pilantropiko, ang halaga ng anumang mga benepisyong hinaharap na natanggap kapalit nito ay magiging zero, maliban sa lawak na ang mga benepisyong iyon ay bubuo

ng malaking benepisyong para sa mga layunin ng pagtukoy sa deduction ng kontribusyon sa kawanggawa ng nag-ambag.

50303. (a) Maliban kung iba ang tinukoy ng lupon, at maliban kung iba ang tinukoy sa seksyong ito, ang patas na halaga sa pamilihan ng bawat asset na pagmamay-ari ng isang nagbabayad ng buwis ay ang presyo kung saan magpapalitan ang pagmamay-ari ng asset sa pagitan ng isang kusang-loob na mamimili at isang kusang-loob na nagbebenta, na wala sa kanila ang napipilitang bumili o magbenta, at kapwa may makatwirang kaalaman sa mga kaugnay na katotohanan. Ang lokasyon ng isang asset ay dapat isaalang-alang saanman naaangkop. Para sa isang asset na karaniwang nakukuha ng publiko sa pamilihan ng tingi, ang patas na halaga sa pamilihan ng asset ay ang presyo kung saan ibebenta sa retail ang item o isang maihahambing na item. Ang patas na halaga sa pamilihan ng isang asset ay hindi dapat maging alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang presyong malilikha ng sapilitang pagbebenta ng ari-arian.

(2) Ang presyo ng pagbebenta sa isang pamilihan maliban sa pamilihang pinakakaraniwang pinagbebentahan ng ari-arian sa publiko, kung ang presyo sa pamilihang iyon ay magreresulta sa mas mababang patas na halaga sa pamilihan, maliban sa kaso ng ari-ariang napapailalim sa Seksyon 423, na kaugnay sa paghalaga sa lupang may limitadong bukas na espasyo.

(b) Anumang katangian ng isang asset, kabilang ang isang plano sa mga karapatan ng kasosyo, ay hindi dapat isaalang-alang sa pagtukoy ng halaga ng asset kung ang isang malaking layunin at epekto ng pagdaragdag ng katangiang iyon ay ang pagbabawas sa tinasang halaga ng asset. Walang paghalaga o iba pang diskuwento ang dapat isaalang-alang kung ang diskuwentong iyon ay magkakaroon ng epekto na bawasan ang halaga ng isang bahagyang interes sa isang asset sa ibaba ng pro rata na bahagi ng nagbabayad ng buwis sa halaga ng buong asset.

(c) Ang mga sumusunod na pamamaraan ng paghalaga, mga exclusion, at mga kinakailangan sa pag-uulat ay dapat ilapat sa mga sumusunod na partikular na uri ng asset:

(1) Para sa lahat ng asset na ipinagbibili sa publiko, ang patas na halaga sa pamilihan ng asset ay ipagpapalagay na ang halaga ng pakikipagkalakalan sa pamilihan ng asset sa petsa ng paghalaga, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (o) ng Seksyon 50308.

(2) Para sa lahat ng sole proprietorship, lahat ng asset na pagmamay-ari o hawak sa pamamagitan ng sole proprietorship ay dapat iulat at pahalagahan na para bang ang mga ito ay direktang pagmamay-ari at hawak ng nagbabayad ng buwis at hindi sa pamamagitan ng sole proprietorship.

(3) Maliban sa mga asset at entidad na pinamamahalaan ng mga talata (1) at (2), para sa lahat ng interes sa anumang entidad ng negosyo, kabilang ang lahat ng equity at mga interes sa pagmamay-ari, lahat ng interes sa utang, at lahat ng iba pang kontraktual o hindi kontraktual na interes, ang paghalaga ay isasagawa gaya ng sumusunod:

(A) Dapat iulat ng nagbabayad ng buwis ang mga sumusunod sa oras na ihain ang mga form alinsunod sa kabanatang ito:

(i) Ang porsiyento ng entidad ng negosyo na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis.

(ii) Ang halagang nasa mga aklat ng entidad ng negosyo sa pagtatapos ng taon ng buwis, na tinutukoy alinsunod sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo sa accounting.

(iii) Ang mga kita ayon sa mga aklat ng entidad ng negosyo sa taon ng buwis alinsunod sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo sa accounting. Para sa mga layunin ng talatang ito, ang “taon ng buwis” ng entidad ng negosyo ay nangangahulugang ang pinakahuling taon ng buwis ng entidad ng negosyo na nagtatapos sa loob o kasabay ng taon ng buwis ng nagbabayad ng buwis.

(B) Kung imposible ang pag-uulat na kinakailangan sa ilalim ng subtalata (A) dahil walang impormasyon ang nagbabayad ng buwis tungkol sa halagang nasa mga aklat o mga kita ayon sa mga aklat ng entidad ng negosyo at wala rin siyang karapatang makuha ang impormasyong iyon, dapat magsumite ang nagbabayad ng buwis ng sertipikadong appraisal ng lahat ng interes ng nagbabayad ng buwis sa entidad ng negosyo.

(C) Para sa anumang interes na nagbibigay ng mga karapatan sa pagboto o iba pang direktang karapatan sa pagkontrol, ang porsiyento ng entidad ng negosyo na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis ay ipagpapalagay na hindi bababa sa porsiyento ng kabuuang mga karapatan sa pagboto o iba pang direktang karapatan sa pagkontrol na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis.

(D) Para sa anumang interes sa mga kita sa isang entidad ng negosyo, ang porsiyento ng entidad na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis ay ipagpapalagay na hindi bababa sa pinakamataas na porsiyento ng interes sa mga kita ng entidad na maaaring kitain ng nagbabayad ng buwis, hindi isinasalang-alang kung ang interes na iyon sa mga kita ay napapailalim sa isang paunang kondisyon na hindi pa natutupad.

(E) Maliban sa mga asset at entidad na pinamamahalaan ng mga talata (1) at (2), para sa lahat ng iba pang interes sa anumang entidad ng negosyo, kabilang ang lahat ng equity at iba pang interes sa pagmamay-ari, lahat ng interes sa utang, at lahat ng iba pang kontraktual o hindi kontraktual na interes, ang patas na halaga sa pamilihan ng mga interes na iyon sa pagtatapos ng anumang taon ng buwis ay ipagpapalagay na katumbas ng kabuuan ng halagang nasa mga aklat ng entidad ng negosyo alinsunod sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo sa accounting sa pagtatapos ng taon ng buwis, kasama ang isang multiplier ng kasalukuyang halaga na 7.5 beses ng taunang mga kita ayon sa mga aklat ng entidad ng negosyo, na itinakda bilang average sa kasalukuyang taon ng buwis at sa naunang dalawang taon ng buwis, kung mayroon, alinsunod sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo sa accounting, kung saan ang buong kabuuang ito ay imu-multiply sa porsiyento ng entidad ng negosyo na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis sa pagtatapos ng taon ng buwis. Sa kaso ng isang entidad ng pribadong equity, ang halagang ito ay hindi dapat mas mababa sa kabuuan ng halaga, gaya ng tinutukoy sa ilalim ng subdibisyon na ito, ng bawat entidad na pagmamay-ari ng entidad ng pribadong equity, na ibinawas ang mga pananagutan ng entidad ng pribadong equity, maliban sa mga interes sa mga kita. Para sa mga layunin ng subtalata na ito, kung ang average ng mga kita ayon sa mga aklat sa kaugnay na panahon ay mas mababa sa zero, ituturing ang mga ito na zero. Maaaring pahintulutan ng lupon ang isang nagbabayad ng buwis na kalkulahan ang halagang nasa mga aklat at mga kita ayon sa mga aklat gamit ang isang pamamaraan ng accounting na iba sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo sa accounting kung palagi ang pinananatili ng negosyong hahalagahan ang mga aklat at rekord nito at nag-uulat ng kita at mga gastusin gamit ang ibang pamamaraang iyon.

(F) Kung maipapakita ng nagbabayad ng buwis o ng lupon, sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya, na ang ipinagpapalagay na halaga sa ilalim ng subtalata (C), (D), o (E) ay lubhang magpapalaki o magpapababa sa aktuwal na halaga ng entidad ng negosyo na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis o sa porsiyentong pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis, maaaring magsumite ang nagbabayad ng buwis o ng lupon sa halip ng isang sertipikadong appraisal ng porsiyento ng entidad ng negosyo na pagmamay-ari ng nagbabayad ng buwis at pagkatapos ay gamitin ang halaga mula sa sertipikadong appraisal bilang kapalit ng ipinagpapalagay na pamamaraan batay sa porsiyento.

(4) Ang lahat ng interes sa anumang tunay na ari-arian na direktang hawak ng isang nagbabayad ng buwis o hawak sa pamamagitan ng isang revocable trust ay hindi dapat isama sa netong halaga. Kung kinakailangan ang paghalaga sa tunay na ari-arian, ang halagang ginagamit para sa pagkalkula ng salik ng ari-arian ng Buwis sa Kita ng Korporasyon, sa ilalim ng Seksyon 25129, ay dapat gamitin.

(5) Ang nasasalat na personal na ari-ariang matatagpuan sa labas ng California ay hindi kasama kung matatagpuan ito sa labas ng California nang hindi bababa sa 270 araw sa panahon ng 2026, maliban na hindi dapat ibukod kung pansamantalang inilipat ito na may malaking layuning umiwas sa buwis.

(6) Para sa lahat ng interes sa mga trust, ang netong halaga ay tutukuyin gaya ng sumusunod:

(A) Kabilang sa netong halaga ng isang indibidwal ang netong halaga ng anumang grantor trust ng indibidwal na iyon.

(B) Para sa mga layunin ng pagtukoy kung ang netong halaga ng isang indibidwal ay higit sa isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000) o isang bilyon at isang daang milyong dolyar (\$1,100,000,000) sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 50301, kabilang sa netong halaga ang halaga ng ari-ariang hawak ng anumang trust, maliban sa grantor trust o trust na libre sa buwis, kung saan inililipat o nailipat ng indibidwal, para sa anumang layuning isinasalang-alang, ay tataasan ng isang bahagi ng halaga ng ari-arian ng trust, kung saan ang bahaging iyon ay katumbas ng bahagi ng halaga ng lahat ng ari-ariang inilipat sa trust na inilipat ng indibidwal na iyon.

(C) Sa kaso ng benepisyaryo ng isang trust, residente man o hindi ng California ang trust, ang benepisyaryo ay ituturing na may-ari ng mga asset ng trust sa lawak na ang mga asset ay maaaring ipamahagi sa benepisyaryo, naipamahagi man o hindi. Gayunpaman, ang isang benepisyaryo ng trust ay hindi ituturing na may-ari ng anumang asset ng trust kung ang trust ay isang naaangkop na trust.

(7) Ang mga sumusunod na kategorya ng mga asset ay hindi kasama sa lahat ng pagbubuwis sa ilalim ng bahaging ito at hindi rin napapailalim sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng seksyong ito:

(A) Maliban sa inilalarawan sa subtalata (B), mga kwalipikadong pensiyon at indibidwal na pag-aayos ng pagreretiro, kabilang ang mga inilalarawan sa Seksyon 219(g)(5) ng Kodigo ng Panloob na Kita, o mga pag-aayos ng pagreretiro sa ibang bansa na katulad ng katangian ng mga inilalarawan sa seksyong iyon at hindi kasama sa pagbubuwis ng United States sa pamamagitan ng obligasyon sa ilalim ng isang tratado ng United States.

(B) Mga halagang hawak sa Roth IRA o iba pang Tipong-Roth na pag-aayos ng pagreretiro o anumang lubhang katulad na account, maliban sa lawak na ang pinagsama-samang halaga sa lahat ng naturang account kung saan ang nagbabayad ng buwis ay may kapaki-pakinabang na interes, direkta man o hindi direkta, ay lumampas sa sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa kasalukuyang halaga.

(C) Di kwalipikadong inantalang kabayaran, maliban sa contingent na interes sa mga kita, at anumang iba pang pangako ng mga pagbabayad sa hinaharap na tinukoy ng lupon, maliban na anumang pensiyon, halaga ng ipinagpalibang kompensasyon,

o iba pang pagbabayad para sa mga kalakal o serbisyo, na hindi inilalarawan sa mga subtalata (A) at (B), ay ituturing na isang asset na napapailalim sa buwis ng nagbabayad ng buwis kung:

(i) Sa ilalim ng mga tuntunin ng isang pag-aayos ng kabayaran, plano, kontrata, o iba pang arrangement na naglalaan para sa pagbabayad, ang nagbabayad ng buwis ay may legal na umiiral na karapatan sa pagbabayad na iyon sa pagtatapos ng taon ng buwis.

(ii) Ang kompensasyon ay hindi aktuwal o konstruktibong natanggap sa o bago ang pagtatapos ng taon.

(iii) Alinsunod sa pag-aayos ng kabayaran, ang pagbabayad ay dapat bayaran sa, o para sa kapakinabangan ng, nagbabayad ng buwis sa o pagkatapos ng pagtatapos ng taon.

(D) Maliban sa mga asset na hindi kasama o ibinukod, dapat ituring ng isang nagbabayad ng buwis ang mga asset na inilalarawan sa talatang ito na para bang direktang hawak ang mga ito at hindi nasa isang account na may paborableng pagtrato sa buwis.

(E) Sa kaso ng isang nilinaw na planong benepisyo na hindi pinalibre sa ibang paraan sa ilalim ng seksyong ito, ang halagang katumbas ng kasalukuyang halaga ng naipong benepisyo ng nagbabayad ng buwis sa huling araw ng taon ng buwis ay ituturing na kasama ng nagbabayad ng buwis sa netong halaga ng nagbabayad ng buwis.

(8) Ang lupon ay dapat magpatibay ng mga regulasyon hinggil sa pagiging napapailalim sa buwis ng mga receivable at katulad na asset sa ilalim ng bahaging ito. Alinsunod sa mga kinakailangan ng subdibisyon na ito, maaaring hindi isama ng lupon ang ilang receivable at katulad na asset sa lahat ng pagbubuwis sa ilalim ng bahaging ito at sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng seksyong ito. Sa pagpapatibay ng mga regulasyong iyon, dapat isaalang-alang ng lupon kung makatuwirang malamang na makakatanggap ang isang nagbabayad ng buwis ng bayad mula sa isang partikular na uri ng receivable. Ang lahat ng receivable ay dapat isama sa netong halaga sa ilalim ng bahaging ito hanggang sa magpatibay ang lupon ng mga regulasyon.

(9) Para sa lahat ng iba pang asset, kabilang ang sining at mga collectible, mga instrumento sa pananalapi maliban sa mga ipinagbibili sa publiko, mga karapatan sa intelektuwal na ari-arian, mga utang at iba pang pananagutang dapat bayaran sa nagbabayad ng buwis, maliban sa mga ipinagbibili sa publiko, at mga sasakyan at iba pang personal na ari-arian, maaaring hindi isama ng nagbabayad ng buwis ang hanggang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ng kabuuang halaga ng asset ng pinagsamang mga asset na iyon, anuman ang uri, mula sa netong halaga at sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng seksyong ito. Maliban sa mga asset na hindi isinama sa ganitong paraan, dapat iulat ng isang nagbabayad ng buwis ang patas na halaga sa pamilihan ng mga asset na iyon, at para sa bawat asset o pangkat ng mga asset na halos maaaring mapagpalit, kabilang ang mga kontrata ng derivative na kaugnay sa parehong pinagbabatayang security, na nagkakahalaga ng higit sa isang milyong dolyar (\$1,000,000), dapat magsumite ang nagbabayad ng buwis ng sertipikadong appraisal.

(10) Sa anumang pagkakataon, ang halaga ng isang asset ay hindi dapat matukoy na mas mababa kaysa sa halaga kung saan nakaseguro ang asset na iyon. Sa kaso ng isang entidad ng negosyo, sa anumang pagkakataon ay hindi dapat mas mababa ang halaga ng entidad na iyon kaysa sa paghalagang ipinakita sa anumang funding round o iba pang pagbebenta ng equity na naganap sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng paghalaga, maliban kung maipapakita ng nagbabayad ng buwis, sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya, na ang paghalagang iyon ay lubhang magpapalaki sa halaga ng entidad.

(11) Kabilang sa netong halaga ang halaga ng anumang ari-ariang inilipat ng indibidwal, maliban sa ari-ariang inilipat sa isang trust na inilalarawan sa itaas, nang mas mababa sa patas na halaga sa pamilihan pagkatapos ng Oktubre 15, 2025, kung ang ari-ariang iyon, itinuturing man nang mag-isa o kasama ng iba pang mga inilipat na item na halos maaaring mapagpalit, ay may patas na halaga sa pamilihan na higit sa isang milyong dolyar (\$1,000,000). Ang isang asset na isinama sa netong halaga ng naglilipat dahil sa talatang ito ay hindi dapat isama sa netong halaga ng tumatanggap.

(12) Ang anumang mga asset ng isang taong maaaring i-claim bilang dependent na lumampas sa limampung libong dolyar (\$50,000) sa pinagsama-samang halaga ay ituturing na mga asset ng nagbabayad ng buwis na maaaring mag-claim sa taong iyon bilang dependent.

KABANATA 3. MGA OPSYONAL NA INANTALANGACCOUNT PARA SA MGA KWALIPIKADONG NAGBABAYAD NG BUWIS NA MAY LIMITASYON SA LIQUIDITY

50304. (a) Ang lupon ay dapat bumuo ng isang kontrata at mga kaugnay na form para sa opsyonal na inantalan account, na tinutukoy rin dito bilang “ODA,” upang lumikha ng isang kontraktual na kasunduan na may bisa sa pagitan ng isang nagbabayad ng buwis at ng estado. Maaaring piliin ng isang kwalipikadong nagbabayad ng buwis na lagdaan ang kontrata upang simulan ang isang ODA sa ilalim ng bahaging ito. Upang maging isang kwalipikadong nagbabayad ng buwis, dapat maghain ang isang indibidwal ng deklarasyon na ang halaga ng karagdagang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng bahaging ito, nang hindi ginagamit ang isang ODA, ay lalampas sa kabuuan ng pinagsamang halaga ng lahat ng asset ng mga nagbabayad ng buwis na napapailalim sa mga tuntunin sa paghalaga ng talata (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 50303; ibig sabihin, ang mga indibidwal lamang na magkakaroon ng karagdagang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng bahaging ito na higit sa pinagsamang kabuuang halaga ng lahat ng asset ng indibidwal na ipinagbibili sa publiko ang magiging mga kwalipikadong nagbabayad ng buwis. Bilang bahagi ng kontratang ito, ang kwalipikadong nagbabayad ng buwis na pumipiling simulan ang isang ODA ay dapat sumang-ayon sa lahat ng sumusunod:

(1) Maghain ng lahat ng taunang pahayag ng impormasyon at porma gaya ng inilalarawan at tinutukoy sa seksyong ito.

(2) Ayusin at bayaran ang lahat ng pananagutan sa buwis na maaaring lumitaw bilang resulta ng ODA.

(3) Mapapailalim sa personal na hurisdiksiyon sa estadong ito para sa mga layunin ng pangongolekta ng anumang buwis na ipinapataw ng bahaging ito at pagtupad sa anumang mga kinakailangan sa pag-uulat na ipinapataw ng bahaging ito, kasama ang anumang kaugnay na interes o mga parusang ipinapataw ng estadong ito sa nagbabayad ng buwis, kaugnay ng ODA.

(b) Ang kontrata ay magiging legal na may bisa sa nagbabayad ng buwis, at gayundin sa ari-arian ng nagbabayad ng buwis pagkatapos ng kamatayan at sa mga tagapagtalaga nito, hanggang sa alinman sa nagbabayad ng buwis o sa ari-arian ng nagbabayad ng buwis pagkatapos ng kamatayan o mga tagapagtalaga nito ay maayos na ayusin at isara ang ODA sa pamamagitan ng ganap na pagpuksa sa naipong mga claim sa buwis at pagkatapos ay pagbabayad ng lahat ng buwis na dapat bayaran sa mga pinuksa nang claim sa buwis.

(c) Isang ODA lamang ang maaaring panatilihin ng isang nagbabayad ng buwis. Maaari lamang ilakip ng isang nagbabayad ng buwis ang mga asset o pangkat ng mga asset sa isang ODA hanggang sa lawak na ang halaga ng karagdagang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng Seksyon 50301, nang hindi ginagamit ang isang ODA, ay lalampas sa kabuuan ng pinagsamang halaga ng lahat ng asset ng mga nagbabayad ng buwis na napapailalim sa mga tuntunin sa paghalaga ng talata (1) ng subdibisyon (c)

ng Seksyon 50303. Upang mailakip ang anumang mga asset o pangkat ng mga asset sa isang ODA, dapat iulat ng nagbabayad ng buwis ang parehong sumusunod:

(1) Ang taon kung kailan sinimulan ang ODA.

(2) Isang listahan ng lahat ng asset o pangkat ng mga asset kung saan ilalakip ang ODA para sa kasalukuyang taon.

(d) Kung nagsimula ang isang nagbabayad ng buwis ng isang ODA, hanggang sa maisaayos at maisara ang ODA na iyon, dapat taunang iulat ng nagbabayad ng buwis ang anumang makabuluhang transaksyon sa pamamahagi na ginawa kaugnay ng ODA, at dapat kumpletuhin at ihain ang anumang mga form na ibinigay ng lupon para sa layuning iyon. Dapat ipagpatuloy ng nagbabayad ng buwis ang taunang paggawa ng mga ulat na iyon hanggang sa maisaayos ng nagbabayad ng buwis ang ODA sa pamamagitan ng ganap na pagpuksa sa naipong mga claim sa buwis at pagkatapos ay pagbabayad ng lahat ng buwis na dapat bayaran sa mga pinuksa nang claim sa buwis. Bilang bahagi ng legal na kontratang nilagdaan ng nagbabayad ng buwis nang simulan ang isang ODA, ang mga kinakailangan sa pag-uulat na iyon ay magpapatuloy kahit at pagkatapos na ang nagbabayad ng buwis ay hindi na residente ng California, ayon sa kahulugan ng mga Seksyon 17014 at 17015.5, at pagkatapos ay ipatutupad bilang isang kontratang legal na may bisa sa pagitan ng nagbabayad ng buwis at ng estado. Ang hindi paggawa ng taunang mga ulat at hindi paghahain ng anumang kinakailangang mga form ay ituturing na paglabag sa kontrata at sasailalim din sa parehong mga parusa gaya ng hindi paghahain ng mga form ng income tax para sa mga residenteng taga-California na kinakailangang maghain ng mga form ng income tax. Sa pagkamatay ng sinumang nagbabayad ng buwis na nagsimula ng isang ODA na hindi pa ganap na naisaayos at naisara, ang ari-arian ng nagbabayad ng buwis pagkatapos ng kamatayan at mga tagapagtalaga nito ay kinakailangang ayusin ang ODA upang ganap na mapuksa ang naipong mga claim sa buwis at pagkatapos ay bayaran ang lahat ng buwis na dapat bayaran sa mga pinuksa nang claim sa buwis, na ituturing ang mga claim na ito bilang isang hindi pa nababayaran pananagutan sa buwis ng nagbabayad ng buwis na dapat bayaran sa estado.

(e) Ang naipong porsiyento ng hindi pa napupuksa na withholding ng buwis ng nagbabayad ng buwis ay magiging 5 porsiyento.

(f) Ang mga sumusunod na pagkuha at transaksyon ay ituturing na mga makabuluhang transaksyon sa pamamahagi na dapat taunang iulat ng nagbabayad ng buwis:

(1) Ang pagkuha ng pera, ari-arian, o iba pang halaga mula sa anumang mga asset kung saan nakalakip ang ODA.

(2) Isang transaksyon sa nagbabayad ng buwis, o sa isang kaugnay na tao ng nagbabayad ng buwis, na may epekto ng paglilipat ng anumang mga asset o halaga ng mga asset kung saan nakalakip ang ODA nang hindi rin inililipat ang mga obligasyon sa ilalim ng ODA.

(g) Sa kabila ng subdibisyon (f), hindi kabilang sa isang makabuluhang transaksyon sa pamamahagi ang mga karaniwan at kinakailangang transaksyon para sa pagpapanatili o pagpapataas ng halaga ng mga asset kung saan nakalakip ang ODA at hindi magkakaroon ng epekto ng pamamahagi ng anumang mga kita, dibidendo, o iba pang pagbabayad sa mga may-ari para sa paggamit ng kapital, o mga katulad na paglilipat.

(h) Ang lupon ay dapat magbigay ng patnubay para tukuyin kung anong mga uri ng transaksyon ang ituturing na mga makabuluhang transaksyon sa pamamahagi at para tukuyin na ang mga paglilipat na ginawa sa karaniwang takbo ng isang kalakalan o negosyo at ang mga pagpapalitan ng mga asset na hindi madaling maipagbili ay hindi dapat ituring na mga makabuluhang transaksyon sa pamamahagi. Para sa anumang makabuluhang transaksyon sa pamamahagi, dapat iulat ng

nagbabayad ng buwis ang patas na halaga sa pamilihan na kinuha mula sa mga asset kung saan nakalakip ang ODA o kung hindi man ay inilipat o ginamit para sa kapakinabangan ng nagbabayad ng buwis o ng isang kaugnay na tao.

(i) Imumultiply ng nagbabayad ng buwis ang naipong porsiyento ng hindi pa napupuksa na withholding ng buwis ng nagbabayad ng buwis sa patas na halaga sa pamilihan, gaya ng tinutukoy sa ilalim ng Seksyon 50303, ng lahat ng makabuluhang transaksyon sa pamamahagi para sa taon ng buwis. Ang isang buwis ay ipapataw sa nagbabayad ng buwis sa halagang katumbas ng nagresultang produkto. Anumang karagdang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng seksyong ito para sa anumang taon ng buwis ay dapat bayaran kasama ng anumang buwis sa kita na dapat bayaran para sa taong iyon ng buwis.

(j) Ang sinumang nagbabayad ng buwis na nagpapanatili ng isang ODA at nagkaroon ng anumang makabuluhang transaksyon sa pamamahagi sa kasalukuyang taon o sa anumang naunang taon ay dapat taunang iulat ang lahat ng sumusunod:

(1) Ang taon kung kailan sinimulan ang ODA.

(2) Isang listahan ng lahat ng asset o pangkat ng mga asset kung saan kasalukuyang nakalakip ang ODA o kung saan kailanman nakalakip ang ODA.

(3) Ang patuloy na kabuuan ng nagbabayad ng buwis ng pinagsama-samang patas na halaga sa pamilihan ng lahat ng makabuluhang transaksyon sa pamamahagi na ginawa kaugnay ng ODA.

(k) Kung, sa anumang taon, ang isang nagbabayad ng buwis na dati nang nagsimula ng isang ODA ay nagbenta, naglipat, o kung hindi man ay winakasan ang lahat ng interes ng nagbabayad ng buwis sa ODA at sa lahat ng asset kung saan nakalakip ang ODA, pagkatapos bayaran ang anumang buwis na dapat bayaran bilang resulta ng mga transaksyong iyon na mga makabuluhang transaksyon sa pamamahagi, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (f), ang ODA ay ganap na mapupuksa. Sa pagtatapos ng anumang taon ng buwis, maaaring piliin ng isang nagbabayad ng buwis na dati nang nagsimula ng isang ODA na isara ang ODA na iyon sa pamamagitan ng paghahain ng isang form na ibinigay ng lupon. Pagkatapos ay dapat ayusin ng nagbabayad ng buwis ang ODA alinsunod sa subdibisyon (l).

(l) Bago isara ang isang ODA, dapat kunin ng nagbabayad ng buwis ang anumang mga asset kung saan nakalakip ang ODA at ituring ang mga pagkuha na iyon bilang mga makabuluhang transaksyon sa pamamahagi alinsunod sa seksyong ito. Ang Seksyon 50303 ang mamamahala sa pagtukoy ng patas na halaga sa pamilihan ng anumang mga asset na kinuha mula sa isang ODA. Gaya ng ginagamit sa seksyong ito, kabilang din sa terminong “nagbabayad ng buwis” ang anumang ari-arian o mga tagapagtalaga ng nagbabayad ng buwis na ginawang mananagot sa ilalim ng probisyong ito para sa pagtupad sa mga obligasyon ng ODA ng nagbabayad ng buwis.

KABANATA 4. MGA SERTIPIKADONG APPRAISAL

50305. (a) Ang sinumang appraiser na gumagawa ng sertipikadong appraisal para sa mga layunin ng bahaging ito ay dapat magpadala ng kopya ng sertipikadong appraisal na iyon sa lupon, kasama ang sapat na impormasyon para matukoy ang nagbabayad ng buwis kung para kanino inihanda ang sertipikadong appraisal, at dapat sumunod sa anumang naaangkop na tuntunin o iba pang kaugnay na tagubiling pinagtibay ng lupon.

(b) Ang lupon ay dapat magpatibay ng mga regulasyon, o maglathala ng patnubay, na higit pang nagdedetalye sa mga kinakailangan para sa mga sertipikadong appraisal at para sa mga appraiser na kwalipikadong gumawa ng mga sertipikadong appraisal para sa mga layunin ng kabanatang ito. Ang mga tuntunin at patnubay ay dapat batay sa mga tuntunin para sa

kwalipikadong appraisal at kwalipikadong appraiser ng Seksyon 1.170A-17 ng Titulo 26 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon.

(c) Sa kaso ng anumang kulang na pagbabayad ng buwis na maiiugnay sa malaki o malubhang sobrang pagtataya o kulang na pagtataya ng halaga sa isang sertipikadong appraisal, maaaring magpataw ang lupon, ayon sa pagpapasya nito, ng parusa sa appraiser, na para bang ang appraiser na iyon ang “nagbabayad ng buwis” para sa mga layunin ng Seksyon 50312, ngunit walang ganoong parusa ang lalampas sa 2 porsiyento ng kulang na naipahayag na buwis, sa kaso ng malaking sobrang pagtataya o kulang na pagtataya ng halaga, o 4 na porsiyento ng kulang na naipahayag na buwis, sa kaso ng malubhang sobrang pagtataya o kulang na pagtataya ng halaga.

KABANATA 5. PAGLALAN AT MGA KREDITO

50306. (a) Karaniwang paraan ng paglalaan. Tungkol sa paglalaan ng buwis na ipinapataw ng bahaging ito sa pagitan ng maraming hurisdiksiyon, dapat mailapat ang mga tuntunin ng seksyong ito. Pinapalitan ng mga tuntunin sa kabanatang ito ang iba pang mga tuntunin, kabilang ang mga tuntunin tungkol sa paghahati ng kita para sa mga layunin ng paninirahan sa bahagi lamang ng taon. Isang daang porsiyento ng anumang buwis na ipinapataw sa ilalim ng mga Seksyon 50301 at 50304 ay inilalaan sa California para sa lahat ng naaangkop na indibidwal at naaangkop na trust, nang walang pagbabawas o multiplier batay sa kasaysayan ng paninirahan, kabilang kung ang isang indibidwal ay residente ng California bago ang petsa ng obligasyon sa buwis na inilalarawan sa subdibisyon (n) ng Seksyon 50308. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang paninirahan ay tinutukoy sa ilalim ng mga Seksyon 17014 at 17015.5 ayon sa petsa ng obligasyon sa buwis.

(b) Alternatibong paraan ng paglalaan.

(1) Karaniwang pamamaraan. Ang karaniwang pamamaraan ng paglalaan sa ilalim ng seksyong ito ay ang pamamaraang tinukoy sa subdibisyon (a).

(2) Kailan maaaring gamitin ang alternatibong paraan ng paglalaan. Kung hindi makatarungang kinakatawan ng karaniwang pamamaraan ng paglalaan ang lawak kung saan ang labis na yaman ng nagbabayad ng buwis ay naipon sa, o higit na napanatili ng, California, maaaring magpetisyon ang nagbabayad ng buwis o maaaring hilingin ng lupon sa isang paunawa ng iminumungkahing pagtasa na gumamit ng alternatibong pamamaraan ng paglalaan para sa lahat o anumang bahagi ng yaman ng nagbabayad ng buwis. Ang anumang alternatibong pamamaraan na pinagtibay sa ilalim ng subdibisyon na ito ay dapat ilapat bago kalkulahan ang anumang kredito sa ilalim ng Seksyon 50307.

(3) Mga petisyon, kinakailangang pagpapakita. Ang isang petisyon ay dapat pagbigyan lamang kung mapatutunayan ng partidong naghahain ng petisyon, sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya, na parehong totoo ang mga sumusunod:

(A) Ang labis na yaman ay hindi malaking bahagi na naipon sa California.

(B) Ang labis na yaman ay hindi malaking bahagi na napanatili sa California nang hindi bababa sa 365 araw sa kabuuan sa loob ng 48-buwang panahon na nagtatapos sa petsa ng paghalaga, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (o) ng Seksyon 50308.

(4) Alternatibong konstitusyonal. Bilang alternatibo, maaaring magtagumpay ang partidong naghahain ng petisyon sa pamamagitan ng pagtatatag na ipinagbabawal ng Konstitusyon ng United States, Konstitusyon ng California, o pederal na batas ang paggamit ng karaniwang pamamaraan sa lahat o bahagi ng yaman ng nagbabayad ng buwis.

(5) Pasanin at iminungkahing pamamaraan. Ang partidong naghahain ng petisyon ang may pasanang ipakita na ang karaniwang pamamaraan ay hindi makatarungan o walang bisa at magmungkahi ng mas makatarungan at makatwirang pamamaraan na praktikal na maisagawa. Kapag humiling ang lupon ng alternatibong pamamaraan sa isang paunawa ng iminungkahing pagtasa, ang lupon ang Bahagidong nagsasagawa ng aksyon sa harap ng Tanggapan ng mga Apela sa Buwis at may ganitong pasanin kaugnay ng alternatibong pamamaraan, at dapat malinaw na ilahad sa notice ang mga dahilan kung bakit hindi makatarungan ang karaniwang pamamaraan at ilarawan ang iminungkahing alternatibong pamamaraan.

(6) Pinakamababang porsiyento; konstitusyonal na valve ng kaligtasan. Ang relief sa ilalim ng subdibisyon na ito ay hindi dapat magpababa sa porsiyento ng paglalaan sa ibaba ng 25 porsiyento, maliban kung matukoy ng Tanggapan ng mga Apela sa Buwis, o ng isang hukuman sa pagsusuri, batay sa rekord na kinakailangan ang mas mababang porsiyento upang maiwasan ang labis na hindi proporsyonal na pagbubuwis na lumalabag sa mga Konstitusyon ng United States o California o sa namamahalang pederal na batas. Sa pagtukoy kung ang isang buwis ay labis na hindi proporsyonal, dapat isaalang-alang ng Tanggapan ng mga Apela sa Buwis at ng mga hukuman kung ang netong halaga ng nagbabayad ng buwis ay may makabuluhang kaugnayan sa California, at dapat bawasan ang porsiyento ng paglalaan, kabilang ang mas mababa sa 25 porsiyento at, kung naaangkop, hanggang zero, sa lawak na kinakailangan upang maiwasan ang pagbubuwis na arbitrario o lubhang hindi naaayon sa mga angkop na proporsiyon sa mga ugnayan ng nagbabayad ng buwis sa estadong ito.

(7) Mga regulasyon. Maaaring magpatibay ang lupon ng mga regulasyon na nagbibigay ng mga hindi eksklusibong halimbawa ng mga katanggap-tanggap na alternatibong pamamaraan at mga kinakailangang pagpapakita ng ebidensiya, na naaayon sa talata (2).

(8) Sa lawak na ang anumang probisyon o aplikasyon ng seksyong ito na tumutukoy sa paglalaan batay sa paninirahan ay mapatunayang walang bisa, labag sa konstitusyon, o kung hindi man ay hindi maipatutupad, ang paninirahan ay dapat pagkatapos ay tukuyin kaugnay ng naturang probisyon o aplikasyon alinsunod sa mga tuntuning namamahala sa personal income tax sa Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksyon 17001), kabilang ang mga Seksyon 17014 at 17015.5.

50307. (a) Bilang kredito laban sa buwis na ipinapataw ng bahaging ito, pahihintulutan ang halagang katumbas ng pro rata na bahagi ng nagbabayad ng buwis sa anumang mga buwis na binayaran sa isang buwis sa netong yaman na binubuwisan din sa ilalim ng bahaging ito, kung saan ang pro rata na bahagi ay ang ratio kung saan ang numerator ay ang kabuuang bilang ng mga araw na nanirahan ang nagbabayad ng buwis sa ibang estado o hurisdiksiyong nagpapatay ng buwis sa panahon ng taon ng buwis 2026 at ang denominator ay 365. Upang alisin ang anumang pagdududa, dahil ang direktang hawak na tunay na ari-arian ay hindi binubuwisan sa ilalim ng bahaging ito, walang mga kredito ang pinahihintulutan sa ilalim ng subdibisyon na ito para sa mga buwis sa direktang hawak na tunay na ari-arian.

(b) Bukod dito, pahihintulutan ang isang kredito laban sa mga buwis na binayaran sa ibang mga hurisdiksiyon sa lawak na kinakailangan ng Konstitusyon ng United States.

KABANATA 6. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON AT MGA DEPINISYON

50308. Para sa mga layunin ng bahaging ito, mailalapat ang mga sumusunod na depinisyon:

(a) Ang “Angkop na indibidwal” ay nangangahulugang, para sa taon ng buwis 2026, sinumang indibidwal na residente ng estadong ito, ayon sa kahulugan ng mga Seksyon 17014 at 17015.5, sa petsa ng obligasyon sa buwis na tinukoy sa subdibisyon (n).

(b) Ang “Angkop na trust” ay nangangahulugang anumang trust, maliban sa grantor trust o trust na libre sa buwis, residente man o hindi ng California ang trust, kung ang isang buhay pang naaangkop na indibidwal na may netong halagang isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000) o higit pa, o anumang entidad na bubuo ng isang kaugnay na tao kaugnay ng indibidwal na iyon, ay naglipat ng ari-arian sa trust. Kung higit sa isang indibidwal ang naglipat ng ari-arian sa trust, ang isang bahagi ng trust ay ituturing na isang naaangkop na trust, kung saan ang bahaging ituturing na ganoon ay kapareho ng proporsyon ng halaga ng mga asset na inilipat sa trust ng naaangkop na indibidwal, o anumang entidad na bubuo ng isang kaugnay na tao kaugnay ng indibidwal na iyon, sa kabuuang halaga ng mga asset na inilipat sa trust. Bukod dito, maaaring piliin ng anumang trust na maging isang naaangkop na trust sa pamamagitan ng pag-abiso sa lupon tungkol sa pagpiling iyon sa anumang paraang maaaring itakda ng lupon. Maaaring piliin ng isang indibidwal na may netong halagang isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000) o higit pa na naglipat ng ari-arian sa isang naaangkop na trust na ituring ang trust bilang bahagi ng netong halaga ng indibidwal na iyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa lupon tungkol sa pagpiling iyon sa anumang paraang maaaring itakda ng lupon. Sa kaso ng pagpiling iyon, ang trust ay hindi dapat hiwalay na sumailalim sa buwis sa ilalim ng Seksyon 50301.

(c) Ang “Lupon” ay nangangahulugang ang Franchise Tax Board.

(d) Ang “Nakadepende” ay dapat magkaroon ng parehong kahulugan na ibinigay sa terminong iyon sa Seksyon 152 ng Kodigo ng Panloob na Kita.

(e) Ang “Trust ng nagkawad” ay nangangahulugang anumang trust na magiging grantor trust para sa mga layunin ng income tax, at anumang trust na ang mga asset ay isasama sa estate ng grantor para sa mga layunin ng federal transfer tax.

(f) Ang “Netong halaga” ay nangangahulugang ang kabuuang halaga ng lahat ng asset at interes sa ari-arian na isinasalang-alang para sa nagbabayad ng buwis at sa kanyang asawa sa buong mundo sa ilalim ng Seksyon 50303 at iba pang naaangkop na probisyon ng bahaging ito sa petsa ng paghalaga na tinukoy sa subdibisyon (o), saanman residente ang asawang iyon, na binawasan ng kabuuang halaga ng lahat ng utang at iba pang pananagutan, sa lawak na pinahihintulutan ang mga pagbabawas sa ilalim ng Seksyon 50302. Upang maiwasan ang anumang pagdududa, ang mga asset na isinasalang-alang sa ilalim ng Seksyon 50303 ayon sa petsa ng paghalaga ay kasama sa netong halaga kahit nakuha ang mga ito pagkatapos ng petsa ng obligasyon sa buwis, at ang mga interes na itinaapon bago ang petsa ng paghalaga ay hindi kasama sa netong halaga, maliban sa lawak na kinakailangan ng bahaging ito, kabilang ngunit hindi limitado sa mga Seksyon 50303 at 50312, na isama sa netong halaga ng nagbabayad ng buwis ang mga inilipat, muling inuri, o hawak ng trust na mga asset o iba pang interes sa ari-arian.

(g) Ang “Opsyonal na inantalang account” o “ODA” ay nangangahulugang isang hindi pa napupuksa na account ng reserba sa buwis na pinamamahalaan ng Seksyon 50304.

(h) Ang “Tao” ay dapat magkaroon ng parehong kahulugan na ibinigay sa terminong iyon sa Seksyon 17007.

(i) Ang “Pribadong equity na entidad” ay nangangahulugang isang entidad ng negosyo, maliban sa isang entidad na

ipinagbibili sa publiko, mutual fund, o exchange-traded fund, na pangunahing nakikibahagi sa negosyo ng pamumuhunan sa iba pang mga negosyo.

(j) Ang “Ipinagbibili sa publiko na yaman” ay nangangahulugang isang asset na ipinagbibili sa isang exchange; ipinagbibili sa isang sekundaryong pamilihan kung saan madalas na ina-update ang mga presyo ng pagbebenta para sa asset na iyon; available sa isang online o elektronikong plataporma na regular na nagtutugma ng mga mamimili at nagbebenta; o anumang iba pang asset na tinutukoy ng lupon na may halagang madaling matukoy sa pamamagitan ng mga katulad na paraan.

(k) Ang “Kaugnay na tao” ay nangangahulugang sinumang tao na may kaugnayan sa nagbabayad ng buwis sa ilalim ng Seksyon 267 o 318 ng Kodigo ng Panloob na Kita noong Enero 1, 2026, gayundin ang anumang ibang tao na tinukoy ng mga regulasyong pinagtibay ng lupon.

(l) Ang “Malaking benepisyo” ay may kahulugang ibinigay sa terminong iyon ng United States Korte Suprema sa kaso ng United States v. American Bar Endowment (1986) 477 U.S. 105.

(m) Ang “Trust na libre sa buwis” ay nangangahulugang isang trust na hindi kasama sa federal income tax sa ilalim ng Seksyon 501 ng Kodigo ng Panloob na Kita.

(n) Ang “Petsa ng Obligasyon sa buwis” ay nangangahulugang Enero 1, 2026.

(o) Ang “Petsa ng Paghalaga” ay nangangahulugang Disyembre 31, 2026.

50309. (a) Ang pangongolekta at pangangasiwa ng buwis na inilalarawan sa bahaging ito ay pamamahalaan ng Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 18401), maliban kung hayagang napapalitan ng bahaging ito.

(b) Maaaring magpatibay ang lupon ng mga regulasyon upang ipatupad, bigyang-kahulugan, gawing partikular, o kung hindi man ay isagawa ang anumang probisyon ng bahaging ito.

(1) Maaaring kabilang sa mga regulasyon, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

(A) Pagtukoy sa mga mapang-abusong transaksyon na ang layunin ay baguhin ang katangian ng isang asset mula pampubliko tungo sa hindi pampubliko o kabaligtaran.

(B) Pagtukoy sa mga mapang-abusong transaksyon na ang layunin ay artipisyal na bawasan ang tinatayang halaga ng mga asset ng nagbabayad ng buwis.

(2) Hanggang Enero 1, 2028, ang mga probisyon sa paggawa ng mga tuntunin ng Batas sa Pamamaraan na Administratibo (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) ay hindi dapat mailapat sa anumang regulasyon, pamantayan, pamantayan sa pagtukoy, pamamaraan, pagpapasya, tuntunin, abiso, patnubay, o anumang iba pang gabay na itinatag o inilabas ng lupon alinsunod sa bahaging ito.

(3) Sa kabila ng Seksyon 19057 o anumang iba pang batas, ang bawat abiso ng isang iminumungkahing pagtatasa ng kakulangan sa ilalim ng bahaging ito kaugnay ng mga taong nabubuwan sa nagsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, at bago ang Enero 1, 2027, ay dapat ipadala sa pamamagitan ng koreo sa nagbabayad ng buwis sa loob ng 10 taon pagkatapos maihain ang return.

(c) Sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng pagpasa, dapat ilabas ng lupon ang mga form na kinakailangan para sa mga nagbabayad ng buwis na magbayad ng buwis na ipinapataw ng bahaging ito. Ang mga form na iyon ay maaaring maglaan para sa mga kalakip ng nagbabayad ng buwis na nagpapakita

ng pagsunod. Dapat amyendahan ng lupon ang mga Personal Income Tax Form, at amyendahan o lumikha ng iba pang mga form kung kinakailangan, para sa pag-uulat ng mga asset o iba pang impormasyong kapaki-pakinabang para sa pagpapatupad ng bahaging ito.

(d) Sa lawak na hindi salungat sa kabanatang ito, ang mga probisyon para sa pangangasiwa, pagtatasa, pangongolekta, pagpapatupad, at mga apela ng income tax ay dapat mailapat sa pagbubuwis sa netong halaga na ipinapataw ng bahaging ito.

50310. Awtoridad ng Lehislatura

Maaaring amyendahan ng Lehislatura ang Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026, sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng rollcall vote na itinala sa journal, na may pagsang-ayon ng dalawang-katlo ng mga miyembro, kung ang batas ay naaayon at nagsusulong sa mga layunin ng Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026.

50311. Maaaring Ihiwalay

(a) Ang mga probisyon ng Batas sa Buwis sa Bilyonaryo ng 2026, na tinutukoy rin bilang “batas,” ay maaaring ihiwalay. Bagama’t maingat na idinisenyo ang batas upang sumunod sa umiiral na batas, kung ang anumang probisyon ng batas o ang aplikasyon nito ay mapatunayang walang bisa, labag sa konstitusyon, o kung hindi man ay hindi maipatutupad, ang naturang pagtukoy ay hindi makaaapekto sa pagiging maipatutupad ng iba pang mga probisyon o aplikasyon.

(b) Sa pagpapatupad ng batas, ang isang hukuman, sa pinakamalawak na lawak na naaayon sa mga Konstitusyon ng United States at California, ay dapat panatilihin ang pagpapataw ng awtorisadong buwis, kabilang ang sa pamamagitan ng pagbabago sa mga petsa o panahon na tinukoy, gamit ang pinakamaliit na posibleng pagsasaayos upang malunasan ang anumang depektong konstitusyonal o iba pang legal na depekto, habang pinahihintulatang manatiling gumagana ang mga natitirang probisyon. Kung matukoy ng isang hukuman na ang pagpapataw ng pananagutan sa ilalim ng batas na ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa petsa ng obligasyon sa buwis na tinukoy sa subdibisyon (n) ng Seksyon 50308 o sa petsa ng paghalaga na tinukoy sa subdibisyon (o) ng Seksyon 50308, sa kabuuan o bahagi, ay salungat sa Konstitusyon ng United States, Konstitusyon ng California, o iba pang namamahalang pederal na batas, kung gayon, sa lawak ng naturang pagpapasiya, ang lahat ng pagtukoy sa batas at sa Seksyon 37 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California sa “petsa ng obligasyon na buwis” at “petsa ng paghalaga” ay dapat sa halip ipakahulugan bilang pagtukoy sa pinakamaagang petsa o mga petsa kasunod ng petsa ng obligasyon na buwis petsa ng paghalaga, kung naaangkop, kung kailan maaaring ipataw ang pananagutan alinsunod sa batas na iyon. Sa pagbabago ng anumang mga petsa o panahon na tinukoy sa batas, ang isang hukuman, sa pinakamalawak na lawak na pinahihintulutan ng batas, ay dapat panatilihin ang pagpapataw ng buwis para sa taon ng buwis 2026, o kung hindi iyon pinahihintulutan, para sa 2027 o sa pinakamaagang kasunod na taon na pinahihintulutan, habang pinananatili kung hindi man ang pangkalahatang istruktura at mga layunin ng batas na ito.

50312. Pagpapatupad at mga Parusa

(a) Ang isang nagbabayad ng buwis na napapailalim sa buwis na ipinapataw sa ilalim ng bahaging ito na may malaki o malubhang kulang na pag-uulat ng buwis para sa anumang taong nabubuwan ay sasailalim sa parusang ipinapataw sa ilalim ng seksyong ito. Ang isang kulang na pag-uulat ay malaki kung ang kulang na pag-uulat na iyon ay lumampas sa mas mataas sa mga sumusunod:

(1) Isang milyong dolyar (\$1,000,000).

(2) Dalawampung porsiyento ng buwis na ipinakita sa isang orihinal na return o ipinakita sa isang inamyendahang return na inihain sa o bago ang orihinal o pinalawig na takdang petsa ng return para sa taong nabubuwisan.

(b) Ang isang kulang na pag-uulat ay isang malubhang kulang na pag-uulat kung ang kulang na pag-uulat na iyon ay lumampas sa mas mataas sa mga sumusunod:

(1) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000).

(2) Apatnapung porsiyento ng buwis na ipinakita sa isang orihinal na return o ipinakita sa isang inamyendahang return na inihain sa o bago ang orihinal o pinalawig na takdang petsa ng return para sa taong nabubuwisan.

(c) Ang mga parusa ay ang mga sumusunod:

(1) Ang parusa para sa isang malaking kulang na pag-uulat sa ilalim ng seksyong ito ay isang halagang katumbas ng 20 porsiyento ng anumang kulang na pag-uulat ng buwis. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “kulang na pahayag ng buwis” ay nangangahulugang ang ay nangangahulugang ang halaga kung saan lumalampas ang buwis na ipinapataw ng bahaging ito sa halaga ng buwis na ipinakita sa isang orihinal na return o ipinakita sa isang inamyendahang return na inihain sa o bago ang orihinal o pinalawig na takdang petsa ng return para sa taong nabubuwisan.

(2) Ang parusa sa ilalim ng seksyong ito para sa isang malubhang kulang na pag-uulat ng buwis ay isang halagang katumbas ng 40 porsiyento ng anumang kulang na pag-uulat ng buwis.

(d) Ang parusang ipinapataw ng seksyong ito ay dagdag sa anumang iba pang parusang ipinapataw sa ilalim ng Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 18401), o anumang iba pang batas.

(e) Ang refund o kredito para sa anumang halagang binayaran upang matugunan ang isang parusang ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay maaaring pahintulutan lamang sa batayan na ang halaga ng parusa ay hindi wastong nakalkula ng lupon.

(f) Walang parusa ang dapat ipataw sa ilalim ng seksyong ito sa anumang kulang na pag-uulat sa lawak na ang kulang na pag-uulat ay maiuugnay sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang pagbabago sa batas na ginawa, pinagtibay bilang tuntunin, inilabas, o naging pinal pagkatapos ng alinman sa mga sumusunod na petsa, alinman ang mas maaga:

(A) Ang petsa kung kailan inihain ng nagbabayad ng buwis ang return para sa taong nabubuwisan kung kailan ipinatutupad ang pagbabago.

(B) Ang pinalawig na takdang petsa para sa return ng nagbabayad ng buwis para sa taong nabubuwisan kung kailan ipinatutupad ang pagbabago.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyon na ito, ang “pagbabago ng batas” ay nangangahulugang isang pagbabago ayon sa batas o isang interpretasyon ng batas o tuntunin ng batas sa pamamagitan ng regulasyon o legal na pasya ng counsel, ayon sa kahulugan ng subdibisyon (b) ng Seksyon 11340.9 ng Kodigo ng Pamahalaan, o isang inilathalang desisyon ng pederal o hukuman ng California.

(3) Dapat ipatupad ng lupon ang subdibisyon na ito sa isang makatwirang paraan.

(g) Walang parusa ang dapat ipataw sa ilalim ng seksyong ito sa lawak na ang kulang na pag-uulat ng nagbabayad ng buwis ay maiuugnay sa makatuwirang pag-asa ng nagbabayad ng buwis sa nakasulat na payo ng lupon, ngunit tanging kung ang nakasulat na payo ay isang legal na pasya ng punong abogado, ayon sa kahulugan ng talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 21012.

(h) Ang halaga ng kulang na pag-uulat sa ilalim ng subdibisyon (a) ay dapat bawasan ng bahaging iyon ng kulang na pag-uulat na maiuugnay sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang pagtrato sa buwis sa anumang item ng nagbabayad ng buwis kung mayroong o nagkaroon ng malaking awtoridad para sa naturang pagtrato.

(2) Anumang item kung naaangkop ang mga sumusunod:

(A) Ang mga kaugnay na katotohanang nakaaapekto sa pagtrato sa buwis sa item ay sapat na isiniwalat sa return o sa isang pahayag na kalakip ng return.

(B) May makatwirang batayan para sa pagtrato sa buwis ng item na iyon ng nagbabayad ng buwis.

(i) Sa kabila ng subdibisyon (a) ng Seksyon 18567, ang lupon ay magbibigay ng mga pagpapalawig ng anim na buwan upang maghain ng buwis para lamang sa taon ng buwis 2026. Sa kabila ng subdibisyon (b) ng Seksyon 18567, ang mga parusang ipinapataw ng seksyong ito ay hindi naaangkop sa mga tinanyang bayad na kailangang gawin pagsapit ng Abril 2027. Ang mga parusang ipinapataw sa ilalim ng seksyong ito ay naaangkop sa mga panghuling bayad para sa taon ng buwis 2026 na ginawa sa Oktubre 2027. Ang Seksyon 18567 ay naaangkop sa buwis na ipinapataw ng batas na ito para sa lahat ng taon pagkatapos ng 2027.

(j) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, maaaring kumuha ang lupon at magbayad ng makatwirang bayad sa sinumang panlabas na eksperto o panlabas na abogado, kung naaangkop, upang makatulong sa ganap na pangangasiwa at pagkolekta ng buwis na pinahihintulutan ng bahaging ito. Bagama’t maaaring saklawin ang mga bayaring iyon ng halagang itinakda sa subdibisyon (e) ng Seksyon 16355 ng Kodigo ng Pamahalaan, maaaring humingi ang lupon ng karagdagang pagpopondo para sa reimbursement kung kinakailangan.

(k) Pangkalahatang tuntunin laban sa pag-iwas.

(1) Kung matukoy ng lupon na ang isang transaksyon o serye ng mga transaksyon ay walang ekonomikong substansiya, o na ang isang malaking layunin ng anumang transaksyon o serye ng mga transaksyon ay upang makakuha ng benepisyo sa buwis kaugnay ng bahaging ito na hindi nilayon ng mga botante o ng Lehislatura, maaaring tukuyin ng lupon ang mga kahihinatnan sa buwis para sa sinumang tao sa paraang makatwiran batay sa lahat ng katotohanan at kalagayan upang ipagkait ang benepisyo ng iyon.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyon na ito, ang isang transaksyon o serye ng mga transaksyon ay ituturing na walang ekonomikong substansiya kung ang tao ay walang wasto at malaking layuning pangnegosyo na hindi kaugnay sa buwis para sa pagpasok sa transaksyon o serye ng mga transaksyon, na isinasalang-alang ang pangkalahatang epekto sa ekonomiya ng transaksyon o serye ng mga transaksyon bukod sa mga epekto ng buwis ng estado at pederal.

(l) Mga alokasyon sa kontroladong grupo; substansiya kaysa anyo.

(1) Sa anumang kaso ng dalawa o higit pang organisasyon, kalakalan, negosyo, entidad, o kaayusang pagmamay-ari o kontrolado, direkta man o hindi direkta, ng parehong mga interes, maaaring ipamahagi, hatiin, o ilaan ng lupon ang mga asset, pananagutan, o anumang iba pang item na kaugnay sa pagtukoy ng netong halaga sa ilalim ng bahaging ito sa pagitan o sa mga taong iyon kung matukoy ng lupon na kinakailangan ang naturang pamamahagi, paghahati, o paglalaan upang maiwasan ang pag-iwas sa buwis na ipinapataw ng bahaging ito o upang malinaw na maipakita ang pagmamay-ari at pakinabang na pang-ekonomiya sa mga item ng buwis na iyon.

(2) Sa paggamit ng awtoridad nito sa ilalim ng talata (1), maaaring balewalain ng lupon ang anumang entidad, kaayusan, o transaksyon na walang ekonomikong substansiya, ituring ang mga kaugnay na transaksyon bilang isang transaksyon sa ilalim ng doktrina ng hakbang na transaksyon, o kung hindi man ay bigyang-bisa ang substansiya kaysa sa anyo ng transaksyon.

(m) Paggamit ng mga doktrina sa buwis sa kita; walang ipinahiwatig na mga exemption.

(1) Sa pagpapatupad ng bahaging ito, maaaring umasa ang lupon, at maaaring gamitin ng mga hukuman, ang mga legal na prinsipyong binuo kaugnay ng interpretasyon at pagpapatupad ng mga buwis sa kita ng estado at pederal, kabilang, nang walang limitasyon, ang mga doktrinang kaugnay sa ekonomikong substansiya, layuning pangnegosyo, mga pekeng transaksyon, mga hakbang na transaksyon, at substansiya kaysa anyo.

(2) Walang mga exemption, exclusion, o deduction mula sa buwis na ipinapataw ng bahaging ito maliban sa mga hayagang pinahihintulutan sa bahaging ito o sa Seksyon 37 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California.

(n) Kapangyarihan ng lupon. Nang hindi nagpapahiwatig tungkol sa mga kapangyarihan ng lupon kaugnay ng anumang iba pang buwis, kung hindi sumasang-ayon ang lupon sa isang desisyon ng Tanggapan ng mga Apela sa Buwis, maaaring magsampa ang lupon ng aksyon sa hukumang superyor para sa isang bagong paglilitis.

50313. Konstruksyon

Ang mga probisyon ng bahaging ito ay dapat bigyang-kahulugan nang maluwag upang maisakatuparan ang mga layunin nito.

50314. Pinabilis na Pagsusuri

(a) Ang layunin ng seksyong ito ay magbigay ng pinabilis at tiyak na paglutas sa bisa sa unang tingin ng batas na ito sa pamamagitan ng isang aksyon ng pagpapatibay.

(b) Ang isang aksyon o pamamaraan upang matukoy kung ang buwis na ipinapataw ng batas na ito, o lahat ng pamamaraan kaugnay nito, ay konstitusyonal o kung hindi man ay walang bisa sa unang tingin, at isinampa lamang upang matukoy ang bisa ng batas na ito o anumang bahagi nito, ay dapat simulan alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 860) ng Titulo 10 ng Bahagi 2 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil.

(c) Ang isang aksyon ng pagpapatibay ay hindi dapat isampa nang higit sa 60 araw pagkatapos ng pag-apruba ng mga botante sa batas. Kung walang aksyong isinampa sa loob ng panahong iyon, ang buwis at lahat ng pamamaraan na kaugnay nito, kabilang ang pagpapatibay at pag-apruba sa batas, ay ituturing na balido sa unang tingin at ganap na legal at hindi maaaring tutulan sa anumang paraan.

(d) Ang Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 860) ng Titulo 10 ng Bahagi 2 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil ay mamamahala sa lahat ng aksyon ng pagpapatibay sa ilalim ng seksyong ito, ngunit, sa kabila ng anumang iba pang batas:

(1) Ang tanging venue para sa anumang aksyon ng pagpapatibay ay ang Hukumang Superyor ng Sacramento County, kung saan ang lahat ng aksyon ay pagsasamahin kahit man lamang para sa paglilitis, o sa lawak na itatakda ng hukuman.

(2) Anumang apela mula sa isang pasyang hindi pabor sa nag-apela sa Hukumang Superyor ng Sacramento County ay dapat direktang ihain sa Korte Suprema ng California, nang hindi dumaraan sa pagrepaso ng immediate na hukuman ng apela (Court of Appeals), nang walang agad na pagrepaso ng apela.

(3) Kung pagbibigyan ng Korte Suprema ang isang petisyon para sa pagrepaso, diringgin nito sa pinabilis na paraan ang anumang apela o writ na may kinalaman sa bisa ng batas na ito.

(4) Napapailalim sa mga kinakailangang pagsasaayos ng naaangkop na hukuman upang matugunan ang pinabilis at maayos na paggawa ng desisyong panghukuman, gagawin ng Hukumang Superyor ng Sacramento ang lahat ng pagsisikap upang malutas ang anumang aksyon ng pagpapatibay pagsapit ng Abril 1, 2027, at gagawin ng Korte Suprema ng California ang lahat ng pagsisikap upang malutas ang anumang proceeding sa pagsusuri pagsapit ng Nobyembre 1, 2027, o sa salong madaling panahon pagkatapos nito. Ang mga iskedyul para sa briefing at pagdinig ay itatakda kung kinakailangan upang matugunan ang mga petsang ito.

(5) Ang Seksyon 868 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil ay hindi naaangkop sa mga aksyong isinampa sa ilalim ng seksyong ito.

(e) Ang estado, ahensiya ng pamahalaan, alinman sa mga opisyal nito, sinumang iba pang employer ng pamahalaan, ang proponent, o kung walang proponent, sinumang mamamayan ng estadong ito ay isang "interesadong tao" sa ilalim ng Seksyon 863 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil.

SEK. 8. Mga Salungatan.

Ang batas na ito ay nagtatakda ng buwis sa netong halaga, hindi sa kita, ng mga bilyonaryo. Kung ang panukalang ito at isa pang panukala na nagpapataw ng buwis o nakaaapekto sa mga rate ng buwis sa netong halaga, hindi sa kita, ng mga bilyonaryo, o nagtatakda ng paggamit ng mga pondo mula sa buwis sa netong halaga ng mga bilyonaryo, ay lumitaw sa parehong pambuong-estado na balota, ang mga probisyon ng iba pang panukala o mga panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay makatanggap ng mas malaking bilang ng mga boto na pabor kaysa sa isang panukalang itinuturing na salungat dito, mananaig nang buo ang mga probisyon ng panukalang ito, at ang anumang salungat na probisyon ng iba pang panukala o mga panukala ay magiging hindi balido at walang bisa.

SEK. 9. Katayuan ng Tagapagpanukala.

Ang layunin ng seksyong ito ay tiyakin ang buo at kumpletong pagtatanggol sa batas na ito, protektahan ang karapatan ng mga tao sa inisyatiba at ang karapatan ng mga tao na pumili kung sino ang magtatanggol sa batas na ito sa hukuman. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, ang estado, ahensiya ng pamahalaan, alinman sa mga opisyal nito, sinumang iba pang employer ng pamahalaan, ang proponent, o kung walang proponent, sinumang mamamayan ng estadong ito ay maaaring ipagtanggol ang legalidad ng batas na ito, gaya ng itinatadhana rito sa pamamagitan ng aksyon ng pagpapatibay o gaya ng maaaring maging available sa ibang paraan, at awtorisadong direktang magsampa ng kaso o makialam para sa layuning ipagtanggol ang batas na ito, sa trial court, sa apela, sa pagsusuri ng Korte Suprema of California o sa paggamit nito ng orihinal na hurisdiksiyon, o sa Korte Suprema ng United States. Ang makatwirang mga bayarin at gastos sa pagtatanggol sa batas at pagtataguyod sa bisa nito, kung hindi ipagtatanggol ng Abogado Heneral ang batas, ay sisingilin sa mga pondong inilaan sa Abogado Heneral, na dapat agad bayaran.

PROPOSISYON 41

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Konstitusyon ng California; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay makikilala at maaaring banggitin bilang Batas ng 2026 para sa Pagpapabuti ng Kalinawan, Pagkamabisa, at Kahusayan sa Pamahalaan ng California.

SEK. 2. Mga Natuklasan at Pagpapahayag.

Ang mga tao ng Estado ng California ay sa pamamagitan nito ay nakatuklas at nagpapahayag ng mga sumusunod:

(a) Araw-araw, ang mga taga-California ay nahaharap sa krisis sa pagiging abot-kaya. Patuloy na tumataas ang mga gastos para sa pabahay, pagkain, kuryente, pangangalagang pangkalusugan, seguro sa bahay at sasakyan, at marami pang ibang pangunahing pangangailangan sa buhay.

(b) Ang mga taga-California ay kabilang na sa mga taong may pinakamataas na buwis sa United States. Napagpasyahan sa isang kamakailang pagsusuri ng isang di-partidistang institusyon ng pananaliksik na ang California ay nasa ika-48 sa bansa sa pagpapataw ng mga buwis sa populasyon nito, kapag isinasalang-alang ang mga indibidwal na buwis sa kita, mga buwis sa pagbebenta, mga buwis sa ari-arian, at iba pang anyo ng pagbubuwis. Ang California ay may pinakamataas na buwis sa pagbebenta ng estado sa buong bansa, pinakamataas na pinakamataas na antas ng buwis sa kita, at pinakamataas na buwis sa gasolina, bukod sa iba pang mga palatandaan.

(c) Ang mga pampublikong programa ay nagbibigay ng mga serbisyong lubhang kailangan, kabilang ang para sa mga bata, pamilya, at mga pinakamahina sa ating estado. Ngunit bilyun-bilyong dolyar ng ating mga buwis ang napunta sa mga programang tulad ng mga pagsisikap para sa kawalan ng tirahan, na napakakaunti ng naipakitang resulta.

(d) Bago hilingin sa mga nagbabayad ng buwis na magbayad ng higit pa sa kanilang pinaghirapang pera upang suportahan ang mga programang hindi epektibo, dapat tayong magpatupad ng higit na transparency at masusubaybayang pag-unlad ng mga pagpapahusay sa programa upang matiyak na ititigil natin ang pagpopondo sa kabiguan at sisimulan ang pagpopondo sa matagumpay na mga resulta. Dapat gamitin ng pamahalaan ang ating mga dolyar na buwis nang mas matalino.

(e) Ang ilan sa mga pagsisikap na ito ay isinasagawa na. Halimbawa, hinangad ng Administrasyon ni Newsom na dagdagan ang kahusayan sa pamahalaan sa pamamagitan ng higit na paggamit ng teknolohiya at automation, paglikha ng isang Opisina ng Inobasyon ng mga Datos, at pagsasagawa ng modernisasyon ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor. Ito ay naaayon sa mga naunang pagsisikap na isinagawa ni Pangulong Obama sa pederal na antas na naglalayong bawasan ang pag-aaksaya sa pamahalaan at bawasan ang mga programang hindi mahusay ang pagganap.

(f) Gayunpaman, bagama't magandang simula ang mga kasalukuyang pagsisikap na ito, dapat pang dagdagan ang mga ginagawa upang mabawasan ang kawalan ng kahusayan at maputol ang pag-aaksaya sa pamahalaan. Halimbawa, natuklasan sa mga kamakailang pag-aaral na hanggang 25 sentimo sa bawat dolyar sa ilang programa ay nawawala dahil sa kawalan ng kahusayan o pag-aaksaya.

(g) Gayunpaman, patuloy na nagmumungkahi ang Lehislatura at mga grupo ng espesyal na interes ng mga bago at mas mataas na buwis para sa mga proyektong pansarili nang hindi ginagawa ang mahirap na gawain ng pagtiyak na ginagamit na ng mga programa ng pamahalaan ang kanilang kasalukuyang mga kita nang pinakamabisa at pinakamahusay hangga't maaari. May

karapatan ang mga taga-California na hilingin na pagbutihin ng pamahalaan ng estado ang pagiging epektibo at kahusayan ng mga programa at bawasan ang pag-aaksaya bago hilingin sa atin na magbayad ng mas mataas pang mga buwis—na lalo lamang nagpapalala sa ating krisis sa gastos sa pamumuhay.

(h) Noong 1979, inaprubahan ng mga botante ng California ang isang limitasyon sa paggasta ng estado upang makatulong na masuri ang maaksayang paggasta at mahikayat ang mas epektibong pamahalaan—at upang ibalik sa mga nagbabayad ng buwis ang anumang labis na kita na lampas sa limitasyon. Gayunpaman, sa mga sumunod na taon, paulit-ulit na nagpasa ang mga espesyal na interes ng mga bagong buwis na nagbukod sa kanilang sarili mula sa limitasyon sa paggasta ng estado. Pinapataas nito nang higit pa ang mga buwis at ginagawang mas hindi malamang na ang labis na kita ng estado ay maibalik sa mga nagbabayad ng buwis.

(i) Upang matiyak na ang paggasta ng estado ay hindi na lalong mawawala sa kontrol bago magkaroon ng nilalayong epekto ang mga bagong kinakailangan ng batas na ito sa kahusayan at kalinawan, dapat nating pigilan ang anumang bagong buwis na maibukod mula sa limitasyon sa paggasta ng estado. Napakahalaga ng pagprotekta sa limitasyon sa paggasta ng estado na inaprubahan ng mga botante upang maging mas mahusay na tagapangasiwa ang pamahalaan ng estado sa mga dolyar ng buwis ng mga taga-California, gaya ng nilalayan ng batas na ito. Mas malamang na epektibo at mahusay na gastusin ng pamahalaan ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis kapag kailangang mamuhay ang pamahalaan ayon sa mga kakayahan nito sa ilalim ng limitasyon sa paggasta ng estado.

SEK. 3. Pahayag ng Layunin.

Sa pagpapatibay ng batas na ito, layunin at hangarin ng mga tao ng Estado ng California na atasan ang Tagasuri ng Estado ng California na magsagawa ng mga pauna at patuloy na pagsusuri sa lahat ng programa ng estado na nilalayong tumanggap ng kita mula sa mga bago o mas mataas na espesyal na buwis. Dapat tukuyin ng mga pagsusuri ang mga lugar ng posibleng pagtitipid at pagpapahusay at dapat ibahagi sa publiko ang mga resulta upang matiyak na talagang kinakailangan ang karagdagang pagpopondo, na naghahatid ng mga resulta ang mga pampublikong programa, at na ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis ay hindi nawawala dahil sa kawalan ng kahusayan, pag-aaksaya, o maling paggamit—habang ipinagbabawal din ang mga exemption mula sa limitasyon sa paggasta ng estado na nag-uutos ng kahusayan at disiplina sa pamahalaan ng estado.

SEK. 4. Idinaragdag ang Artikulo XXIV sa Konstitusyon ng California, na mababasa bilang sumusunod:

ARTIKULO XXIV

PAGPROTEKTA SA MGA DOLYAR NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

SEKSYON 1. *Mga pagsusuri Bago ang Halalan para sa mga Inisyatiba sa Espesyal na Buwis*

(a) *Kapag ang isang sertipikasyon para sa isang iminumukahing inisyatiba sa espesyal na buwis ay isinumite sa Kalihim ng Estado alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 9034 ng Kodigo ng mga Halalan, sisimulan ng Tagasuri ng Estado ng California ang paghahanda ng isang pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan para sa bawat programang tatanggap ng mga pondo mula sa espesyal na buwis.*

(b) *Ang isang pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan ay dapat, sa pinakamababa, tumalakay sa lahat ng sumusunod na usapin:*

(1) Kung ang programa ay kasalukuyang kumukuha ng mga mapagkukunan, kabilang ang mga kawani, kagamitan, teknolohiya at computer software, at mga pasilidad, sa pinakamababang gastos para sa kinakailangang kalidad.

(2) Kung napapalaki ang programa ang output nito para sa bawat dolyar na ginagastos.

(3) Ang lawak kung saan aktuwal na nakakamit ng programa ang mga nilalayong layunin at resulta nito.

(4) Ang halaga ng aktuwal at potensyal na pandaraya, pag-aaksaya, at maling paggamit sa programa, at ang pagiging sapat ng mga kasalukuyang sistema na nilalayong maiwasan ang pandaraya, pag-aaksaya, at maling paggamit.

(5) Isang pagtatasa kung sumusunod ang programa sa mga kaugnay na batas, regulasyon, at panloob na patakaran.

(6) Isang pagtatasa kung natukoy ng programa ang pinakamalalaking banta rito at kung mayroon itong plano upang mabawasan ang mga ito.

(7) Ang lawak kung saan tumpak at maaasahan ang datos na ginagamit o pinagkakatiwalaan ng programa upang gumawa ng mga desisyon.

(8) Kung ang programa ay may sapat na mga linya ng pananagutan at pangangasiwa.

(9) Kung paano inihahambing ang mga gastos ng programa sa anumang katulad na programa sa sektor na hindi pampamahalaan.

(10) Mga rekomendasyon kung paano makakamit ng programa ang pagtitipid sa badyet na hindi bababa sa 10 porsiyento taun-taon.

(c) Sa paghahanda ng pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan na kinakailangan ng seksyong ito, hihiling ang Tagasuri ng Estado ng California ng mga komento mula sa Tanggapan ng Pambatasang Manunuri (LAO), at maaaring umasa sa impormasyong nakapaloob sa mga ulat, pagsusuri, at rekomendasyon ng tanggapan.

(d) Dapat isama ng Tagasuri ng Estado ng California sa pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan ang isang ehekutibong buod na nagbubuod sa lahat ng natuklasan at rekomendasyon tungkol sa mga usaping inilarawan sa subdibisyon (b).

(e) (1) Ang mga kopya ng pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan ay dapat ihatid sa Gobernador, sa Lehislatura, at sa Kalihim ng Estado, at dapat ilathala sa website ng Tagasuri ng Estado ng California at gawing available sa publiko.

(2) Kung ang inisyatiba sa espesyal na buwis ay kwalipikado para sa balota gaya ng itinatadhana sa Artikulo II, ang ehekutibong buod mula sa pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan ay dapat ilimbag sa patnubay na impormasyon para sa botante ng estado kaagad pagkatapos ng walang-kinikilingang pagsusuring inihanda ng Pambatasang Manunuri. Dapat kumpletuhin ng Tagasuri ng Estado ng California ang pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan, kabilang ang ehekutibong buod, sa petsang sapat upang matugunan ang mga deadline para sa pampublikong pagpapakita ng patnubay na impormasyon para sa botante ng estado.

(f) Kung ang inisyatiba sa espesyal na buwis ay inaprubahan ng mga botante, dapat bayaran muli ang Tagasuri ng Estado ng California mula sa kitang nalikha ng inisyatiba sa espesyal na buwis para sa mga makatwirang gastos na natamo sa paghahanda ng pagsusuri sa pananalapi at pagganap bago ang halalan, gaya ng tinutukoy ng Controller.

SEK. 2. Mga Patuloy na Pagsusuri para sa Lahat ng Bago o Mas Mataas na Espesyal na Buwis

(a) (1) Para sa lahat ng espesyal na buwis na pinagtibay ng Lehislatura o sa pamamagitan ng isang pambuon-estadong inisyatibang panukala sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, dapat magsagawa ang Tagasuri ng Estado ng California ng patuloy na mga pagsusuri sa pananalapi at pagganap ng bawat programang tumatanggap ng mga pondo mula sa espesyal na buwis.

(2) Simula sa petsa ng bisa ng espesyal na buwis, dapat kumpletuhin ang isang patuloy na pagsusuri sa pananalapi at pagganap kada apat na taon.

(b) Ang isang patuloy na pagsusuri sa pananalapi at pagganap na kinakailangan ng seksyong ito ay dapat tumalakay sa mga sumusunod:

(1) Lahat ng usaping inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1 ng artikulong ito.

(2) Mga rekomendasyon kung paano mapapabuti ng programa ang pagiging epektibo at mababawasan ang mga gastos o kung paano nito mababawasan ang pasaning ipinapataw ng programa sa mga nagbabayad ng buwis at kita ng estado.

(c) (1) Sa paghahanda ng mga patuloy na pagsusuri sa pananalapi at pagganap na kinakailangan ng seksyong ito, hihiling ang Tagasuri ng Estado ng California ng mga komento mula sa Tanggapan ng Pambatasang Manunuri (LAO), at maaaring umasa sa impormasyong nakapaloob sa mga ulat, pagsusuri, at rekomendasyon ng tanggapan.

(2) Dapat ding hilingin ng Tagasuri ng Estado ng California ang mga komento mula sa publiko upang makatulong sa pagtatakda ng mga pamantayang ginagamit nito sa pagsukat ng pagiging epektibo ng mga programa at sa mga pagpapasya nito kung paano maaaring gastusin nang mas epektibo ang mga dolyar ng buwis.

(d) Dapat bayaran muli ang Tagasuri ng Estado ng California mula sa kitang nalikha ng espesyal na buwis para sa mga makatwirang gastos na natamo sa paghahanda ng mga patuloy na pagsusuri sa pananalapi at pagganap, gaya ng tinutukoy ng Controller.

SEK. 3. Pagbabawal sa mga Exemption mula sa Limitasyon sa Paggasta ng Estado

(a) Walang buwis ng estado na pinagtibay o magkakabisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, ang maaaring bigyan ng exemption o ibukod mula sa Limitasyon sa Paggasta ng Pamahalaan.

(b) Hindi dapat magpataw, mangolekta, o magpatupad ang Estado ng California ng anumang buwis ng estado na pinagtibay o magkakabisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, kung ang buwis ng estado ay binigyan ng exemption o ibinukod mula sa Limitasyon sa Paggasta ng Pamahalaan.

SEK. 4. Para sa mga layunin ng artikulong ito:

(a) Ang “Tagasuri ng Estado ng California” ay nangangahulugang ang Tagasuri ng Estado ng California gaya ng inilalarawan sa Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 8543) ng Dibisyon 1 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang “hindi saklaw o hindi kasama sa Limitasyon sa Paggasta ng Pamahalaan” ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang mga kita mula sa buwis ng estado ay idineposito, sa kabuuan o bahagi, sa isang partikular na pondo o account sa labas ng Pangkalahatang Pondo, at ang mga paglalaan mula sa partikular na pondong iyon o account ay hindi kasama sa mga paglalaang napapailalim sa limitasyon ng bawat entidad ng pamahalaan at ng Estado ng California sa ilalim ng Artikulo XIII B.

(2) *Ang limitasyon sa mga paglalaan para sa Estado ng California ay pinapataas ng batas alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XIII B.*

(c) *Ang “Limitasyon sa Paggastos ng Pamahalaan” ay nangangahulugang Artikulo XIII B.*

(d) *Ang “espesyal na buwis” ay nangangahulugang isang buwis na maaari lamang gamitin upang pondohan ang mga partikular, sa halip na walang limitasyong, layunin.*

(e) *Ang “inisyatiba sa espesyal na buwis” ay nangangahulugang isang inisyatibang panukala na iminungkahi alinsunod sa Seksyon 8 ng Artikulo II, o Seksyon 3 ng Artikulo XVIII, na naglalaman ng isang espesyal na buwis.*

SEK. 5. *Ang artikulong ito ay naaangkop sa lahat ng pambuong-estadong inisyatibang panukala na isinumite sa mga botante sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, kabilang ang mga panukalang lumilitaw sa balota sa parehong halalan kung saan inaprubahan ng mga botante ang panukalang nagdaragdag ng artikulong ito.*

SEK. 5. Mga Magkakasalungat na Panukala.

(a) (1) Kung ang inisyatibang panukala na ito ay lumitaw sa parehong balota para sa halalan sa buong estado kasama ng isa pang inisyatibang panukala na (A) nagpapataw ng ibang mga tuntunin sa pagsusuri para sa mga espesyal na buwis; o (B) naglalaman ng buwis ng estado na binigyan ng exemption o ibinukod mula sa Limitasyon sa Paggasta ng Pamahalaan, ang iba pang inisyatibang panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Kung ang inisyatibang panukala na ito ay makatanggap ng mas malaking bilang ng mga boto na pabor, mananaig nang buo ang mga probisyon ng panukalang ito, at ang lahat ng probisyon ng iba pang panukala ay magiging walang bisa.

(2) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “espesyal na buwis” ay magkakaroon ng parehong kahulugan gaya ng itinakda sa Seksyon 4 ng batas na ito.

(b) Kung ang inisyatibang panukala na ito ay inaprubahan ng mga botante ngunit napalitan nang buo o bahagi ng anumang iba pang salungat na inisyatibang panukala na inaprubahan ng mga botante sa parehong halalan, at ang naturang salungat na panukala ay kalaunang mapawalang-bisa, ang panukalang ito ay awtomatikong magkakabisa at bibigyan ng ganap na bisa at epekto.

SEK. 6. Maaaring Ihiwalay.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, clause, subclause, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng batas na ito ay sa anumang dahilan mapawalang-bisa sa pamamagitan ng desisyon ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang desisyong iyon ay hindi makaaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito. Sa pamamagitan nito ay ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California na kanilang pinagtibay sana ang batas na ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, clause, subclause, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon nito na hindi idineklarang walang bisa o labag sa konstitusyon, nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o aplikasyon nito ay kalaunang idedeklarang walang bisa.

SEK. 7. Petsa ng Pagkakabisa.

Ang batas na ito ay magkakabisa sa pinakamaagang posibleng petsa alinsunod sa Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California. Ang batas na ito ay magiging operatibo sa parehong araw na ito ay magkakabisa.

SEK. 8. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas na ito ay dapat bigyang-kahulugan nang maluwa upang maisakatuparan ang layunin at mga hangarin nito.

SEK. 9. Legal na Pagtatanggol.

Ang layunin ng seksyong ito ay upang matiyak na ang mahalagang karapatan ng mga tao sa inisyatiba ay hindi maaaring mapawalang-bisa ng mga pulitiko ng estado na tumatangging ipagtanggol ang kagustuhan ng mga botante. Samakatuwid, kung ang batas na ito ay inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkatapos ay hinarap ng isang legal na hamon na nagtatangkang limitahan ang saklaw o aplikasyon ng batas na ito sa anumang paraan, o nagsasabing nilalabag ng batas na ito ang anumang batas ng estado o pederal nang buo o bahagi, at kapwa tumangging ipagtanggol ng Gobernador at Abogado Heneral ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible sa ngalan ng Estado ng California, dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang:

(a) Sa kabila ng anumang salungat na nilalaman sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang iba pang batas, dapat magtalaga ang Abogado Heneral ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago magtalaga o pagkatapos ay magpalit ng independiyenteng abogado, dapat magsagawa ang Abogado Heneral ng nararapat na pagsusumikap upang matukoy ang mga kwalipikasyon ng independiyenteng abogado at dapat kumuha ng nakasulat na pagpapatibay mula sa independiyenteng abogado na tapat at masigasig nitong ipagtatanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible. Ang nakasulat na pagpapatibay ay dapat gawing available sa publiko kaagad kapag hiniling.

(c) Upang suportahan ang pagtatanggol sa batas na ito sa mga pagkakataong hindi ito ginagawa ng Gobernador at Abogado Heneral sa kabila ng kagustuhan ng mga botante, sa pamamagitan nito ay gumagawa ng tuloy-tuloy na paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo para sa Controller, nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa halagang kinakailangan upang saklawin ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California sa pinakamalawak na lawak na posible.

PROPOSISYON 42

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Konstitusyon ng California; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bagong.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay makikilala at maaaring banggitin bilang Batas ng 2026 para sa Proteksyon ng Pangretiro at Parsonal na Naiimpok.

SEK. 2. Mga Natuklasan at Pagpapahayag.

(a) Ang mga pamilya sa California ay nagbabayad nang higit para sa lahat ng bagay at nagbabayad na tayo ng ilan sa pinakamataas na buwis sa bansa. Napagpasyahan sa isang kamakailang pagsusuri ng isang walang partido na institusyong pananaliksik na ang California ay nasa ika-3 na pinakamasama sa bansa sa pagpapataw ng mga buwis sa populasyon nito kapag isinasalang-alang ang

mga indibidwal na buwis sa kita, mga buwis sa pagbebenta, mga buwis sa ari-arian, at iba pang anyo ng pagbubuwis. Ang California ay nahuhuli lamang sa New Jersey at sa District of Columbia sa bagay na ito. Mayroon ding pinakamataas na buwis sa pagbebenta ng estado sa buong bansa ang California, pinakamataas na antas ng buwis sa kita, at pinakamataas na buwis sa gasolina, bukod sa iba pang mga palatandaan.

(b) Araw-araw, nahaharap din ang mga taga-California sa krisis sa pagiging abot-kaya. Patuloy na tumataas ang mga gastos para sa pabahay, pagkain, kuryente, pangangalagang pangkalusugan, seguro sa bahay at sasakyan, at marami pang ibang pangunahing pangangailangan sa buhay. Nahihirapan sa ekonomiya ang mga taga-California upang matugunan lamang ang kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan. Mas mahirap pa ang mag-ipon para sa pagreretiro o para sa panahon ng pangangailangan. Dahil sa napakataas na halaga ng pamumuhay sa estado, iminumungkahi sa isang kamakailang pagsusuri na kailangang magkaroon ng \$2.3 milyon na naipon ang mga taga-California kung nais nilang magretiro nang komportable sa loob ng 20 taon. Imposibleng halaga ito para sa maraming taga-California.

(c) Para lalo pang lumala ang mga bagay, nais ng mga pulitiko at grupo ng espesyal na interes na simulan ang pagbubuwis sa mga hawak para sa pagreretiro, mga asset na pagmamay-ari ng indibidwal, at iba pang anyo ng personal na pag-iimpok—kahit na lalong hindi naaabot ng marami sa atin ang “Pangarap na California” at maraming taga-California ang nahihirapang mag-ipon ng sapat na pera para sa pagreretiro. Narito ang ilan lamang sa maaaring malagay sa panganib:

(1) Ang mga guro, opisyal ng pulisya, bumbero, at iba pang dedikadong manggagawa ay tumatanggap ng mga benepisyo sa pensiyon na may tinukoy na halaga. Maaari silang patawan ng buwis batay sa halaga sa *hinaharap* ng kanilang mga benepisyo sa pensiyon at mapilitang magbayad sa pamahalaan bago pa man sila makatanggap ng kahit isang sentimo mula sa bayad sa kanilang pensiyon.

(2) Ang mga taga-California na nag-aambag sa mga 401(k) retirement plan at account ng indibidwal na pagreretiro (IRA), at namumuhunan sa mga stock, bono, mutual fund, at iba pang pamumuhunan ay maaaring patawan ng buwis batay sa halaga ng kanilang naipong pondo para sa pagreretiro. Maaari itong magdulot sa mga manggagawa ng pagkawala ng bahagi ng kanilang pinaghirapang ipon, na magdudulot sa kanilang pagpapaliban ng pagreretiro at mag-iwan sa kanila na mas mahina sa ekonomiya sa kalaunan ng kanilang buhay.

(d) Nagpapataw na ang California ng mga buwis sa kita, mga buwis sa capital gain, mga buwis sa tunay na ari-arian, mga buwis sa personal na ari-arian, mga buwis sa mga korporasyon, mga buwis sa pagbebenta at paggamit, mga buwis sa mga transaksyon sa tunay na ari-arian, at marami pang ibang buwis sa mga residente nito. Bukod dito, kapag nagsimula nang gamitin ng mga taga-California ang kanilang mga hawak para sa pagreretiro, ibenta ang kanilang mga ari-ariang pagmamay-ari nang indibidwal, o matanggap ang paglago ng iba pang personal na ipon, napapailalim na sila sa mga buwis sa kita, capital gain, at ari-arian ng estado. Ngunit dapat pagbawalan ang mga pulitiko at mga espesyal na interes na patawan ng buwis ang simpleng pagmamay-ari o pagkontrol sa personal na ari-arian gaya ng mga hawak para sa pagreretiro, mga ari-ariang pagmamay-ari nang indibidwal, at iba pang anyo ng personal na ipon na pinaghihirapan ng mga taga-California na ipunin.

(e) Ang mga buwis na retroaktibo ay maaaring magkaroon ng parehong mapaminsalang epekto sa pagpapalano sa pagreretiro at personal na pag-iimpok ng mga taga-California. Ang mga

pangunahing prinsipyo ng pagiging makatarungan sa isang demokratikong lipunan ay nangangailangan na maunawaan at mapagkatiwalaan ng mga indibidwal, pamilya, at negosyo ang mga batas sa buwis na namamahala sa kanilang pagpaplanong pinansyal upang makagawa sila ng mga desisyon nang may paunang kaalaman tungkol sa mga tuntunin.

(f) Ang kakayahan ng mga taga-California na mag-organisa at makamit ang kanilang mga layuning pinansyal at para sa pagreretiro ay nakasalalay sa pagkakaroon ng paunang kaalaman tungkol sa mga obligasyon sa buwis na naaangkop sa kanila. Ang mga retroaktibong pagbabago sa mga batas sa buwis ay likas na hindi makatarungan at sumisira sa tiwala sa pamahalaan, nakakagambala sa pagpapalano para sa pagreretiro at pananalapi, at pumipigil sa mga residente at negosyo na maghanda para sa hinaharap.

(g) Ang mga pulitiko sa Sacramento at mga espesyal na interes ay nagsayang ng bilyun-bilyong dolyar ng ating mga buwis sa mga programang hindi mahusay at hindi epektibo. Ngunit patuloy silang bumabalik upang humingi ng higit pa sa ating pera sa pamamagitan ng mas marami pang panukalang buwis. Hindi nila kailangang patawan ng buwis ang ating mga hawak para sa pagreretiro o patawan tayo ng retroaktibong buwis batay sa nakaraang pag-uugali, mga aktibidad, o katayuan—kailangan nilang maghatid ng mas mahusay na mga resulta gamit ang ibinigay na ng mga nagbabayad ng buwis sa kanila upang gastusin.

SEK. 3. Pahayag ng Layunin.

Sa pagpapatibay ng batas na ito, layunin at hangarin ng mga tao ng Estado ng California na protektahan ang kakayahan ng mga taga-California na mag-ipon para sa kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagbabawal sa pagpapataw ng mga bagong buwis sa ating personal na ari-arian, kabilang ang pagmamay-ari o pagkontrol sa mga hawak para sa pagreretiro, mga ari-ariang pagmamay-ari nang indibidwal, at iba pang anyo ng personal na ipon, gayundin ang pag-aatas na ang lahat ng bagong buwis ay mailapat lamang sa hinaharap.

SEK. 4. Idinaragdag ang Artikulo VIII sa Konstitusyon ng California, na mababasa bilang sumusunod:

ARTIKULO VIII

SEKSYON 1. *Pagbabawal sa Pagbubuwis sa mga Hawak para sa Pagreretiro, mga Ari-ariang Pagmamay-ari nang Indibidwal, at Iba pang Anyo ng Personal na Ipon*

(a) *Walang batas ng estado at walang probisyon ng Konstitusyong ito na pinagtibay sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, ang maaaring magpatibay, lumikha, magpataw, o mag-awtorisa ng pagkolekta ng buwis sa pagmamay-ari o pagkontrol sa mga hawak para sa pagreretiro, mga ari-ariang pagmamay-ari nang indibidwal, at iba pang anyo ng personal na ipon, direkta man o hindi direktang hawak.*

(b) *Walang anuman sa seksyong ito ang magbabago o maglilimita sa pagpapataw o pagkolekta ng anumang buwis na umiiral, ipinataw, at unang nakolekta noong o bago ang Disyembre 31, 2025.*

(c) *Walang anuman sa seksyong ito ang magbabago o makaaapekto sa pagbubuwis sa tunay na ari-arian gaya ng itinatadhana sa iba pang mga probisyon ng Konstitusyong ito.*

SEK. 2. *Pagbabawal sa mga Retroaktibong Buwis*

(a) (1) *Walang batas ng estado at walang probisyon ng Konstitusyong ito na pinagtibay sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, ang maaaring magpatibay, lumikha, magpataw, o mag-awtorisa ng pagkolekta ng buwis na may retroaktibong bisa na nagresulta sa pananagutan sa buwis batay sa pag-uugali, mga*

aktibidad, o isang katayuang naganap o umiiral bago ang petsa ng pagkakabisa ng batas ng estado o probisyon ng konstitusyon.

(2) Ang subdibisyon na ito ay naaangkop din sa buwis na ipinapataw sa isang nagbabayad ng buwis batay sa kanilang katayuan sa paninirahan sa isang petsa bago ang petsa ng pagkakabisa ng buwis.

(b) Walang anuman sa subdibisyon (a) ang magbabago o maglilimita sa pagpapataw o pagkolekta ng anumang buwis na umiiral, ipinataw, at unang nakolekta noong o bago ang Disyembre 31, 2025.

(c) Ang subdibisyon (a) ay hindi naaangkop sa isang buwis na ipinataw ng isang batas na ipinasa ng Lehislatura sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, kung naaangkop ang parehong sumusunod:

(1) Ang buwis ay hindi naaangkop nang retroaktibo nang higit sa 365 araw bago ang petsa kung kailan magkakabisa ang batas.

(2) May umiiral na kahit isa sa mga sumusunod na kondisyon:

(A) Nagdedeklara ang Gobernador ng emergency bilang resulta ng sunog, baha, bagyo, kaguluhang sibil, lindol, pagputok ng bulkan, o aktuwal o napipintong pag-atake ng isang dayuhang kaaway, at ang paggamit ng mga kita mula sa buwis ay hayagang nililimitahan ng batas sa pagtugon sa emergency.

(B) Nagdedeklara ang Gobernador ng emergency sa pananalapi alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksyon 10 ng Artikulo IV at ang paggamit ng mga kita mula sa buwis ay hayagang nililimitahan ng batas sa pagtugon sa emergency sa pananalapi.

SEK. 3. Mga Depinisyon

Para sa mga layunin ng artikulong ito, naaangkop ang mga sumusunod na depinisyon:

(a) Ang “Mga hawak sa pagreretiro, mga yaman na indibidwal na pag-aari, at iba pang mga anyo ng mga personal na naimpok” ay nangangahulugang mga pensiyon; mga retirement account kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga 401(k) account, 403(b) account, at lahat ng iba pang indibidwal na retirement account; mga mutual fund; at lahat ng personal na ari-arian, nahahawakan man o hindi nahahawakan, kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga pinansyal na asset, account ng pamumuhunan, interes sa negosyo, digital asset, personal na pag-aari, intelektuwal na ari-arian, at iba pang asset na ginagamit upang gumawa o mangolekta ng kita o ipon para sa pagreretiro o pagpaplanong pinansyal.

(b) Ang “Buwis” ay nangangahulugang isang buwis gaya ng binigyang-kahulugan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII A.

SEK. 4. Paglalapat ng Artikulo

Ang artikulong ito ay naaangkop sa lahat ng pambuon-estdong inisyatibang panukala na isinusumite sa mga botante sa o pagkatapos ng Enero 1, 2026, kabilang ang mga panukalang lumilitaw sa balota sa parehong halalan kung saan inaprubahan ng mga botante ang panukalang nagdaragdag ng artikulong ito.

SEK. 5. Mga Magkakasalungat na Panukala.

(a) (1) Kung ang inisyatibang panukala na ito ay lumitaw sa parehong balota para sa halalan sa buong estado kasama ng isa pang inisyatibang panukala na magtatatag, magpapatibay, lilikha, magpapataw, o mag-aawtorisa ng pagkolekta ng buwis sa pagmamay-ari o pagkontrol sa mga hawak para sa pagreretiro, mga ari-ariang pagmamay-ari nang indibidwal, at iba pang anyo ng personal na ipon, o magpapatibay ng buwis na magresulta sa pananagutan sa buwis batay sa kilos, mga aktibidad, o isang katayuang naganap o umiiral bago ang petsa ng pagkakabisa ng inisyatibang panukala, ang iba pang inisyatibang panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Kung ang inisyatibang

panukala na ito ay makatanggap ng mas malaking bilang ng mga boto na pabor, mananaig nang buo ang mga probisyon ng panukalang ito, at ang lahat ng probisyon ng iba pang panukala ay magiging walang bisa.

(2) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “mga hawak sa pagreretiro, mga yaman na indibidwal na pag-aari, at iba pang mga anyo ng mga personal na naimpok” ay magkakaroon ng parehong kahulugan gaya ng iminumangkahi sa Seksyon 3 ng Artikulo VIII ng Konstitusyon ng California na itinakda sa Seksyon 4 ng batas na ito.

(b) Kung ang inisyatibang panukala na ito ay inaprubahan ng mga botante ngunit napalitan nang buo o bahagi ng anumang iba pang salungat na inisyatibang panukala na inaprubahan ng mga botante sa parehong halalan, at ang naturang salungat na panukala ay kalaunang mapawalang-bisa, ang panukalang ito ay awtomatikong magkakabisa at bibigyan ng ganap na bisa at epekto.

SEK. 6. Maaaring Ihiwalay.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, clause, subclause, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng batas na ito ay sa anumang dahilan mapawalang-bisa sa pamamagitan ng desisyon ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang desisyong iyon ay hindi makaaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito. Sa pamamagitan nito ay ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California na kanilang pinagtibay sana ang batas na ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, clause, subclause, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon nito na hindi idineklarang walang bisa o labag sa konstitusyon, nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o aplikasyon nito ay kalaunang idedeklarang walang bisa.

SEK. 7. Petsa ng Pagkakabisa.

Ang batas na ito ay magkakabisa sa pinakamaagang posibleng petsa alinsunod sa Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California. Ang batas na ito ay magiging operatibo sa parehong araw na ito ay magkakabisa.

SEK. 8. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas na ito ay dapat bigyang-kahulugan nang maluwa upang maisakatuparan ang layunin at mga hangarin nito.

SEK. 9. Legal na Pagtatanggol.

Ang layunin ng seksyong ito ay upang matiyak na ang mahalagang karapatan ng mga tao sa inisyatiba ay hindi maaaring mapawalang-bisa ng mga pulitiko ng estado na tumatangging ipagtanggol ang kagustuhan ng mga botante. Samakatuwid, kung ang batas na ito ay inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkatapos ay sumailalim sa isang legal na hamon na nagtatangkang limitahan ang saklaw o aplikasyon ng batas na ito sa anumang paraan, o nagsasabing nilalabag ng batas na ito ang anumang batas ng estado o pederal nang buo o bahagi, at kapwa tumangging ipagtanggol ng Gobernador at Abogado Heneral ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible sa ngalan ng Estado ng California, dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang:

(a) Sa kabila ng anumang salungat na nilalaman sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang iba pang batas, dapat magtalaga ang Abogado Heneral ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na abot na posible sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago magtalaga o pagkatapos ay magpalit ng independiyenteng abogado, dapat magsagawa ang Abogado Heneral ng nararapat na pagsusumikap upang matukoy ang mga kwalipikasyon ng independiyenteng abogado at dapat kumuha ng nakasulat na pagpapatibay mula sa independiyenteng abogado na tapat at masigasig nitong ipagtatanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na abot na posible. Ang nakasulat na pagpapatibay ay dapat gawing available sa publiko kaagad kapag hiniling.

(c) Upang suportahan ang pagtatanggol sa batas na ito sa mga pagkakataong hindi ito ginagawa ng Gobernador at Abogado Heneral sa kabila ng kagustuhan ng mga botante, sa pamamagitan nito ay gumagawa ng tuloy-tuloy na paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo para sa Controller, nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa halagang kinakailangan upang saklawin ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California sa pinakamalawak na lawak na posible.

PROPOSISYON 43

Ang amyendang ito na iminumkahi ng Amyenda ng Asembleya sa Konstitusyon 22 ng 2025–2026 na Regular na Sesyon (Kabanata 132 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2026) ay hayagang nag-aamyenda sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksyon dito; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IPINANUKALANG AMYENDA SA ARTIKULO XIII A

Idinaragdag ang Seksyon 4.5 sa Artikulo XIII A nito, na mababasa bilang sumusunod:

SEK. 4.5. (a) Simula Enero 1, 2027, at sa kabila ng Artikulo II at Artikulo XI, walang lokal na pamahalaan, kabilang ang mga botante ng isang lokal na pamahalaan na gumagamit ng kapangyarihan sa inisyatiba, ang maaaring magpataw, magpalawig, o magtaas ng anumang espesyal na buwis, maliban kung itinatadhana sa Seksyon 4 ng artikulong ito, subdibisyon (d) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII C, at talata (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII D, maliban kung at hanggang sa maisumite ang buwis na iyon sa mga botante at maaprubahan sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto.

(b) Sa kabila ng Artikulo II at Artikulo XI, walang lokal na pamahalaan, kabilang ang mga botante ng isang lokal na pamahalaan na gumagamit ng kapangyarihan sa inisyatiba, ang maaaring magpataw ng mga buwis na ad valorem sa tunay na ari-arian, maliban kung itinatadhana sa talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII D.

(c) Ang “Lokal na pamahalaan” at “espesyal na buwis” ay magkakaroon ng magkatulad na kahulugan gaya ng itinatadhana sa Seksyon 1 ng Artikulo XIII C.

PROPOSISYON 44

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng mga Korporasyon, Kodigo ng Pamahalaan, at Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumkahing idagdag ay naka-print sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay makikilala at maaaring banggitin bilang “Batas sa Pananagutan at Transparency sa Pagpopondo ng mga Klinika.”

SEK. 2. Mga Natuklasan at Pagpapahayag.

Natuklasan at ipinapahayag ng mga tao sa Estado ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Ang Pederal na Kwalipikadong mga Sentro ng Kalusugan (FQHCs) ay isang anyo ng community clinic na mahalagang safety net ng pangangalagang pangkalusugan ng California, dahil ang kanilang misyon ay magbigay ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa mga populasyong mababa ang kita at hindi sapat ang serbisong natatanggap.

(b) Karamihan sa mga FQHC sa estado ay pinatatakbo ng mga nonprofit na organisasyong pinamamahalaan ng isang lupon na may pananagutang tiyaking natutugunan ng klinika ang mga misyon nito bilang tagapagbigay ng safety-net na pangangalagang pangkalusugan at di-nagtutubong korporasyon para sa benepisyo ng publiko na napapailalim sa mga exemption sa buwis ng estado at pederal.

(c) Malaki ang pananagutan ng mga lupon ng klinika at gumagamit sila ng malaking awtoridad sa mga desisyon tungkol sa disenyo ng organisasyon at kompensasyon, kabilang ang para sa Punong Ehekutibong Opisyal at iba pang executive.

(d) Bagama’t inaatasan ng umiiral na batas ng estado ang mga lupon ng mga direktor ng nonprofit na suriin at aprubahan ang kompensasyon ng Punong Ehekutibong Opisyal at Punong Opisyal sa Pananalapi upang matiyak na ito ay makatarungan at makatwiran, maraming klinika ang naglalaan ng labis na bahagi ng kanilang kita para sa kompensasyon ng mga executive, na nagreresulta sa kulang na pamumuhunan sa mga pangunahing serbisyo para sa mga pasyente.

(e) Mula noong 2018, ang lahat ng nonprofit, kabilang ang mga klinika, ay inaatasang taun-taon na iulat sa IRS ang halaga sa dolyar ng kanilang mga gastusing kaugnay sa misyon, ibig sabihin, mga gastusing “programa,” gayundin ang mga gastusing “pamamahala at administratibo.” Maraming klinika sa California ang nagkakaroon ng mga gastusing para sa pamamahala at administratibo na mas mataas kaysa sa karaniwan—kung minsan ay 30 hanggang 40 porsiyento ng kabuuang kita—samantalang ang iba ay gumagastos nang mas mababa sa 10 porsiyento.

(f) Maraming klinika ang lubhang kumikita, kung minsan ay nag-uulat ng taunang sobrang kita na hanggang 20 porsiyento ng kabuuang kita, sa halip na gastusin ang mga pondo sa paraang naaayon sa kanilang misyon bilang kawanggawa.

(g) Ang pagsasanay, recruitment, at pagpapanatili ng mga manggagawa ay mga problema para sa mga klinika sa California. Iniulat ng mga manggagawa sa klinika ang palagiang kakulangan sa tauhan, mabibigat na workload, at madalas na pagpapalit ng mga tauhan, gayundin ang mahahabang oras ng paghihintay para sa mga pasyente.

(h) Layunin ng inisyatibang ito na lumikha ng makatwirang minimum na pamantayan ng paggastang nakatuon sa misyon bilang bahagi ng kabuuang kita upang matiyak na bibigyang-prioridad ang paghahatid ng mga serbisyo para sa mga pasyente ng klinika at katatagan ng workforce kaysa sa paggastos para sa pamamahala at overhead.

SEK. 3. Kinakailangan sa Pag-uulat.

SEK. 3.1. Idinaragdag ang Seksyon 12586.3 sa Kodigo ng Pamahalaan, na mababasa bilang sumusunod:

42

43

44

12586.3. (a) Para sa mga layunin ng seksyong ito, naaangkop ang mga sumusunod na depinisyon:

(1) Ang “Klinika” ay nangangahulugang anumang clinic corporation, gaya ng binigyang-kahulugan sa talata (3) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1200 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, na isang pederal na kwalipikadong sentro ng kalusugan (FQHC) gaya ng binigyang-kahulugan ng terminong iyon sa Seksyon 1396d ng Titulo 42 ng Kodigo ng United States. Para sa mga layunin ng talatang ito, kabilang sa mga FQHC ang mga organisasyong hindi tumatanggap ng FQHC award ngunit itinalaga ng pederal na Pangangasiwa ng mga Tagatulong at mga Serbisyo sa Kalusugan bilang nakatutugon sa mga kinakailangan ng programa ng FQHC, gaya ng itinatakdang sa mga Seksyon 1395x(aa)(4)(B) at 1396d(l)(2)(B) ng Titulo 42 ng Kodigo ng United States, na kilala rin bilang “mga kamukha ng FQHC.” Ang “Klinika” ay hindi kabilang ang mga tribong Indian na kinikilala ng pederal na pamahalaan, mga organisasyong pantribo, o mga organisasyon ng Indyan sa kalunsuran, gaya ng binigyang-kahulugan sa Seksyon 1603 ng Titulo 25 ng Kodigo ng United States o anumang kapaligiran ng panlabas na pasyente na isinasagawa, pinananatili, o pinatatakbo ng naturang entidad.

(2) Ang “Ratio ng Paggastos sa Misyong” ay ang kabuuang halagang ginastos sa mga aktibidad na tumutugad sa layuning hindi kasama sa pagbubuwis ng bawat klinika na hinati sa kabuuang kita ng klinikang iyon, ayon sa paglalarawan sa mga halagang iyon sa talata (1) ng subdibisyon (b). Kapag kinakalkula ang Ratio ng Paggastos sa Misyong, dapat ibukod ng Abogado Heneral mula sa parehong kabuuang halagang ginastos sa mga aktibidad at kabuuang kita ang halagang katumbas ng anumang mga parusang binayaran, mga paggastos na ginawa batay sa isang planong napagkasunduan sa State Department of Public Health, o mga reimbursement na natanggap alinsunod sa Seksyon 1234.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(3) Ang “Kaugnay na bahagi” ay nangangahulugang isang kaugnay na organisasyon o isang organisasyong nasa ilalim ng magkasanib na pagmamay-ari o kontrol, ayon sa binibigyang-kahulugan sa Seksyon 413.17(b) ng Titulo 42 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon. Maaaring kabilang sa isang kaugnay na bahagi ang isang organisasyon para sa pamamahala, mga may-ari ng tunay na ari-arian, mga entidad na nagbibigay ng mga tauhan, anumang magulang na kompanya, holding company, subsidiary, sister organization, at iba pa.

(b) (1) Ang bawat klinika ay dapat taunang maghain sa Registry of Charities and Fundraisers ng sapat na datos upang makalkula ng Abogado Heneral ang “Mission Spend Ratio,” gaya ng binigyang-kahulugan dito. Dapat kabilang sa datos na ito ang dalawang bahagi:

(A) Kabuuang halagang ginastos para sa exempt purpose ng klinika. Ang halagang ito ay ibabatay sa datos na iniulat sa bilang na “kabuuang mga gastusin para sa serbisyo ng programa” mula sa linya 4e ng Bahagi III ng Formularyo 990 ng Serbisyo sa Panloob na Kita ng bawat klinika para sa taon ng kalendaryo 2024 o sa taon ng buwis na nagsisimula sa 2024, o sa kahaliling bahagi ng pag-uulat ng buwis ng mga klinika, ngunit iaakma batay sa patnubay na inilabas ng Abogado Heneral alinsunod sa talata (2).

(B) Kabuuang kita para sa organisasyon. Ang halagang ito ay maaaring ibabatay sa datos na iniulat sa kabuuang halaga ng kita mula sa line 12 ng Bahagi I ng Formularyo 990 ng Serbisyo sa Panloob na Kita ng bawat klinika para sa taon ng kalendaryo 2024 o sa taon ng buwis na nagsisimula sa 2024 o sa kapalit na bahagi ng tax reporting ng mga klinika, ngunit iaakma batay sa patnubay na inilabas ng Abogado Heneral sa ilalim ng talata (2).

(2) Awtorisado ang Abogado Heneral na maglabas ng may-bisang patnubay kung paano iulat ang dalawang figure na ito.

(A) Kabilang sa iba pang paksa, maaaring tumalakay ang patnubay sa:

(i) Karagdagang mga pamantayan sa pag-uulat para sa mga transaksyon sa mga kaugnay na bahagi na tumutukoy sa lawak kung saan ang paraan ng pag-uulat ng datos na iyon sa Internal Revenue Service ay maaaring artipisyal na magpataas sa kabuuang halagang ginastos para sa exempt purpose ng klinika, kabilang ang pagpapahintulot na maiugnay sa mga halagang ginastos para sa exempt purpose ng klinika ang mga transaksyon sa isang kaugnay na bahagi kahit na ang mga resultang gastos ng kaugnay na partido ay hindi ituturing na maiugnay sa naturang exempt purpose, o artipisyal na magpababa sa kabuuang kita, kabilang ang pagpapahintulot na maiugnay ang kita sa isang kaugnay na bahagi.

(ii) Kung paano dapat iulat ang mga parusang binayaran sa ilalim ng Seksyon 1234.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, gayundin ang mga reimbursement at gastusing ginawa alinsunod sa isang planong napagkasunduan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado sa ilalim ng Seksyon 1234.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang ibukod ang mga ito sa pagkalkula ng Mission Spend Ratio.

(iii) Alinsunod sa subtalata (B), karagdagang mga kinakailangan sa pag-uulat para sa mga gastusing hindi kwalipikado bilang mga gastusin para sa serbisyo ng programa sa Formularyo 990 ng Serbisyo sa Panloob na Kita ngunit tinutukoy ng Abogado Heneral na ginastos pa rin para sa exempt purpose ng klinika, o mga gastusing kwalipikado bilang mga gastusin para sa serbisyo ng programa sa Formularyo 990 ng Serbisyo sa Panloob na Kita ngunit tinutukoy ng Abogado Heneral na hindi naman ginastos para sa exempt purpose ng klinika.

(B) Ang anumang patnubay ay dapat idinisenyo upang higit na maisakatuparan ang mga layunin ng Batas sa Pananagutan at Transparency sa Pagpopondo ng mga Klinika sa pamamagitan ng paglikha ng makatwirang minimum na pamantayan ng paggastang nakatuon sa misyong bilang bahagi ng kabuuang kita upang matiyak na bibigyang-prioridad ang paghahatid ng mga serbisyo para sa mga pasyente ng klinika at katatagan ng workforce kaysa sa paggastos para sa pamamahala at overhead.

(C) Dapat maglabas ang Abogado Heneral ng mga natuklasang nagsasaad ng mga dahilan para sa pagpapasya nito sa oras ng paglalabas ng patnubay.

(D) Sa kabila ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, maaaring ipatupad ng Abogado Heneral ang talata na ito sa pamamagitan ng mga bulletin, notice, o iba pang katulad na tagubilin, nang hindi nagsasagawa ng karagdagang regulatory action. Ang Seksyon 1229.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay hindi naaangkop sa mga paglabag batay sa mga pamantayang pinagtibay sa ilalim ng talata na ito.

(3) Walang anumang nakasaad sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na kumontrol sa paraan ng pag-uulat ng isang klinika ng datos sa Internal Revenue Service.

(4) Gagawin ng Abogado Heneral na available sa publiko ang datos na ito sa website nito sa loob ng 90 araw mula sa pagtanggap nito.

(5) Ang bawat klinika ay dapat maghain ng datos na ito nang hindi lalampas sa oras ng paghahain nila ng mga ulat sa Talaan ng mga Kawanggawa at Tagalikom ng Pondo sa ilalim ng Seksyon 12586.

(c) Ang bawat klinika ay dapat magsumite ng karagdagang taunang bayarin sa pagpaparehistro, na gagamitin upang pondohan ang mga aktibidad na itinakda sa seksyong ito at sa Seksyon 1234.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, sa kabila ng anumang ibang batas. Ang Abogado Heneral ay dapat magpatibay ng iskedyul ng mga bayarin na sapat upang saklawin ang makatwirang mga gastos sa pangangasiwa ng mga probisyong ito, sa pakikipagkonsultasyon sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. Ang mga bayarin ay dapat ayusin taun-taon upang ipakita ang aktuwal na mga gastos na natamo at hindi dapat lumampas sa halagang kinakailangan upang matugunan ang makatwirang mga gastos sa regulasyon sa pangangasiwa ng mga probisyong ito.

(d) Ang Abogado Heneral ay dapat magpataw ng mga parusa dahil sa hindi pagsunod sa mga probisyon sa pag-uulat ng seksyong ito, sa anyo ng administratibong multa na limang libong dolyar (\$5,000) para sa unang paglabag at sampung libong dolyar (\$10,000) para sa bawat kasunod na buwan na hindi nagsumite ang isang klinika ng mga taunang ulat na kinakailangan ng seksyong ito. Maaaring pana-panahong i-update ng Abogado Heneral ang parusa upang isaalang-alang ang implasyon.

(e) Hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos matanggap ang isinumite ng bawat klinika, dapat kalkulahin ng Abogado Heneral ang Mission Spend Ratio para sa bawat klinika, ipadala ang kalkulasyon sa klinika at sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, at gawing available sa publiko ang mga kalkulasyon nito sa website nito.

(f) Maaaring magsagawa ang Abogado Heneral ng pagsusuri sa mga klinikang napapailalim sa seksyong ito, sa paraan at anyong itinakda ng Abogado Heneral, upang matiyak ang katumpakan ng iniulat na impormasyon at pagsunod sa mga kinakailangan ng seksyong ito. Maaari ring kabilang sa mga pagsusuri na ito ang anumang pagsusuri sa mga kontratista o mga kaugnay na bahagi.

(g) Ang Seksyon 9230 ng Kodigo ng mga Korporasyon at ang Seksyon 12583 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi naaangkop sa seksyong ito.

SEK. 4. Parusa.

SEK. 4.1. Idinaragdag ang Seksyon 1234.5 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, na mababasa bilang sumusunod:

1234.5. (a) (1) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa Pondo sa Espesyal na Deposito, na itinatag alinsunod sa Seksyon 16370 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Mission Spend Ratio Penalty Account. Ang account ay dapat maglaman ng lahat ng perang idineposito alinsunod sa subdibisyon (b).

(2) Ang mga perang hawak sa Pondo sa Espesyal na Deposito ay dapat panatilihiing naka-escrow sa loob ng limang taon, pagkatapos nito ay maaari na itong ilaan ng Lehislatura para sa mga inisyatibang nagpopondo sa pagsasanay, recruitment, at pagpapanatili ng mga klinikal na manggagawa.

(3) Habang naka-escrow, ang mga pera ay dapat ibalik sa mga klinika, gaya ng tinukoy sa talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan, na nagbayad ng mga ito, sa kondisyon na:

(A) Ang klinika ay sumunod sa naaangkop na kinakailangan na 90 porsiyentong Mission Spend Ratio.

(B) Ang klinika ay nakipagkasundo sa State Department of Public Health sa isang plano na gastusin ang lahat ng ibinalik na pera sa mga gastusing nakatuon sa misyon.

(4) Sa kabila ng naunang talata, maaaring gamitin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. ang mga pera sa Pondo sa Espesyal na Deposito upang pondohan ang mga aktibidad na

itinakda sa seksyong ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado, sa pagpapanatili ng Pondo sa Espesyal na Deposito at pagsasagawa ng mga pagsusuring kinakailangan upang maging karapat-dapat ang isang klinika para sa reimbursement alinsunod sa talata (3). Maaaring ibawas ang mga perang ginastos mula sa anumang halagang ibinabalik sa mga klinika alinsunod sa talata (3).

(5) Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. ay dapat magkaroon ng awtoridad na mag-audit sa mga klinika para sa pagsunod sa anumang mga planong napagkasunduan alinsunod sa subtalata (B) ng talata (3) at bawiin ang anumang reimbursement hanggang sa lawak na hindi sumunod ang isang klinika. Ang pagbawi ay dapat sumailalim sa parehong mga pamamaraan na itinakda sa mga talata (2) at (3) ng subdibisyon (b).

(b) (1) Taun-taon, dapat magpataw ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. sa bawat klinikang napapailalim sa Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan na may Mission Spend Ratio na mas mababa sa 90 porsiyento ng administratibong parusang katumbas ng pagkakaiba sa pagitan ng halagang ginastos ng klinika sa mga gastusing nakatuon sa misyon at 90 porsiyento ng kabuuang kita ng klinika. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat maglabas ng abiso ng parusa sa anumang klinikang napag-alamang lumabag sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng kalkulasyon ng Mission Spend Ratio ng Abogado Heneral.

(2) Kung hindi pinagtatalunan ng klinika ang kalkulasyon o pagtatasa ng Mission Spend Ratio, ang mga parusa ay dapat bayaran nang buo sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng abiso ng parusa at ideposito sa Mission Spend Ratio Penalty Account.

(3) Kung pinagtatalunan ng klinika ang kalkulasyon ng Mission Spend Ratio na ginawa alinsunod sa subdibisyon (e) ng Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan o ang pagtatasa na ginawa alinsunod sa subdibisyon na ito, dapat itong magsumite, sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng klinika ng abiso ng parusa, ng kahilingan para sa apela nang sabay sa Abogado Heneral at sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. Maaaring humiling ng apela ang isang pasilidad batay sa isang pagpapasyang hindi nagreresulta sa isang pagtatasa. Dapat kabilang sa kahilingan ang isang detalyadong pahayag na naglalarawan sa dahilan ng apela at lahat ng sumusuportang dokumentong ihaharap ng klinika sa pagdinig. Sa napapanahong paghahatid ng klinika ng kahilingan, dapat itakda ang isang pagdinig at ang mga paglilitis ay dapat isagawa alinsunod sa Artikulo 1 (nagsisimula sa Seksyon 131050) ng Kabanata 2 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 112.

(c) (1) Maaaring mag-aplay ang isang klinika sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado para sa isang waiver na nagbibigay ng pansamantalang paghinto sa kinakailangang 90 porsiyento o para sa isang alternatibong kinakailangan sa mission spend ratio, batay sa hindi inaasahan o pambihirang mga kalagayan o sa kalagayang pang-ekonomiya ng klinika. Ang pagbibigay at mga tuntunin ng waiver alinsunod sa subdibisyon na ito ay ganap at eksklusibong nasa ilalim ng awtoridad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. Ang waiver na ibinigay alinsunod sa subdibisyon na ito ay dapat para sa isang taong panahon mula sa petsa ng pagbibigay nito.

(2) Upang makakuha ng waiver batay sa hindi inaasahan o pambihirang mga kalagayan, dapat ilahad nang detalyado ng isang klinika ang mga sumusunod na kalagayang naranasan ng klinika:

(A) Kung kailan unang nalaman ng klinika ang hindi inaasahan o pambihirang mga kalagayan.

(B) Kung bakit hindi maaaring naasahan ng klinika ang paglitaw ng mga kalagayang iyon.

(C) Mga hakbang na ginawa ng klinika upang tugunan ang mga kalagayang iyon.

(D) Mga gastusing natamo bilang resulta ng pagtugon sa mga kalagayang iyon.

(E) Kailan inaasahan ng klinika na malulutas ang mga kalagayang iyon.

(F) Mga hakbang sa pag-iwas na ginagawa ng klinika upang matiyak na ang mga kalagayang iyon ay hindi mangyari nang hindi inaasahan sa hinaharap.

(3) Upang makakuha ng waiver batay sa kalagayang pang-ekonomiya, dapat ipakita ng isang klinika na ang pagsunod sa kinakailangang 90 porsiyentong Mission Spend Ratio ay magdudulot ng mga pag-aalinlangan tungkol sa kakayahan ng klinika na magpatuloy bilang isang going concern alinsunod sa mga karaniwang tinatanggap na prinsipyo sa accounting. Dapat kabilang sa ebidensya ang dokumentasyon ng kalagayang pinansyal ng klinika, ang kalagayang pinansyal ng anumang parent o kaakibat na entidad, at ebidensya ng aktuwal o potensyal na direktang epekto sa pananalapi ng pagsunod sa 90 porsiyentong Mission Spend Ratio.

(4) Ang pagsasaalang-alang sa kakayahan ng isang klinika na magpatuloy bilang isang going concern ay dapat kabilang ang mga sumusunod na salik tungkol sa klinika o anumang kaakibat na entidad:

(A) Aktuwal o malamang na pagsasara ng anumang pasilidad na pinatatakbo ng klinika o anumang kaakibat na entidad.

(B) Aktuwal o malamang na pagsasara ng mga serbisyo o programa para sa mga pasyente.

(C) Aktuwal o malamang na pagkawala ng mga trabaho.

(D) Kung ang mga pasilidad na pinatatakbo ng klinika ay maliit, rural, o frontier, o nagsisilbi sa isang rural na catchment area.

(E) Kung ang pagsasara ng anumang pasilidad na pinatatakbo ng klinika ay makaaapekto nang malaki sa access sa mga serbisyo sa rehiyon o lugar ng serbisyo.

(F) Kung ang klinika ay nasa kagipitang pinansyal na nagreresulta o malamang na nagreresulta sa pagsasara ng anumang pasilidad na pinatatakbo nito o ng anumang kaakibat na entidad, pagsasara ng mga serbisyo o programa para sa mga pasyente, o pagkawala ng mga trabaho. Kabilang sa mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtukoy ng kagipitang pinansyal, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang nakaraang at inaasahang pagganap ng klinika batay sa mga panukat sa pananalapi, kabilang ang halaga ng cash na nasa kamay, at kung ang klinika ay mayroon o inaasahang makakaranas ng mga negatibong operating margin.

(5) Ang mga kahilingan para sa waiver alinsunod sa subdibisyon na ito ay dapat isumite nang nakasulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

(6) Dapat ipaalam ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. sa klinika nang nakasulat ang desisyon sa kahilingan para sa waiver.

(7) Maaaring mag-aplay ang isang klinika upang i-renew ang isang waiver na ibinigay alinsunod sa subdibisyon na ito anumang oras ngunit hindi lalampas sa 180 araw bago ang pag-expire ng kasalukuyang waiver.

SEK. 5. Paglabag sa Charitable Trust Claim.

SEK. 5.1. Idinaragdag ang Seksyon 5142.1 sa Kodigo ng mga Korporasyon, na mababasa bilang sumusunod:

5142.1. (a) Sa kabila ng Seksyon 5142, kung ang isang klinikang napapailalim sa Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi nag-ulat ng datos gaya ng kinakailangan alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan, o parehong may Mission Spend Ratio, gaya ng tinukoy sa talata (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan, na mas mababa sa 90 porsiyento at hindi napapailalim sa isang waiver alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 1234.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, maaaring magsampa ng aksyon ang sinumang pasyente ng FQHC na iyon upang pigilan, itama, o kung hindi man ay lunasan ang isang paglabag sa charitable trust alinsunod sa parehong mga pamamaraan na naaangkop sa isang paghahabol na isinampa alinsunod sa Seksyon 5142.

(b) Sa kabila ng Seksyon 5231, ang mabuting pananampalataya ay hindi depensa sa anumang aksyong isinampa alinsunod sa seksyong ito, at hindi rin dapat ilapat sa anumang aspeto sa mga pinagtatalunang paglabag ang anumang anyo ng tuntunin sa hatol sa negosyo, maliban kung itinatadhana sa ilalim ng Seksyon 5239.

(c) Ang seksyong ito ay dapat ding mapasailalim sa pagpapatupad alinsunod sa Seksyon 17204 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.

SEK. 6. Mga Parusang Kriminal.

SEK. 6.1. Idinaragdag ang Seksyon 6814.1 sa Kodigo ng mga Korporasyon, na mababasa bilang sumusunod:

6814.1. Ang bawat direktor, opisyal, o ahente ng anumang klinikang napapailalim sa Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan na sadyang nag-uulat nang mali ng mga gastusin o kita sa ilalim ng Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan o sadyang nakikilahok sa isang pamamaraan upang idaan ang mga gastusin o kita sa pamamagitan ng mga kaugnay na bahagi gaya ng tinukoy sa Seksyon 12586.3 ng Kodigo ng Pamahalaan, kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga kaugnay na foundation, na may layuning artipisyal na taasan ang kanilang Mission Spend Ratio, ay maaaring parusahan ng pagkakakulong alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksyon 1170 ng Kodigo sa Parusa, o ng pagkakakulong sa isang county jail nang hindi hihigit sa isang taon.

SEK. 7. Maaaring Ihiwalay.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang probisyon ng batas na ito o ang paglalapat nito ay mapatunayang walang-bisa, ang kawalang-bisang iyon ay hindi makaaapekto sa iba pang mga probisyon o paglalapat na maaaring bigyang-bisa nang wala ang probisyon o paglalapat na walang-bisa.

SEK. 8. Petsa ng Pagkakabisa.

Alinsunod sa mga layunin ng batas na ito, ang mga kinakailangan sa Mission Spend Ratio na itinakda ng batas na ito ay dapat ilapat sa unang buong taon ng pananalapi ng bawat klinika na magsisimula nang hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos maipasa ang batas na ito.

SEK. 9. Amyenda.

Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California, ang batas na ito ay maaaring amyendahan alinman sa pamamagitan ng kasunod na panukalang isusumite sa botohan ng mga tao sa isang pang-estadong halalan; o sa pamamagitan ng batas na balidong ipinasa ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador, ngunit para lamang higit na maisulong ang mga layunin ng batas na ito.

SEK. 10. Mga Magkakatanggaling Panukala.

Kung ang panukalang ito at isa pang panukala na namamahala sa Mission Spend Ratio sa ilan o lahat ng saklaw na klinika ay lumitaw sa parehong pang-estadong balota, ang mga probisyon ng isa o higit pang ibang panukala ay ituturing na salungat sa panukalang ito. Ang isa pang panukala ay hindi ituturing na salungat sa panukalang ito dahil lamang sa pagdaragdag o pag-aamyenda nito ng isa o higit pang seksyon ng Kodigo ng Pamahalaan, Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, o Kodigo ng mga Korporasyon na idinagdag o inamyendahan ng panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay makatanggap ng mas maraming boto ng pagsang-ayon kaysa sa isang panukalang itinuturing na salungat dito, ang mga probisyon ng panukalang ito ay mananaig nang buo, at ang isa o higit pang ibang panukala ay magiging walang-bisa at hindi balido.

PROPOSISYON 45

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang panukalang inisyatibang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagatulong; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *italic type* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Kabanata 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 21010) ay idinaragdag sa Dibisyon 13 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagatulong, na mababasa bilang sumusunod:

KABANATA 1.5. BATAS SA PAGGAWA NG CALIFORNIA NA ABOT-KAYA

Artikulo 1. Titulo, mga Natuklasan at mga Pahayag, at Layunin 21010. Titulo

Ang kabanatang ito ay makikilala, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Paggawa ng California na Abot-kaya.

21011. Mga Natuklasan at mga Pahayag

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapatunay at nagpapahayag sa pamamagitan nito ng lahat ng sumusunod:

(a) Ang lipas nang sistema ng California para sa pag-apruba ng mahahalagang proyekto ay napakabagal, napakabirokratiko, at napakamahal. Ang mahahalagang proyekto tulad ng malinis na tubig, malinis na enerhiya, mga ospital, abot-kayang pabahay, mga kalsada, pag-iwas sa sunog sa kagubatan, mga paaralan, kaligtasan ng publiko, at iba pang pagpapahusay sa imprastraktura ay naaantala o nahaharangan dahil sa hindi kinakailangang kuskos balungos, mga pagkaantala sa burukrasya, at labis na mga demanda.

(b) Ang mga pagkaantalang ito ay makabuluhang nagpapataas sa gastos ng pamumuhay para sa lahat ng taga-California. Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga pagkaantala sa pagpapahintulot lamang ay nagdaragdag ng sampu-sampung libong dolyar sa presyo ng isang bagong bahay, na nagpapataas sa mga renta at mortgage para sa mga may-ari ng bahay at nangungupahan. Ang katulad na kuskos balungos ay nagdaragdag ng bilyun-bilyong dolyar sa gastos sa pagtatayo ng mga ospital, imprastraktura ng tubig, mga kalsada, tulay, malinis na enerhiya, mga paaralan, broadband, at mga proyekto sa pagbabawas ng panganib ng sunog sa kagubatan, na sa huli ay ipinapasa ang mga gastos sa mga mamimili at nagbabayad ng buwis.

(c) Ang mga batas sa pagpapahintulot ng California ay isinulat mahigit 50 taon na ang nakalipas, bago ipinatupad ang mga makabagong batas sa kapaligiran sa kasalukuyan. Ang lipas na

sistemang iyon ay kumikilos ngayon laban sa mga layunin ng estado sa kapaligiran at kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapabagal o pagharang sa mahahalagang proyekto na magbabawas sa polusyon sa hangin, magpapababa sa mga emisyon ng greenhouse gas, mag-iingat sa mga suplay ng tubig, magpoprotekta sa mga komunidad mula sa sunog sa kagubatan, at mag-iingat sa mga hayop at kapaligiran.

(d) Pababaguin at pasisimplehin ng batas ang batas ng estado upang mabawasan ang kiskos balungos ng burukrasya at mga hindi kinakailangang pagkaantala, limitahan ang mga walang-kabuluhang demanda na humaharag sa mahahalagang proyekto habang pinahihintulutan ang mga pampublikong ahensiya at mga aplikante ng mahahalagang proyekto na patuloy na magbahagi ng pasanin sa pagtatanggol laban sa mga demanda, at pabilisin ang paghahatid ng mga proyektong inaasahan ng mga taga-California sa araw-araw.

(e) Ang bawat taon ng pagkaantala ay nangangahulugang mas matagal na paghihintay at mas malaking pagbabayad ng mga taga-California para sa mga bagay na pinakamahalaga sa kanila. Ang batas ay naaangkop sa pinakamahahalagang proyekto ng estado, kabilang ang:

(1) Malinis na inuming tubig at ligtas na mga suplay ng tubig para sa mga komunidad sa buong estado.

(2) Ligtas at makabagong mga ospital at klinika upang matiyak ang access sa abot-kayang pangangalagang pangkalusugan.

(3) Malinis na enerhiya at maaasahang kuryente upang mabawasan ang mga bayarin sa enerhiya at labanan ang pagbabago ng klima.

(4) Pabahay ng lahat ng uri upang gawing mas abot-kaya ang pabahay para sa mga pamilyang nahihirapan dahil sa napakataas na mga renta at mortgage, gayundin para sa mga mahihinang populasyon ng nakatatanda.

(5) Mga kalsada, tulay, at pampublikong transportasyon upang mabawasan ang pagsisikip ng trapiko at mapabuti ang kaligtasan ng publiko.

(6) Mga proyekto sa pag-iwas sa sunog sa kagubatan at katatagan upang maprotektahan ang mga buhay, tahanan, at likas na yaman.

(7) Ligtas at modernisadong mga pampublikong paaralan at pasilidad na pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at tagapagturo.

(8) Imprastraktura ng broadband at telekomunikasyon upang ikonekta ang mga komunidad na kulang sa serbisyo at palawakin ang mga oportunidad.

(f) Sa pamamagitan ng pagpapabilis sa mga mahahalagang proyektong ito, gagawing mas abot-kaya ng batas ang California at babawasan ang gastos sa pabahay, enerhiya, kuryente, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang pangangailangan, habang binabawasan din ang mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis para sa mga proyekto ng pampublikong gawain.

(g) Ang batas ay magpapasimula rin ng mga proyekto na lumilikha ng mga trabahong may magandang sahod at magbibigay ng trabaho sa sampu-sampung libong taga-California, lalo na sa konstruksyon, malinis na enerhiya, at imprastraktura, na tutulong sa pagpapalago ng ekonomiya ng California kapag ito ay higit na kinakailangan.

(h) Mahalaga, pinananatili ng batas ang mga batas ng estado at pederal tungkol sa malinis na hangin, malinis na tubig, at pangangalaga sa kapaligiran, kabilang ang Endangered Species Act, Batas sa Ligtas na Iniinom na Tubig, pederal na Batas sa Pagkontrol ng Nakalalasang Substance, pederal na Batas sa Malinis na Tubig, Batas sa Malinis na Hangin, pederal na Batas

sa Pagpapahusay ng Kalidad ng Kapaligiran, Batas sa mga Solusyon sa Pag-init ng Mundo ng California, Batas sa Baybayin ng California, at pederal na Batas sa Konserbasyon at Pagbawi ng Tagatulong. Ang kabanatang ito ay tutulong sa pagtatayo ng mga proyektong kinakailangan upang gawing mas abot-kaya ang California, nang hindi binabawi ang mga batas na ito na nagpapanatiling ligtas sa mga pamilya at sa kapaligiran.

(i) Kaya natin at dapat nating itayo ang isang abot-kayang California.

21012. Pahayag ng Layunin

Ang layunin ng kabanatang ito ay gawing mas abot-kaya ang California sa pamamagitan ng pagpapasimple at pagpapabilis sa pag-apruba ng mahahalagang proyekto, pagbabawas ng mga gastos para sa mga pamilya at nagbabayad ng buwis, pagpapabuti ng kalidad ng buhay, paglikha ng magagandang trabaho, at pagpapanatili ng pinakamahuusay na proteksiyon sa kapaligiran ng California sa mundo.

Artikulo 2. Paglalapat ng Kabanata at Pakikipag-ugnayan sa Iba Pang mga Batas

21013. Mga Proyektong Saklaw ng Kabanatang Ito

Ang kabanatang ito ay naaangkop lamang sa mahahalagang proyekto sa pabahay, mahahalagang proyekto sa malinis na enerhiya, mahahalagang proyekto sa tubig, mahahalagang proyekto sa kalusugan ng publiko, mahahalagang proyekto sa kaligtasan ng publiko, mahahalagang proyekto sa access sa broadband internet, mahahalagang proyekto sa pasilidad na pang-edukasyon, at mahahalagang proyekto sa transportasyon na sa pamamagitan nito ay idinedeklara ng mga tao ng California na kritikal sa kanilang kalidad ng buhay at pagiging abot-kaya ng pamumuhay sa estadong ito.

21014. Paglalapat ng Kabanata

(a) Hindi binabawasan ng kabanatang ito ang awtoridad ng anumang pampublikong ahensiya na aprubahan o hindi aprubahan ang isang mahalagang proyekto. Walang resulta sa anumang iminumungkahing mahalagang proyekto ang paunang itinakda ng kabanatang ito.

(b) Hindi ibinubukod ng kabanatang ito ang anumang mahalagang proyekto mula sa pagsusuri sa kapaligiran sa ilalim ng dibisyong ito o ng anumang iba pang batas. Ang kabanatang ito ay nagtatatag ng malinaw na mga takdang panahon at iba pang pamamaraan para sa pagsusuri sa ilalim ng dibisyong ito at para sa administratibong pagsusuri ng permiso para sa mahahalagang proyekto.

(c) Maliban kung iba ang itinatadhana sa kabanatang ito, ang kabanatang ito ay dapat ilapat sa pagsusuri at pagproseso ng anuman at bawat aplikasyon o pag-apruba para sa isang mahalagang proyekto at sa mga kalakip nitong pahintulot sa paggamit ng lupa, kabilang, nang walang limitasyon, ang mga discretionary adjudicative at legislative na pahintulot sa paggamit ng lupa na nag-uudyok ng programmatic, plan-level, o project-level na pagsusuri sa kapaligiran sa ilalim ng dibisyong ito.

(d) Ang kabanatang ito ay dapat ilapat sa lahat ng pampublikong ahensiya.

(e) (1) Sa lawak na may salungatan sa pagitan ng kabanatang ito at anumang iba pang batas, ang kabanatang ito ang mananaig. Sa kabila ng anumang salungat na itinatadhana, hindi aalisin o lilimitahan ng kabanatang ito ang anumang naaangkop na ayon sa batas o kataguriang exemption mula sa dibisyong ito.

(2) Sa kabila ng Seksyon 21100 o anumang iba pang batas, ang mga probisyon ng kabanatang ito ang mananaig at papalit sa anumang salungat na kinakailangan para sa pagsusuri sa

kapaligiran ng isang mahalagang proyekto, at anumang kalakip na pagsusuri ng permiso. Walang probisyon ng Seksyon 21100 o anumang iba pang batas ang magpapawalang-bisa o lilimitahan sa paglalapat ng kabanatang ito sa isang mahalagang proyekto.

(f) (1) Ang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto na isinumite sa isang pampublikong ahensiya bago ang petsang magkabisang kabanatang ito, at hindi pa nakatanggap ng pinal na pag-apruba bago ang petsang iyon, ay maaaring bawiin at muling isumite pagkatapos ng petsang magkabisang kabanatang ito.

(2) Ang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto na binawi at muling isinumite gaya ng itinatadhana sa talata (1) ay maaaring suriin at aprubahan alinsunod sa mga probisyon ng kabanatang ito.

(3) Ang mga mahahalagang proyekto sa pabahay na may mga aplikasyon na binawi at muling isinumite gaya ng itinatadhana sa talata (1) ay hindi mawawalan ng anumang vested rights o iba pang benepisyonang nakuha ng aplikante sa pamamagitan ng anumang mga probisyon ng batas, kabilang, nang walang limitasyon, ang subdibisyon Map Act (Dibisyon 2 (nagsisimula sa Seksyon 66410) ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan), Batas sa Pananagutan sa Pabahay (Seksyon 65589.5 ng Kodigo ng Pamahalaan), Remedyo ng Tagapagtayo (Kabanata 268 ng Mga Batas ng 2024), at Batas sa Krisis sa Pabahay ng 2019 (Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksyon 66300) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang vested rights ay dapat ibalik sa petsa kung kailan isinumite ang anumang paunang aplikasyon alinsunod sa Seksyon 65941.1 ng Kodigo ng Pamahalaan o sa petsa kung kailan naganap ang vesting alinsunod sa iba pang naaangkop na batas.

(4) (A) Kung ang isang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto ay itinuring o natukoy na kumpleto bago ang petsang magkabisang kabanatang ito, ang aplikasyon ay ituturing na kumpleto para sa mga layunin ng kabanatang ito, at hindi dapat mangailangan ang isang pampublikong ahensiya ng karagdagang pagsusuri sa pagiging kumpleto.

(B) Sa mga pagkakataong ang isang aplikasyon ay binawi at muling isinumite gaya ng itinatadhana sa talata (1), anumang mga deadline sa kabanatang ito na nagsisimula batay sa petsa kung kailan ang isang aplikasyon ay natukoy o itinuring na kumpleto ay dapat kalkulahan mula sa oras na muling isinumite ng aplikante ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto.

(g) Ang mga takdang panahon at deadline na itinakda sa kabanatang ito ay dapat ilapat sa lahat ng aplikasyon para sa mahahalagang proyekto na natukoy o itinuring na kumpleto, alinsunod sa Seksyon 21017 o anumang iba pang batas, pagkatapos ng petsang magkabisang kabanatang ito, anuman ang petsa ng pagsusumite ng aplikasyon.

(h) Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(1) Kung ang isang mahalagang proyekto ay bahagi o bahagi lamang ng isang mas malaking proyekto, ang bahaging kwalipikado bilang mahalagang proyekto ay maaaring iproseso, suriin, at aprubahan alinsunod sa kabanatang ito.

(2) Kung ang buong proyekto ay isang mahalagang proyekto, ang mahalagang proyekto ay maaaring ipatupad sa maraming yugto, at hindi kinakailangang indibidwal na matugunan ng mga phased application ang mga pamantayan para sa isang mahalagang proyekto upang maproseso, masuri, at maaprubahan alinsunod sa kabanatang ito.

(i) Maliban kung iba ang nakasaad sa kabanatang ito, walang anumang nasa kabanatang ito ang dapat ipakahulugan na nag-aalis o naghihigpit sa pagpapasya ng lead agency na tukuyin ang

naaangkop na hangganan na kahalagahan o mitigation measure sa paghahanda ng mga dokumento sa pagsusuri sa kapaligiran.

(j) Walang anumang kabanatang ito ang nagbabawal sa isang pampublikong ahensiya na magpataw ng bayad sa isang aplikante, alinsunod sa Artikulo XIII A at XIII C ng Konstitusyon ng California, para sa mga layuning saklawin ang mga gastos ng pamahalaan na kaugnay sa pagproseso at pagsusuri ng mga aplikasyon para sa mahahalagang proyekto.

(k) Maaaring sumang-ayon ang isang aplikante na bigyan ang isang pampublikong ahensiya ng karagdagang panahon upang kumpletuhin ang pagsusuri sa kapaligiran alinsunod sa Seksyon 21018 o 21019, o upang gumawa ng desisyon sa iba pang aksyon ng pampublikong ahensiya na hinihiling ng aplikante alinsunod sa Seksyon 21023, sa pamamagitan ng pagsang-ayon na huwag munang magsumite ng nakasulat na kahilingan na kung hindi man ay may karapatan ang aplikante na isumite alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 21020 o subdibisyon (b) ng Seksyon 21023.

21015. Pakikipag-ugnayan sa Iba Pang mga Batas

(a) Upang mapakinabangan ang kakayahang pasimplehin at pabilisin ang pag-apruba ng mahahalagang proyekto, maaaring piliin ng isang aplikante na gamitin ang wala, ilan, o lahat ng probisyon ng kabanatang ito, at maaaring gawin ito kasabay ng, o bilang alternatibo sa, iba pang mga batas, mekanismo, o pamamaraan sa paggamit ng lupa at pagsusuri sa kapaligiran. Walang anumang nasa kabanatang ito ang (1) nagbabawal sa isang aplikante na gamitin ang iba pang mga batas sa paggamit ng lupa at pagsusuri sa kapaligiran na magbibigay ng mas mabilis o mas kapaki-pakinabang na pagsusuri at pag-apruba ng mahahalagang proyekto kumpara sa kabanatang ito o (2) nag-aatas sa isang aplikanteng humihiling ng pag-apruba para sa isang proyektong nakatutugon sa depinisyon ng isang mahalagang proyekto na gamitin ang kabanatang ito.

(b) Kung magkaroon ng kalabuan tungkol sa kung paano maaaring gumana ang kabanatang ito kasabay ng iba pang mga probisyon ng batas, ang mga patakaran at layuning itinakda sa Seksyon 21029 ang mananaig.

(c) Ang mga sumusunod na probisyon ay dapat ilapat sa isang mahalagang proyekto sa pabahay:

(1) Ang mga probisyon sa prevailing wage ng talata (8) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 65913.4 ng Kodigo ng Pamahalaan ay dapat ilapat lamang sa mga gusaling mahigit 85 talampakan ang taas mula sa grade sa anumang mahalagang proyekto sa pabahay.

(2) Ang mga probisyon ng mga talata (3) at (5) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 21080.66, gaya ng idinagdag ng Seksyon 59 ng Kabanata 22 ng Mga Batas ng 2025 (Panukalang-batas ng Asembleya 130), ay dapat ilapat sa isang mahalagang proyekto sa pabahay na gumagamit ng kabanatang ito.

(3) (A) Bukod sa isang direktang kontratista o subcontractor, ang mga probisyon ng Seksyon 218.9 ng Kodigo sa Paggawa ay dapat umabot sa may-ari ng isang mahalagang proyekto sa pabahay habang itinatayo ang mahalagang proyekto sa pabahay na gumagamit ng kabanatang ito.

(B) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang "owner" ay nangangahulugang isang may-ari gaya ng tinukoy sa subdibisyon (e) ng Seksyon 8182 ng Kodigo Sibil.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (a):

(1) Ang lahat ng mahahalagang proyektong gumagamit ng kabanatang ito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na

itinakda sa Seksyon 21016 tungkol sa paunang pagsusuri at konsultasyon sa mga tribo.

(2) Maliban sa mga mahahalagang proyekto sa pabahay, ang lahat ng mahahalagang proyektong gumagamit ng kabanatang ito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na itinakda sa Seksyon 21028 tungkol sa paglalapat ng mga kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5 sa mga mahahalagang proyekto.

(3) (A) Maliban kung itinatadhana sa subtalata (B), ang lahat ng mahahalagang proyekto sa pabahay na gumagamit ng kabanatang ito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na itinakda sa subdibisyon (c) tungkol sa mga sahod at pamantayan sa paggawa sa mga mahahalagang proyekto sa pabahay.

(B) Kung pipiliin ng aplikante ng isang mahalagang proyekto sa pabahay na magpatuloy nang bahagya alinsunod sa kabanatang ito, at bahagya alinsunod sa isa pang boluntaryong batas sa pagpapasimple ng pagsusuri sa kapaligiran na nakatala sa labas ng kabanatang ito na nangangailangan din ng paggamit ng alinman sa mga namamayaning sahod o isang kasunduan sa paggawa ng proyekto, kinakailangang sumunod ang aplikante sa anumang mga kinakailangan sa namamayaning sahod o project labor agreement na ipinag-uutos ng ibang batas sa pagpapasimple para sa mga bahagi ng mahalagang proyekto na pinoproseso at inaaprubahan alinsunod sa ibang batas na iyon.

Artikulo 3. Paunang Pagsusuri, Konsultasyon sa mga Tribo, at Pagkumpleto ng mga Aplikasyon para sa Mahahalagang Proyekto

21016. Mga Kultural na Yamang Pangtribo: Paunang Pagsusuri at Konsultasyon sa mga Tribo sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) Layunin. Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na ang seksyong ito ay kinakailangan upang maglaan para sa maaga at makabuluhang konsultasyon sa mga tribo bilang pangunahing elemento ng pagpapalano ng mahahalagang proyekto habang pinananatili ang mga proteksiyon para sa mga kultural na yamang pangtribo. Ang mga tribong kumokonsulta ay may kaalaman at kadalubhasaan tungkol sa mga kultural na yamang pangtribo na matatagpuan sa loob ng mga lugar ng mahahalagang proyekto.

(b) Pagbibigay-kahulugan at Interpretasyon.

(1) Sa kabila ng Seksyon 21015 o anumang iba pang probisyon ng batas, ang proseso ng konsultasyon sa mga tribo para sa mga mahahalagang proyekto ay dapat sumunod sa mga probisyong itinakda sa seksyong ito.

(2) Walang anumang nasa kabanatang ito ang nilalayong baguhin o sumalungat sa mga obligasyon sa konsultasyon ng pederal na pamahalaan sa pamahalaan na kinasasangkutan ng mga tribong kumokonsulta.

(3) Ang mga takdang panahon na itinatag sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 21018) ay hindi dapat baguhin ang tagal ng konsultasyon sa isang tribong kumokonsulta tungkol sa isang mahalagang proyekto alinsunod sa mga Seksyon 21080.3.1 at 21080.3.2.

(4) Kung may anumang teknikal na pag-aaral na isinasagawa para sa mahalagang proyekto na nagbibigay ng impormasyon para sa pagsusuri, mga hakbang, o paggamot sa mga kultural na yamang pangtribo, dapat bigyan ang mga tribong kumokonsulta ng pagkakataong suriin at magbigay ng input tungkol sa mga pag-aaral na iyon.

(5) Kapag ibinigay ng isang tribong kumokonsulta, ang tradisyonal na kaalaman ng tribo ay dapat isama sa pagtukoy, paggamot, at mga hakbang sa proteksiyon tungkol sa mga kultural na yamang pangtribo. Dahil ang mga kultural na yamang

pangtribo ay isang hiwalay na kategorya mula sa mga yamang kultural at mga yamang arkeolohiko, maaaring hindi angkop ang ilang pamamaraang arkeolohiko at pamantayan para sa mga kultural na yamang pangtribo. Kung pipiliin ng lead agency na huwag gamitin ang mga pamamaraan at pamantayan ng tribo o ang tradisyonal na kaalaman ng tribo, dapat nitong ipaliwanag ang desisyon nito sa mga dokumento sa pagsusuri sa kapaligiran para sa mahalagang proyekto, na sinusupportahan ng sapat na ebidensya.

(6) Ang lahat ng impormasyong kaugnay sa mga kultural na yamang pangtribo at tradisyonal na kaalaman ng tribo na isiniwalat ng isang tribong kumokonsulta ay dapat manatiling kumpidensiyal alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 21082.3, at ang impormasyong iyon ay hindi dapat isiwat sa administratibong rekord ng mga paglilitis nang walang pahintulot ng tribong kumokonsulta. Ang mga lead agency, sa pakikipagkonsultasyon sa mga apektadong tribong kumokonsulta, ay dapat tukuyin ang mga naaangkop na hakbang upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng impormasyon tungkol sa mga kultural na yamang pangtribo at tradisyonal na kaalaman ng tribo, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagtatakip ng mga tiyak na lokasyon, limitadong pagmamapa, ligtas na pag-iimbak ng datos, o iba pang proteksiyong paghawak sa impormasyon tungkol sa mga kultural na yamang pangtribo. Anumang nakasulat na paliwanag sa ilalim ng talata (5) ng subdibisyon (c) ay hindi dapat sumailalim sa hamon hanggang sa lawak na walang pahintulot ang lead agency mula sa tribong kumokonsulta na isiwat ang sumusuportang impormasyon dahil sa mga kinakailangan sa pagiging kumpidensiyal ng talatang ito.

(7) Ang pagkumpleto sa proseso ng paunang pagsusuri alinsunod sa subdibisyon (c) ay hiwalay na gumagana at hindi nagbabago, nagpapahinto, o nakaaapekto sa anumang mga kinakailangan o takdang panahon na itinakda sa Seksyon 21017 o anumang iba pang mga probisyon ng dibisyon ng ito.

(c) Paunang pagsusuri. Sa pagsusumite ng aplikante ng isang paunang aplikasyon alinsunod sa anumang iba pang batas, ng nakasulat na abiso ng aplikante alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21024, o ng isang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto, dapat isagawa ang maagang pagsusuri upang matukoy at suriin ang mga kultural na yamang pangtribo. Ang paunang pagsusuri ay nangangahulugang ang pakikilahok sa mga maagang talakayan, bago matukoy ng lead agency na kumpleto ang isang aplikasyon, sa pamamagitan ng proseso ng meet and confer sa pagitan ng tribong kumokonsulta, lead agency, at aplikante tungkol sa mga potensyal na epekto ng isang iminungkahing mahalagang proyekto sa mga kultural na yamang pangtribo. Bilang bahagi ng proseso ng paunang pagsusuri, dapat mangyari ang lahat ng sumusunod:

(1) (A) Dapat ibigay ng isang aplikante sa lead agency ang sumusunod na umiiral na impormasyon:

(i) Isang paglalarawan ng iminungkahing mahalagang proyekto.

(ii) Isang konseptuwal na mapa ng lugar na nagpapakita ng iminungkahing lawak, pagkakaayos, o pangkalahatang mga hangganan ng lugar ng proyekto.

(iii) Isang mapa ng paligid na tumutukoy sa mga pangunahing palatandaan, daanan, at likas na katangian.

(iv) Anumang geotechnical, pangkapaligiran, at partikular sa lugar na teknikal na pag-aaral na dati nang binuo upang suportahan ang meet and confer alinsunod sa talata (4) tungkol sa maagang disenyo, pagruruta, o pagsusuri ng pagiging posible na kaugnay o nakaaapekto sa mga kultural na yamang pangtribo.

(v) Para sa mga linear na proyekto tulad ng mga linya ng transmisyon ng kuryente, pipeline, linya ng tren, aqueduct, linya ng komunikasyon, at mga kalsada, dapat isama ng mga aplikante ang pangkalahatang corridor at ang lokasyon ng anumang panimulang at pangwakas na pasilidad o substation.

(B) Hindi dapat hilingin sa mga aplikante na gumawa ng mga bagong pag-aaral o pagsusuri para sa mga layunin ng subdibisyon na ito. Anumang input alinsunod sa seksyong ito maliban sa tungkol sa pagtukoy ng mga kultural na yamang pangtribo ay dapat ibigay sa panahon ng proseso ng konsultasyon sa mga tribo alinsunod sa subdibisyon (d).

(2) Sa loob ng 20 araw mula sa pagtanggap ng impormasyong inilalarawan sa talata (1), dapat kumpletuhin ng lead agency ang paghahanap sa mga rekord para sa mga naitala at dokumentadong yamang arkeolohiko, yamang kultural, at mga kultural na yamang pangtribo sa loob ng iminungkahing lugar ng proyekto at lugar ng mga potensyal na epekto (APE), gaya ng tinukoy ang terminong iyon sa ilalim ng Seksyon 800.16 ng Titulo 36 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon, gaya ng tinutukoy ng lead agency, sa pamamagitan ng lahat ng sumusunod:

(A) Ang Talaan ng mga Sagradong Lupa na pinananatili ng Komisyon sa Pamana ng mga Katutubong Amerikano.

(B) Ang Sistema ng Impormasyon sa mga Makasaysayang Yaman ng California (CHRIS) na pinananatili ng Tanggapan ng Estado para sa Pangangalaga ng Makasaysayang Yaman.

(C) Mga rekord ng lead agency.

(3) Sa pagkumpleto ng paghahanap na kinakailangan ng talata (2), dapat ibigay ng lead agency sa mga tribong kumokonsulta ang lahat ng impormasyong nakuha alinsunod sa mga talata (1) at (2), gayundin ang paanyayang mag-meet and confer alinsunod sa talata (4).

(4) Pagkatapos matanggap ang impormasyong ibinigay ng lead agency alinsunod sa talata (3) at kapag hiniling ng isang tribong kumokonsulta, ang tribong kumokonsulta, lead agency, at aplikante ay dapat mag-meet and confer tungkol sa iminungkahing mahalagang proyekto at anumang nalalaman o naitalang kultural na yamang pangtribo, at maaaring magbahagi ang tribong kumokonsulta ng anumang impormasyon, kabilang ang impormasyong nasa mga rehistro ng pamahalaan ng tribo. Sa panahon ng meet and confer, dapat tukuyin at suriin ng tatlong partido ang mga pamamaraan, hakbang, at kondisyon sa paggamot at proteksiyon upang tugunan ang mga epekto sa mga kultural na yamang pangtribo, kabilang ang pag-iwas at pagpapanatili sa mismong lugar. Maliban kung napagkasunduan ng lahat ng partido, ang anumang kasunduan ng lahat ng partido mula sa meet and confer ay dapat tapusin sa panahon ng proseso ng konsultasyon sa mga tribo na itinakda sa subdibisyon (d). Ang mga resulta ng meet and confer ay dapat idokumento at panatilihin ng lead agency alinsunod sa kasunduan sa tribong kumokonsulta.

(5) (A) Kung hindi tumugon ang isang tribong kumokonsulta sa paanyaya para sa paunang pagsusuri na ibinigay ng lead agency alinsunod sa talata (3) sa loob ng 30 araw, ang proseso ng paunang pagsusuri alinsunod sa subdibisyon na ito ay ituturing na natapos at ang mga bahagi ay magpapatuloy sa proseso ng konsultasyon sa mga tribo na itinakda sa subdibisyon (d). Ang desisyon ng isang tribong kumokonsulta na huwag mag-meet and confer sa ilalim ng proseso ng paunang pagsusuri sa subdibisyon na ito ay hindi sa anumang paraan makaaapekto sa kakayahan o karapatan ng tribong kumokonsulta na lumahok sa proseso ng konsultasyon sa mga tribo na itinakda sa subdibisyon (d).

(B) Ang proseso ng paunang pagsusuri na itinakda sa subdibisyon na ito ay magtatapos kapag nagsimula ang proseso ng konsultasyon sa mga tribo na itinakda sa subdibisyon (d).

(C) Kung hindi naaangkop ang proseso ng konsultasyon sa mga tribo na itinakda sa subdibisyon (d), ang proseso ng paunang pagsusuri sa ilalim ng subdibisyon na ito ay magwawakas sa petsa ng kasunduan ng mga bahagi mula sa meet and confer alinsunod sa talata (4) o 30 araw mula sa petsa kung kailan natukoy ng lead agency na kumpleto ang isang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto o itinuring itong kumpleto sa bisa ng batas, alinman ang mauna.

(d) Konsultasyon sa mga Tribo. Ang konsultasyon sa mga tribo para sa isang mahalagang proyekto ay dapat isagawa alinsunod sa mga Seksyon 21074, 21080.3.1, 21080.3.2, 21082.3, 21084.2, at 21084.3, maliban kung binago gaya ng sumusunod:

(1) Ang layunin ng konsultasyon sa mga tribo ay tukuyin ang mga kultural na yamang pangtribo at suriin ang mga hakbang sa paggamot at proteksiyon para sa mga kultural na yamang pangtribo, kabilang ang pagpapatupad ng mga hakbang sa paggamot at proteksiyon.

(2) Ang konsultasyon sa mga tribo ay hindi makabuluhan kung ang tribong kumokonsulta ay hindi binibigyan ng makatuwirang hinihiling na teknikal na impormasyon, kabilang, ngunit hindi limitado sa, impormasyon tungkol sa proyekto at mga limitasyon, datos, mapa, at impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng proyekto habang kaugnay ang mga ito sa paggamot at proteksiyon ng mga kultural na yamang pangtribo. Sa panahon ng konsultasyon sa mga tribo alinsunod sa subdibisyon na ito, ang lead agency ay dapat magsagawa ng paulit-ulit na mga talakayan kasama ang tribong kumokonsulta tungkol sa pagbuo ng mga hakbang sa mitigation na kaugnay sa mga kultural na yamang pangtribo, kabilang ang mga paunang konsepto o pamamaraan bago ilathala ang anumang draft na dokumento sa pagsusuri sa kapaligiran. Kabilang dito ang pagpapaalam sa tribong kumokonsulta tungkol sa anumang umiiral na teknikal na pag-aaral o ulat na nasa pag-iingat ng lead agency na kaugnay sa mga kultural na yamang pangtribo sa o malapit sa lugar ng mahalagang proyekto, hanggang sa lawak na pinahihintulutan ng naaangkop na mga batas sa pagiging kumpidensiyal, at pagbibigay sa tribong kumokonsulta ng access sa mga pag-aaral o ulat na iyon. Hangga't ang anumang draft na dokumento sa pagsusuri sa kapaligiran ay ibinibigay sa aplikante para sa pagsusuri bago ang panahon para sa pampublikong komento para sa dokumentong iyon sa pagsusuri sa kapaligiran, ang draft ay dapat ding gawing available sa tribong kumokonsulta sa oras na ibinibigay ito sa aplikante. Walang anumang nasa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na nag-aatas sa lead agency na maghanda o magpaikot ng mga draft na dokumento sa pagsusuri sa kapaligiran para sa mga layunin ng konsultasyon sa mga tribo.

(3) Kung ang lead agency, isang tribong kumokonsulta, at ang aplikante ay sumang-ayon nang nakasulat sa mga hakbang upang maiwasan o mabawasan ang isang makabuluhang epekto sa isang kultural na yamang pangtribo, ang mga hakbang na iyon at anumang nakasulat na kasunduan ay magiging mga maipatutupad na kondisyon ng pag-apruba ng proyekto, alinsunod sa mga kinakailangan sa pagiging kumpidensiyal sa ilalim ng talata (6) ng subdibisyon (b).

(e) Paggamot at proteksiyon ng mga kultural na yamang pangtribo. Kapag posible, dapat iwasan ang mga nakapipinsalang epekto sa anumang mga kultural na yamang pangtribo. Alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21014, walang anumang nasa subdibisyon na ito ang nagbabago sa obligasyon ng lead agency sa ilalim ng CEQA na iwasan o bawasan ang mga makabuluhang

epekto sa mga kultural na yamang pangtribo kapag posible. Ang mga hakbang sa mitigation at paggamot na pinagtibay sa konsultasyon sa tribong kumokonsulta alinsunod sa subdibisyon na ito upang maiwasan o mabawasan ang mga makabuluhang epekto sa mga kultural na yamang pangtribo ay dapat naaayon sa mga sumusunod:

(1) Ang pag-iwas at pagpapanatili sa mismong lugar ay dapat isaalang-alang kapag hiniling ng tribong kumokonsulta. Maaaring iwasan o panatilihin sa mismong lugar ang isang kultural na yamang pangtribo sa pamamagitan ng disenyo ng proyekto, pagtatakda ng buffer, o iba pang mga hakbang sa proteksiyon upang maiwasan ang mga kultural na yamang pangtribo at maprotektahan ang kontekstong kultural at likas, o pagpapalano ng mga luntiang espasyo, parke, o iba pang bukas na espasyo upang isama ang mga kultural na yamang pangtribo na may mga pamantayan sa proteksiyon at pamamahala na naaangkop sa kultura na tinutukoy sa mga dokumento sa kapaligiran ng proyekto.

(2) Kung ang isang mahalagang proyekto ay may potensiyal na magdulot ng malaking masamang pagbabago sa kahalagahan ng isang kultural na yamang pangtribo, at hindi posible ang pag-iwas at pagpapanatili sa mismong lugar, dapat ipakita at idokumento ng lead agency ang batayan para sa pagpapasyang iyon gamit ang sapat na ebidensya, at maaaring tukuyin ng tribong kumokonsulta ang mga hakbang sa mitigation na naaangkop sa kultura na dapat isaalang-alang at isama ng lead agency, hanggang sa lawak na posible, sa pagbuo ng mga hakbang sa mitigation at paggamot sa paraang naaayon sa talata (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 21084.3.

(3) Kapag ang isang mahalagang proyekto ay nagmumungkahi ng mga aktibidad na may kaugnayan sa konstruksiyon na nakaaapekto sa lupa at kapag hiniling ng tribong kumokonsulta, dapat isama ng lead agency ang mga hakbang para sa hindi sinasadyang pagkakatuklas upang mabawasan ang mga makabuluhang epekto sa mga kultural na yamang pangtribo. Maaaring kabilang sa mga hakbang na iyon ang mga pamamaraan para sa pansamantalang paghinto ng grading, mga protocol para sa pagtukoy at pagsusuri, mga probisyon sa oras, at karagdagang mga pamamaraan sa paggamot o mga hakbang sa proteksiyon.

(f) Pag-apruba sa mahalagang proyekto. Maaari lamang aprubahan ng isang lead agency ang isang mahalagang proyekto alinsunod sa seksyong ito kapag naaangkop ang lahat ng sumusunod:

(1) Ang konsultasyon sa mga tribo ay natapos nang may mabuting loob.

(2) Kung may kasunduan sa pagitan ng lahat ng bahagi alinsunod sa alinman sa talata (4) ng subdibisyon (c) o subdibisyon (d), ang anumang napagkasunduang mga hakbang sa mitigation at pag-iwas ay kasama bilang mga maipatutupad na kondisyon ng proyekto.

(3) Kung hindi posible ang pag-iwas at pagpapanatili sa mismong lugar, naipakita at nadokumento ng lead agency ang batayan para sa pagpapasyang iyon gamit ang sapat na ebidensya at isinama ang iba pang mga hakbang upang mabawasan ang mga epekto alinsunod sa CEQA.

21017. Pagtukoy sa Pagiging Kumpleto ng mga Aplikasyon para sa Mahahalagang Proyekto

(a) (1) Kapag nakatanggap ang isang pampublikong ahensiya ng paunang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto, dapat suriin ng pampublikong ahensiya ang aplikasyon, gumawa ng

nakasulat na pagtukoy kung kumpleto ang aplikasyon, at ipaalam sa aplikante nang nakasulat ang pagtukoy.

(2) Ang nakasulat na pagtukoy sa pagiging kumpleto para sa isang paunang aplikasyon ay dapat gawin sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng pampublikong ahensiya sa paunang aplikasyon. Kung hindi makapagbibigay ang pampublikong ahensiya ng pagtukoy sa pagiging kumpleto sa loob ng 30 araw, ang paunang aplikasyon ay ituturing na kumpleto para sa mga layunin ng dibisyonang ito.

(3) Ang isang aplikasyon ay hindi dapat matukoy na hindi kumpleto batay sa (A) mga pag-aaral o dokumentong pang-impormasyon o pagsusuri na hindi kinakailangan ng pampublikong ahensiya sa isang nakasulat at available sa publiko na checklist ng mga kinakailangan sa pagsusumite o katulad na dokumentong umiiral noong isinumite ang paunang aplikasyon o (B) mga batas, regulasyon, tuntunin, pamantayan, o ordinansang hindi umiiral na mga batas.

(b) Kung matukoy ng pampublikong ahensiya na hindi kumpleto ang paunang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto, sa oras na gawin ang pagtukoy na iyon ay dapat ding magbigay ang pampublikong ahensiya sa aplikante ng isang kumpletong nakasulat na listahan ng mga pagwawasto na naglalaman ng masusing paglalarawan ng mga item at partikular na impormasyon, o kakulangan nito, na naging dahilan ng pagtukoy na hindi kumpleto ang aplikasyon.

(c) (1) (A) Sa loob ng 90 araw mula sa abiso na hindi kumpleto ang paunang aplikasyon nito, ang aplikante ay dapat magsumite ng karagdagang impormasyon o isang binagong aplikasyon na tumutugon sa mga usaping tinukoy sa nakasulat na listahan ng mga pagwawasto.

(B) Kung hindi matutugunan ng aplikante ang 90-araw na deadline sa subtalata (A) upang magsumite ng alinman sa karagdagang impormasyon o binagong aplikasyon, dapat nitong ipaalam sa pampublikong ahensiya nang nakasulat kung bakit hindi nito magagawa ito at isama ang pagtatantya kung kailan nito magagawa ito.

(2) Sa anumang pagsusumite ng karagdagang impormasyon o binagong aplikasyon, dapat tukuyin ng pampublikong ahensiya kung kumpleto ang karagdagang pagsusumite batay lamang sa nakasulat na listahan ng mga pagwawasto na ibinigay ng ahensiya alinsunod sa subdibisyon (b). Dapat magbigay ang pampublikong ahensiya ng pagtukoy sa pagiging kumpleto batay sa karagdagang pagsusumite sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap nito. Kung matukoy ng pampublikong ahensiya na hindi pa rin kumpleto ang karagdagang pagsusumite, sa oras na gawin ang pagtukoy na iyon ay dapat magbigay ang pampublikong ahensiya sa aplikante ng isang na-update at kumpletong nakasulat na listahan ng mga pagwawasto. Ang na-update na nakasulat na listahan ng mga pagwawasto ay maaari lamang maglaman ng mga item na kasama sa nakasulat na listahan ng mga pagwawasto na ibinigay bilang tugon sa paunang aplikasyon ng aplikante.

(3) Kung muling ituring na hindi kumpleto ang karagdagang pagsusumite, maaaring magsumite ang aplikante ng karagdagang mga pag-ikot ng karagdagang impormasyon o mga binagong aplikasyon alinsunod sa mga pamamaraan at takdang panahong itinakda sa subdibisyon na ito.

(4) Kung hindi makapagbibigay ang pampublikong ahensiya ng pagtukoy sa pagiging kumpleto sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng alinman sa karagdagang impormasyon o binagong aplikasyon alinsunod sa talata (2) o (3), ang aplikasyon ay ituturing na kumpleto para sa mga layunin ng dibisyonang ito.

(5) Hindi dapat humiling o mag-atas ang isang pampublikong ahensiya sa isang aplikante na magbigay ng anumang bagong impormasyon maliban kung ang impormasyong iyon ay kasama sa kumpletong nakasulat na listahan ng mga pagwawasto para sa kaagad na naunang bersyon ng aplikasyon.

(d) (1) Ang pagtukoy sa pagiging kumpleto na nagtatakda na ang isang paunang aplikasyon, karagdagang aplikasyon, o binagong aplikasyon ay hindi kumpleto ay maaaring iapela ng aplikante sa komisyon sa pagpapalano, planning director, o iba pang opisyal ng pampublikong ahensiya na may pinal na awtoridad sa pagiging kumpleto ng aplikasyon. Kung walang komisyon sa pagpapalano, planning director, o iba pang opisyal na may pinal na awtoridad sa pagiging kumpleto ng aplikasyon ang pampublikong ahensiya, ang apela ay dapat dinggin ng pinakamataas na ranggong nahalal o itinalagang katawan o opisyal na gumagawa ng desisyon ng ahensiya. Dapat magkaroon ng pinal na nakasulat na pagtukoy sa apela nang hindi lalampas sa 60 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na apela ng aplikante.

(2) Kung hindi ginawa ang pinal na nakasulat na pagtukoy sa apela sa loob ng 60-araw na panahong inilalarawan sa talata (1), ang aplikasyon ay ituturing na kumpleto para sa mga layunin ng dibisyonang ito.

(e) Maaaring magsampa ang aplikante ng aksiyong sibil na humahamon sa isang masamang pagtukoy sa ilalim ng subdibisyon (d). Ang anumang aksiyon ay dapat simulan sa loob ng 90 araw mula sa isang masamang pinal na nakasulat na pagtukoy na inilabas alinsunod sa subdibisyon (d).

Artikulo 4. Pagsusuri ng mga Nakumpletong Aplikasyon para sa Mahahalagang Proyekto

21018. Takdang Panahon ng Lokal na Ahensiya para sa Pagkumpleto ng Pagsusuri sa Kapaligiran ng mga Mahahalagang Proyekto

(a) Ang isang lokal na ahensiya na kumikilos bilang lead agency (lokal na lead agency) para sa isang aplikasyon o pag-apruba ng isang mahalagang proyekto ay dapat magpasya kung ang proyekto ay napapailalim sa subdibisyon (b), (c), o (d) sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan natukoy o itinuring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o itinuring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(b) Mga Mahahalagang Proyektong Nangangailangan ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran. Para sa mga mahahalagang proyektong nangangailangan ng ulat sa epekto sa kapaligiran, ang lokal na pangunahing ahensiya ay gagawa ng pinal na pagpapasiya kung magpapatibay ng ulat sa epekto sa kapaligiran nang hindi lalampas sa 365 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(c) Mga Mahahalagang Proyektong Nangangailangan ng Negatibong Deklarasyon o Negatibong Deklarasyong may mga Hakbang sa Pagbawas ng Epekto. Para sa mga mahahalagang proyektong nangangailangan ng negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto, ang lokal na pangunahing ahensiya ay gagawa ng pinal na pagpapasiya kung magpapatibay ng negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto nang hindi lalampas sa 180 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(d) Para sa lahat ng iba pang dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran na inihanda alinsunod sa dibisyong ito para sa isang aplikasyon o pag-apruba ng isang mahalagang proyekto, ang lokal na pangunahing ahensiya ay, sa loob ng 90 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017 o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna, gagawa ng pinal na pagpapasiya na ang mahalagang proyekto ay hindi saklaw ng dibisyong ito o na ang mga epekto ng mahalagang proyekto ay dati nang nasuri sa ilalim ng isang naunang dokumento ng pagsusuri sa kapaligiran alinsunod sa, nang walang limitasyon, Seksyon 21083.3 o 21094.5, o isang addendum alinsunod sa Seksyon 15162 o 15164 ng Titulo 14 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

(e) Ang mga takdang panahon na itinakda sa mga subdibisyon (b), (c), at (d) ay palalawigin kapag may nakasulat na kahilingan mula sa aplikante.

21019. Takdang Panahon para sa Pagkumpleto ng Pagsusuri sa Kapaligiran ng mga Mahahalagang Proyekto ng mga Pamublikong Ahensiyang Hindi Lokal na Ahensiya

(a) Ang isang pampublikong ahensiya maliban sa isang lokal na ahensiya na kumikilos bilang pangunahing ahensiya (pangunahing ahensiyang hindi lokal) para sa isang mahalagang proyekto ay magpapasiya kung ang proyekto ay saklaw ng subdibisyon (b), (c), o (d) sa loob ng 30 araw mula nang matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(b) Mga Mahahalagang Proyekto Nangangailangan ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran. Para sa mga mahahalagang proyektong nangangailangan ng ulat sa epekto sa kapaligiran, ang pangunahing ahensiyang hindi lokal ay gagawa ng pinal na pagpapasiya kung magpapatibay ng ulat sa epekto sa kapaligiran nang hindi lalampas sa 365 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(c) Mga Mahahalagang Proyekto Nangangailangan ng Negatibong Deklarasyon o Negatibong Deklarasyong may mga Hakbang sa Pagbawas ng Epekto. Para sa mga mahahalagang proyektong nangangailangan ng negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto, ang pangunahing ahensiyang hindi lokal ay gagawa ng pinal na pagpapasiya kung magpapatibay ng negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto nang hindi lalampas sa 180 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017, o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna.

(d) Para sa lahat ng iba pang dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran na inihanda alinsunod sa dibisyong ito para sa isang aplikasyon o pag-apruba ng isang mahalagang proyekto, ang pangunahing ahensiyang hindi lokal ay, sa loob ng 90 araw pagkatapos matukoy o ituring na kumpleto ang aplikasyon para sa mahalagang proyekto alinsunod sa Seksyon 21017 o ituring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna, gagawa ng pinal na pagpapasiya na ang mahalagang proyekto ay hindi saklaw ng dibisyong ito o na ang mga epekto ng mahalagang proyekto ay dati nang nasuri sa ilalim ng isang naunang dokumento ng pagsusuri sa kapaligiran alinsunod sa, nang walang limitasyon, Seksyon 21083.3 o 21094.5, o

isang addendum alinsunod sa Seksyon 15162 o 15164 ng Titulo 14 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

(e) Ang mga takdang panahon na itinakda sa mga subdibisyon (b), (c), at (d) ay palalawigin kapag may nakasulat na kahilingan mula sa aplikante.

21020. Hindi Pagsunod sa mga Takdang Panahon para sa Pagkumpleto ng Pagsusuri sa Kapaligiran ng mga Mahahalagang Proyekto

(a) Kapag ang isang lokal na pangunahing ahensiya o pangunahing ahensiyang hindi lokal ay hindi sumunod sa isang takdang panahon na itinakda sa mga subdibisyon (b) hanggang (d), kabilang ang mga ito, ng Seksyon 21018, o mga subdibisyon (b) hanggang (d), kabilang ang mga ito, ng Seksyon 21019, maaaring gumawa ang aplikante ng nakasulat na kahilingan sa ahensiya na magsagawa ng pulong o pagdinig tungkol sa mahalagang proyekto gaya ng itinatadhana sa seksiyong ito.

(b) Sa loob ng 60 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na kahilingan alinsunod sa subdibisyon (a), gagawin ng lokal na pangunahing ahensiya o pangunahing ahensiyang hindi lokal ang lahat ng sumusunod:

(1) Kumpletuhin ang lahat ng dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran para sa mahalagang proyekto o tipunin ang magagamit na dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran, kabilang ang anumang dokumento ng pagsusuri sa kapaligiran na inihanda ng aplikante gaya ng pinahihintulutan alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21082.1 o anumang iba pang batas.

(2) Magsagawa ng pulong o pagdinig tungkol sa aplikasyon para sa mahalagang proyekto gaya ng sumusunod:

(A) Kung ang ahensiya ay may lupon ng pagpapasiya na binubuo ng maraming miyembro na saklaw ng Bagley-Keene na Batas sa Bukas na Pulong (Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ng Ralph M. Brown Act (Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo ng Pamahalaan), o ng katulad na batas tungkol sa mga bukas na pulong, ilalagay ng ahensiya ang mahalagang proyekto sa agenda nito para sa regular o espesyal na pulong ng pinakamataas na lupon ng pagpapasiya ng ahensiya.

(B) Kung ang ahensiya ay walang lupon ng pagpapasiya na binubuo ng maraming miyembro na saklaw ng Bagley-Keene na Batas sa Bukas na Pulong, Ralph M. Brown Act, o katulad na batas tungkol sa mga bukas na pulong, ang pinakamataas na opisyal ng ahensiya, o ang itinalaga niya, ay magsasagawa ng pagdinig kasama ang aplikante tungkol sa mahalagang proyekto.

(3) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng dibisyong ito o anumang iba pang batas, sa pulong o pagdinig na inilalarawan sa talata (2), gagawin ng ahensiya ang pareho ng sumusunod:

(A) Gagawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya sa magagamit na dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran na nakumpleto na sa petsa ng pulong o pagdinig.

(B) Gagawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya upang aprubahan o hindi aprubahan ang mahalagang proyekto.

(c) (1) Kung ang lokal na pangunahing ahensiya o pangunahing ahensiyang hindi lokal ay may komisyon sa pagpapalano o direktor sa pagpapalano, kapag natanggap ang nakasulat na kahilingan alinsunod sa subdibisyon (a), ang komisyon sa pagpapalano o direktor sa pagpapalano ay magsasagawa ng regular o espesyal na pulong para sa layuning magbigay ng rekomendasyon tungkol sa mahalagang proyekto.

(2) Ang pulong ng komisyon sa pagpapalano o direktor sa pagpapalano na inilalarawan sa subdibisyon na ito ay dapat

idaos sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na kahilingan alinsunod sa subdibisyon (a).

(3) Anumang dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran na kailangan para sa pulong na inilalarawan sa subdibisyon na ito ay dapat makumpleto bago ang petsa ng pulong ayon sa iniaatas ng batas.

(d) Ang mga takdang panahon na itinakda sa mga subdibisyon (b) at (c) ay palalawigin lamang kapag may nakasulat na kahilingan mula sa aplikante.

(e) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (f), ang isang lokal na pangunahing ahensiya at isang pangunahing ahensiyang hindi lokal ay may hindi discretionary na ministerial na tungkuling sumunod sa mga takdang panahong itinakda sa seksiyong ito o sa anumang nakasulat na kahilingan na ginawa alinsunod sa subdibisyon (d) at kumpletuhin ang mga pagkilos na inilalarawan sa talata (3) ng subdibisyon (b).

(f) Kung, bago matapos ang 60-araw na panahon na itinatadhana sa subdibisyon (b), nakumpleto ng ahensiya ang lahat ng dokumentasyong pangkapaligiran para sa mahalagang proyekto at naglabas ng pinal na nakasulat na pagpapasiya upang aprubahan ang mahalagang proyekto, maaaring magkasundo nang nakasulat ang ahensiya at ang aplikante na kanselahin ang pulong o pagdinig tungkol sa mahalagang proyekto na iniaatas ng talata (2) ng subdibisyon (b).

(g) (1) Maaaring magsampa ang aplikante ng isang aksyon sa ilalim ng dibisyong ito upang hamunin ang alinman sa mga sumusunod:

(A) Ang kabiguan ng ahensiya na sumunod sa mga hindi discretionary na ministerial na tungkuling inilalarawan sa subdibisyon (e).

(B) Ang pagtangi ng ahensiya o pagpapataw ng mga labag sa batas na kondisyon sa pag-apruba ng isang mahalagang proyekto.

(2) Ang aksyon ay dapat simulan sa loob ng 90 araw mula sa kabiguan, pagtangi, o pagpapataw na inilalarawan sa talata (1).

(h) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng seksiyong ito, Seksyon 21018, o Seksyon 21019, kapag ang pangunahing ahensiya para sa isang mahalagang proyekto ay siya ring aplikante para sa mahalagang proyektong iyon, maaaring palawigin ng pangunahing ahensiya ang anumang takdang panahon na nakapaloob sa seksiyong ito, Seksyon 21018, o Seksyon 21019 sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na tumutukoy sa tagal ng pagpapalawig at dahilan nito. Ang abiso ay dapat ilathala sa website ng pangunahing ahensiya at isama sa rekord na administratibo.

21021. Takdang Panahon para sa mga Pampublikong Komento sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) Ang isang pampublikong ahensiya ay dapat magpalaganap ng isang dokumento ng pagsusuri sa kapaligiran para sa isang mahalagang proyekto para sa mga panahon ng pampublikong komento gaya ng sumusunod:

(1) Dalawampung araw para sa isang negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto o iba pang dokumentong nangangailangan ng pagpapalaganap sa publiko sa ilalim ng batas ng estado.

(2) Apatnapu't limang araw para sa isang draft na ulat sa epekto sa kapaligiran o kasunod o pandagdag na ulat sa epekto sa kapaligiran.

(b) Ang panahon ng pampublikong komento na inilalarawan sa subdibisyon (a) ay hindi dapat ihinto o palawigin maliban sa pamamagitan ng korte na may wastong hurisdiksiyon.

(c) Kung ipagpapaliban ng isang pampublikong ahensiya ang anumang pampublikong pagdinig tungkol sa isang mahalagang proyekto, o ang pagsusuri ng CEQA sa mahalagang proyektong iyon, ipagpapatuloy ng pampublikong ahensiya ang pagdinig sa isang tiyak na petsa at, kapag naaprubahan ang pagpapaliban, isasara ang panahon ng pampublikong komento. Hindi dapat muling buksan ng pampublikong ahensiya ang panahon ng pampublikong komento sa anumang kasunod na pagdinig tungkol sa mahalagang proyekto.

(d) (1) Sa kabila ng anumang iba pang batas, ang mga sumusunod lamang na komento ang dapat isama sa rekord na administratibo para sa isang mahalagang proyekto:

(A) Mga elektronikong komento at nakasulat na komento na natanggap sa mga panahon ng pampublikong komento na itinakda sa subdibisyon (a).

(B) Para sa mga pagpapasiya ng CEQA na walang panahon ng komento na itinakda sa subdibisyon (a), mga elektronikong komento at nakasulat na komento na natanggap nang hindi bababa sa 48 oras bago ang isang pampublikong pagdinig o isang ipinabatid na pagpapasiya tungkol sa dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran para sa mahalagang proyekto.

(C) (i) Para sa mga pagdinig o apela sa isang pagpapasiya ng CEQA, mga elektronikong komento at nakasulat na komento na natanggap nang hindi bababa sa 48 oras bago ang isang pampublikong pagdinig tungkol sa mga isyung hindi maaaring iharap sa panahon ng pampublikong komento na itinakda sa subdibisyon (a) dahil sa malalaking pagbabago sa mahalagang proyekto na naging dahilan upang hindi maiharap ang isyu sa panahon ng pampublikong komento, o dahil sa bagong impormasyong hindi nalaman at hindi maaaring nalaman sa panahon ng pampublikong komento.

(ii) Ang "Malalaking pagbabago sa mahalagang proyekto" ay hindi dapat kabilang ang anumang pagbabagong ginawa sa isang mahalagang proyekto bilang tugon sa pampublikong komento, sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri ng mga alternatibo ng CEQA, o dahil sa mga alalahaning tinukoy ng pangunahing ahensiya sa panahon ng proseso ng CEQA.

(D) Pasalitang testimonya sa isang ipinabatid at naitalang pampublikong pagdinig.

(2) Ang lahat ng iba pang pampublikong komento ay hindi isasaalang-alang at hindi isasama sa rekord na administratibo.

(e) Sa kabila ng anumang iba pang batas, ang tugon ng pangunahing ahensiya o aplikante sa isang komentong inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyon (d), o mga komento mula sa aplikante bilang tugon sa isang tanong mula sa isang pampublikong ahensiya o upang ipakita ang pagsunod ng mahalagang proyekto sa dibisyong ito, ay dapat, nang walang anumang kondisyon, isama sa rekord na administratibo para sa isang mahalagang proyekto.

21022. Pagpapasiya sa mga Epekto

Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(a) (1) Ang isang pampublikong ahensiya na isinasaalang-alang kung aaprubahan ang isang mahalagang proyekto ay tutukoy, susuriin, tutukoy sa kahalagahan, at magbabawas sa mga epekto ng isang mahalagang proyekto batay sa pagsunod sa mga umiiral na batas.

(2) Kung ang isang pampublikong ahensiya ay naglathala, nagpatibay, o regular na gumamit ng mga threshold ng kahalagahan para sa mga epekto sa kapaligiran ng mga mahalagang proyekto sa petsa kung kailan unang inihain ang isang paunang aplikasyon o aplikasyon para sa isang mahalagang

proyekto, maaaring piliin ng aplikante na mapasailalim sa mga threshold ng kahalagahan iyon, kung saan gagamitin ng pampublikong ahensiya ang mga ito sa pagtukoy sa kahalagahan ng mga epekto sa kapaligiran ng mahalagang proyekto.

(b) Ang pagsunod ng isang mahalagang proyekto sa dibisyong ito at sa mga alituntunin ng CEQA ng estado ay ibabatay lamang sa pagsunod ng proyekto sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21029.

(c) Maaaring talikuran ng aplikante ang paglalapat ng isa o pareho sa subdibisyon (a) o (b) sa isang mahalagang proyekto sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan para sa waiver sa pampublikong ahensiya.

21023. Iba Pang mga Pagkilos ng Pampublikong Ahensiya para sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) Kung ang isang mahalagang proyekto ay nangangailangan ng anumang iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na hindi hayagang tinatalakay ng ibang mga probisyon ng kabanatang ito, ang pampublikong ahensiya ay gagawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya batay sa pagsunod sa mga umiiral na batas. Ang pinal na nakasulat na pagpapasiya tungkol sa iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya ay dapat makumpleto gaya ng sumusunod:

(1) Kung ang isang pampublikong ahensiya ay pangunahing ahensiya para sa isang mahalagang proyekto, gagawin ng pampublikong ahensiya ang pinal na pagpapasiya kasabay ng sertipikasyon nito sa ulat sa epekto sa kapaligiran, pagpapatibay ng negatibong deklarasyon o negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto, o pagpapasiya sa naunang pagsusuri o hindi pagsaklaw sa dibisyong ito, kung naaangkop.

(2) Maaaring ipagpaliban ng isang pangunahing ahensiya ng estado ang pinal na pagpapasiya na iniaatas ng talata (1) nang hanggang 90 araw kung naaangkop ang lahat ng sumusunod:

(A) Bago ang Disyembre 31, 2025, ang ahensiya ng estado ay may itinatag na proseso na itinakda sa batas o regulasyon para sa pagsasagawa ng mga pagdinig na may kaugnayan sa ebidensiya tungkol sa uri ng pagkilos ng pampublikong ahensiya na hinihingi para sa mahalagang proyekto.

(B) Bago ang takdang panahong itinakda sa talata (1), ang ahensiya ng estado ay nagbibigay ng nakasulat na abiso sa aplikante na isasagawa nito ang pagdinig na may kaugnayan sa ebidensiya.

(3) Kung ang isang aplikante ay humihingi ng pag-apruba para sa isang mahalagang proyekto mula sa isang pampublikong ahensiya na hindi pangunahing ahensiya para sa mahalagang projektong iyon noong unang isinailalim ang mahalagang proyekto sa pagsusuri sa kapaligiran alinsunod sa dibisyong ito, ang pampublikong ahensiyang iyon ay gagawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya bago ang mas huli sa alinman sa (A) 90 araw mula sa petsa kung kailan natukoy o itinuring na kumpleto ang aplikasyon para sa pagkilos ng pampublikong ahensiya alinsunod sa Seksyon 21017, o itinuring na kumpleto alinsunod sa anumang iba pang batas, alinman ang mauna, o (B) isang araw mula sa petsa kung kailan inaprubahan ng pangunahing ahensiya ang proyekto.

(b) Kapag ang isang pampublikong ahensiya ay hindi sumunod sa isang takdang panahon na itinakda sa subdibisyon (a), maaaring gumawa ang aplikante ng nakasulat na kahilingan sa pampublikong ahensiya na magsagawa ng pulong o pagdinig tungkol sa iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiyang hinihingi mula sa pampublikong ahensiya.

(c) Sa loob ng 45 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na kahilingan alinsunod sa subdibisyon (b), gagawin ng pampublikong ahensiya ang lahat ng sumusunod:

(1) Magsagawa ng pulong o pagdinig tungkol sa aplikasyon para sa mahalagang proyekto gaya ng sumusunod:

(A) Kung ang pampublikong ahensiya ay may lupon na nagpapasiya na binubuo ng maraming miyembro at saklaw ng Bagley-Keene Open Meeting Act (Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ng Ralph M. Brown Act (Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo ng Pamahalaan), o ng katulad na batas tungkol sa mga bukas na pulong, ilalagay ng pampublikong ahensiya ang iba pang pagkilos ng ahensiya na hinihingi ng aplikante sa agenda nito para sa regular o espesyal na pulong ng pinakamataas na lupon na nagpapasiya ng ahensiya.

(B) Kung ang pampublikong ahensiya ay walang lupon na nagpapasiya na binubuo ng maraming miyembro at saklaw ng Bagley-Keene Open Meeting Act, ng Ralph M. Brown Act, o ng katulad na batas tungkol sa mga bukas na pulong, ang pinakamataas na opisyal ng pampublikong ahensiya, o ang itinalaga niya, ay magsasagawa ng pagdinig kasama ang aplikante tungkol sa iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na hinihingi ng aplikante.

(2) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng dibisyong ito o anumang iba pang batas, sa pulong o pagdinig na inilalarawan sa talata (1), ang pampublikong ahensiya ay gagawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya upang ipagkaloob o tanggihan ang iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na hinihingi ng aplikante.

(d) Ang mga takdang panahong itinakda sa mga subdibisyon (a) at (c) ay palalawigin lamang kapag may nakasulat na kahilingan mula sa aplikante.

(e) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (f), ang isang pampublikong ahensiya ay may hindi discretionary na ministerial na tungkuling sumunod sa mga takdang panahong itinakda sa seksiyong ito o sa anumang nakasulat na kahilingan alinsunod sa subdibisyon (d) at gawin ang pagpapasiyang inilalarawan sa talata (2) ng subdibisyon (c).

(f) Kung, bago matapos ang 45-araw na panahon na itinatadhana sa subdibisyon (c), ang pampublikong ahensiya ay gumawa ng pinal na nakasulat na pagpapasiya upang ipagkaloob ang iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na hinihingi para sa mahalagang proyekto, maaaring magkasundo nang nakasulat ang pampublikong ahensiya at ang aplikante na kanselahin ang pulong o pagdinig na iniaatas ng talata (1) ng subdibisyon (c).

(g) (1) Maaaring magsampa ang aplikante ng isang aksyon sa ilalim ng dibisyong ito upang hamunin ang parehong sumusunod:

(A) Ang kabiguan ng ahensiya na sumunod sa mga hindi discretionary na ministerial na tungkuling inilalarawan sa subdibisyon (e).

(B) Ang pagtangi ng ahensiya o pagpapataw ng mga labag sa batas na kondisyon sa pag-apruba sa iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na hinihingi mula sa pampublikong ahensiya.

(2) Ang aksyon ay dapat simulan sa loob ng 90 araw mula sa kabiguan, pagtangi, o pagpapataw na inilalarawan sa talata (1).

Artikulo 5. Paunang Proceso ng Pagtukoy sa Saklaw at Pinadaling Pagsusuri ng mga Alternatibo para sa mga Mahahalagang Proyekto

21024. Paunang Proseso ng Pagtukoy sa Saklaw para sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) Maaaring gamitin ng aplikante, ngunit hindi ito inaatasang gamitin, ang paunang proseso ng pagtukoy sa saklaw at pinadaling pagsusuri ng mga alternatibo gaya ng itinatadhana sa artikulong ito. Gayunpaman, kapag kusang pinili ng aplikante na gamitin ang paunang prosesong ito ng pagtukoy sa saklaw at pinadaling pagsusuri ng mga alternatibo, dapat itong sumunod sa artikulong ito.

(b) (1) Bago magsumite ng aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto, ang aplikanteng pumipiling magpatuloy alinsunod sa artikulong ito ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa pangunahing ahensiya tungkol sa layunin nitong kumpletuhin ang proseso ng pagtukoy sa saklaw at pinadaling pagsusuri ng mga alternatibong itinakda sa artikulong ito.

(2) Ang nakasulat na abiso ay dapat maglahad ng paunang pangkalahatang-ideya at paglalarawan ng iminungkahing mahalagang proyekto na sapat upang maipalam sa pangunahing ahensiya at sa publiko ang mga inaasahang katangian ng proyekto. Hindi kailangang isama sa nakasulat na abiso ang mga detalyadong plano sa inhinyeriya, teknikal na pag-aaral, o mga guhit sa antas ng disenyo. Ang paglalarawan ay dapat magsama, sa lawak na nalalaman, ng mga sumusunod:

(A) Ang lokasyon, laki, at mga hangganan ng proyekto.

(B) Ang mga pangunahing bahagi at pangunahing layunin ng proyekto.

(C) Ang pangkalahatang uri ng paggamit ng lupa, pasilidad, o imprastrakturang iminungkahi.

(D) Anumang mga lugar na may yamang alam na o makatuwirang mahuhulaang maaaring maapektuhan.

(E) Anumang mga inaasahang permit o pag-apruba na kinakailangan mula sa mga pampublikong ahensiya.

(3) Dapat ding malinaw na tukuyin sa nakasulat na abiso ang isang email address para sa aplikante kung saan maaaring magsumite ng mga komento sa iminungkahing mahalagang proyekto ang pangunahing ahensiya at ang publiko.

(c) (1) Pagkatanggap ng pangunahing ahensiya ng nakasulat na abisong inilalarawan sa subdibisyon (b), ang aplikante at ang pangunahing ahensiya ay dapat magsagawa ng hindi bababa sa dalawang pulong para sa layuning talakayin ang iminungkahing mahalagang proyekto, mga posibleng alternatibo, at pagtukoy sa mga lugar na may yamang maaaring maapektuhan.

(2) Dapat panatilihin ng pangunahing ahensiya ang rekord ng lahat ng buod ng mga pulong.

(d) (1) Dapat ilathala ng pangunahing ahensiya sa website nito ang nakasulat na abisong natanggap alinsunod sa subdibisyon (b). Dapat malinaw na tukuyin sa publikasyon ang email address na inilalarawan sa talata (3) ng subdibisyon (b) upang mapadali ang kakayahan ng publiko na magsumite ng mga komento sa aplikante sa pamamagitan ng email.

(2) Dapat panatilihin ng aplikante ang isang rekord na nagbubuod sa pampublikong input na natanggap sa pamamagitan ng email sa panahon ng paunang yugto ng pagtukoy sa saklaw.

(3) Hindi inaatasang tumugon ang aplikante sa anumang input na nakuha alinsunod sa seksiyong ito.

(e) Maaaring magpatawag ang aplikante, ngunit hindi ito inaatasang gawin, ng isa o higit pang pampublikong pulong o workshop, kabilang ang mga isinasagawa sa pamamagitan ng virtual o online na mga format, para sa layuning makakuha ng

karagdagang pampublikong input tungkol sa iminungkahing mahalagang proyekto.

(f) Ang paunang proseso ng pagtukoy sa saklaw na inilalarawan sa seksiyong ito ay dapat makumpleto sa loob ng hindi hihigit sa 60 araw mula sa petsa kung kailan natanggap ng pangunahing ahensiya ang nakasulat na abiso alinsunod sa subdibisyon (b).

(g) Kung hindi piliin ng aplikante na gamitin ang proseso ng pagtukoy sa saklaw na itinatadhana sa seksiyong ito, patuloy na ilalapat ang iba pang kinakailangan sa pagtukoy sa saklaw na itinakda sa dibisyon (b).

(h) Sa kabila ng anumang probisyon ng seksiyong ito, tungkol sa isang mahalagang proyektong pabahay, ang paunang proseso ng pagtukoy sa saklaw na itinatadhana alinsunod sa seksiyong ito ay hindi magiging paunang kinakailangan para sa paghahain ng paunang aplikasyon alinsunod sa Housing Crisis Act of 2019 na ipinatupad sa pamamagitan ng Kabanata 654 ng Mga Batas ng 2019 (Senate Bill 330).

21025. Pinadaling Pagsusuri ng mga Alternatibo para sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) Pagkatapos makumpleto ang paunang proseso ng pagtukoy sa saklaw na itinakda sa Seksyon 21024, ang aplikante ay dapat bumuo ng isang iminungkahing alternatibo sa mahalagang proyekto. Dapat isaalang-alang ng iminungkahing alternatibo ang input na nakuha alinsunod sa Seksyon 21024 at dapat itong sumunod sa lahat ng sumusunod:

(1) Ang iminungkahing alternatibo ay dapat tugma sa pangunahing layunin ng iminungkahing mahalagang proyekto gaya ng inilalarawan alinsunod sa Seksyon 21024.

(2) Sa lawak na praktikal, ang iminungkahing alternatibo ay dapat idisenyo upang maging tugma sa naaangkop na lokal na zoning at mga patakaran sa paggamit ng lupa.

(3) Hindi kailangang nasa ibang lugar ang iminungkahing alternatibo kumpara sa iminungkahing mahalagang proyekto.

(b) Sa kabila ng Seksyon 21100 o anumang iba pang probisyon ng dibisyon ito, at maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (f), ang isang ulat sa epekto sa kapaligiran na inihanda para sa isang mahalagang proyekto na sumusunod sa artikulong ito ay dapat magsuri lamang ng mga sumusunod:

(1) Ang iminungkahing mahalagang proyekto.

(2) (A) Ang iminungkahing alternatibo ng aplikante na binuo alinsunod sa artikulong ito.

(B) Para sa mga layunin ng pagtupad sa artikulong ito, maaaring kabilang sa iminungkahing alternatibo ng aplikante ang isang alternatibo o karagdagang bahagi ng iminungkahing mahalagang proyekto, kung saan maaaring kabilang sa karagdagang bahagi o alternatibo ang mga pisikal na pagpapahusay sa loob o labas ng lugar, o mga alternatibo o karagdagang parameter o programa sa pagpapatakbo, na idinisenyo upang mabawasan ang mga epekto.

(C) Ang isang iminungkahing alternatibong binuo alinsunod sa artikulong ito ay ipagpapalagay na nagpapababa sa mga epekto na nilalayon nitong tugunan hanggang sa antas na walang kabuluhang epekto hangga't ipinakikita ng aplikante na may sapat na ebidensiyang sumusuporta sa pagpapalagay na iyon. Gayunpaman, ang pagpapalagay ay walang kinalaman o epekto sa kung ang alternatibo ay sa huli ay maisasagawa o mas kanais-nais sa kapaligiran.

(3) Ang alternatibong walang proyekto. Dapat isaalang-alang ng alternatibong walang proyekto ang makatuwirang mahuhulaang mga kondisyon sa kapaligiran na magreresulta kung hindi maaaprubahan ang mahalagang proyekto, kabilang

ang makatuwirang mahuhulaang mga alternatibong paggamit sa hinaharap ng lugar na iminungkahi para sa mahalagang proyekto, anumang mga epekto sa kapaligiran mula sa mga alternatibong paggamit na iyon, at mga benepisyong magmumula sa mahalagang proyekto.

(c) Ang mga alternatibong inilalarawan sa subdibisyon (b) para sa isang mahalagang proyekto ay sapat para sa lahat ng layunin sa ilalim ng dibisyong ito at anumang iba pang batas. Maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (f), ang lahat ng karagdagang alternatibo bukod sa mga inilalarawan sa subdibisyon (b) ay hindi kinakailangan, at walang pampublikong ahensiya o iba pang lupon o entidad ang maaaring mag-atas ng pagsusuri sa mga hindi kinakailangang alternatibo.

(d) Sa loob ng 15 araw pagkatapos ng pagtatapos ng paunang proseso ng pagtukoy sa saklaw sa Seksyon 21024, dapat ipadala ng aplikante sa pangunahing ahensiya ang isang nakasulat na pagsusumite na kinabibilangan ng:

(1) Isang paglalarawan ng iminungkahing mahalagang proyekto.

(2) Isang paglalarawan ng nag-iisang iminungkahing alternatibong binuo alinsunod sa artikulong ito.

(3) Isang paglalarawan ng alternatibong walang proyekto na inilalarawan sa talata (3) ng subdibisyon (b).

(e) Sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang iminungkahing alternatibo, maglalabas ang pangunahing ahensiya ng nakasulat na sertipikasyon na nagsasaad kung natugunan ng aplikante ang mga kinakailangan ng artikulong ito. Bilang alternatibo, maaaring patunayan ng pangunahing ahensiya na natugunan ng aplikante ang mga kinakailangan ng artikulong ito sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anumang positibong hakbang sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang iminungkahing alternatibo. Ang sertipikasyon ng pangunahing ahensiya ay magiging pinal maliban kung ang isang interesadong bahagi ay magsampa ng administratibong apela sa loob ng limang araw mula sa paglalabas ng sertipikasyon.

(f) Walang anuman sa artikulong ito ang nagbabawal sa aplikante na magmungkahi ng mga karagdagang alternatibo sa proyekto, ayon sa pagpapasiya ng aplikante.

(g) Alinsunod sa mga kinakailangan ng kabanatang ito at anumang mga limitasyong ipinapataw ng iba pang mga probisyon ng batas, nananatili sa pangunahing ahensiya ang pagpapasya na aprubahan ang iminungkahing mahalagang proyekto, aprubahan ang iminungkahing alternatibong binuo alinsunod sa artikulong ito, o piliin ang alternatibong walang proyekto.

(h) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang “iminungkaging alternatibo” ay nangangahulugang isang nag-iisang alternatibong posibleng maisagawa sa mahalagang proyekto na binuo ng aplikante.

Artikulo 6. Pagsusuring Panghukuman sa mga Pag-apruba o Awtorisasyon para sa mga Mahahalagang Proyekto

21026. Pagsusuring Panghukuman sa mga Pag-apruba o Awtorisasyon para sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) (1) Anumang aksyon o paglilitis upang hamunin, suriin, ipawalang-bisa, ipawalang-saysay, o ipawalang-bisa nang lubusan ang anumang pag-apruba o awtorisasyon ng isang pampublikong ahensiya tungkol sa isang mahalagang proyekto, batay sa hindi pagsunod sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado, ay dapat isagawa at kumpletuhin alinsunod sa mga kinakailangan ng artikulong ito.

(2) Ang artikulong ito ay ilalapat sa lahat ng aksyon o paglilitis na nakabinbin sa petsa ng pagkakabisa ng kabanatang ito, o sinimulan pagkatapos ng petsang iyon.

(b) (1) Sa anumang aksyon o pamamaraan upang hamunin, suriin, ipawalang-bisa, ipawalang-saysay, o ipawalang-bisa nang lubusan ang pag-apruba o awtorisasyon ng isang mahalagang proyekto batay sa hindi pagsunod sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21029, ang mga paghahabol ng petitioner ay lilimitahan sa hindi pagsunod ng isang pampublikong ahensiya sa mga umiiral na obhetibong batas, at ang saklaw ng pagsusuri ng korte ay lilimitahan sa kung ang pag-apruba o awtorisasyon ay sumusunod sa mga umiiral na obhetibong batas.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyon na ito, ang “objective” ay nangangahulugang walang kinalaman sa anumang personal o pansariling pagpapasiya at maaaring pare-parehong mapatunayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa isang panlabas at pare-parehong batayan o pamantayan na kapwa magagamit at maaaring malaman ng aplikante at ng pampublikong ahensiya bago isumite ang aplikasyon.

(c) (1) Sa anumang aksyon o paglilitis upang hamunin, suriin, ipawalang-bisa, ipawalang-saysay, o ipawalang-bisa nang lubusan ang pag-apruba o awtorisasyon ng isang mahalagang proyekto batay sa hindi pagsunod sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (b) ng Seksyon 21029, tutukuyin lamang ng korte kung ang pag-apruba o awtorisasyon ay sinusuportahan ng malaking ebidensiya batay sa kabuuan ng rekord.

(2) Sa anumang aksyon o paglilitis upang hamunin, suriin, ipawalang-bisa, ipawalang-saysay, o ipawalang-bisa nang lubusan ang pag-apruba o awtorisasyon ng isang pampublikong ahensiya para sa isang mahalagang proyekto batay sa hindi pagkumpleto ng mga pamamaraan para sa pakikilahok ng publiko, tutukuyin lamang ng korte kung ang hindi pagsunod sa mga pamamaraan para sa pakikilahok ng publiko ay arbitrario at pabagu-bago at nagresulta sa nakapipinsalang pagkakamali.

(3) Walang anuman sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado ang dapat ilapat o ipakahulugan bilang nagpapataw ng mga kinakailangan sa pamamaraan o substansiya na higit sa mga tahasang itinakda sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado, gaya ng binago o nilimitahan ng mga probisyon ng kabanatang ito.

(d) Walang anuman sa artikulong ito ang dapat ipakahulugan bilang nagpapawalang-bisa sa Seksyon 1756 at 1759 ng Kodigo sa mga Pampublikong Serbisyo, o sa anumang iba pang probisyon ng batas na namamahala sa pagsusuring panghukuman ng mga kautusan o pagpapasiya ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad.

21027. Mga Takdang Panahon at Proseso na Naaangkop sa Pagsusuring Panghukuman ng mga Pag-apruba o Awtorisasyon para sa mga Mahahalagang Proyekto

(a) **Mga Takdang Panahon.**

(1) (A) Ang isang aksyon o paglilitis upang hamunin, suriin, ipawalang-bisa, ipawalang-saysay, o ipawalang-bisa nang lubusan ang pag-apruba o awtorisasyon ng isang pampublikong ahensiya para sa isang mahalagang proyekto ay dapat simulan sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan naghain ang pampublikong ahensiya ng abiso ng pagpapasiya o abiso ng hindi pagsaklaw alinsunod sa Seksyon 21108 o 21152. Ang aksyon o paglilitis ay dapat makumpleto sa loob ng 270 araw, kabilang ang mga paglilitis sa orihinal at apelang korte, alinsunod sa mga pinasimpleng pamamaraan sa pagsusuring panghukuman na naaangkop sa mga proyektong pagpapaunlad para sa pamumuno sa kapaligiran alinsunod sa Seksyon 21185.

(B) Maaaring, ayon sa sariling pagpapasiya ng korte, palawigin ng korte ang 270-araw na takdang panahon na nakasaad sa subtalata (A) nang hanggang karagdagang 90 araw.

(2) Sa kabila ng anumang salungat na probisyon sa Seksyon 21185 o anumang tuntuning pinagtibay ng Judicial Council, at maliban sa itinatadhana sa subtalata (B) ng talata (1), ang 270-araw na takdang panahon sa talata (1) ay palalawigin lamang kapag may kapwa nakasulat na pagsang-ayon ng nagsasakdal o petitioner, ng pampublikong ahensiya, at ng aplikante.

(b) Rekord na Administratibo.

Ang buong rekord na administratibo ay binubuo lamang ng mga abiso, pag-aaral, at iba pang dokumentong naaayon sa parehong sumusunod:

(1) Mga dokumentong iniaatas sa ilalim ng dibisyong ito na ipadala o ipamahagi ng pangunahing ahensiya sa mga miyembro ng publiko, gawing makukuha ng publiko sa isang pampublikong imbakan tulad ng aklatan, o isama sa website ng pangunahing ahensiya.

(2) Tungkol sa mga pampublikong komento, mga komentong inilalarawan sa subdibisyon (d) ng Seksyon 21021, at mga tugon at komentong inilalarawan sa subdibisyon (e) ng Seksyon 21021.

(c) Mga Remedyo.

(1) Kung matukoy ng korte, bilang resulta ng paglilitis, pagdinig, o pagsasauli ng kaso mula sa korte ng apela, na ang pag-apruba o awtorisasyon ng isang pampublikong ahensiya para sa isang mahalagang proyekto ay hindi sinusuportahan ng malaking ebidensiya sa rekord, maglalabas ang korte ng isang kautusan at writ of mandate na ipinag-uutos ang pagkilos, na nagpapaliwanag nang partikular sa kakulangan, kabilang ang partikular na kinakailangan ng dibisyong ito o ng mga alituntunin ng CEQA ng estado na hindi sinusunod ng pag-apruba o awtorisasyon, at tutukoy kung aling bahagi, yugto, o aktibidad ng isang mahalagang proyekto ang naapektuhan ng hindi pagsunod.

(2) Ang remedyo ay lilimitahan lamang sa pagbabawal sa pagsisimula ng bahaging, yugto, o aktibidad na hindi sumusunod hanggang sa maitama ang hindi pagsunod.

(3) Kapag nakumpleto na ang mga kinakailangang hakbang sa pagwawasto, ang pampublikong ahensiya ay dapat maghain ng tugon sa writ na nagpapatunay ng pagsunod, at pagkatapos nito ay dapat ibasura ng korte ang aksyon o paglilitis. Hindi maaaring iutos o idirekta ng korte, sa pamamagitan ng writ o anumang iba pang uri ng kautusan, injunction, o pagpapasiya, na bawiin ng isang pampublikong ahensiya ang pag-apruba o awtorisasyon nito para sa mahalagang proyekto.

(4) Ang anumang bahagi, yugto, o aktibidad ng mahalagang proyekto na wala sa saklaw ng kakulangang tinukoy sa writ ay hindi sasailalim sa writ at hindi maaaring hamunin pa sa isang aksyon o paglilitis sa ilalim ng dibisyong ito.

(d) Mga Kasunod na Pag-apruba o Awtorisasyon.

(1) Walang karagdagang aksyon o paglilitis upang hamunin ang pagpapatupad hanggang sa makumpleto ang konstruksiyon o ang kasunod na pag-apruba o awtorisasyon ng isang mahalagang proyekto, o bahagi ng isang mahalagang proyekto, ang maaaring ihain kung ang pag-apruba o awtorisasyon ng pampublikong ahensiya ay hindi isinailalim sa isang hamong panghukuman, ang pag-apruba o awtorisasyon ng pampublikong ahensiya ay hinamon at pinagtibay, o ang pampublikong ahensiya ay naghain ng tugon sa writ na tinanggap ng korte bilang kasiya-siya alinsunod sa subdibisyon (c).

(2) Ang maliliit na pagbabago sa isang mahalagang proyekto na hindi nagreresulta sa anumang bagong makabuluhang epekto, o hindi makabuluhang nagpapalala sa anumang dating natukoy na makabuluhang epekto ng unang inapubahang mahalagang proyekto, ay hindi maaaring hamunin sa isang aksyon o paglilitis sa ilalim ng dibisyong ito.

(e) Relief sa Pamamagitan ng Injunction.

(1) Kapag naipakita sa pamamagitan ng malinaw at kapanipaniwalang ebidensiya na ang isang mahalagang proyekto ay magkakaroon ng partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko, at walang maisasagawang paraan upang sapat na mabawasan o maiwasan ang partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko, maaaring iutos ng korte na ihinto o ipagbawal ang konstruksiyon o pagkumpleto ng partikular na bahagi ng mahalagang proyekto na magdudulot ng partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko, sa pamamagitan lamang ng pagpapalabas ng pansamantalang injunction.

(2) Para sa mga layunin ng talata (1), ituturing na umiiral ang sapat na hakbang upang maiwasan ang partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko sa alinman sa mga sumusunod:

(A) Ang kasunod na pagpapasiya ng isang pampublikong ahensiya na baguhin ang mahalagang proyekto upang maiwasan o mabawasan hanggang sa antas na walang makabuluhang epekto ang partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko, at ang pagpapasiyang iyon ay hindi mangangailangan sa ahensiya na gumawa ng anumang karagdagang hakbang sa ilalim ng dibisyong ito.

(B) Ang pagpapasiya ng isang pampublikong ahensiya na ang partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko ay hindi maaaring maiwasan o mabawasan hanggang sa antas na walang makabuluhang epekto matapos ihanda ang isang ulat sa epekto sa kapaligiran o pandagdag na ulat sa epekto sa kapaligiran na tumatalakay lamang sa partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng publiko, alinsunod sa mga takdang panahon at pamamaraang itinakda sa kabanatang ito.

Artikulo 7. Mga Kahulugan

21028. Mga Kahulugan

Para sa mga layunin ng kabanatang ito, naaangkop ang mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang “Aplikante” ay nangangahulugang isang tao, legal na entidad, pampublikong ahensiya, o pampublikong utility na nagmumungkahi ng isang mahalagang proyekto.

(b) Ang “Pag-apruba o Awtorisasyon” ay nangangahulugang anumang pag-apruba, awtorisasyon, pagpapasiya, natuklasan, pagpopondo, transaksyon sa real property o kontrata, o iba pang pagkilos ng pampublikong ahensiya na nagsusulong sa pagsulong, konstruksiyon, pagkumpleto, o pagsasakatuparan ng isang mahalagang proyekto.

(c) Ang “institusyong pang-edukasyon ng California” ay nangangahulugang lahat ng sumusunod: isang distrito ng paaralan; isang superintendente ng mga paaralan ng county; isang lupon ng edukasyon ng county; isang distrito ng kolehiyong pangkomunidad; isang espesyal na paaralan ng estado; ang Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California o ang Chancellor ng mga Kolehiyong Pangkomunidad ng California; ang California State University o ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng California State University; ang University of California o ang mga Regent ng University of California; ang University of California Law San Francisco, na dating Hastings College of the Law; isang charter school na itinatag alinsunod sa Batas sa mga Charter School ng 1992 (Bahagi 26.8 (nagsisimula

sa Seksyon 47600) ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Edukasyon); at isang kolehiyo o unibersidad na hindi pangkalakal na miyembro ng Samahan ng mga Independiyenteng Kolehiyo at Unibersidad ng California.

(d) Ang “CEQA” ay nangangahulugang Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (Dibisyon 13 (nagsisimula sa Seksyon 21000)).

(e) (1) Ang “Kumokonsultang tribo” ay nangangahulugang isang tribong lumilitaw sa pinakabagong listahang inilathala ng United States alinsunod sa Batas sa Listahan ng mga Tribong Indian na Kinikilala ng Pederal na Pamahalaan ng 1994 (25 U.S.C. Sek. 5131), at may tradisyonal at kultural na kaugnayan sa heograpikong lugar ng iminumungkahing mahalagang proyekto.

(2) Sa kabila ng Seksyon 21073 o anumang iba pang batas, ang “Katutubong Amerikanong tribo ng California” na ginagamit sa, o kaugnay ng, mga Seksyon 21074, 21080.3.1, 21080.3.2, 21082.3, 21084.2, 21084.3, at kabanatang ito, ay sa halip mangangahulugan, at babasahin bilang, “kumonsultang tribo” kapag ang proyekto ay isang mahalagang proyekto.

(f) Ang “Araw” ay nangangahulugang parehong sumusunod:

(1) Gaya ng ginagamit sa mga Seksyon 21018 at 21019, ang “araw” ay nangangahulugang anumang araw maliban sa Sabado, Linggo, o anumang araw na itinalaga bilang pista opisyal ng estado.

(2) Gaya ng ginagamit sa anumang seksiyon ng kabanatang ito maliban sa mga Seksyon 21018 at 21019, ang “araw” ay nangangahulugang isang araw sa kalendaryo.

(g) Ang “Pasilidad na Pang-edukasyon” ay nangangahulugang anumang real property, pasilidad, istruktura, gusali, o fixture na pagmamay-ari o pinatatakbo, o magiging pagmamay-ari o patatakbohin kapag nakumpleto, ng isa o higit pang institusyong pang-edukasyon ng California para sa mga layuning pang-edukasyon.

(h) Ang “Dokumento ng pagsusuri sa kapaligiran” o “dokumentasyon ng pagsusuri sa kapaligiran” ay nangangahulugang mga paunang pag-aaral; mga negatibong deklarasyon; mga negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto; mga draft at pinal na ulat sa epekto sa kapaligiran; mga dokumentong inihanda bilang mga kapalit ng mga ulat sa epekto sa kapaligiran; mga negatibong deklarasyon at negatibong deklarasyong may mga hakbang sa pagbawas ng epekto alinsunod sa isang programang sertipikado alinsunod sa Seksyon 21080.5; mga dokumento o dokumentasyong ginagamit upang patunayan ang pagiging naaangkop ng mga eksempsiyong itinakda ng batas o mga kategoryang eksempsiyon mula sa dibisyong ito o mga probisyon para sa pagpapadali ng proseso na kinabibilangan, nang walang limitasyon, ng mga iyon alinsunod sa mga Seksyon 21083.3 at 21094.5; mga addendum at iba pang pandagdag o kasunod na mga dokumento ng pagsusuri; mga dokumentong inihanda sa ilalim ng Pambansang Batas sa Patakaran sa Kapaligiran ng 1969 (42 U.S.C. Sek. 4321 et seq.) at ginagamit ng isang pampublikong ahensiya bilang kapalit ng alinman sa mga nabanggit na dokumento o dokumentasyon; at mga dokumentong pangkapaligiran gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 15361 ng Titulo 14 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

(i) (1) Ang “Mahalagang proyekto para sa broadband internet access” ay nangangahulugang isang proyekto upang magbigay ng serbisyon retail sa malawak na merkado sa pamamagitan ng wired service, wireless service, o radyo sa mga customer sa estadong ito na nagbibigay ng kakayahang magpadala ng datos sa, at tumanggap ng datos mula sa, lahat o halos lahat ng internet endpoint, kabilang, ngunit hindi limitado sa, anumang mga

kakayahang incidental sa at nagbibigay-daan sa pagpapatakbo ng serbisyo sa komunikasyon, maliban sa serbisyo ng dial-up internet access.

(2) Ang isang “mahalagang proyekto para sa broadband internet access” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(j) (1) Ang “Mahalagang proyekto sa malinis na enerhiya” ay nangangahulugang isang proyekto na sumusuporta sa mga layunin ng California sa klima, kahusayan sa enerhiya, pagiging maaasahan, elektripikasyon, pagpapanatili, o malinis na enerhiya sa pamamagitan ng isa o higit pa sa mga sumusunod:

(A) (i) Paggawa, pagbuo, o pag-iimbak ng kuryenteng nagmula sa mga nababagong o napapanatiling mapagkukunan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, solar, hangin, geothermal, mga fuel cell na sumusunod sa mga pamantayan sa emisyon na pinagtibay ng Lupon ng Tagatulong sa Hangin ng Estado alinsunod sa mga kinakailangan ng programang sertipikasyon ng ipinamamahaging paglikha ng Seksyon 94203 ng Titulo 17 ng California Code of Regulations, maliit na hydroelectric generation na 30 megawatts o mas mababa, digester gas, conversion ng municipal solid waste, landfill gas, alon ng karagatan, thermal energy ng karagatan, o agos ng tubig dahil sa pagtaas at pagbaba ng tubig, at mga kaugnay na linya ng transmisyon.

(ii) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang “mga kaugnay na linya ng transmisyon” ay nangangahulugang isang linya ng transmisyon na kinakailangan para sa pagkakakonekta o paghahatid ng kuryente mula sa isang pasilidad na inilalarawan sa sugnay (i).

(iii) Sa kabila ng sugnay (i), hindi kabilang sa subtalata na ito ang paggawa o pagbuo ng kuryente mula sa enerhiyang nuklear.

(B) Paggawa, pagbuo, pag-iimbak, paghahatid, o pamamahagi ng malinis na hydrogen na hindi nagmula sa feedstock na fossil fuel.

(C) Pagpapaunlad, pagtatayo, o pag-install ng mga microgrid at kaugnay na imprastruktura. Para sa mga layunin ng subtalata na ito, ang “microgrid” ay nangangahulugang isang microgrid gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (d) ng Seksyon 8370 ng Kodigo sa mga Pampublikong Serbisyo.

(D) Pagkuha, paghahatid, o pag-iimbak ng mga emisyon ng carbon dioxide para sa permanenteng paghihiwalay mula sa mga pinagmumulan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga pasilidad para sa produksyon ng enerhiya, pagmamanupaktura, o pagpino.

(E) Pagpapaunlad, pagtatayo, pag-upgrade, o pagpapalawak ng mga bahagi ng sistema ng transmisyon o pamamahagi na tinukoy sa isang proseso ng pagpapalano ng transmisyon na inaprubahan ng Independent System Operator o sa isang ulat sa pinagsamang patakaran sa enerhiya na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 25302, kabilang ang pagpopondo sa mga pasilidad, asset, o bahaging iyon sa pamamagitan ng pagbebenta, pagpapaupa, pagtatalaga, pagsasangla, o iba pang disposisyon o pagkakasanla na nangangailangan ng pag-apruba ng ahensiya ng estado.

(2) Ang isang “mahalagang proyekto sa malinis na enerhiya” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(k) (1) Ang “Mahalagang proyekto ng pasilidad na pang-edukasyon” ay nangangahulugang pagkuha, pagtatayo, pagpapalawak, pagbabago, pagsasaayos, pagpapahusay, pagbibigay ng kagamitan, o paglalagay ng kagamitan sa isang pasilidad na pang-edukasyon.

(2) Ang isang mahalagang proyekto ng pasilidad na pang-edukasyon ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(l) Ang “Mahalagang proyekto sa pabahay” ay nangangahulugang lahat ng sumusunod:

- (1) Mga yunit na tirahan lamang.
- (2) Isang pagpapaunlad na may magkahalong gamit.
- (3) Pansamantalang pabahay, mga emergency shelter, o suportadong pabahay, gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 65582 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- (4) Pabahay para sa mga manggagawang bukid, gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (h) ng Seksyon 50199.7 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.
- (5) Mga tirahang panggrupo, na nangangahulugang mga gusali o bahagi ng anumang gusali na idinisenyo para sa o naglalaan ng tirahan para sa mga taong hindi namumuhay nang magkakasama bilang isang sambahayan, karaniwang walang magkakahiwalay na kusina o pasilidad sa banyo para sa bawat silid o yunit. Kasama sa paggamit na ito, nang walang limitasyon, ang mga kumbento, monasteryo, at iba pang uri ng pabahay ng mga organisasyon.
- (6) Mga yunit ng pabahay para sa mga estudyante. Para sa mga layunin ng talatang ito, ang “mga yunit ng pabahay para sa mga estudyante” ay nangangahulugang anumang yunit na tirahan o tirahang panggrupo na nilalayong gamitin ng mga estudyante, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pabahay para sa mga estudyante na istilong dormitoryo at pabahay para sa mga estudyante na istilong suite.
- (7) (A) Mga yunit ng pabahay para sa mga nakatatanda. Para sa mga layunin ng talatang ito, ang “mga yunit ng pabahay para sa mga nakatatanda” ay nangangahulugang anumang yunit na tirahan o tirahang panggrupo, anuman ang laki, na nilalayong tirhan ng mga taong 55 taong gulang o higit pa, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod: (i) isang pagpapaunlad ng pabahay para sa maraming henerasyon; (ii) pabahay para sa mga nakatatandang sama-samang naninirahan; (iii) isang pagpapaunlad ng pabahay para sa mga nakatatandang mamamayan gaya ng binibigyang-kahulugan sa talata (4) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 51.3 ng Kodigo Sibil; (iv) isang pasilidad ng pangangalaga sa tirahan para sa mga nakatatanda gaya ng binibigyang-kahulugan sa talata (1) ng subdibisyon (o) ng Seksyon 1569.2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; at (v) isang komunidad para sa patuloy na pangangalaga at pagreretiro gaya ng binibigyang-kahulugan sa talata (10) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1771 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.
- (B) Ang talatang ito ay hindi dapat ipakahulugan bilang naglilimita sa awtoridad ng isang pampublikong ahensiya na ikategorya ang mga paggamit ng lupa para sa pabahay ng mga nakatatanda bilang hindi tirahan sa ilalim ng mga ordinansa nito sa zoning o iba pang mga batas, maliban na ang mga yunit ng pabahay para sa mga nakatatanda ay magiging kwalipikado bilang isang “proyekto sa pagpapaunlad ng pabahay” alinsunod sa talata (2) ng subdibisyon (h) ng Seksyon 65589.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- (8) Isang subdibisyon o pagpapaunlad na may magkakaparehong interes, gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 4100 ng Kodigo Sibil, na binubuo ng mga yunit na tirahan o mga lote para sa tirahan na hindi pa napapaunlad.

(9) Isang pagbabago ng isang umiiral na gusaling komersiyal para sa paggamit bilang tirahan.

(m) Ang “Mahalagang proyekto” ay nangangahulugang isang proyekto na nakatutugon sa lahat ng sumusunod na kinakailangan:

(1) (A) Ang proyekto ay isang mahalagang proyekto sa pabahay, mahalagang proyekto sa tubig, mahalagang proyekto sa malinis na enerhiya, mahalagang proyekto sa pampublikong kalusugan,

maalagang proyekto sa pampublikong kaligtasan, mahalagang proyekto para sa broadband internet access, mahalagang proyekto ng pasilidad na pang-edukasyon, o mahalagang proyekto sa transportasyon.

(B) Kabilang sa isang mahalagang proyekto ang lahat ng kaugnay at karagdagang pampubliko, pribado, at utility na imprastraktura at mga pasilidad ng pampublikong serbisyo na kinakailangan ng isang utility o pampublikong ahensiya, o kasama sa isang aplikasyon para sa mahalagang proyekto bilang bahagi ng kabuuan ng proyekto, upang magsilbi sa isang proyektong tinukoy sa subtalata (A), kabilang ang mga pagpapahusay sa kuryente, telekomunikasyon, gas, tubig, wastewater, tubig-ulan, transit, pulisya, bumbero, at transportasyon na nagbibigay ng kinakailangang mga serbisyong pampubliko at utility at imprastraktura para sa proyekto. Kapag ang isang partikular na pamantayan sa paggawa ay inilalapat sa isang mahalagang proyekto ng iba pang mga probisyon ng kabanatang ito, ang pamantayan sa paggawa na iyon ay ilalapat sa mga bahagi ng mahalagang proyekto na inilalarawan sa subtalata na ito.

(2) Ang proyekto ay hindi kabilang ang isang kulungan o iba pang pasilidad ng detensiyon, o kinasasangkutan ng pagpapaunlad ng isang bagong pasilidad para sa produksyon ng langis o natural gas.

(n) (1) Ang “Mahalagang proyekto sa pampublikong kalusugan” ay nangangahulugang isang pasilidad para sa medikal na paggamot.

(2) Ang isang “mahalagang proyekto sa pampublikong kalusugan” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(o) (1) Ang “Mahalagang proyekto sa pampublikong kaligtasan” ay nangangahulugang isang pasilidad para sa mga unang rumeresponde o isang proyekto para sa pagbabawas ng panganib ng sunog sa kagubatan.

(2) (A) Ang isang “mahalagang proyekto sa pampublikong kaligtasan” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(B) Ang isang proyekto para sa pagbabawas ng panganib ng sunog sa kagubatan na limitado sa pamamahala ng mga halaman, pagbabawas ng materyales na maaaring pagmulan ng apoy, paglikha o pagpapanatili ng mga firebreak, o pagbabawas ng dami ng materyales na maaaring pagmulan ng apoy, na direktang isinasagawa ng isang pampublikong ahensiya gamit ang sarili nitong mga empleyado ay ituturing na sumusunod sa talatang ito kung ang mga empleyado ng pampublikong ahensiya na nagtatrabaho sa proyekto ay saklaw ng isang collective bargaining agreement o iba pang mga batas sa serbisyong sibil ng estado na nagbibigay ng katumbas na mga pamantayan sa sahod, pagsasanay, at kaligtasan.

(p) (1) Ang “Mahalagang proyekto sa transportasyon” ay nangangahulugang parehong sumusunod:

(A) Isang proyektong inilalarawan sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIX ng Konstitusyon ng California.

(B) Imprastraktura para sa pag-charge at pag-refuel ng mga de-kuryenteng sasakyan.

(2) Ang isang “mahalagang proyekto sa transportasyon” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(3) Ang isang “mahalagang proyekto sa transportasyon” ay hindi kabilang ang isang high-speed train, isang high-speed train system, isang corridor, o isang magagamit na segment, gaya ng mga terminong iyon ay binibigyang-kahulugan sa Seksyon

2704.01 ng Kodigo sa mga Kalye at Haywey, o anumang iba pang bahagi ng, Batas sa Bono ng ika-21 Siglo para sa Ligtas, Maaasahanan na Mabilis na Pampasaherong Tren (Kabanata 20 (nagsisimula sa Seksyon 2704) ng Dibisyon 3 ng Streets and Highways Code).

(q) (1) Ang “Mahalagang proyekto sa tubig” ay nangangahulugang anumang proyekto o pagkilos upang magtayo, magpalawak, magkumpuni, magpalit, magpahusay, o magdagdag sa alinman sa mga sumusunod: (A) isang “pampublikong sistema ng tubig” gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (h) ng Seksyon 116275 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; (B) isang sistema na direkta o hindi direktang nagbibigay ng tubig sa isang pampublikong sistema ng tubig; o (C) isang sistema na pangkalahatang inilalarawan at saklaw ng Porpolyo ng Katatagan ng Tubig ng estado.

(2) Ang isang “mahalagang proyekto sa tubig” ay dapat sumunod sa lahat ng kinakailangan sa paggawa na inilalarawan sa Seksyon 21183.5.

(3) Ang “isang mahalagang proyekto sa tubig” ay hindi kabilang ang mga pasilidad para sa paghahatid ng tubig sa Delta gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (f) ng Seksyon 79702 ng Kodigo sa Tubig.

(r) Ang “Mga umiiral na batas” ay nangangahulugang mga sumusunod:

(1) Mga pormal na pinagtibay na kinakailangang legal na nakapaloob sa mga batas, regulasyon, tuntunin, pamantayan, o ordinansa na umiiral at may bisa sa petsa kung kailan isinumite sa isang pampublikong ahensiya ang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto.

(2) (A) Isang pormal na pinagtibay na kinakailangang legal na nakapaloob sa isang batas, regulasyon, ordinansa, pamantayan, o tuntunin na walang bisa sa petsa kung kailan isinumite sa isang pampublikong ahensiya ang aplikasyon para sa isang mahalagang proyekto, ngunit ang pangunahing ahensiya ay gumagawa ng natuklasan na ang pagsunod sa partikular na batas, regulasyon, ordinansa, pamantayan, o tuntunin ay kinakailangan upang mabawasan o maiwasan ang isang partikular na masamang epekto sa kaligtasan ng buhay, na nangangahulugang isang malaki, nasusukat, direkta, at hindi maiiwasang epekto sa kaligtasan ng buhay, kabilang ang mga epekto sa kaligtasan ng buhay na kaugnay sa mga bago o umuusbong na teknolohiya, materyales, o sistema ng integrasyon sa grid, at batay sa obhetibo, tinukoy, at nakasulat na mga pamantayan, patakaran, o kondisyon sa kaligtasan ng publiko. Dapat abisuhan ng pangunahing ahensiya ang aplikante sa loob ng 72 oras mula sa paggawa ng natuklasang inilalarawan sa subtalata na ito.

(B) Ang natuklasang inilalarawan sa subtalata (A) ay dapat gawin bago ang alinman sa (i) makumpleto ang pagsusuri sa kapaligiran ng mahalagang proyekto alinsunod sa kabanatang ito o (ii) maisumite ang paunang aplikasyon para sa permit sa pagtatayo o pakete para sa pagsusuri ng plano sa awtoridad na may hurisdiksiyon sa proyekto, alinman ang mauna.

(3) Anumang update sa Kodigo sa mga Pamantayan sa Pagtatayo ng California, kabilang, nang walang limitasyon, ang Kodigo sa Sunog ng California, na magkakabisa bago ang alinman sa (A) makumpleto ang pagsusuri sa kapaligiran ng mahalagang proyekto alinsunod sa kabanatang ito o (B) maisumite ang paunang aplikasyon para sa permit sa pagtatayo o pakete para sa pagsusuri ng plano sa awtoridad na may hurisdiksiyon sa proyekto, alinman ang mauna.

(s) Ang “Magagawa” ay nangangahulugang may kakayahang maisagawa sa matagumpay na paraan sa loob ng makatuwirang

panahon, na isinasaalang-alang ang mga salik na pang-ekonomiya, pangkapaligiran, legal, panlipunan, at teknolohikal.

(t) (1) Ang “Pasilidad para sa mga unang rumeresponde” ay nangangahulugang lahat ng sumusunod:

(A) Isang istasyon ng bumbero na pagmamay-ari o pinatatakbo ng Estado ng California, isang lungsod, isang county, isang lungsod at county, isang awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan, isang komokunsultang tribo, o isang espesyal na distrito.

(B) Isang istasyon ng pulisya o istasyon ng sheriff na pagmamay-ari o pinatatakbo ng isang lungsod, isang county, isang lungsod at county, isang awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan, o isang espesyal na distrito, hindi kabilang ang anumang bahaging ginagamit bilang kulungan o iba pang pasilidad ng detensiyon.

(2) Ang “Pasilidad para sa mga unang rumeresponde” ay hindi kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(A) Anumang pasilidad na pagmamay-ari, pinatatakbo, o inuupahan ng pamahalaan ng United States.

(B) Anumang pasilidad na ginagamit bilang pasilidad para sa detensiyon ng mga imigrante o bilang bilangguan ng estado.

(u) Ang “Pangunahing ahensiya” ay nangangahulugang isang pangunahing ahensiya gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 21067.

(v) Ang “Lokal na ahensiya” ay nangangahulugang isang pampublikong entidad na hindi isang “ahensiya ng estado” gaya ng binibigyang-kahulugan sa artikulong ito.

(w) Ang “Gusaling tanggapan para sa medikal na serbisyo” ay nangangahulugang isang gusali na ang pangunahing tungkulin ay magbigay ng espasyo sa tanggapan para sa mga practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na lisensiyado, sertipikado, nakarehistro, o kung hindi man ay awtorisadong magsanay alinsunod sa Dibisyon 2 (nagsisimula sa Seksyon 500) ng Business and Professions Code.

(x) Ang “Pasilidad para sa medikal na paggamot” ay nangangahulugang lahat ng sumusunod: (1) isang pasilidad pangkalusugan gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; (2) isang klinika gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 1200 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; at (3) isang gusaling tanggapan para sa medikal na serbisyo.

(y) (1) Ang “Pagpapaunlad na may magkahalong gamit” ay nangangahulugang isang pagpapaunlad na binubuo ng mga gamit na tirahan at hindi tirahan na nakatutugon sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

(A) Hindi bababa sa dalawang-katlo ng bagong square footage o square footage na ginawang ibang gamit ay itinalaga para sa paggamit bilang tirahan.

(B) Hindi bababa sa 50 porsiyento ng bagong square footage o square footage na ginawang ibang gamit ay itinalaga para sa paggamit bilang tirahan at ang proyekto ay nakatutugon sa parehong sumusunod:

(i) Kabilang sa proyekto ang hindi bababa sa 500 netong bagong yunit na tirahan.

(ii) Walang bahagi ng proyekto ang itinalaga para gamitin bilang hotel, motel, bed and breakfast inn, o iba pang pansamantalang tuluyan, maliban na ang isang bahagi ng proyekto ay maaaring itinalaga para gamitin bilang isang residential hotel, gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 50519 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(C) Hindi bababa sa 50 porsiyento ng netong bagong square footage o square footage na ginawang ibang gamit ay itinalaga

para sa paggamit bilang tirahan, at ang proyekto ay nakatutugon sa lahat ng sumusunod:

(i) Kabilang sa proyekto ang hindi bababa sa 500 netong bagong yunit na tirahan.

(ii) Kabilang sa proyekto ang paggiba o pagpapalit ng gamit ng hindi bababa sa 100,000 square feet ng paggamit na hindi tirahan upang maging paggamit bilang tirahan.

(iii) Ginigiba ng proyekto ang hindi bababa sa 50 porsiyento ng mga umiiral na gamit na hindi tirahan sa lugar.

(iv) Walang bahagi ng proyekto ang itinalaga para gamitin bilang hotel, motel, bed and breakfast inn, o iba pang pansamantalang tuluyan, maliban na ang isang bahagi ng proyekto ay maaaring itilaga para gamitin bilang isang residential hotel, gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 50519 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyon na ito, ang mga gamit na hindi tirahan ay hindi dapat kabilang ang anumang gamit o pagtatalaga para sa mabigat na industriya, pagkuha ng likas na yaman, daungan, refinery, o mapanganib na materyales.

(3) Ang pinakamababang distansiyang kinakailangan sa pagitan ng anumang gamit na hindi tirahan na kasama sa isang pagpapaunlad na may magkahalong gamit at anumang umiiral na gamit na tirahan sa labas ng lugar ay tutukuyin ng batas ng estado.

(z) Ang “Pampublikong ahensiya” ay nangangahulugang isang pampublikong ahensiya gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 15379 ng Titulo 14 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California; isang responsableng ahensiya; isang lokal na ahensiya; isang ahensiya ng estado; isang pangunahing ahensiya; isang komisyong para sa pagbuo ng lokal na ahensiya; isang lungsod; isang county; isang lungsod at county; isang espesyal na distrito; isang joint powers authority; o anumang iba pang awtoridad ng pamahalaan na nilikha sa ilalim ng batas ng estado o lokal na batas, maging sa buong estado, lokal, o rehiyonal ang katangian.

(aa) Ang “Mga pamamaraan para sa pakikilahok ng publiko” ay nangangahulugang mga pamamaraan para sa pakikilahok ng publiko na itinakda sa mga Seksyon 21016, 21018, 21020, 21021, 21023, at 21024.

(ab) Ang “Responsableng Ahensiya” ay nangangahulugang isang responsableng ahensiya gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 15381 ng Titulo 14 ng California Code of Regulations.

(ac) Ang “Ahensiya ng estado” ay nangangahulugang isang ahensiya ng estado gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (a) ng Seksyon 8557 ng Kodigo ng Pamahalaan at anumang lupon ng estado gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 11121 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(ad) Ang “Mga Alituntunin ng CEQA ng Estado” ay nangangahulugang Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 15000) ng Dibisyon 6 ng Titulo 14 ng California Code of Regulations.

(ae) Ang “Malaking ebidensiya” ay nangangahulugang sapat na kaugnay na impormasyon at makatuwirang mga hinuha mula sa magagamit na impormasyon na maaaring maging batayan ng isang makatarungang argumento upang suportahan ang isang konklusyon, kahit na maaari ring maabot ang iba pang mga konklusyon.

(af) Ang “Kultural na yamang pangtribo” ay kinabibilangan ng alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang lugar, tampok, pook, kultural na tanawin, o sagradong lugar, kabilang ang isang itinalagang sementeryo, sementeryong Indian, o lugar ng libingan ng isang kumokonsultang tribo kumokonsultang tribo, o isang bagay na may halagang

pangkultura para sa isang consulting tribe na alinman sa mga sumusunod:

(A) Kasama o karapat-dapat isama sa Talaan ng mga Tagatulong na Pangkasaysayan ng California o Pambansang Talaan ng mga Makasaysayang Lugar.

(B) Kasama sa isang lokal na rehistro ng mga yamang pangkasaysayan gaya ng binibigyang-kahulugan sa Seksyon 5020.1.

(C) Tinukoy ng Komisyong sa Pamana ng mga Katutubong Amerikano bilang isang sagradong lugar alinsunod sa Seksyon 5097.94 o 5097.96.

(D) Kasama sa isang rehistro ng pamahalaang pantribo na pinananatili ng isang Opisyal na Preserbasyon ng Kasaysayan ng Tribo na inaprubahan ng Kalihim na Panloob alinsunod sa Seksyon 101 ng pederal na Pambansang Batas sa Preserbasyon ng Kasaysayan (54 U.S.C. Sek. 300101 et seq.).

(2) Isang kultural na tanawin na nakatutugon sa mga pamantayan ng talata (1) sa lawak na ang tanawin ay heograpihong tinukoy ayon sa laki at saklaw ng tanawin.

(3) Isang yamang pangkasaysayan na inilalarawan sa Seksyon 21084.1, isang natatanging yamang arkeolohiko gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (g) ng Seksyon 21083.2, o isang “tagatulong sa di-natatanging arkeolohiya” gaya ng binibigyang-kahulugan sa subdibisyon (h) ng Seksyon 21083.2 na nakatutugon sa mga pamantayan ng talata (1).

(ag) Ang “Proyekto para sa pagbabawas ng panganib ng sunog sa kagubatan” ay nangangahulugang isang aktibidad na nagpapababa ng mga panganib ng sunog sa kagubatan sa isang istrukturang tirahan o komersiyal, o pareho. Kabilang sa isang “proyekto para sa pagbabawas ng panganib ng sunog sa kagubatan”, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod: pagpapalit, pagpapatibay, o pagsasailalim sa ilalim ng lupa ng mga linya ng utility ng kuryente, kalsada, at imprastraktura; pamamahala ng mga halaman; pagbabawas ng materyales na maaaring pagmulan ng apoy; pagpapatibay ng bahay; paglikha o pagpapanatili ng mga firebreak at daan para sa pagpasok; at pagbabawas ng dami ng materyales na maaaring pagmulan ng apoy.

Artikulo 8. Konstruksyon ng Kabanata at Mga Pangkalahatang Probisyon

21029. Konstruksyon ng Kabanata

(a) Patakaran ng mga tao ng Estado ng California na ang kabanatang ito ay dapat bigyang-kahulugan at ipatupad upang mabigyan ng pinakamalaking posibleng bigat ang interes sa, at ang pag-apruba at pagsasakatuparan ng, mga mahahalagang proyekto.

(b) (1) Layunin ng mga tao ng Estado ng California na ang mga korte, alinsunod sa mga karaniwang tinatanggap na tuntunin ng pagpapakahulugan sa mga batas, ay hindi magbigay-kahulugan sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado sa paraang nagpataw ng mga kinakailangan sa pamamaraan o substansiya sa mga mahahalagang proyekto na higit sa mga tahasang nakasaad sa dibisyong ito o sa mga alituntunin ng CEQA ng estado.

(2) Karagdagan pa, layunin ng mga tao ng Estado ng California na ang subdibisyon na ito ay bigyang-kahulugan at ilapat ng mga korte gaya ng itinatadhana sa Seksyon 21083.1, at maging in pari materia sa Seksyon 21083.1 upang, sa pinakamalawak na lawak na pinahihintulutan ng batas, nililimitahan ng subdibisyon na ito ang awtoridad ng mga korte na maglabas ng hatol o magpataw ng remedyo na hindi hayagang pinahihintulutan ng kabanatang ito.

21030. *Usaping May Kahalagahan sa Buong Estado*

Sa pamamagitan nito, ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California na ang pagpapadali sa pagsusuri at pag-apruba ng mga mahahalagang proyekto gaya ng itinatadhana sa kabanatang ito ay isang usaping may kahalagahan sa buong estado dahil ang kasapatan, pagkakaroon, at pagiging abot-kaya ng pabahay, malinis na enerhiya, tubig, transportasyon, broadband internet, mga pasilidad na pang-edukasyon, imprastraktura para sa pampublikong kalusugan, at imprastraktura para sa pampublikong kaligtasan ay hindi sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng populasyon at ekonomiya ng California. Samakatuwid, sa pamamagitan nito ay inaako ng Estado ng California ang buong saklaw ng larangan ng pagsusuri at pag-apruba ng mga mahahalagang proyekto gaya ng itinatadhana sa kabanatang ito.

21031. *Mga Reperensiya sa Batas*

(a) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (b), ang lahat ng pagtukoy sa mga batas ng estado o mga regulasyong nakodipika sa labas ng kabanatang ito ay tumutukoy sa mga batas at regulasyong iyon ayon sa umiiral noong Disyembre 31, 2025, anuman ang anumang kasunod na amyenda, pagpapawalang-bisa, pagtatapos ng bisa, o pag-expire na naganap pagkatapos ng petsang iyon.

(b) Ang pagtukoy sa Seksyon 218.9 ng Kodigo sa Paggawa ay tumutukoy sa seksiyong iyon ayon sa umiiral noong Enero 1, 2026.

21032. *Maaaring Ihiwalay*

Ang mga probisyon ng kabanatang ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, nakapailalim na talata, sugnay, nakapailalim na sugnay, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng kabanatang ito ay para sa anumang kadahilanan ay pinaniniwalaang hindi wasto sa pamamagitan ng isang desisyon ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang desisyon na iyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng kabanatang ito. Ang mga tao ng Estado ng California ay sa pamamagitan nito ay nagpapahayag na kanilang pinagtibay sana ang kabanatang ito at ang bawat bahagi, seksiyon, subdibisyon, talata, subtalata, sugnay, sub-sugnay, pangungusap, parirala, salita, at paglalapat nito na hindi idineklarang walang-bisa o labag sa konstitusyon, anuman ang kung anumang bahagi ng kabanatang ito o paglalapat nito ay ideklarang walang-bisa sa kalaunan.

21033. *Petsa ng Pagkakabisa*

Ang kabanatang ito ay magkakabisa ayon sa itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California, at sa petsang iyon ng pagkakabisa ay mailalapat sa lahat ng nakabinbin at hinaharap na pagsusuri at proseso ng mga pampublikong ahensiya at panghukuman para sa lahat ng mahahalagang proyekto.

21034. *Mga Amyenda*

Maaaring amyendahan ng Lehislatura ang kabanatang ito sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng botong rollcall na itinala sa talaan, na sinang-ayunan ng dalawang-katlo ng mga miyembro, sa kondisyon na ang batas ay naaayon sa at nagsusulong sa mga layunin ng kabanatang ito. Walang panukalang-batas na naglalayong amyendahan ang kabanatang ito ang maaaring maipasa o maging batas maliban kung ang panukalang-batas

ay nai-print at ipinamahagi sa mga Miyembro ng Lehislatura, at nailathala sa internet, sa pinal na anyo nito, nang hindi bababa sa 12 araw ng negosyo bago ito maipasa sa alinmang kapulungan ng Lehislatura.

SEK. 2. *Mga Magkakasalungat na Panukala.*

Kung ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba at isa o higit pang ibang panukala na nauukol sa pagsusuri o pag-apruba ng mga mahahalagang proyekto, gaya ng binibigyang-kahulugan sa batas na ito, ay lilitaw sa parehong balota para sa halalan sa buong estado, ang iba pang panukala o mga panukala ay ituturing na sumasalungat sa panukalang ito. Kung ang panukalang ito sa pamamagitan ng inisyatiba ay makatanggap ng mas malaking bilang ng mga boto na pabor, ang mga probisyon ng panukalang ito ay mananaig nang buo, at ang mga probisyon ng iba pang panukala o mga panukala ay maging walang-bisa at walang bisa.

SEK. 3. *Liberal na Konstruksyon.*

Ang batas na ito ay dapat bigyang-kahulugan nang maluwag upang maisakatuparan ang layunin at mga hangarin nito.

SEK. 4. *Legal na Pagtatanggol.*

Ang layunin ng seksyong ito ay upang matiyak na ang mahahalagang karapatan ng mga taosa inisyatiba ay hindi maaaring mapawalang-bisa ng mga pulitiko ng estado na tumatangging ipagtanggol ang kagustuhan ng mga botante. Samakatuwid, kung ang batas na ito ay inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkatapos ay hinarap ng isang legal na hamon na nagtatangkang limitahan ang saklaw o aplikasyon ng batas na ito sa anumang paraan, o nagsasabing nilalabag ng batas na ito ang anumang batas ng estado o pederal nang buo o bahagi, at kapwa tumangging ipagtanggol ng Gobernador at Abogado Heneral ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible sa ngalan ng Estado ng California, dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang:

(a) Sa kabila ng anumang salungat na nilalaman sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang iba pang batas, dapat magtalaga ang Abogado Heneral ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na lawak na posible sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago magtalaga o magpalit ng independiyenteng abogado, ang Abogado Heneral ay dapat magsagawa ng nararapat na pagsisikap upang matukoy ang mga kwalipikasyon ng independiyenteng abogado at dapat kumuha ng nakasulat na pagpapatibay mula sa independiyenteng abogado na ang independiyenteng abogado ay matapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa pinakamalawak na posibleng lawak. Ang nakasulat na pagpapatibay ay dapat gawing available sa publiko kaagad kapag hiniling.

(c) Upang suportahan ang pagtatanggol sa batas na ito sa mga pagkakataong hindi ito ginagawa ng Gobernador at Abogado Heneral sa kabila ng kagustuhan ng mga botante, sa pamamagitan nito ay gumagawa ng tuloy-tuloy na paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo para sa Controller, nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa halagang kinakailangan upang saklawin ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abogado upang tapat at masigasig na ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California sa pinakamalawak na lawak na posible.

Tulong para sa mga Botanteng may Kapansanan

Nakatuon ang California sa pagtitiyak na makakaboto ang bawat botante sa kanilang balota nang pribado at malaya.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa tulong na iniaalok ng iyong county sa mga botanteng may kapansanan, pakitingnan ang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng iyong county o makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan ng iyong county. Makukuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices.

Pagboto sa Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Kung kailangan mo ng tulong sa pagmarka ng iyong balota, maaari mong piliin na magpatulong sa hanggang dalawang tao. Ang taong ito ay hindi pwedeng maging:

- Employer mo o sinumang nagtatrabaho para sa iyong employer
- Pinuno sa iyong unyon ng paggawa o sinumang nagtatrabaho para sa iyong unyon sa paggawa

Ang pagboto sa curbside ay hinahayaan kang pumarada malapit sa lugar ng pagboto. Ang mga opisyal ng halalan ay magdadala sa iyo ng isang listahan na lalagdaan, isang balota, at anumang iba pang materyales sa pagboto na maaaring kailanganin mo, kung ikaw ay aktwal na nasa gilid ng bangketa o nasa isang kotse.

Inaatasan ang lahat ng lugar ng botohan at sentro ng pagboto na maging nagagamit ng mga botanteng may mga kapansanan at magkakaroon ng mga magagamit na makina sa pagboto.

Pagboto sa Bahay

Ang mga sistemang magagawa sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng mail (RAVBM) ay nagbibigay ng magagamit na opsyon para sa mga botanteng may kapansanan para matanggap ang kanilang mga balota sa bahay at markahan nang nakapag-iisa at pribado bago ipadala pabalik sa mga opisyal ng halalan. Makipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county para sa higit pang impormasyon.

Audio at Malaking Print na mga Gabay na Impormasyon para sa Botante

Ang gabay na ito ay makukuha sa mga bersyong audio at malalaking-print gayundin sa English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese nang walang bayad.

Para mag-order:



Bisitahin ang vote.ca.gov




Tawagan ang walang-bayad na hotline para sa mga botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957



I-download ang bersyong audio na MP3 sa voterguide.sos.ca.gov/ta/audio

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!



Huwag Magpaantala, Bumoto Ngayon!

Ibalik ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap.

Magsisimula ang panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo sa Oktubre 5, 2026.

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2026, Araw ng Halalan!

OKTUBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

Oktubre 5

Magsisimulang ipadala ng mga opisyal ng halalan ng county ang mga balota sa koreo sa o bago ang petsang ito.

Oktubre 5–Nobyembre 3

Panahon ng pagboto para ibalik ang balota.

Oktubre 6

Bukas ang mga ligtas na kahong hulugan ng balota.

Oktubre 19

Huling araw para magparehistro upang bumoto. Ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw ay available sa opisina ng mga halalan sa county o sa lugar ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

Oktubre 24

Ang mga sentro ng pagboto sa unang araw ay magbubukas sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa maagang pagboto nang personal.

Oktubre 31

Bukas ang mga lugar ng maagang pagboto nang personal sa buong California sa Sabado, Oktubre 31. Bisitahin ang caearlyvoting.sos.ca.gov upang makahanap ng mga lugar at oras ng pagboto.

NOBYEMBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30					

Martes, Nobyembre 3, 2026

Huling araw upang bumoto nang personal o ibalik ang isang balota bago mag-8:00 p.m.

Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Ibalik sa koreo ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mong matanggap ito. Para mabilang, dapat na maselyuhan ang iyong balota nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan. Inirerekomenda naming ipadala ito nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan. Kung ipapadala mo ito sa koreo nang mas malapit sa Araw ng Halalan, dalhin ito sa isang Tanggapan ng Koreo ng United States at humingi sa isang empleyado ng koreo ng manu-manong postmark.

Nobyembre 10

Huling araw na maaaring matanggap ng mga county ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na may postmark sa Araw ng Halalan.

Nobyembre 25

Huling araw upang itama ang mga isyu sa lagda sa sobre ng balota bago mag-5:00 p.m.

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE



NOBYEMBRE 3, 2026

PANGKALAHATANG HALALAN

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

Oktubre 5

Magsisimulang ipadala ng mga opisyal ng halalan ng county ang mga balota sa koreo sa o bago ang petsang ito. Ibalik ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap.

Oktubre 5–Nobyembre 3

Panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Oktubre 6

Bukas ang mga ligtas na kahon ng hulugan ng balota.

Oktubre 19

Huling araw para magparehistro upang bumoto. Ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw ay available sa opisina ng mga halalan sa county o sa lugar ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

Oktubre 24

Ang mga sentro ng pagboto sa unang araw ay magbubukas sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa maagang pagboto sa personal.

Oktubre 31

Bukas ang mga lugar ng maagang pagboto nang personal sa buong California sa Sabado, Oktubre 31. Bisitahin ang [caearlyvoting.sos.ca.gov](https://www.eearlyvoting.sos.ca.gov) upang makahanap ng mga lugar at oras ng pagboto.

Martes, Nobyembre 3, 2026

Huling araw upang bumoto nang personal o ibalik ang isang balota bago mag-8:00 p.m. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ibalik sa koreo ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mong matanggap ito. Para mabilang, dapat na matatatakan ng koreo ang iyong balota nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan. Inirekomenda naming ipadala ito nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan. Kung ipapadala mo ito sa koreo nang mas malapit sa Araw ng Halalan, dalhin ito sa isang Tanggapan ng Koreo ng United States at humingi sa isang empleyado ng koreo ng manu-manong postmark.

Rehistrado ka ba para bumoto? Tingnan dito: voterstatus.sos.ca.gov.

Para sa mga karagdagang kopya ng Gabay na Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga sumusunod na wika, tumawag sa:

English: (800) 345-VOTE (8683)

Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)

中文/Chinese: (800) 339-2857

हिन्दी/Hindi: (888) 345-2692

日本語/Japanese: (800) 339-2865

ខ្មែរ/Khmer: (888) 345-4917

한국어/Korean: (866) 575-1558

Tagalog: (800) 339-2957

ภาษาไทย/Thai: (855) 345-3933

Việt ngữ/Vietnamese: (800) 339-8163

TTY/TDD: 711

Magagamit
sa Mobile
I-SCAN AKO



Sa layuning mabawasan ang mga gastos sa halalan, inaawtorisahan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lamang ng isang gabay sa bawat bumobotong sambahayan. Maari kang humiling ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957

